Ellen G. White Estate

# ANG KASAYSAYAN NG MGA PROPETA AT MGA HARI



ELLEN G. WHITE

# ANG KASAYSAYAN NG MGA PROPETA AT MGA HARI

**Ellen G. White**

**1917**

**Copyright © 2014**
**Ellen G. White Estate, Inc.**

# Information about this Book

## Overview

This eBook is provided by the Ellen G. White Estate. It is included in the larger free Online Books collection on the Ellen G. White Estate Web site.

## About the Author

Ellen G. White (1827-1915) is considered the most widely translated American author, her works having been published in more than 160 languages. She wrote more than 100,000 pages on a wide variety of spiritual and practical topics. Guided by the Holy Spirit, she exalted Jesus and pointed to the Scriptures as the basis of one's faith.

## Further Links

A Brief Biography of Ellen G. White
About the Ellen G. White Estate

## End User License Agreement

The viewing, printing or downloading of this book grants you only a limited, nonexclusive and nontransferable license for use solely by you for your own personal use. This license does not permit republication, distribution, assignment, sublicense, sale, preparation of derivative works, or other use. Any unauthorized use of this book terminates the license granted hereby.

## Further Information

For more information about the author, publishers, or how you can support this service, please contact the Ellen G. White Estate at mail@whiteestate.org. We are thankful for your interest and feedback and wish you God's blessing as you read.

# PAUNANG SALITA

*Ang Kasaysayan ng mga Propeta at mga Hari* ay ikalawa sa serye ng limang katangi-tanging tomong sumasaklaw sa banal na kasaysayan. Gayunman, ito ang pinakahuli sa serye na nasulat, at huli sa maraming mayamang sulat na lumabas sa kinasihang panulat ni Ellen G. White. Sa loob ng pitumpung taong pagsasalita at pagsulat niya sa America at sa ibang bansa, laging inilahad ni Gng. White sa madia ang lalong malawak na kahalagahan ng mga pangyayari sa kasaysayan, na inilalarawan kung paanong sa mga gawa ng tao ay makikita ang hindi hayag na impluwensya ng katuwiran at kasamaan—ang *kamay* ng Dios at ang *gawa* ng dalalang kaaway.

Ang may-akda na may malalim na isipan sa paggawa ng langit ay hinahawi ang tabing at inilaladlad ang pilosopiya ng kasaysayan kung paanong ang mga naganap sa nakaraan ay may halagang pangwalang hanggan. Inihayag niya ang pilosopiyang ito sa ganitong paraan:

"Ang kalakasan ng mga bansa at mga tao ay wala sa mga pagkakataon at pasilidad na sa tingin nila ay di masisira; o kaya ay makikita sa kanilang ipinagmamalaking kadakilaan. Tanging ang kapangyarihan at adhikain ng Dios ang nagpapalakas o nagpapadakila sa kanila. At kung ano ang pakikitungo nila sa Kanyang adhikain ang siyang nagpapasiya ng kanilang hantungan.

"Mga kasaysayan ng tao ay nagsasaysay ng mga nagampanan ng tao, mga tagumpay niya sa digmaan, tagumpay sa pag-akyat sa kadakilaang makamundo. Ang kasaysayan ng Dios ay naglalarawan sa tao kung paano siya tinitingnan ng langit."

Ang tomong ito, *Mga Propeta at mga Hari,* ay nagbubukas sa tala ng maluwalhadng paghahari ni Solomon sa Israel, isang kahariang nagkakaisa, na ang templo ni Jehova—ang sentro ng tunay na pagsamba. Dito ay nasundan ang mga paghihirap ng isang bayang hinirang at pinagpala, na nasa pagitan ng pagtatapat sa Dios at paglilingkod sa mga diyos ng palibot na mga bansa. Dito ay maliwanag ding makikita, sa panahong maselan sa kasaysayan ng

sanlibutan, ang mga madramang ebidensya ng patuloy na alitan ni Kristo at Satanas ukol sa puso at pagtatapat ng tao.

Ang aklat ay sagana sa mga nakakawiling pag-aaral ng mga likas ng tao—ang matalinong si Solomon, na ang karunungan ay di [10] nakapigil sa kanyang pagsalangsang; si Jeroboam, ang makasariling lalaki ng patakaran, at ang masasamang bunga ng kanyang paghahari; ang makapangyarihan at walang takot na si Elias; si Eliseo, ang propeta ng kapayapaan at pagpapagaling; si Ahaz na nakakatakot at masama; si Ezechias, may tapat at mabuting kalooban; si Daniel, ang minamahal ng Dios; si Jeremias, ang propeta ng kalumbayan; sina Haggai, Zacarias, at Malaldas, mga propeta ng pagsasauli. Sa kabila nilang lahat ay ang pagsilang sa kaluwalhatian ng dumarating na Hari, ang Kordero ng Dios, ang bugtong na Anak, na sa Kanya natupad ang mga aninong sakripisyo.

*Ang mga Patnarka at mga Propeta,* ang unang aklat sa serye, ay lumalagos sa kasaysayan ng mundo mula sa paglalang hanggang sa pagtatapos ng paghahari ni David; *Ang Bukal ng Buhay* ang ikadong aklat ay ukol sa buhay at ministeryo ni Kristo; ang tomong ito, *Mga Propeta at mga Hari* ay nasa gitna ng dalawang aklat na ito. Ang ikaapat, *Ang mga Gawa ng mga Apostol* ay naghahayag ng istorya ng naunang iglesia Kristiana, at *Ang Malaking* Tunggalian ang huli sa serye, ay tumatalunton sa istorya ng tunggalian hanggang sa panahon natin at ayon sa propesiya ay hanggang sa bagong lupa.

*Ang Kasaysayan ng mga Propeta at mga Hari,* na ilang imprenta na ang dinaanan dahilan sa kahilingan ng sirkulasyon nito, ay inihaharap sa madia sa tipo ng limbag na nakakawili ngunit walang pagbabago sa teksto at pahina. Ang bagong limbag na ito ay may mga ilustrasyon at ilan sa mga ito ay ang orihinal na larawang iginuhit nang natatangi ukol dito.

Taimtim na naisin ng mga naglimbag na ang tomong ito na puno ng mga mayayamang liksyon ng pananampalataya sa Dios at sa Anak, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, at mga istorya ng paglalaan ng langit sa mga buhay ng mga dakilang lalald at babae ng Lumang Tipan ay makapagpalalim ng karanasang relihiyoso at magbigay liwanag sa isipan ng lahat ng makababasa nito.

THE BOARD OF TRUSTEES OF THE ELLEN G. WHITE PUBLICATIONS.

# MGA NILALAMAN

# Contents

Information about this Book . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i
PAUNANG SALITA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ii
MGA NILALAMAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . v
*Pagpapakilala—Ang Ubasan ng Panginoon* . . . . . . . . . . . . . . ix
SEKSYON I—MULA KALAKASAN TUNGO SA KAHINAAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15
Kabanata 1—Solomon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16
Kabanata 2—Ang Templo at Pagtatalaga Nito . . . . . . . . . . . . . 24
Kabanata 3—Ang PagmamotQOS ng Kasaganaan . . . . . . . . 36
Kabanata 4—Mga Bunga ng Pagsalangsang . . . . . . . . . . . . . 44
Kabanata 5—Pagsisisi ni Solomon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 55
Kabanata 6—Ang Paghahati ng Kaharian . . . . . . . . . . . . . . . 65
Kabanata 7—Jeroboam . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 74
Kabanata 8—Pambansang Pagtalikod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 81
SEKSYON II—MGA PROPETA NG KAHARIAN NG HILAGA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 89
Kabanata 9—Si Elias na Tisbita . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90
Kabanata 10—Ang Tinig ng Matigas na Batikos . . . . . . . . . . . 97
Kabanata 11—Carmel . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 109
Kabanata 12—Mula sa Jezreel Hanggang Horeb . . . . . . . . 117
Kabanata 13—"Ano ang Ginagawa Mo Dito?" . . . . . . . . . . 126
Kabanata 14—"Sa Diwa at Kapangyarihan ni Elias" . . . . . 134
Kabanata 15—Si Josaphat . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 144
Kabanata 16—Ang Pagbagsak ng Sambahayan ni Ahab . . 154
Kabanata 17—Ang Pagtawag Kay Eliseo . . . . . . . . . . . . . . . 164
Kabanata 18—Ang Pagpapagaling ng mga Tubig . . . . . . . . 173
Kabanata 19—Isang Propeta ng Kapayapaan . . . . . . . . . . . 178
Kabanata 20—Si Naaman . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 185
Kabanata 21—Pagtatapos ng Ministeryo ni Eliseo . . . . . . . 191
Kabanata 22—"Ninive, Ang Dakilang Siyudad" . . . . . . . . . . 199
Kabanata 23—Pagkabihag sa Asyria . . . . . . . . . . . . . . . . . . 210
Kabanata 24—"Nasira sa Kakulangan ng Kaalaman" . . . . 220
SEKSYON III—MANGANGARAL NG KATUWIRAN . . . 227
Kabanata 25—Ang Pagtawag Kay Isaias . . . . . . . . . . . . . . . 228

Kabanata 26—“Tingnan ang Inyong Dios!” . . . . . . . . . . . . 235
Kabanata 27—Si Ahaz . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 243
Kabanata 28—Si Ezechias . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 250
Kabanata 29—Ang mga Embahador Mula sa Babilonia . . . 257
Kabanata 30—Kaligtasan Mula sa Asyria . . . . . . . . . . . . . . 265
Kabanata 31—Pag-asa sa mga Pagano . . . . . . . . . . . . . . . . 279
SEKSYON IV—PAMBANSANG KAGANTIHAN . . . . . . . . 289
Kabanata 32—Manases at Josias . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 290
Kabanata 33—Ang Aklat ng Kautusan . . . . . . . . . . . . . . . . 299
Kabanata 34—Si Jeremias . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 309
Kabanata 35—Dumarating na Pagkapahamak . . . . . . . . . . . 321
Kabanata 36—Ang Huling Hari ng Juda . . . . . . . . . . . . . . . 334
Kabanata 37—Nadalang Bihag sa Babilonia . . . . . . . . . . . . 343
Kabanata 38—Liwanag sa Kadiliman . . . . . . . . . . . . . . . . . 352
SEKSYON V—SA MGA LUPAIN NG HINDI NANINIWALA SA DIOS . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 361
Kabanata 39—Sa Korte ng Babilonia . . . . . . . . . . . . . . . . . 362
Kabanata 40—Ang Panaginip ni Nabucodonosor . . . . . . . . 371
Kabanata 41—Ang Nagniningas na Humo . . . . . . . . . . . . . 379
Kabanata 42—Tunay na Kadakilaan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 387
Kabanata 43—Ang Di Nakikitang Bantay . . . . . . . . . . . . . . 393
Kabanata 44—Sa Yungib ng mga Leon . . . . . . . . . . . . . . . . 406
SEKSYON VI—PAGKATAPOS NG PAGKA DESPERADO 413
Kabanata 45—Ang Pagbabalik ng mga Nadalang Bihag . . 414
Kabanata 46—“Ang Mga Propeta ng Dios ay Tumutulong sa Kanila” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 425
Kabanata 47—Si Josue at ang Anghel . . . . . . . . . . . . . . . . 437
Kabanata 48—“Hindi sa Lakas ni sa Kapangyarihan” . . . . 446
Kabanata 49—Sa Mga Kaarawan ni Reyna Ester . . . . . . . . 450
Kabanata 50—Si Ezra, ang Saserdote at Eskriba . . . . . . . . . 455
Kabanata 51—Espirituwal na Rebaybal . . . . . . . . . . . . . . . . 463
Kabanata 52—Isang Lalaki ng Pagkakataon . . . . . . . . . . . . 471
Kabanata 53—Ang mga Nagtatayo sa Pader . . . . . . . . . . . . 476
Kabanata 54—Sansala Laban sa Pangingikil . . . . . . . . . . . . 483
Kabanata 55—Mga Pakana ng mga Pagano . . . . . . . . . . . . . 489
Kabanata 56—Naturuan sa Kautusan ng Dios . . . . . . . . . . . 495
Kabanata 57—Repormasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 500
SEKSYON VII—TANGLAW SA TAKIP-SILIM . . . . . . . . . . 509

Kabanata 58—Ang Pagdating ng Tagapagligtas . . . . . . . . . 510
Kabanata 59—“Ang Sambahayan ng Israel” . . . . . . . . . . . . 532
Kabanata 60—Mga Pangitain ng Kaluwalhatian sa
Hinaharap . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 550

## *Pagpapakilala—Ang Ubasan ng Panginoon*

Dahilan sa adhikaing madala ang pinakamabudng kaloob ng Langit sa lahat ng tao sa lupa, na dnawagan ng Dios si Abraham mula sa mga kaanak na sumasamba sa mga diyus-diyusan at inatasang manirahan sa lupain ng Canaan. "Gagawin kitang isang malaldng bansa," wika Niya, "at ikaw ay Aldng pagpapalain, at padadaldlain Ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran." Genesis 12:2. Dakilang karangalan ang pagkatawag kay Abraham—ang maging ama ng bayan sa maraming daantaon at magiging tagapag-ingat at tagapagtanggol ng katotohanan ng Dios sa lupa, ang bayang sa pamamagitan nila ang lahat ng mga bansa sa lupa ay pagpapalain sa pagdating ng ipinangakong Mesias.

Ang tao ay nawalan ng pagkilala sa tunay na Dios. Ang kanilang isipan ay pinadilim ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. Sapagkat ang mga makalangit na kautusang "banal, at matuwid, at mabuti" (Roma 7:12), ay sinikap ng taong palitan ng mga batas na kaayon ng mga layunin ng mga pusong malupit at makasarili. Gayunman, sa kahabagan ng Dios ay hindi sila pinatay. Ipinanukala pang bigyan sila ng pagkakataon upang makilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang iglesia. Idinisenyong sa pamamagitan ng mga simulaing inihayag sa Kanyang bayan ay maisauli ang larawang moral ng Dios sa tao.

Ang kautusan ng Dios ay dapat maitaas, ang Kanyang otoridad ay mapanatili, at sa sambahayang Israel ay nabigay ang dakila at banal na gawaing ito. Inihiwalay sila ng Dios mula sa sanlibutan, [16]
upang maipagkadwala sa kanila ang isang banal na pagkakatiwala. Ginawa silang taguan ng Kanyang kautusan, at ipinanukala na sa kanila ay iingatan para sa tao ang pagkakilala sa Kanya. Sa gayon ang liwanag ng langit ay sisilang sa isang sanlibutang may lambong ng kadiliman, at isang tinig ay madidinig na tumatawag sa lahat ng tao na bumalikwas sa pagsamba sa mga diyus-diyusan upang maglingkod sa buhay na Dios.

"Sa pamamagitan ng dalkilang kapangyarihan, at makapangyarihang kamay," inilabas ng Dios ang bayang pinili mula sa lupain ng Egipto. Exodo 32:11. "Kanyang sinugo si Moises na Kanyang lingkod; at si Aaron na Kanyang hirang. Kanilang inilagay sa gitna nila ang Kanyang mga tanda at mga kababalaghan sa lupain ng Cham." "Kanyang sinaway naman ang Dagat na Pula, at natuyo: sa gayo'y pinatnubayan Niya sila sa mga kalaliman, na parang ilang." Awit 105:26, 27; 106:9. Iniligtas Niya sila mula sa pagiging alipin, upang dalhin sila sa isang mainam na lupain, isang lupaing inihanda ng Dios upang maging tanggulan laban sa mga kaaway. Dadalhin Niya sila sa Kanya at yayakapin sila ng walang hanggang bisig; at kapalit ng kabudhan at kahabagang ito, pararangalan nila at gagawing maluwalhad ang Kanyang pangalan sa lupa.

"Ang bahagi ng Panginoon ay ang Kanyang bayan; si Jacob ang bahaging mana Niya. Kanyang nasumpungan sa isang ilang sa lupain, at sa kapanglawan ng isang umuungal na ilang; Kanyang kinanlungan sa palibot, Kanyang nilingap, Kanyang iningatang parang salamin ng Kanyang mata: parang agila na kumikilos ng kanyang pugad. Na yumuyungyong sa kanyang mga inakay, kanyang ibinubuka ang kanyang mga pakpak: ang Panginoon na mag-isa
[17] ang pumatnubay sa kanya, at walang ibang diyos na kasama niya." Deuteronomio 32:9-12. Sa gamto ay pinalapit ng Dios ang Israel sa Kanya, upang sila ay manahan sa lilim ng Pmakamataas. May himalang inalagaan sila sa mga panganib ng paglilimayon sa ilang at sa huli ay itinatag sa Lupang Pangako bilang bansang pinili.

Sa pamamagitan ng talinhaga, isinaysay sa atin ni Isaias na may nagpapakilos na kalungkutan ang istorya ng pagtawag sa Israel at pagsasanay sa kanila upang makatayo sa sanlibutan bilang kinatawan ni Jehova, mabunga sa mabubuting gawa:

"Paawitin ninyo ako sa aking pinakamamahal, ng awit ng aking minamahal tungkol sa Kanyang ubasan. Ang aking pinakamamahal ay may ubasan sa isang mainam na burol: at Kanyang binangbangan ang palibot, at inalis ang mga bato, at dnamnan ng piling puno ng ubas, at nagtayo ng isang moog sa gitna niyaon, at tinabasan din naman ng isang pisaan ng ubas: at Kanyang hinintay na magbunga ng ubas, at nagbunga ng ubas gubat." Isaias 5:1,2.

Sa pamamagitan ng bayang hirang, nilayon ng Dios na dalhin ang pagpapala sa buong sangkatauhan. "Ang ubasan ng Panginoon

ng mga hukbo," wika ng propeta, "ay ang sambahayan ng Isarel, at ang mga tao sa Juda ay ang Kanyang maligayang pananim." Isaias 5:7.

Sa bayang ito ay ipinagkadwala ang mga orakulo ng Dios. Binakuran sila ng Kanyang mga kautusan, ang walang hanggang prinsipyo ng katotohanan, katarungan, at kadalisayan. Ang pagsunod sa mga simulaing ito ang magiging sanggalang nila, sapagkat ilihgtas sila ng mga ito sa mapanirang makasalanang gawi. At bilang tore sa ubasan, inilagay ng Dios sa gitna ng lupain ang Kanyang banal na templo.

Si Kristo ang kanilang tagapagturo. Kung paanong nakasama nila Siya sa ilang, Siya pa rin ang magiging guro at patnubay nila. Sa tabernakulo at templo ang Kanyang kaluwalhatian ay nanahan sa [18] banal na Sheldna sa ibabaw ng luklukan ng awa. Para sa kanila ay palagiang inihayag ang kayamanan ng Kanyang pag-ibig at pagtitiyaga.

Sa pamamagitan ni Moises malinaw na inihayag ng Dios sa kanila ang pakay at mga kundisyon ng kasaganaan. "Sapagkat ikaw ay isang banal na bayan sa Panginoon mong Dios," kanyang sinabi; "pinili ka ng Panginoon mong Dios upang maging bayan sa Kanyang Sanling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa."

"Iyong ipinahayag sa araw na ito na ang Panginoo'y iyong Dios, at ikaw ay lalakad sa Kanyang mga daan, at iyong gaganapin ang Kanyang mga palatuntunan, at ang Kanyang mga utos, at ang Kanyang mga hatol, at iyong didinggin ang Kanyang tinig: at inihayag ka ng Panginoon sa araw na ito, na maging isang bayan sa Kanyang sanling pag-aari, gaya ng ipinangako Niya sa iyo, upang iyong ganapin ang lahat ng Kanyang utos; at upang itaas ka sa lahat ng bansa na Kanyang nilikha, sa ikapupuri, at sa ikababantog, at sa ikararangal; at upang ikaw ay maging isang banal na bayan sa Panginoon mong Dios, gaya ng Kanyang sinabi." Deuteronomio 7:6; 26:17-19.

Ang mga anak ng Israel ay tatahan sa lahat ng teritoryong itinalaga ng Dios para sa kanila. Ang mga bansang tumanggi sa pagsamba at paglilingkod sa tunay na Dios ay palalayasin. Ngunit panukala ng Dios na sa paghahayag ng Kanyang likas sa pamamagitan ng Israel ang mga tao ay mailalapit sa Kanya. Sa buong mundo

ay ibibigay ang paanyaya ng ebanghelyo. Sa pagtuturo ng mga serbisyo ng sakripisyo, si Kristo ay maitataas sa mga bansa, at lahat ng titingin sa Kanya ay mabubuhay. Lahat, ng tulad ni Rahab ang Canaaneo at Ruth na Moabita, na bumalikwas mula sa pagsamba sa
[19] mga diyus- diyusan tungo sa tunay na Dios ay sasanib sa Kanyang bayang pinili. Sa pagdami ng bilang ng Israel, palalawakin nila ang kanilang mga hangganan hanggang ang kanilang kaharian ay lumaganap sa mundo.

Datapuwat hindi nakatupad ang matandang Israel sa layunin ng Dios. Wika ng Panginoon, "Gayon ma'y dnamnan lata ng mahal na puno ng ubas, na pawang mabudng binhi: bakit ka nga naging bansot na ibang puno ng ubas sa Akin?" "Ang Israel ay isang mayabong na baging, na nagbunga." "At ngayon, Oh mga nananahan sa Jerusalem, at mga tao sa Juda, hatulan ninyo, isinasamo Ko sa inyo, Ako at ang Aking ubasan. Ano pa ang magagawa Ko sa Aking ubasan na hindi Ko nagawa? Ano't nang Aking hinihintay na magbubunga ng mga ubas, nagbunga ng ubas gubat? At ngayo'y Aking sasaysayin sa inyo ang gagawin Ko sa Aking ubasan: Aking aalisin ang bakod na silt niyaon, at sasalantain; Aking ibabagsak ang bakod niyaon at mayayapakan: at Aking pabababayaang sira: hindi kakapunin o bubukinn man; kundi magsisitubo ay mga dawag at mga tinik Akin ding iuutos sa mga alapaap, na huwag nilang ulanan. Sapagkat...Siya'y naghihintay ng kahatulan, ngunit narito, kapighar-ian; ng katuwiran, ngunit narito, daing." Jeremias 2:21; Oseas 10:1; Isaias 5:3-7.

Sa pamamagitan ni Moises ay inilahad ng Dios sa bayan ang magiging bunga ng kawalang pagtatapat. Sa pagtangging ingatan ang opan, puputulin nila ang kaugnayan sa buhay ng Dios, at ang pagpapala Niya ay hindi nila matatanggap. Kung minsan ang babalang ito ay dininig, at mayamang pagpapala ay napasa bansang Judio at sa mga palibot na mga bayan. Ngunit higit na madalas sa kanilang kasaysayan ay nakalimutan nila ang Dios at nawalan ng pananaw sa mataas na karapatang pagiging kinatawan Niya. Ninakaw nila mula sa Kanya ang paglilingkod na inaasahan sa kanila,
[20] at ninakawan din nila ang kanilang kapwa ng patnubay sa relihiyon at banal na halimbawa. Hinangad nilang mapasa kanila lamang ang mga bunga ng ubasan na dito ay kadwala lamang sila. Ang kanilang kasakiman at kayamuan ang naging sanhi na kamuhian sila maging

ng mga mananamba sa mga diyus-diyusan. Sa garuto ay nabigyang pagkakataon ang mga Gentil na bigyan ng maling larawan ang likas ng Dios at ang mga batas ng Kanyang kahanan.

Taglay ang puso ng isang ama, ang Dios ay nagdis sa Kanyang bayan. Nagsumamo Siya sa kanila sa mga kahabagang kaloob at binawi. Matiyagang inihayag sa kanila ang mga pagkakasala at may pagpapahinuhod na naghintay na ang mga ito'y kilalanin. Mga propeta at mensahero ay isinugo upang igiit ang pag-aangkin ng Dios sa mga tagapag-alaga ng ubasan; ngunit, sa halip na tanggapin, ang mga lalaking ito ng pagkaunawa at kapangyarihang espirituwal ay itinuring na mga kaaway. Inusig at pinatay sila ng mga tagapag-alaga. Ngunit nagpahatid pa ang Dios ng ibang mensahero, ngunit katulad din ng nauna ang pakikitungo nila, at may higit pang pagkamuhi.

Ang pag-atras ng kaluguran ng Dios sa panahon ng Pagkabihag ay umakay sa marami upang magsisi, ngunit nang makabalik na sa Lupang Pangako ang bansang Judio ay umulit lamang sa mga pagkakamali ng mga naunang salin ng lahi at naldpagtalong pulitikal sa mga karadg na bansa. Ang mga propetang isinugo ng Dios upang magtuwid ng mga kasalukuyang kasamaan ay dnanggap na may suspetsa at pag-aglahi katulad noong una; at sa gayon, sa paglakad ng mga daangtaon, ang mga tagapag-alaga ng ubasan ay nagdagdag lamang sa kanilang mga pagkakasala.

Ang mabudng ubas na itinanim ng banal na Tagapag-alaga sa mga burol ng Palestina ay itinakwil ng mga lalaki ng Israel at sa huli'y itinapon sa kabila ng pader ng ubasan; sinugatan nila ito [21]
at tinapaktapakan at umasa sila na nawasak nila ito nang tuluyan. Kinuha ng Tagapag-alaga ang ubasan at itinago ito sa kanila. Muli itong itinanim, datapuwat sa kabila na ng bakod at sa paraang ang puno ay hindi na malata pa. Ang mga sanga ay sumampa sa mga bakod, at ang mga idinugtong ay nasama dito; datapuwat ang puno ay inilayo sa kakayahang maabot ng tao o masaktan.

May tanging halaga sa iglesia ng Dios ngayon sa lupa—ang tagapag-alaga ng Kanyang ubasan—ang mga pabalita ng payo at panawagan sa pamamagitan ng mga propetang nagpaliwanag ng walang hanggang layunin ng Dios sa sangkatauhan. Sa mga turo ng mga propeta, ang Kanyang pag-ibig sa lahing waglit at ang panukala sa kanilang kaligtasan ay maliwanag na inihayag. Ang istorya ng

pagtawag sa Israel, ng kanilang mga tagumpay at kahinaan, ng kanilang pagsasauli sa kaluguran ng Dios, ng pagtanggi nila sa Panginoon ng ubasan, at ang pagsasagawa ng panukala ng kapanahunan sa pamamagitan ng mabudng nalabi na sa kanila'y matutupad ang lahat ng pangako ng tipan—ito ang naging tema ng mga mensahero ng Dios sa Kanyang iglesia sa lahat ng mga daantaong lumipas. At ngayon ang pabalita ng Dios sa Kanyang iglesia—sa kanilang nagaalaga ng Kanyang ubasan bilang tapat na katiwala—ay yaong sinalita ng propeta noon una:

"Awitui ninyo sa kanya ang tungkol sa isang ubasang pinagkunan ng alalc Akong Panginoon ang nag-ungat; Along didiligin tuwituwina: baka saktan ng sinuman, Along ungatan gabi't araw." Isaias 27:2, 3.

Paasahin ang Israel sa Dios. Ang Panginoon ng ubasan ay nagti-
[22] tipon ngayon mula sa mga bansa at bayan ng mahahalagang bungang matagal na Niyang hinihintay. Di magtatagal ay daratdng Siya sa sariling Kanya; at sa masayang araw na yaon ang walang katapusang panukala Niya sa sambahayang Israel ay matutupad. "Sa mga araw na darating ay mag-uugat ang Jacob; ang Israel ay mamumulaklak at magbubuko; at pupunuin nila ng bunga ang ibabaw ng sanlibutan."
[23] Talatang 6.

# SEKSYON I—MULA KALAKASAN TUNGO SA KAHINAAN

[24]

*“Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag magmapuri ang pantos sa kanyang karummgan, o magmapun man ang vuikapangyarihan sa kanyang kapangyarihan, buwag magmapuri ang mayaman sa kanyang kayamanan: kundi vuigmapuri sa ganito ang lumuhrwalbati na kanyang nauunawa, at kanyang nakikilala Ako, na Ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandabang-loob, kabatulan, at katuriwan: sapagkat sa mga bagay na ito ay nalulugod Ako, sabi ng Panginoon. ”*
*Jeremias 9:23, 24.*

[25] # Kabanata 1—Solomon

Sa paghahari ni David at Solomon, ang Israel ay naging malakas sa mga bansa at nagkaroon ng maraming pagkakataong magbigay ng makapangyanhang impluwensya ukol sa katotohanan at matuwid. Ang pangalan ni Jehova ay nataas at naparangalan, at ang layunin kung balat ang Israel ay itinatag sa Lupang Pangako ay may katiyakang matutupad. Alga balakid ay nawasak, at ang mga naghahanap ng katotohanan mula sa mga lupaing walang pagkaldlala sa Dios ay umalis na nasisiyahan. Mga pagkahikayat ay naganap, at ang iglesia ng Dios sa lupa ay napalawak at lumago.

Si Solomon ay pinahiran at itinanghal na hari sa mga huling taon ng kanyang amang si David, na iniwan ang trono para sa kanya. Ang unang bahagi ng buhay niya ay puno ng pangako, at layunin ng Dios na siya ay humayo sa kalakasan hanggang kalakasan, kaluwalhadan sa kaluwalhatian, na papalapit sa likas ng Dios, at magpapasigla sa bayan upang tuparin ang banal na pagkakatiwala bilang tagapagingat ng katotohanan ng langit

Alam ni David na ang mataas na layunin ng Dios para sa Israel ay maaabot lamang kung ang mga pangulo at ang bayan ay magsisikap na matamang abutin ang pamantayang inilagay sa harapan nila. Alam niyang upang si Solomon ay makatupad sa pagkakadwalang inilagay ng Dios upang parangalan ito, ang kabataang pinuno ay hindi lamang dapat na maging mandirigma, pinuno ng bayan, at isang hari, ngunit isang malakas, mabuting tao, isang guro ng katuwiran, isang halimbawa ng katapatan.

May malumanay na sigasig na nakiusap si David kay Solomon upang ito ay maging lalaki at marangal, maghayag ng habag at kagandahang-loob sa mga nasasakupan, at sa lahat ng pakikitungo sa mga bansa sa lupa upang maparangalan at maluwalhati ang Dios at mahayag ang kagandahan ng kabanalan. Ang maraming karanasan at pagsubok na nadaanan ni David sa buhay ay nagturo sa kanya
[26] ng halaga ng lalong mahal na katangian at umakay sa kanya upang ibigay ang huling habilin kay Solomon: “Ang naghahan sa mga

tao ay dapat na may katuwiran, na mamamahala sa katakutan sa Dios. Siya'y magiging gaya ng liwanag sa kinaumagahan, pagka ang araw ay sumisikat, sa isang umagang walang mga alapaap; pagka ang malambot na damo ay sumisibol sa lupa sa maliwanag na sikat pagkatapos ng ulan." 2 Samuel 23:3,4.

O, anong dakilang pagkakataon para kay Solomon! Kung susundin niya ang turong kinasihan mula sa kanyang ama, ang paghahan niya ay magiging panahon ng katuwiran, tulad ng inilalarawan sa ikapitumpu't dalawang awit:

"Ibigay mo sa hari ang Iyong mga kahatulan, Oh Dios,
At ang Iyong katuwiran sa anak na lalaki ng han.
Kanyang hahatulan ang Iyong bayan, ng katuwiran,
At ang Iyong dukha ng kahatulan....
Siya'y babagsak na parang ulan sa tuyong damo:
Gaya ng ambon na dumidilig sa lupa.
Sa kanyang mga kaarawan ay giginhawa ang mga matuwid;
At saganang kapayapaan hanggang sa mawala ang buwan.
Siya naman ay magtataglay ng pagpapakapanginoon sa dagat at dagat,
At mula sa ilog hanggang sa mga wakas ng lupa....
Ang mga hari ng Tharsis, at sa mga pulo ay mangagdadala ng mga kaloob:
Ang mga han sa Sheba at Seba ay mangaghahandog ng mga kaloob.
Oo, lahat ng mga han ay magsisiyukod sa harap niya:
Lahat ng mga bansa ay mangaglilingkod sa kanya.
Sapagkat kanyang ililigtas ang mapagkailangan pagka dumadaing;
At ang dukha na walang katulong....
At dadalanginang lagi siya ng mga tao;
Pupurihin nila siya buong araw....
Ang kanyang pangalan ay mananatili kailanman:
Ang kanyang pangalan ay magluluwat na gaya ng araw:
At ang mga tao ay pagpapalain sa kanya:
Tatawagin siyang maginhawa ng lahat ng mga bansa.

"Punhin ang Panginoong Dios, ang Dios ng Israel,

Na Siya lamang gumagawa ng mga kababalaghang bagay.
At punhin ang Kanyang maluwalhating pangalan magpakailanman:
At mapuno ang buong lupa ng Kanyang kaluwalhadan:
Siya nawa, at Siya nawa."

Sa kanyang kabataan sinunod ni Solomon ang mga pagpiling ginawa ni David, at sa maraming taon ay lumakad siyang matuwid, [27] ang buhay niya ay kinalataan ng mahigpit na pagsunod sa mga utos ng Dios. Sa pasimula ng kanyang paghahan, kasama ang mga tagapayo ay nagtungo sila sa Gibeon, sa kinaroroonan ng tabemakulong itinayo sa ilang, at doon ay nakisanib siya sa mga napiling tagapayo, "mga kapitan ng libo at daan," "mga hukom," at "bawat gobemador ng buong Israel, ang mga pangulo ng mga ama," sa paghahandog ng sakripisyo sa Dios at pagtatalaga ng sariling lubusan sa paglilingkod sa Panginoon. 2 Cronica 1:2. Sa pagkaunawa ng kalakhan ng tungkuling kaugnay ng pagiging hari, alam ni Solomon na silang nagpapasan ng mabibigat na pasanin ay dapat hanapin ang Pinanggagalingan ng Karunungan bilang patnubay, kung nais nilang magampanan ang tungkuling may kaluguran. Ito ang umakay sa kanya upang pasiglahin ang mga tagapayo niyang makiisa sa kanya ng buong puso na matiyrak na sila ay tinatanggap ng Dios.

Higit sa alin mang mabud sa lupa, hinangad ng hari ang karunungan at pagkaunawa upang magampanan ang gawain ng Dios na nabigay sa kanya. Nanabik siya sa matalas na isipan, malaldng puso, at maamong diwa. Nang gabing yaon ay napaldta ang Dios kay Solomon sa panagimp at nagsabi, "Humiling ka kung ano ang nais mong ibigay sa iyo." Sa tugon ng bata at walang karanasang pinuno ay inihayag ang damdamin ng kawalan ng lakas at pagnanais na tulungan. "Ikaw ay nagpalata sa Iyong lingkod na aking amang kay David ng malaking kagandahang-loob," wika niya, "ayon sa kanyang inilakad sa harap Mo sa katotohanan, at sa katuwiran, at sa katapatan ng puso sa Iyo; at Iyong iningatan sa kanya itong dakilang kagandahangloob, na Iyong binigyan siya ng isang anak na makauupo sa kanyang luklukan, gaya sa araw na ito.

"At ngayon, Oh Panginoon kong Dios, Iyong ginawang hari ang Iyong lingkod na kahalili ni David na aking ama: at ako'y isang munting bata lamang: hindi ko nalalaman ang paglulumabas at

pumasok At ang Iyong lingkod ay nasa gitna ng Iyong bayan na Iyong pinili, isang malaldng bayan na hindi mabibilang o matutunngan dahil sa karamihan. Bigyan Mo nga ang Iyong lingkod ng isang matalinong puso upang humatol sa Iyong bayan, upang along makilala ang mabud at ang masama: sapagkat sino ang makahahatol dito sa Iyong malaking bayan?

"At ang pangungusap ay nakalugod sa Panginoon, na hiningi ni Solomon ang bagay na ito." [28]

At sinabi ng Dios kay Solomon, "sapagkat hindi mo hiningi ang mga kayamanan o karangalan, o hiningi mo man ang buhay ng iyong mga kaaway; kundi hiningi mo sa iyo'y katalinuhan at kaalaman upang kumilala ng kahatulan ng Aking bayan," "narito, Aking ginawa ayon sa iyong salita: nanto, Aking binigyan ka ng isang pantas at matalinong puso; na anupa't walang nagmg gaya mo na una sa iyo, o may babangon mang sinuman pagkamatay mo. At Akin namang ibinigay sa iyo ang hindi mo hinihingi, ang kayamanan at gayon din ang karangalan," "na anupa't walang magiging gaya mo sa mga han, sa lahat ng iyong mga kaarawan."

"At kung ikaw ay lalakad sa Aking mga daan, upang ingatan ang Aking mga palatuntunan, at ang Aking mga utos, gaya ng inilakad ng iyong amang si David, ay Akin ngang palalaunin ang iyong mga kaarawan." 1 Hari 3:5-14; 2 Cronica 1:7-12.

Nangako ang Dios na kung paanong Siya ay suma kay David, ay gayon dm kay Solomon. Kung ang han ay lalakad na matuwid sa harapan ng Dios, kung susundin niya ang utos ng Dios, ang kanyang trono ay matatatag at ang paghahari niya ay magiging paraan ng pagtataas sa Israel bilang "isang pantas at maalam na bayan," ang tanglaw sa nakapalibot na mga bansa. Deuteronomio 4:6.

Ang wikang ginamit ni Solomon habang dumadalangin sa Dios sa dambana sa Gibeon ay naghahayag ng kanyang kaamuan at malakas na naising magparangal sa Dios. Nadama niyang kung wala ang tulong ng langit ay katulad lamang siya ng paslit na bata na gaganap ng mga kapanagutang nakababaw sa kanya. Alam niyang kulang siya sa pang-unawa, at ang pagkadama ng dakilang pangangailangang ito ang umakay sa kanyang naisin ang karunungan ng Dios. Sa kanyang puso ay walang sakim na hangarin sa karunungang magtataas sa kanya higit sa kaninuman. Ninais niyang isagawa ang mga tungkuling nababaw sa kanya, at pinili niya ang kaloob na

magbibigay sa kanyang panunungkulan ng pagluwalhati sa Dios. Kailanman ay hindi naging mayaman, o pantas o tunay na dakila si Solomon kaysa nang siya ay mangumpisal ng, "Ako'y isang munting bata lamang: hindi ko nalalaman ang paglulumabas at pumasok."

Silang ngayong nasa posisyon ng pagtitiwala ay dapat hanapin ang liksyong itinuturo ng panalangin ni Solomon. Kung ang tungkulin ng tao ay mas mataas, mas mabigat rin ang kapanagutan niya, habang higit na malawak ang impluwensya niya ay higit
[29] din ang pangangailangan ng pagsandig sa Dios. Lagi ay dapat niyang alalahaning kasama ng panawagan ng paggawa ay naroon ang panawagang lumakad na may kataimtiman sa kanyang kapwa. Tatayo siya sa harapan ng Dios tulad ng isang nag-aaral. Ang tungkulin ay di nagbibigay ng kabanalan ng likas. Sa pagsunod sa Dios at pagpaparangal sa Kanya na ang tao ay tunay na nagiging dakila.

Ang Dios na ating pinaglilingkuran ay hindi nagtatangi ng tao. Siya na nagkaloob kay Solomon ng diwa ng pagkaunawa ay laang ipagkaloob ang katulad na pagpapala sa Kanyang mga anak ngayon. "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo," ipinahayag ng Kanyang salita, "ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya." Santiago 1:5. Kapag ang nagdadala ng pasan ay ninanais na higit ang
[30] karunungan kaysa kayamanan, kapangyanhan, o katanyagan, hindi siya mabibigo. Siya ay matututo sa Dakilang Guro hindi lamang ng dapat gawin, kundi pad ng paraan ng pagsasagawa nitong ayon sa kalooban ng Dios.

Hanggat siya ay nananatiling natatalaga, ang taong pinagkalooban ng Dios ng pagkaunawa ay hindi magpapakita ng hilig sa mataas na tungkulin, hindi rin niya sisikaping mamuno o magkontrol. Kailangan na ang tao ay magdala ng kapanagutan; datapuwat sa halip na hanapin ang pamamayani, ang tunay na lider ay dadalangin ukol sa pusong maunawain, upang makita ang mabuti at masama.

Ang landas ng taong nalalagay bilang lider ay hindi madali. Ngunit sa bawat kahirapan ay dapat na maldta nila ang pagkakataon upang manalangin. Hindi sila dapat magkulang sa pagkunsulta sa Bukal ng lahat ng karunungan. Pinalakas at pinapantas ng Punong Manggagawa, sila ay makatatayong matatag laban sa mga walang kabanalang impluwensya at makikita ang matuwid at masama, tama

at mali. Aaprubahan nila ang aprubado ng Dios, at sisikaping mataman na hadlangan ang pagpasok ng maling simulain sa gawain ng Dios.

Ang karunungang hinangad ni Solomon higit sa kayamanan, karangalan, o mahabang buhay, ay ibinigay ng Dios. Ang samo niya ukol sa matalas na isipan, malaking puso, at maamong diwa ay ipinagkaloob. "At binigyan ng Dios si Solomon ng karunungan, at di kawasang katalinuhan at kaluwagan ng puso, gaya ng buhanging nasa tabi ng dagat. At ang karunungan ni Solomon ay mahigit kaysa karunungan ng lahat na anak ng silanganan, at kaysa buong karunungan ng Egipto. Sapagkat lalong pantas kaysa lahat ng mga tao;...at ang kanyang kabantugan ay lumipana sa lahat ng mga bansa sa palibot." 1 Hari 4:29-31.

"At nabalitaan ng buong Israel...ay nangatakot sa han: sapagkat kanilang nakita na ang karunungan ng Dios ay nasa kanya, upang gumawa ng kahatulan." 1 Hari 3:28. Ang puso ng mga tao ay bumaling kay Solomon, tulad ng kay David, at sinunod nila siya sa lahat ng bagay. "At si Solomon...ay tumibay sa kanyang kahanan, at ang Panginoon niyang Dios ay sumakanya, at pinadakila siyang mainam." 2 Cronica 1:1.

Sa loob ng maraming taon ang buhay ni Solomon ay kinakitaan ng pagtatalaga sa Dios, may matuwid at matatag na simulain, at mahigpit na pagsunod sa mga utos ng Dios. Pinangasiwaan niya ang bawat mahalagang gawain, at matalinong pinangunahan ang [31]
pangangalakal ng kaharian. Ang kanyang yaman at dunong, ang naggagandahang gusali at gawaing pangmadla na itinayo sa mga unang taon ng paghahari, ang lakas, kabanalan, katarungan, at kalakhang pusong nahayag sa bawat salita at gawa, ay nakakuha ng pagtatapat ng nasasakupan at paghanga at paggalang ng mga pinuno ng maraming lupam.

Ang pangalan ni Jehova ay tunay na naparangalan sa unang bahagi ng paghahan ni Solomon. Ang karunungan at katuwirang ipinakita ng han ay naging saksi sa lahat ng mga bansa ng kagalingan ng Dios na kanyang pinaglilingkuran. Sa isang panahon ang Israel ay naging tanglaw sa sanlibutan, na naghahayag ng kadakilaan ng Jehova. Datapuwat hindi sa di mapapantayang karunungan, o sa lawak ng abot ng kapangyarihan at katanyagan naroon ang tunay na kaluwalhatian ni Solomon; kundi sa karangalang naibigay niya sa

pangalan ng Dios ng Israel sa matalinong paggamit ng mga kaloob ng langit.

Sa paglakad ng mga taon ay nadagdagan pa ang katanyagan ni Solomon at higit pang sinikap niyang maparangalan ang Dios sa pagpapalawak ng kanyang kalakasang mental at espintuwal, at sa pagbabahagi sa iba ng mga pagpapalang natatamo. Walang hihigit sa kanya sa pang-unawang sa kaluguran lamang ni Jehova dumadng sa kanya ang kapangyarihan at pagkaunawa, at ang mga kaloob na ito ay ibinigay upang maibigay naman sa mundo ang pagkaldlala sa Han ng mga hari.

Nagkaroon ng tanging interes si Solomon sa kalikasan, ngunit ang pagsasaliksik niya ay hindi lamang sa sangay na ito ng pag-aaral. Sa masikap na pag-aaral ng lahat ng bagay na nilalang, may buhay at wala, nakuha niya ang malinaw na isipan tungkol sa Manlalalang. Sa mga puwersa ng kalikasan, sa daigdig ng mga mineral at hayop, sa bawat puno at halaman at bulaklak, nakita niya ang pagpapahayag ng karunungan ng Dios; at habang hinangad niyang matuto pa, ang pagkakilala niya sa Dios at sa Kanyang pag-ibig ay patuloy na lumago.

Ang karunungan ni Solomong galing sa Dios ay ipinahayag sa mga awit ng papuri at maraming kawikaan. "Siya'y nagsalita ng tadong libong kawikaan: at ang kanyang mga awit ay isang libo at lima. At siya'y nagsalita ng tungkol sa mga punong kahoy, mula sa sedro na nasa Libano hanggang sa isopo na sumisibol sa pader:
[32] siya'y nagsalita rin ng tungkol sa mga hayop, at sa mga ibon, at sa nagsisiusad at sa mga isda." 1 Hari 4:32, 33.

Sa mga kawikaan ni Solomon ay nakahanay ang mga simulain ng banal na pamumuhay at mataas na mga pagsisikap, mga simulaing ibininhi ng Dios at umaakay sa kabanalan, mga simulaing dapat mamayani sa bawat gawa ng buhay. Ang malawak na pagbabahagi ng mga simulaing ito, at ang pagkakilala sa Dios bilang Siyang dapat purihin at parangalan, ang nagbigay sa unang bahagi ng paghahan ni Solomon ng pagtataas ng moral at pagsaganang materyal.

"Mapalad ang tao na nakasusumpong ng karunungan," kanyang sinulat, "at ang tao na nagtatamo ng kaunawaan. Sapagkat ang kalakal niya ay maigi kaysa kalakal na pilak, at ang pakmabang niyaon kaysa dalisay na ginto. Mahalaga nga kaysa mga rubi: at wala sa mga bagay na mananasa mo sa maihahalintulad sa kanya.

Karamihan ng mga araw ay nasa kanang kamay niya; sa kanyang kaliwang kamay ay mga kayamanan at karangalan. Ang kanyang mga daan ay mga daan ng kaligayahan, at lahat niyang mga landas ay kapayapaan. Siya ay punong kahoy ng buhay sa mga nanghahawak sa kanya: at mapalad ang bawat isa na nangamamalagi sa kanya." Kawikaan 3:13-18.

"Karunungan ay pinaka pangulong bagay; kaya't kunin mo ang karunungan: oo, sa lahat mong kukunin ay kunin mo ang unawa." Kawikaan 4:7. "Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan." Mga Awit 111:10. "Ang pagkatakot sa Panginoon ay ipagtanim ang kasamaan: kapalaluan, at kahambugan, at masamang lakad, at ang masamang bibig, ay aking ipinatatanim." Kawikaan 8:13.

O sana ay dininig ni Solomon ang mga salitang ito ng karunungan sa mga huling taon ng kanyang paghahari! Sana'y siyang nagsabing "Ang labi ng pantas ay nagsasabog ng kaalaman" (Kawikaan 15:7), at siyang nagturo sa mga hari sa lupa na purihin ang Han ng mga hari ng papuring nais ipagkaloob sa mga hari sa lupa, hindi kailanman sa "likong labi," sa "pagmamataas at kayabangan," na kinuha ang kaluwalhatiang tanging para sa Dios lamang! [33]

# Kabanata 2—Ang Templo at Pagtatalaga Nito

Ang matagal nang ninanais ni David na pagtatayo ng templo ng Panginoon, ay matalinong isinakatuparan ni Solomon. Sa loob ng pitong taon ang Jerusalem ay siksikan sa mga manggagawang abala sa pagpapatag ng napiling lugar, sa pagtatayo ng palibot na pader, sa paglalagay ng malawak na pundasyon,—"malalaking bato, mahahalagang bato, at mga batong tabas,"—sa paghubog ng mga mabibigat na kahoy mula sa kaparangan ng Libano, at sa pagtatayo ng kahangahangang santuwaryo. 1 Hari 5:17.

Kasabay ng paghahanda ng kahoy at bato, na pinagsikapan ng libu-libong manggagawa, ang paggawa ng mga muwebles para sa templo ay patuloy din sa pangunguna ni Hiram ng Tiro, "bihasang lalald, na may kaalaman,...na bihasang manggagawa sa ginto, at sa pilak, sa tanso, sa bakal, sa bato, at sa kahoy, sa kulay ube, sa bughaw, at sa mainam na kayong lino, at sa matingkad na pula." 2 Cronica 2:13,14.

Kung kayat habang ang gusali sa Bundok Moria ay walang ingay na naitayo sa "bato na inihanda sa tibagan ng bato: at wala kahit pamukpok o palakol man, o anumang kasangkapang bakal na naririnig sa bahay, samantalang itinatayo," ang mga magagandang bagay ay sakdal na ginawa ayon sa planong ibinigay ni David sa kanyang anak, "lahat ng kasangkapan na nangasa bahay ng Dios." 1 Hari 6:7; 2 Cronica 4:19. Kasama dito ang dambana ng kamangyan, ang dulang ng dnapay, ang kandelero at mga lampara, at mga sisidlan at instrumentong kaugnay ng paglilingkod ng mga saserdote sa dakong banal, lahat "ay ginto at yao'y dalisay na ginto." 2 Cronica 4:21. Ang mga muwebles na tanso,—dambana ng handog na susunugin, ang malaking hugasang nakapatong sa labing-dalawang baka, ang mas maliliit na hugasan, at marami pang sisidlan,—"sa kapatagan ng Jordan binubo ng hari, sa malagkit na lupa sa pagitan ng Suchot at ng Sereda." 2 Cronica 4:17. Ang mga kasangkapang ito ay inihandang
[34] sagana upang hindi magkulang ng anuman.

Hindi mapapantayang kagandahan at kamahalan ang malapalasyong gusaling itinayo ni Solomon at mga kasama niya ukol sa Dios at pagsamba sa Kanya. Napapalamutian ng mga mamahaling bato, napapalibutan ng malalawak na korteng may kahanga-hangang patio, at may mga inukit na sedar at maldntab na ginto, ang templo na may burdadong kurtina at mayamang kasangkapan, ay angkop na sagisag ng buhay na iglesia ng Dios dito sa lupa, na sa mga panahon ay naitayo ayon sa plano ng Dios, at mga materyales na tulad ng "ginto, pilak, mahahalagang bato," "inanyuan ayon sa anyo ng isang palasyo." 1 Corinto 3:12; Awit 144:12. Sa templong itong espirituwal ay si Kristo ang "pangulong Panulok na Bato; na sa Kanya'y ang buong gusali ay nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon." Efeso 2:20, 21.

Sa wakas ay natapos ang templong pinanukala ni Haring David, at itinayo ni Solomong anak niya. "Lahat na isinaloob ni Solomon na gawin sa bahay ng Panginoon," ay "nagkawakas ng mabuti." 2 Cronica 7:11. At ngayon, upang ang palasyong pinakaputong ng bundok ng Mona ay maging gayon nga, tulad ng ninais ni David, isang tahanan "hindi ukol sa tao, kundi sa Panginoong Dios" (1 Cronica 29:1), nagpabilin doon ang isang banal na seremonyang pormal na itinalaga kay Jehova at sa pagsamba sa Kanya.

Matagal na ang dakong tinayuan ng templo ay itinuring na dakong banal. Dito rin na si Abraham, ang ama ng mga tapat, ay naghayag ng pagiging laang ihandog na sakripisyo ang bugtong na anak ayon sa utos ni Jehova. Dito ay inulit ng Dios kay Abraham ang tipan ng pagpapala, na kasama ang maluwalhating pangako ukol sa Mesias na magliligtas sa sangkatauhan sa pamamagitan ng sakripisyo ng Anak ng Kataastaasan. Tingnan ang Genesis 22:9, 16-18. Dito rin si David ay naghandog ng mga handog na susunugin at pangkapayapaan upang pigilan ang tabak ng paghihiganti ng anghel, na dininig ng Dios ang samo sa pagpapadala ng apoy mula sa langit. Tingnan ang 1 Cronica 21. At muli ngayon ang mga sumasamba kay Jehova ay nagkatipon upang makiharap sa Dios at ulitin ang kanilang panata ng pagtatapat sa Kanya.

Ang panahong pinili ukol sa pagtatalaga—ang ikapitong buwan, nang ang mga tao mula sa buong kaharian ay magtitipon sa Jerusalem ayon sa kaugalian upang magdiwang ng Kapistahan ng Tabemakulo. Ang kapistahang ito ay talagang pagdiriwang. Ang

[35] mga pag-aani ay tapos na at ang paggawa sa panibagong taon ay hindi pa nasisimulan, ang mga tao ay hindi abala at maaaring magukol ng sarili sa banal at masayang impluwensya ng pagkakataon at panahon.

Sa takdang panahon ang bayang Israel, kasama ng mga lanatawan ng mga bansa, ay nagnpon sa korte ng templo. Ang tanawin ay hindi pangkaraniwang kamahalan. Si Solomon, kasama ng mga matatanda ng Israel at mga pinakamaimpluwensya sa bayan, ay bumalik mula sa kabila ng siyudad, na doon ay dinala ang kaban ng tipan. Alula sa santuwaryo sa kataasan ng Gibeon ay nalipat ang sinaunang "tabemakuko ng kapisanan, at ang lahat ng mga banal na kasangkapan na nangasa tolda" (2 Cronica 5:5); at ang mga minamahal na taga pagpaala-alang ito ng mga naunang karanasan ng mga anak ni Israel sa kanilang paglilimayon sa ilang at pagkubkob sa Canaan, ngayon ay nakasumpong ng palagiang tahanan sa kahanga-hangang gusalmg itinayo kapalit ng bitbitmg gusali.

Sa pagdadala sa templo ng banal na kabang kinalalagyan ng dalawang tapyas na batong kinasulatan ng mga Kautusan sa pamamagitan ng daliri ng Dios, sinunod lamang ni Solomon ang halimbawa ng kanyang amang si David. Bawat layong anim na hakbang ay nagsakripisyo siya. May pag-awit at musika at dakilang seremonya, "pinasok ng mga saserdote ang kaban ng tipan ng Panginoon sa dako niyaon, sa loob ng sungganian ng bahay, sa kabanal-banalang dako." Talatang 7. Sa paglabas nila mula sa pinakaloob ng korte, lumagay sila sa kanilang angkop na dako. Ang mga mang-aawit—mga Levitang nakasuot ng puting lino, may mga simbalo at solteryo at harpa—ay tumayo sa dulong silangan ng altar, kasama nila ang isang daan at dalawampung saserdoteng nagpapatunog ng pakakak. Tingnan ang talatang 12.

"Nangyari nga, nang ang mga nangagpapakakak at mga mangaawit ay nangagkakatugma, upang mangagpatunog ng isang tunog na maririnig sa pagdalangin at pasasalamat sa Panginoon; at nang kanilang itaas ang kanilang tinig na katugma ng mga pakakak, at mga simbalo at mga panugtog ng tugtugin, at magsipuri sa Panginoon, na magsipagsabi, Sapagkat Siya'y mabud; sapagkat ang Kanyang kaawaan ay magpakailanman: na nang magkagayo'y ang bahay ay napuno ng ulap, samakatuwid bagay ang bahay ng Panginoon; na anupa't ang mga saserdote ay hindi mangakatayo na mangaka-

pangasiwa dahil sa ulap: sapagkat napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay ng [36]
Dios." Talatang 13, 14.

Sa pagkadama ng kahalagahan ng ulap na ito, ipinahayag ni Solomon: "Ang Panginoo'y nagsabi na Siya'y tatahan sa salimuot na kadiliman. Ngunit ipinagtayo Kita ng isang bahay na tahanan, at isang dako na ukol sa Iyo na tahanan magpakailanman." 2 Cronica 6:1,2.

"Ang Panginoon ay naghahari;
Manginig ang mga bayan:
Siya'y nauupo sa mga querubin;
Makilos ang lupa.

"Ang Panginoon ay dakila sa Sion;
At Siya'y mataas na higit sa lahat ng mga bayan.
Purihin nila ang Iyong dalala at kakila-kilabot na pangalan;
Siya'y banal....

"Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Dios,
At magsisimba kayo sa harap ng Kanyang tungtungan;
Siya'y banal."

Awit 99:1-5.

"Sa gitna ng looban" ng templo ay itinayo ang "isang tuntungang tanso," o entablado, "limang siko ang haba, at limang siko ang luwang, at tatlong siko ang taas." Dito tumayo si Solomon at nakataas ang mga kamay na binasbasan ang malaking karamihang nasa harap niya. "At ang buong kapisanan ng Israel ay tumayo." 2 Cronica 6:13,3.

At sinabi ni Solomon, "Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na nagsalita ng Kanyang bibig kay David na aking ama, at tinupad ng Kanyang mga kamay, na sinasabi,.. Aking pinili ang Jerusalem, upang ang Aking pangalan ay dumoon." Talatang 4-6.

Matapos ito si Solomon ay lumuhod sa entablado, at sa pandinig ng buong bayan ay nag-ukol ng panalangin ng pagtatalaga. Idnaas ang kamay sa langit, samantalang ang kapulungan ay nakayukong

paharap sa lupa, nagsumamo ang hari: "Oh Panginoon ang Dios ng Israel, walang Dios na gaya Mo, sa langit o sa lupa; na nag-iingat ng tipan, at ng kaawaan sa Iyong mga lingkod, na nagsisilakad sa harap Mo ng kanilang buong puso."

"Ngunit katotohanan bang ang Dios ay tatahang kasama ng mga
[37] tao sa lupa? Narito, sa langit, at sa langit ng mga langit ay hindi Ka magkasiya; gaano pa nga sa bahay na ito na aking itinayo? Gayon ma'y Iyong pakundanganan ang dalangin ng Iyong lingkod, at ang Kanyang samo, Oh Panginoon kong Dios, na dinggin ang daing at ang dalangin na idinadalangin ng Iyong lingkod sa harap Mo: na anupa't ang Iyong mga mata ay dilat sa dako ng bahay na ito araw at gabi, samakatuwid baga'y sa gawi ng dakong Iyong pinagsabihan na Iyong ilalagay ang Iyong pangalan doon; upang dinggin ang dalangin na idadalangin ng Iyong lingkod sa dakong ito. At dinggin Mo ang mga samo ng Iyong lingkod, at ng Iyong bayang Israel, pagka sila'y dadalangin sa gawi ng dakong ito: oo, dinggin Mo mula sa Iyong tahanang dako, samakatuwid baga'y mula sa langit; at pagka Iyong narinig ay patawarin Mo....

"At kung ang Iyong bayang Israel ay masaktan sa harap ng kaaway, dahil sa sila'y nagkasala laban sa Iyo; at magbabalik-loob, at kikilalanin ang Iyong pangalan; at mananalangin at mamamanhik sa harap Mo sa bahay na ito; dinggin Mo nga sa langit, at ipatawad Mo ang sala ng Iyong bayang Israel, at dalhin Mo sila uli sa lupain na Iyong ibinigay sa kanila at sa kanilang mga magulang.

"Pagka ang langit ay nasarhan, at walang ulan, dahil sa sila'y nagkasala laban sa Iyo; kung sila'y dumalangin sa gawi ng dakong ito, at kilalanin ang Iyong pangalan, at talikdan ang kanilang kasalanan, pagka Iyong pinagdadalamhati sila; dinggin Mo nga sa langit, at ipatawad Mo ang kasalanan ng Iyong mga lingkod, at ng Iyong bayang Israel, pagka Iyong tinuturuan sila ng mabuting daan na kanilang lalakaran; at hulugan Mo ng ulan ang Iyong lupain na Iyong ibinigay sa Iyong bayan na pinakamana.

"Kung magkaroon ng kagutom sa lupain, kung magkaroon ng pagkalanta, o amag, balang, o tipaklong; kung kubkubin sila ng kanilang mga kaaway sa lupain ng kanilang mga bayan; anumang salot o anumang sakit na magkaroon: anumang dalangin at samo na gawin ng sinumang tao, o ng Iyong buong bayang Israel, pagka makikilala ng bawat isa ang kanyang sanling salot at ang kanyang

sanling sakit, at igagawad ang kanyang mga kamay sa dako ng bahay na ito: dinggin Mo nga sa langit na Iyong tahanang dako, at Iyong ipatawad, at gantihan Mo ang bawat tao, ng ayon sa lahat niyang mga lakad, na ang puso ay Iyong natatamo;...upang sila'y mangatakot sa Iyo, upang magsilakad sa Iyong mga daan, samantalang sila'y nangabubuhay sa lupain na Iyong ibinigay sa aming mga magulang. [38]

"Bukod dito'y tungkol sa taga ibang lupa, na hindi sa Iyong bayang Israel, pagka siya'y magbubuhat sa isang malayong lupain dahil sa Iyong dakilang pangalan, at sa Iyong makapangyarihang kamay, at sa Iyong unat na bisig; pagka sila'y magsisiparito at magsisidalangin sa dako ng bahay na ito; dinggin Mo nga sa langit, samakatuwid baga'y sa Iyong tahanang dako, at gawin Mo ang ayon sa lahat na itawag sa Iyo ng taga ibang lupa; upang maldlala ng lahat ng mga bayan sa lupa ang Iyong pangalan, at mangatakot sa Iyo, na gaya ng Iyong bayang Israel, at upang kanilang makilala na ang bahay na ito na aking itinayo ay tinatawag sa pamamagitan ng Iyong pangalan.

"Kung ang Iyong bayan ay lumabas sa pakikipagbaka laban sa kanilang mga kaaway saan Mo man sila suguin, at manalangin sa Iyo sa dako ng bayang ito na Iyong pinili, at sa dako ng bahay na aking itinayo na ukol sa Iyong pangalan; dinggin Mo nga sa langit ang kanilang dalangin at ang kanilang samo, at alalayan Mo ang kanilang usap.

"Kung sila'y magkasala laban sa Iyo, (sapagkat walang tao na di nagkakasala,) at Ikaw ay magalit sa kanila, at ibigay Mo sila sa kaaway, na anupa't sila'y dalhing bihag sa isang lupaing malayo o malapit; gayon may kung sila'y magbulay sa kanilang pagkabihag, na sasabihin, Kami ay nangagkasala, kami ay nagsigawa ng kalikuan, at nagsigawa ng kasamaan; kung sila'y nangagbalik-loob sa Iyo ng buong puso nila at ng buong kaluluwa nila sa lupain ng kanilang pagkabihag, saan man sila dalhing bihag, at manalangin sa dako ng kanilang lupain, na Iyong ibinigay sa kanilang mga magulang, at ng bayan na Iyong pinili, at sa dako ng bahay na aking tinayo na ukol sa Iyong pangalan: dinggin Mo nga sa langit, samakatuwid baga'y sa Iyong tahanang dako, ang kanilang dalangin at ang kanilang mga pamanhik, at alalayan mo ang kanilang usap, at patawarin Mo ang Iyong bayan na nagkasala laban sa Iyo.

"Ngayon, Oh, Dios ko, isinasamo ko sa Iyo, na Iyong idilat ang Iyong mga mata, at pakinggan ng Iyong mga pakinig ang dalangin na gawin sa dakong ito. Ngayon nga'y bumangon Ka, Oh Panginoong Dios, sa Iyong pahingahang dako, Ikaw, ang kaban ng Iyong kalakasan: suutan Mo ng kaligtasan, Oh Panginoong Dios, ang Iyong mga saserdote, at ang Iyong mga banal ay mangagalak sa kabutihan. Oh, Panginoon, Dios, huwag Mong papihitin ang mukha ng Iyong pinahiran ng langis: alalahanin Mo ang Iyong mga
[39] kaawaan kay David na iyong lingkod." Talatang 14-42.

[40] Nang matapos si Solomon sa panalangin, "ang apoy ay lumagpak mula sa langit, at sinupok ang handog na susunugin at ang
[41] mga ham." At ang mga saserdote ay Kindi mangakapasok sa bahay ng Panginoon, sapagkat "napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay ng Panginoon." "At ang lahat na mga anak ni Israel ay nagsitingin...ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nasa bahay, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa pabimento, at nagsisamba, at nangagpasalamat sa Panginoon, na nagsisipagsabi, Sapagkat Siya'y mabud; sapagkat ang Kanyang kaawaan ay magpakailanman."

Nang magkagayo'y ang hari at ang buong bayan ay naghandog ng ham sa harap ng Panginoon. "Gayon ang hari at ang buong bayan ay nagtalaga sa bahay ng Dios." 2 Cronica 7:1-5. Sa loob ng pitong araw ang karamihan mula sa lahat ng bahagi ng kaharian, mula sa pasukan "sa Hamath hanggang sa bads ng Egipto," "totoong malaking kapisanan," ay nagdaos ng masayang kapistahan. Ang kasunod na linggo ay iniukol sa pagdiriwang ng Kapistahan ng Tabemakulo. Sa katapusan ng panahon ng muling pagtatalaga at pagsasaya ang bayan ay bumalik sa kanilang mga bahay, "nagalak at may masayang puso dahil sa kabutihan na ipinakita ng Panginoon kay David, at kay Solomon, at sa Israel na Kanyang bayan." Talatang 8, 10.

Ginawa ng hari ang lahat na abot ng kanyang kapangyarihan upang pasiglahin ang bayan na lubusang ipagkaloob ang sarili sa Dios at sa paglilingkod sa Kanya, at parangalan ang pangalan Niyang banal. At ngayon muli pa, tulad nang sa Gibeon sa unang bahagi ng kanyang paghahari, ang hari ng Israel ay nabigyan ng katibayan ng pagtanggap ng Dios at Kanyang pagpapala. Sa pangitain sa gabi ang Panginoon ay napakita sa kanya na may ganitong pabalita: "Aking narinig ang iyong dalangin, at pinili Ko ang dakong ito sa Aking

sarili na pinakabahay na hainan. Kung Aking sarhan ang langit na anupa't huwag magkaroon ng ulan, o kung Aking utusan ang balang na lamumn ang lupain, o kung Ako'y magsugo ng salot sa gitna ng Aking bayan; kung ang Aking bayan, na tinatawag sa pamamagitan ng Aking pangalan ay magpakumbaba, at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; Akin ngang didinggin sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin Ko ang kanilang lupain. Ngayo'y ang Aking mga mata ay didilat, at ang Aking pakinig ay makikinig, sa [42] dalangin na gagawin sa dakong ito. Sapagkat ngayon ay Aking pinili at idnalaga ang bahay na ito, upang ang Aking pangalan ay dumoon magpakailanman: at ang Aking mga mata at ang Aking puso ay doroong palagi." Talatang 12-16.

Kung ang Israel ay nagtapat lamang sa Dios, ang maluwalhating gusaling ito ay tumayo sana magpakailanman, isang palagiang tanda ng tanging pabor ng Dios sa Kanyang bayan. "Gayon din ang mga taga ibang lupa," ipinahayag ng Dios, "na nakikilakip sa Panginoon, upang magsipangasiwa sa Kanya, at magsiibig sa pangalan ng Panginoon, upang maging Kanyang mga lingkod, bawat nangingilin ng Sabbath upang huwag lapastangin, at nag-iingat ng Aking tipan; sila ay dadalhin Ko sa Aking banal na bundok, at papagkakatuwain Ko sila sa Aking bahay na dalanginan: ang kanilang mga handog na susunugin at ang kanilang mga ham ay tatanggapin sa Aking dambana; sapagkat ang Aking bahay ay tatawaging bahay na panalanginan para sa lahat ng mga bayan." Isaias 56:6, 7.

Kaugnay ng mga kasiguruhang ito ng pagtanggap, niliwanag ng Panginoon ang landas ng tungkulin ng hari. "Tungkol sa iyo," pinahayag Niya "kung ikaw ay lalakad sa harap Ko, gaya ng inilakad ni David na iyong ama, at iyong gagawin ang ayon sa lahat na Aking iniutos sa iyo, at iyong iingatan ang Aking mga palatuntunan at ang Aking mga kahatulan; Akin ngang itatatag ang luklukan ng iyong kaharian, ayon sa Aking itinipan kay David na iyong ama, na sinasabi, Hindi magkukulang sa iyo ng lalaki na magpupuno sa Israel." 2 Cronica 7:17, 18.

Kung nagpatuloy lamang si Solomon sa paglilingkod sa Panginoon sa kaamuan, ang buong paghahari niya ang gumawa sana ng makapangyarihang impluwensya sa kabutihan sa mga nakapalibot na mga bansa, mga bansang nabigyan ng magandang im-

presyon ng paghahari ni David na ama niya at ng matalinong mga salita at marangyang mga gawa ng mga unang taon ng paghahari niya. Sa pagkamalas ng mga kaldla-ldlabot na tuksong kaugnay ng kasaganaan at karangalan ng mundo, binalaan ng Dios si Solomon laban sa pagtalikod at sa kalunus-lunos na bunga ng kasalanan. Kahit na ang magandang templong katatalaga pa lamang ay magiging "isang kawikaan, at isang kakutyaan sa gitna ng lahat ng bayan" kung tatalikuran ng Israel "ang Panginoon, ang Dios ng kanilang
[43] mga magulang" at magpapatuloy sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Talatang 20, 22.

Pinalakas sa puso at pinasiglang mainam ng pabalita mula sa langit na ang panalangin niya para sa Israel ay dininig, si Solomon ay pumasok sa pinakamaluwalhating panahon ng kanyang paghahari, nang "lahat ng hari sa lupa" ay nagsimulang hanapin ang kanyang pakikiharap, "upang magsipakinig ng kanyang karunungan, na inilagay ng Dios sa kanyang puso." 2 Cronica 9:23. Marami ang naparoon upang tingnan ang kanyang gobyerno at tumanggap ng turo tungkol sa mga mahihirap na bagay.

Sa pagdalaw ng mga taong ito sa kanya, tinuruan sila ni Solomon tungkol sa Dios na Manlalalang ng lahat ng bagay, at sila ay bumalik sa kanilang mga tahanan na may mas malinaw na isipan tungkol sa Dios ng Israel at ng pag-ibig Niya sa lahi ng tao. Sa mga gawa ng kalikasan ay nakita nila ang pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig at likas; at marami ang naakay sa pagsamba sa Kanya bilang Dios nila.

Ang kaamuan ni Solomon sa pasimula ng pagsasabalikat ng mga pasanin ng estado, nang kanyang ikumpisal sa Dios na, "Ako'y isang munting bata lamang" (1 Hari 3:7), ang kanyang palatandaang pagibig ng Dios, ang malalim na paggalang sa mga bagay ng langit, ang kawalan ng tiwala sa sarili, at pagtataas sa walang hanggang Manlalalang ng lahat—lahat ng mga sangkap na ito ng likas, angkop upang tularan, ay nahavag sa mga serbisyong kaugnay ng pagtatapos ng templo, nang sa panahon ng panalangin ng pagtatalaga ay lumuhod siyang tulad ng isang nagsusumamo. Ang mga alagad ni Kristo ngayon ay dapat magbantay upang hindi mawala ang diwa ng paggalang at takot sa Dios. Itinuturo ng Kasulatan kung paanong ang tao ay dapat lumapit sa Manlilikha—may kaamuan at pitagan, sa pananampalataya sa isang Dios na Tagapamagitan. Inihayag ng mang-aawit:

"Ang Panginoon ay dakilang Dios,
At dakilang Han sa lahat ng mga diyos....
Oh magsipanto kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod:
Tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin."

Awit 95:3-6.

Sa publiko man o sa pansariling pagsamba ay karapatan nating lumuhod sa Dios sa pagdadala natin ng mga petisyon sa Kanya. Si Jesus na halimbawa natin ay "nanikluhod at nanalangin" Lucas 22:41. Tungkol sa mga alagad ay natala na sila man ay, "lumuhod [44] at nanalangin." Gawa 9:40. Inihayag ni Pablo, "Iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama." Efeso 3:14. Sa pagkukumpisal sa Dios ng mga kasalanan ng Israel, si Ezra ay nanikluhod. Tingnan ang Ezra 9:5. Si Daniel ay "lumuhod sa kanyang tuhod na makaido isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa harap ng kanyang Dios." Daniel 6:10.

Ang tunay na paggalang sa Dios ay udyok ng pagkadama ng Kanyang walang katapusang kadakilaan at presensya. Sa pagkadamang ito ng Di nakikita, bawat puso ay dapat na malalim na maimpluwensyahan. Ang oras at dako ng panalangin ay banal, sapagkat ang Dios ay naroroon. At kung paanong ang pagpipitagan ay nahahayag sa isipan at kilos, ang damdaming sumisibol ay lalalim. "Banal at kagalang-galang ang Kanyang pangalan," pahayag ng mangaawit. Awit 111:9. Ang mga anghel, kapag binabanggit ang Kanyang pangalan, ay nagtatakip ng kanilang mga mukha. Anong uring pagpipitagan, kung gayon, tayong mga nahulog at nagkasala, ang dapat dalhin sa ating mga labi!

Marapat lamang na ang mga kabataan at katandaan ay isipin ang mga salitang ito ng Kasulatan na nagpapakita kung paanong ang dakong kinaroroonan ng Dios ay dapat ituring. "Hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa," utos kay Moises sa nagniningas na halaman, "sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa" Exodo 3:5. Si Jacob, pagkakita ng pangitain ng anghel ay nagwika, "Tunay na ang Panginoon ay nasa dakong ito; at hindi ko nalalaman.... Ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit." Genesis 28:16,17.

Sa mga sinalita sa panahon ng pagtatalaga ng templo, sinikap ni Solomon na alisin sa isipan ng mga naroroon ang mga pamahiin tungkol sa Manlalalang, na nagpalabo ng isipan ng mga walang pagkakilala sa Dios. Ang Dios ng kalangitan ay di tulad ng mga diyos ng mga pagano, na piit sa mga templong gawa ng mga kamay ng tao; gayunman, ay nakikipagtagpo Siya sa Kanyang bayan sa Kanyang Espiritu kapag sila ay nagtitipon sa bahay na itinalaga para sa pagsamba sa Kanya.

Mga daangtaon makalipas ay itinuro ni Pablo ang mga katotohanang ito: "Ang Dios na gumawa ng sanlibutan at ng lahat ng
[45] mga bagay na naririto, Siya, palibhasa'y Panginoon ng langit at ng lupa, ay hindi tumatahan sa mga templong ginawa ng mga kamay; ni hindi rin naman pinaglilingkuran Siya ng mga kamay ng mga tao na para bagang Siya'y nangangailangan ng anumang bagay, yamang Siya rin ang nagbibigay sa lahat ng buhay, at ng hininga, at ng lahat ng mga bagay;...upang kanilang hanapin ang Dios baka sakaling maapuhap nila Siya, at Siya'y masumpungan, bagaman hindi Siya malayo sa bawat isa sa atin: sapagkat sa Kanya tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao." Mga Gawa 17:24-28.

"Mapalad ang bansa na ang Dios ay ang Panginoon;
Ang bayan na Kanyang pinili sa ganang Kanyang sariling mana.
Ang Panginoon ay tumitingin mula sa langit;
Kanyang minamasdan ang lahat na anak ng mga tao.
Mula sa dakong Kanyang tahanan
Ay tumitingin Siya sa lahat na nanganganahan sa lupa."

"Itinatag ng Panginoon ang Kanyang luklukan sa mga langit;
At ang Kanyang kaharian ay nagpupuno sa lahat."

"Ang Iyong daan, Oh Dios, ay nasa santuwaryo:
Sino ang dakilang Dios na gaya ng Dios?

Ikaw ay Dios na gumagawa ng mga kagilagilalas:
Iyong ipinakilala ang kalakasan Mo sa gitna ng mga tao."

Mga awit 33:12-14; 103:19; 77:13,14.

Bagama't ang Dios ay hindi tumatahan sa mga templong gawa ng kamay ng tao, gayunman ay pinararangalan ng Kanyang presensya ang mga pagkakatipon ng Kanyang bayan. Nangako Siyang kapag sila ay nagtipon upang hanapin Siya, kilalanin ang kanilang mga kasalanan, at dumalangin para sa isa't isa, Siya ay makikipagtipong kasama nila sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Datapuwat silang sasamba ay dapat mag-alis ng bawat kasamaan. Malibang sila ay sumamba sa espiritu at katotohanan at sa kagandahan ng kabanalan, ang pagtitipon nila ay walang kabuluhan. Ukol dito ay inihayag ng Panginoon, "Ang bayang ito'y iginagalang Ako ng kanilang mga labi; datapuwat ang kanilang puso ay malayo sa Akin." Mateo 15:8, 9. Lahat ng sumasamba sa Dios ay dapat sumamba sa Kanya "sa espiritu at katotohanan: sapagkat hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa Kanya." Juan 4:23.

"Ang Panginoo'y nasa Kanyang banal na templo: tumahimik ang buong lupa sa harap Niya." Habacuc 2:20. [46]

# Kabanata 3—Ang PagmamotQOS ng Kasaganaan

Habang itinataas ni Solomon ang kautusan ng langit, ang Dios ay sumasakanya, at ang karunungan ay napasakanya upang pagharian ang Israel sa kahabagan at walang pinapanigan. Noong pasimula, habang ang kayamanan at karangalan ay dumarating sa kanya, nanadli siyang mababa, at dakila ang naabot ng kanyang impluwensya. "Si Solomon ay nagpupuno sa lahat ng kahanan na mula sa ilog [Eufrates] hanggang sa lupain ng mga Filisteo, at hanggang sa hangganan ng Egipto." "Siya'y...may kapayapaan sa lahat ng mga dako sa palibot niya. At ang Juda at ang Israel ay nagsitahang tiwasay, na bawat tao'y sa ilalim ng kanyang puno ng ubas at sa ilalim ng kanyang puno ng igos,...sa lahat ng kaarawan ni Solomon." 1 Hari 4:21, 24, 25.

Datapuwat ang umaga ng dakilang pangako ay nadiliman ng pagtalikod. Itinala ng kasaysayan ang malungkot na katunayang siya na dnawag na Jedida,—"Minamahal ng Panginoon" (2 Samuel 12:25),—na pinarangalan ng Dios sa pamamagitan ng tanda ng kaluguran ng langit sa tanging paraan anupa't ang kanyang karunungan at pagiging matuwid ay nag-ani sa kanya ng pansanlibutang katanyagan, siyang umakay sa iba upang mag-ukol ng parangal sa Dios ng Israel, ay bumalikwas upang sumamba sa mga diyus-diyusan ng mga pagano.

Mga daang taon bago pa naghari si Solomon, sa pagkakita ng Panginoon sa mga panganib na kakaharapin ng mga mapipiling mangunguna sa Israel, ay ibinigay kay Moises ang instruksyon upang siyang uupo sa trono ng Israel ay "kanyang susuladn ang isang salin" ng kautusang ito sa "isang aklat na nasa harap ng mga saserdote ng mga Levita." "At mamamalagi sa kanya," sabi ng Panginoon, "kanyang babasahin sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay: upang siya'y mag-aral na matakot sa Panginoon niyang Dios, upang isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito at ng mga palatuntunang ito: upang ang kanyang puso ay huwag magmataas sa kanyang mga kapadd, at siya'y huwag maligaw sa utos, maging sa kanan,

o sa kaliwa: upang kanyang maparami ang kanyang mga araw sa [47]
kanyang kaharian, niya, at ng kanyang mga anak sa gitna ng Israel." Deuteronomio 17:18-20.

Kaugnay ng instruksyong ito ng Panginoon sa magiging hari, tiyakang nagbabala Siya na huwag "magpaparami ng mga asawa, upang huwag maligaw ang kanyang puso: ni huwag siyang magpaparami ng pilak at ginto." Talatang 17.

Alam ni Solomon ang mga utos na ito at sa ilang panahon ay sinunod niya. Pinakadakilang naisin niyang mabuhay at magharing ayon sa mga kautusang nabigay sa Sinai. Ang paraan ng kanyang pangunguna ay kabalintunaan ng mga ugali ng mga bansa ng kapanahunan niya—mga bansang walang takot sa Dios at nagyuyurak sa Kanyang banal na utos.

Sa pagsisikap na mapalakas ang relasyon sa makapangyarihang kahanan sa dmog ng Israel, si Solomon ay pumasok sa pinagbabawal na bagay. Alam ni Satanas ang bunga ng pagsunod; at sa mga unang taon ng paghahari ni Solomon—maluluwalhati ang mga taon dahilan sa karunungan, pagiging mapagbigay, at matuwid ng hari—sinikap niyang magpasok ng mga impluwensyang magpapahina ng katapatan ni Solomon sa prinsipyo at mag-aakay sa kanya upang humiwalay sa Dios. Ang tagumpay ng kaaway dito ay makikita natin sa tala: "Si Solomon ay nakipagkamag-anak kay Faraon na hari sa Egipto, sa pag-aasawa niya sa anak na babae ni Faraon, at dinala niya sa Bayan ni David." 1 Hari 3:1.

Sa paningin ng tao, ang pag-aasawang ito, gayong laban man sa mga turo ng Dios, ay parang isang pagpapala; sapagkat ang asawa ni Solomon na walang pagkakilala sa Dios ay nahikayat at sumama sa kanya sa pagsamba sa tunay na Dios. Gayon din, ang Faraon ay naglingkod sa Israel sa paglusob sa Geser, at pinuksa "ang mga Cananeong naninirahan sa siyudad," at ibinigay ito "na pinakabahagi sa kanyang anak na babae, na asawa ni Solomon." 1 Hari 9:16. Muling itinayo ni Solomon ang siyudad na ito at dahil dito'y napalakas pa ang kaharian sa bahagi ng Mediteranea. Datapuwat sa palakipagkasundo sa mga bansang pagano, at tinatakan ang ugnayan sa pag-aasawa sa isang prinsesang sumasamba sa diyus-diyusan, walang patumanggang binaliwala ni Solomon ang pantas na probisyon ng Dios sa pagpapanatili ng kadalisayan ng Kanyang

bayan. Ang pagasa na ang prinsesang Egipsiyong ito ay mahihikayat [48] ay mahinang dahilan para sa pagkakasala.

Sa ilang panahon ay hindi pinansin ng Dios ang kalunus-lunos na pagkakamaling ito dahilan sa Kanyang kahabagan; at ang hari, sa matalinong paraan ay nasugpo sana sa malaking bahagi ang naging pagpasok na ito ng puwersa ng kasamaan. Datapuwat nagsimula nang mawala kay Solomon ang pantanaw sa pinanggagalingan ng kapangyarihan at luwalhati. Ang hilig ay pumalit sa rason, ang tiwala sa sarili ay nadagdagan, at sinikap niyang isagawa ang kalooban ng Dios sa sariling paraan. Idinahilan niyang ang alyansa sa mga karatig na bansa sa komersyo at pulitika ay maghahatid sa mga bansang ito sa pagkilala sa tunay na Dios; at pumasok siya sa walang kabanalang alyansa sa mga bansa. Malimit na ang mga alyansang ito ay sa pamamagitan ng pag-aasawa sa mga prinsesang pagano. Ang mga utos ni Jehova ay isinantabi alang-alang sa mga kostumbre ng mga bayang nakapalibot dito.

Pinapurihan ni Solomon ang sarili sa isipang sa pamamagitan ng pakikipag-asawa ay maaakay ang kanyang mga asawa sa pamamagitan ng karunungan at halimbawa mula sa pagsamba sa diyus-diyusan tungo sa pagsamba sa tunay na Dios, at gayon din na ang mga alyansang nabuo ay aakit sa mga nakapalibot na bansa sa malapit na kaugnayan sa Israel. Walang kabuluhang pag-asal Ang pagkakamali ni Solomon sa pag-iisip na malakas siya upang labanan ang impluwensya ng mga kasamang pagano ay nakamamatay. Gayon din, ang pandayang umakay sa kanya upang umasang sa kabila ng pagwawalang bahala sa kautusan ng Dios sa bahagi niya, ang iba naman ay maaakay na magpitagan at sumunod sa mga banal na utos na ito.

Ang pakikipag-alyansa ng hari at relasyong komersyo sa mga bansa ay naghatid ng katanyagan, karangalan, at kayamanan ng mundong ito. Nakapagdala siya ng ginto mula sa Ophir at pilak mula sa Tarsish. "At ginawa ng hari ang pilak at ginto na maging gaya ng mga bato sa Jerusalem, at ang mga sedro na maging gaya ng mga sikomoro na nangasa mababang lupa dahil sa kasaganaan." 2 Cronica 1:15. Ang kayamanan, kasama ng mga tukso nito, ay dumating sa maraming tao sa panahon ni Solomon; ngunit ang pinong ginto ng likas ay lumabo at nasira.

Unti-unti ang pagtalikod ni Solomon na bago niya ito nalaman ay malayo na siya sa Dios. Hindi niya napapansing lumiliit ang kanyang [49] tiwala sa pagpatnubay at pagpapala ng Dios, at ang tiwala sa sarili ang kanyang inasahan. Unti-unti ay ikinait niya sa Dios ang walang pasubaling pagsunod na nagbukod sa Israel bilang bansang kakaiba, at unti-unti ring nakiayon siya sa mga ugali ng nakapalibot na mga bansa. Sa pagsuko sa mga tuksong kaugnay ng kanyang tagumpay at posisyon, nakalimutan niya ang Bukal ng kanyang kasaganaan. Ang ambisyong makahigit sa lahat ng bansa sa kapangyarihan at karangyaan ay umakay sa kanya upang pasamain ang mga kaloob ng langit para sa sariling kapakanan na dati ay ukol sa ikaluluwalhad ng Dios. Ang salaping dapat na iningatan bilang banal na pagkakatiwala para sa kapakanan ng mga dukha at pagpapalaganap ng mga simulain ng banal na pamumuhay sa buong mundo, ay makasariling nailagay sa mga proyektong ambisyoso.

Sa marubdob na naising mahigitan ang ibang mga bansa sa panlabas na displey, kinaligtaan ng hari ang pangangailangan ng pagkakaroon ng kagandahan at kasakdalan ng likas. Sa hangaring maluwalhati ang sarili sa sanlibutan, ipinagbili niya ang sariling karangalan at integridad. Ang malaking buwis na nakuha mula sa komersyo sa maraming bansa ay dinagdagan pa ng mabibigat na buwis. Sa gayon ang kataasan, ambisyon, paglulustay, at pagtatamasa ay nagbunga ng pagmamalupit at paghihigpit. Ang masinop, at mabiyayang diwang likas ng mga unang taon ng paghahari at pakikitungo sa tao ay nabago na. Mula sa pinakapantas at pinakamahabaging pinuno, siya ay naging malupit Ang dating mahabagin at may pagkatakot sa Dios na tagapagsanggalang ng bayan, ay naging malupit na diktador. Ang buwis ay dumami nang dumami sa bayan, upang tustusan lamang ang korteng maluho.

Nagsimulang magreklamo ang bayan. Ang respeto at paghangang dad ay nabigay sa hari ay napalitan ng muhi at kawalang kasiyahan.

Bilang sanggalang laban sa pag-asa sa bisig na laman, nagbabala ang Panginoon sa kanilang mamumuno na huwag magpaparami ng kabayo. Ngunit winalang bahala ni Solomon ang utos na ito, "Ang mga kabayo na dnangkilik ni Solomon ay inilabas sa Egipto." "At sila'y nagsipagdala ng mga kabayo mula sa Egipto at mula sa lahat ng mga lupain." "Pinisan ni Solomon ang mga karo, at ang mga

mangangabayo: at siya'y may isang libo't apat na raang karo, at labing-dalawang libong mangangabayo, na kanyang inilagay sa mga [50] bayan ng mga karo, at kasama ng hari sa Jerusalem." 2 Cronica 1:16; 9:28; 1 Hari 10:26.

At higit pang itinuring ng hari ang mga kaluhuan, sariling kadakilaan at ang pabor ng sanlibutan bilang palatandaan ng kadakilaan. Magaganda at kaakit-akit na babae ay dinala mula sa Egipto, Phoenicia, Edom, Moab, at maraming pang dako. Binibilang daandaan ang mga babaeng ito. Sila ay mananamba sa mga diyus-diyusan, at sila ay naturuan sa mga malulupit at nagpapababang mga rito. Sa pagkahumaling sa kanilang kagandahan, nakaligtaan at napabayaan ng hari ang tungkulin sa Dios at sa kanyang kaharian.

Malakas ang naging impluwensya ng mga asawa ni Solomon sa kanya, at unti-unti ay nahikayat si Solomon na sumama sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan. Winalang bahala ni Solomon ang tagubiling kaloob ng Dios bilang sanggalang sa pagtalikod, at ngayon ay ibinigay ang sarili sa pagsamba sa mga huwad na diyos. "Nangyari, nang si Solomon ay matanda na, iniligaw ng kanyang mga asawa ang kanyang puso sa ibang mga diyos: at ang kanyang puso ay hindi naging sakdal sa Panginoon niyang Dios, na gaya ng puso ni David na kanyang ama. Sapagkat si Solomon ay sumunod kay Astaroth, diyosa ng mga Sidonio, at kay Milcom na karumal-dumal ng mga Ammonita." 1 Hari 11:4, 5.

Sa gawing timog ng bundok ng Olivo, sa kabila ng Moria, na doon ay nakatayo ang magandang templo ni Jehova, nagtayo si Solomon ng mga magandang gusaling gagamitin sa pagsamba sa mga diyos. Upang paluguran ang mga asawa, naglagay si Solomon ng mga malalaking rebulto, mga imahing kahoy at bato sa gitna ng mga mirto at olivo. Doon, sa harap ng mga diyos ng mga pagano, "Kemos, ang karumal-dumal ng Moab" at si "Moloch, ang kasuklam-suklam ng mga anak ni Ammon," ay isinagawa ang mga nagpapababang rito ng paganismo. Talatang 7.

Ang ginawa ni Solomon ay nagdala ng tiyak na parusa. Ang pagkahiwalay niya sa Dios sa pamamagitan ng ugnayan sa mga mananamba sa diyus-diyusan ay naging kawasakan niya. Nang iwaksi niya ang katapatan sa Dios, nawala sa kanya ang pagsupil sa sanli. Ang kalakasang moral ay nawala rin. Ang mga pinong pakiramdam ay namanhid, ang konsyensya ay nasunog. Siyang sa

mga unang taon ng paghahari ay nagpakita ng gayong karunungan at simpatiya sa pagsasauli ng isang sanggol sa walang palad na ina (tingnan ang 1 Hari 3:16-28), ay nahulog nang napakababa upang pumayag na magtayo ng idolo na sa kanya ay ihahandog nang buhay [51]
ang mga sanggol. Siyang sa kabataan ay nagtamo ng pagkaunawa at direksyon, at sa malakas na kasibulan ay kinasihang sumulat "May daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan" (Kawikaan 14:12), sa mga huling taon ay lumayong gayon sa kadalisayan upang makipag-ugnayan sa mga ritong malalaswa para kay Kemosh at Ashtoret. Siyang sa pagtatalaga sa templo ay nagwika sa bayan, "Ang inyong mga puso ay maging sakdal sa Panginoon nating Dios" (1 Hari 8:61), ay naging isang manlalabag, sa puso at kabuhayan at tinanggihan ang sariling mga salita. Pinagkamalan niya ang lisensya sa kalayaan. Sinikap nip—sa malaking kawalan!—upang ipagkasundo ang liwanag sa kadiliman, mabuti sa masama, kadalisayan sa karumihan, si Kristo kay Belial.

Mula sa pagiging isa sa mga dakilang haring naghawak ng setro, si Solomon ay naging mahina, tau-tauhan at alipin ng iba. Ang likas na dati ay mataas at lalaking-lalaki, ay naging mahina at binabae. Ang pananampalataya sa Dios na buhay ay napalitan ng alinlangan ng walang pagkakilala sa Dios. Ang kawalang pagtitiwala ay sumira sa kanyang kaligayahan, nagpahina sa mga simulain, at nagpababa sa buhay. Ang katarungan at kadakilaan ng naunang taon ng paghahari ay napalitan ng kalupitan at pagmamalabis. Hamak, at mahinang likas ng tao! Halos walang magagawa ang Dios sa mga taong nawalan ng pagkadama ng pangangailangan sa Kanya.

Sa mga taong ito ng pagtalikod, ang pagbulusok sa moral ng Israel ay patuloy. Paanong hindi magiging gayon kung ang hari ay nakipagkaisa sa mga ahensya ni Satanas? Sa pamamagitan ng mga ahensyang ito ay nalito ang bayan sa kanilang ugnayan sa tunay at huwad na pagsamba, at sila ay madaling nasilo. Ang komersyo sa ibang mga bansa ay naglapit sa kanila sa mga taong walang pag-ibig sa Dios, at ang kanilang pag-ibig sa Kanya ay nabawasan. Ang matalas na pagkadama ng mataas, at banal na likas ng Dios ay napamanhid. Sa pagtangging sumunod sa landas ng pagsunod, isinalin nila ang katapatan sa kaaway ng katuwiran. Naging palasak na ang pakikipagasawa sa mga sumasamba sa diyus-diyusan, at

ang Israel ay mabilis na nawalan ng pagkamuhi sa pagsamba sa mga idolo. Ang pagkakaroon ng maraming asawa ay pinabayaan. Mga inang sumasamba sa mga diyos ay nagdadala ng mga anak sa mga ritong ito ng pagano. Sa buhay ng ilan, ang dalisay na
[52] serbisyong panrelihiyong itinatag ng Dios ay napalitan ng pagsamba sa diyusdiyusan sa pinakamaitim na kulay nito.

Ang mga Kristiano ay dapat na ihiwalay ang sarili sa sanlibutan, sa diwa mto, at sa mga impluwensya nito. May kapangyarihan ang Dios na ingatan tayong lubusan sa sanlibutan, datapuwat hindi tayo para sa sanlibutan. Ang pag-ibig Niya ay hindi walang katiyakan o pabagubago. Lagi na lamang na Siya ay nagmamasid sa Kanyang mga anak sa malasakit na walang kapantay o sukat. Datapuwat hinihiling Niya ang walang pasubaling katapatan. "Sinuma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagkat kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa; o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan." Mateo 6:24.

Si Solomon ay pinagkalooban ng kahanga-hangang karunungan, ngunit inilayo siya ng sanlibutan sa Dios. Ang mga tao ngayon ay hindi mas malakas kaysa kanya; sila ay madali ding madala ng impluwensyang nagpabagsak kay Solomon. Kung nagbabala ang Dios kay Solomon sa mga panganib, ngayon ay nagbababala din ang Dios sa Kanyang mga anak upang hindi nila ilagay sa panganib ang kanilang mga kaluluwa sa pakikiayon sa mundo. "Magsialis kayo sa kanila," samo Niya, "at magsihiwalay kayo,...at huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, at kayo'y Aking tatanggapin, at Ako sa inyo'y magiging Ama, at sa Akin kayo'y magiging mga anak na lalaki at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat." 2 Corinto 6:17, 18.

Sa gitna ng kasaganaan ay nakabantay ang panganib. Sa buong kapanahunan, kayamanan at karangalan ay laging kaakibat ang panganib sa kababaan at espirituwalidad. Hindi ang sarong walang laman ang mahirap dalhin; kundi ang sarong puno hanggang labi ang dapat na maingat na balansihin. Ang kalungkutan at kagipitan ay maaaring magdala ng lumbay, datapuwat ang kasaganaan ang pinakamapanganib sa buhay espirituwal. Malibang ang tao ay laging napapasailalim sa kalooban ng Dios, malibang siya ay napabanal ng

katotohanan, ang kasaganaan ay tunay na babangon ng mga natural na hilig na pangunahan ang Dios.

Sa libis ng kahihiyan, na doon ang tao ay umaasa sa Dios upang sila ay maturuan at maakay sa bawat hakbang, ay mayroong maihahambing na kapanatagan. Datapuwat ang taong nakatayo sa mataas [53] na taluktok, at dahilan sa posisyon, ay dapat sanang magtaglay ng karunungan—sila ang nasa pinakamalaking panganib. Malibang ang mga taong gayon ay umasa sa Dios, sila ay tiyak na babagsak.

Sa tuwing ang pagmamataas at ambisyon ay pinagbibigyan, ang buhay ay nawawasak, sapagkat ang pagmamataas, hindi pagkadama ng pangangailangan, ay nagsasara sa puso sa walang sukat na pagpapala ng langit Siyang ginagawang layunin ang pagmamapuri sa sarili ay masusumpungang siya ay pulubi sa biyaya ng Dios, na sa bisa nito ang tunay na kayamanan at pinakadakilang kagalakan ay natatamo. Datapuwat siyang nagkakaloob ng lahat at ginagawa ang lahat para kay Kristo ay matututuhan ang katunayan ng pangako, "Ang pagpapala ng Panginoon ay nagpapayaman, at hindi Niya idinadagdag ang kapanglawan." Kawikaan 10:22. Sa maraming dampi ng biyaya inaalis ng Tagapagligtas sa kaluluwa ang kawalang kapanatagan at walang kabanalang ambisyon, pinapalitan ang alitan ng pag-ibig at ang kawalang paniniwala ng kompiyansa. Kapag Siya ay nagsasalita sa kaluluwa na nagsasabi, "Sumunod ka sa Akin," ang kulam ng enkanto ng sanlibutan ay nasisira. Sa Kanyang tinig ang diwa ng pagkagahaman at ambisyon ay tumatakas mula sa puso, at ang mga tao ay babangong pinalaya, upang sumunod sa Kanya. [54]

# Kabanata 4—Mga Bunga ng Pagsalangsang

Tanyag sa mga pangunahing dahilang umakay kay Solomon sa karangyaan at pagmamalupit ay ang pagkukulang niyang mapanatili at pasulungin ang diwa ng pagsasakripisyo sa sanli.

Nang, sa paanan ng bundok ng Sinai, sinabi ni Moises sa bayan ang tungkol sa utos ng Dios na, “Igawa Ako ng isang santuwaryo; upang Ako’y makatahanan sa gitna nila,” ang tugon ng Israel ay kasama ng mga angkop na kaloob. “Sila ’,y lumapit, lahat ng tao na napukaw ang kalooban, at lahat na pinapagkusa ng sariling diwa,” at nagdala ng mga handog.” Exodo 25:8; 35:21. Para sa pagtatayo ng santuwaryo, dakila at malawakang paghahanda ang kailangan; maraming mamahalin at mahalagang materyales ang kinakailangan, datapuwat tinanggap lamang ng Dios ang mga handog na kusang loob na dinala. “Ang bawat tao na magaganyak ang puso sa kagandahangloob ay kukunan ninyo ng handog sa Akin,” ang utos na inulit ni Moises sa kapulungan. Exodo 25:2. Pagtatalaga sa Dios at pagsasakripisyo ang mga unang kahilingan sa paghahanda ng dakong tirahan ng Kataastaasan.

Isang katulad na panawagan ang ginawa nang isinalin ni David kay Solomon ang kapanagutan ng pagtatayo ng templo. Sa nagkatipong karamihan ay nagtanong si David, “Sino nga ang naghahandog na kusa upang magtalaga sa Panginoon sa araw na ito?” 1 Cronica 29:5. Ang panawagang ito ng pagtatalaga at paglilingkod na kusa ay dapat sanang nasa isip nilang kasangkot sa pagtatayo ng templo.

Sa pagtatayo ng tabemakulo sa ilang, mga piniling tao ay pinagkalooban ng Dios ng tanging kakayahan at karunungan. ” Sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel, Tingnan ninyo, tinawag ng Panginoon sa pangalan si Bezaleel,...sa lipi ni Juda; at Kanyang pinuspos siya ng Espiritu ng Dios, tungkol sa karunungan, sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa lahat ng sari-saring gawain.... At isinapuso niya ang katalinuhan, na siya’y makapagturo, siya at gayon din si
[55] Aholiab,...sa lipi ni Dan. Sila’y Kanyang pinuspos ng karunungan

sa puso upang, gumawa ng lahat na sari-saring gawa, ng taga-ukit, at tagakatha, at ng mangbuburda,...at ng manghahabi, ng mga gumagawa ng anumang gawain.... At si Bezaleel at si Aholiab ay gagawa, at lahat ng matalino na pinagkalooban ng Panginoon ng karunungan at pagkakilala." Exodo 35:30-35; 36:1. Mga katalinuhan ng langit ay nakiisa sa mga manggagawang pinili ng Dios mismo.

Ang mga anak ng mga manggagawang ito ay nagmana sa malaking bahagi ng mga talentong nabigay sa kanilang mga magulang. Sa ilang panahon ang mga lalaking ito ng Juda at Dan ay naging mababa at hindi makasarili; datapuwat unti-unti, at halos di namamalayang nawala sa kanila ang panghahawakan sa Dios at ang naising maglingkod sa Kanyang walang kasakiman. Humingi sila ng mas mataas na sahod para sa kanilang paggawa, dahilan sa kanilang higit na kakayahan sa mga mahihirap na gawain. Sa ilang pagkakataong hinihiling ang kanilang serbisyo ay tumanggap sila ng trabaho sa mga nakapalibot na bansa. Sa lugar ng banal na diwa ng pagsasakripisyo na pumuspos sa puso ng kanilang mga ninuno, sila ay naglumagi sa diwa ng kasakiman, sa paghahangad sa higit at higit pa. Upang masapatan ang makasariling hangaring ito, ginamit nila ang mga kakayahang kaloob ng Dios sa paglilingkod sa mga haring pagano, at pinahiram ang kanilang mga talento sa paggawa ng mga gawaing nag-aalis ng karangalan sa Manlalalang.

Sa mga kalalakihang ito humanap si Solomon ng isang magiging kapatas ng pagtatayo ng templo sa bundok ng Mona. Maliliit na detalye ng bawat bahagi ng itatayong banal na gusali, ay isinulat at ipinagkatiwala sa hari; at dapat sanang umasa siya sa Dios para sa mga natatalagang lalaki na magiging katulong, na ipagkakaloob sana sa kanila ang mga tanging kakayahang kailangan sa gawain. Datapuwat hindi nakita ni Solomon ang pagkakataong ito na magtiwala sa Dios. Nagpasugo siya sa hari ng Tiro para sa isang lalaking "bihasang manggagawa sa ginto, at pilak, at sa tanso, at sa bakal, at sa kulay ube, at matingkad na pula, at bughaw, at ng makaukit ng sarisaring ukit, upang makasama ng mga matalinong lalaki...sa Juda at sa Jerusalem." 2 Cronica 2:7.

Tumugon ang hari ng Phoenicia sa pagpapadala kay Huram, "anak ng isang babae sa mga anak ni Dan, at ang kanyang ama ay taga Tiro." Talatang 14. Si Huram ay anak, sa panig ng ina ni

Aholiab, na daan-daang taon ang nakalipas, ay pinagkalooban ng
[56] Dios ng tanging karunungan para sa pagtatayo ng tabernakulo.

Sa gayon sa pangungulo sa mga manggagawa ni Solomon ay naroon ang isang lalaki na kinilos hindi ng makasariling naising maglingkod sa Dios. Siya ay naglingkod sa diyos ng sanlibutang ito, mammon. Ang mga hibla ng kanyang pagkatao ay dinadaluyan ng mga prinsipyo ng kasakiman.

Dahilan sa natatanging kakayahan, humiling si Huram ng malaking sahod. Unti-unti ang mga maling prinsipyong taglay niya ay tinanggap ng kanyang mga kasamahan. Kasama sa paggawa sa bawat araw, naakay sila sa hilig na sila man ay humingi ng malalaking sahod, at nawala sa kanila ang pananaw sa kabanalan ng gawain. Ang diwa ng pagtanggi sa sarili ay tumakas sa kanila, at sa lugar nito ay diwa ng kasakiman. Ang naging bunga ay humingi ng malaking sahod, na ibinigay naman.

Ang masamang impluwensyang ito na natanim ay kumalat sa lahat ng sangay ng paglilingkod sa Panginoon, at kumalat din sa buong kahanan. Ang mataas na sahod na hiningi at ibinigay ay naging pagkakataon upang mabuhay sa karangyaan at luho. Ang dukha ay pinagmalupitan ng mayaman; ang diwa ng pagsasaknpisyo sa sarili ay nawala. Sa mga bunga nitong malayo ang naabot ay makilata ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit ang lalaking ito na dati ay nabilang sa mga pinakapantas sa lupa ay dumadng sa kalunuslunos na pagtalikod.

Ang malinaw na pagkakaiba ng diwa at motibo noong nagtayo ng tabemakulo at silang nagtatayo ng templo ni Solomon, ay may malalim na liksyon at kahalagahan. Ang paghahangad ng mga nagtayo ng templo ay may katumbas na kalagayan ngayon sa pagkamakasariling naghahari sa lupa. Ang diwa ng kasakiman, ng paghahangad sa mataas na posisyon at malaking sahod ay laganap. Ang kusang paglilingkod at magalak na pagtanggi sa sarili ng mga gumagawa sa templo ay bihirang makita. Ngunit ito ang tanging diwa na dapat makita sa mga alagad ni Jesus. Nagbigay ang Panginoon ng halimbawa kung paanong ang mga alagad Niya ay dapat gumawa. Sa kanilang tinawagan Niyang, "Magsisunod kayo sa hulihan Ko, at gagawin Ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao" (Mateo 4:19), wala Siyang inalok na kaukulang halaga bilang

pabuya sa paglilingkod. Sila ay kasalo Niya sa pagtanggi sa sarili at pagsasakripisyo.

Hindi para sa sahod na tinatanggap dapat tayong maglingkod. Ang motibong nagpapakilos sa atin upang gumawa para sa Dios ay [57] dapat na maalisan ng anumang bagay na kawangis ng paglilingkod sa sarili. Hindi makasariling debosyon at diwa ng sakripisyo ang lagi na lamang at laging magiging unang kahilingan ng katanggap-tanggap na paglilingkod. Idinisenyo ng Panginoon na walang isang hibla mang kasakiman ang maihahabi sa Kanyang gawain. Sa ating mga paggawa ay dadalhin natin ang talino at kakayahan, at karunungan na hinihiling ng Dios ng kasakdalan sa mga nagtatayo ng makalupang tabernakulo; gayunman sa ating mga paggawa ay dapat nating tandaan ang pinakadakilang talento o ang pinakamagaling na trabaho ay tinatanggap lamang kapag ang sarili ay naihandusay sa altar, bilang buhay at buong paglilingkod.

Isa pang simulaing nakita na siyang umakay sa pagbagsak ng hari ng Israel ay ang pagsuko niya sa tukso na tanggapin sa sarili ang kaluwalhatiang ukol lamang sa Dios.

Mula sa araw na si Solomon ay pinagkatiwalaang magtayo ng templo hanggang sa pagtatapos nito, ang inihayag na adhikain niya ay "ipagtayo ng isang bahay ang pangalan ng Panginoon, ang Dios ng Israel." 2 Cronica 6:7. Ang layuning ito ay lubusang kinilala ng nagkakatipong karamihan ng Israel sa panahon ng pagtatalaga ng templo. Sa panalangin ng hari ay tinanggap niyang sinabi ni Jehova, "Ang Aking pangalan ay doroon." 1 Hari 8:29.

Isa sa nagpapakilos na bahagi ng dalangin ni Solomon ay ang kahilingan sa Dios na ang lahat ng mga taga-ibang lupa na buhat sa malalayong bansa ay makakilala sa Kanya na ang katanyagan ay kumalat sa mga bansa. "Kanilang mababalitaan," wika ng hari "ang Iyong dakilang pangalan, at ang Iyong makapangyarihang kamay, at ang Iyong unat na bisig." Alang-alang sa bawat isa sa mga kakatuwang mananamba ay nakiusap si Solomon: "Dinggin Mo,...at gawin Mo ang ayon sa lahat na idalangin sa Iyo ng taga ibang lupa: upang makilala ng lahat ng mga bayan sa lupa ang Iyong pangalan, upang matakot sa Iyo, gaya ng Iyong bayang Israel; at upang kanilang makilala na ang bahay na ito, na aking itinayo, ay tinatawag sa pamamagitan ng Iyong pangalan." Talatang 42,43.

Sa pagtatapos ng serbisyo, nakiusap si Solomon sa bayan na magtapat at maging totohanan sa Dios, upang malaman "ng lahat na bayan sa lupa," kanyang sinabi, "na ang Panginoon ay siyang Dios,
[58] at walang iba." Talatang 60.

Isang higit na Dakila kay Solomon ang nagdisenyo ng templo; ang karunungan at kaluwalhatian ng Dios ay nahayag doon. Silang nalaman ang katotohanang ito ay humanga at pumuri kay Solomon bilang arkitekto at tagapagtayo; ngunit tinanggihan ng hari ang karangalan sa pagdisenyo at pagtatayo nito.

Kung kaya't nang ang reyna ng Seba ay dumalaw kay Solomon, sa pagkarinig tungkol sa karunungan at kahanga-hangang templo na itinayo niya, ipinasiyang "subukin niya siya ng mahihirap na katanungan" at tingnan sa sarili ang kahanga-hangang gawa niya. Kasama ang mga alipin, at mga kamelyo "na may pasang mga espesia, at totoong maraming ginto, at mga mahalagang bato," ang reyna ay naglakbay ng malayo tungong Jerusalem. "At nang siya'y dumating kay Solomon ay kanyang inihinga sa kanya ang lahat na laman ng kanyang dibdib." Nakipag-usap siya sa kanya tungkol sa mga misteryo ng kalikasan; at tmuruan siya ni Solomon tungkol sa Dios ng kalikasan, ang dakilang Manlalalang, na naninirahan sa pinakamataas na langit at naghahari sa lahat. "At isinaysay ni Solomon sa kanya ang lahat ng kanyang mga tanong: walang bagay na lihim sa han na hindi niya isinaysay sa kanya." 1 Hari 10:1-3; 2 Cronica 9:1, 2.

"At nang makita ng Reyna sa Seba ang buong karunungan ni Solomon, at ang bahay na kanyang itinayo,...ay nawalan siya ng diwa." At sinabi niya sa hari, "tunay na balita ang aking narinig sa aking sariling lupain tungkol sa iyong mga gawa, at sa iyong karunungan: gayon ma ',y hindi ko pinaniwalaan ang mga salita hanggang sa ako'y dumating, at nakita ng aking mga mata." "at, narito, ang kalahati ay hindi nasaysay sa akin: ang iyong karunungan at pagkaginhawa ay higit kaysa kabantugan na aking narinig. Maginhawa ang iyong mga lalaki, maginhawa ang iyong mga lingkod na ito, na nagsisitayong palagi sa harap mo, at nakakarinig ng iyong karunungan." 1 Hari 10:4-8; 2 Cronica 9:3-6.

Sa katapusan ng pagdalaw na ito ang reyna ay lubusang naturuan ni Solomon tungkol sa pinanggagalingan ng kanyang karunungan at kayamanan anupa't nasambitla ng reyna, "Purihin ang Panginoon

mong Dios, na nalulugod sa iyo, upang ilagay ka sa luklukan ng Israel: sapagkat minamahal ng Panginoon ang Israel magpakailanman, kaya't ginawa ka Niyang hari, upang gumawa ng kahatulan at ng katuwiran." 1 Hari 10:9. Ito ang impresyong nais ng Dios na maibigay sa lahat ng tao. At nang "hinanap ng lahat na hari sa lupa [59] ang harapan ni Solomon, upang magsipakinig ng Kanyang karunungan, na inilagay ng Dios sa kanyang puso" (2 Cronica 9:23), sa ilang panahon ay pinarangalan ni Solomon ang Dios na may paggalang sa pagtuturo sa mga tao sa Manlalalang ng mga langit at lupa, ang Han ng sansinukob, ang Matalino sa Lahat.

Kung nagpatuloy lamang si Solomon sa kababaan ng isipan sa pagtuturo sa tao, sa Dios na nagkaloob sa kanya ng karunungan at kayamanan at karangalan, anong kasaysayan sana ang natala tungkol sa kanya! Ngunit kung paanong ang panulat ng inspirasyon ay nagtatala ng mga kabudhan niya, may tapat din itong patotoo ng kanyang pagkabagsak. Itinaas sa taluktok ng kadakilaan at napalibutan ng mga regalong kayamanan, si Solomon ay nalula, nawalan ng panimbang, at nahulog. Patuloy na pinapurihan ng tao, hindi niya natagalan ang mga papuring ito. Ang karunungang ipinagkatiwala sa kanya upang maluwalhati ang Tagapagkaloob, ay pumuno sa puso ng pagmamataas. Sa wakas ay pinahintulutan niya ang mga taong magsalita sa kanya bilang siyang karapat-dapat sa papuri dahilan sa di mapapantayang kagandahan ng mga gusaling pinanukala at itinayo sa karangalan ng "pangalan ng Panginoong Dios ng Israel."

Sa ganito ang templo ni Jehova ay nakilala ng mga bansa bilang "templo ni Solomon." Ang ahensyang tao ay kinuha sa sarili ang kaluwalhantiang dapat sa Isang "lalong mataas kaysa mataas." Eclesiastes 5:8. Kahit hanggang ngayon ang templong ipinahayag ni Solomon, "Ang bahay na ito na aking itinayo ay tinatawag sa pamamagitan ng Iyong pangalan" (2 Cronica 6:33), ay madalas na tinatawag hindi bilang templo ni Jehova, kundi "templo ni Solomon."

Wala nang dadakilang kahinaan para sa tao na angkinin ang karangalan para sa mga kaloob na ukol sa Langit. Ang tunay na Kristiano ay uunahin ang Dios at Siya ring huli at pinakamabuti sa lahat ng bagay. Walang ambisyosong motibo na magpapalamig ng kanyang pag-ibig sa Dios; patuloy, may pagsisikap na ang karangalan ay ituturo sa Ama sa langit. Samantalang tayo ay tapat sa pagtataas sa pangalan ng Dios na ang ating mga kilos ay

nasa pangangasiwa ng langit, at tayo ay nagkakaroon ng kakayahang magpalago ng kapangyarihang espintuwal at intelektuwal.

Si Jesus, ang makalangit na Panginoon, ay lagi na lamang idnaas ang pangalan ng Ama sa langit. Tinuruan Niya ang mga alagad na
[60] manalangin, "Ama namin na nasa langit Ka, sambahin nawa ang ngalan Mo." Mateo 6:9. At dapat alalahaning, "sa Iyo...ang kaluwalhatian." Talatang 13. Napakaingat ng dakilang Manggagamot sa pagbibigay-pansin sa Bukal ng Kanyang kapangyarihan at hindi sa sarili Niya, nang ang nagtatakang karamihan, "nang mangakita nilang nangagsasalita ang mga pipi, nagsisigaling ang mga pingkaw, at nagsisilakad ang mga pilay, at nangakakakita ang mga bulag," ay di Siya niluwalhad, kundi "mluwalhati ang Dios ng Israel." Mateo 15:31. Sa kahanga-hangang panalangin ni Kristo bago Siya ipako sa Krus, nagpahayag Siyang, "Niluwalhati Kita sa lupa." "Luwalhatiin Mo ang Iyong Anak, upang Ikaw ay luwalhatiin ng Anak." MOh Amang banal, hindi Ka nakikilala ng sanlibutan, ngunit nakikilala Kita; at nakikilala ng mga ito na Ikaw ang nagsugo sa Akin. At ipinakilala Ko sa kanila ang Iyong pangalan, at ipakikilala Ko; upang ang pag-ibig na sa Akin ay iniibig Mo ay mapasakanila, at Ako'y sa kanila." Juan 17:1,4,25,26.

"Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag magmapuri ang pantas sa kanyang karunungan, o magmapuri ang makapangyarihan sa kanyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman sa kanyang kayamanan: kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati, na kanyang nauunawa, at kanyang nakikilala Ako, na Ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan at katuwiran sapagkat sa mga bagay na ito ay nalulugod Ako, sabi ng Panginoon." Jeremias 9:23, 24.

"Aking pupurihin ng awit ang pangalan ng Dios,....
At dadakilain ko Siya ng pasalamat."

"Marapat Ka, Oh Panginoon namin at Dios namin, na tumanggap ng
kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan."

"Pupurihin Kita, Oh Panginoon kong Dios ng aking buong puso:
At luluwalhatiin ko ang Iyong pangalan magpakailanman."

"Oh dakilain ninyo na kasama ko ang Panginoon,
At tayo'y mangagbunyi na magkakasama ng Kanyang pangalan."

Awit 69:30; Apocalipsis 4:11;
Awit 86:12; 34:3.

Ang pagpapakilala ng mga simulaing nalalayo mula sa diwa ng sakripisyo tungo sa pagmamapuri sa sarili, ay sinabayan pa ng isang malawakang pagpapasama sa panukala ng Dios sa Israel. Pinanukala [61] ng Dios na ang Israel ay magiging tanglaw sa sanlibutan. Mula sa kanila ay masisinag ang liwanag ng kaluwalhatian ng Kanyang utos sa pamamagitan ng kanilang kabuhayan. Upang maisakatuparan ang misyong ito ay inilagay Niya ang Israel sa isang lugar na mararating sila ng mga bansa sa lupa.

Sa mga kaarawan ni Solomon ang kaharian ng Israel ay mula sa Hamath sa hilaga hanggang sa Egipto sa timog, mula sa dagat ng Mediteranea hanggang sa ilog ng Eufrates. Sa teritoryong ito ay dumadaan ang maraming lansangang nilalakbayan ng mga komersyo, ang mga karaban mula sa malalayong lugar ay laging nagdaraan. Sa ganito ay nabigay kay Solomon at sa kanyang bayan ang pagkakataong maihayag sa mga tao ng lahat ng bansa ang likas ng Hari ng mga hari, at maturuan silang may paggalang na sumunod sa Kanya. Sa buong lupa ang kaalamang ito ay ipagkakaloob. Sa pagtuturo ng mga handog na sakripisyo, si Kristo ay matataas sa mga bansa, upang ang lahat na makamalas ay mabuhay.

Inilagay sa bansang gagawing liwanag sa nakapalibot na bansa, si Solomon bilang hari ay dapat sanang ginamit ang kaloob ng Dios na karunungan at kapangyarihan ng impluwensya sa pagtatatag at pangunguna sa isang dakilang kilusan upang mabigyang liwanag silang walang pagkaalam sa Dios at Kanyang katotohanan. Sana ay malaking karamihan ang naakit sa pagtatapat sa mga banal na utos, at ang Israel ay naisanggalang sana sa mga masamang gawi ng mga pagano, at ang Panginoon ng kaluwalhatian ay dinakila sana at naparangalan. Datapuwat nawala kay Solomon ang mataas na layuning ito. Nagkulang siya na linangin ang mga pagkakataon upang maliwanagan ang mga patuloy na dumadaan sa teritoryo o yaong namamalagi sa mga lungsod.

Ang diwang misyonero na itinanim ng Dios sa puso ni Solomon at ng mga tunay na Israelita ay napalitan ng diwa ng pangangalakal. Ang mga pagkakataong kaloob ng personal na ugnayan ay ginamit sa pagpapayaman sa sarili. Sinikap ni Solomon na palakasin ang posisyong pulitikal sa pagtatayo ng mga nakukutaang siyudad sa pasukan ng komersyo. Muling itinayo ang Geser, na malapit sa Joppe, sa daang pagitan ng Egipto at Syria; ang Bet-horon sa kanluran ng Jerusalem na nagtatanggol sa daanang mula sa puso ng Judea patungong Geser at ang punong lansangang tungo sa dagat; ang Megiddo,
[62] na nasa lansangan ng mga karabang mula sa Damasco tungo sa
Egipto, at mula sa Jerusalem tungo sa hilaga; at ang "Tadmor sa ilang" (2 Cronica 8:4), sa daanan ng mga karaban mula sa silangan. Lahat ng mga siyudad na ito ay nilagyan ng kuta. Ang bentahe sa komersyo sa pamamagitan ng lagusang tungo sa dagat ay pinalago sa paggawa ng "isang armada ng mga barko sa Ezion-geber,...sa baybayin ng Dagat na Pula, sa lupain ng Edom." Mga sinanay na marino mula sa Tiro, "kasama ng mga bataan ni Solomon," ang nag-tao ng mga sasakyang pandagat na naglakbay "tungo sa Ophir, na doon ay kumuha ng ginto," at "saganang kahoy ng almug, at mga mahahalagang bato." Talatang 18; 1 Hari 9:26, 28; 10:11.

Ang buwis ng hari at marami sa kanyang tauhan ay lumaki, datapuwat sa anong halaga! Sa kahangalan nilang pinagkatiwalaan ng mga orakulo ng Dios, ang di mabilang na karamihang naglakbay sa mga lansangan nito ay napabayaang walang pagkakilala kay Jehova.

Kabalintunaan ng landas na tinahak ni Solomon ang naging buhay naman ni Kristo nang Siya ay narito sa lupa. Ang Tagapaglig-
[63] tas, gayong taglay ang "lahat ng kapangyarihan," ay di ginamit ang
kapangyarihang yaon para sa sariling kapakanan. Walang pangarap ng makalupang paghahari, ng kadakilaang panlupa, ang sumira ng kasakdalan ng Kanyang paglilingkod sa tao. At sinabi sa kanya ni Jesus, "May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwat ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kanyang ulo." Mateo 8:20. Silang, bilang tugon sa panawagan ng kapanahunan ay pumasok sa paglilingkod sa Panginoon, ay marapat mapag-aralan ang Kanyang pamamaraan. Kinuha Niya ang mga pagkakataong nasumpungan sa mga lansangang nilalakbay.

Sa pagitan ng Kanyang pagpaparoo't panto, si Jesus ay nanirahan sa Capernaum, na nakilala bilang "Kanyang sariling bayan." Mateo 9:1. Matatagpuan sa daang mula sa Damasco tungong Jerusalem at Egipto at sa Dagat ng Mediteranea, ito ay angkop na angkop sa gawain ng Tagapagligtas. Mga tao buhat sa maraming lupain ay dumaan dito at nagpahinga. Dito ay nakatagpo ni Jesus ang lahat ng tao anumang bansa o ranggo, kung kaya't ang mga liksyong kaloob Niya ay nadala sa maraming bansa at sambahayan. Sa ganitong paraan ay nagising ang interes sa mga propesiyang nagtuturo sa Mesias, ang pansin ay naturo sa Tagapagligtas, at ang Kanyang misyon ay nadala sa sanlibutan.

Sa ating kapanahunan ngayon ay lalong marami ang pagkakataong nasa atin upang makatagpo ang lahat ng uri ng mga lalaki at babae at ang mga mamamayan ay higit pa sa panahon ng Israel. Ang mga lansangang nilalakbay ay libong ulit na dumami.

Tulad ni Kristo, ang mga mensahero ng Kataastaasan ay dapat tumayo sa mga dakilang lansangang ito, na doon ay makakatagpo nila ang mga manlalakbay mula sa lahat ng bahagi na mundo. Tulad Niya, na ang pagkatao ay natatago sa Dios, sila ay dapat maghasik ng binhi ng ebanghelyo, na inihaharap sa iba ang mga katotohanan ng Banal na Kasulatan na mag-uugat nang malalim sa puso at isipan at tutubo sa walang hanggang buhay.

Maselan ang mga liksyong natutuhan sa pagkabigo ng Israel nang ang hari at bayan ay bumalikwas sa mataas na layuning sila ay tinawagang gampanan. Kung saan naging mahina ang Israel, hanggang sa punto ng pagkabigo, ang bayang Israel ng Dios ngayon, ang kinatawan ng langit na siyang tunay na iglesia ni Kristo, ay dapat maging malakas; sapagkat sa kanila nakababaw ang tungkulin ng pagtatapos ng gawaing ipinagkatiwala sa mga tao, at magbukas [64]
ng araw ng mga huling gantimpala. Gayunman ang katulad na mga impluwensyang namayani sa Israel sa panahon ni Solomon ay dapat ding harapin ngayon. Ang puwersa ng kaaway ng lahat ng katuwiran ay makapangyarihang nakaugat; tanging sa kapangyarihan ng Dios matatamo ang tagumpay. Ang tunggaliang nasa harapan natin ay tumatawag sa diwa ng pagtanggi sa sarili, pag-aalis ng tiwala sa sarili at pag-asa sa Dios lamang, upang magamit ang mga pagkakataong nasa atin sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Ang pagpapala ng Panginoon na nasa iglesia kung sila ay hahayong nagkakaisa, naghahayag

sa sanlibutang nasa kadiliman ng kamalian, ng kagandahan ng kabanalan sa diwang tulad ng kay Kristo na mapagsakripisyo sa sarili, nagtataas ng banal sa halip na makalupa, at sa mapagmahal at walang kapagurang paglilingkod sa kanilang nangangailangan ng pagpapala
[65] ng ebanghelyo.

# Kabanata 5—Pagsisisi ni Solomon

Dalawang ulit sa paghahari ni Solomon na ang Dios ay napakita sa kanya sa salita ng pagsang-ayon at payo—sa pangitain sa gabi sa Gibeon, nang ang pangako ng kanmungan, kayamanan, at karangalan ay sinamahan ng payong manatili sa kaamuan at pagkamasunurin; at pagkatapos ng pagtatalaga ng templo, nang minsan pa ay pinayuhan siya ng Panginoon sa pagtatapat. Maliwanag ang payo, kahangahanga ang mga pangakong, kaloob kay Solomon; gayunman siyang sa mga pangyayari, sa likas, at sa buhay ay tila angkop na angkop na sumunod sa tagubilin at makasapat sa mga inaasahan ng Langit, ay nasulat ang ganito: "Hindi niya sinunod ang utos ng Panginoon." Ang kanyang puso ay humiwalay sa Panginoon, sa Dios ng Israel, na napakita sa kanyang makalawa, at siyang nag-utos sa kanya tungkol sa bagay na ito, na siya'y huwag sumunod sa ibang mga diyos." 1 Hari 11:9, 10. At gayon kalubos ang kanyang pagtalikod, tumigas nang gayon ang puso sa pagsalangsang, na halos ang kaso niya ay walang pag-asa.

Mula sa kagalakan ng kaugnayan sa Dios, si Solomon ay bumaling sa kasiyahan ng mga kalayawan ng damdamin. Sa karanasang ito ang wika niya:

"Gumawa ako sa ganang akin ng mga malaking gawa; nagtayo ako sa ganang akin ng mga bahay; nagtanim ako sa ganang akin ng mga ubasan: Gumawa ako sa ganang akin ng mga halamanan at mga liwasan:... Ako'y bumili ng mga aliping lalald at babae:... Nagtipon din ako sa ganang akin ng pilak at ginto, at ng tanging kayamanan ng mga hari at ng mga lalawigan: Nagtatangkilik ako sa akin ng mga lalaking mang-aawit at mga babaeng mang-aawit, at ng mga kalayawan ng mga anak ng mga tao, mga sari-saring instrumento ng musika na totoong marami. Sa gayo'y naging dakila ako, at lumago ako ng higit kaysa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem....

"At anumang ninasa ng aking mga mata ay hindi ko ipinagkait,
hindi ko pinigil ang aking puso sa anumang kagalakan; sapagkat [66]
nagagalak ang aking puso dahil sa lahat kong gawain.... Nang magk-

agayo'y minasdan ko ang lahat ng mga gawa, na ginawa ng aking mga kamay, at ang gawain na aking pinagsikapang gawin: at, narito, lahat ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala, at walang pakinabang sa ilalim ng araw.

"At ako'y pumihit upang masdan ang karunungan, at ang kaululan, at ang kamangmangan: sapagkat ano ang magagawa ng tao na sumusunod sa hari? samakatuwid baga'y ang nagawa na laong panahon ng nakaraan.... Sa gayo'y ipinagtanim ko ang buhay.... At ipinagtanim ko ang lahat kong gawa na aking ginawa sa ilalim ng araw." Eclesiastes 2:4-18.

Sa kanyang sariling mapait na karanasan, natutuhan ni Solomon ang kawalang saysay ng buhay na naghahanap lamang ng mga pinakamabuti sa mga bagay sa lupa. Nagtayo siya ng mga altar para sa mga diyos ng pagano, upang masumpungan lamang na walang kabuluhan ang mga pangako nito na kapahingahan ng diwa. Mga madidilim at tumutuligsang isipan ang bumabagabag sa kanya gabi'taraw. Sa kanya ay wala nang kagalakan sa buhay at kapayapaan ng isip, at ang hinaharap ay madilim at mapanglaw.

Gayunman ay hindi siya pinabayaan ng Panginoon. Sa mga pabalita ng sansala at mga mabibigat na hatol, sinikap Niyang gisingin ang hari sa kasalanang tinatahak nito. Inalis Niya ang sanggalang sa kaharian at pinahintulutang ang mga kaaway ay bumagabag sa kanila at pahinain ang kaharian. "At ipinagbangon ng Panginoon si Solomon, ng isang kaaway na si Adad na Idumeo.... At ipinagbangon ng Dios si Solomon ng ibang kaaway, na si Rezon,...at naging puno sa isang hukbo," "kanyang kinapootan ang Israel, at naghari sa Syria. At si Jeroboam,...na lingkod ni Solomon," "ay makapangyanhang lalaki, na matapang," ay nagtaas din ng kanyang kamay laban sa hari." 1 Han 11:14-28.

Sa wakas sa pamamagitan ng isang propeta, ay ipinahadd ng Dios kay Solomon ang nakagigimbal na pabalita: "Yamang ito'y nagawa mo, at hindi mo iningatan ang Aking tipan at ang Aking mga palatuntunan, na Aking iniutos sa iyo, walang pagsalang Along aagawin ang kaharian sa iyo, at Aking ibibigay sa iyong lingkod. Gayon may sa iyong mga kaarawan ay hindi Ko gagawin alang-alang kay David na iyong ama: kundi sa kamay ng iyong anak Aking aa-
[67] gawin." Talatang 11, 12. Nagising sa panaginip sa hatol na itong parusa sa kanya at sa kanyang sambahayan, nakita ni Solomon sa

pamamagitan ng konsyensyang nabuhay ang kahangalan ng kanyang buhay. Nabagbag sa diwa, may mahinang katawan at isipan, bumaling siyang uhaw at pagod na mula sa mga basag na sisidlan ng mundo tungo sa bukal ng tubig ng buhay, upang doon ay makainom. Sa wakas ang disiplina ng pagdurusa ay gumawa sa kanya. Matagal nang bagabag siya ng takot ng pagkawasak sa kawalang kakayahan niyang lisanin ang kahibangan; ngunit ngayon ay nakita niya sa pabalita ang sinag ng pag-asa. Hindi lamang lubusang inihiwalay siya ng Dios, kundi nakaamba pang iligtas siya sa pagkaaliping higit na malupit kaysa libingan, na doon ay wala siyang lakas na makatakas pa.

Sa pagtanaw ng utang na loob kinilala ni Solomon ang kapangyarihan at kagandahang loob Niyang "mas mataas kaysa pinakamataas" (Eclesiastes 5:8); sa pagsisisi ay binalikan niya ang kanyang mga yapak tungo sa mataas na dako ng kadalisayan at kabanalang mula doon siya bumagsak. Wala siyang pag-asang matakasan ang bunga ng kanyang kasalanan, hindi siya makalalaya mula sa alaala ng mga hilig ng sarili na kanyang sinundan, gayunman ay magsisikap siyang taimtim na payuhan ang iba na huwag sundin ang kanyang kahibangan. May kababaang ikukumpisal niya ang pagkakamali at itataas ang tinig sa pagbibigay babala sa iba upang walang mawaglit bunga ng mga impluwensya ng kasamaang ipinunla niya.

Ang tunay na nagsisisi ay hindi basta iwawaksi ang alaala ng mga naging kasalanan. Hindi siya agad-agad, matapos tanggapin ang kapayapaan, na magwawalang bahala sa mga kamaliang nagawa niya. Iisipin niya yaong naakay niya sa kasamaan, at sisikaping sa anumang paraan ay maakay sila sa landas ng katotohanan. Hanggat lalong maliwanag ang landas na rinahak, ay gayon kalakas ang kanyang pagnanais na akayin ang paa ng iba sa tamang landas. Hindi siya matutuwa sa dating buhay, o gagawing biro ang mga pagkakamali, itataas ang babala ng panganib upang mabigyang hudyat ang iba.

Kinilala ni Solomon na ang "puso ng mga anak ng tao ay puspos ng kasamaan, at kaululan ang nasa kanilang puso." Eclesiastes 9:3. At muli ay inihayag niya, "Sapagkat ang hatol laban sa masamang gawa ay hindi isinasagawa agad, kaya't ang puso ng mga anak ng mga tao ay lubos na nangagagalak sa paggawa ng kasamaan.

[68] Bagaman ang makasalanan ay gumawa ng kasamaan na makaisang daan, at humaba ang kanyang buhay, gayon ma'y tunay, na talastas ko, na ikabubuti nilang nangatatakot sa Dios, na nangatatakot sa harap Niya: ngunit hindi ikabubuti ng masama, ni hahaba man ang kanyang buhay na parang isang anino; sapagkat siya'y hindi natatakot sa harap ng Dios." Eclesiastes 8:11-13.

Sa pamamagitan ng espiritu ng inspirasyon ay itinala ni Solomon para sa darating na henerasyon ang mga taong nasayang sa kanya taglay ang mga liksyon ng babala. Kung kaya, bagama 't ang ipinunlang kasamaan ay inani ng kanyang bayan, ang buhay niya ay hindi lubusang nawaglit. May kababaan at kaamuang sa mga huling taon ng kanyang buhay si Solomon ay "nagturo ng karunungan; oo, nakinig siyang mainam at sinikap na isaayos ang marammg kawikaan." "Humahanap ng mga nakalulugod na salita: at ng nasusulat na matuwid na mga salita ng katotohanan." "Ang mga salita ng pantas ay gaya ng mga tulis, at gaya ng mga pako na nakakapit
[69] na mabuti, ng mga pangulo ng mga kapulungan na nabigay mula sa isang pastor. At bukod dito, anak ko, maaaralan ka." Eclesiastes 12:9-12.

"Ito ang wakas ng bagay, lahat ay narinig," kanyang sinulat: "Matakot sa Dios, at sundin mo ang Kanyang mga utos; sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao. Sapagkat dadalhin ng Dios ang bawat gawa sa kahatulan, pad ng bawat kubling bagay, maging ito'y mabuti, o maging ito'y masama." Talatang 13, 14.

Ang mga huling sulat ni Solomon ay naghayag na hanggat nadama niya ang kasamaan ng kanyang gawi, ay tanging pansin naman ang ibinigay niya upang ang mga kabataan ay mababalaan laban sa pagkahulog sa mga kamaliang umakay sa kanya upang lustaying walang kabuluhan ang mga piling kaloob ng Langit May kalungkutan at kahihiyang ikinumpisal niyang sa kasibulan ng kabataan, sa halip na masumpungan niya ang Dios bilang kaginhawahan, tangkilik, at buhay, ay tumalikod siya sa liwanag ng Langit at karunungan ng Dios, at inilagay ang pagsamba sa mga diyus-diyusan sa halip ng pagsamba kay Jehova. At ngayon, matapos matutuhan ang kahangalan ng gayong buhay, ang marubdob na naisin niya ay masagip ang iba sa pagpasok sa mapait na karanasang nadaanan niya.

Sa makabagbag damdamin kanyang sinulat ang tungkol sa mga karapatan at mga responsibilidad sa mga kabataan sa paglilingkod sa Dios:

"Tunay na ang liwanag ay mainam, at masayang bagay sa mga mata na magsitingin sa araw: oo, kung ang tao ay mabuhay ng maraming taon, magalak siya sa lahat ng yaon; ngunit alalahanin niya ang mga kaarawan ng kadiliman; sapagkat magiging marami. Lahat ng dumarating ay walang kabuluhan. Ikaw ay magalak, Oh binata, sa iyong kabataan; at pasayahin ka ng iyong puso sa mga kaarawan ng iyong kabataan, at lumakad ka ng mga lakad ng iyong kalooban, at sa paningin ng iyong mga mata: ngunit talastasin mo na dahil sa lahat ng mga bagay na ito ay dadalhin ka ng Dios sa kahatulan. Kaya't ilayo mo ang kapanglawan sa iyong puso, at alisin mo ang kasamaan sa iyong katawan: sapagkat ang kabataan at ang kasariwaan ng buhay ay walang kabuluhan." Eclesiastes 11:7-10.

"Alalahanin mo rin naman ang Maylalang sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabataan,
Bago dumating ang mga masamang araw,
At ang mga taon ay lumapit,

[70]

Pagka iyong sasabihin, Wala akong kaluguran sa mga yaon;

"Bago ang araw,
At ang liwanag,
At ang buwan,
At ang mga bituin
Ay magdilim,

At ang mga alapaap ay magsibalik pagkatapos ng ulan:

"Sa kaarawan na ang mga tagapag-ingat ng bahay ay manganginginig,
At ang mga malakas na lalaki ay mapapayukod,
At ang mga manggigiling ay mangaglilikat sapagkat sila'y kaunti,
At yaong nagsisidungaw sa mga dungawan ay mangasisilaw,
At ang mga pintuan ay sasarhan sa mga lansangan,

"Pagka ang tunog ng gilmg ay humina,
At ang isa'y babangon sa dnig ng ibon,
At lahat ng mga anak na babae ng tugtugin ay mababababa;

"Oo, sila'y mangatatakot sa mataas,
At ang mga kalalabutan ay mapapasa daan,

"At ang puno ng almendro ay mamumulaklak,
At ang balang ay magiging pasan,
At ang pita ay manglulupaypay:

"Sapagkat ang tao ay pumapanaw sa kanyang malaong tahanan,
At ang mga tagapanangis ay nagsisigala sa mga lansangan:

"Bago ang panaling pilak ay mapatid,
O ang mangkok na ginto ay mabasag,
O ang banga ay mabasag sa bukal,
O ang gulong ay masira sa balon.

"At ang alabok ay mauuwi sa lupa
Gaya ng una:
At ang diwa ay mababalik sa Dios
Na nagbigay sa kanya."

Eclesiastes 12:1-7.

Hindi lamang sa mga kabataan kundi sa mga katandaan din naman, at silang papalubog na ang buhay, na ang buhay ni Solomon ay puspos ng babala. Nakikita natin at nadidinig ang mabuway na lagay ng mga kabataan, ang mga kabataan ay alanganin sa matuwid at mali, at ang agos ng masamang damdamin ay malakas para sa
[71] kanila. Sa mga may edad na, hindi ang mabuway at kawalang katapatan ang hinahanap natin; inaasahan nating ang likas ay matatag, at ang mga prinsipyo ay nakaugat na. Datapuwat hindi laging ganito. Nang si Solomon ay dapat sanang kasing tatag ng molabe, nahulog siya mula sa katatagan sa kapangyarihan ng tukso. Nang ang

kalakasan niya ay dapat sanang pinakamalakas, nasumpungang siya ang pinakamahina.

Sa mga halimbawang ito ay makikita nating tanging sa pagbabantay at pananalangin naroroon ang kapanatagan ng kabataan at katandaan. Ang kasiguruhan ay wala sa mataas na posisyon o mga dakilang karapatan. Maaaring may maraming taon na ang tao ay nasa tunay na karanasang Kristiano, gayunman ay lantad pa rin siya sa mga pagsalakay ni Satanas. Sa pakikibaka sa kasalanang panloob at panlabas na tukso, kahit na ang pantas at makapangyarihang si Solomon ay nagapi. Ang pagkabigo niya ay nagtuturo sa atin na, anuman ang kakayahang intelektuwal ng isang tao, at gaano man katapat siyang naglilingkod sa Dios, hindi siya panatag na makaaasa sa sariling karunungan at integridad.

Sa bawat salin ng lahi at sa bawat dako ang tunay na pundasyon at huwaran ng pagbubuo ng likas ay pareho. Ang banal na utos, "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo,... at iyong kapwa na gaya ng sa iyong sarili," ang dakilang simulaing nahayag sa likas at buhay ng Tagapagligtas, ang tanging tiyak na pundasyon, ang tanging patnubay. Lucas 10:27. "Karunungan at kaalaman ang magiging katatagan ng iyong kapanahunan, at kalakasan ng kaligtasan," ang karunungan at kaalamang ang Dios lamang ang makakapagkaloob. Isaias 33:6.

Kung paano noong sinalita sa Israel ang tungkol sa pagsunod sa Kanyang kautusan ang katotohanan din ngayon: "Ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga bansa." Deuteronomio 4:6. Narito ang tanging sanggalang sa integridad ng tao, sa kadalisayan ng tahanan, kapanutuhan ng lipunan, o katatagan ng bansa. Sa gitna ng mga kagulumihanan ng buhay at panganib at naglalabang mga pag-aangkin, ang tanging panatag at tiyak na patakaran ay sundin ang tagubilin ng Dios. "Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid," at "siyang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi makikilos." Awit 19:8; 15:5.

Silang didinig sa babala ng pagtalikod ni Solomon ay iiwas na sa
unang paglapit pa lamang ng mga kasalanang nagpagupo sa kanya. [72]
Tanging ang pagsunod sa mga kahilingan ng langit ang mag-iingat sa tao sa pagtalikod. Ipinagkaloob ng Dios sa tao ang dakilang liwanag at maraming pagpapala; datapuwat malibang ang liwanag at pagpapalang ito ay tanggapin, hindi ito magiging kasiguruhan

laban sa pagsuway at pagtalikod. Kapag silang pinagkatiwalaan ng Dios ng matataas na posisyon ay tatalikod sa Kanya tungo sa karunungan ng tao, ang liwanag nila ay magiging kadiliman. Ang mga ipinagkatiwalang tungkulin ay magiging bitag.

Hanggang sa magwakas ang tunggalian, mayroong tatalikod sa Dios. Isasaayos ni Satanas ang mga pangyayari anupa't malibang tayo ay ingatan ng kapangyarihan ng Dios, ang mga ito'y hindi mamamalayang magpapahina ng kaluluwa. Kailangang sa bawat hakbang ay magtanong tayo, "Ito ba ang daan ng Panginoon?" Hanggat ang buhay ay magtatagal pa, may pangangailangang magbantay ng mga damdamin at pagmamahal na may matatag na layunin. Isa mang sandali ay di tayo ligtas malibang umasang lagi sa Dios, ang buhay ay nakatago kay Kristo. Pagbabantay at panalangin ang kasiguruhan ng kadalisayan.

Lahat ng papasok sa Lunsod ng Dios ay dadaan sa maliit na pintuan—sa malaking hirap; sapagkat "hindi papasok doon sa anumang paraan ang anumang bagay na karumaldumal." Apocalipsis 21:27. Datapuwat walang sinumang nahulog na dapat malumbay. Mga katandaang, dati ay nagparangal sa Dios, datapuwat maaaring nagparumi ng kaluluwa at nagsakripisyo ng kabutihan sa mga altar ng masamang pita; ngunit kung sila ay magsisisi, mag-iwan ng kasalanan, at manumbalik sa Dios, ay mayroon pang pag-asa para sa kanila. Siyang nagsabi, "Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay," ay nagbibigay din ng paanyaya, "Lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pag-iisip: at manumbalik siya sa Panginoon, at kaawaan Niya siya; at sa aming Dios ng habag sa kanya; at sa ating Dios, sapagkat Siya ay magpapatawad na sagana." Apocalipsis 2:10; Isaias 55:7. Namumuhi ang Dios sa kasalanan, datapuwat minamahal Niya ang makasalanan. "Aking gagamutin ang kanilang pagtalikod," Kanyang ipinahayag; "Akin silang iibiging may kalayaan." Oseas 14:4.

Ang pagsisisi ni Solomon ay taimtim; datapuwat ang samang ibinunga ng kanyang masamang gawa ay hindi mapapawalang bisa. Sa panahon ng kanyang pagtalikod, mayroong mga lalaki sa kahar-
[73] ian na nanatiling tapat sa pagkakatiwala, nanatili sa kadalisayan at katapatan. Ngunit maraming naakay sa pagkalungi; ang puwersa ng kasamaang napasimulan sa pagpapasok ng pagsamba sa mga diyos at makalupang gawain ay hindi madaling maaalis ng nagsi-

sising hari. Ang kanyang impluwensya sa kabutihan ay totoong napahina. Maraming nag-atubiling magtiwala sa kanyang paghahari. Nagkumpisal man ang hari ng mga kasalanan at isinulat pa ito sa kapakanan ng mga susunod na lahi, hindi siya makaaasang lubusang masira ang masamang impluwensya ng kanyang masasamang gawa. Pinalakas ng pagtalikod na ito, marami ang nagpatuloy sa kasamaan, at kasamaan lamang. At sa pabulusok na landas ng marami pang pinunong sumunod sa kanya ay mababakas ang malungkot na impluwensya ng prostitusyon ng kanyang mga kalakasang kaloob ng Dios.

Sa hinagpis ng mapait na pagbubulay-bulay ng mga kasamaan ng naging buhay niya, si Solomon ay naghayag: "Karunungan ay maigi kaysa mga sandata sa pakikipagdigma: ngunit ang isang makasalanan ay sumisira ng maraming mabuti." "May isang kasamaan na nakita ko sa ilalim ng araw, na tila kamalian na nanggagaling sa pinuno: ang mangmang ay nauupo sa malaking karangalan."

"Ang mga patay na langaw ay nagpapabaho sa unguento ng manggagawa ng pabango: gayon ang munting kamangmangan ay sumisira ng karunungan at karangalan." Eclesiastes 9:18; 10:5, 6, 1.

Sa maraming liksyong itinuro ng buhay ni Solomon, wala nang higit pang idiniin kaysa kapangyarihan ng impluwensya para sa mabuti o masama. Gaano man kaliit ang abot ng ating buhay, may impluwensya tayong ibinibigay sa kagalakan o kahabagan. Labas sa ating kaalaman o kontrol, may bunga ito sa iba sa pagpapala o sumpa. Maaaring mabigat ito sa ulap ng kawalang kasiyahan at kasakiman, o may lasong nakamamatay ng kasalanang minamahal at inaalagaan; o kaya ay may lakas ng pananampalatayang nagbibigay buhay, tapang, pag-asa, at matamis na halimuyak ng pag-ibig. Datapuwat may kapangyarihan sa kabutihan o kasamaan ang ating impluwensya.

Na ang ating impluwensya ay maging tungo sa ikamamatay ay isang nakakatakot na isipan, ngunit posible. Isang kaluluwang naililigaw, na nawalan ng kaligayahang walang hanggan—sino nga ang makakasukat ng kawalang yaon! Datapuwat ang isang biglaang kilos, isang walang ingat na salita sa ating bahagi ay maaaring magbigay ng malalim na impluwensya sa buhay ng iba na magwawasak [74]
ng kanyang kaluluwa. Isang mantsa sa likas ay maaaring magtaboy ng marami palayo kay Kristo.

Kung paanong ang binhing itinanim ay nagbubunga, at muling itinatanim, ang ani ay dumarami. Sa ating ugnayan sa iba, ang batas na ito ay totoo. Bawat kilos, bawat salita, ay isang binhing itinanim upang magbunga. Bawat gawa ng kagandahang loob, ng pagsunod, ng pagtanggi sa sarili, ay magbubunga sa iba. at sa pamamagitan nila ay sa iba pa. Kung kaya 't bawat gawa ng inggit, masamang nasa, o pag-aalit ay isang binhing "mag-uugat ng kapaitan" na sa pamamagitan nito ay maraming sasama at marurumihan. Hebreo 12:15. At gaano pang higit na "karami" ang malalason! Sa ganito ang paghahasik ng mabuti at masama ay nagpapatuloy sa buong
[75] panahon at pang walang hanggan.

# Kabanata 6—Ang Paghahati ng Kaharian

"At natulog si Solomon na kasama ng kanyang mga magulang, at nalibing sa bayan ni David na kanyang ama: at si Roboam, na kanyang anak ay naghari na kahalili niya." 1 Hari 11:43.

Di nagtagal matapos umupo sa trono, si Roboam ay nagtungo sa Sichem, na doon ay inasahan niya ang pormal na pagtanggap na gagawin ng lahat ng mga tribo. "Ang buong Israel ay naparoon sa Sichem upang gawin siyang hari." 2 Cronica 10:1.

Naroon si Jeroboam na anak ni Nebat—siya ring Jeroboam na sa panahon ni Solomon ay nakilala bilang "lalaking may tapang," at sa kanya rin ay ibinigay ni propeta na Shilomita ang nakagigimbal na pabalita, "Narito, Aking aagawin ang kaharian sa kamay ni Solomon, at ibibigay Ko ang sampung lipi sa iyo." 1 Hari 11:28, 31.

Sa pamamagitan ng mensahero ay ipinaalam ng Panginoon kay Jeroboam ang pangangailangan ng paghahati ng kaharian. Ang paghahati ay kailangang maganap, wika Niya "sapagkat kanilang pinabayaan Ako, at sinamba si Astoroth na diyosa ng mga Sidonio, si Chemos na diyos ng Moab, at si Milcon na diyos ng mga anak ni Ammon, at hindi sila lumakad sa Aking landas, upang gawin ang matuwid sa Aking paningin, at ingatan ang Aking mga palatuntunan at mga kahatulan, tulad ni David." Talatang 33.

May karugtong pang instruksyon kay Jeroboam na ang paghahati ng kaharian ay di magaganap bago magtapos ang paghahari ni Solomon. "Gayon ma'y hindi Ko kukunin ang buong kaharian sa kanyang kamay," pahayag ng Panginoon; "kundi Along gagawin siyang prinsipe sa lahat ng kaarawan ng kanyang buhay, dahil kay David na Along lingkod na Aking pinili, sapagkat kanyang iningatan ang Aking mga utos at ang Aking mga palatuntunan: kundi Aking kukunin ang kaharian sa kamay ng kanyang anak, at ibibigay Ko sa iyo, samakatuwid baga'y ang sampung lipi." Talatang 34, 35.

Bagama't nanabik si Solomon na maihanda ang isipan ni Roboam, ang napiling kahalili niya, upang haraping may karunungan ang krisis na ipinopropesiya ng propeta ng Dios, hindi [76]

niya nagawang magbigay ng malakas na impluwensya sa kabutihan sa isipan ng kanyang anak, na ang maagang pagsasanay nito ay napabayaan. Tinanggap ni Roboam mula sa kanyang ina, isang Amonita, ang tatak ng isang likas na pabago-bago. Kung minsan ay sinikap nitong maglingkod sa Dios at ginantimpalaan naman ng kasukat na kasaganaan; datapuwat hindi siya matatag, at sa huli ay napatangay sa mga impluwensya ng kasamaan na nakapalibot sa kanya mula pa ng pagkasanggol. Sa mga pagkakamali ng buhay ni Roboam at sa kanyang pagtalikod sa bandang huli ay nahayag ang nakakatakot na bunga ng pakikipamatok ni Solomon sa mga babaeng sumasamba sa mga diyus-diyusan.

Ang mga tribo ay matagal nang dumadanas ng masasamang kamalian sa mapangsiil na batas ng dating hari. Ang kaluhuan ni Solomon sa panahon ng kanyang pagtalikod ay umakay sa kanya upang magtaas ng buwis at pilitin ang bayang maglingkod sa kaharian. Bago magkaroon ng koronasyon ng bagong hari, ang mga pangunahing lalaki ng mga tribo ay nagsikap na tiyakin kung adhikain o hindi ng anak ni Solomon na pagaanin ang kanilang mga pasan. “At si Jeroboam at ang buong Israel ay nagsiparoon, at sila’y nagsisipagsalita kay Roboam, na nagsisipagsabi, Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin: ngayon nga’y pagaanin mo ang mabigat na paglilingkod sa iyong ama, at ang mabigat niyang atang na iniatang niya sa amin, at kami ay magsisipaglingkod sa iyo.”

Sa kagustuhang humingi ng payo mula sa kanyang mga tagapayo bago ipahayag ang kanyang mga patakaran, si Roboam ay sumagot, “Magsiparito uli kayo sa akin pagkatapos ng tadong araw. At ang bayan ay yumaon.

“At ang Haring Roboam ay humingi ng payo sa mga matanda na nagsitayo sa harap ni Solomon na kanyang ama samantalang siya’y nabubuhay pa, na sinasabi, Anong payo ang ibinibigay ninyo sa akin upang magbalik ng sagot sa bayang ito? At sila’y nagsipagsalita sa kanya, na nagsisipagsabi, Kung ikaw ay magmagandang loob sa bayang ito, at iyong pagbigyang loob sila, at magsalita ng mga mabuting salita sa kanila, iyo ngang magiging lingkod sila magpakailanman.” 2 Cronica 10:3-7.

Hindi nasiyahan, si Roboam ay nakipagsanggunian sa mga kabataang kasama niya mula pagkabata, at nagtanong sa kanila,
[77] “Anong payo ang ibinibigay ninyo, upang maibalik nating sagot sa

bayang ito, na nagsalita sa akin, na nagsasabi, Pagaanin mo ang atang na iniatang ng iyong ama sa amin?" 1 Hari 12:9. Ang mga kabataang ito ay nagpayong dapat na maging mahigpit siya sa pakikitungo sa mga nasasakupan at gawing maliwanag sa kanila na mula pa sa pasimula ng kanyang paghahari ay hindi siya tatanggap ng pakikialam sa kanyang mga personal na naisin.

Nahibok sa pag-asam na magharing may lubusang otoridad, ipinasiya ni Roboam na isantabi ang payo ng mga matatanda ng kanyang kaharian at ginawang mga tagapayo ang mga kapwa kabataan. Kung kaya't nangyari na sa takdang araw, nang si "Jeroboam at ang buong bayan ay naparoon kay Roboam" upang humingi ng paliwanag tungkol sa patakarang nais niyang ipairal, si Roboam ay "sumagot sa bayan na may katigasan,...nagsasabi, Pinabigat ng aking ama ang atang sa inyo, ngunit dadagdagan ko pa ang atang sa inyo: pinarusahan kayo ng along ama ng mga panghagupit, ngunit parurusahan ko kayo ng mga tila alakdan." Talatang 12-14.

Kung naunawaan lamang ni Roboam at mga walang karanasang tagapayo niya ang panukala ng Dios para sa Israel, nakinig sana sila sa panawagan ng reporma sa pagpapatakbo ng pamahalaan. Ngunit sa oras na yaong pagkakataong kaloob sa kanila sa Sichem, nagkulang silang makita ang bunga mula sa dahilan, at sa gayon ay pangwalang hanggang humina ang kanilang impluwensya sa malaking bilang ng bayan. Ang kanilang inihayag na pasyang ipagpatuloy at dagdagan pa ang pahirap na ipinasok ni Solomon ay tuwirang laban sa panukala ng Dios para sa Israel, at nagbigay sa bayan ng sapat na okasyong mag-alinlangan sa katapatan ng kanilang motibo. Sa walang muwang at damdaming pagsisikap na magpairal ng kapangyarihan, ang hari at mga napiling tagapayo niya ay naghayag ng pagmamataas ng posisyon at otoridad.

Hindi pinahintulutan ng Panginoon na isagawa ni Roboam ang patakarang inihanay niya. Sa mga tribo ay may libong tunay nang napagalit ng mapang-aping batas sa paghahari ni Solomon, at ngayon ay nadama nilang wala na silang magagawa pa kundi mag-alsa laban sa bahay ni David. "At nang makita ng buong Israel na hindi sila dininig ng hari, ay sumagot ang bayan sa hari, na nagsasabi, Anong bahagi mayroon kami kay David? at wala man kaming mana sa anak ni Isai: sa iyong mga tolda, Oh Israel: ngayon ikaw ang bahala

ng iyong sariling sambahayan, David. Sa gayo'y yumaon ang Israel
[78] sa kanya-kanyang tolda." Talatang 16.

Ang pagitang nagawa ng pabiglang salita ni Roboam ay hindi na nagamot pa. Mula noon ang labing-dalawang tribo ng Israel ay nahati, ang mga tribo ng Juda at Benjamin ay bumuo ng kaharian ng Juda sa timog, sa ilalim ni Roboam; samantalang ang sampung tnbo sa hilaga ay bumuo ng hiwalay na pamahalaan, at nakilalang kaharian ng Israel, at si Jeroboam bilang hari. Sa ganito ay natupad ang propesiya tungkol sa pagkahati ng kaharian. "Sapagkat bagay na buhat sa Panginoon." Talatang 15.

Nang makita ni Roboam na ang sampung tribo ay inaalis na ang katapatan sa kanya, siya ay kumilos. Sa pamamagitan ng isang may impluwensya sa kaharian, "si Adoram, na nasa pagpapaatag," sinikap niyang magkaroon ng pagkakasundo. Ngunit ang embahador ng kapayapaan ay pinakitunguhan sa paraang patotoo ng kanilang damdamin kay Roboam. "At binato ng buong Israel siya ng mga bato, na anupa't siya ay namatay." Nagulat sa ebidensyang ito ng lakas ng pag-aklas, "Nagmamadali ang haring Roboam na sumakay sa kanyang karo, upang tumakas sa Jerusalem." Talatang 18.

Sa Jerusalem "kanyang pinisan ang buong sambahayan ng Juda, at ang lipi ni Benjamin, na isang daan at walumpung libo na piling lalaki, na mga mangdidigma, upang magsilaban sa sambahayan ng Israel, upang ibalik ang kaharian kay Roboam, na anak ni Solomon. Ngunit ang salita ng Dios ay dumating kay Semeias na lalala ng Dios, na nagsasabi, Salitain mo kay Roboam na anak ni Solomon, na hari sa Juda, at sa buong sambahayan ng Juda, at ng Benjamin, at sa nalabi sa bayan, na sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Kayo'y huwag magsisiahon, o magsisilaban sa inyong mga kapatid na mga anak ni Israel: bumalik ang bawat isa sa kanyang bahay, sapagkat ang bagay na ito ay mula sa Akin. Sa gayo'y kanilang dininig ang salita ng Panginoon, at sila'y nagsibalik at nagsiyaon, ayon sa salita ng Panginoon." Talatang 21-24.

Sa loob ng tatlong taon sinikap ni Roboam na makinabang mula sa malungkot na karanasang ito sa pasimula ng kanyang paghahari; at sa pagsisikap na ito ay sumagana naman siya. At siya ay "nagtayo ng mga bayan na pinakasanggalang sa Juda," at "kanyang pinagtibay ang mga katibayan, at mga nilagyan ng mga pinunong kawal, at saganang pagkain, at ng langis at alak" Maingat na ginawa niya

ang mga matibay na bayang ito na "matibay na mainam." 2 Cronica 11:5, 11, 12. Datapuwat ang lihim ng kasaganaan ng Juda sa mga unang taon ng paghahari ni Roboam ay wala sa mga ginawang ito. Ang pagkilala ng Juda at Benjamin sa Dios bilang Haring Supremo ang naglagay sa kanila sa mataas na dako. Sa kanilang bilang ay naparagdag ang maraming may pagkatakot sa Dios mula sa mga tnbo sa hilaga. "Sa lahat ng mga lipi ng Israel," mababasa sa tala, "na naglagak ng kanilang puso na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel ay nagsiparoon sa Jerusalem, upang maghain sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang. Sa gayo'y kanilang pinagtibay ang kaharian ng Juda, at pinalakas si Roboam na anak ni Solomon, na tadong taon: sapagkat sila'y nagsilakad na tadong taon sa lakad ni David at ni Solomon." Talatang 16, 17. [79]

Sa pagpapatuloy ng bagay na ito nakasalalay ang pagkakataon ni Roboam na tubusin sa malaking bahagi ang mga pagkakamali ng nakaraan at maisauli ang pagtitiwala sa kanyang kakayahang maghari na may karunungan. Datapuwat ang kinasihang panulat ay [80] inihanay ang malungkot na tala ng pumalit kay Solomon bilang isa na nabigong magbigay ng malakas na impluwensya sa pagtatapat kay Jehova. May likas na matigas ang ulo, mapagtiwala sa sarili, may sariling pag-iisip, at may hilig sa pagsamba sa mga diyos, gayunman, kung inilagak lamang niya ang buong pagtitiwala sa Dios, napalago sana niya ang lakas ng likas, matatag na pananampalataya, at pagpapasakop sa kahilingan ng langit. Ngunit sa pagdaan ng panahon, inilagak ng hari ang tiwala sa posisyon at sa mga tanggulang itinayo niya. Untiunting natangay siya ng mga namanang kahinaan, hanggang sa lubusang napasakop na siya sa panig ng mananamba sa mga diyos. "At nangyari, nang matatag ang kaharian ni Roboam at siya'y malakas, na kanyang iniwan ang kautusan ng Panginoon, at ang buong Israel ay kasama niya." 2 Cronica 12:1.

At gaano kalungkot ang kahulugan ng mga pangungusap, "At ang buong Israel ay kasama niya"! Ang bayang pinili ng Dios bilang ilaw sa palibot na mga bansa ay tumatalikod sa Bukal ng kalakasan, at nagsisikap na makatulad sa mga bansang nakapalibot sa kanya. Kung paano kay Solomon, gayon din kay Roboam—ang impluwensya ng maling halimbawa ay nagpaligaw sa marami. Kung paano sa kanila noon, gayon din naman ngayon, sa malaki o maliit na paraan, sa bawat isang pasasailalaim sa gawa ng kasamaan—ang

impluwensya ng kamalian ay hindi lamang doon sa gumagawa nito. Walang taong nabubuhay na mag-isa. Walang sinumang mag-isang namamatay sa kanyang kasamaan. Bawat buhay ay isang tanglaw na magpapaliwanag at magpapasigla sa daanan ng iba, o kaya ay isang madilim at mapanirang impluwensya na aakay sa kapanglawan at pagkawasak. Umaakay tayo sa iba pataas sa kaligayahan at walang hanggang buhay, o pabulusok sa kapanglawan at walang hanggang kamatayan. At kung sa ating mga gawa ay pinalalakas natin o pinakikilos ang mga kapangyarihan ng kasamaan sa palibot natin, kasama tayo sa kanilang mga kasalanan.

Hindi ipinahihintulot ng Dios na ang pagtalikod ng mga pinuno ng Juda ay hindi napaparusahan. "Nang ikalimang taon ng Haring Roboam, na si Sisac na hari sa Egipto ay umahon laban sa Jerusalem, sapagkat sila'y nagsisalangsang laban sa Panginoon, na may isang libo at dalawang daang karo, at anim na pung libong mangangabayo:
[81] at ang bayan ay walang bilang na naparoong kasama niya mula sa Egipto.... At sinupok niya ang mga bayang nakukutaan na nauukol sa Juda, at naparoon sa Jerusalem.

"Si Semeias nga na propeta ay naparoon kay Roboam, at sa mga prinsipe ngjuda, na pagpipisan sa Jerusalem dahil kay Sisac, at nagsabi sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, Inyo Akong pinabayaan, kaya't iniwan Ko naman kayo sa kamay ni Sisac." Talatang 2-5.

Ang bayan ay hindi pa umabot sa ganoong kalalang pagtalikod na kanilang hinamak ang paghatol ng Dios. Sa mga pagkatalo na natamo sa pakikipagdigma ni Sisac, kanilang nakilala ang kamay ng Dios at sila'y nangagpakumbaba. "Ang Panginoon ay matuwid," kanilang sinasabi.

"At nang makita ng Panginoon na sila'y nangagpakumbaba, ang salita ng Panginoon ay dumating kay Semeias, na sinasabi, Sila'y nangagpakumbaba; hindi Ko gigibain sila, kundi Aking bibigyan sila ng kaunting pagliligtas; at ang Aking galit ay hindi mabubugso sa Jerusalem sa pamamagitan ng kamay ni Sisac. Gayon ma'y sila'y magiging kanyang alipin; upang kanilang makilala ang paglilingkod sa Akin, at ang paglilingkod sa mga kaharian ng mga lupain.

"Sa gayo'y umahon si Sisac na hari sa Egipto laban sa Jerusalem, at dinala ang mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at mga kayamanan ng bahay ng hari; kanyang kinuhang lahat: kanyang kinuha

pati ng mga kalasag na ginto na ginawa ni Solomon. At ang haring Roboam ay gumawa ng mga kalasag na tanso, na kahalili ng mga yaon, at ipinagkatiwala sa mga kamay ng mga punong kawal ng bantay, na nagsisipag-ingat ng pintuan ng bahay ng hari.... At nang siya'y magpakumbaba, ang galit ng Panginoon ay nahiwalay sa kanya, na anupa't siya'y hindi lubos na pinatay: at bukod dito'y may nasumpungan sa Juda na mga mabuting bagay." Talatang 6-12.

Ngunit nang ang kamay na nagpaparusa ay naalis, at ang bayan ay muling sumagana, marami ang nakalimot sa kanilang lanatatakutan at muling sumamba sa mga diyus-diyusan. Isa dito ay si Haring Roboam mismo. Bagama't nangagpakumbaba dahilan sa sakunang bumagsak sa kanya, hindi niya ginawa ang karanasang ito na magpabago sa kanyang buhay. Kinalimutan ang liksyon na sinikap ng Dios na ituro sa kanya, siya'y nahulog muli sa pagkakasala na naghatid ng mga paghatol sa bansa. Pagkatapos ng ilang kahiyahiyang mga taon, noong ang hari ay "gumawa ng masama, sapagkat hindi niya inilagpak ang kanyang puso na hanapin ang Panginoon," "Si Roboam ay natulog na kasama ng kanyang mga [82]
magulang, at nalibing sa bayan ni David: at si Abias na kanyang anak ay naghari na kahalili niya." Talatang 14, 16.

Sa pagkahati ng kaharian maaga pa sa paghahari ni Roboam ang kaluwalhatian ng Israel ay nagsimulang lumisan, na hindi na muli pang maitatatag. Kung minsan sa paglakad ng daantaong sumunod, ang trono ni David ay may naluklok na mga lalaking may halagang moral at mga kapasiyahang malayo ang naaabot, at sa ilalim ng pangangasiwa ng mga lalaking ito ang mga pagpapalang suma Israel ay naibahagi sa mga bansang nakapalibot. Kung minsan ang pangalan ni Jehova ay naitaas higit sa kaninumang huwad na diyos, at ang Kanyang kautusan ay naitaas din at naigalang. Paminsan-minsan ay bumangon ang makapangyarihang mga propeta na nagpalakas ng kamay ng mga pinuno at nagpasigla sa bayan upang magpatuloy sa pagtatapat. Datapuwat ang binhi ng kasamaang naipunla na nang si Roboam ay lumuklok sa trono ay di na kailanman mabubunot pa; at kung minsan ang dating bayang pinaboran ng Dios ay bumabang napakababa anupa't naging bukang bibig sa mga nakapalibot na walang pagkakilala sa Dios.

Gayunman sa kabila ng kasamaan nilang nahilig sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, ang Dios sa Kanyang kahabagan ay gagawa ng

lahat sa Kanyang kapangyarihan upang iligtas ang nahating kaharian mula sa lubusang pagkawasak. Sa paglakad ng mga taon at sa tingin ay nahahadlangan ang Kanyang adhikain sa Israel ng mga taong ang mga pakana ay udyok ng mga ahensya ni Satanas, patuloy pa rin Niyang ipinapahayag ang Kanyang mabiyayang panukala sa pamamagitan ng pagkabihag at pagsasauli sa bayang pinili.

Ang pagkahati ng kaharian ay pasimula pa lamang ng kahanga-hangang kasaysayan, na dito'y nahayag ang mahabang pagtitiis at malumanay na habag ng Dios. Mula sa mga pagdurusang dinaanan nila dahilan sa mga namana at pinalagong hilig sa kasamaan, silang sinisikap ng Dios na madalisay sa Kanya bilang bayang naiiba, maningas sa mabubuting gawa, sa wakas ay inaming:

"Walang gaya mo, Oh Panginoon; Ikaw ay dakila, at ang Iyong pangalan ay dakila sa kapangyarihan. Sinong hindi matatakot sa Iyo, o Hari ng mga bansa?... Sa lahat ng pantas sa mga bansa, at sa lahat nilang kaharian, ay walang gaya Mo." "Ang Panginoon ay tunay na
[83] Dios; Siya ang buhay na Dios, at walang hanggang Hari." Jeremias 10:6, 7, 10.

At ang mga mananamba sa mga diyus-diyusan ay makikilala din ang liksyong ang mga huwad na diyos ay walang kapangyarihang magligtas. "Ganito ang inyong sasabihin sa kanila, Ang mga diyos na hindi gumagawa ng langit at ng lupa, ang mga ito ang mangalilipol sa lupa, at sa silong ng langit." Talatang 11. Tanging sa pagtatapat sa Dios na buhay, ang Lumalang ng lahat at Hari sa lahat, na ang tao ay makasusumpong ng kapahingahan at kapayapaan.

Sa iisang tinig ang nagsisising Israel at Juda sa wakas ay muling itatatag ang kanilang ugnayang tipan kay Jehova ng mga hukbo, ang Dios ng kanilang mga magulang; at tungkol sa Kanya ay ipahahayag nila:

"Kanyang ginawa ang lupa sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan,
Kanyang itinatag ang sanlibutan sa pamamagitan ng Kanyang karunungan.
At Kanyang iniladlad ang langit sa pamamagitan ng Kanyang pagkaunawa.

"Pagka Siya'y nag-uutos, may hugong ng tubig sa langit,

At Kanyang pinailanglang ang mga singaw mula sa mga dulo
ng lupa;
Siya'y nagpapakidlat para sa ulan, at naglalabas ng hangin mula
sa mga
kinalalagyan.

"Bawat tao ay naging tampalasan at walang kaalaman:
Bawat panday ay nalagay sa kahihiyan sa kanyang larawang
inanyuan:
Sapagkat ang kanyang larawang binubo ay kabulaanan, at
hindi humihinga
ang mga yaon.

"Sila'y walang kabuluhan, gawang karayaan:
Sa panahon ng pagdalaw sa mga yaon sila ay mangalilipol.
Ang bahagi ng Jacob ay hindi gaya ng mga ito;

"Sapagkat Siya ang may kapal sa lahat ng mga bagay,
At ang Israel ay siyang lipi ng Kanyang mana:
Ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang Kanyang pangalan."

Talatang 12-16.

[84]

## Kabanata 7—Jeroboam

Si Jeroboam na iniluklok sa trono ng sampung tribo ng Israel na naghihimagsik sa sambahayan ni David, ang dating aliping ito ni Solomon ay nasa kalagayang magsasagawa ng mga matalinong repormang sibil at relihiyoso. Sa panahon ng pangunguna ni Solomon siya ay nagpakita ng kakayahan at matinong kapasyahan; at ang kaalamang natanggap niya sa mga taon ng matapat na paglilingkod ay nagpaangkop sa kanyang magharing may karunungan. Datapuwat nagkulang si Jeroboam na ilagak sa Dios ang pagtitiwala.

Ang pinakadakilang pangamba ni Jeroboam ay baka sakaling sa paglipas ng mga taon ang puso ng kanyang mga nasasakupan ay maakit ng pinunong nakaupo sa trono ni David. Ikinatuwiran niyang kung ang kanyang mga nasasakupang sampung tribo ay madalas na makadadalaw sa sentro ng monarkiya ng matandang Judio, na doon ang mga serbisyo sa templo ay isinasagawa pa tulad ng mga taon ng paghahari ni Solomon, maaaring marami ang magkaroon ng isipang magpanibagong pagtatapat sa pamahalaang nakasentro sa Jerusalem. Sa payo ng mga alalay niya, ipinasiya ni Jeroboam na sa isang kilos ay mabawasan, hanggang maaari, ang posibilidad ng paghihimagsik laban sa kanyang paghahari. Isasagawa niya ito sa pamamagitan ng pagtatayo ng dalawang sentro ng pagsamba, isa sa Bethel at isa sa Dan. Sa mga dakong ito ay maaanyayahan ang sampung tribo na magtipon upang sumamba, sa halip na sa Jerusalem.

Sa pagsasaayos nito, inisip ni Jeroboam na manawagan sa pamamamagitan ng imahinasyon ng mga Israelita sa paglalagay ng nakikitang representasyon upang maging simbulo ng presensya ng Dios. Sa ganito ay nagpagawa siya ng dalawang guyang ginto, at ang mga ito ay iginawa ng groto sa mga itinakdang dako ng pagsamba. Sa ginawang ito ni Jeroboam, upang katawanin ang Kadiosan, siya ay lumabag sa tiyakang utos ni Jehova: "Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan.... Huwag mong yuyukuran sila, o
[85] paglingkuran man sila." Exodo 20:4, 5.

Gayon kalakas ang pagnanais ni Jeroboam na mapigilan ang sampung tribo sa pagtungo sa Jerusalem na hindi niya nakita ang payak na kahinaan ng planong ito. Nabigo siyang makita ang dakilang panganib na pinaglalagyan niya sa Israel sa paglalagay ng mga idolong kinasanayan ng kanilang mga ninuno sa mga daantaon ng pagkaalipin sa Egipto. Ang di natatagalang paninirahan ni Jeroboam sa Egipto ay dapat sanang nagturo sa kanya ng kahangalan ng paghaharap sa bayan ng gayong pagsamba sa diyus-diyusang mga rebulto. Datapuwat ang matibay niyang adhikaing maakit ang sampung tribo upang tumigil sa pagtungo sa Banal na Siyudad ang umakay sa kanya upang gawin ang gayong walang ingat na bagay. "Kaya't ang hari ay kumuha ng payo, at gumawa ng dalawang guyang ginto; at sinabi niya sa kanila, Mahirap sa inyo na magsiahon sa Jerusalem; tingnan mo ang iyong mga diyos, Oh Israel, na iniahon ka mula sa lupain ng Egipto." I Hari 12:28. Sa ganito ay inanyayahan ang bayan upang yumukod sa mga gintong imahen at magsimula ng mga kakaibang porma ng pagsamba.

Sinikap ng hari na kumbinsihin ang mga Levitang nakatira sa loob ng kaharian na maging mga saserdote sa bagong tayong mga groto sa Bethel at Dan; datapuwat siya ay nabigo. Sa ganito ay napilitan siyang itaas sa pagkasaserdote ang mga lalaking mula sa "pinakamababa sa bayan." Talatang 31. Sa ganitong pagkabahala, marami sa mga tapat, kasama ang maraming Levita, ay tumakas patungong Jerusalem, upang doon ay makasamba sila ayon sa mga pinag-aatas ng Dios.

"At si Jeroboam ay nagpadaos ng isang kapistahan nang ikawalong buwan, sa ikalabing limang araw ng buwan, gaya ng kapistahan sa Juda, at siya'y sumampa sa dambana. Gayon ang ginawa niya sa Bethel, na kanyang hinahainan ang mga guya na kanyang ginawa: at kanyang inilagay sa Bethel ang mga saserdote sa mataas na dako na kanyang mga inihalal." Talatang 32.

Ang tahasang paglaban ng hari sa Dios sa pagwawalang bahala sa mga institusyong banal ay hindi binayaang lumagpas na walang parusa. Sa panahon pa lamang ng pangangasiwa niya sa pagsusuob ng insenso sa panahon ng pagtatalaga ng kakaibang dambanang ito sa Bethel, may napakita sa kanyang isang lalaki ng Dios mula sa kaharian ng Juda, na isinugo upang tuligsain ang pagpapasok niya ng mga bagong anyo ng pagsamba. "At siya'y sumigaw laban

[86] sa dambana,...at nagsabi, Oh dambana, dambana, ganito ang sabi ng Panginoon; Narito, isang bata'y ipanganganak sa sambahayan ni David, na ang pangalan ay Josias; at sa iyo'y ihahain ang mga saserdote ng mga mataas na dako na nagsisipagsunog ng kamangyan sa iyo, at mga buto ng mga tao ang kanilang susunugin sa iyo.

"At siya'y nagbigay ng tanda nang araw ding yaon, na nagsasabi, Ito ang tanda na sinalita ng Panginoon; Narito, ang dambana ay mababaak, at ang mga abo na nasa ibabaw ay mabubuhos." Ang dambana naman ay nabaak, at ang mga abo ay nabuhos mula sa dambana, ayon sa tanda na ibinigay ng lalaki ng Dios ayon sa salita ng Panginoon." 1 Hari 13:2, 3, 5.

Sa pagkakita nito, si Jeroboam ay napuspos ng diwa ng paglaban sa Dios at sinikap na sansalain siyang naghatid ng pabalita. Sa galit ay "iniunat niya ang kanyang kamay mula sa altar at sumigaw, "Hulihin siya." Ang ginawa niyang ito ay hinarap ng mabilis na parusa. Ang kamay na nakaunat laban sa mensahero ni Jehova ay biglang nawalan ng lakas at natuyo, at di na maibaluktot pa.

Puno ng takot, ang hari ay nakiusap sa propetang makipamagitan sa kanya at sa Dios. "Isamo mo ngayon ang biyaya ng Panginoon mong Dios," ipinagmakaawa niya, "at idalangin mo ako, upang ang aking kamay ay gumaling. At idinalangin ng lalaki ng Dios sa Panginoon, at ang kamay ng hari ay gumaling uli, at naging gaya ng dad." Talatang 4, 6.

Walang kabuluhan ang pagsisikap ni Jeroboam na bigyang kabanalan ang pagtatalaga sa kakaibang dambana, na ang paggalang dito'y aakay sana sa kawalang paggalang sa pagsamba kay Jehova sa templo sa Jerusalem. Sa pabalita ng propeta, ang hari sana ay dapat naakay upang magsisi at iwaksi ang mga masamang adhikain, na sana'y pipigil sa bayan sa paglayo sa tunay na pagsamba sa Dios. Datapuwat tinigasan niya ang kanyang puso at piniling sundin ang landas na siya na rin ang gumawa.

Sa panahon ng kapistahan sa Bethel ang puso ng bayan ay di lubusang napatigas. Marami ang bukas sa impluwensya ng Banal na Espiritu. Pinanukala ng Dios na silang mabilis ang paa sa pagtalikod ay agad mapigil bago maging huli ang lahat. Isinugo Niya ang Kanyang lingkod upang pigilin ang pagsambang ito sa diyus-diyusan at ihayag sa hari at sa bayan ang magiging bunga ng maling pagsambang ito. Ang pagkawasak ng dambana ay tanda

ng kawalang kaluguran ng Dios sa karumaldumal na bagay na [87]
ginagawa ng Israel. [88]

Ang Panginoon ay naghahangad magligtas, hrndi magwasak.
Nalulugod Siya sa kaligtasan ng mga makasalanan. “Buhay Ako, [89]
sabi ng Panginoong Dios, wala Akong kasayahan sa kamatayan ng mga masama.” Ezekiel 33:11. Sa pamamagitan ng babala at pagsamo ay tinatawagan Niya ang mga naliligaw upang tumigil sa kamlang masasamang gawa at manumbalik sa Kanya at mabuhay. Binibigyan Niya ang piniling mensahero ng banal na tapang, upang silang makarinig ay matakot at madala sa pagsisisi. Gaano nga katatag na binatikos ng lalald ng Dios ang hari! At ang katagang ito ay mahalaga; walang ibang paraan pa upang ang nananatiling kasamaan ay masansala. Binigyan ng Panginoon ang Kanyang mga alipin ng katapangan, upang isang nananatiling impresyon ay maiwan sa naldkinig. Ang mga mensahero ng Dios kailanman ay di dapat matakot sa tao, kundi tatayong walang takot para sa matuwid. Habang ang kanilang tiwala ay nakalagak sa Dios, di sila dapat mangamba; sapagkat Siyang nag-uutos sa kanila ay nagbibigay din ng katiyakan ng Kanyang pag-iingat.

Matapos ibigay ang pabalita, ang propeta ay babalik na sana, nang sabihin sa kanya ni Jeroboam, “Umuwi kang kasama ko, at kumain ka, at bibigyan kita ng kagantihan.” “Kung ang ibibigay mo sa akin ay kalahad ng iyong bahay,” ang sagot ng propeta, “Hindi ako yayaong kasama mo, o kakain man ako ng tinapay o linom man ako ng tubig sa dakong ito: sapagkat gayon ibinilin sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na sinasabi, Huwag kang kakain ng tinapay, o linom man ng tubig, ni babalik man sa daan na iyong pinanggalingan.” 1 Han 13:7-9.

Naging mainam sana kung ang propeta ay nagtuloy agad sa adhikaing magbalik sa Judea. Habang naglalakbay pauwi sa ibang daan, siya ay nalagpasan ng isang matanda na nag-angking siya man ay propeta at nagsabi ng mga kasinungalingan sa lalald ng Dios, “Ako man ay propeta na gaya mo; ay nagsalita sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na nagsasabi, Ibalik mo siya na kasama mo sa iyong bahay, upang siya’y makakain ng tinapay at makainom ng tubig.” Paulit-ulit ang kasinungalingan ng matandang ito gayon din ang paanyaya hanggang sa ang lalald ng Dios ay pumayag na ngang magbalik

[90] Sapagkat ang tunay na propeta ay pumayag na dumaan sa ibang landas na hindi kaayon ng tungkulin, ipinahintulot ng Dios na magdusa siya dahilan sa pagsalangsang na ito. Habang magkasama sila ng lalaking nag-anyaya sa kanya pabalik sa Bethel sa dulang ng pagkain, ang inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat ay dumatmg sa huwad na propeta, "at siya'y sumigaw sa lalaki ng Dios na nanggaling sa Juda, na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa paraang ikaw ay naging manunuway sa bibig ng Panginoon, at hindi mo iningatan ang utos na iniutos ng Panginoon sa iyo,...ang iyong bangkay ay hindi darating sa libingan ng iyong mga magulang." Talatang 18-22.

Ang propesiyang ito ng kapahamakan ay tunay na natupad. "At nangyari, pagkatapos na makakain ng tinapay, at pagkatapos na makainom, na siniyahan niya ang asno.... At nang siya'y makayaon, isang leon ang nasalubong niya sa daan, at pinatay siya: at ang kanyang bangkay ay napahagis sa daan, at ang asno ay nakatayo sa siping, ang leon naman ay nakatayo sa siping ng bangkay. At, narito, may mga taong nagsipagdaan, at nalata ang bangkay na nakahagis sa daan,...at silay yumaon at isinaysay ml a sa bayan na kinatatahanan ng matandang propeta. At nang marinig ng propeta na nagpabalik sa kanya sa daan, sinabi niya, Lalaki nga ng Dios, na naging masuwayin sa bibig ng Panginoon." Talatang 23-26.

Ang parusang dumatmg sa hindi tapat na mensahero ay katibayan pa rin ng katotohanan ng propesiyang naibigay sa ibabaw ng dambana. Kung, matapos sumuway sa utos ng Panginoon, ang propeta ay pinahintulutang magbalik na ligtas, ginamit sana ito ng hari upang bigyang katuwiran ang sariling paglabag. Sa dambanang nawasak, sa kamay na napilay, at sa kalunos-lunos na kapalaran niyang naglakas loob sumuway sa tiyakang utos ni Jehova, ay nakita sana ni Jeroboam ang mabilis na pagkasuklam ng Dios na nilabag, at ang mga hatol na ito ay naging babala sana sa kanya upang hindi magpatuloy sa maling gawa. Datapuwat, sa halip na magsisi, "si Jeroboam ay hindi tumalikod sa kanyang masamang lakad, kundi gumawa uli mula sa buong bayan ng mga saserdote sa mga mataas na dako: sinumang may ibig, kanyang itinatalaga upang magkaroon ng mga saserdote sa mga mataas na dako." Sa gano'n ay hindi lamang siya ang nagkasala, ngunit "kanyang ipinagkasala ang Israel;" at "ang bagay na ito ay naging kasalanan sa sambahayan ni Jeroboam,

kaya't inihiwalay, at nilipol sa ibabaw ng lupa." Talatang 33, 34; 14:16. [91]

Sa pagtatapos ng magulong paghahari ni Jeroboam sa dalawampu't dalawang taon ay natalo siya sa pakikidigma kay Abias, ang pumalit kay Roboam. "Na hindi man nagsauling lakas si Jeroboam uli sa mga kaarawan ni Abias: at sinaktan siya ng Panginoon at siya'y namatay." 2 Cronica 13:20.

Ang pagtalikod na ipinasok sa panahon ni Jeroboam ay lalo pang lumala, hanggang ito ay nagbunga ng lubusang pagkawasak ng kaharian ng Israel. Kahit na bago pa ang kamatayan ni Jeroboam, si Abias, ang matandang propeta sa Shiloh na maraming taon bago naganap ito ay nagpropesiyang si Jeroboam ay matataas sa trono, ay nagsabi: "Sapagkat sasaktan ng Panginoon ang Israel ng gaya ng isang tambo na gumagalaw sa tubig, at kanyang bubunutin ang Israel dito sa mabuting lupa, na ibinigay sa kanilang mga magulang, at panga-ngalatin sa dako roon ng ilog, dahil sa kanilang ginawa ang kanilang mga asera, na minungkahi ang Panginoon sa galit At kanyang pababayaan ang Israel dahil sa mga kasalanan ni Jeroboam, na kanyang ipinapagkasala, at ipinagkasala sa Israel." 1 Hari 14:15, 16.

Datapuwat hindi basta binitiwan ng Dios ang Israel hanggat hindi nagagawa para dito ang paraan upang maakay silang pabalik sa pagtatapat sa Kanya. Sa paglakad ng maraming taon ng matapang na paglaban ng mga papalit-palit na hari sa Dios ng Israel, at sa pagakay nila sa bayan sa lalo pang malalim na pagsamba sa mga diyusdiyusan, ang Dios ay nagpadala pa rin ng mga magkakasunod na mga mensahe sa Kanyang bayang tumalikod. Sa pamamagitan ng mga propeta ay ibinigay Niya sa kanila ang mga pagkakataong mapigilan ang mga alon ng pagtalikod at manumbalik sa Kanya. Sa mga taong kasunod ng pagkahati ng kaharian, si Elias at Eliseo ay nabuhay at gumawa, at ang mairuging samo ni Oseas at Amos at Obadias ay nadinig sa lupain. Kailanman ay hindi naiwan ang Israel na walang mga banal na saksi sa kapangyarihan ng Dios na magligtas sa kasalanan. Kahit na sa pinakamadidilim na mga oras mayroon pa ring ilan na nanatiling tapat sa banal na Hari at sa gitna ng pagsamba sa mga diyus-diyusan ay mabubuhay na walang kapintasan sa paningin ng banal na Dios. Ang mga tapat na ito ay

napabilang sa tapat na nalabi na sa kanila ang walang hanggang
[92] adhikain ni Jehova sa wakas ay matutupad.

# Kabanata 8—Pambansang Pagtalikod

Mula sa kamatayan ni Jeroboam hanggang sa pagharap ni Elias kay Ahab ang bayang Israel ay nagdanas ng patuloy na pagbulusok na espirituwal. Pinaghaharian ng mga lalaking hindi natatakot kay Jehova at nag-amuki pa ng kakatuwang porma ng pagsamba, ang kalakhang bahagi ng bayan ay mabilis na nawalan ng pantanaw sa kanilang mga tungkulin upang maglingkod sa buhay na Dios at nagsagawa ng maraming anyo ng pagsamba sa mga diyus-diyusan.

Si Nadab, na anak ni Jeroboam, ay umupo sa trono ng ilang buwan lamang. Ang kanyang kasamaan ay agad pinigil ng grupong pinangunahan ni Baasha, isa sa kanyang mga heneral, upang umagaw ng kontrol ng gobiyerno. Pinatay si Nadab, kasama ng lahat ng kanyang kaanak na susunod sa paghahari, "ayon sa sabi ng Panginoon, na Kanyang sinalita sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Ahias na Silonita: dahil sa mga kasalanan ni Jeroboam na kanyang ipinagkasala, at kanyang ipinapagkasala sa Israel." 1 Hari 15:29-30.

Sa ganito ay nalipol ang sambahayan ni Jeroboam. Ang pagsamba sa mga diyus-diyusan na kanyang ipinasok ang nagdala sa mga may kasalanan ng ganting hatol ng Langit; gayunman ang mga sumunod na hari—sina Baasha, Elah, Zimri, at Omri—sa loob ng halos apatnapung taon, ay nagpatuloy din sa ganitong uri ng kasamaang tungo sa kamatayan.

Sa kalakhang bahagi ng pagtalikod na ito ng Israel, si Asa naman ang naghahari sa Juda. Sa maraming taon "gumawa si Asa ng mabuti at matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon niyang Dios: sapagkat kanyang inalis ang mga dambana ng iba, at ang mga mataas na dako, at pinagputol-putol ang mga haligi, at ibinagsak ang mga asera: at iniutos sa Juda na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, at tuparin ang kautusan at ang utos. Kanya rin namang inalis sa lahat na bayan ng Juda ang mga mataas na dako at ang mga larawang araw: at ang kaharian ay tahimik sa harap niya." 2 Cronica [93]

Ang pananampalataya ni Asa ay lubos na nasubok nang "si Zerah na taga Etiopia na may hukbo na isang angaw, at tatlong daang karo," ay lumusob sa kanyang kaharian. Talatang 9. Sa krisis na ito si Asa ay hindi umasa sa "mga nakukutaan sa Juda" na kanyang itinayo, na may mga "kuta, at ng mga moog, ng mga pintuang bayan, at ng mga halang," at may "mga makapangyanhang lalaki na matatapang" na kanyang sinanay na hukbo. Talatang 6-8. Ang pagtitiwala ng hari ay kay Jehova ng mga hukbo, na sa Kanyang pangalan ay nagawa ang mga milagrong pagliligtas ng Israel noong una. Inihanda ang hukbo sa pagbabaka, kanyang hinanap ang tulong ng Dios.

Ang magkalabang hukbo ay magkaharap. Ito ay isang lubusang pagsubok ng panahon at katatagan ng mga naglilingkod sa Panginoon. Lahat ba ng kasalanan ay naikumpisal na? Ang kalalakihan kaya ng Juda ay may lubos na pagtidwala sa kapangyarihan ng Dios upang magligtas? Ganitong mga isipan ang nasa mga lider. Sa tingin ng tao, ang malaking hukbong Egipsyo ay kayang lamunin ang lahat sa harap nito. Datapuwat sa panahon ng kapayapaan si Asa ay hindi nagumon sa kalayawan at libangan; siya ay naghahanda sa kagipitan. May hukbo siyang sinanay sa pakikibaka; naakay niya ang bayan upang makipagpayapa sa kanilang Dios. At ngayon, bagama't ang kanyang hukbo ay maliit lamang, ang pananampalataya niya sa Isang pinagtiwalaan ay hindi nanghihina.

Sapagkat hinanap niya ang Panginoon sa kasaganaan, ang hari ay umaasa ngayon sa Kanya sa panahon ng kagipitan. Ang mga samo niya ay naghahayag na hindi siya estranghero sa kahanga-hangang kapangyarihan ng Dios. "At si Asa ay dumaing sa Panginoon niyang Dios, at kanyang sinabi, Panginoon, walang iba liban sa Iyo na makatutulong, sa pagitan ng makapangyarihan at niya na walang lakas: tulungan Mo kami, Oh Panginoon naming Dios, sapagkat kami ay nagsisitiwala sa Iyo, at sa Iyong pangalan ay kami nagsisiparito laban sa karamihang ito. Oh Panginoon, Ikaw ay aming Dios; huwag Mong panaigin ang tao laban sa Iyo." Talatang 11.

Ang panalangin ni Asa ay angkop sa bawat mananampalatayang Kristiano. Ang ating pakikidigma ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamahalaan at kapangyarihan, at laban sa espiri-
[94] tuwal na kadiliman sa matataas na dako. Tingnan ang Efeso 6:12. Sa pakikibaka sa buhay ay kailangan nating harapin ang mga ahensya ng kasamaan na nakahanay laban sa mga matuwid. Ang ating

pag-asa ay hindi sa tao, kundi sa Dios na buhay. May katiyakang sa pananampalataya ay maasahan nating isasamb Niya ang walang kapantay na kapangyarihan Niya sa pagsisikap ng tao, sa ikaluluwalhati ng Kanyang pangalan. Nabibihisan ng kalasag ng Kanyang katuwiran, matatamo natin ang tagumpay laban sa bawat kaaway.

Ang pananampalataya ni Haring Ahab ay ginantimpalaan. "Sa gayo'y sinaktan ng Panginoon ang mga taga Etiopia sa harap ni Asa, at sa harap ng Juda; at ang mga taga Etiopia ay nagsitakas. At si Asa at ang bayan na kasama niya ay nagsihabol sa kanila hanggang sa Gerar: at nangabuwal sa mga taga Etiopia ang totoong marami, na anupa't sila'y hindi makabawi, sapagkat sila'y nalansag sa harap ng Panginoon, at sa harap ng Kanyang hukbo." 2 Cronica 14:12, 13.

Habang ang matagumpay na hukbo ng Juda at Benjamin ay pabalik sa Jerusalem, "ang Espiritu ng Dios ay suma kay Azarias na anak ni Obed: at siya'y lumabas na sinalubong si Asa, at sinabi niya sa kanya, Dinggin ninyo ako, Asa, at buong Juda at Benjamin: Ang Panginoon ay sumasa inyo samantalang kayo'y sumasa Kanya; at kung inyong hanapin Siya, Siya'y masusumpungan ninyo; ngumt kung pabayaan mnyo Siya, Kanyang pababayaan kayo." "Ngunit mangagpakalakas kayo, at huwag manglata ang inyong mga kamay: sapagkat ang inyong mga gawa ay gagantihin." 2 Cronica 15:1, 2, 7.

Pinasiglang gayon ng mga salitang ito, pinangunahan ni Asa ang ikalawang repormasyon sa Juda. "Inalis ang mga karumaldumal sa buong lupain ng Juda at ng Benjamin, at sa mga bayan na kanyang sinakop sa lupaing maburol ng Ephraim, at kanyang binago ang dambana ng Panginoon, na nasa harap ng portiko ng Panginoon.

"At kanyang pinisan ang buong Juda at Benjamin, at silang mga nakikipamayan na kasama nila mula sa Ephraim at Manases, at mula sa Simeon: sapagkat sila'y nagsihilig sa kanya na mula sa Israel na sagana, nang kanilang makita na ang Panginoon niyang Dios ay sumasa kanya. Sa gayo'y nangagpipisan sila sa Jerusalem sa ikatlong buwan, sa ikalabing limang taon ng paghahari ni Asa. At sila'y nagsipaghain sa Panginoon sa araw na yaon, sa samsam na kanilang dinala, na pitong daang baka at pitong libong tupa. At sila y pumasok sa tipan upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang ng kanilang buong puso at ng kanilang buong kaluluwa." At Siya'y nasumpungan sa kanila: at binigyan sila [95]
ng Panginoon ng kapahingahan sa palibot." Talatang 8-12, 15.

Ang tala ng mahabang panahong matapat na paglilingkod ni Asa ay nababahiran ng ilang pagkakamali, sa panahong hindi siya nagtiwala sa Dios. Minsan, ang hari ng Israel ay lumusob sa kaharian ng Juda at inagaw ang Rama, isang siyudad na nakukutaan ng limang milya lamang ang layo sa Jerusalem, si Asa ay nagsikap na makipag-alyansa kay Benhadad na hari ng Syria. Ang hindi pagtidwalang ito sa Dios lamang sa panahon ng pangangailangan ay matigas na binadkos ni propeta Hanani, na humarap kay Haring Asang may taglay na ganitong pabalita:

"Sapagkat ikaw ay nagtiwala sa hari sa Syria, at hindi ka nagtiwala sa Panginoon mong Dios, kaya't ang hukbo ng hari sa Syria ay nagtanan sa inyong kamay. Hindi ba ang mga taga Edopia at ang mga Lubim ay makapal na hukbo, na may mga karo at mangangabayo na totoong marami? gayon ma'y, sapagkat ikaw ay nagtiwala sa Panginoon, ibinigay sila sa iyong kamay. Sapagkat ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa, upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa Kanya. Ikaw ay gumawang may kamangmangan: sapagkat mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pakikipagdigma." 2 Cronica 16:7-9.

Sa halip na magpakababa sa harapan ng Dios dahilan sa pagkakamaling nagawa, "nagalit si Asa sa tagakita, at inilagay niya siya sa bilangguan; sapagkat siya'y nagalit sa kanya dahil sa bagay na ito. At pinighati ni Asa ang iba sa bayan nang panahon ding yaon." Talatang 10.

"At nang ikatatlumpu ' t siyam na taon ng kanyang paghahari," si Asa ay "nagkasakit sa kanyang mga paa, ang kanyang sakit ay totoong malubha: gayon ma'y sa kanyang sakit ay hindi niya hinanap ang Panginoon, kundi ang mga manggagamot." Talatang 12. Ang hari ay namatay sa ikaapatnapu't isang taon ng paghahari at pinalitan ng kanyang anak na si Jehosapat.

Dalawang taon bago mamatay si Asa, si Ahab naman ay nagsimulang maghari sa kaharian ng Israel. Mula sa pasimula pa, ang paghahari niya ay kinakitaan ng kakaiba at nakakalubos na pagtalikod. Ang kanyang amang si Omri, na siyang nagtatag ng Samaria, ay "gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, at gumawa ng masama na higit kaysa lahat ng hari ng Israel na nauna sa kanya"
[96] (1 Hari 16:25); datapuwat ang mga kasalanan ni Ahab ay masa-

hol pa. “At gumawa pa ng higit si Ahab upang mungkahiin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, sa galit kaysa lahat ng mga hari sa Israel na nauna sa kanya,” at nangyari, “na wari isang magaang bagay sa kanya na lumakad sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nabat” Talatang 33, 31. Hindi pa nasiyahan sa pag-aamuki ng mga porma ng paglilingkod relihiyoso na siyang sinunod sa Bethel at Dan, lantarang pinangunahan niya ang bayan sa pinakalaganap at pinakamasamang hidenismo, sa pagiisang tabi sa pagsamba kay Jehova upang sumamba kay Baal.

Na siya’y nag-asawa kay Jezabel, “na anak ni Ethbaal na hari ng mga Sidonio” at “yumaon at naglingkod kay Baal, at sumamba sa kanya. At kanyang ipinagtayo ng dambana si Baal sa bahay ni Baal, na kanyang itinayo sa Samaria.” Talatang 31,32.

Hindi lamang ipinakilala ni Ahab ang pagsamba kay Baal sa kapitolyo ng siyudad, kundi sa pangunguna ni Jezabel ay nagtayo ng mga dambanang pagano sa mga “matataas na dako,” na sa panang-gol ng mga pumapalibot na kuweba at groto ang mga saserdote at iba pang kaugnay ng nakagagayumang porma ng pagsamba sa mga diyusdiyusan ay nagbigay ng nakalulunos na impluwensya, hang-gang halos ang buong Israel ay sumusunod na kay Baal. “Ngunit walang gaya ni Ahab na nagbili ng kanyang sarili upang gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon, na nahikayat ni Jezabel na kanyang asawa. At siya’y gumawa ng totoong karumaldumal sa pagsunod sa mga diyus-diyusan, ayon sa lahat na ginawa ng mga Amorrheo, na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel.” 1 Hari 21:25, 26.

Si Ahab ay may kahinaang moral. Ang pag-aasawa niya sa isang babaeng sumasamba sa mga diyus-diyusan at may katutubong masamang likas ay nagbunga ng pagkawasak sa kanya at sa bansa. Walang prinsipyo at mataas na pamantayan ng paggawa ukol sa kabutihan, ang likas niya ay madaling nahubog ng malakas na diwa ni Jezabel. Ang likas niyang makasarili ay walang kakayahang makita ang kahabagan ng Dios sa Israel at sa kanyang sariling obli-gasyon bilang bantay at lider ng bayang pinili.

Sa ilalim ng madilim na paghahari ni Ahab, ang Israel ay naglimayong palayo sa Dios na buhay at pinasama ang kanilang kabuhayan sa harapan Niya. Sa maraming taon ay unti-unting nawawala ang kanyang paggalang at pagkatakot sa Dios; at ngayon

[97] ay parang walang sinumang makatatayo upang ilantad ang sarili at hayagang bakahin ang namamayaning pagtalikod. Ang madilim na lambong ng pagtalikod ay tumakip sa buong lupain. Mga imahen ng Baalim at Astoret ay nakikita kahit saang dako. Mga templo at groto ng pagsamba sa mga diyus-diyusan na doon ay yinuyukuran ang gawa ng kamay ay lalong dumami. Ang hangin ay pinuno ng usok ng mga handog pangsakripisyong inilalaan sa mga diyus-diyusan. Mga burol at kapatagan ay umalingawngaw sa kalasingan ng mga saserdoteng sumasamba sa mga diyus-diyusan at naghahandog sa araw, buwan, at mga bituin.

Sa impluwensya ni Jezabel at kanyang mga saserdoteng walang kabanalan, ang bayan ay natuwang ang mga rebultong ito na naitayo ay mga diyos, na naghahari sa mistikong kapangyarihan ng mga elementong lupa, apoy, at tubig. Lahat ng pagpapala ng langit—ang umaagos na tubig at mga sapa, ang hamog, ang patak ng ulang nagpapasariwa sa lupa at nagpapabungang masagana sa mga bukid—ay iniukol sa pabor na kaloob ni Baal at Astoret, sa halip na sa Tagapagkaloob ng bawat mabuti at sakdal na kaloob. Nakalimutan ng bayan na ang mga burol at kapatagan, mga daluyan, at bukal ng tubig ay nasa kamay ng buhay na Dios, na Siya ang may kontrol sa araw, sa mga alapaap sa langit, at sa lahat ng puwersa ng kalikasan.

Sa pamamagitan ng mga tapat na mensahero, sinikap ng Dios na magbigay ng paulit-ulit na babala sa hari at sa bayan, datapuwat ang mga salita ng pagsansala ay nawalang kabuluhan. Walang katuturang gumawa ang mga kinasihang mensaherong ito upang itatag ang karapatan ni Jehova bilang tanging Dios ng Israel. Nahalina ng magagandang panoorin at nakagagayumang rito ng pagsamba sa mga diyus-diyusan, sinunod ng bayan ang halimbawa ng hari at ng korte niya, at ipinaubaya ang sarili sa mga nakalalango at nagpapababang kalayawan ng pagsambang nakakaaliw. Sa kanilang bulag na kahibangan, pinili pa nilang tanggihan ang Dios at ang pagsamba sa Kanya. Ang liwanag na masaganang ibinigay sa kanila ay naging kadiliman. Ang makintab at pinong ginto ay lumabo.

O gaano ngang ang kaluwalhatian ng Israel ay naglaho! Kailanman ay hindi nahulog nang ganito ang bayang hirang ng Dios. "At ang mga propeta ni Baal na apat na raan at limangpu," maliban sa apat na raan na "mga propeta." 1 Hari 18:19. Tanging ang kababalaghan ng Dios ang mag-iingat sa bayan sa pagkawasak Sa

sariling kagustuhan ay humiwalay ang Israel mula sa Dios, gayun-
man ang Panginoon sa kahabagan ay nanabik sa kanilang nadala [98]
sa pagkakasala, at handang isugo sa kanila ang isa sa makapang-
yarihang propeta, na sa pamamagitan niya ay marami ang maaakay
pabalik sa Dios ng kanilang mga magulang. [99]

# SEKSYON II—MGA PROPETA NG KAHARIAN NG HILAGA

[100]

*“Sino ang pantas, at siya ‘y makaunawa ng*
*mga bagay na ito?*
*At mabait, at kanyang mangalalaman?*
*Sapagkat ang mga daan ng Panginoon ay matutuwid,*
*At lalakaran ng mga ganap:*
*Ngunit kabubuwalan ng mga mananalangsang*

Oseas 14:9.

[101]

# Kabanata 9—Si Elias na Tisbita

Sa mga kabundukan ng Galaad, sa silangan ng Jordan, ay may isang lalaki ng pananampalataya at panalangin na sa mga kaarawan ni Ahab ay natalagang pumigil ng pagtalikod na ito ng Israel sa pamamagitan ng kanyang walang takot na ministeryo. Malayo sa tanyag na siyudad at walang mataas na kalagayan sa buhay, si Elias na Tisbita ay pumasok sa misyong ito na may pagtitiwala sa adhikain ng Dios na ihanda ang daan niya at magbigay sa kanya ng saganang tagumpay. Ang salita ng pananampalataya at kapangyarihan ay nasa kanyang mga labi, at ang buhay niya ay natalaga sa gawain ng reporma. Ang tinig niya ay tulad ng isang sumisigaw sa ilang upang sansalain ang kasalanan at hadlangan ang mga puwersa ng kasamaan. Gayong siya ay humarap sa bayan bilang tagapagsansala ng kasalanan, ang pabalita naman niya ay naghandog ng balsamo ng Galaad sa mga kaluluwang salanta ng kasalanan na naghahangad ng pagpapagaling.

Habang nakikita ni Elias ang patuloy na paglubog ng Israel sa idolatriya, ang kaluluwa niya ay nanlulumo at ang galit niya ay umigting. Ang Dios ay gumawa ng mga dakilang bagay para sa Kanyang bayan. Kanyang iniligtas sila mula sa pagkabilanggo at ibinigay Niya sa kanila "ang mga lupain ng mga bansa,...upang kanilang maingatan ang Kanyang mga palatuntunan, at sundin ang Kanyang mga kautusan." Awit 105:44, 45. Ngunit ang mapagbigay na hangad ni Jehova ay matagal nang nilimot. Ang kawalangpagtitiwala ay mabilis na naghihiwalay sa piniling bayan mula sa Pinagmumulan ng kanilang lakas. Habang tinitingnan ang pagtalikod na ito sa pananampalataya mula sa bundok na kanyang pinapagpapahingahan, si Elias ay napakumbabawan ng kalungkutan. Sa pagdadalamhad ng kaluluwa kanyang nilapitan ang Dios upang kunin ang minsang-itinangi na mga tao mula sa kanilang makasalanang kalagayan, upang dalawin sila ng paghuhukom, kung kinakailangan, upang sila ay akayin na makita sa tunay na liwanag ang kanilang Ang kabanatang
[102] ito ay batay sa 1 Hari 17:1-7 paglisan mula sa Langit. Kanyang

inasam-asam na makita silang dalhin sa pagsisisi bago sila tuluyang mapalaot sa masamang-gawain na magpapagalit sa Panginoon at sila ay tuluyang wasakin.

Ang panalangin ni Elias ay sinagot Paulit-ulit na pagsamo, pagsalangsang, at mga babala ay nabigong dalhin ang Israel sa pagsisisi. Ang panahon ay dumating kung saan ang Diyos ay dapat magsalita sa kanila sa pamamagitan ng paghuhukom. Na hanggat maaari ang mga sumasamba kay Baal ay naninindigan na ang mga yaman sa langit, ang hamog at ang ulan, ay hindi nagmula kay Jehova, kundi sa mga pangunahing lakas ng kalikasan, at dahil sa mapaglikhang kakayahan ng araw ang mundo ay napayaman at nagawang mapagbungang tuluyan, ang sumpa ng Diyos ay mananahang mabigat sa maduming lupain. Ang mga tumalikod na tribo ng Israel ay pagpapakitaan ng kawalang-kabuluhan ng pagtidwala sa kapangyarihan ni Baal para sa pansamantalang pagpapala. Hanggang sila ay bumalik sa Diyos ng may pagsisisi, at kilalanin Siya bilang bukal ng lahat ng pagpapala, ay walang mananahan sa lupain ni hamog o ulan.

Kay Elias ipinagkatiwala ang misyon na dalhin kay Ahab ang pabalita ng Langit na paghuhukom. Hindi niya piniling maging mensahero ng Panginoon; ang salita ng Panginoon ang dumating sa kanya. At naghihimutok para sa dangal ng gawain ng Panginoon, hindi siya nag-atubiling sundin ang banal na panawagan, kahit na ang pagsunod ay maaaring mag-anyaya sa kanyang dagliang pagkawasak sa kamay ng malupit na hari. Ang propeta ay naghanda kaagad at naglakbay gabi't araw hanggang marating ang Samaria. Sa dakong yaon hindi siya humingi ng pagtangkilik, o naghintay man ng pormal na pagpapahayag. Balot ng magaspang na pananamit na isinusuot ng mga propeta noong mga kapanahunang yaon, nakalusot siya sa mga bantay, na hindi man lang napansin, at tumayo ng ilang sandali sa harap ng napamanghang hari.

Si Elias ay hindi nagpaumanhin sa kanyang madaliang paglitaw. Isang mas Dakila kaysa sa taga-panguna ng Israel ang nag-utos sa kanya para magsalita; at, habang itinataas ang kanyang kamay sa langit, at taimtim na pinagtibay sa pamamagitan ng buhay na Dios na ang paghuhukom ng Pinaka-Mataas ay bababa sa Israel. "Kung paanong ang Panginoong Dios ng Israel ay nabubuhay, sa Kanya ako'y tumatayo," kanyang ipinahayag, "walang magiging hamog ni [103]

ulan sa mga taon, nguni't ayon sa aking salita."

Dahilan sa pagganap ng malakas na pananampalataya sa di nagkukulang na lakas ng salita ng Dios naipahatid ni Elias ang kanyang pabalita. Kung hindi sa pagkakaroon ng lubos na pagtidwala sa Dios na kanyang pinaglilingkuran, hindi niya magagawang humarap kay Ahab. Sa kanyang daan patungong Samaria, nadaanan ni Elias ang mga dumadaloy na batis, mga burol na luntian, at mga kakahuyan na kung iisipin ay hindi mararating ng tagtuyot. Lahat ng bagay na makita ng mga mata ay nababalutan ng kagandahan. Ang propeta ay maaaring nag-isip kung paanong ang mga batis na hindi nawawalan ng daloy ay matutuyo, o kung paanong ang mga burol at mga lambak ay madadarang ng tagtuyot. Ngunit hindi siya nagbigay ng puwang sa hindi paniniwala. Siya ay lubusang naniwala na ang Dios ang magpapahandusay sa tumalikod na Israel, at sa pamamagitan ng mga kahatulan ay dadalhin ito sa pagsisisi. Ang salita ng
[104] Langit ay lumabas; ang salita ng Dios ay hindi magkukulang; at sa kabila ng panganib sa buhay ni Elias ay walang takot na tinupad ang kanyang tungkulin. Tulad ng kidlat sa maaliwalas na langit, ang pabalita ng namumuong kahatulan ay nadinig ng masamang hari; datapuwat bago natauhan si Ahab mula sa kanyang kabiglaanan, o kaya ay makasagot, si Elias ay biglang umalis tulad ng kanyang biglang pagdating, na hindi na hinintay pa ang bunga ng kanyang pabalita. At nauna ang Panginoon sa kanya, at inihanda ang kanyang landas. "Lumiko ka pasilangan," ang utos sa propeta, "at magtago ka sa Kerit, sa gawing Jordan. At ikaw ay iinom sa ilog; at inutusan Ko ang mga uwak upang magpakain sa iyo."

Matiyagang nagtanong-tanong ang hari, ngunit hindi masumpungan ang propeta. Si Reyna Jezabel, na nagalit sa pabalitang ito na nagkandado sa mga kayamanan ng langit, ay hindi nag-aksaya ng panahon upang makipagsanggunian sa mga saserdote ni Baal, na nakipagsanib sa kanya upang sumpain ang propeta at labanan ang galit ni Jehova. Datapuwat sa kabila ng paghahangad nilang makita ang nangusap ng mga salita ng kagulumihanan, sila ay nabigo. At hindi rin nila mailihim sa iba na di malaman ang mga hatol na darating bunga ng namamayaning pagtalikod. Ang balita ng pagtuligsang ginawa ni Elias sa mga kasalanan ng Israel, at ang propesiya ng mabilis na parusang daradng, ay agad-agad kumalat sa buong lupain.

Ang takot ng ilan ay nagising, datapuwat sa kalakhang bahagi ang pabalitang ito ng langit ay tinanggap na may pagtuya at halakhak.

Ang salita ng propeta ay agad nagkabisa. Silang sa una ay umismid lamang sa isipan ng kalamidad, ay mabilis na naakay sa seryosong pag-iisip; sapagkat pagkaraan lamang ng ilang buwan, ang lupang hindi nadiligan ng hamog o ulan, ay nadgang at mga halaman ay natuyo. Sa pagdaan ng panahon, ang mga daluyan ng tubig na kailanman ay hindi nawawalan ng tubig ay nagsimulang bumabaw, at ang mga sapa ay natuyo. Datapuwat ang bayan ay pinasigla ng mga lider na magtiwala sa kapangyarihan ni Baal at iwaksi ang walang kabuluhang pangungusap ng propesiya ni Elias. Iginiit pa rin ng mga saserdote na ang ulan ay pumapatak sa kapangyarihan ni Baal. Huwag ninyong katakutan ang Dios ni Elias, o manginig man sa Kanyang mga salita, pamanhik nila, sapagkat si Baal ang nagpapabunga sa takdang panahon at nagkakaloob para sa tao at hayop. [105]

Ang pabalita ng Dios kay Ahab ay nagbigay pagkakataon kay Jezabel at mga saserdote niya at lahat ng mga tagasunod ni Baal at Astoret upang subukin ang kapangyarihan ng kanilang mga diyos, at kung maaari, at patunayang mali ang mga salita ni Elias. Laban sa mga pampasigla ng daan-daang mga saserdote ng mga bulaang diyos, ang propesiya ni Elias ay tumayong nag-iisa. Kung, sa kabila ng sinabi ng propeta, si Baal ay makapagbibigay pa rin ng hamog at ulan, at mapapaagos na muli ang mga ilog at mapapayabong ang mga pananim, kung gayon ay sambahin siya ng hari ng Israel at sabihin ng bayan na siya nga ang Dios.

Sa paghahangad na ang bayan ay madaya, ang mga saserdote ni Baal ay patuloy sa paghahandog ng sakripisyo sa kanilang mga diyos at nananawagan sa kanila gabi ’ t araw upang paginhawahin ang lupa. Sa mamahaling mga handog ay sinikap ng mga saserdote na bawasan ang galit ng mga diyos; taglay ang sigasig at pagtitiyagang angkop sa lalong mainam na dahilan sila ay nananatili sa mga altar na pagano at taimtim na nanalangin para sa ulan. Gabi-gabi, sa buong lupain, ang panangis nila ay narinig. Datapuwat walang mga ulap na nakita sa mga langit sa araw upang ikanlong sila sa sumusunog na sikat ng araw. Walang hamog o ulan na magpapaginhawa sa lupang uhaw. Ang salita ni Jehova ay hindi mabago ng anumang gawin ng mga saserdote ni Baal.

Isang taon ang lumipas, at wala pa ring ulan. Ang lupa ay tigang na parang sinunog ng apoy. Sinira ng init ang anumang natitira pang pananim. Mga ilog ay natuyo, at ang mga kawan ng hayop ay lumaboy sa paghihirap. Ang dating mabungang bukiran ay naging nagniningas na disyerto, isang walang laman at wasak na dako. Ang mga hardin at grotong ukol sa idolatriyang pagsamba ay walang isa mang dahon; ang puno sa gubat, ay naging mga kalansay na matatayog, ay walang maihandog na lilim. Ang hangin ay tuyo at sumasakal sa paghinga; mga bagyong buhangin ay bumubulag sa mata at pumipigil ng paghinga. Mga siyudad at bayang dati'y mayayaman ay naging dako ng pagluluksa. Gutom at uhaw ay nagbubunga ng nakalulunos na kamatayan ng tao at hayop. Kagutom, taglay ang kakilakilabot na epekto nito, ay palapit nang palapit.

Datapuwat sa kabila ng mga katibayang ito ng kapangyarihan ng Dios, ang Israel ay hindi pa rin nagsisi, o natuto man ng mga liksyong nais ng Dios na matutuhan nila. Di nila nakitang ang Dios
[106] na lumalang ng kalikasan ay Siya ring may kontrol ng kanyang mga batas, at maaaring gawin itong instrumento ng pagpapala at pagkawasak. May pagmamataas sa puso, nagayuma ng huwad na pagsamba, hindi sila laang magpakumbaba sa ilalim ng kapangyarihan ng kamay ng Dios, at nagsimula silang maghanap ng mga ibang dahilang maaaring naging bunga ng kanilang pagdurusa.

Si Jezabel ay lubusang tumangging kilalanin na ang pagkatuyot na ito ay parusa ni Jehova. Hindi makilos sa kanyang hangaring labanan ang Dios ng kalangitan, siya, kasama ang halos buong Israel, ay nagsanib sa paratang na si Elias ang dahilan ng lahat ng kanilang kahirapan. Hindi ba nagpadala siya ng pabalita laban sa kanilang mga porma ng pagsamba? Kung siya ay maaalis sa landas nila, sabi niya, ang galit ng mga diyos ay mababawasan, at matitigil ang kanilang mga kaguluhan.

Sa amuki ng reyna, si Ahab ay nag-utos na sudsurin ang kaharian
[107] upang makita ang pinagtataguan ng propeta. Sa karatig na bansa, malayo at malapit, ay nagpadala ng mga mensahero upang hanapin ang taong labis niyang kinamumuhian, gayunman ay kinatatakutan; at sa sigasig na ito ay hiniling niya sa mga karatig na kaharian ang isang pagpapatunay na hindi nga nila alam ang kinaroroonan ng propeta. Datapuwat hindi nagtagumpay ang paghahanap. Ang

propeta ay ligtas sa masamang pakana ng haring ang kasalanan ang siyang nagdala sa lupain ng hatol ng Dios na kanyang nilabag.

Nang mabigo sa pagsisikap laban kay Elias, ipinasiya ni Jezabel na paghigantihan at patayin ang lahat ng mga propeta ni Jehova sa Israel. Walang isa mang dapat makaligtas. Ang galit na galit na babae ay ipinagpatuloy ang kanyang panukala sa pagpatay ng maraming lingkod ng Dios. Ngunit, hindi lahat, ay namatay. Si Obadias, ang gobernador ng bahay ni Ahab, ngunit lingkod na tapat ng Dios, ay "kumuha ng isang daang propeta," at isinugal ang sariling buhay niya, at "ikinubli na lima-limangpu sa isang yungib, at pinakain sila ng tinapay at tubig." 1 Hari 18:4.

Ang ikalawang taon ng kagutom ay lumipas, at ang walang habag na langit ay hindi nagpaulan. Pagkatuyot at kagutom ang nagpatuloy sa pagwawasak sa buong kaharian. Mga ama at inang walang lakas na pagaanin ang kahirapan ng mga anak, ay napilitang pagmasdan ang kanilang kamatayan. Gayunman ay tumanggi pa rin ang tumalikod na Israel na magpakababa sa harapan ng Dios at nagpatuloy sa paglaban sa taong sa pamamagitan ng Kanyang salita ay dumating ang hatol na itong kalunos-lunos. Hindi nila naunawaan sa gitna ng kanilang mga pagdurusa ang panawagan ng pagsisisi, ang pagkilos ng langit upang iligtas sila sa huling hakbang palayo sa pagpapatawad ng Langit.

Ang pagtalikod ng Israel ay higit na masama kaysa lahat ng nakalulunos na hirap ng kagutom. Sinisikap ng Dios na palayain sila mula sa kanilang pagkahumaling at akayin sila sa pagkaunawa ng kanilang pananagutan sa Isa na pinagkakautangan nila ng buhay at lahat ng mga bagay. Sinisikap Niyang tulungan silang makabalik mula sa nawalang pananampalataya, at kinailangang dalhin Niya sila sa dakilang kahirapan.

"Mayroon baga akong anumang kasayahan sa kamatayan ng masama? sabi ng Panginoong Dios: at hindi baga mabuti na siya'y humiwalay sa kanyang lakad, at mabuhay?" "Inyong iwaksi ang lahat ninyong pagsalangsang, na inyong isinalangsang; at kayo'y magbagong loob at magbagong diwa: sapagkat bakit kayo mamamatay, Oh angkan ni Israel? Sapagkat wala akong kasayahan sa kamatayan niya na namamatay, sabi ng Panginoong Dios: kaya't magsipagbalik-loob kayo, at kayo'y mangabuhay." "Manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masasamang lakad; [108]

sapagkat bakit kayo mangamamatay, Oh sambahayan ni Israel?” Ezekiel 18:23, 31, 32; 33:11.

Nagsugo ang Dios ng mga mensahero sa Israel na may pagsamong manumbalik sila sa kanilang dating katapatan. Kung dininig lamang nila ang mga samong ito at nilisan si Baal para sa Dios na buhay, ang pabalita ng hatol na taglay ni Elias ay di sana naibigay. Ngunit ang mga babala na sana'y naging buhay na buhay ay naging pangkamatayan. Ang kataasan nila ay nasugatan, ang galit ay nagising laban sa mga mensahero, at ngayon ay gayon na lamang ang galit at muhi nila kay propeta Elias. Kung ito lamang ay mahuhulog sa kanilang mga kamay, magalak na ipagkakanulo nila ito kay Jezabel— na para bagang kung mapatatahimik ito ay mapipigilan nila ang katuparan ng kanyang mga salita! Sa harap ng mga kalamidad ay nagpatuloy silang matatag sa idolatriya. Sa ganito ay nagdagdag lamang sila ng salang dahil doon ay dumating ang kahatulan ng Langit sa lupain.

Para sa Israel na may kapansanan, may iisang lunas—ang pagtalikod sa mga kasalanang naghatid sa kanila sa parusa ng Makapangyarihan sa lahat, at isang panunumbalik sa Panginoon ng buong puso. Sa kanila ay nabigay ang kasiguruhan, “Kung Aking sarhan ang langit na anupa't huwag magkaroon ng ulan, o kung Aking utusan ang balang na lamunin ang lupain, o kung Ako'y magsugo ng salot sa gitna ng Aking bayan; Kung ang Aking bayan, na tinatawag sa pamamagitan ng Aking pangalan, ay magpakumbaba, at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; Akin ngang didinggin sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin Ko ang kanilang lupain.” 2 Cronica 7:13, 14. Nagpatuloy ang Dios na ipagkait sa kanila ang hamog at ulan upang makita ang mapalad na bunga ng tiyakang
[109] repormasyon kung ito nga ay magaganap.

## Kabanata 10—Ang Tinig ng Matigas na Batikos

Sa isang panahon si Elias ay nanatiling nagtatago sa mga kabundukan sa tabi ng ilog Cherith. Sa loob ng ilang buwan ay mahimalang pinagkalooban siya ng pagkain. Nang nagtagal, dahilan sa patuloy na pagkatuyot, at ang ilog ay natuyo, inatasan ng Dios ang Kanyang lingkod upang maghanap ng kanlungan sa lupain ng mga walang pagkakilala sa Dios "Magbangon ka, at magtungo sa Sarepta, na bahagi ng Sidon, at manirahan ka doon: at narito, inatasan Ko ang isang babaeng balo upang pangalagaan ka."

Ang babaeng ito ay hindi Israelita. Hindi siya kailanman nakaranas ng mga pagpapalang natamasa ng bayang hirang ng Dios; datapuwat siya ay nananampalataya sa tunay na Dios at lumakad sa lahat ng liwanag na tumanglaw sa kanyang landas. At ngayong walang kaligtasan kay Elias sa lupain ng Israel, isinugo siya ng Dios sa babaeng ito upang makasumpong ng kanlungan sa kanyang tahanan.

"Sa gayo'y bumangon siya, at naparoon sa Sarepta. At nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito, isang balong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo, na dalhan mo ako, ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom. At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay."

Sa tahanang ito ng karalitaan ang kagutom ay higit na mabigat, at ang pagkaing kakaunti na nga ay halos ubos na. Ang pagdating ni Elias nang araw na yaon na ang babaeng balo ay nangangambang kailangan nang bitiwan ang pakikipagpunyagi upang mabuhay ay lubos na sumubok sa kanyang pananampalataya sa kapangyarihan ng Dios na buhay upang magkaloob ng mga pangunahing pangangailangan. Datapuwat kahit na sa kagipitang yaon siya ay nagpatotoo sa kanyang pananampalataya sa pagsunod sa kahilingan ng taga- [110]
ibang lupang ito na nakikiusap na bahaginan siya ng pinakahuling pagkaing nasa kanya.

Bilang tugon sa kahilingan m Elias ukol sa pagkain at inumin, sinabi ng balo, "Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay." At sinabi ni Elias sa kanya, "Huwag kang matakot; yumaon ka at gawin mo ang iyong sinabi: ngunit igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoong Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan, hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa."

Wala nang dadakila pang patunay ng pananampalataya ang mahihiling bukod dito. Ang babaeng balong ito bago pa ang pagkakataong ito ay lagi na lamang maganda ang kalooban at mabait sa mga taga-ibang lupain. At ngayon, anumang kahirapan ang magiging katumbas nito sa kanya at sa anak, at sa pagtitiwala sa Dios ng Israel upang magkaloob ng pangangailangan niya, hinarap niya ang sukdulang subukang ito ng kagandahang loob sa pagsunod "ayon sa sinabi ni Elias."

Kahanga-hanga ang kagandahang loob na ipinakita ng babaeng ito ng Phoenicia sa propeta ng Dios, at kahanga-hanga din ang paraan ng gantimpala sa kanyang pananampalataya at kagandahang loob. "At kumain ang babae, at siya, at ang kanyang sambahayan na maraming araw. Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na Kanyang sinalita sa pamamagitan ni Elias.

"At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang anak na lalaki ng babae, na may-ari ng bahay, ay nagkasakit; at ang kanyang sakit ay malubha, na walang hiningang naiwan sa kanya. At sinabi niya kay Elias, Ano ang ipakikialam ko sa iyo, Oh ikaw na lalaki ng Dios? ikaw ay napanto sa akin upang ipaalala mo ang aking kasalanan, at upang patayin ang aking anak?

"At sinabi niya sa kanya, Ibigay mo sa akin ang iyong anak. At kinuha niya sa kanyang kandungan, at dinala sa silid, na kanyang tinatahanan, at inihiga sa kanyang sariling higaan.... At siya'y umu-
[111] nat sa bata na maikatlo, at dumaing sa Panginoon.... At dininig ng

Panginoon ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay bumalik sa kanya, at siya'y muling nabuhay.

"At kinuha ni Elias ang bata, at ibinaba sa loob ng bahay na mula sa silid, at ibinigay siya sa kanyang ina: at sinabi ni Elias, Tingnan mo ang iyong anak ay buhay. At sinabi ng babae kay Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalaki ng Dios, at ang salita ng Panginon sa iyong bibig ay katotohanan."

Ang balo ng Sarepta ay ibinahagi ang kanyang huling tinapay kay Elias, at kapalit noon ang buhay niya at ng anak ay naingatan. At sa lahat, na sa panahon ng kagipitan at pangangailangan, ay magkakaloob ng malasakit at tulong sa ibang nangangailangan, ang Dios ay nangako ng dakilang pagpapala. Hindi pa rin Siya nagbabago. Ang kapangyarihan Niya ngayon ay hindi mas maliit kaysa mga kaarawan ni Elias. Tiyak din ngayon pagka sinalita ng ating Tagapagligtas ang pangako na, "Siyang tumatanggap sa isang propeta dahil sa pangalan ng isang propeta ay tatanggap ng gantimpala ng isang propeta." Mateo 10:41.

"Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pag-ibig sa mga tagaibang lupa: sapagkat sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel." Hebreo 13:2. Ang mga salitang ito ay hindi nababawasan ng puwersa sa paglakad ng panahon. Ang adng Ama sa langit ay patuloy pa rin sa paglalagay sa landas ng Kanyang mga anak ng mga pagkakataong tulad ng nakakubling pagpapala; at silang magpapalago ng mga pagkakataong ito ay makasusumpong ng daldlang kagalakan. "At kung magmamagandangloob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat: at papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto: at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat." Isaias 58:10,11.

Sa Kanyang mga tapat na lingkod ngayon ay sinasabi ni Kristo, "Ang tumatanggap sa inyo ay Ako ang tinatanggap, at ang tumatanggap sa Akin ay tinatanggap ang nagsugo sa Akin." Walang gawa ng kagandahang loob na ipinakita sa pamamagitan ng Kanyang pangalan ang hindi kikilaianin at gagandmpalaan. At sa katulad na [112]

mapagmahal na pagkilala ibinibilang ni Kristo ang pinakamahina at pinakamababa sa pamilya ng Diyos. "At sinumang magpainom," sabi Niya, sa "isa sa maliliit na ito"—silang bilang mga anak sa kanilang pananampalataya at ng kanilang kaalaman ka Kristo—"ng kahit isang sarong tubig na malamig, dahil sa pangalang alagad, katotohanang sinasabi Ko sa inyo na hindi mawawala ang ganti sa kanya." Mateo 10:40,42.

Sa mahabang taon ng tuyot at kagutom, si Elias ay matamang nanalanging nawa ang puso ng Israel ay maibalikwas mula sa mga diyus-diyusan pabalik sa katapatan sa Dios. Matiyagang naghintay ang propeta, samantalang ang kamay ng Panginoon ay mabigat sa lupaing salanta. At habang nakita niyang ang pagdurusa at pangangailangan ay lumalaki sa bawat dako, ang kanyang puso ay nabagbag, at nanabik siya sa kapangyarihang maghaharid ng madaliang repormasyon. Datapuwat ang Dios na rin ang nagsasagawa ng Kanyang panukala, at ang tanging magagawa ng Kanyang lingkod ay patuloy na dumalangin sa pananampalataya at maghintay ng panahon ng tiyak na desisyon.

Ang naganap na pagtalikod sa panahon ni Ahab ay bunga ng maraming taong paggawa ng kasamaan. Bawat hakbang, sa bawat taon, ang Israel ay lumalayo sa tamang landas. Sa bawat saling lahi ay tumanggi silang ituwid ang kanilang landas, at sa wakas ang kalakhang bahagi ng bayan ay napasuko sa pangangasiwa ng mga puwersa ng kadiliman.

Halos isang daan taon na ang nakalipas, mula nang sa pangunguna ni Haring David, ang Israel ay magalak na nagsanib sa awit ng pagpupun sa Kataastaasan, bilang pagkilala ng lubusang pagsandig nila sa Kanya sa pang-araw-araw na kahabagan. Pakinggan ang mga salita ng pagpupuri sa kanilang pag-awit:

"Oh Dios ng aming kaligtasan,...
Ikaw ang nagbibigay galak sa pagbubukang liwayway at pagtatalap-silim.
Iyong dinadalaw ang lupa, at dinidilig Mo:
Iyong pinayayayamang mainam ang ilog ng Dios, ay puno ng tubig:
Iyong pinagtataanan sila ng trigo, sapagkat inihanda Mo ang lupa.

Iyong dinidilig ang kanyang bungkal ng sagana: Iyong pinapantay ang
kanyang mga bungkal:
Iyong mga pinalalambot ng ambon: Iyong pinagpapala ang pagsibol
niyaon.
Iyong dinudulutan ang taon ng Iyong kabudhan;
At ang Iyong mga landas ay pumapatak ng katabaan. [113]

Nagsisipatak sa mga pastulan sa ilang:
At ang mga burol ay nabibiglrisan ng kagalakan.
Ang mga pastulan ay nangabihisan ng mga kawan;
Ang mga libis naman ay nangatatakpan ng trigo;
Sila' 'y magsisihiyaw sa kagalakan, sila naman ay nagsisiawit."

Awit 65:5, 8-13.

Noon ay kinilala ng Israel ang Dios bilang Isa na "naglagay ng mga patibayan ng lupa." Bilang pahayag ng pananampalataya ay umawit sila:

"Iyong tinakpan ng kalaliman na tila isang bihisan:
Ang tubig ay tumatayo sa itaas ng mga bundok.
Sa Iyong pagsaway sila'y nagsitakas;
Sa hugong ng Iyong kulog ay nagmadaling nagsialis sila.
Sila 'y nagsiahon sa mga bundok; sila'y nagsilusong sa mga libis
Sa dako Mong itinatag ukol sa kanila.
Ikaw ay naglagay ng hangganan upang sila'y huwag makaraan;
Upang sila'y huwag magsibalik na tumakip sa lupa."

Awit 104:5-9.

Sa kapangyarihan ng Walang Hanggan ang mga sangkap ng kalikasan sa lupa at langit ay naiingatan sa tamang lugar. At ang mga sangkap na ito ay ginagamit Niya sa ikaliligaya ng Kanyang mga nilalang. Ang "Kanyang mabuting kayamanan" ay masaganang nagagasta "upang ibigay ang ulan...sa kapanahunan, at upang pagpalain ang buong gawa" ng iyong kamay. Deuteronomio 28:12.

"Siya'y nagsusgo ng mga bukal sa mga libis,
Nagsisiagos sa gitna ng mga bundok.
Sila'y nagpapainom sa bawat hayop sa parang:
Nangagpapatid-uhaw ang mga mailap na asno.
Sa tabi nila ay nagkaroon ng kanilang tahanan ang mga ibon sa himpapawid,
Sila'y nagsisiawit sa mga sanga....

Kanyang pinatutubo ang damo para sa mga hayop,
At ang gugulayin sa paglilingkod sa tao:
Upang siya'y maglabas ng pagkain sa lupa;
At ng alak na nagpapasaya sa puso ng tao,
At ng langis upang pasilangin ang kanyang mukha,
At ng tinapay na nagpapalakas ng puso ng tao....

[114]

"Oh Panginoon, pagka san-sari ng iyong mga gawa!
Sa karunungan ay ginawa Mo silang lahat;
Ang lupa ay puno ng Iyong kayamanan.
Nandoon ang dagat, na malaki at maluwang,
Na ginagalawan ng di mabilang na mga bagay,
Ng mga munri at ng mga malaking hayop din naman....
Lahat ng ito ay nangaghihintay sa Iyo;
Upang Iyong mabigyan sila ng kanilang pagkain sa ukol na kapanahunan.
Ang Iyong ibinibigay sa kanila ay pinipisan nila:

"Iyong ibinubukas ang Iyong kamay,
Sila'y nangabubusog ng kabudhan."

Awit 104:10-15,24-28.

Ang Israel ay sagana sa pagkakataon upang magdiwang. Ang lupaing pinagdalhan ng Panginoon sa kanila ay inaagusan ng gatas at pulot Sa paglilimayon sa ilang, ibinigay ng Dios ang kasiguruhang ang lupaing pagdadalhan ng Dios sa kanila kailanman ay hindi magkukulang sa ulan. "Sapagkat ang lupain na iyong pinaroroonan upang ariin," sabi Niya sa kanila, "ay hindi gaya ng lupain ng Egipto, na inyong pinanggalingan, na doo'y nagtatanim ka ng iyong binhi, at

iyong dinidilig ng iyong paa, na parang taniman ng mga gulay: kundi ang lupain, na inyong tatawirin upang ariin, ay lupaing maburol at malibis, at dinidilig ng tubig ng ulan sa langit: lupaing inaalagaan ng Panginoon mong Dios: at ang mga mata ng Panginoon mong Dios ay nandoong lagi, mula sa pasimula ng taon hanggang sa katapusan ng taon."

Ang pangako ng saganang ulan ay nabigay sa kundisyong pagsunod. "At mangyayari," pahayag ng Dios, na "kung inyong didingging maigi ang Aking mga utos na Aking iniuutos sa inyo sa araw na ito, na ibigin ang Panginoon ninyong Dios, at Siya'y paglingkuran ng buo ninyong puso, at ang buo ninyong kaluluwa, ay ibibigay Ko ang ulan ng inyong lupain sa kanyang kapanahunan, ang una at huling ulan upang iyong makamalig ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis. At aking bibigyan ng damo ang iyong mga hayop sa iyong mga bukid, at ikaw ay kakain at mabubusog.

"Mangag-ingat kayo," pinangaralan ng Dios ang Kanyang bayan, "baka ang inyong puso ay madaya, at kayo'y maligaw at maglingkod sa ibang mga diyos, at sumamba sa kanila; at ang galit ng Panginoon ay mag-alab laban sa inyo, at Kanyang sarhan ang langit, upang huwag magkaroon ng ulan, at ang lupa'y huwag magbigay [115]
ng kanyang bunga; at kayo'y malipol na madali sa mabuting lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon." Deuteronomio 11:10-17.

"Ngunit mangyayari na kung hindi mo didinggin ang tinig ng Panginoon mong Dios, na isasagawa ang lahat ng Kanyang mga utos at ang Kanyang palatuntunan," ang mga Israelita ay binabalaan, "at ang iyong langit na nasa itaas ng iyong ulo ay magiging tanso, at ang lupa na nasa ilalim mo ay magiging bakal. Ang ipauulan ng Panginoon sa iyong lupa ay abo at alabok: mula sa langit ay bababa sa iyo, hanggang sa ikaw ay magiba." Deuteronomio 28:15, 23, 24.

Ito'y kasama sa mga payo ni Jehova sa makalumang Israel. "Kaya't inyong ilalagak itong Aking mga salita sa inyong puso, at sa inyong kaluluwa," Kanyang inutusan ang Kanyang bagong pinili, "at inyong itatali na pinakatanda sa inyong kamay at magiging pinakatali sa inyong noo. At inyong ituturo sa inyong mga anak, na inyong sasalitain sa kanila, pagka ikaw ay nauupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pag ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon." Deuteronomio 11:18, 19. Maliwanag ang mga utos na ito, gayunman sa pagdaan ng mga daantaon, sa

bawat saling lahi ay nawala ang pangitain sa mga paglalaang ito ng Dios para sa kanilang espirituwal na kapanutuhan, at ang pangwasak na impluwensya ng pagtalikod ay nagbantang magwalis ng bawat sanggalang ng biyaya ng Dios.

Kung kaya't nangyari na ngayon ay dinadalaw ng Dios ang Kanyang bayan ng Kanyang pinakamabibigat na mga parusa. Ang propesiya ni Elias ay natutupad sa kalunos-lunos na paraan. Sa loob ng tatlong taon ang mensahero ng pagkaaba ay hinanap sa bawat siyudad at bawat bansa. Sa utos ni Ahab, ang maraming hari sa palibot ng bansa ay nagbigay ng salitang marangal na ang propetang ito ay wala sa kanilang lupain. Gayunman ay patuloy pa rin ang paghahanap, sapagkat ang muhi ni Jezabel at mga propeta ni Baal ay tulad ng kamatayan, at lahat ay ginawa nila upang mahuli siya sa maaabot ng kanilang kapangyarihan. Datapuwat wala pa ring ulan.

Sa wakas, "pagkatapos ng maraming araw," ay dumating ang salita ng Dios kay Elias. "Humayo ka, magpakita ka kay Ahab; at Ako'y magpapadala ng ulan sa lupa."

Bilang pagsunod sa utos, "Si Elias ay napakita kay Ahab." Nang
[116] panahong ding iyon na ang propeta ay patungong Samaria, si Ahab ay nagmungkahi kay Obadias, na gobernador ng kanyang sambahayan, na gumawa ng masinop na paghahanap ng mga bukal at ilog ng tubig, sa pag-asang makakita ng inuman ng mga hayop at kawan. Kahit na sa korte ng hari ay nadadama ang epekto ng mahabang pagkatuyot. Ang hari, nababahala sa kalagayan ng kanyang sambahayan, ay nagpasyang makipagtulungan sa kanyang alipin na maghanap ng mga tanging dako na maaaring pastulan. "Sa gayo'y pinaghati nila ang lupain sa gitna nila upang lakarin: si Ahab ay lumakad ng kanyang sarili sa isang daan, at si Obadias ay lumakad ng kanyang sarili sa isang daan."

"At samantalang si Obadias ay nasa daan, narito, nasalubong siya ni Elias: at nakilala niya siya, at nagpatirapa, at nagsabi, Di ba ikaw, ang panginoon kong si Elias?"

Sa panahon ng pagtalikod ng Israel, si Obadias ay nanatiling tapat. Ang kanyang panginoon, ang hari, ay hindi siya natinag sa katapatan niya sa buhay na Dios. Ngayon ay pinarangalan siya ng tungkuling itong galing kay Elias, na nagsabi, "Humayo ka, sabihin mo sa iyong panginoon, narito, si Elias."

Malaki ang pagkasindak, sinabi ni Obadias, "Sa ano ako nagkasala, na iyong ibibigay ang iyong lingkod sa kamay ni Ahab, upang patayin ako?" Ang magdala ng ganoong pabalita kay Ahab ay mahahatulan ng tiyak na kamatayan. "Buhay ang Panginoon mong Dios," kanyang ipinaliwanag sa propeta, "walang bansa o kaharian man, na hindi pinagpahanapan sa iyo ng aking panginoon: at pagka kanilang sinasabi, Siya'y wala rito; kanyang pinasusumpa ang kaharian at bansa, na hindi kinasusumpungan sa iyo. At ngayo'y iyong sinasabi, Ikaw ay yumaon, saysayin mo sa iyong panginoon, Narito, si Elias ay nandito. At mangyayari, pagkahiwalay ko sa iyo, na dadalhin ka ng Espintu ng Panginoon sa hindi ko nalalaman; na anupa't pagka ako'y pumaroon at isinaysay ko kay Ahab, at ikaw ay hindi niya nasumpungan, papatayin niya ako."

Nagmakaawa si Obadias sa propeta na huwag siyang pilidn. "Akong iyong lingkod," kanyang pakiusap, ay "natatakot sa Panginoon mula sa aking pagkabinata. Hindi ba nasaysay sa aking panginoon, kung ano ang aking ginawa nang patayin ni Jezabel ang mga propeta ng Panginoon, kung paanong nagkubli ako ng isang daan sa mga propeta ng Panginoon na lima-limangpu sa isang yungib, at pinakain ko sila ng tinapay at tubig? At ngayo'y iyong sinasabi, Ikaw ay yumaon, saysayin mo sa iyong panginoon, Narito, si Elias ay nandito: at papatayin niya ako." [117]

Na may mataimtim na panunumpa si Elias ay nangako kay Obadias na ang utos ay hindi mawawalan ng saysay. "Buhay ang Panginoon ng mga hukbo, na sa harap niya'y nakatayo ako," kanyang sinabi, "ako'y walang salang pakikita sa kanya ngayon." Sa gayo'y, "yumaon si Obadias upang salubungin si Ahab, at sinaysay sa kanya."

Sa pagkagulat na may halong takot ang hari ay nakinig sa pabalitang nagmula sa taong kinatatakutan at kinamumuhian niya, datapuwat walang pagod na kanyang hinanap. Alam niyang hindi basta isasapanganib ni Elias ang buhay nito upang katagpuin lamang siya. Maaari kayang ang propeta ay mayroon na namang salita ng pagkaaba para sa Israel? Ang puso ng hari ay napuno ng bagabag. Naalaala niya ang natuyong bisig ni Jeroboam. Hindi matatakasan ni Ahab ang pakikipagtagpong ito, o kaya ay magtangka man lamang na saktan ang mensahero ng Dios. Kung kaya 't, kasama ang mga sundalong bantay, ang nanginginig sa takot na hari ay nakipagtagpo sa propeta.

Ang hari at propeta ay tumayong magkaharap. Gayong puspos ng pagkamuhi si Ahab, ang hari sa harap ng propeta Elias ay waring walang lakas. Sa mga unang utal niyang salita, "Ikaw ba ang nanggugulo sa Israel?" hindi niya namamalayang naibulalas niya ang laman ng kanyang puso. Alam ni Ahab na sa salita ng Dios na ang kalangitan ay naging kulay tanso, ngunit nais niyang ibunton sa propeta ang sisi sa mabibigat na parusang ito sa lupain.

Natural lamang para sa gumagawa ng kasamaan na ibunton sa mga propeta ng Dios ang pananagutan para sa mga kalamidad na dumating bilang tiyak na bunga ng paglihis sa daan ng katuwiran. Silang naglalagay sa sarili sa kapangyarihan ni Satanas ay hindi nakakakita sa mga bagay tulad ng pananaw ng Dios. Kapag ang salamin ng katotohanan ay inihaharap sa kanila, sila ay nagagalit sa isipang sila'y tatanggap ng sansala. Binulag ng kasalanan, tumatanggi silang magsisi; sa pakiramdam nila ay kinakalaban sila ng mga lingkod ng Dios at ang mga ito ang dapat na tumanggap na pinakamalupit na batikos.

Sa pagtayo sa kawalang sala sa harapan ni Ahab, hindi sinikap ni Elias na ipagtanggol ang sarili o papurihan ang hari. O kaya ay sikaping iwasan ang galit ng hari sa pamamagitan ng mabuting balitang ang pagkatuyot ay malapit nang magwakas. Wala siyang paumanhing maibibigay. Galit, at masigasig upang itayo ang karangalan ng Dios, binalingan *niya* ang paratang ni Ahab, na walang takot na sinabi sa hari na ang mga kasalanan niya, at ng *kanyang* mga
[118] ninuno ang naghatid ng mga kalamidad na ito sa Israel. "Hindi ko binagabag ang Israel," walang takot na pahayag ni Elias, "kundi ikaw, at ang sambayanan ng iyong ama, sapagkat inyong dnalikuran ang utos ng Panginoon, at sinunod ang mga Baalim."

Ngayon ay kailangan ang tinig ng mabigat na sansala; sapagkat masasamang kasalanan ang naghiwalay sa bayan sa Dios. Ang kawalang katapatan ay nauuso. "Hindi namin pahihintulutang maghari sa amin ang taong ito," ang siyang salita ng libu-libo. Lucas 19:14. Ang mga sermong magaganda kadalasan ay hindi nag-iiwan ng tumatagal na impresyon; ang pakakak ay walang tiyak na tunog. Mga tao ay hindi natitigatig ng maliwanag, at matalas na salita ng Dios.

Marami sa mga nagpapanggap na Kristiano, na kung magsasabi lamang ng tunay na saloobin ay magwiwika, Anong pangangailan-

gan ng pagsasalita nang gayong tiyakan? Mabuti pang itanong nila, Bakit kinailangang sabihin ni Juan na Magbabautismo sa mga Pariseo, "O lahi ng mga ulupong, sino ang nagbabala sa inyong tumakas sa galit na daradng?" Lucas 3:7. Bakit kinailangang pagalitin niya si Herodias sa pagsasabi kay Herodes na labag sa batas na siya ay makipisan sa asawa ng kanyang kapatid? Ang naghanda ng daan ni Kristo ay nawalan ng buhay dahilan sa tuwirang pagsasalita. Bakit hindi na lamang siya nagpatuloy na hindi na ginising ang galit nilang nabubuhay sa kasalanan?

Kaya 't mga lalaking dapat tumayong tapat na tagapangalaga ng utos ng Dios ay nagkasagutan, hanggang ang patakaran ay pumalit sa katapatan, at kasalanan ay pinahintulutang hindi sinasansala. Kailan pa maririnig ang tinig na tapat na sansala sa loob ng iglesia?

"Ikaw ang lalaking iyon." 2 Samuel 12:7. Mga salitang ganito na tuwirang sinabi ni Nathan kay David ay bihirang marinig ngayon sa mga pulpito, o nababasa sa mga limbag pampubliko. Kung hindi ganito kadalang, ay dapat sanang makita nating higit na ang kapangyarihan ng Dios ay nahahayag sa tao. Hindi dapat magreklamo ang mga mensahero ng Dios na ang kanilang pagsisikap ay walang bunga hanggang sa sila ay magsisi muna sa kanilang sariling hilig na sumang-ayon at magbigay kaluguran sa tao, na umaakay sa kanila upang hadlangan ang katotohanan.

Silang mga ministro na nagbibigay kaluguran sa tao, na sumisigaw, Kapayapaan, kapayapaan, gayong ang Dios ay hindi nagsalita ng kapayapaan, ay dapat magpakababa ng puso sa harapan ng Dios, na humingi ng patawad sa kanilang kawalang kataimtiman at [119]
kakulangan ng katapangang moral. Hindi pag-ibig sa kapwa ang umaakay sa kanilang padulasin ang pabalitang kaloob sa kanila, kundi sapagkat sila 'y sumusunod sa sariling layaw at kaginhawahan. Ang tunay na pag-ibig ay inuuna ang karangalan ng Dios at ang kaligtasan ng mga kaluluwa. Silang may ganitong pag-ibig ay hindi iiwas sa katotohanan upang iligtas lamang ang sarili sa hindi kanais-nais na bunga ng tuwirang pagsasalita. Kapag ang kaluluwa ay nasa panganib, ang mga ministro ng Dios ay hindi iisipin ang sarili, kundi magsasalita ng salitang kaloob sa kanila, at tatangging bigyang dahilan o pagaanin ang kasamaan.

Nawa'y madama ng bawat ministro ang kabanalan ng kanyang tungkulin at ng kanyang gawain, at ipahayag ang tapang na ipinakita

ni Elias! Bilang mga mensaherong hirang ng langit, ang mga ministro ay nasa posisyon ng kagulat-gulat na kapanagutan. Sila ay dapat "sumansala, magtuwid, magpayong may mahabang pagtitiis." 2 Timoteo 4:2. Sa lugar ni Kristo sila ay gagawa bilang mga katiwala ng mga misteryo ng langit, nagpapasigla sa masunurin at nagbababala sa masuwayin. Sa kanila ang mga patakarang makasanlibutan ay walang timbang. Hindi sila kailanman lilihis sa landas na ipinakikiusap ni Jesus na dapat nilang lakaran. Hahayo sila sa pananampalalataya, inaalaala na sila ay napapalibutan ng mga saksi. Hindi sila magsasalita ng sariling salita, kundi ng buhat sa Isang higit na dakila sa mga hari sa lupa. Ang pangungusap nila ay magiging, "Ito ang wika ng Panginoon." Nananawagan ang Dios ng mga lalaking tulad ni Elias, Nathan, at Juan na Magbabaudsmo—mga lalaking magtataglay ng Kanyang pabalita na may katapatan, anumang maging bunga nito; mga lalaking matapang na magsasalita ng katotohanan, gayong ito ay mangahulugan ng pagsasakripisyo ng lahat nilang tinatangkilik.

Hindi magagamit ng Dios ang mga lalaking, sa panahon ng panganib, kapag ang kailangan ay lakas, tapang, at impluwensya, ay takot tumayong matatag sa panig ng matuwid. Tumatawag Siya sa mga lalaking makikipaghamok nang tapat laban sa kamalian, makikibaka sa mga pamahalaan at kapangyarihan, laban sa pamunuan ng kadiliman sa sanlibutang ito, laban sa kadilimang espirituwal sa matataas na dako. Sa mga tulad nito na sasabihin Niya ang mga pangungusap na: "Mabuting gawa, mabud at tapat na alipin;... pumasok
[120] ka sa kagalakan ng iyong Panginoon." Mateo 25:23.

# Kabanata 11—Carmel

Sa harapan ni Ahab, hiniling ni Elias na ang buong Israel ay maripon upang makatagpo siya at ang mga propeta ni Baal at Astoret sa Bundok Carmel. "Ngayon nga'y magsugo ka, at pisanin mo sa akin ang buong Israel sa Bundok ng Carmel, at ang mga propeta ni Baal na apat na raan at limangpu, at ang mga propeta ni Asera na apat na raan, na nagsikain sa dulang ni Jezabel."

Ang utos ay galing sa isang sa anyo ay nakatayo sa harapan mismo ni Jehova; at agad-agad sumunod si Ahab, na parang ang propeta ang hari, at ang hari ang nasasakupan. Madaliang nagpadala ng mga mensahero sa buong kaharian na may utos na ang lahat ay makipagtagpo kay Elias at mga propeta ni Baal at Astoret. Sa bawat bayan at baryo ang mga tao ay naghanda upang magtipon sa itinakdang panahon. Sa kanilang paglalakbay patungo sa dakong itinakda, ang puso ng marami ay puno ng agam-agam. May hindi karaniwang bagay ang magaganap; kung hindi ay bakit mayroong gamtong panawagan? Anong panibagong kalamidad ang darating pa sa bayan at sa lupain?

Bago ang pagkatuyot, ang Bundok ng Carmel ay dakong maganda, ang mga daluyan ng tubig nito ay buhat sa mga bukal na hindi nagkukulang, at ang mga gulod nito ay natatakpan ng mga magagandang bulaklak at mayayabong na halamanan. Ngunit ngayon ang kagandahan nito ay nalalambungan ng nakakatuyong sumpa. Ang mga altar nitong natayo sa pagsamba kay Baal at Astoret ngayon ay napapalibutan ng mga harding walang dahon. Sa taluktok ng pinakamatayog na burol, katuwas ng mga ito ay ang wasak na dambana ni Jehova.

Ang Carmel ay nakatunghay sa isang malawak na lupain; ang taas nito ay nakikita sa maraming bahagi ng kaharian ng Israel. Sa paanan ng bundok ay may mga dakong doon ay makikita ang mga pangyayaring magaganap sa itaas. Ang Dios ay lubos na nawalang
Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Hari 18:19-40. karangalan sa [121]
pamamagitan ng mga pagsamba sa diyus-diyusang ginagawa sa mga

kubling burol na ito; at pinili ni Elias ang mataas na dakong ito bilang pinakalantad na lugar upang doon ay maipakita ang kapangyarihan ng Dios at para ipagtanggol ang karangalan ng Kanyang pangalan.

Maaga pa sa araw na itinalaga, ang karamihan sa tumalikod na Israel, sa masigasig na pag-asam, ay nagtipon sa taluktok ng bundok. Ang mga propeta ni Jezabel ay nagmartsang papanhik sa kasuotang marangya. Sa kamahalang pagkahari ang hari ay nagpakita at kinuha ang lugar niya sa unahan ng mga saserdote, at ang mga mananamba sa mga diyus-diyusan ay nagsigawan sa pagbubunyi sa kanya. Datapuwat may agam-agam sa puso ng mga saserdote sa pag-alaalang sa salita ng propeta ay nagkaroon ng pagkatuyo sa lupain sa loob ng tado at kalahating taon. May nakakatakot na krisis na kakaharapin pa, ito ang natitiyak nila. Ang mga diyos na pinagkakatiwalaan nila ay bigong patunayan na si Elias ay bulaang propeta. Sa kanilang daing ng pagkalito, mga panalangin, luha, kahihiyan, ang kanilang mga seremonyang nakakasuka, mga marangya at ang magastos at walang tigil na sakripisyo, ang mga layunin ng kanilang pagsamba ay kakatuwang walang ginagawa.

Sa pagharap kay Haring Ahab at sa mga bulaang propeta, at napapalibutan ng nagkadpong karamihan ng Israel, si Elias ay tumayo, na nag-iisa upang ipagtanggol ang karangalan ni Jehova. Siya na pinaratangang dahilan ng bigat ng kaabahang dumating sa kaharian, ngayon ay nasa harapan nila, walang kalaban-laban sa harapan ng hari ng Israel, ng mga propeta ni Baal, mga sundalo, at nakapalibot na libu-libo. Ngunit si Elias ay di nag-iisa. Sa itaas at palibot niya ay naroroon ang nagsasanggalang na hukbo ng kalangitan, mga anghel na lubos sa kalakasan.

Hindi nahihiya, hindi nasisindak, na ang propeta ay tumayo sa harap ng karamihan, lubos na batid ang tungkuling dapat isagawa ang utos ng langit. Ang mukha niya ay nasisinagan ng nakakagulat na kabanalan. May pagkabahalang naghintay ang bayan sa kanyang sasabihin. Una muna ay tumingin si Elias sa wasak na dambana ni Jehova, sunod ay sa karamihan, at sumigaw sa maliwanag at tila trumpetang tinig, "Hanggang kailan kayo mananatili sa pagitan ng dalawang isipan? kung ang Panginoon ay Dios, sundin ninyo Siya;
[122] datapuwat kung si Baal nga, sundin ninyo siya."

Isa mang salita ay walang tugon ang bayan. Walang sinuman sa lubhang karamihang iyon ay maglakas loob na magpahayag ng

katapatan kay Jehova. Tulad ng maitim na ulap, ang pandaraya at pagkabulag ay lumaganap sa Israel. Hindi biglaan, kundi unti-unti na ang pagtalikod ay naganap sa kanilang paminsan-minsan, at patuloy na pagtangging dinggin ang salita ng babala at sansalang pahatid sa kanila ng Panginoon. Bawat pagtalikod sa matuwid na gawa, bawat pagtangging magsisi, ay nagpalalim ng kanilang pagkakasala at nagtaboy palayo sa Langit. At ngayon, sa ganitong panganib, mapilit pa nn sila sa pagtangging tumayo sa panig ng Dios.

Ang Panginoon ay namumuhi sa pagwawalang bahala at kawalang pagtatapat sa panahon ng panganib sa Kanyang gawain. Ang buong sansinukob ay nagmamasid sa hindi maihayag na malasakit sa nagtatapos na tanawin ng daldlang tunggalian ng mabud at masama. Ang bayan ng Dios ay malapit na sa hangganan ng walang hanggang daigdig; ano pa ang higit na mahalaga sa kanila kundi ang katapatan sa Dios ng kalangitan? Sa buong kapanahunan, ang Dios ay nagkaroon ng mga bayaning mabait, at mayroon pa rin Siya ngayon—mga katulad ni Jose at Elias at Daniel, na hindi ikinahihiyang ipaldlala ang sarili bilang Kanyang tanging bayan. Ang mga tanging pagpapala Niya ay kasama ng paggawa ng mga lalaki ng pagkialos, mga lalaking hindi maililiko mula sa matuwid na landas ng tungkulin, kundi sa kalakasan ng Dios ay magtatanong, "Sino ang nasa panig ng Panginoon?" (Exodo 32:26), mga lalaking hindi titigil sa pagtatanong lamang, kundi magpipilit na silang magpapasyang magpakilala ng sarili sa panig ng bayan ng Dios ay hahakbang palapit at magpapahayag ng hindi mapagkakamaliang katapatan sa Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Ang ganitong mga lalaki ay ipasasailalim ang kanilang mga kalooban at panukala sa utos ng Dios. Sa pag-ibig sa Kanya ay hindi magpapahalaga sa sariling buhay. Ang gawain nila ay kunin ang liwanag mula sa Salita upang ito ay magliwanag sa sanlibutan sa malinaw, at panatag na sinag. Katapatan sa Dios ang sawikain nila.

Habang kulang sa pagtidwala ang Israel doon sa Carmel, ang tinig ni Elias ay muling bumasag ng katahimikan: "Ako, ako lamang, ang naiwang propeta ng Panginoon; datapuwat ang mga propeta ni Baal ay apat na raan at limampung lalaki. Bigyan nga nila tayo ng dalawang baka; at pumili sila sa ganang kanila ng isang baka, at
katayin, at ilagay sa ibabaw ng kahoy, at huwag lagyan ng apoy sa [123]
ilalim: at ihahanda ko ang isang baka, at ilalagay ko sa kahoy, at [124]
[125]

hindi ko lalagyan ng apoy sa ilalim: at tawagan ninyo ang pangalan ng inyong diyos, at tatawagan ko ang pangalan ng Panginoon: at ang Dios na sumagot sa pamamagitan ng apoy, ay siyang maging Dios."

Ang mungkahi ni Elias ay makatuwiran na ang bayan ay hindi makahindi, kaya nakasumpong sila ng katapangan na sumagot, "Alabud ang pagkasabi." Ang mga propeta ni Baal ay hindi makapaglakas ng boses upang tumutol; at, sinabi ni Elias sa kanila, "Magsipili kayo ng isang baka sa ganang inyo, at inyong ihandang una; sapagkat kayo'y marami; at tawagan ninyo ang pangalan ng inyong diyos, ngunit huwag ninyong lagyan ng apoy sa ilalim."

Sa panlabas ay malakas ang loob at nagmamagaling, datapuwat may takot sa kanilang mga pusong may kasalanan, ang mga bulaang saserdote ay naghanda ng dambana, inilagay ang kahoy at ang biktima; at nagsimulang mag-awitan. Ang matinis na tinig nila ay nadinig sa kalaparan ng mga kagubatan at mga nakapalibot na burol, sa pagtawag nila sa pangalan ng kanilang diyos, "O Baal, dinggin mo kami." Pumalibot ang mga saserdote sa altar, at may pagtalon at pagsigaw at may paghila ng buhok at pagsugat sa sarili, nagsumamo sila sa diyos nila upang tumulong.

Lumipas ang umaga, dumatmg ang tanghali, gayunman ay walang patunay na dininig ni Baal ang panangis ng kanyang mga ligaw na tagasunod. Walang dnig, walang tugon sa kanilang aligagang dalangin. Ang handog ay nanatiling hindi nasunog.

Patuloy sa kanilang mga magulong pagdalangin, ang mga tusong saserdote ligid sa marami ay nagsisikap na magsindi ng apoy upang matapos ay mapaniwala nilang ang apoy ay galing kay Baal. Ngunit minamasdan ni Elias ang bawat kilos; ang mga saserdote, bagaman umaasang magkakaroon ng pagakakataong makapandaya, ay nagpatuloy sa kanilang walang katuturang seremonya.

"At nangyari, nang kinatanghaliang tapat, na biniro sila ni Elias, at sinabi, Sumigaw kayo ng malakas: sapagkat siya'y diyos; siya nga'y nagmumunimuni, o nasa tabi, o nasa paglalakbay, o marahil siya'y natutulog, at marapat gisingin. At sila'y nagsisigaw ng malakas, at sila'y nagsipagkudlit ayon sa kanilang kaugalian ng sundang at mga sibat, hanggang sa bumulwak ang dugo sa kanila. At nangyari, nang makaraan ang kinatanghaliang tapat, at sila'y
[126] nagpropesiya hanggang sa oras ng paghahandog ng alay na ukol sa

hapon, ngunit wala kahit tinig, ni sinumang sumagot, na sinumang makinig."

Magalak sanang si Satanas ay makakatulong sa kanilang nadaya niya, at natalaga sa paglilingkod niya. Magalak sanang maisusugo ni Satanas ang kidlat upang sindihan ang sakripisyo. Datapuwat tinalian ni Jehova si Satanas, pinigil ang kapangyarihan nito, at ang lahat ng pakana ng kaaway ay hindi makapagdala ng isa mang kislap sa dambana ni Baal.

Sa wakas, ay namalat ang kanilang mga tinig sa kasisigaw, mga damit ay tigmak sa dugo sa pagsugat sa sarili, ang mga saserdote ay nawalan ng pag-asa. Sa hindi nababawasang sigasig at kaguluhan ay sinamahan ang kanilang pagsamo ng pagmumura sa kanilang diyos na araw, at si Elias ay patuloy lamang na matamang nagmasid; sapagkat alam niyang kung sakaling masisindihan ang altar, siya naman ay dyak na lulurayin.

At dumating ang hapon. Ang mga propeta ni Baal ay napagod, nanghina at naguluhan. May nagmungkahi ng isang bagay, mayroong iba naman, hanggang sa wakas ay tinigilan nila ang kanilang mga pagsisikap. Natigil ang kanilang mga sigaw at murang umaalingawngaw sa Carmel. Sa kabiguan ay umurong sila sa paligsahan.

Buong araw ay namasdan ng bayan ang demonstrasyong ito ng nagugulumihanang saserdote. Nakita nila ang magulong paglundaglundag sa palibot ng altar, na parang nais nilang halbutm ang sikat ng araw upang ipangsindi ng dambana. Nalata nilang may sindak ang nakakapangilabot, na pagsugat sa sarili ng mga saserdote, at nagkaroon ng pagkakataong limiin ang kahibangan ng kanilang pagsamba sa diyus-diyusan. Marami sa kalupunang yaon ay nanghimagod na sa demonstrasyong iyon ng demonyonismo, at ngayon ay matamang naghihintay sa gagawin ni Elias.

Oras na ng paghahandog panggabi, at tinawagan ni Elias ang bayan, "Magsilapit kayo sa akin." At habang nanginginig na naglalapitan, bumaling siya sa wasak na dambana ni Jehova na dati ay sinamba ng mga taong sumasamba sa Dios ng kalangitan, at ito ay kinumpuni. Sa kanya ang gibang altar na ito ay higit na mahalaga kaysa mga magagandang altar ng pagsambang pagano.

Sa pagkumpuni ng sinaunang altar na ito, inihayag ni Elias ang paggalang sa tipan ng Panginoong ibinigay sa Israel nang tawirin nila
ang ilog ng Jordan papasok sa Lupang Pangako. Pumili ng "labing- [127]

dalawang bato, ayon sa bilang ng mga tribong anak ni Jacob,... nagtayo sip ng dambana sa pangalan ng Panginoon."

Ang mga bigong saserdote ni Baal, pinagod ng kanilang walang katuturang pagsisikap, ay naghintay upang masdan ang mga gagawin ni Elias. Muhi sila sa propetang nagmungkahi ng isang pagsubok na naglantad ng kanilang kahinaan at kawalang lakas ng kanilang mga diyos; gayunman ay natatakot sila sa kanyang kapangyarihan. Ang bayan, na nahihintakutan din, at halos ay pigil ang paghinga sa paghihintay sa mga pangyayaring kasunod, ay patuloy na nagmasid sa mga paghahandang ginagawa ni Elias. Ang panatag na pagkilos ng propeta ay katuwas ng mga walang matuwid, at panatikong kaguluhan ng mga alagad ni Baal.

Natapos ang dambana, at nilagyan ng propeta ng kanal sa palibot nito, at, matapos lagyan ng kahoy na maayos at maihanda ang baka, inilagay ang biktima sa dambana at nag-utos sa bayang basain ang sakripisyo at pabahain ang dambana sa tubig. At kanyang sinabi, "Punuin ninyo ang apat na tapayan ng tubig, at ibuhos ninyo sa handog na susunugin, at sa kahoy. At kanyang sinabi, Gawin ninyong ikalawa; at kanilang ginawang ikalawa. At kanyang sinabi, Gawin ninyong ikatatlo at kanilang ginawang ikatatio."

Ipinaalaala ni Elias sa bayan ang kanilang matagal nang pagtalikod na gumising sa galit ni Jehova, at tinawagan silang magpakababa ng puso at manumbalik sa Dios ng kanilang mga magulang, upang ang sumpa sa lupain ay maalis. At, yumukod siya sa harap ng Dios na di nakikita, itinaas ang kamay sa langit at nag-ukol ng isang simpleng panalangin. Ang mga saserdote ni Baal ay nagsigawan, naglundagan, at bumula ang mga bibig mula umaga hanggang hapon; ngunit sa pagdalangin ni Elias, walang sigaw ang umalingawngaw sa kaitaasan ng Carmel. Dumalangin siyang parang alam niyang si Jehova ay naroroon, saksi sa tanawing iyon, at nakikinig sa kanyang pagsamo. Ang mga saserdote ni Baal ay nanalanging magulo at di maunawaan. Si Elias ay dumalanging simple at maningas, na himhiling sa Dios na patunayang Siya ay higit kay Baal, upang ang Israel ay maakay pabalik sa Kanya.

"Oh Panginoon, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel," ang pakiusap ng propeta, "pakilala Ka sa araw na ito, na Ikaw ay lingkod, at aking ginawa ang lahat na bagay na ito sa Iyong salita. Dinggin Mo ako, Oh Panginoon, dinggin Mo ako, upang

matalastas ng bayang ito, na Ikaw, na Panginoon, ay Dios, at Iyong pinapanumbalik ang kanilang puso." [128]

Isang katahimikang, may bigat ng kabanalan, ang namayani sa lahat Ang mga saserdote ni Baal ay nanginginig sa takot. Sa pagkadama ng kanilang pagkakasala, ay naghihintay sila ng mabilisang parus

Hindi pa halos natatapos ang dalangin ni Elias na ang apoy, tulad ng kislap ng kidlat, ay bumaba mula sa langit tungo sa dambana, sinunog ang handog, tinupok ang tubig sa palibot na kanal, at tinupok pati na rin ang mga bato ng dambana. Ang liwanag ng apoy ay tumanglaw sa kabundukan at halos ay bumulag sa paningin ng karamihang natitipon. Sa kapatagan sa ibaba, na doon ay marami ang nanonood na may pananabik sa mga pangyayari doon sa itaas, ang pagbaba ng apoy ay malinaw na nakita, at lahat ay namangha sa tanawin. Katulad nito ang haliging apoy sa Dagat na Pula na doon ay inihiwalay ang mga anak ng Israel sa mga hukbo ng Egipto.

Ang bayan sa bundok ay nangayupapa sa lupa sa paggalang at pitagan sa Dios na di nakikita. Hindi nila matagalang tumingin sa apoy na isinugo ng Langit. May takot silang baka sila ay matupok; at, nagising sa katotohanang dapat nilang kilalanin ang Dios ni Elias bilang Dios ng kanilang mga magulang, na sa Kanya'y may utang silang katapatan, nanangis silang tulad ng isang dnig, "Ang Panginoon, Siya ang Dios; ang Panginoon, Siya ang Dios." Sa nakakagulat na liwanag ng salita, ito ay umalingawngaw sa kabundukan at narinig sa kapatagan sa ibaba. Sa wakas ang Israel ay nagising, hindi na nadadaya, nagsisisi. Sa wakas ay nakita ng bayan kung gaano kalaki na nadungisan nila ang karangalan ng Dios. Ang likas ng pagsamba kay Baal, katuwas ng makatuwirang paglilingkod na kahilingan ng tunay na Dios, ay tumayong lubusang nahahayag. Nakilala ng bayan ang katarungan ng Dios at kahabagan sa pagkakait ng hamog at ulan hanggang sa sila'y hindi naaakay sa pagkukumpisal ng Kanyang pangalan. Ngayon ay handa na silang amining ang Dios ni Elias ay higit sa lahat ng diyus-diyusan.

Ang mga saserdote ni Baal ay namasdang may panghihilakbot ang kahangahangang paghahayag na ito ng kapangyarihan ni Jehova. Gayunman sa kanilang pagkabisto sa harap ng kaluwalhatian ng langit, tumanggi pa rin silang magsisi sa mga masamang gawa. Mananadli pa rin silang mga saserdote ni Baal. Sa ganito ay ipinakita

[129] nilang hinog na sila sa pagkawasak. Upang masanggalang ang nagsisising Israel mula sa gayuma ng mga nagturo ng pagsamba kay Baal, si Elias ay binigyang tagubilin ng Panginoon na wasakin ang mga bulaang gurong ito. Ang galit ng bayan ay nagising na laban sa mga lider na ito ng pagsalangsang; at nang ibigay ni Elias ang utos, "Dakpin ang mga propeta ni Baal; huwag bayaang makatakas ang sinuman," sila ay handang sumunod. Hinuli nila ang mga saserdote, at dinala sa ilog ng Kidron, at doon, bago lumubog ang araw na naging pasimula ng tiyakang reporma, ang mga ministro ni Baal ay
[130] pinatay. Walang sinumang itinirang buhay.

## Kabanata 12—Mula sa Jezreel Hanggang Horeb

Sa pagpatay sa mga propeta ni Baal, ang landas ay nabuksan upang maipagpatuloy ang makapangyarihang repormang espirituwal sa sampung tribo ng kaharian sa hilaga. Ipinakita ni Elias sa bayan ang kanilang pagtalikod; nanawagan siya sa kanila upang magpakababa ng puso at manumbalik sa Panginoon. Ang hatol ng Langit ay naisagawa na; ang bayan ay nangumpisal ng kanilang mga kasalanan, at kinilala ang Dios ng kanilang mga magulang bilang buhay na Dios; at ngayon ang sumpa ng langit ay babawiin na, at ang mga pansamantalang pagpapala ng buhay ay igagawad. Ang lupa ay muling pagiginhawahin ng ulan. "Bumangon ka, kumain at uminom," wika ni Elias kay Ahab; "sapagkat may tunog ng masaganang ulan." At ang propeta ay nagtungo sa taluktok ng bundok upang manalangin.

Hindi sapagkat nakikita na ang palatandaan na ang ulan ay papatak na nga, na si Elias ay may kompiyansang nagtungo kay Ahab upang papaghandain ito. Walang ulap sa mga langit na nakita ang propeta; walang kulog na narinig. Sinalita lamang niya ang salita ng Espiritu ng Pangioon na kumilos sa kanya na salitain bunga ng kanyang malakas na pananampalataya. Sa buong araw ay walang tigatig na ginanap niya ang kalooban ng Dios at tiyakang inihayag ang pagtidwala sa mga propesiya sa salita ng Dios; at ngayon, matapos na gawin ang lahat sa kapangyarihan niyang gawin, alam niyang ang Langit ay masaganang magkakaloob ng mga pagpapalang ipinopropesiya. Siya ring Dios na nagpadala ng pagkatuyo ay nangako ng saganang ulan bilang pabuya ng mabuting gawa; at ngayon si Elias ay naghintay ng pangakong pagbubuhos. Sa kababaan ng diwa, "ang kanyang mukha ay nasa pagitan ng tuhod," siya ay namagitan sa Dios sa kapakanan ng nagsisising Israel.

Paulit-ulit na nagsugo si Elias sa kanyang alipin mula sa gawi ng Mediteranea, upang maalaman kung mayroong palatandaan na ang dalangin niya'y dininig na ng Dios. Sa bawat pagkakataon ay nagbalik Ang kabanatang ito aybataysa 1 Hari 18:41-46; 19:1-8. [131]

ang alipin na may balitang, "Wala pa." Ang propeta ay hindi nainip o nagkulang sa tiwala, kundi nagpatuloy sa maningas na dalangin. Anim na ulit na nagbalik ang aliping may balitang wala pang tanda ng pag-ulan sa mapangahas na mga langit. Hindi nawawalan ng pagasa, isinugo pa siyang minsan ni Elias; at ngayon ang alipin ay bumalik na may balitang, "Nakita kong may maliit na ulap na pumaitaas mula sa dagat, kasing laki ng kamay ng tao."

Sapat na ito. Hindi na naghintay pa si Elias na ang mga langit ay lubusang magdilim. Sa maliit na ulap na iyon ay nakita niya sa pananampalataya ang saganang ulan; at siya ay kumilos ayon sa kanyang pananampalataya, isinugo ang alipin kay Ahab na taglay ang balitang, "Ihanda mo ang iyong karuwahe, at magmadali ka upang di ka abutan ng ulan."

Sapagkat si Elias ay lalaking may dakilang pananampalataya na siya ay maaaring gamitin ng Dios sa malagim na panganib sa Israel. Sa pananalangin niya ang kanyang pananampalataya ay nanghawakan sa mga pangako ng Langit, at nagpatuloy siya sa pananalangin hanggang dininig ang kanyang mga daing. Hindi siya naghintay ng buong katibayang dininig na siya ng Dios, kundi handang kumilos kahit na sa bahagyang tanda ng kaluguran ng langit. At ang nagampanan niya sa ilalim ng Dios, ay magagawa din ng lahat sa kanilang sakop ng gawain sa paglilingkod sa Dios; sapagkat tungkol sa propeta mula sa mga kabundukan ng Galaad ay nasusulat: "Si Elias ay isang taong may pagkataong gaya rin ng adn, at siya'y nanalangin ng buong ningas upang huwag umulan: at hindi umulan sa lupa sa loob ng tatlong taon at anim na buwan." Santiago 5:17.

Ang pananampalatayang tulad nito ay kailangan sa sanlibutan ngayon—pananampalatayang manghahawakan sa mga pangako ng Dios ay hindi bibitaw hanggang sa ang Langit ay duminig. Ang ganitong pananampalataya ay nag-uugnay na malapit sa atin sa Langit, at naghahatid sa atin ng kalakasan upang makayanan ang mga kapangyarihan ng kadiliman. Sa pamamangitan ng pananampalataya ang mga anak ng Dios ay "na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon, nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan sa pakikipag-

baka, nangagpaurong ng mga hukbong taga ibang lupa.” Hebreo 11:33, 34. At sa pananampalataya tayo ngayon ay makararatmg sa taas ng adhikain ng Dios sa atin. “Kung kaya mo, ang lahat ng mga bagay ay may pangyayan sa kanya na nananampalataya.” Marcos 9:23. [132]

Ang pananampalataya ay mahalagang sangkap ng panalanging matagumpay. Ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at Siya ang tagapagbigay gand sa mga sa Kanya’y nagsisihanap.” “Kung tayo’y hummgi ng anumang bagay na ayon sa Kanyang kalooban, ay dinidinig tayo Niya: at kung ating nalalaman na tayo’y dinidinig Niya sa anumang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa Kanya’y ating hiningi.” Hebreo 11:6; 1 Juan 5:14, 15. Sa masugid na pananampalataya ni Jacob, ang hindi natitinag na tiyaga m Elias, maaan tayong magharap ng mga kahilmgan sa Ama, na inaangkin ang lahat Niyang mga pangako. Ang karangalan ng Kanyang trono ay nakataya sa katuparan ng Kanyang salita.

Ang lambong ng gabi ay nagtitipon sa Bundok ng Carmel nang si Ahab ay naghandang bumaba. “At dumating maya-maya, na ang langit ay dumilim na may mga ulap at hangin, at may malakas na ulan. At sumakay si Ahab, at pumaroon sa Jezreel.” Sa paglalakbay niya patungo sa makaharing siyudad sa gitna ng dilim at nakabubulag na ulan, ay hindi makita ni Ahab ang daan. Si Elias, na, propeta ng Dios na sa maghapong iyon ay pinahiya si Ahab sa harap ng nasasakupan niya at pinaslang ang kanyang mga saserdoteng mananamba sa mga diyus-diyusan, ay kinilala pa rin siya bilang hari ng Israel; at ngayon, upang magbigay galang dito, at pinalakas ng kapangyarihan ng Dios, ay tumakbo sa harapan ng karuwahe, at pinatnubayan ang hari hanggang sa pintuan ng siyudad.

Sa mabiyayang gawang ito ng mensahero ng Dios na ipinakita sa isang masamang hari ay makikita ang isang liksyon para sa kanilang nag-aangking mga lingkod ng Dios, datapuwat nagmamataas sa kanilang sariling tingin. Mayroong nag-iisip na ang gawain ay napakababa para sa kanila at ayaw itong gawin. Atubili silang gumanap ng tungkuling kinakailangan, natatakot na baka ang ginagawa nila ay gawain ng isang alipin. Ang mga ito ay maraming matututuhan sa halimbawa ni Elias. Sa kanyang salita ang mga kayamanan ng langit ay napigilan sa lupa; at siya ay hayagang pinarangalan ng

Dios, sa pagtugon sa dalangin niya sa Carmel, ang apoy ay nakita
[133] sa langit at tumupok ng handog; ang kamay niya ang nagsagawa ng kahatulan ng Dios sa pagpatay sa mga propetang sumasamba sa mga diyusdiyusan; ang dalangin niya para sa ulan ay dininig. Gayunman, matapos ang mga tiyak na tagumpay na bilang parangal sa kanya ay ipinagkaloob ng Dios, siya ay handa pa ring gumanap ng paglilingkod na pang-alipin.

Sa pintuan ng Jezreel, si Elias at Ahab ay naghiwalay. Ang propeta, pinili na manatili sa labas ng pader, ay nagbalot sa kanyang balabal, at nahiga sa lupa upang matulog. Ang hari, pagkapasok
[134] sa palasyo ay ibinalita sa asawa ang kahanga-hangang bagay na naganap nang araw na iyon, at ang kagulat-gulat na paghahayag ng Dios ng Kanyang kapangyarihan na nagpatunay sa Israel na si Jehova ang tunay na Dios at si Elias ay Kanyang piling mensahero. Nang sinabi ni Ahab kay Jezabel ang pagkapaslang ng mga propetang mananamba sa mga diyus-diyusan, si Jezabel, na matigas at walang pagsisisi ay nagalit. Tumanggi siyang kilalanin ang mga pangyayari sa Carmel at ang namamayaning paglalaan ng Dios, at, naghihimagsik pa rin at lumalaban, ay nagmatapang na inihayag na dapat mamatay si Elias.

Nang gabing iyon isang mensahero ang gumising sa pagod na propeta at inihatid ang pabalita ni Jezabel: "Ganito ang gawin sa akin ng mga diyos, at lalo na, kung hindi ko gawin ang buhay mo na gaya ng buhay ng isa sa kanila kinabukasan sa may ganitong panahon."

Matapos magpakita ng tapang na walang takot, matapos magtagumpay nang lubusan sa hari at mga saserdote at bayan, sa tingin ay parang hindi na malulupig pa si Elias ng panghihina o mapasuko pa. Ngunit siya na pinagpala ng maraming katibayan ng pag-aaruga ng Dios ay hindi pa rin ligtas sa mga kahinaan ng tao, at sa madilim na oras na ito ang tapang at pananampalataya ay tumakas sa kanya. Bagabag, siya ay nagising. Ang ulan ay bumubuhos pa rin, at ang kadiliman ay laganap. Nakalimutan niyang tadong taon ang nakalipas ay pinatnubayan siya ng Dios sa isang lugar na kanlungan mula sa muhi ni Jezabel at sa paghahanap ni Ahab, ang propeta ngayon ay tumakas upang iligtas ang kanyang buhay. Pagdating sa Beersheba, "iniwan niya ang kanyang alipin doon. At siya ay naglakbay pa ng isang araw patungo sa ilang."

Si Elias ay di sana dapat umalis sa dako ng kanyang tungkulin. Sana ay hinarap niya ang banta ni Jezabel ng isang samo ng proteksyon sa Kanya na nagsugo upang itayo ang karangalan ni Jehova. Sinabi sana niya sa mensaherong ang Dios na kanyang pinagkakatiwalaan ang magsasanggalang sa kanya sa muhi ng reyna. Ilang oras lamang ang nakalipas na nasaksihan niya ang kahanga-hangang pagpapahayag ng kapangyarihan ng Dios, at ito sana ang nakapagbigay sa kanya ng kasiguruhan na siya ay hindi pababayaan. Kung nanatili siya sa kinaroroonan, kung ginawa niya ang Dios na kanyang kanlungan at kalakasan, at tumayong matatag sa katotohanan, siya sana ay nailigtas sa pinsala. Naipagkaloob sana sa kanya ng Panginoon ang isang tagumpay na natatangi sa pagsusugo ng kahatulan kay Jezabel; at ang impresyong naibigay sa hari at sa bayan ay nagtulak [135]
sana sa daldlang repormasyon.

Malaki ang inasahan ni Elias sa milagrong naganap sa Carmel. Inasahan niyang matapos ang pagpapakitang ito ng kapangyarihan ng Dios, si Jezabel ay mawawalan na ng iinpluwensya kay Ahab, at magkakaroon ng mabilisang reporma sa buong Israel. Maghapon doon sa Carmel ay gumawa siyang walang pagkain. Gayumman, nang patnubayan niya ang karuwahe ni Ahab hanggang sa pintuan ng Jezreel, ang tapang niya ay buo pa rin, sa kabila ng panghihina ng katawan sa kanyang paggawa.

Datapuwat ang reaksyong madalas na kasunod ng mataas na pananampalataya at maluwalhating tagumpay ay nagpapabigat kay Elias. Nangangamba siyang ang repormasyong sinimulan sa Carmel ay hindi magtatagal; at ang kalungkutan ay bumangon sa kanya. Naitaas siya sa taluktok ng Pisga; ngayon siya ay nababa sa kapatagan. Habang nasa ilalim ng inspirasyon ng Makapangyarihan sa Lahat, tumayo siyang matatag sa pinakamahigpit na subukan ng pananampalataya; ngunit sa oras na ito ng kabiguan, na may banta ni Jezabel na umaalingawngaw sa kanyang mga tainga, at sa dngin ay nagtatagumpay pa rin si Satanas sa mga pakana ng masamang babaeng ito, bumitaw ang kanyang panghahawakan sa Dios. Siya ay nataas nang gayon na lamang, at ang bunga ay nakakagulat. Sa pagkalimot sa Dios, si Elias ay patuloy na tumakas, hanggang nasumpungan ang sarili sa isang dakong tiwangwang, nag-iisa. Lubos ang pagod, naupo siya upang magpahinga sa ilalim ng punong junipero. Sa pagkaupo doon, humiling siya ng kamatayan. "Hindi pa

sapat; ngayon Panginoon, kunin mo ang aking buhay; sapagkat wala akong kabutihang higit sa aking mga magulang." Isang takas, malayo sa mga tirahan ng tao, ang diwa niya ay bagbag sa mga maraming kabiguan, ninais niyang hindi na mamasdan pa ang mukha ng tao. Sa wakas, lubusang hapo, siya ay nakatulog.

Sa karanasan ng lahat may dumaradng na panahon ng mabigat na kabiguan at pagkasiphayo—mga araw na kalungkutan ay naroroon, at mahirap paniwalaang ang Dios pa rin ang tagapagkaloob ng Kanyang mga anak sa lupa; mga araw na ang kaluluwa ay bagabag, anupa't halos piliin ang kamatayan kaysa buhay. Dito ay nawawalan ng dwala ang marami sa Dios at napapaalipin sa alinlangan, at pagk-
[136] abihag ng kawalang paniniwala. Kung sa mga panahong iyon ay makikita lamang natin sa pamamagitan ng espirituwal na pananaw ang kahulugan ng mga paglalaan ng Dios ay makikita natin ang mga anghel na nagsisikap na iligtas tayo mula sa ating mga sarili na rin, nagsisikap na ilagak ang ating mga paa sa matibay na pundasyong higit na matatag kaysa walang kamatayang mga burol, at bagong pananampalataya, bagong buhay, ay bubukal sa sangkatauhan.

Ang tapat na si Job, sa araw ng kanyang kapinsalaan at kadiliman, ay naghayag:

"Maparam nawa ang kaarawan ng kapanganakan sa akin."
"Oh timbangin nawa ang aking pagkainip,
At ang aking mga kasakunaan ay malagay sa mga timbangan na magkakasama!"

"Oh, mangyan nawa ang aking kahilingan;
At ipagkaloob nawa sa akin ng Dios ang bagay na along minimithi!
Sa makatuwid baga'y kalugdan nawa ng Dios na pisain ako;
Na bitawan ang Kanyang kamay, at ihiwalay ako!
Kung magkagayo'y magtataglay pa ako ng kaaliwan."

"Kaya't hindi ko pipigilin ang aking bibig;
Ako'y magsasalita sa kadalamhatian ng aking diwa;
Ako'y dadaing sa kahirapan ng aking kaluluwa."

"Na anupa't pinili ng aking kaluluwa...ang kamatayan

kaysa aking mga butong ito.
Aking kinayayamutan ang aking buhay;
Di ko na ibig mabuhay magpakailanman:
Bayaan akong mag-isa;
Sapagkat ang aking mga kaarawan ay walang kabuluhan."

Job 3:3; 6:2, 8-10; 7:11, 15, 16.

Bagama 't pagal na sa buhay, si Job ay di pinahintulutang mamatay. Sa kanya ay itinuro ang mga mangyayari sa hinaharap, at ibinigay ang pabalita ng pag-asa:

"Oo, ikaw ay matatatag, at hindi matatakot:
Sapagkat iyong malilimutan ang iyong karalitaan,
Iyong aalalahanmg parang tubig na umaagos:
At ang iyong buhay ay magiging lalong maliwanag kaysa katanghaliang tapat;
Bagaman magkaroon ng kadiliman, ay magiging gaya ng umaga.
At ikaw ay matitiwasay sapagkat may pag-asa.... [137]

Ikaw nama'y hihiga,
At walang tatakot sa iyo;
Oo, maraming liligaw sa iyo.
Ngunit ang mga mata ng masama ay mangangalumata,
At mawawalan sila ng daang tatakasan,
At ang kanilang pag-asa av pagkalagot ng hininga."

Job 11:15-20.

Mula sa lalim ng kabiguan at kawalang pag-asa si Job ay umahon sa taluktok ng lubusang pagtitiwala sa kahabagan at nagliligtas na kapangyarihan ng Dios. Matagumpay na inihayag niya:

"Bagaman ako'y patayin Niya, akin ding hihintayin Siya ... [138]

Ito man ay magiging aking kaligtasan."

"Ngunit talastas ko na manunubos sa akin ay buhay,
At Siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:
At pagkatapos na mag-ibang ganito ang aking balat,
Gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman:
Siyang makikita ko ng sarili,
At mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba."

Job 13:15, 16; 19:25-27.

"Ang Panginoon ay sumagot kayjob mula sa ipo-ipo" (Job 38:1), at inihayag sa Kanyang lrngkod ang lakas ng Kanyang kapangyarihan. Nang maaninaw ni Job ang kanyang Manlalalang, namuhi ito sa sarili at nagsisi sa alabok at abo. Pagkatapos ay pinagpala siya ng Panginoon ng sagana at ang mga huling taon ng kanyang buhay ay naging pinakamabuti.

Ang pag-asa at tapang ay mahalaga sa sakdal na paglilingkod sa Dios. Ang mga ito ay bunga ng pananampalataya. Ang pagmumukmok ay makasalanan at walang katuwiran. Ang Dios ay laan at may kakayahang "lalo pang masagana" (Hebreo 6:17) na ipagkaloob sa Kanyang mga lingkod ang kalakasang kailangan sa pagsubok at subukan. Maaaring ang panukala ng kaaway ay maayos na nailahad at matatag, datapuwat maibubuwal ng Dios ang pinakamatibay sa mga ito. At ito ay ginagawa Niya sa Kanyang sariling panahon at paraan, kapag nakita Niyang ang pananampalataya ng Kanyang mga lingkod ay sapat nang nasubok.

Sa mga mahinang puso ay may tiyak na lunas—pananampalataya, panalangin, paggawa. Ang pananampalataya at pagkilos ay magbabahagi ng katiyakan at kasiyahang lalago sa bawat araw. Natutukso ka bang padaig sa mga damdamin ng mabagabag na pananaw at lubusang pagkabahala? Sa mga pinakamadilim na araw, kapag ang tingin ay nakakatakot, huwag kang matakot. Manampalataya ka sa Dios. Alam Niya ang iyong pangangailangan. Nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan. Hindi nanghihimagod ang Kanyang walang hanggang pag-ibig at kahabagan. Huwag kang matakot na Siya ay di tutupad sa mga pangako. Siya ang walang hanggang katotohanan. Kailanman ay hindi Niya babaguhin ang tipang ibinigay Niya sa

kanilang umiibig sa Kanya. At ipagkakaloob Niya sa mga tapat na lingkod Niya ang sukat ng kalakasang kailangan nila. Pinatotohanan ni apostol Pablo: "At Siya'y nagsabi sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging [139]
sakdal sa kahinaan.... Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Kristo." 2 Corinto 12:9, 10.

Pinabayaan ba ng Dios si Elias sa oras ng pagsubok? O, hindi! Ang pag-ibig Niya ay katulad ng sa panahong parang nadama ni Elias na siya ay pinabayaan ng Dios at ng tao, at ng panahong bilang tugon sa dalangin, ay naglandas ang apoy sa langit at nagpaliwanag sa bundok. At ngayon, habang natutulog si Elias, isang mabanayad na hipo at malambing na tinig ang gumising sa kanya. Nagulantang sa takot, at anyong tatakas, sa akala ay natuklasan siya ng kaaway. Datapuwat ang mukha ng isang nakatunghay sa kanya ay hindi mukha ng kaaway, kundi ng isang kaibigan. Nagsugo ang Dios ng anghel mula sa langit na may dalang pagkain para sa Kanyang lingkod. "Bumangon ka at kumain," wika ng anghel. "At siya ay tumingin, at, narito, may tinapay na niluto sa baga at lalagyan ng tubig sa kanyang ulunan."

Matapos makakain si Elias sa pagkaing inihanda sa kanya, siya ay muling nakatulog. Ikalawang ulit ay dumating ang anghel. Hinipo ang pagod na si Elias, nagsalitang may malamyos na tinig, "Bumangon ka at kumain; sapagkat ang paglalakbay mo ay mahaba pa, at magiging mabigat para sa iyo." "At siya ay bumangon, at kumain at uminom;" at sa kalakasang dulot ng pagkaing iyon siya ay nakapaglakbay ng "apatnapung araw at apatnapung gabi hanggang sa Horeb ang bundok ng Dios," na doon ay nakasumpong siya ng kanlungan sa isang yungib. [140]

## Kabanata 13—"Ano ang Ginagawa Mo Dito?"

Ang paglikas ni Elias sa Bundok ng Horeb, bagaman lingid sa tao, ay alam ng Dios; at ang pagal at lupaypay na propeta ay hindi iniwang nag-iisang makipagtunggali sa kapangyarihan ng kadilimang dumadagan sa kanya. Sa pagpasok sa yungib kung saan si Elias ay nagtago, ang Dios ay nakipagtagpo sa kanya, sa pamamagitan ng isang makapangyarihang anghel na isinugo upang usisain ang kanyang mga kailangan at ipaliwanag ang banal na adhikain para sa Israel.

Hanggat hindi lubusang natututuhan ni Elias na magtiwalang lubos sa Dios ay hindi niya matatapos ang gawain para sa kanilang nadaya upang sumamba kay Baal. Ang namumukod na tagumpay sa Carmel ay nagbukas ng daan para sa lalo pang dakilang tagumpay; ngunit sa mga kahanga-hangang pagkakataong nabuksan sa kanya, si Elias ay napigil ng banta ni Jezabel. Dapat ay maldta ng lalaking ito ng Dios ang kahinaan ng kanyang katayuan laban sa lugar na nais ng Dios na kanyang tayuan.

Kinatagpo ng Dios ang Kanyang nasubok na lingkod sa tanong na, "Ano ang ginagawa mo dito, Elias?" Isinugo kita sa ilog ng Kerit at pagkatapos ay sa balo ng Sarepta. Inutusan kitang magbalik sa Israel at tumayo sa harap ng mga saserdote ni Baal sa Carmel, at binigkisan kita ng kalakasan upang patnubayan ang karuwahe ng hari sa pintuan ng Jezreel. Datapuwat sino ang nagsugo sa iyo upang tumakas sa ilang? Ano ang gagawin mo dito?

Sa kapaitan ng kaluluwa ay itinangis ni Elias ang kanyang hinanakit: "Ako'y naging totoong marubdob dahil sa Panginoon, sa Dios ng mga hukbo: sapagkat pinabayaan ng mga anak ni Israel ang Iyong dpan, ibinagsak ang Iyong mga dambana, at pinatay ng tabak ang Iyong mga propeta; at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinag-uusig ang aking buhay, upang kitlin."

Inutusan ang propeta na lisanin ang yungib, pinatayo siya ng anghel sa harapan ng Panginoon sa bundok, at dinggin ang Kanyang salita.

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Hari 19:9-18.

[141]

"At, narito, ang Panginoon ay nagdaan, at bumuka ang mga bundok sa pamamagitan ng isang malaki at malakas na hangin, at pinagputulputol ang mga bato sa harap ng Panginoon; ngunit ang Panginoon ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; ngunit ang Panginoon ay wala sa lindol: at pagkatapos ng lindol ay apoy; ngunit ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig. At nangyari, nang marinig ni Elias, ay tinakpan niya ang kanyang mukha ng kanyang balabal, at lumabas, at tumayo sa pasukan sa yungib."

Hindi sa makapangyarihang paghahayag ng kapangyarihan ng langit, kundi sa "maliit na tinig," na pinili ng Dios na ihayag ang Kanyang sarili sa Kanyang lingkod. Ninais Niyang ituro sa Kanyang lingkod na hindi laging ang malalaking gawain ang makapagtatagumpay ng Kanyang adhikain. Habang si Elias ay naghihintay sa paghahayag ng Panginoon, isang bagyo ang dumating, ang mga kidlat ay namalas, at isang lumalamong apoy ay nagdaan; ngunit ang Dios ay wala sa mga ito. At ito ay sinundan ng mahina, at banayad na tinig, at tinakpan ng propeta ang kanyang ulo sa harapan ng Panginoon. Ang pag-aalinlangan niya ay natahimik, ang diwa ay napalambot at nagupo. Nalaman niya ngayon ang tahimik na pagtitiwala, isang matatag na pagsandig sa Dios, ang laging maghahatid sa kanya ng tulong sa tamang panahon.

Hindi ang matalinong paglalahad ng katotohanan ng Dios ang laging aakit at hihikayat sa kaluluwa. Hindi sa galing ng pagsasalita o lohika na ang puso ng tao ay nakikilos, kundi sa matamis na impluwensya ng Banal na Espiritu, na gumagawang tahimik ngunit mabisa sa pagbabago at pagpapalago ng likas. Ang banayad, at maliit na tinig ng Espintu ng Dios ang may kapangyarihang magbago ng puso.

"Ano ang ginagawa mo dito, Elias?" ang tanong ng tinig; at muli ay tumugon ang propeta, "Akoy naging totoong marubdob dahil sa Panginoon, sa Dios ng mga hukbo: sapagkat pinabayaan ng mga anak ni Israel ang Iyong tipan, ibinagsak ang Iyong mga dambana, at pinatay ng tabak ang Iyong mga propeta; at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinag-uusig ang buhay ko, upang kitlin."

Tumugon ang Panginoon kay Elias na ang gumagawa ng kasamaan sa Israel ay di babayaan, kundi maparurusahan. Ang mga lalaki ay tanging pipiliin upang tumupad ng banal na adhikain
[142] sa pagpaparusa sa kaharian na sumasamba sa diyus-diyusan. May isang malupit na gawaing dapat isagawa, upang ang lahat ay mabigyan ng pagkakataong kunin ang kanilang dako sa panig ng tunay na Dios. Si Elias na nn ang babalik sa Israel, at ibabahagi sa iba ang pasanin ng paghahatid ng repormasyon.

At sinabi ng Panginoon kay Elias, "Ikaw ay yumaon, bumalik ka sa iyong lakad sa ilang ng Damasco: at pagdating mo, ay iyong pahiran ng langis si Hazael upang maging hari sa Syria: at si Jehu na anak ni Nimsi ay iyong papahiran ng langis upang maging han sa Israel: at si Eliseo na anak ni Saphat sa Abel-mehula ay iyong papahiran ng langis upang maging propeta na kahalili mo. At mangyayari na ang makatanan sa tabak ni Hazael ay papatayin ni Jehu: at ang makatanan sa tabak ni Jehu ay papatayin ni Eliseo."

Akala ni Elias ay siya lamang sa Israel ang tanging sumasamba sa tunay na Dios. Ngunit Siya na nakababasa ng puso ng mga tao ay naghayag sa propeta na marami pa ring, sa kabila ng mahabang mga taon ng pagtalikod, ay nanatiling tapat sa Kanya. Sinabi ng Dios, "Gayon ma'y iiwan Ko'y pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi nagsihalik sa kanya."

Mula sa karanasan m Elias sa mga panahong iyon ng kabiguan at waring pagkatalo ay maraming mga aral na makukuha, mga aral na lubhang mahalaga sa mga lingkod ng Dios sa panahong ito, maliwanag na lubos sa paglayo mula sa katuwiran . Ang pagtalikod ngayon ay tulad din ng pagtalikod sa katuwiran sa panahon ng propeta. Sa pagtataas ng tao higit sa Dios, sa papuring patungkol sa mga kilalang mga pangulo, sa pagsamba sa kayamanan, at sa paglalagay ng turo ng agham higit sa mga katotohanan ng pahayag, ang karamihan ngayon ay sumusunod kay Baal. Ang alinlangan at kawalang pananampalataya ay nagbibigay ng masamang impluwensya sa isipan at puso, at marami ang ipinagpapalit ang mga orakulo ng Dios sa mga turo ng tao. Hayagang itinuturo ngayon na nasa panahon na tayo na ang katuwiran ng tao ay itinataas kaysa sa mga turo ng Salita. Ang utos ng Dios, ang banal na pamantayan ng katuwiran, ay inihahayag na walang epekto. Ang kaaway ng lahat

ng katotohanan ay gumagawang may mapanlinlang na kapangyarihan upang ang mga lalaki at babae ay ilagay ang mga institusyon ng tao sa lugar na dapat ay para sa Dios, at kalimutan ang mga bagay na itinalaga para sa kaligayahan at kaligtasan ng sangkatauhan. [143]

Gayunman ang pagtalikod na ito, laganap man, ay hindi pansansinukob. Hindi lahat sa mundo ay walang kautusan at makasalanan; hindi lahat ay nasa panig na ng kaaway. Ang Dios ay may mga libong hindi lumuhod kay Baal, marami ang nananabik na higit na maunawaan ang tungkol kay Kristo at sa kautusan, marami ang umaasa pa ring si Jesus ay daranng upang wakasan ang pamamayani ng kasalanan at kamatayan. At marami ang sumasamba kay Baal na walang muwang, datapuwat ang Banal na Espiritu ay nakikipagpunyagi pa rin sa kanila.

Ang mga ito ay nangangailangan ng tulong nilang nakakilala sa Dios at kapangyarihan ng Kanyang salita. Sa ganoong panahong gaya nito, bawat anak ng Dios ay dapat na masiglang gumawa sa pagtulong sa iba. Gaya nilang may pagkaunawa sa katotohanan ng Biblia ay humahanap ng mga lalaki at babae na nangangailangan ng liwanag, ang mga anghel ng Dios ay pangangalagaan sila. At kung saan tumutungo ang mga anghel, walang sinumang dapat matakot na magpatuloy. Bilang bunga ng natatalagang paggawa ng mga tapat na manggagawa, marami ang mailalayo sa pagsamba sa mga diyusdiyusan tungo sa buhay na Dios. Marami ang titigil sa paglilingkod sa mga institusyong gawa ng tao at tatayong walang takot sa panig ng Dios at Kanyang kautusan.

Malaki ang nakasalalay sa walang tigil na paggawa ng mga tapat at tunay, at dahil dito si Satanas ay nagsisikap ng husto upang mapigil ang banal na layuning maisasakatuparan sa pamamagitan ng mga masunurin. Aakayin niya ang ilan na mawalan ng pantanaw sa mataas at banal na misyon, at masiyahan na lamang sa mga kalayawan ng buhay na ito. Aakayin niya silang mamahinga sa kagmhawahan, ukol sa mga pakinabang ng mundong ito, at aalisin sila sa mga dakong doon ay magiging impluwensya sila sa kabutihan. Ang iba ay itataboy niya mula sa tungkulin sa pamamagitan ng panlulupaypay dahilan sa pag-uusig o oposisyon. Datapuwat lahat ng mga ito ay isinasaalangalang ng Langit na may matinding kahabagan. Sa bawat anak ng Dios na nadala ng tinig ng kaaway ng kaluluwa upang matahimik, ang tanong ay ibinibigay, "Ano ang

ginagawa mo dito?” Inutusan kitang humayo sa buong lupa at ipangaral ang ebanghelyo, ang maghanda ng isang bayan para sa araw
[144] ng Dios. Bakit naririto ka? Sino ang nagsugo sa iyo?

Ang kagalakang inilagay sa harap ni Kristo, ang kagalakang nagpanatili sa Kanya sa harap ng pagdurusa at saknpisyo, ay ang kagalakang makita ang makasalanan na naliligtas. Ito ang dapat na maging kagalakan ng bawat alagad Niya, ang pampasigla at pantulak sa kanyang ambisyon. Silang nakadadama, kahit na sa maliit na paraan lamang, kung ano ang kahulugan ng pagkatubos sa kanila at sa kanilang kapwa tao, ay makakaunawa sa malaking paraan ng mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang mga puso nila ay makikilos sa kahabagan habang nakikita nila ang moral at espirituwal na karalitaan ng libong nasa ilalim ng lilim ng nakakalunos na lagim, na kung ihahambing ang pisikal na pagdurusa ay bale wala lamang.

Sa mga sambahayan, gaya sa isahan, ay tinatanong, “Ano ang ginagawa mo dito?” Sa maraming iglesia ay mayroong mga pamilyang lubos na naturuan sa mga katotohanan ng salita ng Dios, na maaring magpalawak ng impluwensya sa paglipat sa mga dakong nangangailangan ng paglilingkod na maaari nilang ipagkaloob. Nananawagan ang Dios sa mga Kristianong sambahayan upang tumungo sa madidilim na dako ng lupa at matalinong gumawa para sa kanilang nalalambungan ng dilim na espintuwal. Kailangan ang pagsasakripisyo upang matugon ang panawagang ito. Samantalang ang iba ay naghihintay na maalis ang mga hadlang, may mga kaluluwang nangamamatay, na walang pag-asa at walang Dios. Para sa pakinabang na makamundo, upang magkamit ng mga kaalamang pang agham, ang mga tao ay handang tumungo sa mga dakong laganap ang peste at magdusa ng kahirapan at kasalatan. Nasaan silang laang gumawa ng ganito upang maibalita sa iba ang tungkol sa Tagapagligtas?

Kung, sa ilalim ng mga pangyayaring sumusubok, mga lalaking may kapangyarihang espirituwal ay nabibigatan, nanlulupaypay at namamanglaw, kung minsan ay wala silang makitang kanais-nais pa sa buhay, anupa’t pinipili nila ito, hindi na ito bago o kakatuwa pa. Aalalahanin ng lahat na kahit na ang pinakamakapangyarihang propeta ay tumakas din sa galit ng isang namumuhing babae. Isang takas, pagod at malayo ang nalakbay, ang mapait na kabiguan na dumadagan sa kanyang kaluluwa, hiniling niyang mamatay na sana.

Datapuwat sa panahong ang pag-asa ay wala na at ang gawain ay parang talunan na, na natutuhan niya ang mga pinakamamahal na aral sa kanyang buhay. Sa oras ng pinakadakilang kahinaan natutuhan niya ang panganga-ilangan at posibilidad ng pagtitiwala sa [145]
Dios sa panahon ng mga pangyayaring lubhang mahirap.

Silang natutuksong manlupaypay sa panahon ng hindi makasariling paglilingkod at pag-uubos ng lakas dito, ay makasusumpong ng lakas ng loob sa karanasan ni Elias. Ang mapagbantay na pag-ibig ng Dios, ang Kanyang kapangyarihan, ay tanging inihahayag sa Kanyang mga lingkod na ang sigasig ay hindi mauunawaan o pinagpapahalagahan, na ang mga payo ay iniismiran, at ang mga pagsisikap ukol sa reporma ay ginagantihan ng muhi at oposisyon.

Sa panahon ng higit na kahinaan na sinisikap naman ni Satanas na ang kaluluwa ay subukang lubusan. Sa ganito sinikap niyang managumpay sa Anak ng Dios; sa ganitong paraan ay nanagumpay siya sa maraming tao. Kapag ang nasa ay napahina at ang pananampalataya ay nanlupaypay, silang tumayong matatag sa matagal na panahon ay nahuhulog sa tukso. Si Moises, na napagal sa loob ng apatnapung taong paglilimayon at kawalang pananampalataya, ay sumandaling bumitaw sa Walang Hanggang Kapangyarihan. Siya ay nabigo kahit sa pagpasok na sa Lupang Pangako. At gayon nga kay Elias. Siya na sa mga taon ng pagkatuyot at kagutom ay nanadling nagtitiwala kay Jehova, walang takot na tumayo sa harapan ni Ahab, at sa maghapong pagsubok sa Carmel ay tumayong nag-iisa sa harapan ng buong Israel bilang saksi ng tunay na Dios, sa isang sandali ng kahinaan ay pinayagang ang takot sa kamatayan ay daigin ang pagtitiwala sa Dios.

At gayon din ngayon. Kung tayo ay napapaligiran ng alinlangan, nagugulumihanan ng mga pangyayari, o ng kahirapan at karalitaan, sinisikap ni Satanas na ugain ang ating pagtitiwala kay Jehova. Inilalahad niya sa atin ang ating mga pagkakamali at tinutukso tayong huwag magtiwala sa Dios, na mag-alinlangan sa Kanyang pag-ibig. Inaasahan niyang ang kaluluwa ay mapanghina upang kumalas sa Dios.

Silang nasa unahan ng pagbabakang ito na inaatasan ng Banal na Espiritu sa isang tanging gawain, ay madalas na mararanasan ang reaksyon kapag ang bigat ay naalis. Ang kalumbayan ay maaaring umuga ng pananampalataya ng ilan at magpahina ng pinakamatatag

na kapasyahan. Datapuwat ang Dios ay nakakaunawa, at Siya'y may habag pa rin at pag-ibig. Binabasa Niya ang mga motibo at adhikain
[146] ng puso. Ang maghintay na may pagtitiis, ang magtiwala gayong sa tingin ay madilim ang lahat, ay liksyong nais ng Dios na matutuhan ng mga lider ng gawain. Ang langit ay hindi magkukulang sa kanila sa araw ng kahirapan. Sa tingin ay wala nang hihina pa, datapuwat sa katunayan ay walang makagagapi pa, sa kaluluwang nakadadama ng kawalang lakas at lubusang nagtidwala sa Dios.

Hindi lamang para sa mga lalaking nasa katungkulang may malaking kapanagutan ang liksyon sa karanasan ni Elias na muling magtiwala sa Dios sa oras ng pagsubok. Siya na naging kalakasan ni Elias ay malakas upang itaas ang bawat anak Niyang nalalapagpunyagi, gaano man siya kahina. Sa bawat isa ay umaasa Siya ng katapatan, at sa bawat isa ay nagkakaloob Siya ng kapangyarihan ayon sa pangangailangan. Sa Kanyang sarili ang tao ay walang lakas; datapuwat sa kalakasan ng Dios ay may kakayahan siyang magtagumpay sa kasamaan at makatulong sa iba upang sila man ay magtagumpay. Si Satanas kailanman ay hindi mananaig sa kanyang ginagawa ang Dios bilang kanyang depensa. "Sa Panginoon lamang, sasabihin ng isa tungkol sa akin, ang katuwiran at kalakasan." Isaias 45:24.

Kapwa ko Kristiano, alam ni Satanas ang iyong kahinaan; kaya manghawakan ka kay Jesus. Sa pananahanan sa pag-ibig ng Dios, makatatayo ka sa bawat pagsubok. Tanging ang katuwiran ni Kristo ang magkakaloob sa iyo ng kapangyarihang labanan ang kasamaang laganap ngayon sa sanlibutan. Dalhin ang pananampalataya sa iyong karanasan. Ang pananampalataya ay nagpapagaan ng pasanin, nagpapaginhawa ng pagod. Ang mga pangangalagang parang hiwaga sa iyo ngayon ay malulutas ng pagtitiwala sa Dios. Lumakad na may tiwala sa daang inilalahad Niya sa iyo. Daradng ang mga pagsubok, datapuwat magpatuloy ka. Ito ay magpapalakas sa iyong pananampalataya at mag-aangkop sa iyo sa paglilingkod. Ang tala ng banal na kasaysayan ay nasusulat, hindi lamang upang mabasa natin at hangaan, kundi upang ang pananampalatayang gumawa sa mga lingkod ng Dios noong una ay siya ring pananampalatayang makagawa sa mga lingkod ng Dios ngayon. Ang Dios ay gagawa ring katulad noong una kung saan may pusong may pananampalataya upang ito ay maging daluyan ng Kanyang kapangyarihan.

Sa atin, tulad ng kay Pedro, ay sinasabi, "Hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo: datapuwat ikaw ay ipinamanhik Ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya." Lucas 22:31, 32. Kailanman ay hindi iiwan ni Kristo sila na Kanyang [147] pinagkamatayan. Maaaring tayo ay tumalikod sa Kanya at magupo ng tukso, datapuwat si Kristo kailanman ay hindi tatalikod sa sinumang binayaran ng Kanyang sariling buhay bilang pangtubos. Kung ang adng espirituwal na pananaw ay sisigla lamang, makikita natin ang mga kaluluwang nakayukod na sa mga pang-aapi at pinabibigatan ng kalungkutan, bagsak na tulad ng karitong may mabigat na pasan, at handa nang mamatay dahilan sa kabiguan. Makikita natin ang mga anghel na agad na lumilipad upang tumulong sa mga natutuksong ito, na itinataboy palayo ang puwersa ng kasamaang nakapalibot sa kanila, at inilalagay ang kanilang mga paa sa panatag na lugar. Ang mga digmaan sa pagitan ng dalawang hukbo ay totoong tulad ng mga digmaan ng mga hukbo sa lupang ito, at sa mga paksa ng espirituwal na tunggaliang ito ay nakasalalay ang mga walang hanggang hantungan.

Sa pangitain ni Propeta Ezekiel ay nakita ang isang kamay sa ilalim ng mga bagwis ng kerubin. Ito ay nagtuturo sa mga lingkod ng Dios na ang kapangyarihan ng langit ang nagkakaloob ng tagumpay. Silang ginagamit ng Dios bilang mga mensahero Niya ay di dapat makaisip na ang gawain ay nakasalalay sa kanila. Ang taong kulang ang lakas ay hindi pinababayaang siyang magsabalikat ng kapanagutan. Siya na hindi natutulog, Siyang patuloy na gumagawa sa ikatutupad ng mga panukala Niya, ay pasusulungin ang Kanyang gawain. Pipigilin Niya ang mga pakana ng masasamang tao at dadalhin sa kaguluhan ang mga payo nilang nagpapanukala ng masama sa Kanyang bayan. Siya na Hari, ang Panginoon ng mga hukbo, ay nakaupo sa pagitan ng mga kerubin, at sa gitna ng mga kaguluhan ng mga bansa ay nagsasanggalang pa rin sa Kanyang mga anak. Kapag ang mga tanggulan ng mga hari ay nawasak na, kapag ang mga palaso ng kagalitan ay tumama sa mga puso ng Kanyang mga kaaway, ang Kanyang bayan ay magiging panatag sa Kanyang mga kamay. [148]

## Kabanata 14—“Sa Diwa at Kapangyarihan ni Elias”

Sa mahahabang siglong nagdaan mula ng panahon ni Elias, ang tala ng gawa ng kanyang buhay ay naging inspirasyon at tapang sa kanilang tinawagan upang tumayo sa matuwid sa gitna ng pagtalikod. At para sa atin, “na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon” (1 Corinto 10:11), ay mayroon itong tanging kahalagahan. Ang kasaysayan ay nauulit. Ang mundo ngayon ay mayroong mga Ahab at Jezabel. Ang kasalukuyang panahon ay laganap sa pagsamba sa mga diyus-diyusan tulad din ng panahong kinabuhayan ni Elias. Maaaring walang nakikitang panlabas na groto; maaarmg walang imaheng nakikita ng mata; gayunman ay libu-libo ang sumusunod sa mga diyos ng sanlibutang ito—kayamanan, katanyagan, kalayawan, at mga nakahahalinang kathang isip na umakay sa pusong hindi binyagan upang sundin ang mga sariling layaw. Ang karamihan ay may maling isipan tungkol sa Dios at Kanyang mga katangian, at tunay na naglilingkod sa huwad na diyos tulad ng mga sumasamba kay Baal. Marami sa kanilang nag-aangking Kristiano ang iniayon ang mga sarili sa mga impluwensyang kalaban ng Dios at ng Kanyang katotohanan. Sa ganito ay naaakay sila palayo sa Dios at tumungo sa pagtataas sa tao.

Sa panahon ngayon, ang kawalang katapatan at pagtalikod ang namamayaning diwa—isang diwa ng inaangking kaliwanagan dahilan sa nalalamang katotohanan, datapuwat sa katunayan ay pinakabulag na akala lamang. Ang mga teoriya ng tao ay itinaas sa dakong dapat kalagyan ng Dios at ng Kanyang utos. Tinutukso ni Satanas ang mga lalaki at babaeng sumuway na may pangakong sa pagsuway ay makasusumpong sila ng kalayaan at sila ay matutulad sa mga diyos. Makikita ang diwa ng oposisyon sa malinaw na salita ng Dios, ng mapagsambang pagtataas ng karunungan ng tao higit sa pagpapahayag ng langit. Binayaan ng taong ang kanilang mga isipan ay mapadilim at mapagulo sa pakikiayon sa mga makasan-
[149] libutang kostumbre at impluwensya anupa’t halos mawalan na sila ng lahat ng kapangyarihang makita ang pagkakaiba ng liwanag at

kadiliman, ng kamalian at katotohanan. Napalayo silang gayon mula sa tamang landas na nanghahawakan sila sa mga opinyon ng mga ilang pilosopo, na sinasabing, higit na mapagkakatiwalaan kaysa mga katotohanan ng Biblia. Ang mga pagsamo at pangako ng salita ng Dios, mga babala nito laban sa pagsuway at pagsamba sa mga ibang diyos—ang mga ito ay parang walang lakas na magpalambot ng kanilang mga puso. Ang isang pananampalatayang tulad ng nagpakilos kay Pablo, Pedro, at Juan ay tinuturing na sinauna, mistiko, at hindi dapat bigyang pansin ng makabagong isipan ng tao.

Nang pasimula, ay ibinigay ng Dios ang Kanyang kautusan sa sangkatauhan bilang paraan ng pagtatamong kaligayahan at walang hanggang buhay. Ang tanging pag-asa ni Satanas upang mahadlangan ang adhikain ng Dios ay ang akayin ang mga lalaki at babaeng sumuway sa kautusang ito, at ang patuloy na pagsisikap niya ay bigyan ng maling kahulugan ang mga aral at maliitin ang kahalagahan nito. Ang malakihang kilos niya ay ang pagbabago ng kautusan, upang ang tao 'y maakay sa pagsalangsang sa mga utos samantalang nagsasabing sumusunod naman dito.

Isang manunulat ang naghalintulad ng pagtangkang baguhin ang kautusan ng Dios sa isang mapagbirong pagpihit ng karatulang nagbibigay direksyon sa tao doon sa sugpungan ng dalawang lansangan. Ang kaguluhan at hirap na ibinubunga ng masamang birong ito madalas ay napakalaki.

Ang isang karatula sa daan ay ginawa ng Dios para sa kanilang naglalakbay sa sanlibutang ito. Isang kamay ng karatulang ito ay nagtuturo ng kusang loob na pagsunod sa Manlalalang bilang daan ng kaligayahan at buhay, samantalang ang isang kamay ay nagtuturo sa daang patungo sa kahirapan at kamatayan. Ang landas tungo sa buhay ay malinaw na inilahad tulad ng mga siyudad na kanlungan sa panahon ng mga Judio. Datapuwat sa isang masamang panahon sa ating kasaysayan, ang dakilang kaaway ng lahat ng mabuti ay ipinihit ang palatandaan, ang karamihan ay naligaw ng landas.

Sa pamamagitan ni Moises ay nagtagubilin ang Dios sa Israel: "Katotohanang ipangingilin ninyo ang Aking mga Sabbath: sapagkat isang tanda sa Akin at sa inyo sa buong panahon ng myong mga lahi; upang inyong makilala na Ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo. Inyong ipangingilin ang Sabbath nga; sapagkat yao'y [150]
pangilin sa inyo: bawat lumapastangan ay walang pagsalang pap-

atayin: sapagkat sinumang gumawa ng anumang gawa...sa araw ng Sabbath, ay walang pagsalang papatayin. Kaya't ang mga anak ni Israel ay mangingilin ng Sabbath, na tutuparin ang Sabbath sa buong panahon ng kanilang mga lahi, na pinakapalaging tipan. Ito'y isang tanda sa Akin at sa mga anak ni Israel magpakailanman: sapagkat sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, at sa ikapitong araw, ay nagpahinga at naginhawahan." Exodo 31:13-17.

Sa mga salitang ito ay malinaw na ipinaliwanag ng Panginoon ang pagsunod bilang daan patungo sa Lunsod ng Dios; datapuwat ang lalaki ng kasalanan ay ipinihit ang karatula, at itinuro sa maling daan. Nagtatag siya ng huwad na sabbath at binigyang maling isipan ang mga tao na sa pangingilin nito ay nakakasunod na sila sa utos ng Manlalalang.

Inihayag ng Dios na ang ikapitong araw ang Sabbath ng Panginoon. Nang "nayari ang langit at ang lupa," idnaas Niya ang araw na ito bilang alaala ng Kanyang gawang paglalang. Sa pagpapahinga sa ikapitong araw sa "Kanyang madlang ginawa," "binasbasan ng Dios ang ikapitong araw, at Kanyang ipinangilin." Genesis 2:1-3.

Sa panahon ng Exodo mula sa Egipto, ang institusyon ng Sabbath ay malinaw na iniharap sa bayan ng Dios. Habang sila ay alipin pa, sinikap ng kanilang mga panginoong pilitin silang magtrabaho kung Sabbath sa pamamagitan ng pagdaragdag ng gawaing kailangan bawat linggo. Paulit-ulit na pinahirap ang mga kundisyon ng paggawa at lalong mahigpit. Datapuwat ang mga Israelita ay napalaya sa pagkabihag at dinala sa isang dakong doon ay masusunod nilang walang sagabal ang lahat ng utos ni Jehova. Sa Sinai ay sinalita ang kautusan; at ang isang sipi nito, sa dalawang tapyas na bato, "na sinulatan ng daliri ng Dios" ay ibinigay kay Moises. Exodo 31:18. At sa loob ng halos apatnapung taong paglalagalag ang mga Israelita ay palagiang pinaalalahanan ng itinalagang araw ng kapahingahan ng Dios, sa pagkakait ng mana tuwing ikapitong araw at ang mahimalang pag-iingat ng dobleng sukat na kaloob tuwing ikaanim na araw na siyang paghahanda.

Bago pumasok sa Lupang Pangako, ang mga Israelita ay pinayuhan ni Moises na "ipagdiwang ang araw ng Sabbath, upang ipangilin." Deuteronomio 5:12. Ipinanukala ng Dios na sa pama-
[151] magitan ng tapat na pangingilin ng utos tungkol sa Sabbath, ang Israel ay patuluyang mapaalalahanan ng kanilang kapanagutan sa

Kanya bilang Manlalalang at Manunubos. Habang naiingatan nila ang Sabbath sa wastong diwa, ang pagsamba sa mga diyus-diyusan ay di makakapasolq datapuwat kapag ang pag-aangkin ng itinuturo ng Kautusan ay isasaisantabi na wala nang bisa, ang Manlalalang ay makakalimutan at ang mga tao ay sasamba na sa ibang mga diyos. "Ibinigay Ko rin naman sa kanila ang Aking mga Sabbath," pahayag ng Dios, "upang maging tanda sa Akin at sa kanila, upang kanilang makilala na Ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila." Pero "kanilang itinakwil ang Aking mga kahatulan, at hindi nagsilakad ng ayon sa Aking mga palatuntunan, at nilapastangan ang Aking mga Sabbath: sapagkat ang kanilang puso ay nagsisunod sa kanilang mga diyusdiyusan." At sa Kanyang pagsusumamong bumalik sa Kanya, muli Niyang tinawag ang kanilang pansin sa kahalagahan ng pag-iingat sa Sabbath na banal. "Ako ang Panginoon ninyong Dios; magsilakad kayo ng ayon sa Aking mga palatuntunan, at ingatan ninyo ang [152]
Aking mga kahatulan, at inyong isagawa; at inyong ipangilin ang Aking mga Sabbath; at mga magiging tanda sa Akin at sa inyo, upang myong maalaman na Ako ang Panginoon ninyong Dios." Ezekiel 20:12, 16, 19, 20.

Sa pagtawag sa Juda sa mga kasalanan nitong sa wakas ay naghatid sa kanila ng pagkabihag sa Babilonia, inihayag ng Panginoon: "Iyong ...nilapastanganan ang Aking mga Sabbath." "Kaya't Along ibmuhos ang Aking galit sa kanila; Aking sinupok sila ng apoy ng Along poot: ang kanilang sariling lakad ay Aking pinarating sa kanilang mga ulo, sabi ng Pangmoong Dios." Ezekiel 22:8, 31.

Sa muling pagtatayo ng Jerusalem sa panahon ni Nehemias, ang paglabag sa Sabbath ay hinarap ng matigas na tanong, "Hindi ba nagsigawa ng ganito ang inyong mga magulang, at hindi ba dinala ng adng Dios ang buong kasamaang ito sa atm, at sa bayang ito? gayon ma'y nangagdala pa kayo ng higit na pag-mit sa Israel, sa paglapastangan ng Sabbath." Nehemias 13:18.

Si Kristo, sa unang bahagi ng Kanyang paglilingkod sa sanlibutan, ay nagdiin sa madbay na pag-aangkin ng Sabbath; sa lahat [153]
ng Kanyang aral ay ipinakita Niya ang paggalang sa institusyong ito na Siya na rin ang nagbigay. Sa panahon Niya ang Sabbath ay totoong napasama anupa't ang pangingilin nito ay naglarawan ng pagkamakasanli at mga taong sumusunod sa mga sariling kuro-kuro

sa halip ng likas ng Dios. Binali wala ni Kristo ang mga maling aral na itinuro ng mga lalaking ito na nagsasabing kilala naman ang Dios. Bagaman laging sinusundan ng walang habag na galit ng mga guro, Siya ay hindi nagpakita kahit ng pakikiayon man lamang sa kanilang mga kahilingan, kundi tuwid at lantad na iningatan ang Sabbath ayon sa utos ng Dios.

Sa pangungusap na hindi mapagkakamalan Siya ay nagpatotoo ng Kanyang pagpapahalaga sa utos ni Jehova, "Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang sirain ang kautusan, o ang mga propeta," wika Niya; "Ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagkat katotohanang sinasabi Ko sa myo, hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit sa anumang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay. Kaya't ang sinumang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliit-liitan sa kaharian ng langit: datapuwat ang sinumang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit." Mateo 5:1719.

Sa panahon ng Kristianismo, ang dakilang kaaway ng kaligayahan ng tao ay ginawang ang Sabbath na ikaapat na utos na obheto ng tanging pagsalakay. Sinabi ni Satanas, "Ako ay gagawang laban sa mga adhikain ng Dios. Bibigyan ko ng kapangyarihan ang aking mga galamay na isaisantabi ang alaala ng Dios, ang ikapitong araw na Sabbath. Sa ganito ay ipapakita ko sa mundo na ang araw na binanal at pinagpala ng Dios ay nabago na. Ang araw na iyon ay di mananatili sa mga isipan ng tao. Buburahin ko ang alaala nito. Sa halip niyon ay ilalagay ko ang isang araw na walang kredensyal ng Dios, isang araw na hindi maaaring maging tanda sa pagitan ng Dios at Kanyang bayan. Aakayin ko ang mga tatanggap ng araw na ito na idagdag dito ang kabanalang inilagay ng Dios sa ikapitong araw.

"Sa pamamagitan ng kahalili ko, itataas ko ang aking sarili. Ang unang araw ay pahahalagahan, at ang sanlibutang Protestante ay
[154] tatanggapin ang huwad na sabbath bilang siyang tunay. Sa pamamagitan ng di pangingilin ng Sabbath na idnatag ng Dios, dadalhin ko ang Kanyang kautusan sa paglibak. Ang mga salitang, 'Isang tanda sa Akin at sa inyo sa buong panahon ng mga lahi,' ay gagawin kong kagaapay ng aking sabbath.

"Sa ganito ay mapapasaakin ang sanlibutan. Ako ang maghahari sa lupa, ang prinsipe ng sanlibutan. Gayon ko kokontrolin ang mga

isipang nasa ilalim ng aking kapangyarihan anupa't ang Sabbath ng Dios ay magiging obheto ng pag-aglahi. Isang tanda? Gagawin kong ang pangingilin ng ikapitong araw bilang tanda ng kawalang pagtatapat sa mga otoridad sa lupa. Mga batas ng tao ay gagawin kong napakabigat upang walang mga lalaki at mga babae mang maglakas ng loob na ingatan ang ikapitong araw na Sabbath. Sa takot na magkulang sa pagkain o pananamit, sila ay sasanib sa sanlibutan sa paglabag sa utos ng Dios. Ang lupa ay lubusang mapapasailalim ng aking kapamahalaan."

Sa pamamagitan ng pagtatag ng huwad na sabbath, inisip ng kaaway na baguhin ang mga utos at mga panahon. Datapuwat nagtagumpay nga kaya siya sa pagbabago ng utos ng Dios? Ang mga salita sa Exodo 31 ang siyang kasagutan. Siya na hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman, ay naghayag ng tungkol sa ikapitong araw na Sabbath: "Isang tanda sa Akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga lahi." "Ito'y isang tanda...magpakailanman." Exodo 31:13, 17. Ang karatula ay tumuturo sa ibang daan, datapuwat ang Dios ay di nagbabago. Siya pa rin ang makapangyarihang Dios ng Israel. "Narito ang mga bansa ay parang isang patak ng tubig sa dmba, inaari na parang munting alabok sa dmbangan: narito, Kanyang idnataas ang mga pulo na parang napakaliit na bagay. At ang Libano ay hindi sukat upang sunugin, ni ang mga hayop niyaon ay sukat na pinakahandog na susunugin. Lahat ng mga bansa ay parang walang anuman sa harap Niya; nangabilang sa Kanya na kulang kaysa wala, at walang kabuluhan." Isaias 40:15-17. At Siya ay masigasig ngayon na ipagtanggol ang Kanyang utos katulad ng mga panahon ni Ahab at Elias.

Ngunit gaano nga na ang kautusan ay niwalang bahala! Pagmasdan ang sanlibutan ngayon na lantad na naghihimagsik sa Dios. Sa katotohanan ang lahi ngayon ay masama, puno ng kawalang utang na loob, may pormalismo, walang katapatan, mapagmataas, at pagtalikod. Ang mga tao ay kinalimutan ang Biblia at namumuhi sa [155]
katotohanan. Nakikita ni Jesus na ang Kanyang kautusan ay tinanggihan, ang pag-ibig Niya ay itinakwil, mga sugo Niya ay di pinansin. Nagsalita Siyang may kahabagan, ngunit hindi pinagpahalagahan; nangusap Siya ng mga babala, datapuwat hindi pinakinggan. Ang kaluluwang templo ay naging dako ng walang kabanalang gawain.

Kasakiman, inggit, pagmamataas, masamang nasa—lahat na ito ay minahal.

Marami ang walang pag-aatubiling umiismid sa salita ng Dios. Silang naniniwala sa tiyak na salita ay nagtatawanan. May lumalagong pagmamalaki laban sa batas at kaayusan, na tuwirang bunga ng paglabag sa maliwanag na mga utos ni Jehova. Karahasan at krimen ay bunga ng pagtalikod sa daan ng pagsunod. Pagmasdan ang kautusan at kahirapan ng karamihang sumasamba sa mga groto ng mga diyusdiyusan at naghahangad na walang katuturan sa kaligayahan at kapayapaan.

Pagmasdan ang halos pambuong sanlibutang pagwawalang bahala sa utos ukol sa Sabbath. Tingnan din ang malalakas na loob nilang walang kabanalan na nagbubuo ng mga batas upang isanggalang ang iniisip na kabanalan ng unang araw ng sanlinggo, at kasabay naman nito ay gumagawa ng batas upang pahintulutan ang pagbibili ng alak. Nag-aanyong higit na pantas sa nasusulat, sinisikap nilang ipilit sa konsyensya ng tao, samantalang nagpapahintulot na saktan at wasakin ang mga nilalang ng Dios sa Kanyang wangis. Si Satanas na rin ang nagpapasigla sa ganitong mga batas. Alam niya na ang sumpa ng Dios ay lalapag sa kanilang nagtataas ng mga batas ng tao higit sa batas ng Dios, at ginagawa niya ang lahat sa kanyang kapangyarihan upang akayin ang mga tao sa maluwang na lansangang ang dulo ay kapahamakan.

Matagal na ang tao ay sumasamba sa mga kuro-kuro ng tao at mga institusyon ng tao anupa't halos ang buong mundo ay sumusunod at naglilingkod sa mga idolo. At siyang nagsikap magbago ng utos ng Dios ay gumagawa ng lahat ng pandaraya upang hikayatin ang mga lalaki at babaeng humanay laban sa Dios at sa tanda na dito ay nakikilala ang mga matuwid. Datapuwat hindi pababayaan ng Dios na ang Kanyang utos ay patulupng wasakin at aglahiing walang patumangga. May panab ng darating na "ang mga ringing mapagmataas ng tao ay mabababa, at ang mga pagmamataas ng mga tao ay mahuhutok, at ang Panginoon mag-isa ay mabubunyi
[156] sa kaarawang yaon." Isaias 2:11. Ang mga walang paniniwala ay maaaring tawanan, biruin, at tanggihan ang mga pag-aangkin ng salita ng Dios. Ang diwa ng kamunduhan ay maaaring manghawa sa marami at kontrolin ang ilan, ang gawain ng Dios ay maaaring tumayong matatag sa pamamagitan lamang ng malaking paghihirap

at patuluyang sakripisyo, gayunman sa wakas ang katotohanan ay magtatagumpay na maluwalhati.

Sa pagtatapos ng gawain ng Dios sa lupa, ang pamantayan ng Kanyang kautusan ay muling matataas. Ang huwad na relihiyon ay maaaring mangibabaw, kasamaan ay lumaganap, ang pag-ibig ng marami ay maaaring manlamig, ang krus ng Kalbaryo ay maaaring manlabo sa paningin, at ang kadiliman, tulad ng lambong ng kamatayan, ay maaaring lumaganap sa buong mundo; ang buong puwersa ng kilalang tema ay maaaring lumaban sa katotohanan; pakana sa pakana ay maaaring mabuo upang ibagsak ang bayan ng Dios; datapuwat sa oras ng pinakamalaking panganib ang Dios ni Elias ay magbabangon ng mga taong magpapalaganap ng mensahe na hindi mapatatahimik. Sa mga siyudad na dagsa ang mga tao, at sa mga dakong ang mga lalaki ay humayo upang lubusang magsalita laban sa Kataastaasan, ang tinig ng matigas na batikos ay maririnig. Matapang na ang mga lalaking itinalaga ng Dios ay tutuligsain ang pagsasanib ng iglesia sa sanlibutan. Taimdm na mananawagan sila sa mga lalaki at babae na bumalikwas mula sa pangingilin ng araw na idnatag ng tao tungo sa pangingilin ng tunay na Sabbath. "Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya;" ibabantala nila sa bawat bansa; "sapagkat dumating ang panahon ng Kanyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa, at ng dagat, ng mga bukal ng tubig.... Kung ang sinuman ay sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng Kanyang kagalitan." Apocalipsis 14:7-10.

Hindi sisirain ng Dios ang Kanyang tipan, ni babaguhin man ang salitang lumabas sa Kanyang bibig. Ang mga salita Niya ay magpawalang hanggan tulad ng Kanyang di nagbabagong trono. Sa paghuhukom, ang Kanyang tipan ay ilalabas, malinaw na isinulat ng daliri ng Dios, at ang lupa ay kakasuhan sa harapan ng hukuman ng Walang Hanggang Katarungan upang tumanggap ng sentensya. [157]

Ngayon, tulad din sa mga kaarawan ni Elias, ang linya ng pagkakabahagi ng bayan ng Dios na tumutupad sa mga utos at sa mga mananamba sa huwad na diyos ay malinaw na makikita. "Hanggang kailan kayo mangag-aalinlangan sa dalawang isipan?" wika ni Elias; "kung ang Panginoon ay Dios, sumunod kayo sa

Kanya: ngunit kung si Baal, sumunod nga kayo sa kanya." 1 Hari 18:21. At ang pabalita ngayon ay: "Naguho, naguho ang daldlang Babilonia.... Mangagsilabas kayo sa kanya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kanyang mga salot. Sapagkat ang kanyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit at naalaala ng Dios ang kanyang mga katampalasanan." Apocalipsis 18:2, 4, 5.

Hindi na malayo pa ang oras na ang subukan ay darating sa bawat kaluluwa. Ang pangingilin ng huwad na sabbath ay ipipilit sa adn. Ang labanan ay sa pagitan ng tumutupad sa mga utos ng Dios at doon sa sumusunod sa mga utos ng tao. Silang sa bawat hakbang ay nagpadala sa makasanlibutang bagay at nakiayon sa mga gawa ng mundo ay pasasakop sa mga makapangyarihan, upang hindi masama sa pagtuya, libak, bantang pagkabilanggo, at kamatayan. Sa panahong iyon, ang ginto ay ihihiwalay sa tanso. Ang tunay na kabanalan ay mailwanag na mabubukod sa kinang at tanso. Maraming mga bituin na hinangaan sa kanilang kinang ay magdidilim. Silang nag-angkin ng mga kagayakan ng santuwaryo, gayunman ay hindi naramtan ng katuwiran ni Kristo, ay malalantad sa kahihiyan ng kanilang kahubaran.

Kabilang sa mga nananahan sa lupa, na nasa maraming dako, mayroong hindi lumuhod kay Baal. Tulad ng mga bituin sa langit na nakikita lamang kung gabi, ang mga tapat na ito ay kikinang kapag ang kadiliman ay tumakip sa lupa at ganap na kadiliman sa mga tao. Sa Africa na walang diyos, sa mga lupaing Katoliko ng Europa at Timog America, sa Tsina, sa India, sa mga pulo ng dagat, at sa lahat ng madidilim na sulok ng lupa, ang Dios ay may reserbang hirang na magliliwanag sa gitna ng kadiliman, na maliwanag na maghahayag sa tumalikod na sanlibutan ng nagpapabagong kapangyarihan ng pagsunod sa Kanyang kautusan. Ngayon pa ay nakikita na ang mga ito na lumilitaw sa bawat bansa, sa gitna ng mga wika at bayan; at sa oras ng pinakamalalim na pagtalikod, na ang lubos na pagsisikap ni Satanas ay naging dahilan na "ang lahat, maliliit
[158] at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin," ay makatatanggap, sa kaparusahang kamatayan, ng tanda ng katapatan sa maling araw ng kapahingahan, itong mga tapat, "walang sala at malay, mga anak ng Dios, na walang dungis," ay "liliwanag tulad sa mga ilaw sa sanlibutan." Apocalipsis 13:16;

Filipos 2:15. Kung lalong madilim ang gabi, lalong makinang ang kanilang pagliliwanag.

Ano ngang kakaibang gawain ang nagawa ni Elias sa pagbilang sa Israel sa panahong ang hatol ng Dios ay bumabagsak sa tumatalikod na bayang ito! Iisa lamang ang nabilang sa panig ng Dios. Nguni't nang kanyang sabihin "ako, lamang, ang naiwan; at kanilang pinaguusig ang buhay ko," ang salita ng Panginoon ay gumulat sa kanya, "Gayon ma'y iiwan Ko'y pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal." 1 Hari 19:14, 18.

Walang sinumang maghangad na bilangin ang Israel ngayon, kundi ang bawat isa ay magtaglay ng pusong laman, isang pusong mahabagin, isang pusong, tulad ng puso ni Kristo, na umaabot para sa kaligtasan ng sanlibutang napahamak. [159]

## Kabanata 15—Si Josaphat

Hanggang siya ay tawagin sa trono sa gulang na tatlumpu't-limang taon, si Josaphat ay nalantad sa magandang halimbawa ng mabuting haring si Asa, na sa lahat halos ng mga krisis ay ginawa niya, "ang matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon." 1 Hari 15:11. Sa loob ng masaganang dalawampu't-limang taon ng paghahari, sinikap ni Josaphat na lumakad "ng buong lakad ni Asa na kanyang ama; hindi siya lumiko."

Sa kanyang pagsisikap na magharing may katalinuhan, inanyayahan ni Josaphat ang kanyang nasasakupan na tumayong matatag laban sa mga pagsamba sa mga diyus-diyusan. Marami sa mga nasasakupan niya ay "naghahain at nagsusunog ng kamangyan sa mga mataas na dako." 1 Hari 22:43. Hindi agad-agad na sinira ng hari ang mga grotong ito; datapuwat mula sa pasimula ay sinikap niyang isanggalang ang Juda sa mga kasalanang nakita sa kaharian sa hilaga sa ilalim ni Ahab, na kanyang kasabay sa loob ng maraming taon. Si Josaphat ay tapat sa Dios. Kanyang "hindi hinahanap ang mga Baal; kundi hinanap ang Dios ng kanyang ama, at lumakad sa Kanpng mga utos, at hindi ayon sa mga gawa ng Israel." Dahilan sa kanyang integridad, sumakanp ang Dios, "at itinatag ng Panginoon ang kaharian sa kanyang kamay." 2 Cronica 17:3-5.

"Ang buong Juda ay nagdala kay Josaphat ng mga kaloob; at siya'y nagkaroon ng mga kapmanan at dangal na sagana. At ang kanyang puso ay nataas sa mga daan ng Panginoon." Sa pagdaan ng panahon at nagawa ang pagbabago, ang hari ay "inalis niya ang matatas na dako at ang mga Asera sa Juda." Talatang 5, 6. "At ang nangalabi sa mga Sodomita, na nangalabi sa mga kaarawan ng kanyang ama na si Asa, ay pinaalis niya sa lupain." 1 Hari 22:46. Sa ganito ay untiunting napalaya ang Juda mula sa maraming panganib na nagbabantang makapagpahinang mainam sa kanilang espirituwal na paglago.

Sa buong kaharian ang bayan ay nangangailangan ng turo
[160] tungkol sa utos ng Dios. Sa pagkaunawa ng mga batas na ito

nakasalalay ang kanilang kaligtasan; sa pagsang-ayon ng kanilang mga buhay sa mga kahilingan nito ay magiging tapat sila sa Dios at sa kapwa tao. Sa pagkaalam nito, si Josaphat ay kumuha ng mga hakbang upang matiyak na ang bayan ay maturuan tungkol sa Banal na Kasulatan. Ang mga prinsipeng nangangasiwa sa mga bahagi ng kaharian ay inatasang magsaayos ng tapat na paglilingkod ng mga tagapagturong saserdote. Sa utos ng hari ang mga tagapagturong ito, sa ilalim ng tuwirang pangangasiwa ng mga prinsipe, "ay nagsiyaon sa palibot ng lahat na bayan ng Juda, at nangagturo sa gitna ng bayan." 2 Cronica 17:7-9. At sa dami ng nagsikap na maunawaan ang mga kahilingan ng Dios at iwaksi ang kasalanan, ang isang pagpapasigla ay naisagawa.

Sa matalinong probisyong ito sa pangangailangang espirituwal ng kanyang mga nasasakupan ay utang ni Josaphat ang kanyang kasaganaan bilang pinuno. Sa pagsunod sa kautusan ng Dios ay may malaking pakinabang. Sa pakikiayon sa mga banal na kahilingan ay may kapangyarihang makapagpabago na maghahatid ng kapayapaan at mabuting nasa sa mga tao. Kapag ang mga turo ng salita ng Dios ay ginawang impluwensyang kokontrol sa buhay ng bawat lalaki at babae, kung ang isipan at puso ay madadala sa ilalim ng kapangyarihan nito, ang mga kasamaang nakikita ngayon sa bansa at buhay-sosyal ay hindi mabibigyang puwang. Mula sa bawat tahanan ay lalabas ang implu-wensyang magpapalakas sa pananaw ng espirituwal at moral ng bawat lalaki at babae, at sa ganito ang mga bansa at bawat tao ay malalagay sa mataas na dako.

Sa loob ng maraming taon ay tumahan si Josaphat sa kapayapaan, hindi nagambala ng mga nakapalibot na bansa. "Ang takot sa Panginoon ay nahulog sa lahat ng mga lupain na nangasa palibot ng Juda." Talatang 10. Mula sa mga Filisteo ay nakatanggap siya ng mga pilak at mga kaloob; mula sa Arabia, malalaking kawan ng tupa at kambing. "Si Josaphat ay dumakilang mainam; at siya'y nagtayo sa Juda ng mga kastilyo, at mga bayang kamaligan.... Lalaking mangdidigma, na mga makapangyarihang lalaking matatapang,... nangaglingkod sa hari, bukod doon sa inilagay ng hari sa mga bayang nakukutaan sa buong Juda." Talatang 12-19. Pinagpalang masagana sa "kayamanan at dangal," nagkaroon siya ng malakas na impluwensya sa katotohanan at katuwiran." 2 Cronica 18:1.

Ilang taon matapos maupo sa trono, si Josaphat, sa tugatog
[161] ng kasaganaan, ay pumayag na ang anak niyang si Jehoram, ay
[162] mapakasal kay Atalia, na anak ni Ahab at Jezabel. Ang pagsasanib
na ito ng Juda at Israel ay hindi utos ng Dios at sa panahon ng krisis
[163] ay naghatid ng pinsala sa hari at sa kanyang nasasakupan.

Sa isang pagkakataon ay dinalaw ni Josaphat ang hari ng Israel sa Samaria. Tanging parangal ay ipinagkaloob sa hari mula sa Jerusalem, at bago nagwakas ang pagdalaw na iyon siya ay inamuking makipagalyansa upang labanan ang Syria. Inisip ni Ahab na sa pakikipagalyansa sa Juda ay mababawi niya ang Ramoth, isa sa mga matandang siyudad na kanlungan, na sa kanyang isipan ay pag-aari ng Israel.

Bagaman si Josaphat sa sandali ng kahinaan ay pabiglang nangako sa hari ng Israel na makipagkaisa upang tumulong laban sa Syria, ang kanyang lalong matinong pag-iisip ay umakay sa kanya upang hanapin ang kalooban ng Dios ukol dito. "Mag-usisa ka ngayon, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng Panginoon," kanyang imingkahi kay Ahab. Sa pagtugon, pinisan ni Ahab ang mga apat na raang huwad na propeta ng Samaria, at nagtanong, "Magsisiparoon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako?" At sinabi nila, "Umahon ka; sapagkat ibibigay ng Dios sa kamay ng hari." Talatang 4, 5.

Hindi pa nasisiyahan, si Josaphat ay nagsikap na madyak ang kalooban ng Dios at nagtanong, "Wala ba ritong ibang propeta ng Panginoon, upang tayo'y makapag-usisa sa kanya?" Talatang 6. "May isa pang lalaki, si Micheas na anak ni Imla, na maaari nadng tanungin sa Panginoon," sumagot si Ahab; "ngunit kinapopootan ko siya; sapagkat hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi kasamaan." 1 Hari 22:8. Matatag si Josaphat sa kahilingan na ang lalaki ng Dios ay matawag; at sa pagharap nito ay sinabihan ni Ahab "huwag magsalita ng anuman sa akin, kundi ng katotohanan sa pangalan ng Panginoon," sabi ni Micheas: "Aking nakita ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok, na gaya ng mga tupa na walang paston at sinabi ng Panginoon, Ang mga ito ay walang panginoon: umuwi ang bawat lalaki sa kanyang bahay na payapa." Talatang 16, 17.

Ang mga salitang ito ng propeta ay sapat na sana upang maunawaan ng dalawang hari na hindi sinasang-ayunan ng Langit ang

kanilang proyekto, datapuwat hindi nila dininig ang babala. Naihanay na ni Ahab ang kanyang panukala, at determinado siyang isagawa ito. Si Josaphat naman ay nakapagbigay ng kanyang salitang marangal, "Kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma;" at nang makapangako'y nag-atubiling pabalikin pa ang kanyang puwersa. 2 Cronica 18:3. "Sa gayo'y ang hari sa Israel, at si Josaphat na hari sa Juda ay nagsiahon sa Ramothgalaad." 1 Hari 22:29. [164]

Sa pakikipagbaka, si Ahab ay tinamaan ng palaso, at sa paglubog ng araw ay namatay. "At nagkaroon ng hiyawan sa buong hukbo sa may paglubog ng araw, na nagsasabi," "Bawat lalaki ay sa kanyang bayan, at bawat lalaki ay sa kanyang lupain." Talatang 36. Sa gayon ay natupad ang salita ng propeta.

Mula sa mapaminsalang digmaang ito si Josaphat ay nagbalik sa Jerusalem. Sa paglapit niya sa siyudad ay nilapitan siya ng propetang Jehu taglay ang batikos: "Tutulungan mo ba ang mga masama, at mamahalin yaong mga napopoot sa Panginoon? dahil sa bagay na ito ay kapootan ang sasaiyo na mula sa harap ng Panginoon. Gano'n man ay may mabuting mga bagay na nasumpungan sa iyo, sa iyong pag-aalis ng mga Asera sa lupain, at inilagak mo ang iyong puso upang hanapin ang Dios." 2 Cronica 19:2, 3.

Ang mga huling taon ni Josaphat ay ginugol sa pagpapalakas sa bansa at sa esprituwal na kalagayan ng Juda. Siya'y "lumabas muli sa gitna ng bayan na mula sa Beer-seba hanggang sa lupaing maburol ng Ephraim, at ibinalik niya sila sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang." Talatang 4.

Isa sa mahalagang hakbang ng hari ay ang pagtatatag at pananatili ng sistema ng mga korte ng hustisya. At siya'y "naglagay ng mga hukom sa lupain sa lahat na bayang nakukutaan ng Juda, sa bayan at bayan;" at sinabi sa mga hukom: "Buhayin ninyo kung ano ang inyong ginagawa: sapagkat hindi kayo nagsisihatol ng dahil sa tao, kundi dahil sa Panginoon, at siya'y sumasainyo sa kahatulan. Ngayon nga'y sumainyo nawa ang takot sa Panginoon; magsipag-ingat kayo at inyong gawin: sapagkat walang kasamaan sa Panginoon nating Dios, o tumanggi man sa mga tao, o tumanggap man ng mga suhol." Talatang 5-7.

Ang sistema ng hustisya ay pinasakdal pa ng isang korte ng apila sa Jerusalem, na doon ay "naglagay si Josaphat sa Jerusalem ng ilan sa mga Levita, at sa mga saserdote, at sa mga pangulo sa

mga sambahayan ng mga magulang ng Israel, dahil sa kahatulan ng
[165] Panginoon, at sa mga pagkakaalitan." Talatang 8.

Pinayuhan ng hari ang mga hukom na ito na maging tapat. Wika niya, "Ganito ang inyong gagawin, sa takot sa Panginoon, na may pagtatapat, at may sakdal na puso." "At anumang kaalitan ang dumating sa inyo na mula sa dugo't dugo, kautusan at utos, mga palatuntunan at mga kahatulan, ay inyong papayuhan sila, upang sila'y huwag maging salarin sa Panginoon, at sa gayo'y kapootan ay huwag dumating sa inyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y hindi magiging salarin.

"At, narito, si Amarias na punong saserdote ay nasa inyo sa lahat ng bagay ng Panginoon; at si Zebadias na anak ni Ismael, na tagapamahala sa sambahayan ni Juda, sa lahat ng mga bagay ng hari: ang mga Levita rin naman ay magiging mga pinuno sa harap ninyo.

"Gawin ninyong may katapangan at ang Panginoon ay sumasambabud nawa." Talatang 9-11.

Sa kanyang maingat na pagbabantay sa mga karapatan ng kanyang mga nasasakupan, si Josaphat ay nagdiin ng isipang ang bawat kaanib ng sambahayan ng tao ay tumatanggap mula sa Dios ng katarungan, na mangungulo sa lahat. "Ang Dios ay tumatayo sa kapisanan ng Dios; Siya'y humahatol sa gitna ng mga diyos." At yaong piniling mga hukom sa pamumuno Niya, ay dapat "hatulan ang dukha at ulila;" "sagipin ang dukha at mapagkailangan," at "iligtas sila sa kamay ng masasama." Awit 82:1, 3, 4.

Sa pagtatapos ng paghahari ni Josaphat ang kaharian ng Juda ay nilusob ng isang hukbong nagbigay takot sa bayan. "Ang mga anak ni Moab, at ang mga anak ni Ammon, at pati ng iba sa mga Ammonita, ay naparoon laban kay Josaphat upang makipagbaka." Nang magkagayo'y nagsiparoon ang iba na nagsipagsaysay kay Josaphat, na nagsasabi, "May lumalabas na isang lubhang karamihan laban sa iyo na mula sa dako roon ng dagat na mula sa Syria; at, narito, sila'y nangasa Hasason-tamar, na siyang Engedi." 2 Cronica 20:1, 2.

Si Josaphat ay lalaking matapang at magiting. Sa maraming taon ay pinalalakas niya sa siyudad at mga tanggulan nito. Handa siya upang harapin ang halos kahit na sinong kaaway; ngunit sa tanawing ito ay hindi siya nagtiwala sa lakas ng bisig ng tao. Wala sa hukbong disiplinado o sa tibay ng tanggulan ng siyudad, kundi sa buhay

na pananampalataya sa Dios ng Israel, na matatamo ang tagumpay sa mga paganong ito na nagmamayabang sa kapangyarihang pababagsakin ang Juda sa harap ng mga bansa. [166]

"At si Josaphat ay natakot, at tumalagang hanapin ang Panginoon, at siya'y nagtanyag ng ayuno sa buong Juda. At ang Juda'y nagpipisan, upang huminging tulong sa Panginoon: sa makatuwid baga'y mula sa lahat na bayan ng Juda ay nagsiparoon upang hanapin ang Panginoon."

Nakatayo sa korte ng templo sa harap ng bayan, si Josaphat ay maningas na dumalangin, nagsumamo sa mga pangako ng Dios, at ikinumpisal ang kawalang lakas ng Israel. At kanyang sinabi, "Oh Panginoon, na Dios ng aming mga magulang," kanyang isinamo, "di ba Ikaw ay Dios sa langit? at di ba Ikaw ay puno sa lahat na kaharian ng mga bansa? at nasa Iyong kamay ang kapangyarihan at lakas, na anupa't walang makakaharap sa Iyo. Di Mo ba pinalayas, Oh aming Dios, ang mga nananahan sa lupaing ito sa harap ng Iyong bayang Israel, at Iyong ibinigay sa binhi ni Abraham na Iyong kaibigan magpakailanman? At nagsitahan sila roon at ipinagtayo Ka ng santuwaryo roon na ukol sa Iyong pangalan, na sinasabi, Kung ang kasamaan ay dumadng sa amin, ang tabak ng kahatulan, o salot, o kagutom, kami ay magsisitayo sa harap ng bahay na ito, at sa harap Mo, (sapagkat ang Iyong pangalan ay nasa bahay na ito,) at kami ay dadaing sa Iyo sa aming pagdadalamhati, at kami ay Iyong didinggin at ililigtas.

"At ngayon, narito, ang mga anak ni Ammon at ni Moab at ng sa Bundok ng Seir, na hindi Mo ipinalusob sa Israel, nang sila'y magsilabas sa lupain ng Egipto, kundi kanilang nilikuan sila, at hindi sila nilipol; tingnan Mo, kung paanong sila'y gumaganti sa amin na nagsisiparito upang palayasin kami sa Iyong pag-aari, na Iyong ibinigay sa amin upang manahin. Oh aming Dios, hindi Mo ba hahatulan sila? sapagkat wala kaming kaya laban sa malaking pulutong na ito na naparirito laban sa amin; ni hindi man nalalaman namin kung anong marapat gawin: ngunit ang aming mga mata ay nasa Iyo." Talatang 3-12.

Palagay-loob na masasabi ni Josaphat sa Panginoon, "Ang aming mga mata ay nasa Iyo." Sa maraming taon ay tinuruan niya ang bayang manalig sa Isa sa nagdaang mga panahon ay malimit na nagliligtas sa Kanyang mga pinili mula sa pagkawasak; at ngayon,

nang ang kaharia'y nasa panganib, si Josaphat ay di nag-iisa; "ang buong Juda ay tumayo sa harap ng Panginoon, pati ang kanilang mga
[167] bata, ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak." Talatang 13. May pagkakaisang nag-ayuno sila at nanalangin; nagkakaisang hiniling sa Panginoon na guluhin ang mga kaaway, upang ang pangalan ni Jehova ay maluwalhati.

"Oh Dios, huwag Kang tumahimik:
Huwag Kang mapayapa, at tumiwasay, Oh Dios.
Sapagkat, narito, ang mga kaaway Mo'y nanggugulo:
At silang nangagtatanim sa Iyo ay nangagtaas ng ulo.
Sila'y nagsisitanggap ng payong may katusuhan laban
sa Iyong bayan,
At nangagsanggunian laban sa Iyong nangakakubli.
Kanilang sinabi, Kayo'y panto, at atin silang
ihiwalay sa pagkakabansa;
Upang ang pangalan ng Israel ay huwag nang maalaala pa.
Sapagkat sila'y nangagsangguniang magkakasama na
may isang pagkakaayon:
Laban sa Iyo ay nangagtitipanan:
Ang mga tolda ng Edom, at ng mga Ismaelita;
Ang Moab at ang mga Agareno;
Ang Gebal, at ang Ammon, at ang Amalec....
Gumawa Ka sa kanila ng gaya sa Madianita;
Gaya by Sisara, gaya kay jabin, sa ilog ng Cison:...
Mangapahiya sila, at manganglupaypay magpakailanman;
Oo, mangahiya sila, at mangalipol:
Upang kanilang maalaman na Ikaw lamang,na
ang pangalan ay Jehova,
Ay Kataastaasan sa buong lupa."

Awit 83.

Sa pakikisama ng buong bayan sa haring magpakumbaba sa Dios, at paghingi sa Kanya ng tulong, ang Espiritu ng Panginoon ay suma kay Jahaziel, "isang Levitang anak ni Asaph," at nagwika siya:

"Dinggin ninyo, buong Juda, at ninyong mga taga Jerusalem, at ikaw na Haring Josaphat, Ganito ang sabi ng Panginoon sa inyo,

Huwag kayong mangatakot o manglupaypay man dahil sa malaking karamihang ito; sapagkat ang pakikipagbaka ay hindi inyo, kundi sa Dios. Bukas ay magsilusong kayo laban sa kanila: narito, sila'y nagsiahon sa ahunan ng Sis; at inyong masusumpungan sila sa dulo ng libis, sa harap ng ilang ng Jeruel. Kayo'y hindi magkakailangan na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huwag kayong mangatakot, o [168]
manganglupaypay man; bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila: sapagkat ang Panginoon ay sumasa inyo."

"Itinungo ni Josaphat ang kanyang ulo sa lupa: at ang buong Juda at ang mga taga Jerusalem ay nangagpatirapa sa harap ng Panginoon, na nagsisamba sa Panginoon. At ang mga Levita, sa mga anak ng mga Coathita, at sa mga anak ng mga Coraita, ay nagsitayo upang punhin ang Panginoon, ang Dios ng Israel ng totoong malakas na tinig."

Sila'y nagsibangong maaga sa kinaumagahan, at nagsilabas sa ilang ng Tecoa. At habang sila'y nagsisilabas, si Josaphat ay tumayo, at nagsabi, "Dinggin ninyo ako, Oh Juda, at ninyong mga taga Jerusalem; sumampalataya kayo sa Panginoon ninyong Dios, sa gayo'y matatatag kayo; sumampalataya kayo sa Kanyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo." "At nang siya'y makakuhang payo sa bayan, kanyang inihalal sa kanila ang magsisiawit sa Panginoon at magsisipuri sa ganda ng kabanalan." 2 Cronica 20:14-21. Ang mga mang-aawit na ito ay nauuna sa hukbo, nagtataas ng kanilang mga tinig sa pagpupuri sa Dios sa pangakong tagumpay.

Isang kakaibang paraan ng pagharap sa digmaang ito—nagpupuri sa Dios sa awitan, at pinararangalan ang Dios ng Israel. Ito ang kanilang awit ng paldkidigma. Taglay nila ang kagandahan ng kabanalan. Kung higit na pagpupuri sa Dios ay naisasagawa ngayon, higit sanang pag-asa at tapang at pananampalataya ang makikita. At hindi baga ito magpapalakas ng mga kamay ng mga sundalong ngayon ay matapang na tumatayo sa pagsasanggalang ng katotohanan?

"Ang Panginoon ay naglagay ng mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ni Moab, at ng sa bundok ng Seir, na nagsiparoon laban sa Juda; at sila'y nangasugatan. Sapagkat ang mga anak ni Ammon at ni Moab ay nagsitayo laban sa mga taga bundok ng Seir, upang

lubos na magsipatay at lipulin sila: at nang sila'y makatapos sa mga taga bundok ng Seir, bawat isa'y tumulong na lumipol sa iba.

"At nang ang Juda ay dumatmg sa bantayang moog sa ilang, sila'y nagsitingin sa karamihan, at, narito, mga bangkay na nangakabuwal sa lupa, at walang nakatanan." Talatang 22-24.

Ang Dios ang kalakasan ng Juda sa krisis na ito, at Siya rin ang kalakasan ng Kanyang bayan ngayon. Hindi tayo dapat magtiwala sa mga prinsipe, o magtaas ng mga tao sa lugar ng Dios. Dapat tandaang ang mga tao ay mahina at nagkakamali, at Siya na taglay
[169] ang lahat ng kapangyarihan ang ating matibay na moog na tanggulan. Sa bawat kagipitan ay dapat madamang ang digmaan ay Kanya. Ang mga kayamanan Niya ay walang sukat, at ang nakikitang kahirapan ay magpapatamis sa tagumpay.

"Iligtas Mo kami. Oh Dios ng aming kaligtasan,
At pisanin Mo kami,
At iligtas Mo kami sa mga bansa,
Upang kami ay pasalamat sa Iyong banal na pangalan,
At magtagumpay sa Iyong kapurihan."

1 Cronica 16:35.

Taglay ang mga samsam, ang hukbo ng Juda ay "bumalik sa Jerusalem na may kagalakan; sapagkat sila'y pinagkatuwa ng Panginoon sa kanilang mga kaaway. At sila'y nagsiparoon sa Jerusalem na may mga salterio at mga alpa at mga pakakak sa bahay ng Panginoon." 2 Cronica 20:27, 28. Dakila ang dahilan ng kanilang kagalakan. Sa pagsunod sa utos na, "Magsitayo kayong panatag, at tignan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon:... huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man," nanalig sila ng buong puso sa Dios, at Kanyang pinatunayang Siya ang kanilang tanggulan at kalakasan. Talatang 17. Ngayon ay maaawit nila ang awit ni David na may pagkaunawa:

"Ang Dios ay ating ampunan at kalakasan,
Handang saklolo sa kabagabagan....
Kanyang binabali ang busog, at pinuputol ang sibat;
Kanyang sinusunog ang mga karo sa apoy.

Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na Ako ang Dios:
Ako'y mabubunyi sa gitna ng mga bansa, Ako'y mabubunyi sa lupa.
Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumasa atin;
Ang Dios ni Jacob ay ating kanlungan."

Awit 46.

"Kung ano ang Iyong pangalan, Oh Dios,
Gayon ang pagpuri sa Iyo hanggang sa mga
wakas ng lupa;
Ang Iyong kanan ay puspos ng katuwiran.
Matuwa ka bundok ng Sion,
Magalak ang mga anak na babae ng Juda,
Dahil sa Iyong mga kahatulan...
"Ang Dios na ito ay ang ating Dios magpakailanman: [170]

Siya'y magiging ating patnubay hanggang sa kamatayan."

Awit 48:10-14

Sa pamamagitan ng pananampalataya ng hari ng Juda at ng kanyang mga sundalo "ang takot sa Dios ay napasa lahat na kaharian ng mga lupain, nang kanilang mabalitaang ang Panginoon ay nakipaglaban sa mga kaaway ng Israel. Sa gayo'y ang kaharian ni Josaphat ay natahimik: sapagkat binigyan siya ng kanyang Dios ng kapahingahan sa palibot." 2 Cronica 20:29, 30. [171]

## Kabanata 16—Ang Pagbagsak ng Sambahayan ni Ahab

Ang masamang impluwensya ni Jezabel kay Ahab sa una pa ay nagpatuloy hanggang sa mga huling taon ng kanyang buhay at nagbunga ng mga gawa ng kahihiyan at karahasan na hindi madalas maganap sa banal na kasaysayan. "Walang gaya ni Ahab na nagbili ng kanyang sarili upang gumawa ng kasamaan sa Panginoon, na hinikayat ni Jezabel na kanyang asawa."

Likas na mapag-imbot, si Ahab, napalakas sa masamang gawa ni Jezabel, ay sinunod ang dikta ng kanyang pusong masama hanggang siya ay lubusang mapailalim sa diwa ng kasakiman. Hindi pinalalampas ang kanyang kagustuhan; ang mga bagay na ninais niya ay inisip na marapat lamang na mapasa kanya.

Ang nananaig na likas na ito ni Ahab, na nakaimpluwensya nang malaki sa kapahamakan ng kaharian sa panahon ng mga kahalili niya, ay naganap nang si Elias pa ang propeta sa Israel. Katabi ng palasyo ng hari ay ang ubasan ni Naboth, isang Jezreelita. Ninais ni Ahab na makamtan ang ubasang ito, at nag-alok na ito ay bilhin, o kaya ay palitan ng isa ring lupain. At sinalita ni Ahab kay Naboth, na sinabi, "Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan, upang aking tangkilikin na pinaka halamanang pananim, sapagkat malapit sa along bahay: at aking ipapalit sa iyo na kahalili niyaon ang isang mainam na ubasan kaysa roon; o, kung inaakala mong mabuti, along ibibigay sa iyo ang halaga niyaon na salapi."

Malaki ang pagpapahalaga ni Naboth sa ubasang ito na mana pa sa kanyang mga magulang, kung kaya't ito ay tumanggi. Sinabi ni Naboth kay Ahab, "huwag itulot ng Panginoon sa akin, na aking ibigay ang mana sa aking mga magulang sa iyo." Ayon sa batas ng mga Levita walang lupang maililipat na lubusan sa bilihan o palitan; ang mga anak ni Israel ay "masasanib bawat isa sa mana ng lipi ng kanyang mga magulang." Bilang 36:7.

Sa pagtangging ito ni Naboth nagkasakit ang sakim na hari. "At

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Han 21; 2 Hari 1.

[172]

pumasok si Ahab sa kanyang bahay na yamot at lunos dahil sa sinalita ni Naboth na Jezreelita sa kanya.... At siya'y nahiga sa kanyang higaan, at ipinihit ang kanyang mukha, at ayaw kumain ng tinapay "

Nalaman agad ni Jezabel ang mga bagay na ito, at, galit sa pangyayaring may naglakas ng loob na tanggihan ang hari, tiniyak niya kay Ahab na hindi siya dapat pang malungkot. At sinabi ni Jezabel na kanyang asawa sa kanya, "Ikaw ba ngayon ang namamahala sa kaharian ng Israel?" "Ikaw ay bumangon, at kumain ng tinapay, at pasayahin mo ang iyong puso: aking ibibigay sa iyo ang ubasan ni Naboth na Jezreelita."

Hindi mahalaga kay Ahab kung ano pang paraan ang gamitin ng asawa para masunod ang kanyang kagustuhan, at si Jezabel nga ay nagpatuloy sa pagsasagawa ng kanyang masamang balak. Sumulat siya ng liham sa pangalan ng hari, tinatakan ng singsing ng hari, at ipinadala sa mga matanda at maharlika sa siyudad na kinaroroonan ni Naboth, na nagsasabi: "Mangagtanyag kayo ng isang ayuno at ilagay ninyo si Naboth sa pangulo na kasamahan ng bayan: at lumagay ang dalawang lalaki, na mga anak ni Belial, sa harap niya, upang mangagsisaksi laban sa kanya, na magsipagsabi, Ikaw ay namusong sa Dios at sa hari. At ilabas nga siya, at batuhin siya, upang siya'y mamatay."

Ang utos ay sinunod. "At ginawa ng mga tao sa kanyang bayan, sa makatuwid baga'y ng mga matanda at ng mga maginoo,...kung ano ang ipinag-utos ni Jezabel...ayon sa nangasusulat sa mga sulat na kanyang ipinadala sa kanila." At si Jezabel ay nagtungo sa hari at inutusang bumangon upang angkinin ang ubasan. At si Ahab, na hindi iniisip ang bunga nito, ay bulag na sumunod at inangkin ang minimithing pag-aari.

Hindi pinalagpas na ang hari ay hindi masansala tungkol sa bagay na kanyang nakuha sa pandaraya at pagdanak ng dugo. "Ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na nagsabi, Bumangon ka, panaugin mong salubungin si Ahab na hari ng Israel, na tumatahan sa Samaria: narito, siya'y nasa ubasan ni Naboth na kanyang pinapanaog upang ariin. At iyong sasalitain sa kanya, na sasabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Iyo bang pinatay, at iyo

rin namang inari?" At ang Dios ay nagbigay din ng tagubilin kay Elias upang sabihin kay Ahab ang nakalulunos na hatol.

[173] Mabilis na isinagawa ng propeta ang utos ng langit. Sa pagkakita sa sinugo ni Jehova sa ubasan, ang nagkasalang hari ay takot na nagsabing, "Nasumpungan mo ba ako, Oh aking kaaway?"

Walang atubiling sumagot ang mensahero ng Panginoon, "Nasumpungan kita: sapagkat ikaw ay napabili upang gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon. Narito, Aking dadalhan ng kasamaan ka, at Aking lubos na papaalisin ka." Walang ipakikitang awa. Ang sambahayan ni Ahab ay dapat wasakin nang husto, "na gaya ng sambahayan ni Jeroboam na anak ni Nabat, at gaya ng sambahayan ni Baasa na anak ni Ahia," pahayag ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang lingkod, "dahil sa pamumungkahi na iyong iminungkahi sa Akin sa galit, at iyong pinapagkasala ang Israel."

At tungkol kay Jezabel ay nagsalita naman ang Panginoon, na nagsasabi, "Lalapain naman ng mga aso si Jezabel sa tabi ng kuta ng Jezreel. Ang mamamatay kay Ahab sa bayan ay lalapain ng mga aso; at ang mamamatay sa parang ay tutukain ng mga ibon sa himpapawid." Nang marinig ng hari ang nakakatakot na pabalita, "na kanyang hinapak ang kanyang mga damit, at nagsuot ng kayong magaspang sa kanpng katawan, at nag-ayuno, at nahiga sa kayong magaspang, at lumakad ng marahan.

"At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na sinabi, Nakita mo ba kung paanong si Ahab ay nagpakababa sa harap Ko? sapagkat sip'y nagpakababa sa harap Ko, hindi Ko dadalhin ang kasamaan sa kanyang mga kaarawan: kundi sa mga kaarawan ng kanyang mga anak na dadalhin Ko ang kasamaan sa kanyang sambahayan."

Kulang-kulang ng tatlong taon bago namatay si Ahab sa kamay ng mga taga Syria. Si Ahazias, na pumalit sa kanya ay, "gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, at lumakad sa lakad ng kanyang ama, at sa lakad ng kanyang ina, at sa lakad ni Jeroboam." "Siya'y naglingkod kay Baal, at sumamba sa kanya, at minungkahi sa galit ang Panginoon, ang Dios ng Israel," ayon sa lahat na ginawa ng kanyang amang si Ahab. 1 Hari 22:52-53. Ang parusa ay dumating agad sa mga kasalanan ng mapanghimagsik na haring ito. Isang mapangwasak na digmaan sa Moab, at pagkatapos isang aksidenteng

halos kumuha ng kanyang buhay, ang nagpatotoo ng galit ng Dios sa kanya.

Nahulog "sa silahia sa kanyang silid sa itaas," lubhang napinsala, at sindak sa maaring kalabasan, nagsugo si Ahazias ng mga sugo upang magtanong kay Baal-zebub, na diyos ng Ecron, kung gagaling [174] pa siya o hindi na. Ang diyos ng Ecron ay dapat magbigay ng kaalaman, tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap, sa pamamagitan ng mga alagad nito. May karamihan ang nag-usisa; subalit ang ipinopropesiya, at pahayag, ay nagmula sa prinsipe ng kadiliman.

Ang mga lingkod ni Ahazias ay sinalubong ng alagad ng Dios, na sinabihan silang bumalik sa hari na dala ang mensaheng: "Dahilan ba sa walang Dios sa Israel na kaya kayo'y nagsisiyaon upang magsipagusisa kay Baal-zebub, na diyos ng Ecron? Ngayon nga'y ganito ang sinabi ni Jehova, Ikaw ay hindi bababa sa higaan na iyong sinampahan, kundi walang pagsalang ikaw ay mamamatay." Nang masabi ang kanyang mensahe, ang propeta ay umalis.

Ang nabiglang mga tagapaglingkod ay nagmadaling bumalik sa hari, at inulit sa kanya ang mga salita ng alagad ng Dios. At sinabi niya sa kanila, "Anong anyo ng lalaking yaon?" At sila'y nagsisagot, "Siya'y lalaking mabalahibo, at nakabigkis ng bigkis ng balat ng hayop sa kanyang mga balakang." At kanyang sinabi, "Siya'y si Elias na Thisbita." Alam niya na kung ang taong ito ay tunay ngang si Elias, ang hulang pagkapahamak ay magaganap na walang pagsala. Sa kagustuhang mapigilan ito, ipinasiyang ipatawag ang propeta.

Dalawang ulit na nagpadala si Ahazias ng mga sundalo upang takutin ang propeta, at dalawang ulit na ang galit ng Dios ay lumapag sa kanila. Ang ikatlong grupo ng kawal ay nagpakababa sa Dios; at ang punong kawal, sa paglapit sa sugo ng Panginoon ay, "lumuhod sa harap ni Elias, at namanhik sa kanya at nagsabi sa kanya, Oh lalaki ng Dios, isinasamo ko sa iyo na ang aking buhay, at ang buhay ng limampung ito na iyong mga lingkod, ay maging mahalaga nawa sa iyong paningin."

"At sinabi ng anghel ng Panginoon kay Elias, Bumaba kang kasama niya: huwag kang matakot sa kanya. At siya'y tumindig, at bumabang kasama niya hanggang sa hari. At sinabi niya sa kanya, Ganito ang sabi ng Panginoon, Yamang ikaw ay nagsugo ng mga sugo upang mag-usisa kay Baal-zebub, na diyos sa Ecron, dahil

ba sa walang Dios sa Israel na mapag-uusisaan ng Kanyang salita? kaya't hindi ka bababa sa higaan na iyong sinampahan, kundi walang pagsalang mamamatay ka."

Sa panahon ng paghahari ng kanyang ama, nakita ni Ahazias ang mga kahanga-hangang gawa ng Kataastaasan. Namasdan niya
[175] ang nakalulunos na ebidensya ng galit ng Dios sa tumalikod na Israel at sa nagwawalang bahala sa Kanyang kautusan. Kumilos si Ahazias na parang ang mga kalunus-lunos na katunayang ito ay mga kathang isip lamang. Sa halip na magpakababa ng puso sa Panginoon ay sinundan niya si Baal, at sa wakas ay dumating sa pinakamasamang gawang ito. Mapanghimagsik, at ayaw magsisi, Si Ahazias ay namatay, "ayon sa salita ng Panginoon na sinalita ni Elias."

Ang tala ng kasalanan ni Haring Ahazias at ang parusa dito ay may babalang hindi natin maisasaisantabi na lamang. Ang tao ngayon ay maaaring hindi naglilingkod sa mga diyos na pagano, gayunman ay libu-libo ang sumasamba sa dambana ni Satanas tulad ng hari ng Israel. Ang diwa ng idolatriya ay laganap sa buong mundo, bagaman ito ay sa ilalim ng impluwensyra ng agham at edukasyon, ay nasa iba 't ibang anyo itong higit na kaakit-akit at pino kaysa mga kaarawan ni Ahazias sa Ecron. Sa bawat araw na nadaragdag ang nakalulungkot na ebidensya na ang pananampalataya sa tiyak na salita ng propesiya ay nababawasan, at sa halip nito ang makasatanas na pangkukulam ay nakagagayuma sa isipan ng marami.

Ngayon ang mga misteryo ng pagsambang pagano ay napalitan ng mga lihim na asosasyon at mga pagtitipong espiritismo. Ang
[176] pag- hahayag ng mga alagad na ito ng espiritismo ay kinasasabikan ng mga libong ayaw tumanggap sa liwanag ng salita ng Dios o ng Kanyang Banal na Espiritu. Ang mga naniniwala sa espiritismo ay maaaring nagtatawa sa mga mahikero noong una, datapuwat ang dakilang mandaraya ay humahalakhak habang sila naman ay nagiging alipin ng mga ibang anyo ng espiritismo.

Marami ang nanliliit sa takot sa isipang sila ay makipagsanggunian sa mga espiritu, datapuwat naakit naman ng mga nakagagayumang uri ng espiritismo. Ang iba ay naliligaw sa mga turo ng Kristianong Agham, at ng mistikong Teosopiya at mga relihiyon sa Silangan.

Ang mga apostol ng halos lahat ng uri ng espiritismo ay nagaangkin na mayroong kapangyarihang magpagaling. Sinasabi nilang ito ay bisa ng elektrisidad, magnetismo, mga tinatawag na "remedyong nag-mamalasakitan," o kaya ay ng kapangyarihan ng isipan. At hindi lamang iilan, kahit na sa Kristianong panahong ito, ang nagtutungo sa mga nagpapagaling na ito, sa halip na magtiwala sa kapangyarihan ng Dios na buhay at kakayahan ng mga nasanay na manggagamot. Ang ina, na nagmamasid sa kawalang pag-asa sa anak na may sakit, ay nagtatanong, "Wala na akong magagawa pa. Wala bang manggagamot na may kapangyarihang magpagaling sa aking anak?" Sasabihan siya tungkol sa mahimalang kapangyarihan ng isang manghuhula o nagpapagaling sa paggamit ng magneto, at doon ay ipagkakatiwala ang mahal sa buhay, inilalagay ito sa kamay ni Satanas na parang ito ay nakatayo sa tabi ng anak. Sa maraming pagkakataon ang buhay sa hinaharap ng bata ay natutungo sa kontrol ng satanismo na tila imposibleng sirain.

Ang Dios ay may matuwid sa galit kay Ahazias dahilan sa kawalang kabanalan nito. Ano pa ba ang hindi Niya nagawa upang akitin ang puso ng Israel at pasiglahin silang magtiwala sa Kanya? Sa maraming panahon ay ipinagkaloob sa kanila ang pagpapahayag ng halimbawa ng kagandahang loob at pag-ibig na walang katulad. Sa pasimula pa ay ipinakita sa kanilang ang Kanyang "kaaliwan ay sa mga anak ng mga tao." Kawikaan 8:31. Lagi Siyang naroroon upang tumulong sa mga taimtim na lumalapit sa Kanya. Subalit ngayon, ang haring ito ng Israel, ay tumalikod sa Dios upang hilingin ang tulong ng pinakamasamang kaaway ng kanyang bayan, at inihayag sa mga paganong ito na higit ang kanyang tiwala sa kanilang mga diyusdiyusan kaysa sa Dios ng langit. Sa ganitong paraan din naman ay inaalisan ng tao ng karangalan Siya kapag sila ay [177] tumatalikod sa Bukal ng kalakasan at kaninungan upang hilingin ang tulong o payo ng mga kapangyarihan ng kadiliman. Kung ang galit ng Dios ay pinaapoy ni Ahazias sa ginawa niyang ito, ano naman ang tingin Niya sa kanilang, may lalong malaking liwanag, na susunod din sa ginawa ni Ahazias?

Silang pasasailalim sa kulam ni Satanas, ay maaaring magangkin ng higit na kapangyarihan at pagpapala; ngunit ito ba ang patunay na panatag ang landas nila? Ano't kung ang buhay ay napahaba? Ano 't kung ang pakinabang na materyal ay higit? Mababa-

yaran ba nito sa bandang huli ang pagsalangsang sa saloobin ng Dios? Lahat ng ito sa wakas ay magiging malaking kawalan. Hindi natin basta na lamang masisira ang hadlang na inilagay ng Dios sa pagitan ng Kanyang bayan at ng kapangyarihan ni Satanas.

Sapagkat walang anak na lalaki si Ahazias, sinundan siya ni Joram sa trono, ang kanyang kapatid, na naghari sa sampung tribo sa loob ng labing-dalawang taon. Sa mga panahong ito, si Jezabel, na ina niya ay buhay pa, at patuloy na nagsagawa ng masamang impluwensya sa bayan. Mga pagsamba sa mga diyos ay patuloy pa ring isinagawa ng maraming tao. Si Joram mismo ay "gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon; ngunit hindi gaya ng kanyang ama, at ng kanyang ina: sapagkat kanyang inalis ang haligi na pinakaalaala kay Baal na ginawa ng kanyang ama. Gayon ma'y lumakip siya sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nabat, na ipinagkasala niya sa Israel; hindi niya hiniwalayan." 2 Hari 3:2, 3.

Sa panahon ng paghahari ni Joram sa Israel na namatay si Josaphat, at ang anak ni Josaphat, na ang pangalan ay Joram din, ang pumalit sa trono ng kaharian ng Juda. Sa pag-aasawa nito sa anak ni Ahab at Jezabel, si Joram ng Juda ay naging malapit ang kaugnayan sa hari ng Israel; at sa paghahari nito ay sinunod si Baal, "gaya ng ginawa ng sambahayan ni Ahab." "Bukod dito'y kanyang ginawa ang mga mataas na dako sa mga bundok ng Juda, at pinasamba sa diyus-diyusan ang mga taga Jerusalem, at iniligaw ang Juda." 2 Cronica 21:6, 11.

Ang hari ng Juda ay hindi pinahintulutang isagawa ang kalunus-lunos na pagtalikod na ito na hindi nasasawata. Si propeta Elias ay hindi pa nadadala sa langit at hindi siya matahimik samantalang ang kaharian ng Juda ay sinusundan ang landas na naghatid sa kaharian
[178] sa hilaga sa bingit ng pagkawasak. Nagpadala ang propeta ng isang liham kay Joram ng Juda, na dito ay nabasa ng masamang hari ang malungkot na mga salita:

"Ganito ang sabi ng Panginoong Dios ni David na iyong ama, Sapagkat hindi ka lumakad ng mga lakad ni Josaphat na iyong ama, o ng mga lakad man ni Asa na hari sa Juda, kundi ikaw ay lumakad ng mga lakad ng mga hari sa Israel, at iyong pinasamba sa diyus-diyusan ang Juda at ang mga nananahan sa Jerusalem, gaya ng ginawa ng sambahayan ni Ahab, at iyo rin namang pinatay ang iyong mga kapatid sa sambahayan ng iyong ama, na lalong mabuti

kaysa iyo: narito, ang Panginoon ay mananalot ng malaki sa iyong bayan, at sa iyong mga anak, at sa iyong mga asawa, at sa lahat ng iyong pag-aari: at ikaw ay magkakasakit ng mabigat."

Sa kaganapan ng propesiyang ito "inudyukan ng Panginoon laban kay Joram ang diwa ng mga Filisteo, at ng mga taga Arabia, na nangasa siping ng mga taga Etiopia: at sila'y nagsiahon laban sa Juda, at nagpumilit doon, at dinala ang lahat na pag-aari na nasumpungan sa bahay ng hari, at pari ang mga anak niya, at ang mga asawa niya; na anupa't walang naiwang anak sa kanya, liban si Joachaz [Ahazias, Azarias], na bunso sa kanyang mga anak.

"At pagkatapos ng lahat na ito ay sinaktan siya ng Panginoon sa kanyang tiyan ng walang kagamutang sakit. At nangyari, sa lakad ng panahon sa katapusan ng dalawang taon,...siya'y namatay sa mabigat na sakit." "At si Ahazias [Joachaz] na kanyang anak ay naghari na kahalili niya." Talatang 12-19; 2 Hari 8:24.

Si Joram na anak ni Ahab ay naghahari pa sa Israel nang ang kanyang pamangking si Ahazias ay umupo sa trono ng Juda. Isang taon lamang naghari si Ahazias, at sa impluwensiya ng kanyang inang si Athalia, na "kanyang taga-payo upang gumawang may kasamaan," "siya'y lumakad ng lakad ng sambahayan ni Ahab, at gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon." 2 Cronica 22:3, 4; 2 Hari 8:27. Ang kanyang lolang si Jezabel, ay buhay pa rin, at nakipagalyansang hayagan sa kanyang tiyuhing Joram ng Israel.

Di nagtagal ay dumating sa malagim na wakas si Ahazias ng Juda. Ang mga natirang kaanib ng sambahayan ni Ahab ay tunay na naging "kanyang taga-payo pagkamatay ng kanyang ama sa ikapapahamak niya." 2 Cronica 22:3, 4. Samantalang dumadalaw si Ahazias sa kanyang tiyuhin sa Jezreel, ang propetang Eliseo ay sinabihan ng Dios na ipadala ang isa sa mga anak ng mga propeta sa Ramothgilead upang pahiran ng langis si Jehu bilang han ng Israel. [179]
.Ang magkasanib na puwersa ngjuda at Israel sa panahong iyon ay nakikipaghamok sa mga Siriano sa Ramothgilead. Si Joram ay nasugatan sa laban at nagbalik sa Jezreel, at naiwan si Jehu upang manguna sa digmaan.

Sa pagpahid ng langis kay Jehu, sinabi ng mensahero ni Eliseo, "Aking pinahiran ka upang maging hari sa bayan ng Panginoon, samakatuwid baga'y sa Israel." At solemne niyang isinabalikat kay Jehu ang natatanging gawain mula sa langit. "Iyong sasaktan ang

sambahayan ni Ahab na iyong panginoon," ipinahayag ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang sugo, "upang Aking ipaghiganti ang dugo ng Aking mga lingkod na mga propeta, at ang dugo ng lahat na lingkod ng Panginoon sa kamay ni Jezabel. Sapagkat ang buong sambahayan ni Ahab ay mamamatay." 2 Hari 9:6-8.

Matapos na siya ay itanghal ng hukbo bilang hari, si Jehu ay nagmadaling tumungo sa Jezreel, na doon ay pinasimulan ang gawaing pagpatay sa kanilang kusang pinili ang pagsunod sa kasalanan at mag-akay pa ng iba sa pagkakasala. Si Joram ng Israel, Ahazias ng Juda, at Jezabel na inang reyna, at "ang lahat niyang dakilang tao, at ang kanyang mga kasama-samang kaibigan, at ang kanyang mga saserdote," ay pinatay. "Ang lahat na propeta ni Baal, ang lahat niyang mananamba, at ang lahat niyang mga saserdote" na nananahan sa sentro ng pagsamba kay Baal sa Samaria, ay pinagpapatay sa tabak. Ang mga diyus-diyusang imahen ay winasak at sinunog, at ang templo ru Baal ay natiwangwang. "Ganito ibinuwal ni Jehu si Baal sa Israel." 2 Hari 10:11, 19,28.

Ang balita ng ganitong malawakang pagpatay ay nakaraung kay Athalia na anak ni Jezabel, na may mataas pang tungkulin sa kaharian ng Juda. Nang makita niyang patay na ang kanyang anak, na hari ng Juda, "siya'y tumindig at nilipol ang lahat na binhing hari ng sambahayan ni Juda." Sa pagpatay na ito, lahat ng kalahi ni David na angkop maging hari ay winasak, isa ang naligtas, ang sanggol na si Joas, na itinago ng asawa ni Joiada na saserdote sa loob ng templo. Siya'y nakakubling kasama nila sa bahay ng Dios na anim na taon, habang "si Athalia ay naghan sa lupain." 2 Cronica 22:10, 12.

Sa katapusan ng panahong ito, ang "mga Levita at ang buong Juda" (2 Cronica 23:8) ay nakiisa kay Joiada na saserdote sa pagpuputong ng korona at pagpapahid ng langis sa batang si Joas at
[180] binubunyi siya bilang kanilang hari. "At kanilang ipinalakpak ang kanilang mga kamay, at nagsipagsabi, Mabuhay ang hari." 2 Han 11:12.

"At nang marinig ni Athalia ang kaingay ng bayan, na tumatakbo at pinupuri ang hari, siya'y naparoon sa bayan sa loob ng bahay ng Panginoon." 2 Cronica 23:12. "At siya'y tumingin, at, narito, ang hari ay nakatayo sa siping ng haligi, ayon sa kaugalian, at ang mga

punong kawal at ang mga pakakak sa siping ng hari, at ang buong bayan ng lupain ay nagalak, at humihip ng mga pakakak."

"Nang magkagayo'y hinapak ni Athalia ang kanyang kasuutan, at humiyaw, Paglililo, Paglililo." 2 Hari 11:14. Datapuwat inutusan ni Joiada ang mga pinuno ng kawal na dakpin si Athalia at lahat ng mga tagasunod niya at dalhin sa dakong patayan upang doon ay paslangin.

Sa ganito ay pinatay ang huling kaanib ng sambahayan ni Ahab. Ang nakalulunos na kasamaang ginawa niya sa pakikipag-alyansa kay Jezabel, ay nagpatuloy hanggang ang pinakahuling kaanib ng sambahayan ay pinatay. Kahit na sa lupain ng Juda, na ang pagsamba sa tunay na Dios ay hindi pormal na isinaisantabi, si Athalia ay naging matagumpay sa pandaraya sa marami. At nang mapatay ang reynang di nagsisi, "ang buong bayan ng lupain ay naparoon sa bahay ni Baal, at ibinagsak; ang kanyang mga larawan ay pinagputulputol nilang mainam, at pinatay si Mathan na saserdote ni Baal sa harap ng mga dambana." Talatang 18.

Isang repormasyon ang naganap. Ang lahat ng nagbunyi kay Joas na hari, ay nakipagtipang "sila'y magiging bayan ng Panginoon." At nang mawala na ang impluwensya ng anak ni Jezabel sa kaharian ng Juda, at ang mga saserdote ni Baal ay pinatay at winasak ang kanilang templo, "ang buong bayan ng lupain ay nagalak: at ang bayan ay natahimik." 2 Cronica 23:16, 21. [181]

# Kabanata 17—Ang Pagtawag Kay Eliseo

Inutusan ng Dios si Elias na pahiran ang magiging kahalili niyang propeta. “Si Eliseo na anak ni Saphat...ay iyong papahiran ng langis upang maging propeta na kahalili mo” (1 Hari 19:16), wika Niya; at bilang pagsunod sa tagubilin, hinanap ni Elias si Eliseo. Sa paglalakbay niya patungong hilaga, anong laki ng pagkakaiba ng tanawin sa maigsing panahong nakaraan! Dati ay tigang ang lupa, ang mga bukirin ay tiwangwang, sapagkat walang hamog ni ulan sa loob ng tatlo’t kalahating taon. Datapuwat ngayon sa bawat dako ay laganap ang pananim na parang tinutubos ang naganap na pagkatuyo at kagutom.

Ang ama ni Eliseo ay mayamang magbubukid, isang lalaking ang sambahayan ay isa sa marami na sa isang panahong halos lahat ay tumalikod ay hindi lumuhod kay Baal. Ang kanilang tahanan ay nagparangal sa Dios at ang katapatan sa pananampalataya ang naging patakaran ng buhay sa bawat araw. Sa paligid na ito ay nahubog ang mga unang taon ni Eliseo. Sa katahimikan ng buhay sa bukid, sa ilalim ng pagtuturo ng Dios at ng kalikasan at disiplina ng kapakipakinabang na paggawa, natanggap niya ang pagsasanay sa ugali ng simpleng buhay at pagsunod sa kanyang mga magulang at sa Dios na nakatulong upang maiangkop siya sa mataas na posisyong kanyang kukunin di na magtatagal.

Ang pagtawag sa pagiging propeta ay dumating kay Eliseo habang siya ay nag-aararo sa bukid na kasama ang mga lingkod ng kanyang ama. Ginagawa niya ang tungkuling nasa harapan niya. Taglay niya ang mga kakayahan sa pagiging lider ng mga tao at kaamuan ng isang handang maglingkod. Bagaman tahimik at maamo, taglay niya ang sigla at tatag. Katapatan, integridad, at ang pag-ibig at takot sa Dios ay taglay niya, gayun din ang araw-araw na paggawa ang nagbigay ng kalakasan ng adhikain at marangal na likas, na patuloy na lumalago sa biyaya at kaalaman. Habang nakikipagtulungan
[182] sa

kanyang ama sa mga gawaing pantahanan at pangkabuhayan, siya rin ay nakikipagtulungan sa Dios sa mga adhikain Niya.

Sa pamamagitan ng pagtatapat sa mga maliliit na bagay, si Eliseo ay naghahanda ukol sa mga malalaking bagay. Sa bawat araw, sa praktikal na karanasan, naging handa siya sa lalong malawak, at mataas na gawain. Natutuhan niyang maglingkod; at kasabay nito, ay ang kakayahang magturo at manguna. Ang liksyong ito ay para sa lahat. Walang sinumang makakaalam kung ano ang panukala ng Dios sa Kanyang disiplina; datapuwat lahat ay makakaalam na sa katapatan sa maliliit na bagay ay katibayan ng pagiging angkop sa malalaking kapanagutan. Bawat gawa sa buhay ay paghahayag ng likas, at siyang sa maliliit na tungkulin ay nagpapatunay sa sarili ay magiging "manggagawang walang anumang ikahihiya" ang siyang pararangalan ng Dios sa lalong mataas na paglilingkod. 2 Timoteo 2:15.

Siyang nag-iisip na walang gaanong bunga ang maliit na tungkuling ginagampanan niya ay hindi marapat sa lalong marangal na tungkulin. Maaaring isipin niyang karapat-dapat siya sa malalaking tungkulin; datapuwat ang Dios ay tumitingin sa kabila ng panlabas. Matapos ang pagsubok at subukan, may masusulat laban sa kanya na hatol, "Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang." Ang kawalang katapatan ay hatol laban sa sarili. Nagkulang siyang kamtan ang biyaya, kapangyarihan, lakas ng likas, na natatamo sa pamamagitan ng walang pasubaling pagpapasakop.

Sapagkat hindi kaugnay ng gawaing relihiyoso ang ginagawa, marami ang makadadama na ang buhay nila ay walang kabuluhan, at wala silang nagagawa upang pasulungin ang kaharian ng Dios. Kung may magagawa lamang silang dakilang bagay anong galak nga na gagawin nila ito! Datapuwat sapagkat maliit na bagay lamang ang kanilang ginagawa, nagbibigay katuwiran sila upang hindi na nga gumawa. Dito sila ay nagkakamali. Ang tao ay maaaring nasa aktibong paglilingkod sa Dios sa pamamagitan ng pangkaraniwan, maliit na bagay—pagputol ng kahoy, paglilinis ng bakuran, o pag-aararo. Ang isang inang nagsasanay ng mga anak para kay Kristo ay tunay ngang naglilingkod sa Dios tulad ng ministrong tumatayo sa pulpito.

Marami ang naghahangad ng tanging talento upang makagawa ng kahanga-hangang bagay, samantalang ang mga tungkuling nakab-

ulaga sa kanya, ang paggawa nito na magbibigay halimuyak sa buhay, ay hindi pinapansin. Harapin ang mga tungkuling ito na nasa
[183] harapan. Ang tagumpay ay nakasalig hindi sa talento kundi sa lakas at laang gumawa din naman. Hindi ang pagkakaroon ng mga talentong kahanga-hanga ang magkakaloob sa atin ng karapat-dapat na paglilingkod, kundi ang nasa isip na paggawa sa bawat araw ng mga tungkulin, ang diwang nasisiyahan, ang hindi naaapektuhan, at taimtim na malasakit sa kapakanan ng iba. Sa pinakaabang kalagayan ay tunay na kagalingan ang masusumpungan. Ang pinakakaraniwang gawain, na ginagampanang may katapatan, ay maganda sa paningin ng Dios.

Habang si Elias, na binigyan ng dyak na tagubiling hanapin ang papalit sa kanya, ay dumadaan sa bukid, na kung saan si Eliseo ay nag-aararo, nakita niya sa balikat ng kabataang ito ang balabal ng pagtatalaga. Sa panahon ng kagutom ay alam ng sambahayan ni Shapat ang gawain at misyon ni Elias, at ngayon ang Espiritu ng Dios ang nagdiin sa puso ni Eliseo ng kahulugan ng gagawin ng propeta. Sa kanya ito ang hudyat ng Dios sa pagtawag sa kanya bilang kahalili ni Elias.

"At kanyang iniwan ang mga baka, at tumakbong sinundan si Elias, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na pahagkan mo sa akin ang aldng ama at aking ina, at susunod nga ako sa iyo." At sinabi niya sa kanya, "Bumalik ka uli; sapagkat ano ang ginagawa ko sa iyo?" Narito ang subukan ng pananampalataya. Dapat na malaman ni Eliseo ang halaga ng pagtawag sa kanya—siya ay magpasyang tanggapin o tanggihan ito. Kung nais nitong mahaling higit ang tahanan o ang kanyang mga pakinabang, malaya siyang manatili roon. Datapuwat naunawaan ni Eliseo ang panawagan. Hindi para sa pakinabang sa mundo ang pagyaon niya bilang mensahero ng Dios at makasama ng Kanyang lingkod. Kanyang "kinuha ang parehang mga baka, at pinatay ang mga yaon, at inilaga ang laman ng mga yaon sa pamamagitan ng mga kasangkapan ng mga baka, at ibinigay sa bayan, at kanilang kinain. Nang magkagayo'y tumindig siya, at sumunod kay Elias, at naglingkod sa kanya." 1 Hari 19:20, 21. Walang atubiling iniwan niya ang tahanang nagmahal sa kanya, upang sumama sa propeta sa kanyang walang katiyakang buhay.

Kung tinanong ni Eliseo kay Elias ang inaasahan sa kanya,—kung anong magiging gawain niya,—tiyak sanang siya ay tinugon

ng: Alam ng Dios; at sasabihin Niya sa iyo. Kung maghihintay ka sa Panginoon, sasagutin Niya ang lahat mong katanungan. Maaari kang sumama sa akin kung may katibayan kang tinawagan ka nga ng Dios. Alamin mo na, nasa likuran ko ang Dios, at ang tinig Niya ang [184] iyong nadidinig. Kung ituturing mo ang lahat na kalugihan upang makamit mo ang kaluguran ng Dios, sumama ka.

Katulad ng panawagang dumating kay Eliseo ang tugong ibinigay ni Kristo sa kabataang pinuno na nagtanong sa Kanya, "Guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan?" Sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit; at pumarito ka, sumunod ka sa Akin." Mateo 19:16, 21.

Tinanggap ni Eliseo ang panawagan sa paglilingkod, na hindi nilingon ang mga kalayawan at kaginhawahang iiwanan niya. Ang kabataang pinuno nang madinig ang tugon ni Kristo ay "yumaon siyang namamanglaw: sapagkat siya'y isang may maraming pagaari." Talatang 22. Hindi siya handang magsakripisyo. Ang pag-ibig niya sa kayamanang tinatangkilik ay higit sa kanyang pag-ibig sa Dios. Sa pagtangging iwan ang lahat para kay Kristo, pinatunayan niyang hindi siya karapat-dapat sa lugar na paglilingkod sa Panginoon.

Ang panawagan upang ilagak ang lahat sa dambana ng paglilingkod ay dumarating sa bawat isa. Hindi tayong lahat ay tinawagang maglingkod gaya ng paglilingkod ni Eliseo, o kaya ay inutusang ipagbili ang lahat; datapuwat hinihilingan tayo ng Dios na bigyang pangunahing lugar sa ating buhay ang paglilingkod sa Kanya, na huwag tulutang ang isang araw ay lumipas na wala tayong ginagawa upang pasulungm ang gawain Niya dito sa lupa. Hindi Niya inaasahan ang magkakatulad na paglilingkod ng bawat isa. Maaaring may tawaging misyonero sa ibang lupain; may tatawaging gamitin ang kanyang kayamanan sa gawain ng ebanghelyo. Tinatanggap ng Dios ang handog ng bawat tao. Ang pagtatalaga ng buhay at lahat ng mga mteres nito, ang siyang kailangan. Silang gagawa ng ganitong pagtatalaga ay makadidinig at susunod sa panawagan ng Langit.

Sa bawat isang naging kabahagi ng Kanyang biyaya, ang Panginoon ay nagtatakda ng gawain para sa iba. Bawat isa sa atin ay tatayo sa adng lugar at magsasabi, "Narito ako; suguin Mo ako." Maging

ministro ng Salita o manggagamot, maging mangangalakal o magbubukid, propesyonal o mekaniko, ang kapanagutan ay nakababaw sa kanya. Gawain niyang ihayag ang ebanghelyo ng kanilang kaligtasan. Bawat gawaing isasabalikat niya ay paraan ng pagtatapos ng
[185] gawain.

Hindi malaking gawain ang unang hiniling kay Eliseo; maliliit na gawain ay naging bahagi ng kanyang disiplina. Tulad ng pagbubuhos ng tubig sa kamay ni Elias, na kanyang panginoon. Handa siyang gumanap ng alin mang tungkuling kaloob ng Panginoon, at sa bawat hakbang ay natutuhan niya ang mga liksyon ng kababaan at paglilingkod. Bilang personal na tagapaglingkod ng propeta, patuloy na pinatunayan niya ang katapatan sa maliliit na mga bagay, habang sa bawat araw ay lumalakas ang adhikaing magtalaga sa misyong itinakda sa kanya ng Dios.

Ang buhay ni Eliseo matapos makisanib kay Elias ay di ligtas sa mga tukso. Maraming pagsubok na dumating sa kanya; datapuwat sa bawat kagipitan ay umasa siya sa Dios. Natukso siyang magbalik sa tahanang iniwan, ngunit hindi niya ito pinansin. Matapos hawakan ang araro, may kapasyahang hindi na siya babalik pa, at sa bawat pagsubok at subukan ay pinatunayan niyang siya'y tapat sa pagtitiwala.

Ang paglilingkod ay higit pa sa pangangaral ng salita. Kasama nito ang pagsasanay sa mga kabataang tulad ni Elias kay Eliseo, na kukunin sila sa mga karaniwang tungkulin at pagkakalooban ng kapanagutan sa gawain ng Dios—maliit na kapanagutan sa simula, at palaki habang nagtitipon ng kalakasan at karanasan. Mayroon sa mga naglilingkod na mga lalaki ng pananampalataya at panalangin, mga lalaking maaaring magsabi, "Yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa Salita ng buhay;...yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo." 1 Juan 1:1-3. Ang mga kabataan, at walang karanasang manggagawa ay dapat sanayin sa aktuwal na paggawa kasama ng mga sanay na mga lingkod ng Dios. Sa ganito ay matututo silang magdala ng pasan.

Silang nagsasagawa ng ganitong pagsasanay sa mga kabataang manggagawa ay gumagawa ng marangal na gawain. Ang Panginoon na rin ang kaisa nila sa gawain. At sa mga kabataang ang salita ng

pagtatalaga ay ibinigay, na nabigyang karapatang masanib sa taimtim, banal na manggagawa, ay dapat samantalahin ang pagkakataong ito. Pinarangalan sila ng Dios nang piliin sila sa Kanyang gawain at sa paglalagay sa kanila sa dakong doon ay higit silang maiangkop para dito at dapat silang maging maamo, tapat, masunurin, at laang magsakripisyo. Kung sila ay pasasailalim sa disiplina ng Dios, na sinusunod ang bawat Kanyang mga tagubilin at tumatanaw sa [186]
Kanyang mga lingkod bilang tagapayo nila, sila ay lalago sa pagiging matuwid, may mataas na prinsipyo, matatag na mga lalaki, na maaaring pagkatiwalaan ng Dios ng mga kapanagutan.

Sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa kadalisayan nito, ang mga lalaki ay tatawagin mula sa mga araro at sa mga gawain sa daigdig ng komersyo at sila ay tuturuan ng mga lalaking may karanasan. Habang natututo silang gumawang may pakinabang, magpapahayag sila ng katotohanang may kapangyarihan. Sa mga kahanga-hangang pagakay ng kaloob ng langit, mga bundok ng kahirapan ay maaalis at matatapon sa dagat. Ang pabalitang mahalaga para sa mga nananahan sa lupa ay madidinig at mauunawaan. Malalaman ng tao kung ano ang katotohanan. Ang gawain ay patuloy na susulong hanggang ang buong lupa ay mababalaan, at sa ganito ay darating ang wakas.

Ilang taon matapos tawagan si Eliseo, siya ay gumawang kasama ni Elias, ang kabataan ay lalong nahahanda sa bawat araw. Si Elias ay naging instrumento ng Dios sa pag-aalis ng mga dambuhalang kasamaan. Ang idolatriya na, sinuportahan ni Ahab at ng paganong si Jezabel, na umakit sa bayan, ay binigyang pansin. Ang mga propeta ni Baal ay napatay. Ang buong Israel ay nakilos nang gayon at marami ang nanumbalik sa pagsamba sa Dios. Bilang kapalit ni Elias, si Eliseo sa matiyagang pagtuturo, ay dapat magsikap na patnubayan ang Israel sa panatag na mga landas. Ang pakikisama niya kay Elias, ang pinakadakilang propeta mula kay Moises, ang naghanda sa kanya sa gawaing isasabalikat niya nang mag-isa.

Sa panahon ng magkasamang ministeryo, paminsan-minsan ay tinawagan si Eliseo upang harapin ang mga maliwanag na kasamaan sa pamamagitan ng matapang na batikos. Nang agawin ni Ahab ang ubasan ni Naboth, ang tinig ni Elias ang nagbigay propesiya ng malagim na hantungan niya at ng kanyang sambahayan. At si Ahazias, nang ito ay tumalikod sa Dios na buhay tungo kay Baal-

zebub, ang diyos ng Ekron, matapos mamatay ang kanyang amang si Ahab, ang tinig din ni Elias ang nadinig upang sansalain ito.

Ang mga paaralan ng mga propeta, na itinatag ni Samuel, ay napabayaan sa mga taon ng pagtalikod ng Israel. Muling itinatag ni Elias ang mga paaralang ito, na binigyang probisyon ang mga kabataang magkaroon ng kasanayang aakay sa kanila upang parangalan ang kautusan ng Dios. Tatlo sa mga paaralang ito, isa sa Gilgal, isa sa Bethel, at isa sa Jerico, ay nabanggit sa talaan. Bago dalhin si
[187] Elias sa langit, siya at si Eliseo ay dumalaw sa mga dakong sanayang ito. Ang mga liksyong ibinigay ng propeta ng Dios sa mga unang pagdalaw niya ay inulit Tangi na tinuruan silang pahalagahan ang mataas na pagkatawag nila at pagiging tapat nila sa Dios ng kalangitan. Idiniin din sa kanilang isipan ang halaga ng pagiging simple sa bawat sangkap ng kanilang pag-aaral. Sa ganitong paraan lamang sila mahuhubog sa hulmahan ng langit at makahahayo sa paggawa sa mga daan ng Panginoon.

Nagalak si Elias noong nakita niya ang mga nagagampanan sa paaralang ito. Hindi pa tapos ang gawain ng repormasyon, ngunit nababanaag niya sa buong kaharian ang katunayan ng salita ng Panginoon, "Gayon ma'y iiwan Ko'y pitong libo sa Israel, lahat na
[188] tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal." 1 Hari 19:18.

Sa pagsama ni Eliseo sa propeta sa pagdalaw sa bawat paaralan, ang pananampalataya at pagpapasya niya ay lalo pang nasubok. Sa Gilgal, at gayon din sa Bethel at Jerico, sinabihan siya ng propeta na magbalik na. "Maghintay ka rito," wika ni Elias; "sapagkat sinugo ako ng Panginoon hanggang sa Bethel." Datapuwat sa mga taon ng kanyang paggawa sa araro, natutuhan ni Eliseo ang di dapat manghinang loob o manlupaypay, at ngayon ay nagpasya siyang hawakan ang araro ng ibang uri ng paglilingkod ay hindi siya maililihis sa kanyang adhikain. Hindi siya maaaring ihiwalay sa kanyang panginoon, hanggang may pagkakataong natitira upang magtamo pang higit na pag-aangkop sa paglilingkod. Hindi alam ni Elias, na naipahayag na sa mga kabataan sa mga paaralan ng mga propeta, at tangi kay Eliseo: na siya ay ililipat na. At ngayon ang subok na lingkod ng Dios ay lalo pang dumikit sa kanya. Sa bawat tagubiling magpaiwan na, ang tugon niya ay, "Buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, hindi kita iiwan."

"At silang dalawa ay nagsiyaon.... At silang dalawa ay nagsitayo sa tabi ng Jordan. At kinuha ni Elias ang kanyang balabal, at tiniklop, at hinampas ang tubig, at nahawi dito at doon, na anupa't silang dalawa'y nagsidaan sa tuyong lupa. At nangyari, nang sila'y makatawid, na sinabi ni Elias kay Eliseo, Hingin mo kung ano ang gagawin ko sa iyo, bago ako ihiwalay sa iyo."

Si Eliseo ay hindi humingi ng makamundong karangalan o mataas na posisyon katulad ng mga matataas na mga tao sa sanlibutan. Ang kanyang pinakaasam-asam ay ang malaking sukat ng Espiritu na malayang ipagkakaloob ng Dios sa isa na pararangalan ng may paglilipat. Alam niya na walang iba kundi ang Espiritu na nasa kay Elias ang mag-aangkop sa kanya upang punan ang lugar sa Israel na kung saan, siya ay tinawagan ng Dios, at kanyang itinanong, "Isinasamo ko sa iyo, na ang ibayong bahagi ng iyong Diwa ay sumaakin."

Sa pagtugon sa kahilingang ito, sinabi ni Elias, "Ikaw ay humingi ng mabigat na bagay: gayon ma'y kung makita mo ako pagka ako'y inihiwalay sa iyo, magiging gayon sa iyo; ngunit kung hindi, ay hindi magiging gayon. At nangyari, samantalang sila'y nagpapatuloy, at nagsasalitaan, na narito, napakita ang isang karong apoy, at mga kabayong apoy, na naghiwalay sa kanila kapwa; at si Elias ay sumampa sa langit sa pamamagitan ng isang ipu-ipo." Tingnan ang 2 Hari 2:1-11. [189]

Si Elias ay sumagisag sa mga banal na nabubuhay sa lupa sa panahon ng ikalawang pagparito ni Kristo at sa "babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng huling pakakak," na hindi makakatikim ng kamatayan. 1 Corinto 15:51, 52. Bilang kinatawan ng mga banal na isasalin sa langit na si Elias, sa pagtatapos ng ministeryo ni Kristo sa lupa ay pinahintulutang tumayo kasama ni Moises sa tabi ng Tagapagligtas doon sa bundok ng pagbabagonganyo. Sa mga niluwalhating mga lingkod na ito, ay nakita ng mga alagad ang maliit na larawan ng kaharian ng mga tinubos. Nakita nila si Jesus na nadadamtan ng liwanag ng langit; narinig nila ang "tinig na nanggaling sa alapaap" (Lucas 9:35), na kinikilala Siya bilang Anak ng Dios; nakita nila si Moises na kumakatawan sa mga bubuhaying mula sa mga patay sa ikalawang pagparito; at naroon ding nakatayo si Elias, na kumakatawan doon

sa mga hindi titikim ng kamatayan na sa pagsasara ng kasaysayan ng sanlibutan ay babaguhin mula sa mortal hanggang imortal.

Sa disyerto, sa pangungulila at kapanglawan, si Elias ay nanalanging pagod na siya sa buhay at dumalanging siya ay mamatay na. Datapuwat ang Panginoon sa Kanyang habag ay hindi siya dininig sa kanyang salita. May dakila pang gawaing gagampanan si Elias; at kung ang kanyang gawain ay matapos na, hindi siya mamamatay sa pagkabigo at kapanglawan. Hindi para sa kanya ang pagpanaog sa libingan, kundi ang pagpanhik kasama ng mga anghel sa presensya ng Kanyang kaluwalhatian.

"At nakita ni Eliseo, at siya'y sumigaw, Ama ko, ama ko, mga karo ng Israel, at mga mangangabayo niyaon. At hindi na niya nakita siya: at kanyang hinawakan ang kanyang sariling kasuutan, at hinapak ng dalawang hati. Kinuha rin niya ang balabal ni Elias na nahulog sa kanya, at bumalik, at tumayo sa tabi ng pampang ng Jordan; at kanyang kinuha ang balabal ni Elias na nahulog sa kanya, at hinampas ang tubig, at sinabi, Saan nandoon ang Panginoon, ang Dios ni Elias? at nang kanyang mahampas naman ang tubig, ay nahawi dito at doon: at si Eliseo ay tumawid. At nang makita siya ng mga anak ng mga propeta na nanga sa Jerico sa tapat niya, ay kanilang sinabi, Ang Espiritu ni Elias ay sumasa kay Eliseo. At sila'y nagsiyaon na sinalubong siya, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa harap niya. 2 Hari 2:12-15.

Kapag nakita ng Panginoon na panahon nang alisin na sa
[190] gawain silang pinagkalooban Niya ng kamnungan, tinutulungan at pinalalakas Niya ang mga papalit sa kanila, kung sila ay tatanaw sa Kanya ukol sa tulong at lalakad sa Kanyang mga landas. Maaaring sila'y higit pang pantas sa kanilang hahalinhan; sapagkat sila ay nakinabang sa karanasan at natuto sa mga pagkakamali ng nauna sa kanila.

Mula noon ay tumayo si Eliseo sa lugar ni Elias. Siya na naging
[191] tapat sa pinakamaliit ay patutunayang siya ay tapat din sa malaki.

## Kabanata 18—Ang Pagpapagaling ng mga Tubig

Sa panahon ng mga patriarka ang Libis ng Jordan ay "pawang patubigan na magaling sa magkabi-kabila,...gaya ng halamanan ng Panginoon." Sa magandang libis na ito pinili ni Lot na magtayo ng tahanan nang kanyang "inilipat ang kanyang tolda hanggang sa Sodoma." Genesis 13:10, 12. Sa panahong ang mga siyudad ng kapatagan ay nawasak, ang lugar na ito ay natiwangwang, at mula noon ay naging bahagi ng kaparangan ng Judea.

Isang bahagi ng magandang libis ay nanatili, kasama ang mga nagbibigay buhay na mga bukal nito at daluyan ng tubig, upang magbigay kagalakan sa tao. Sa libis na ito, na sagana sa mga bukid ng butil at mga gubat ng palma at iba pang nagbubungang punong kahoy, ang mga hukbo ng Israel ay nagpahinga matapos tawirin ang Jordan at unang natikman ang mga prutas ng Lupang Pangako. Sa unahan nila ay naroroon ang mga pader ng Jerico, isang tanggulang pagano, ang sentro ng pagsamba kay Astoret, pinakamasama sa lahat ng porma ng pagsamba sa mga diyos ng Canaan. Di nagtagal ay giniba ang mga pader nito at ang mga mamamayan ay pinaslang, at sa panahon ng pagbagsak nito ay ibinigay ang solemneng deklarasyon, sa harapan ng buong Israel: "Sumpain ang lalaki sa harap ng Panginoon, na magbangon at magtayo nitong bayan ng Jerico: kanyang inilagay ang talagang-baon niyaon sa kamatayan ng kanyang panganay, at kanyang itatayo ang mga pintuang bayan niyaon sa kamatayan ng kanyang bunso." Josue 6:26.

Limang daang taon ang lumipas. Ang dakong ito ay tiwangwang, sinumpa ng Dios. Kahit na ang mga bukal na dati'y nagbibigay pang-akit sa mga tao ay nakabahagi sa epekto ng sumpa. Datapuwat sa mga araw ng pagtalikod ni Ahab, na sa impluwensya ni Jezabel ay binuhay ang pagsamba kay Astoret, ang Jerico, ang likmuan ng dating pagsamba, ay muling itinayo, sa nakagugulat na halaga sa tagapagtayo. Si Hiel na taga Bethel "ay naglagay ng talagang-baon sa pagkamatay ni Abiram na kanyang panganay, at itinayo ang [192]

pintuang-bayan niyaon sa pagkamatay ng kanyang bunsong anak na si Segub, ayon sa salita ng Panginoon." 1 Hari 16:34.

Hindi malayo sa Jerico, sa gitna ng mga mabungang pananim, ay naroon ang isa sa mga paaralan ng mga propeta, at matapos pumanhik sa langit si Elias, ay nagtungo roon si Eliseo. Sa panahon ng kanyang pagkawala ilan sa mga lalaki sa bayan ay lumapit sa propeta at nagsabi, "Tingnan mo, isinasamo namin sa iyo, na ang kalagayan ng bayang ito ay maligaya, gaya ng nakikita ng aking panginoon: ngunit ang tubig ay masama, at ang lupa ay nagpapalagas ng bunga." Ang bukal na sa nakaraang mga taon ay malinaw at nagbibigay-buhay, at nakatulong ng malaki sa pagbibigay ng tubig sa siyudad at sa palibot na distrito, ay ngayon ay hindi na maaring mainom.

Bilang tugon sa mga taga-Jerico, sabi ni Eliseo, "Dalhan ninyo ako ng isang bagong banga, at sidlan ninyo ng asin." At kanilang dinala sa kanya, at siya'y naparoon sa bukal ng tubig, at hinagisan niya ng asin, at nagsabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Aking pinabuti ang tubig na ito; hindi na magkakaroon mula rito ng kamatayan pa o pagkalagas ng bunga." 2 Hari 2:19-21.

Ang pagpapagaling ng tubig ng Jerico ay naisakatuparan, hindi sa karunungan ng sinumang tao, kundi sa mahimalang gawa ng Dios. Silang nagtayo ng siyudad ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng pabor ng Langit; gayunman Siya na "pinasisikat ang kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap," ay nakitang sa pagkakataong ito ay kailangang ihayag kahit na sa maliit na paraan ang Kanyang pagnanais na pagalingin ang Israel sa mga karamdamang espirituwal nito. Mateo 5:45.

Ang pagsasauli ay permanente; "bumuri ang tubig hanggang sa araw na ito, ayon sa salita ni Eliseo na kanyang sinalita." 2 Hari 2:22. Sa paglakad ng mga panahon ang mga tubig ay patuloy na dumaloy, at ginagawang dako ng kagandahan ang bahaging yaon.

Marami ang mga liksyong espirituwal na makukuha sa pagpapagaling ng tubig. Ang bagong banga, ang asin, ang bukal—lahat ay may mga simbulo.

Sa paglalagay ng asin sa mapait na bukal, itinuro ni Eliseo ang katulad na liksyong espirituwal na sa daan-taong nakalipas ay itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad nang sabihin Niyang, "Kayo ang asin ng lupa." Mateo 5:13. Ang asing napahalo sa marum-

ing tubig ay nagpadalisay sa tubig at naghatid ng buhay at pagpapala [193] sa mga dakong dati ay may kamatayan. Nang ihambing ng Dios ang Kanyang mga anak sa asin, ay ituturo Niya sa kanila na ang adhikain ng pagiging tagatanggap ng biyaya ay upang sila naman ay maging ahensya ng pagliligtas sa iba. Ang obheto ng Dios sa pagpili ng isang bayan sa harapan ng buong mundo ay hindi lamang upang ampunin sila bilang kanyang mga anak na lalaki at mga babae, kundi upang sa pamamagitan nila ay matanggap ng sanlibutan ang biyayang nagtataglay ng kaligtasan. Nang piliin ng Dios si Abraham, hindi lang upang maging tanging kaibigan ng Dios, kundi upang maging paraan ng pagkakaloob ng Panginoon sa mga bansa ng mga natatanging karapatan.

Kailangan ng sanlibutan ang mga katibayan ng taimtim na pagka Knsriano. Ang lason ng kasalanan ay patuloy ng gumagawa sa puso ng lipunan. Ang mga siyudad at mga baryo ay nasa kasalanan at pagkasira. Ang mundo ay puno ng sakit, pagdurusa, at kasalanan. Sa malapit at malayo ay laganap ang mga kaluluwang mabigat ang pasan ng kahirapan at kapighatian, pagkadama ng pagkakasala at namamatay sa kawalan ng impluwensyang nagliligtas. Ang ebanghelyo ng katotohanan ay inihaharap lagi sa kanila, datapuwat sila ay namamatay sapagkat ang halimbawa nilang ang impluwensya ay dapat na may lasang kaligtasan ay may isang kamatayan. Ang kanilang mga kaluluwa ay umiinon ng kapaitan sapagkat ang tubig ay nalason, sa halip na ito ay maging bukal ng tubig na umaagos tungo sa walang hanggang buhay.

Ang asin ay dapat isama sa sangkap upang ito ay madagdag; kailangang ito ay sumanib, manuot, upang ang pinaghaluan ay hindi mabulok Gayon din sa personal na pakikipagtagpo at pakikisalamuha sa mga tao upang sila ay maabot ng nagliligtas na kapangyarihan ng ebanghelyo. Hindi sila naliligtas na grupo-grupo, kundi isahang tao. Ang personal na impluwensya ay kapangyarihan. Ito ay gawaing may impluwensya ni Kristo, upang magtaas kung saan nagtataas si Kristo, magbahagi ng mga wastong simulain, at pigilan ang pagkalat ng kabulukan ng mundo. Ito ay ang pagkakalat ng biyayang tanging si Kristo lamang ang nagkakaloob. Ito ay upang itaas, patamisin ang mga buhay at likas ng iba sa kapangyarihan ng dalisay na halimbawang kalakip ng taimtim na pananampalataya at pag-ibig.

[194] Sa dati'y may lasong bukal ng Jerico, inihayag ng Panginoon, "Aking pinabuti ang tubig na ito; Kindi na magkakaroon mula rito ng kamatayan o pagkalagas ng bunga." Ang may lasong daiuyan ay kumakatawan sa kaluluwang hiwalay sa Dios. Ang kasalanan ay di lamang naghihiwalay ng tao sa Dios, kundi nagwawasak ng mga naisin at kakayahan ng kaluluwang makilala Siya. Sa pamamagitan ng kasalanan, ang buong pagkatao ay nawawasak, ang isipan ay napapasama, ang imahinasyon ay nabubulok ang mga kakayahan ng kaluluwa ay gumagaling. Nawawala ang tunay na relihiyon, ang kabanalan ng puso. Ang nagpapabagong kapangyarihan ng Dios ay hindi gumagawa sa pagbabago ng likas. Ang kaluluwa ay mahina, at sa pagnanais ng kapangyarihang moral upang magtagumpay, ay napapasama at naaaba.

Sa pusong nadalisay, lahat ay nabago. Ang pagbabago ng likas ay patotoo sa mundo ng isang Kristong naninirahan sa puso. Ang Espiritu ng Dios ay nagbubunga ng bagong buhay sa kaluluwa, ang mga isipan at naisin ay nadadala sa pagsunod sa kalooban ni Kristo; at ang taong panloob ay nababago sa wangis ng Dios. Ang mahihinang mga lalaki at mga babae ay naghahayag sa mundo na ang tumutubos na kapangyarihan ng biyaya ay gagawing masaganang magbunga ang likas na mahina.

Ang pusong tumatanggap ng salita ng Dios ay di tulad ng tubig na pumapaitaas dahilan sa init, di tulad ng basag na sisidlang tinatakasan ng laman. Tulad ito ng bukal at daluyan ng tubig sa kabundukan, hindi tumigil, na ang malamig, makislap na tubig ay patalun-talon sa mga batuhan, nagpapaginhawa sa pagod, sa uhaw, at nabibigatang kaluluwa. Tulad ito ng ilog na laging dumadaloy at, habang umaagos, ay lalong lumalalim at lumalawak, hanggang ang tubig na nagbibigay buhay ay lumaganap sa buong lupa. Ang ilog na umaawit habang dumadaloy ay nag-iiwan sa likuran niya ng handog na luntiang pananim at pagbubunga. Ang mga damo sa pampang nito ay lalong luntian, ang mga puno ay higit pa, ang mga bulaklak ay lalong sagana. Kapag ang lupa ay tiwangwang at kulay lupa sa init ng araw, ang isang linya ng luntiang pananim ay tanda ng pag-agos ng tubig.

Gayon din sa tunay na anak ng Dios. Ang relihiyon ni Kristo ay naghahayag ng sarili bilang pampasigla, namamayaning simulain, buhay, gumagawa, nagbibigay ng kalakasang espirituwal. Kapag

ang puso ay bukas sa impluwensya ng langit sa katotohanan at pag-ibig, ang mga simulaing ito ay aagos muli tulad ng mga daiuyan ng tubig sa disyerto, magbubungang masagana sa dakong ngayon ay [195]
tuyo at walang laman.

Kapag silang nilinis at dinalisay sa pamamagitan ng kaalaman ng katotohanan ng Biblia ay masiglang humayo sa gawain ng paglilig-tas ng kaluluwa, tunay na sila ay magiging lasang buhay sa buhay. Sa bawat araw ng pag-inom nila sa bukal ng biyaya at kaalaman, masusumpungan nilang ang kanilang mga puso ay inaapawan ng Espiritu ng kanilang Panginoon, at sa pamamamagitan ng kani-lang hindi makasariling paglilingkod marami ang makikinabang sa pisikal, mental, at espirituwal. Ang pagal ay nagiginhawahan, ang mga may sakit ay naisasauli sa kalusugan, at ang may pasang kasalanan ay gumagaling. Sa mga lupaing malalayo ay maririnig sa mga labi ang pagpapasalamat mula sa mga pusong naituwid mula sa paglilingkod sa kasalanan tun go sa katuwiran.

"Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan;" sapagkat ang salita ng Dios ay "bukal ng mga halamanan, balon ng mga buhay na tubig, at mga balong na tubig na mula sa Libano." Lucas 6:38; Awit ng mga
Awit 4:15. [196]

## Kabanata 19—Isang Propeta ng Kapayapaan

Ang gawain ni Eliseo bilang propeta ay kakaiba sa ilang bahagi nito sa naging gawain ni Elias. Kay Elias ay ipinagkatiwala ang mga pabalita ng pagtuligsa at paghatol; ang kanyang tinig ay walang takot na sansala, na tinawagan ang hari at bayan na bumalikwas mula sa kanilang mga masasamang gawa. Ang kay Eliseo ay mas payapang misyon; na palakasin ang gawaing sinimulan ni Elias; magturo sa bayan ng daan ng Panginoon. Ang inspirasyon ay naglalarawan sa kanya bilang may personal na kaugnayan sa tao, napapalibutan ng mga anak ng mga propeta, naghahatid ng pagpapagaling at kagalakan sa pamamagitan ng kanyang mga milagro at ministeryo.

Si Eliseo ay taong may banayad at magandang loob na diwa; ngunit maaari ding maging matigas tulad ng sa paglalakbay patungong Bethel, nang siya ay inaglahi ng mga kabataang salbahe na lumabas mula sa siyudad. Nadinig ng mga kabataang ito ang pagpanhik ni Elias sa langit, at ginawa ang pangyayaring ito upang libakin si Eliseo, "Umahon ka, ikaw na kalbo ang ulo; umahon ka, ikaw na kalbo ang ulo." Sa tunog ng kanilang pangungutya ang propeta ay lumingon, at sa ilalim ng pagkasi ng Makapangyarihan ay isinumpa niya sila. Ang kasindak-sindak na paghatol na sumunod ay galing sa Dios. "At doo'y lumabas ang dalawang osong babae sa gubat, at lumapa ng apat na pu't dalawang bata sa kanila." 2 Hari 2:23, 24.

Kung pinalagpas ni Eliseo ang paglibak na ito, patuloy pa siyang lilibakin at abusuhin ng mga taong walang galang at ang misyon niyang turuan ang bayan at iligtas sila sa panahong iyon ng pambansang panganib ay nalagay sana sa alanganin. Ang isang tagpong ito ng katigasan ay sapat upang makuha niya ang paggalang sa buong panahon ng buhay niya. Sa loob ng limampung taon ay labas-masok siya sa pintuan ng Bethel, paroo't parito sa lupain, mula siyudad tungo sa isang siyudad, nagdaraan sa mga karamihang tao na tamad, magaspang, at walang direksyong mga kabataan; datapuwat walang
[197] Ang kabanatang ito ay batay sa 2 Hari 4. sinumang lumibak sa

kanya o inismiran man ang kanyang mga katangian bilang propeta ng Kataastaasan.

Kahit na ang kagandahang loob ay dapat na may hangganan. Ang otoridad ay dapat itatag sa pamamagitan ng higpit, kundi ito ay tutuyain at iismiran lamang ng marami. Ang tinatawag na pagka malumanay, ang pagpapahinuhod at pagkukunsinting ginagamit ng mga magulang sa mga kabataan ay isa sa pinakamasamang bagay na maaaring maganap sa kanila. Sa bawat sambahayan, ang katatagan, disisyon, mga positibong patakaran ay kailangan.

Ang paggalang, na wala sa mga kabataang tumuya kay Eliseo, ay isang biyayang dapat na maingat na mahalin. Bawat bata ay dapat maturuang magpakita ng paggalang sa Dios. Hindi kailanman dapat na ang Kanyang pangalan ay sinasambit na walang pag-iisip o sa biro lamang. Ang mga anghel, kapag sila ay nagsasalita ay nagtatakip ng mga mukha. Gaano pa ngang higit na paggalang ang dapat nating dalhin sa ating mga labi, tayong nahulog at makasalanan sa kasamaan!

Ang pitagan ay dapat ipakita sa mga kinatawan ng Dios—mga ministro, mga guro, at mga magulang, na tinawagang mangusap at kumilos sa Kanyang kapakanan. Sa paggalang na iniuukol sa kanila, ang Dios ay napaparangalan.

Ang kabutihang asal, gayon din naman, ay isa sa mga kaloob ng Espiritu at dapat linangin ng lahat May kapangyarihan itong magpalambot ng mga likas na titigas at gagaspang lamang kung wala ito. Silang nagsasabing mga alagad ni Kristo, ngunit magaspang, walang galang, at walang pakundangan, ay hindi pa natututo kay Jesus. Ang kataimtiman nila ay maaaring hindi pag-aalinlanganan, ang kanilang pagiging matuwid ay di pagdududahan; datapuwat ang kataimtiman at pagiging matuwid ay hindi kapalit ng paggalang at kagandahang asal.

Ang mainam na diwang nagpalakas ng impluwensya ni Eliseo sa buhay ng marami sa Israel, ay nahayag sa istorya sa kanyang kaugnayan sa isang pamilyang naninirahan sa Sunem. Sa kanyang paglalakbay na paroo't panto sa kaharian, "isang araw na si Eliseo ay nagdaan sa Sunem, na kinaroroonan ng isang dakilang babae; at pinilit niya siya na kumain ng tinapay." Alam ng babaeng ito na si Eliseo ay "isang banal na lalaki ng Dios," at sinabi niya sa kanyang asawa: "Isinasamo ko sa iyo na tayo'y gumawa ng isang

maliit na silid sa pader; at ating ipaglagay siya roon ng isang higaan,
[198] at ng isang dulang, at ng isang upuan, at ng isang kandelero: at mangyayari, pagka siya'y dumarating sa atin, na siya'y papasok doon." Sa pahingahang ito ay madalas na nagtungo si Eliseo, na nagpapasalamat sa katahimikang dulot nito. Gayunman ang Dios ay alam ang kabutihan ng babae. Ang tahanang ito ay walang anak; at ginantimpalaan ng Dios ang kagandahang loob ng tahanan sa kaloob na isang anak na lalaki.

Nagdaan ang mga taon. Malaki na ang bata upang humayo sa bukid kasama ng mga mang-aani. Isang araw ay nagkasakit ito sa matinding init, "at kanyang sinabi sa kanyang ama, Ulo ko, ulo ko." Inutusan ng ama ang kanyang bataan na dalhin sa kanyang ina; "at nang kanyang makuha siya at dalhin siya sa kanyang ina, siya'y umupo sa kanyang tuhod hanggang sa katanghaliang tapat, at nang magkagayo'y namatay. At siya'y pumanhik, at inihiga siya sa higaan ng lalaki ng Dios, at pinagsarhan niya ng pintuan siya, at lumabas."

Sa gayo'y, yumaon ang Sunamitang pighati at naparoon kay Eliseo upang humingi ng tulong. Ang propeta ay nasa Bundok ng Carmel, at ang babae, ay sinamahan ng kanyang utusan, ay nagmamadaling nagpunta. "At nangyari, nang makita siya ng lalaki ng Dios sa malayo, na kanyang sinabi kay Giezi na kanyang lingkod, Narito, nandoon ang Sunamita: tumakbo ka, isinasamo ko sa iyo ngayon, na salubungin siya, at iyong sabihin sa kanya, Mabuti ka ba? mabuti ba ang iyong asawa? mabuti ba ang bata?" Gayon nga ang ginawa ng lingkod, ngunit mihayag lamang ng babae ang kanyang sama ng loob nang makaradng siya kay Eliseo. Sa pagkarimg nito, nagwika si Eliseo kay Giezi: "Bigkisan mo ang iyong mga balakang, at tangnan mo ang aking tungkod sa iyong kamay, at yumaon ka ng iyong lakad: kung ikaw ay makasasalubong ng sinumang tao, huwag mo siyang batiin; at kung ang sinuman ay bumati sa iyo, huwag mo siyang sasagutin: at ipatong mo ang aking tungkod sa mukha ng bata."

Ngunit masisiyahan lamang ang ina kung si Eliseo mismo ang sasama. At sinabi ng ina ng bata, Buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, hindi kita iiwan." "At siya'y tumindig, at sumunod sa kanya. At si Giezi ay nagpauna sa kanila, at ipinatong ang tungkod sa mukha ng bata; ngunit wala kahit tinig, o pakinig man.

Kaya't siya'y bumalik na sinalubong siya, at nagsaysay sa kanya, na nagsabi, Ang bata'y hindi magising."

At nang sila'y dumadng sa bahay, si Eliseo ay pumasok sa silid kung saan nando 'n ang bata'y patay, "at sinarhan ang pintuan sa [199] kanilang dalawa, at dumalangin sa Panginoon. At siya'y sumampa, at dumapa sa ibabaw ng bata, at idinikit ang kanyang bibig sa bibig niya, at ang kanyang mga mata sa mga mata niya, at ang kanyang mga kamay sa mga kamay niya: at siya'y dumapa sa kanya; at ang laman ng bata ay uminit Nang magkagayo'y bumalik siya, at lumakad sa bahay na paroo't parito na minsan; at sumampa, at dumapa sa ibabaw niya: at ang bata'y nagbahing makapito, at idinilat ng bata ang kanyang mga mata."

Ipinatawag ni Eliseo ang ina ng bata kay Giezi upang kunin ang anak. "At nang sip'y pumaroon sa kanya, sinabi nip, Kalungin mo ang iyong anak. Nang magkagayo'y pumasok sip at nagpatirapa sa kanyang mga paa, at yumukod sa lupa; at kinalong nip ang kanpng anak, at lumabas."

Sa ganito ay ginantimpalaan ang pananampalataya ng babaeng ito. Si Kristo, ang Tagapagbigay-buhay, ang nagsauli ng kanpng anak sa kanya. Ganito rin naman na gagantihan ang Kanyang mga tapat, at sa Kanyang ikalawang pagparito, na ang kamatayan ay maalisan ng tibo at ang libingan ay aagawan ng tagumpay na inaangkin nito. At isasauli sa Kanyang mga lingkod ang mga anak na inagaw ng kamatayan. "Ganito ang sabi ng Panginoon; Isang dnig ay narinig sa Rama, panaghoy, at kalagim-lagim na iyak; iniiyakan ni Raquel ang kanyang mga anak; siya'y tumatangging maaliw dahil sa kanyang mga anak, sapagkat sila'y wala na. Ganito ang sabi ng Panginoon; Iyong pigilin ang iyong tinig sa pag-iyak, at ang iyong mga mata sa mga luha: sapagkat gagantihin ang iyong mga gawa,...at sila'y magsisibalik na mula sa lupain ng kaaway. At may pag-asa sa iyong huling wakas, sabi ng Panginoon, at ang iyong mga anak ay magsisiparoon uli sa kanilang sariling hangganan." Jeremias 31:1517.

May kaginhawahang kaloob si Jesus para sa kamatayan sa pabalitang ito ng walang katapusang pag-asa: "Aking tutubusin sila mula sa kapangyarihan ng Sheol; Aking tutubusin sila mula sa kamatayan: Oh kamatayan, saan nandoon ang iyong mga salot; Oh Sheol, saan nandoon ang iyong kasiraan." Oseas 13:14. "Ako ang nabubuhay, at

Ako'y namatay; at, narito, Ako'y nabubuhay magpakailanman,...at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades." Apocalipsis 1:18. "Ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, may tinig ng Arkanghel, at may pakakak ng Dios: at
[200] ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli; kung magkagayon tayong nangabubuhay na nangatitira ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailanman." 1 Tesalonica 4:16,17.

Tulad ng Tagapagligtas ng tao, na siya ay isang tipo, si Eliseo ay pinagsama ang gawain ng pagtuturo at pagpapagaling sa kanyang ministeryo. Matapat, walang pagod, sa mahabang paglilingkod, na sinikap ni Eliseong magpasulong at magtaguyod ng mahalagang gawaing isasabalikat ng mga paaralan ng mga propeta. Sa pamamatnubay ng Dios ang kanyang mga turo sa mga masikap na mga grupo ng mga kabataang lalakiay pinadbayan ng Banal na Espiritu, at gayon din ng mga tunay na kadbayan ng kanyang otoridad bilang lingkod ni Jehova.

Minsang pagdalaw niya sa paaralan na itinatag sa Gilgal na pinagaling niya ang pagkaing may lason. "May kagutom sa lupain; at ang mga anak ng mga propeta ay nangakaupo sa harap niya: at sinabi niya sa kanyang lingkod, Isalang mo ang malaking palayok, at ipagluto mo ng lutuin ang mga anak ng mga propeta. At ang isa ay lumabas sa bukid upang manguha ng mga gugulayin, at nakasumpong ng isang baging gubat, at namitas doon ng mga kalabasang gubat na ang kanyang kandungan ay napuno, at bumalik at pinagputul-putol sa palayok ng lutuin: sapagkat hindi nila nalalaman. Sa gayo'y kanilang ibinuhos para sa mga tao upang kanin. At nangyari, samantalang sila'y nagsisikain ng lutuin, na sila'y nagsisigaw, at nagsipagsabi, Oh lalaki ng Dios, may kamatayan sa palayok. At hindi nakain yaon. Ngunit kanyang sinabi, Magdala nga rito ng harina. At kanyang isinilid sa palayok; at kanyang sinabi, Ibuhos ninyo para sa bayan, upang sila'y makakain. At wala nang makasasama sa palayok."

Sa Gilgal din naman, samantalang may kagutom pa ay pinakain ni Eliseo ang isang daang katao sa dinala ng "isang lalaki na mula sa Baal-salisa," "mga unang bunga, na dalawampung tinapay ng sebada, at mga murang uhay ng trigo na nangasa kanyang bayong."

May mga kasama siyang talagang kailangan ng pagkain. Nang nagsimula ang paghahain, sinabi niya sa kanyang lingkod, "Ibigay mo sa bayan, upang kanilang makain. At sinabi ng kanyang lingkod, Ano, ilalapag ko ba ito sa harap ng isang daang tao? Ngunit kanyang sinabi, Ibigay sa bayan upang kanilang makain; sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, Sila'y kakain, at magtitira niyaon. Sa gayo [201]
'y inilapag niya, sa harap nila, at sila 'y nagsikain at nagsipagtira niyaon, ayon sa salita ng Panginoon."

Anong pagpapakababa ito sa bahagi ni Kristo, na sa pamamagitan ng Kanyang lingkod, ay magsagawa ng milagro upang sapatan ang gutom! Muli at muli mula noon, bagaman hindi sa malawakan at maliwanag na paraan, na ang Panginoong Jesus ay gumawa upang sapatan ang pangangailangan ng tao. Kung mayroon lamang tayong malinaw na pananaw espirituwal ay higit nating makikilala na mayroon tayong mahabaging Dios na nakikitungo sa mga anak ng mga tao. Ang biyaya ng Dios sa mga maliliit na sukat ang nagkakaloob ng kasapatan. Ang kamay ng Dios ay napaparami ang mga ito ng [202]
makaisang daan. Mula sa Kanyang kayamanan ay makakapaghain Siya ng dulang sa ilang. Sa dampi ng Kanyang palad ay mapaparami Niya ang kakaunti at magiging sapat para sa lahat. Ang kapangyarihan Niya ang nagparami ng tinapay at mais sa kamay ng mga anak ng mga propeta.

Sa panahon ng ministri ni Kristo sa lupa, nang gumawa Siya ng milagro na katulad sa pagpapakain sa karamihan, ang katulad na kawalang pananampalataya ay nahayag din tulad ng sa panahon ng mga propeta noong una. "Ano!" sinabi ng lingkod ni Eliseo; "ilalapag ko ba ito sa harap ng isang daang tao?" Nang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na bigyan ng makakain ang karamihan, sinabi nila, "Wala tayo kundi limang tinapay at dalawang isda; malibang kami'y magsiyaon at ibili ng pagkain ang lahat ng mga taong ito." Lucas 9:13. Ano iyan kung ihambing sa dami ng tao?

Ang liksyon ay para sa mga anak ng Dios sa bawat kapanahunan. Kapag ang Panginoon ay nagbigay ng gawaing gagampanan, di dapat magtanong pa ang sinuman sa katinuan ng utos o sa magiging bunga ng kanilang pagsunod. Maaaring ang tinatangkilik ay kulang pa sa pangangailangan; datapuwat sa kamay ng Panginoon ay magiging labis pa ito. Inilapag ng lingkod "sa harap nila, at sila'y nagsikain at nagsipagtira niyaon, ayon sa salita ng Panginoon."

Ang lalong malalim na pagkadama ng kaugnayan ng Dios sa kanilang tinubos Niya sa pagkakaloob ng Kanyang Anak, ang lalong dakilang pananampalataya sa pagpapasulong ng Kanyang gawain sa lupa—ito ang higit na kailangan ng iglesia ngayon. Walang dapat mag-aksaya ng panahon sa kalungkutan sa kakulangan ng kanilang mapagkukunan ng salapi. Ang panlabas na anyo ay maaring walang pag-asa, ngunit ang lakas at tiwala sa Dios ay magpapalago ng kayamanan. Ang kaloob na handog sa Kanya na may pagpapasalamat at panalangin upang pagpalain Niya, ay pararamihin Niya kung paanong pinarami ang pagkaing kaloob sa mga anak ng mga propeta
[203] at sa pagal na karamihan.

# Kabanata 20—Si Naaman

"Si Naaman nga, na punong kawal ng hukbo ng hari sa Syria, ay dakilang lalaki sa kanyang panginoon, at marangal, sapagkat sa pamamagitan niya'y nagbigay ang Panginoon ng pagtatagumpay sa Syria: sip rin nama'y malakas na lalaki na may tapang, ngunit may ketong."

Tinalo ni Ben-hadad, hari ng Syria, ang mga hukbo ng Israel at dito ay napatay si Ahab. Mula noon ang mga Syriano ay palagiang nakikipaghamok sa Israel sa mga hangganan nito, at sa isang paglusob nila ay tinangay ang isang dalagita, na "naglingkod sa asawa ni Naaman." Isang aliping, malayo sa sariling tahanan, ang dalagitang ito ay naging isang saksi ng Dios, na di namamalayang siya ay tumutupad sa isang adhikaing ipinagkariwala ng Dios sa Israel bilang Kanyang bayang hirang. Habang naglilingkod ito sa tahanang walang pagkakilala sa Dios, ang kanyang malasakit sa tahanan ay lumago; at sa pag-alaala sa mga kahanga-hangang milagro na nagawa ni Eliseo, sinabi niya sa kanyang panginoong babae, "Mano nawa ang aking panginoon ay humarap sa propeta na nasa Samaria! kung magkagayo'y pagagalingin niya siya sa kanyang ketong." Alam niyang ang kapangpyarihan ng Langit ay na kay Eliseo, at alam niyang ang kapangprihang ito ang magpapagaling kay Naaman.

Ang ugali ng babaeng aliping ito, ang paraan ng kanyang paglilingkod sa tahanang pagano, ay matibay na patotoo ng kapangprihan ng kanyang naging pagsasanay sa tahanan bilang kabataan. Wala nang dadakila pang pagtitiwalang maibibigay sa mga ama at mga ina maliban sa pag-aaruga at pagsasanay sa kanilang mga anak. Nasa magulang ang paglalagay ng pundasyon ng likas at pag-uugali. Sa kanilang halimbawa at pagtuturo ang kinabukasan ng mga anak ay nakasalalay sa malaking bahagi.

Mapalad ang mga magulang na ang mga buhay ay tunay na sinag ng makalangit, upang ang mga pangako at utos ng Dios ay magising Ang kabanatang ito ay batay sa 2 Hari 5. sa mga anak ang [204]

pagpapasalamat at paggalang; ang mga magulang na ang magandang loob at makatuwiran at matiisin ay isinasalin sa mga anak ang pag-ibig at katarungan at pagtitiis ng Dios, at sa pagtuturo sa anak na ibigin at magtiwala at sumunod sa kanila, ay tinuturuan siya na ibigin at magtiwala at sumunod sa kanyang Ama sa langit. Mga magulang na nagpapahayag sa anak ng gano' ng kaloob ay nagbibigay sa kanya ng kayamanang mas mahalaga kaysa kayamanan ng sanlibutan, kayamanang magpakailanman.

Hindi natin alam kung saang linya ng gawain tatawagin ang ating mga anak. Maaaring sila ay mamalagi lamang sa loob ng tahanan; maaaring magkaroon sila ng karaniwang hanap-buhay, o humayo bilang guro ng ebanghelyo sa mga paganong lupain; datapuwat ang lahat na ito ay pagiging misyonero para sa Dios, mga ministro ng kahabagan ng sanlibutan. Kailangang magkaroon sila ng uri ng edukasyong tutulong sa kanila sa pagtayo sa panig ni Kristo sa di makasariling paglilingkod.

Ang mga magulang ng Hebreong aliping ito, habang tinuturuan siya ng tungkol sa kanyang Dios, ay hindi alam ang naghihintay na kapalaran sa kanya. Datapuwat sila ay naging tapat sa pagkakatiwala; at sa tahanan ng kapitan ng Syria, ang kanilang anak ay sumaksi sa Dios na natutuhan niyang parangalan.

Narinig ni Naaman ang wika ng kabataang ito sa kanyang panginoong babae; at, matapos nang pumayag ang hari, siya'y yumaon, at nagdala siya ng "sampling talentong pilak, at anim na libong putol na ginto, at sampung pangpalit na bihisan." At kanyang dinala ang sulat mula sa hari ng Syria sa hari sa Israel, na sinasabi, "Talastasin mo,...na aking sinugo si Naaman na aking lingkod sa iyo, upang iyong pagalingin siya sa kanyang ketong." "Nang mabasa ng hari sa Israel ang sulat, "kanyang hinapak ang kanyang suot, at nagsabi, Ako ba ',y Dios upang pumatay at bumuhay, na ang lalaking ito ay nagsugo sa akin upang pagalingin ito sa kanyang ketong? ngunit talastasin mo kung paanong siya'y humahanap ng dahilan laban sa akin."

Dumating kay Eliseo ang bagay na ito, na siya'y nagsugo sa hari, na nagsabi, "Bakit mo hinapak ang iyong mga kasuutan? paparituhin mo siya sa akin, at kanyang malalaman na may isang propeta sa Israel."

"Sa gayo'y naparoon si Naaman na dala ang kanyang mga kabayo at ang kanyang mga karo, at tumayo sa pintuan ng bahay ni Eliseo." Pinasabi ng propeta sa kanyang sugo, "Ikaw ay yumaon, at [205]
maligo sa Jordan na makapito, at ang iyong laman ay sasauli sa iyo, at ikaw ay magiging malinis."

Si Naaman ay umasa na makakita ng kahanga-hangang pagpapahayag ng kapangyarihan mula sa langit. Siya'y nagsabi, "Narito, along inakalang walang pagsalang lalabasin niya ako, at tatayo, at tatawag sa pangalan ng Panginoon niyang Dios, at pagagalaw-galawin ang kanyang kamay sa kinaroroonan, at mapapawi ang ketong." Nang sabihang maghugas sa Jordan, siya'y nanliit, at sa kabiguan ay nagsalitang, "Hindi ba ang Abana at ang Pharphar, na mga ilog ng Damasco, ay mainam kay sa lahat ng tubig sa Israel? hindi ba ako makapaliligo sa mga yaon, at maging malinis?" "Sa gayo'y pumihit siya at umalis sa pag-init."

Ang mapagmataas na espiritu ni Naaman ay naghimagsik sa pagsunod sa ipinag-utos ni Eliseo. Ang mga ilog na binanggit ng kapitang Syriano ay magaganda, at marami ang nagtitipon doon upang magsisamba sa kanilang mga diyus-diyusan. Hindi magiging malaldng kahihiyan para kay Naaman kung sila'y lulusong sa isa sa mga sapang yaon. Subalit sa pagsunod lamang sa mga inuutos ng propeta na siya'y gagaling. Ang laang pagsunod lamang ang makapaghahatid ng inaasam na resulta.

Ang mga lingkod ni Naaman ay sinabihan siyang gawin ang inuutos ni Eliseo: "Kung ipinagawa sa iyo ng propeta ang anumang mahirap na bagay," wika nila, "hindi mo ba gagawin? gaano nga kung sabihin niya sa iyo, Ikaw ay maligo at maging malinis?" Ang pananampalataya ni Naaman ay sinusubok, habang ang pagmamataas ay sinisikap alisin. Ngunit ang pananampalataya ay nanaig, at ang mapagmataas na Syriano ay nagpakumbaba at yumukod sa pagpapasakop sa ipinahayag na nais ng Dios. Makapitong beses na sumugbong siya sa Jordan, "ayon sa sabi ng lalaki ng Dios." At pinarangalan ang kanyang pananampalataya; "ang kanyang laman ay nagsauling gaya ng laman ng isang munting bata, at siya'y naging malinis."

May pagpapasalamat na "siya'y bumalik sa lalaki ng Dios, siya at ang buong pulutong niya, na nagsabi, "Narito ngayon, aking talastas na walang Dios sa buong lupa, kundi sa Israel."

Sang-ayon sa kaugalian noon, nagsumamo si Naaman kay Eliseo
na tanggapin ang mamahaling handog. Ngunit ang propeta ay
[206] tumanggi. Hindi niya kukuning kabayaran sa pagpapalang ip-
[207] inagkaloob ng Dios. "Buhay ang Panginoon," kanyang sinabi, "wala
akong tatanggapin." Ipinilit ng Syriano "na kunin niya; ngunit siya'y
[208] tumanggi.

"At sinabi ni Naaman, Kung hindi, isinasamo ko pa sa iyo, na bigyan ko ang iyong lingkod ng lupang mapapasan ng dalawang maliit na kabayo? sapagkat ang iyong lingkod buhat ngayon ay hindi maghahandog ng handog na susunugin o hain man sa ibang mga diyos, kundi sa Panginoon. Sa bagay na ito'y patawarin nawa ng Panginoon ang iyong lingkod, pagka ang aking panginoon ay pumasok sa bahay ni Rimmon upang sumamba roon, at siya'y umagapay sa aking kamay, at ako'y yumukod sa bahay ni Rimmon: pagyukod ko sa bahay ni Rimmon, na patawarin nawa ng Panginoon ang iyong lingkod sa bagay na ito.

"At sinabi niya sa kanya, Ikaw ay yumaong payapa. Sa gayo'y nilisan niya siya ng may agwat na kaunti."

Si Giezi, na lingkod ni Eliseo, ay nagkaroon ng pagkakataon ng mga taon na maglinang ng diwa ng pagsasakripisyo tulad din ng likas ng kanyang panginoon. Naging karapatan niyang maging kawaksi sa hukbo ng Panginoon. Ang pinakamabuting mga kaloob ng Langit ay malapit sa kanya; gayunman, tinalikuran niya ito, at ang hinangad ay mga kayamanan ng lupa. At ngayon ang natatagong naising ito ay nalantad sa tuksong ito na hindi niya malabanan. "Narito," kanyang sinabi sa kanyang sarili, "pinalagpas ng aking panginoon ang Naamang ito na taga Syria, sa di pagtanggap sa kanyang mga kamay ng kanyang dala: ngunit...tatakbuhin ko siya, at kukuha ako ng anuman sa kanya." Sa gayo'y "sinundan ni Giezi si Naaman," ng palihim.

"Nang makita ni Naaman na isa'y humahabol sa kanya, siya'y bumaba sa karo na sinalubong niya, at sinabi, Lahat ba'y mabud? At kanyang sinabi, Lahat ay mabud." At si Giezi ay nagsinungaling. "Sinugo ako ng aking panginoon," kanyang sinabi, "narito, dumating sa akin ngayon mula sa lupaing maburol ng Bundok Epraim ang dalawang binata sa mga anak ng mga propeta: isinasamo ko sa iyo na bigyan mo sila ng isang talentong pilak, at dalawang pangpalit na bihisan." Sa kahilingang ito si Naaman ay masayang pumayag, at

pinagkalooban niya si Giezi ng dalawang talentong pilak imbes na isa lang, "na may dalawang pangpalit na bihisan," at inutusan ang kanyang mga lingkod na ibalik ang mga kayamanan.

Habang palapit si Giezi sa bahay ni Eliseo, pinaalis niya ang mga [209] alipin at itinago ang mga damit at pilak. Nang matapos ito ay "pumasok, at tumayo sa harap ng kanyang panginoon;" at, upang takpan ang sarili, ay nagwika pa ng ikalawang kasinungalingan. Nagtanong si Eliseo kung saan nanggaling si Giezi, at siya ay tumugong, "Ang iyong lingkod ay walang pinaroonan."

Sa ganito ay dumating ang matigas na sansala, nagpapakitang alam ni Eliseo ang lahat na naganap. "Hindi ba sumasa iyo ang aking puso," kanyang tinanong, "nang ang lalaki ay bumalik mula sa kanyang karo na sinasalubong ka? Panahon ba ng pagtanggap ng salapi, at pagtanggap ng bihisan, at ng mga olibohan, at ng mga ubasan, at ng mga tupa, at ng mga baka, at ng mga aliping lalaki, at babae? Ang ketong nga ni Naaman ay kakapit sa iyo, at sa iyong binhi magpakailanman." At siya'y umalis sa kanyang harapan "na may ketong na kasingputi ng niebe."

Maselan ang mga liksyong itinuturo ng karanasang ito ng isang pinagkatiwalaan ng matataas at mga banal na kapanagutan. Ang ginawa ni Giezi ay sapat upang katisuran ni Naaman, na sa isipan ay napunla ang kahanga-hangang liwanag, at may nabubuong isipan ng paglilingkod sa buhay na Dios. Sa pandarayang ginawa ni Giezi ay walang katuwiran. Hanggang sa araw ng kanyang kamatayan nanatili siyang ketongin, isinumpa ng Dios at pinandirihan ng kanyang kapwa mga tao.

"Ang sinungaling na saksi ay walang pagsalang parurusahan, at ang nagsasalita ng mga kasinungalingan ay hindi makatatahan." Kawikaan 19:5. Isipin man ng taong itago ang kanyang masamang gawain sa mata ng tao, ngunit hindi nila malilinlang ang Dios. "At walang anumang nilalang na hindi nahahayag sa Kanyang paningin." Hebreo 4:13. Inisip ni Giezi na dayain si Eliseo, datapuwat inihayag ng Panginoon sa Kanyang propeta ang mga salitang binitiwan ni Giezi kay Naaman, at ang bawat detalye ng pagtatagpo ng dalawang lalaki.

Ang katotohanan ay sa Dios; ang anumang pandaraya sa maraming anyo nito ay kay Satanas, at ang sinumang lilihis sa matuwid na landas ng katotohanan ay nagkakanulo ng sarili sa kapangyarihan

ng masama. Silang nag-aral kay Kristo ay "hindi makikibahagi sa mga walang mapapakinabangang gawa ng kadiliman." Efeso. 5:11. Sa pananalita, at sa buhay, sila ay magiging payak, pranka, at totoo,
[210] sapagkat sila ay naghahanda sa pakikisama sa mga banal na sa mga labi ay walang nasumpungang daya. Tingnan ang Apocalipsis 14:5.

Mga daantaon matapos na si Naaman ay umuwi sa kanyang Syrianong tahanan, napagaling sa katawan at nahikayat ang diwa, ang kanyang kahanga-hangang pananampalataya ay pinuri ng Tagapagligtas bilang isang liksyon sa mga nag-aangking naglilingkod sa Dios. "Maraming ketongin sa Israel nang panahon ni Eliseo na propeta," wika ng Tagapagligtas; "at sinuman sa kanila'y hindi nilinis, kundi lamang si Naanam na Syriano." Lucas 4:27. Nilagpasan ng Panginoon ang maraming ketongin sa Israel sapagkat ang kanilang kawalang pananampalataya ay nagsara ng pintuan ng kabutihan para sa kanila. Ang taong walang pagkakilala sa Dios datapuwat tapat sa mga kombiksyon ng puso ukol sa matuwid, at nakadadama ng pangangailangan ng tulong, ay higit na karapat-dapat sa paningin ng Panginoon kaysa doon sa mga pinagkalooban ng mga karapatan ng Dios datapuwat ito ay tinalikdan at kinamuhian. Ang Dios ay gumagawa para sa kanilang may pagpapasalamat sa mga pabor ng Dios at tumutugon sa liwanag na kaloob ng langit.

Ngayon sa bawat lupain ay maraming mga tapat sa puso, at sa kanila ay sumisikat ang liwanag ng langit. Kung magpapatuloy silang may katapatan sa pagsunod sa nauunawaan nilang tungkulin, pagkakalooban sila ng dagdag na liwanag, hanggang, sa katulad ni Naaman noong una, maaakay sila sa pagkilalang "walang ibang Dios sa buong lupa," liban sa buhay na Dios, na Manlalalang.

Sa bawat taimtim na kaluluwang "lumalakad sa kadiliman, at walang liwanag," ay may paanyaya, "Tumiwala siya sa pangalan ng Panginoon, at umasa sa kanyang Dios." "Sapagkat hindi narinig ng mga tao mula nang una, o naulinigan man ng pakinig, o ang mata ay nakakita man ng Dios liban sa Iyo, na iginagawa Niya ng kabutihan ang naghihintay sa Kanya. Iyong sinasalubong siya na nagagalak at gumagawa ng katuwiran, yaong nagsialaala sa Iyo sa Iyong mga
[211] daan." Isaias 50:10; 64:4, 5.

## Kabanata 21—Pagtatapos ng Ministeryo ni Eliseo

Tinawagan sa paglilingkod bilang propeta sa paghahari ni Ahab, nakita ni Eliseo ang maraming pagbabagong naganap sa kaharian ng Israel. Ang hatol ay sunod-sunod na dumating sa mga Israelita sa panahon ni Hazael ang Syriano, na siyang naging sumpa sa bansang tumalikod. Ang mababagsik na repormang ipinasok ni Jehu ay nagbunga ng pagpaslang sa buong sambahayan m Ahab. Sa patuloy na pakikidigma sa mga Syriano, si Joas, na pumalit kay Jehu, ay nawalan ng ilang mga siyudad sa silangan ng Jordan. Sa ilang panahon ay parang mapapasailalim ng kontrol ng Syria ang buong kaharian. Ngunit ang repormang sinimulan ni Elias at ipinagpatuloy ni Eliseo ay umakay sa marami na hanapin ang Dios. Ang mga dambana ni Baal ay kinalimutan, at marahan ngunit tiyakang ang adhikain ng Dios ay natutupad sa mga buhay nilang nagpasyang maglingkod sa Kanya ng buong puso.

Dahilan na rin sa pag-ibig ng Dios sa alibughang Israel na pinayagan ng Dios na sila ay sumpain sa pamamagitan ng Syria. Ang Kanyang habag sa mga mahihina ang moralidad kaya ibinangon Niya si Jehu upang paslangin ang masamang si Jezabel at ang buong angkan ni Ahab. Minsan pa, sa pamamagitan ng mahabaging paglalaan ng Dios, ang mga saserdote ni Baal at Astoret ay pinaslang at mga altar nila ay nawasak. Sa karunungan ng Dios ay nakita na kung aalisin ang mga tukso, mayroong tatalikod sa paganismo at titingin sa langit, at ito ang dahilan kung kaya't pinahintulot Niya na ang mga kalamidad ay magkakasunod na dumating sa kanila. Ang mga kahatulan Niya ay may halong habag; at nang ang Kanyang mga layunin ay natupad, kinalinga Niya silang natutong maghanap sa Kanya.

Habang ang mga impluwensya ng kasamaan at kabutihan ay naglalaban para siyang mamayani, at ginagawa ni Satanas ang lahat upang lubusin ang pagkawasak sa panahon ng paghahari ni Ahab at Jezabel, si Eliseo ay nagpatuloy sa pagbibigay ng kanyang patotoo. Nasagupa niya ang oposisyon, gayunman ay walang sinumang [212]

makapagwawalang bisa ng kanyang mga patotoo. Sa buong kaharian siya ay iginalang at pinagpitaganan. Marami ang lumapit sa kanya upang humingi ng payo. Samantalang buhay pa si Jezabel, si Joram, na hari ng Israel, ay humingi sa kanya ng payo; at minsan, nang siya ay nasa Damasco, dinalaw siya ng mga mensahero ni Benhadad, ang hari ng Syria, na nagnais makaalam na kung ang kanyang sakit ay ikamamatay. Sa lahat ng mga ito ang propeta ay nagbigay ng patotoong tapat na, sa panahong ang katotohanan, ay pinipilipit at pinasasama at ang kalakhang bahagi ng bayan ay hayagang naghihimagsik laban sa Langit.

At kailanman ay di pinabayaan ng Dios ang Kanyang piniling mensahero. Minsan, sa panahon ng paglusob ng Syria, ang hari ng Syria ay nagsikap na patayin si Eliseo dahilan sa ginawa nitong pagpapayo sa hari ng Israel tungkol sa paglusob ng kaaway. Ang hari ng Syria ay humingi ng payo sa kanyang mga lingkod, na nagsasabi, "Sa gayo't gayong dako malalagay ang aking kampamento." Ang planong ito ay ipinahayag ng Panginoon kay Eliseo na "nagsugo sa hari sa Israel, na nagsasabi, Mag-ingat ka na huwag dumaan sa dakong yaon; sapagkat doo'y lumulusong ang mga taga Syria. At nagsugo ang hari sa Israel sa dakong isinaysay sa kanya ng lalaki ng Dios at ipinagpauna sa kanya, at siya'y lumigtas doon, na hindi miminsan o mamakalawa.

"At ang puso ng hari sa Syria ay nabagabag na mainam dahil sa bagay na ito; at kanyang tinawag ang kanyang mga lingkod, at sinabi sa kanila, Hindi ba ninyo ipakikilala sa akin kung sino sa atin ang sa hari sa Israel? At sinabi ng isa sa kanyang mga lingkod, Hindi, panginoon ko, Oh hari: kundi si Eliseo, na propeta na nasa Israel, ay nagsaysay sa hari sa Israel ng mga salita na iyong sinasalita sa iyong silid na tulugan."

Nagtakda para mawala ang propeta, ang hari ng Syria ay nag-utos, "Ikaw ay yumaon at tingnan mo kung saan siya nandoon, upang ako'y makapagpasundo at dalhin siya." Ang propeta ay nasa Dothan; at, pagkaalam nito, ang hari ay nagsugo ng "mga kabayo, at mga karo, at ng isang malaking hukbo: at sila'y naparoon sa gabi, at kinubkob ang bayan sa palibot. At nang ang lingkod ng lalaki ng Dios ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo na
[213] may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan."

Sa takot ang lingkod ni Eliseo ay nagsabi sa kanya, “Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin?”

“Huwag kang matakot,” ang sagot ng propeta; “sapagkat ang sumasaatin ay higit kaysa sumasa kanila.” At upang maniwala ang kanyang lingkod, “si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa Iyo, Panginoon, na idilat ang kanyang mga mata, upang siya’y makakita.” “At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya’y nakakita: at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo.” Sa pagitan ng lingkod ng Dios at ng nasasandatahang hukbo ay mayroong nakapalibot na banda ng mga anghel. Sila’y bumaba ng may malakas na kapangyarihan, hindi upang sumira, hindi upang sambahin, kundi upang ipamalita at maglingkod sa mahihina at kaawa-awang mga anak ng Panginoon.

Nang ang bayan ng Dios ay napunta sa masisikip na lugar, na tila wala na silang kawala, ang Dios na lang ang aasahan nila.

Samantalang ang hukbo ng mga sundalong Syriano ay matapang na sumusulong, hindi alam na may hukbo pala mula sa langit, “ay nanalangin si Eliseo sa Panginoon, at nagsabi, Idinadalangin ko sa Iyo, na bulagin Mo ang bayang ito. At Kanyang binulag sila ayon sa salita ni Eliseo. At sinabi ni Eliseo sa kanila, hindi ito ang daan, o ang bayan man: sumunod kayo sa akin, at dadalhin ko kayo sa lalaki na inyong hinahanap. At kanyang pinatnubayan sila sa Samaria.

“At nangyari, nang sila’y magsidating sa Samaria na sinabi ni Eliseo, Panginoon, idilat Mo ang mga mata ng mga lalaking ito, upang sila’y makakita. At idinilat ng Panginoon ang kanilang mga mata, at sila’y nangakakita; at, narito, sila’y nangasa gitna ng Samaria. At sinabi ng hari ng Israel kay Eliseo, nang makita niya sila, Ama ko, sasaktan ko ba sila? sasaktan ko ba sila? At siya’y sumagot, Huwag mong sasaktan sila: sasaktan mo ba ang iyong binihag ng iyong tabak at ng iyong busog? maghain ka ng tinapay at tubig sa harap nila, upang kanilang makain at mainom, at magsiparoon sa kanilang panginoon.” At siya ’,y naghanda ng maraming pagkain para sa kanila: at pagkatapos na sila’y makakain at makainom, pinaalis niya sila at nagsiparoon sa kanilang panginoon.” Tingnan ang 2 Hari 6.

Sa ilang panahon pagkaraan nito, ang Israel ay naligtas sa mga paglusob ng mga Syriano. Datapuwat di natagalan, sa ilalim ng

pangunguna ng determinadong hari, na si Hazael, ang mga sundalo ng Syria ay pinalibutan ang Samaria at kinubkub ito. Kailanman
[214] ay di naranasan ng Israel ang ganitong uri ng kahirapan. Tunay na ang mga kasalanan ng magulang ay umaabot sa mga anak at mga anak ng kanilang mga anak. Ang mahabang kagutom dahilan sa pagkubkob ay nagtataboy sa hari ng Israel upang maging desperado, nang ipropesiya ni Eliseo ang kaligtasan sa kinabukasan.

Nang magbukang-liwayway ng sumunod na umaga, "ipinarimg ng Panginoon sa hukbo ng mga taga Syria ang hugong ng mga karo, at ang huni ng mga kabayo, samakatuwid baga'y ang hugong ng malaking hukbo;" at sila'y, nangatakot na "nagsitindig at nagsitakas sa pagtatakip silim," at iniwan ang "kanilang mga tolda, at ang kanilang mga kabayo, at ang kanilang mga asno, at ang buong kampamento na gaya ng dati," pari nang mga inipong pagkain. At sila'y "nagsitakas dahil sa kanilang buhay," na hindi namamalayang sila'y nakatawid na sa Jordan.

Nang gabi ng pagtakas, apat na ketongin sa pintuan ng siyudad, nanlupaypay sa gutom, ay nagpanukalang magtungo sa kampamento ng mga taga Syria at magmakaawa, umaasang sila'y kahahabagan at bibigyan ng pagkain. Ngunit pagdating nila ay "walang lalaki roon." At dahil walang taong mamomolestya o pipigil, "sila'y nagsipasok sa isang tolda, at nagsikain at nagsiinom, at nagsipagdala mula roon ng pilak, at ng ginto, at ng bihisan, at nagsiyaon at itinago; at sila'y bumalik, at pumasok sa ibang tolda, at nagdala rin mula roon, at nagsiyaon at itinago. Nang magkagayo'y nagsang-usapan sila, Hindi mabuti ang ginagawa natin: ang araw na ito ay araw ng mabubuting balita, at tayo'y tumatahimik." At madali silang nagbalik sa siyudad na dala ang magandang balita.

Madami ang nasayang, sagana ang nasamsam sa araw na yaon "ang takal ng mainam na harina ay naipagbili ng isang siklo, at ang dalawang takal ng sebada ay isang siklo," ayon sa salita ni Eliseo bago sa araw na yaon. Minsan pa ang pangalan ng Dios ay naitaas sa harapan ng mga pagano "ayon sa salita ng Panginoon" sa pamamagitan ng Kanyang propeta sa Israel. Tingnan ang 2 Hari 7:5-16.

Sa ganito ay nagpatuloy na gumawa taun-taon ang lalaki ng Dios, nalalapit sa mga tao sa tapat na paglilingkod, at sa panahon ng mga krisis ay tumayong tagapayo ng mga hari. Ang mahabang panahon

ng pagsamba sa mga diyos sa bahagi ng mga pinuno at ng bayan ay gumawa ng nakalulunos na bunga; ang lambong ng pagtalikod, ay patuloy pa ring nakikita sa bawat dako, gayunman sa iba't ibang [215] dako ay may mga tapat na matatag na tumangging yumukod kay Baal. Sa patuloy na gawain ni Eliseo sa pagrereporma, marami ang nabawi sa pagka pagano, at ang mga ito ay natutong magalak sa paglilingkod sa tunay na Dios. Ang propeta ay pinasigla ng mga kababalaghang ito ng biyaya ng Dios, at tumanggap ng inspirasyong abutin silang may taimtim na puso. Saan mang dako ay sinikap niyang maging guro ng katuwiran.

Sa tingin ng tao ang hinaharap para sa espiritwal na pagpapasigla ng bayan ay walang pag-asa, tulad din ng tanawin ngayon ng mga lingkod ng Dios na gumagawa sa mga madidilim na dako ng lupa. Datapuwat ang iglesia ni Kristo ang ahensya ng Dios sa paghahayag ng katotohanan; binigyang kapang-yarihan sa isang tanging gawain; at kung siya ',ymagiging tapat sa Dios, masunurin sa Kanyang mga utos, ay malalagak sa kanya ang kapangyarihan ng Dios. Kung siya ',y magiging tapat sa pananayuan, ay walang kapangyarihang makatatagal laban sa kanya. Kung paanong ang ipa ay di makakalaban sa ipu-ipo, gayon din ang puwersa ng kasamaan ay di makatatayo sa iglesia.

Nasa harapan ng iglesia ang bukang liwayway ng maliwanag, maluwalhating araw, kung isusuot niya ang balabal ng katuwiran ni Kristo, na lumilisan sa pagtatapat sa sanlibutan.

Tinatawagan ng Dios ang lahat ng mga tapat sa Kanya, na naniniwala sa Kanya, na maghayag ng pampalakas ng loob sa mga walang pananampalataya at walang pag-asa. Manumbalik kayo sa Panginoon, kayong mga bilanggo ng pag-asa. Hanapin ang kalakasan sa Dios, ang buhay na Dios. Maghayag ng di natitinag, maamong pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan at, Kanyang pagnanais na magligtas. Kung sa pananampaltaya ay hahawak tayo sa Kanyang lakas babaguhin Niya, sa kahanga-hangang paraan ang tanawing pinakaw alang pag-asa. Gagawin Niya ito sa ikaluluwalhati ng Kanyang pangalan.

Hangga 't si Eliseo ay nakapaglalakbay sa buong kaharian ng Israel, nagpatuloy siyang may aktibong interes sa pagpapalago ng mga paaralan ng mga propeta. Saan mang dako siya, ay kasama niya ang Dios, nagkakaloob ng salita at kapangyarihan sa paggawa

ng mga milagro. Minsan, sinabi ng mga anak ng mga propeta kay Eliseo, Nanto ngayon, ang dakong aming kinatitirahan sa harap mo ay totoong gipit sa ganang amin. Isinasamo narrun sa iyo, na
[216] kami ay paparoonin sa Jordan, at kumuha roon ang bawat isa ng sikang, at gumawa kami para sa amin ng isang dako roon, na aming matatahanan." 2 Han 6:1, 2. Si Eliseo ay sumama sa kanila sa Jordan, pinasisigla sila sa kanyang presensya, tinuturuan sila, at gumagawa ng himala bilang tulong sa kanilang paggawa. "Ngunit samantalang ang isa'y pumuputol ng isang sikang, ang talim ng palakol ay nalaglag sa tubig: at siya'y sumigaw, at nagsabi, Sa aba ko, panginoon ko! sapagkat hiram. At sinabi ng lalaki ng Dios, Saan nalaglag? At itinuro niya sa kanya ang dako. At siya'y pumutol ng isang patpat, at inihagis doon; at pinalutang ang bakal." At kanyang sinabi, Kunin mo. Sa gayo'y kanyang iniunat ang kanyang kamay, at kinuha." Talatang 57.

Malaki at malawak ang epekto ng kanyang ministri at impluwensya, anupa't kahit na sa higaan ng kamatayan, ang Haring Joas na kabataan pa, isang mananamba sa diyus-diyusan ngunit mayroon lamang maliit na paggalang sa Dios, ay kinilala ang propeta bilang isang ama sa Israel, at tinanggap na ang presensya nito sa Israel ay higit na mahalaga sa panahon ng bagabag kaysa pagkakaroon ng maraming kabayo at karuwahe. Ayon sa tala: "Si Eliseo nga ay nagkasakit ng sakit na kanyang ikinamatay. At binaba siya, at iniyakan siya, at nagsabi, ama ko, ama ko, ang mga karo ng Israel, at ang mga nangangabayo niyaon." 2 Hari 13:14.

Sa maraming kaluluwang bagabag ang propeta ay naging pantas at mapagmalasakit na ama. At sa pagkakataong ito ay di niya tinalikuran ang kabaatang walang Dios nasa harapan niya, na bagaman di karapatdapat sa bigat ng tungkuling nasa kanya, gayunman ay nangangailangan ng payo. Ang Dios sa Kanyang paglalaan ay dinala sa hari ang pagkakataong tubusin ang mga pagkukulang ng nakaraan at muling maitaas ang kaharian. Ang kaaway na Syriano na ngayon ay nakatira sa silangan ng Jordan, ay dapat gahisin. Minsan pa ang kapangyarihan ng Dios ay dapat mahayag sa kapakanan ng sumasalangsang na Israel.

Ang naghihingalong propeta ay nagsabi sa hari, "Kumuha ka ng busog at pana." Sumunod si Joas. At sinabi ng propeta, "Ilagay mo ang iyong kamay sa busog: at inilagay niya ang kanyang kamay

roon: at inilagay ni Eliseo ang kanyang mga kamay sa mga kamay ng hari. At kanyang sinabi, Buksan mo ang dungawan sa dakong silanganan"— na nakatutok sa mga siyudad sa kabila ng Jordan na pag-aari ng Syria. Binuksan ng hari ang dungawan, at inutu- [217]
san ni Eliseong magpahilagpos siya. Sa paghilagpos ng pana, ang propeta'y malugod na nagsabing, "Ang pana nga ng pagtatagumpay ng Panginoon, samakatuwid baga'y ang pana ng pagtatagumpay sa Syria: sapagkat iyong sasaktan ang mga taga-Syria sa Aphek, hanggang sa iyong malipol."

Ngayon sinubok ng propeta ang pananampalataya ng hari. Inutusan si Joas na tangnan ang pana, at sinabing, "Humampas ka sa lupa." Tadong beses na humampas ang hari sa lupa, at tumigil. "Marapat nga sana na iyong hampasing makalima o makaanim," pahayag ni Eliseo sa malakas na tinig; "sinaktan mo nga sana ang Syria hanggang sa iyong nalipol: kaya't ngayo'y sasaktan mo ang Syria na makatlo lamang." 2 Hari 13:15-19.

Ang liksyon ay para sa lahat ng nasa mga tungkulin ng pagtitiwala. Kapag binuksan ng Dios ang daan sa katuparan ng isang bagay at nagkaloob ng kasiguruhan ng tagumpay, ang napiling pamamaraan ay dapat gawin ang lahat sa kanyang kapangyarihan na hanggang matamo ang ipinangakong bunga. Katumbas ng sigasig at [218]
pagtitiyaga para ang gawain ay mapasulong ang kaloob ay tagumpay. Ang Dios ay makagagawa ng milagro para sa Kanyang bayan kung gagawin lamang nila ang kanilang bahagi na walang pagod. Tumatawag Siya sa mga lalaki ng pagtatalaga, ng kalakasang moral, ng may maningas na pag-ibig sa mga kaluluwa, at may sigasig na hindi nagbabago. Ang ganitong manggagawa ay di ipapalagay ang isang gawaing napakahirap, walang tanawing walang pag-asa; patuloy silang gagawa, walang takot, hanggang ang pagkatalo ay maging maluwalhating tagumpay. Kahit na ang bilangguan o ang pagiging martir, ay hindi magpapalihis sa kanilang adhikaing gumawang kasama ng Dios sa pagpapalago ng Kanyang kaharian.

Sa payo at pampalakas-loob na ibinigay kay Joas, nagtapos ang gawain ni Eliseo. Sa kanya kung kanino nabigay ang buong sukat ng espiritu na nananahan kay Elias, ay nagpatunay ng pagiging tapat hanggang sa wakas. Kailanman ay hindi siya nanghina. Kailanman ay hindi nawala ang kanyang pagtitiwala sa kapangyarihan ng Makapangyarihan sa lahat. Lagi na lamang, kapag ang daan

ay parang sarado, ay nagpatuloy siyang may pananampalataya, at pinarangalan ng Dios ang kanyang pagtitiwala at binuksan ang daan para sa kanya.

Hindi para kay Eliseo na sumunod sa kanyang panginoon sa karuwaheng apoy. Sa kanya ay ipinahintulot ng Dios ang isang karamdamang matagalan. Sa mahabang panahon ng kahinaan ng tao at pagdurusa ang kanyang pananampalataya ay nanghawakan sa mga pangako ng Dios, at nakita niya ang mga makalangit na mensahero ng kaginhawahan at kapayapaan. Tulad ng sa taluktok ng Dotan na nakita niya ang mga mensahero ng kalangitang pumapaikot, ang mga karuwaheng apoy ng Israel at ang mga nakasakay doon, ngayon ay nadarama niya ang presensya ng mga anghel na nagmamalasakit, at siya ay napalakas. Sa buong buhay niya ay naghayag siya ng pananampalatayang malakas, at habang lumalago siya sa pagkaalam ng mga paglalaan ng Dios at ng Kanyang kahabagan at kagandahang loob, ang pananampalataya ay nahinog tungo sa isang nananahanang pagtitiwala sa Dios, at nang ang kamatayan ay tumawag sa kanya ay handa na siyang magpahinga sa kanyang mga gawa.

"Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng Kanyang mga banal." Awit 116:15. "Ang matuwid ay may kanlungan sa kanyang kamatayan." Kawikaan 14:32. Kasama ng mang-aawit,
[219] may katiyakang masasabi ni Eliseo, "Ngunit tutubusin ng Dios ang aking kaluluwa sa kapangyarihan ng Sheol: sapagkat tatanggapin Niya ako." Awit 49:15. At, may kagalakang siya'y makapagpapatotoo, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay buhay, at Siya'y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan." Job 19:25. "Tungkol sa akin, aking mamasdan ang Iyong mukha sa katuwiran: ako'y masisiyahan,
[220] pagka bumangon, sa Iyong wangis." Awit 17:15.

## Kabanata 22—“Ninive, Ang Dakilang Siyudad”

Kabilang sa mga siyudad ng matandang sanlibutan sa panahon ng nahating Israel isa sa pinakadakila ay ang Ninive, ang kapitolyo ng kaharian ng Asyria. Natatag sa mabungang lupain ng ilog ng Tigris, matapos ang pangangalat ng tao mula sa tore ng Babel, ito ay lumago at yumabong sa paglakad ng mga daangtaon hanggang naging “totoong malaking bayan, na tadong araw na lakarin.” Jonas 3:3.

Sa panahon ng kanyang pansamantalang kasaganaan ang Ninive ay sentro ng krimen at kasamaan. Ito ay nilalarawan sa kasulatang isang “mabagsik na bayan,...puspos na lubos ng kabulaanan at mga agaw.” Inihambing ni propeta Nahum ang siyudad sa isang leong mabagsik. Siya’y nagtanong, “sinong hindi nadaanan ng iyong kasamaan?” Nahum 3:1, 19.

Bagaman gayon kasama ang Ninive, hindi naman ito lubusang nadala sa kasamaan. Siya na “minamasdan ang lahat ng anak ng tao” (Awit 33:13) at “nakakakita ng bawat mahalagang bagay” (Job 28:10) ay nakita pa rin sa siyudad na ito ang maraming nais umabot sa lalong mabuting bagay, at siya, at kung mabibigyang pagkakataon lamang na maalaman ang tungkol sa Dios na buhay, ay magwawaksi ng kanilang ginagawang kasamaan at sasamba sa Kanya. Kung kaya’t sa karunungan ng Dios Siya ay nagpahayag sa paraang di mapagkakamalan, upang akayin sila, kung maaari, sa pagsisisi.

Ang instrumentong napili ukol dito ay ang propetang Jonas, na anak ni Amittai. Ang salita nga ng Panginoon ay dumating sa kanya, “Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at humiyaw ka laban doon; sapagkat ang kanilang kasamaan ay umabot sa harap Ko.” Jonas 1:1,2.

Habang iniisip ng propeta ang kahirapan at parang napakaimposible ng gawaing nabigay sa kanya, natukso siyang magtanong sa karunungan ng kanyang pagkatawag. Sa isipang tao ay parang walang pakinabang sa paghahayag ng pabalita sa siyudad na itong mayabang at mapagmataas. Nakalimutan niyang sa sandaling iyon [221]

na ang Dios na kanyang pinaglilingkuran ay marunong at makapangyarihan sa lahat. Habang nag-aatubili, at nag-aalinlangan, ginupo siya ni Satanas ng panglulupaypay. Ang propeta ay nalupig ng sindak, at siya ay "bumangon upang tumakas na patungo sa Tarsis." Sa pagtungo sa Joppa, at nakasumpong doon ng sasakyang handa ng umalis, "nagbayad siya ng upa niyaon, at siya'y lumulan, upang yumaong kasama nila." Talatang 3.

Sa kapanagutang ibinigay sa kanya, si Jonas ay pinagkatiwalaan ng dakilang kapanagutan; gayunman Siyang tumawag sa kanya na humayo ay nagpalakas sa Kanyang lingkod at nagkaloob ng tagumpay. Kung ang propeta ay sumunod na walang alinlangan, di sana siya dumaan sa mga mapapait na karanasan, at pinagpalang lubos. Datapuwat kahit na sa oras ng kalumbayan ni Jonas ay di siya iniwan ng Dios. Sa sunud-sunod na pagsubok at kakatuwang paglalaan, ang pagtidwala ng propeta sa Dios at sa Kanyang walang katapusang kapangyarihan ay nabuhay.

Kung, sa unang pagtawag sa kanya, ay nilimi itong mataman ni Jonas, nakita sana niya ang kahangalan ng anumang pagsisikap niyang tumakas sa kapanagutang nabigay sa kanya. Datapuwat hindi matagal na siya ay pinayagang hindi masawata sa kanyang kahangalan. "Ang Panginoon ay nagpasapit ng malakas na hangin sa dagat, at nagkaroon ng malakas na unos sa dagat, na anupa't ang sasakyan ay halos masira. Nang magkagayo'y nangatakot ang mga taong dagat at dumaing ang bawat tao sa kani-kanyang diyos, at kanilang inihagis sa dagat ang mga dala-dalang nangasa sasakyan upang makapagpagaan sa kanila. Ngunit si Jonas ay bumaba sa pinakaloob na bahagi ng sasakyan; at siy'y nahiga, at nakatulog ng mahimbing." Talatang 4, 5.

"Habang ang mga nasa sasakyan ay tumatawag sa kanilang mga diyos, ang puno ng sasakyang bagabag, ay lumapit kay Jonas at sinabi, "Ano ang inaakala mo, O matutulugin? bumangon ka, tumawag ka sa iyong Dios, baka sakaling alalahanin ng Dios tayo upang huwag tayong mangamatay." Talatang 6.

Ngunit ang dalangin ng taong lumiko mula sa landas ng tungkulin ay di nagdala ng tulong. Ang mga marino, sa pag-iisip na ang malakas na bagyo ay tanda ng galit ng kanilang mga diyos, ay nagmungkahi ng huling paraan ng palatuntunan, "upang ating maalaman," sabi nila, "kung dahil kanino dumating ang kasamaang

ito sa atin. Sa gayo'y nangagsapalaran sila, at ang palad ay nahulog kay Jonas. Nang magkagayo'y sinabi nila sa kanya, Isinasamo namin sa iyo na iyong saysayin sa amin, kung dahil kanino dumating ang kasamaang ito sa atin; ano ang iyong hanap-buhay? at saan ka nanggaling?, ano ang iyong lupain? at taga saang bayan ka? [222]

"At kanyang sinabi sa kanila, Ako ay isang Hebreo; at ako'y may takot sa Panginoon, ang Dios ng langit, na Siyang gumawa ng dagat at ng tuyong lupa.

"Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao, at sinabi sa kanya, Ano itong iyong ginawa? Sapagkat talastas ng mga tao na siya'y tumakas mula sa harapan ng Panginoon, sapagkat isinaysay niya sa kanila.

"Nang magkagayo'y sinabi nila sa kanya, Anong gagawin namin sa iyo, upang ang dagat ay tumahimik sa adn? sapagkat ang dagat ay lalo't lalong umuunos. At sinabi niya sa kanila, Ako'y inyong buhatin, at ihagis ninyo ako sa dagat; sa gayo'y ang dagat ay tatahimik sa inyo: sapagkat talastas ko na dahil sa akin dumating ang malaking unos na ito sa inyo.

"Gayon ma'y ang mga lalaki ay nagsisigaod na mainam upang bumalik sa lupa; ngunit hindi nila magawa: sapagkat ang dagat ay lalo't lalong umuunos laban sa kanila. Kaya't sila'y nagsidaing sa Panginoon, at nangagsabi, Ipinamamanhik namin sa Iyo, Oh Panginoon, ipinamamanhik namin sa Iyo, huwag Mong ihulog sa amin ang walang salang dugo: sapagkat Ikaw, Oh Panginoon, Iyong ginawa ang nakalulugod sa Iyo. Sa gayo'y kanilang binuhat si Jonas, at inihagis sa dagat: at ang dagat ay tumigil sa kanyang poot. Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao sa Panginoon, at sila'y nangaghandog ng isang hain sa Panginoon, at nagsipanata.

"At inihanda ng Panginoon ang isang malaking isda upang lamunin si Jonas. At si Jonas ay napasa tiyan ng isda na tatlong araw at tatlong gabi.

"Nang magkagayo'y nanalangin si Jonas sa Panginoon niyang Dios mula sa tiyan ng isda, at kanyang sinabi:

" Tinatawagan ko ang Panginoon dahil sa aking pagdadalamhati,
    At Siya'y sumagot sa akin;
Mula sa tiyan ng Sheol ako'y sumisigaw,
    At Iyong dininig ang aking tinig.

[223]

"Sapagkat inihagis Mo ako sa kalaliman, Sa gitna ng dagat;
At ang tubig ay nasa palibot ko:
Ang lahat ng Iyong alon at lahat ng Iyong malalaking
alon ay umaapaw sa akin.

"At aking sinabi, ako'y nahagis mula sa harap ng Iyong mga mata;
Gayon may titingin ako uli sa Iyong banal na templo.
Kinukulong ako ng tubig sa palibot, Hanggang sa kaluluwa:

"Ang kalaliman ay nasa palibot ko,
Ang mga damong dagat ay pumipilipit sa aking ulo.
Ako'y bumaba sa mga kaiba-ibabaan ng mga bundok;
Ang lupa sangpu ng kanyang halang ay tumakip sa akin
magpakailanman:

"Gayon ma'y isinasampa Mo ang aking buhay mula
sa hukay, Oh Panginoon kong Dios.
Nang ang aking kaluluwa ay nanlulupaypay sa loob
ko, naaalala ko ang Panginoon:
At ang aking dalangin ay umabot, Sa loob ng Iyong banal na templo.

"Ang nagsisilingap ng mga walang kabuluhang magdaraya
Binabayaan ang kanilang sari+ling kaawaan.
Ngunit ako'y maghahain sa Iyo ng tinig ng pagpapasalamat;
Aking tutuparin yaong aking ipinanata.
Kaligtasa'y sa Panginoon.

Talatang 7 hanggang 2:9.

Sa wakas ay natutuhan ni Jonas na ang "pagliligtas ay ukol sa Panginoon." Awit 3:8. May pagsisisi at pagkakilala ng nagliligtas na biyaya ng Dios, dumating ang pagliligtas. Iniligtas si Jonas mula sa mga panganib ng dagat at dinala sa tuyong lupa.

Minsan pa ang lingkod ng Dios ay inatasang magbigay babala sa Ninive. "At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jonas

na ikalawa, na nagsasabi, Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang pangaral na Aking iniutos sa iyo.” Ngayon siya ay sumunod ng walang pag-aalinlangan. “Bumangon si Jonas, at naparoon sa Ninive, ayon sa salita ng Panginoon.” Jonas 3:1-3.

Nang pumasok si Jonas sa bayan, nagpasimula kaagad siya, at siya’y “sumigaw,” at nagsasabi, “Apat na pung araw pa at ang Ninive ay mawawasak.” Talatang 4. Sa bawat lugar siya ay nagtungo, at pinaabot ang babala. [224]

Ang pabalita ay di nasayang. Ang tinig na umalingawngaw sa mga lansangan ng siyudad na walang pagkakilala sa Dios ay nagpalipatlipat sa mga labi hanggang sa ang buong siyudad ay nakarinig ng nakakagulat na pahayag na ito. Ang Espiritu ng Dios ang nagdiin ng pabalita sa bawat puso at umakay sa karamihan upang manginig dahilan sa kanilang mga kasalanan at magsisi sa malalim na kahihiyan.

“At ang bayan ng Ninive ay sumampalataya sa Dios, at sila’y nangaghayag ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa kadaki-dakilaan sa kanila hanggang sa kaliit-liitan sa kanila. At ang mga balita ay dumating sa hari sa Ninive, at siya’y tumindig sa kanyang luklukan, at hinubad niya ang kanyang balabal, at nagbalot siya ng kayong magaspang, at naupo sa mga abo. At kanyang inihayag at itinanyag sa buong Ninive sa pasya ng hari at ng kanyang mga mahal na tao, na sinasabi, Huwag lumasa maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anumang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig: kundi mangagbalot sila ng kayong magaspang, ang tao at gayon din ang hayop, at magsidaing silang mainam sa Dios: oo, talikdan ng bawat isa ang kanyang masamang lakad, at ang pangdadahas na nasa kanilang mga kamay. Sino ang nakaaalam kung manumbalik ang Dios at magsisisi, at hihiwalay sa Kanyang mabangis na galit, upang tayo’y huwag mangamatay?” Talatang 5-9.

Habang ang mga marangal at karaniwang tao, mataas at mababa ay “nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas” (Mateo 12:41) at nagsanib sa pagtangis sa Dios ng langit, ang Kanyang habag ay ipinagkaloob. At “nakita ng Dios ang kanilang mga gawa,” na sila’y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad; at nagsisi ang Dios sa kasamaan, na Kanyang sinabing Kanyang gagawin sa kanila; at hindi Niya gi-

nawa." Jonas 3:10. Ang kanilang pagkawasak ay nahadlangan, ang Dios ng Israel ay naitaas at naparangalan sa buong lupain ng mga pagano, at ang Kanyang kautusan ay iginalang. Dumaan pa ang maraming taon bago ang Ninive ay bumagsak sa mga kalapit na bansa dahilan sa pagkalimot nila sa Dios at dahilan sa kanilang pagmamataas. [Sa tala ng pagbagsak ng Asyria, tingnan ang kabanata 30.]

Nang malaman ni Jonas ang adhikain ng Dios na iligtas ang bayan, sa kabila ng kasamaan nito, ay nadala sa pagsisising may basahan at abo, siya sana ang dapat na naunang nagalak dahilan sa kahangahangang biyayang ito ng Dios; datapuwat sa halip ay
[225] binayaan niyang ang isip ay malagak sa posibilidad na siya ay tanghaling isang bulaang propeta. Sa pagtatanggol sa sariling reputasyon, nawala sa kanya ang lalong malaking halaga ng mga kaluluwa sa dustang siyudad na ito. Dahil sa habag na ipinakita ng Dios sa nagsipagsising taga Ninive "naghinanakit na mainam si Jonas, at siya'y nagalit." Di baga ito ang aking sinabi," tanong niya sa Panginoon, "nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis: sapagkat talastas ko na Ikaw ay Dios na mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang loob, at nagsisisi Ka sa kasamaan." Jonas 4:1, 2.

Muli ay naakay siya sa pag-aalinlangan at pagtatanong, at muli siya ay nagapi ng panlupaypay. Nawala ang tanawin ng interes para sa iba, at pagkadama ng naising mabuting mamatay na kaysa makita ang siyudad na maligtas, naibulalas niya, "Kaya nga, Oh Panginoon, isinasamo ko sa Iyo, na kitlin Mo ang aldng buhay; sapagkat mabuti sa akin ang mamatay kaysa mabuhay."

"Mabuti baga ang iyong ginagawa na magalit?" ang sagot ng Panginoon. "Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa bayan, at naupo sa dakong silanganan ng bayan, at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim niyaon sa lilim, hanggang sa kanyang makita kung ano ang mangyayari sa bayan. At naghanda ang Pangmoong Dios ng isang halamang kikayon, at pinataas sa itaas ni Jonas, upang maging lilim sa kanyang ulo, upang iligtas siya sa kanyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuwang mainam si Jonas dahil sa kikayon." Talatang 3-6.

At binigyan ng Panginoon si Jonas ng isang liksyon. "Naghanda ang Dios ng isang uod nang mag-umaga nang kinabukasan at sinira ang halamang kikayon, na anupa't natuyo. At nangyari, nang sumikat ang araw, na naghanda ang Dios ng mainit na hanging silanganan; at sinikatan ng araw ang ulo ni Jonas, na anupa't siya'y nanlupaypay, at hiniling niya tungkol sa kanya na siya'y mamatay, at nagsasabi, Mabuti sa akin ang mamatay kaysa mabuhay."

At sinabi muli ng Dios sa Kanyang propeta, "Mabuti baga ang ginagawa mo na magalit dahil sa kikayon?" At kanyang sinabi, "Mabuti ang ginagawa ko na magalit hanggang sa kamatayan."

"At sinabi ng Panginoon, Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at nawala sa isang gabi: at hindi baga Ako manghihinayang sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang daan at [226] dalawampung libong katao na hindi marunong magmuni-muni ng kanilang kanang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?" Talatang 7-11.

Nagugulumihanan, napahiya, at hindi maunawaan ang layunin ng Dios sa pagliligtas sa Ninive, gayunman ay nagampanan ni Jonas ang gawaing ibinigay sa kanya upang bigyang babala ang dakilang siyudad na yaon; at bagaman ang mga pangyayaring ipinopropesiya ay di naganap, gayunman ang babala ay walang pagsalang nagmula sa Dios. At naisagawa nito ang layunin ng Dios sa pagbibigay babala. Ang kaluwalhatian ng Kanyang biyaya ay nahayag sa mga pagano. Silang matagal nang tumatahan sa "kadiliman, at sa lilim ng kamatayan, na natatali sa dalamhati at pangaw," "nang magkagayo'y nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan," at "iniligtas Niya sila sa kanilang kahirapan. Inilabas Niya sila sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan, at pinatid ang kanilang mga tali." "Sinugo Niya ang Kanyang salita, at pinagaling sila, at iniligtas sila sa kanilang mga ikapapahamak." Awit 107:10, 13, 14,20.

Si Kristo noong panahon ng Kanyang ministervo sa lupa ay binanggit Niya ang kabutihang nagawa ng pangangaral ni Jonas sa Ninive, at inihambing ang mga naninirahan sa sentrong ito ng kawalang pagkakilala sa Dios sa nagpapanggap na bayan ng Dios sa Kanyang kapanahunan. Kanyang ipinahayag, "Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Ninive na kasama sa lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagkat sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas;

at, narito, dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Jonas." Mateo 12:40, 41. Sa abalang mundo, puno ng masigabong komersyo at magulong kalakalan, na kung saan ang mga tao ay nagsisikap na makuha ang lahat para sa kanyang sarili, si Kristo ay dumating; at higit sa kalituhan ang Kanyang tinig, gaya ng trumpeta ng Dios, ay narinig: "Ano ang mapapakinabang ng tao na makamtan ang buong sanlibutan, at mapapahamak ang kanyang buhay? sapagkat anong ibibigav ng tao na katumbas sa kanyang buhay?" Marcos 8: 36, 37.

Kung paanong ang pangangaral ni Jonas ay tanda para sa mga taga Ninive, ang pangangaral ni Kristo ay tanda sa Kanyang saling lahi. Datapuwat anong kaibahang pananaw ng pagtanggap sa babala! Gayunman sa harap ng paglibak at pagwawalang bahala ang 1
[227] agapagligtas ay patuloy na gumawa, hanggang sa magampanan ang Kanyang misyon.

Ang liksyon ay ukol sa mga mensahero ng Dios ngavon, na ang mga siyudad ng mga bansa ay nangangailangan din ng pagkaalain ng mga likas at adhikain ng tunay na Dios tulad ng sa Ninive noon. Ang mga einbahador ni Kristo ay dapat ituro ang tao sa lalong marangal na sanlibutan, na nawala na sa pananaw ng tao. Ayon sa turo ng Banal na Kasulatan, ang tanging siyudad na mananatili ay yaong ang nagtayo at gumawa ay ang Dios. Sa mata ng pananampalataya ay maaanng matanaw ng tao ang pintuan ng langit, na nagniningning sa buhay na kalmvalhatian ng Dios. Sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod ang Panginoong Jesus ay tumatawag sa mga tao na may binanal na adhikain ay matamo ang walang kamatayang pamana. Nag-aanyaya Siyang maglagak ng kayamanan sa tabi ng trono ng Dios.

Mabilis at tivakang may dumarating na pansanlibutang pagkadama ng kasalanan sa mga nananahan sa siyudad, dahilan sa patuloy na pagdami ng katampalasanan. Ang kabulukang naga-
[228] ganap ay higit pa sa kakayahan ng panulat ng taong ilarawan. Bawat araw ay naghahatid ng bagong paghahayag ng kaguluhan, pagsuhol, at pandaraya; bawat araw ay may taglay na nakakarimarim na karahasan at paglabag sa batas, ng kawalang malasakit sa pagdurusa ng tao, ng brutal at makademonyong pagwasak ng buhay. Bawat araw ay patotoo ng kabaliwan, pagpatay, at pagkitil sa sariling buhay.

Sa bawat panahon ay sinikap ni Satanas na alisin sa tao ang pagkaunawa tungkol sa masaganang panukala ng Jehova. Inaalis

niya sa kanilang pamngin ang mga dakilang bagay ng utos ng Dios—mga simulain ng katarungan, kahahabagan, at pag-ibig na siyang nilalaman nito. Ipinagmamalaki ng mga tao ang kahanga-hangang pagsulong ng liwanag ng panahong kinabubuhayan natin; datapuwat nakikita ng Dios ang lupa na puno ng kasamaan at karahasan. Inihahayag ng mga tao na ang utos ng Dios ay lumipas na, na ang Biblia ay hindi kapani-paniwala; at bilang bunga, ang anod ng kasamaang, di pa nakita mula sa mga kaarawan ni Noe at Israel na tumalikod, ay lumalaganap sa buong sanlibutan. Ang karangalan ng kaluluwa, kaamuan, kabanalan, ay ipinagpapalit upang sapatan ang pita sa mga ipinagbabawal na bagay. Ang maitim na ulat ng krimeng nagagawa para sa kapakinabangan ay sapat upang magpalamig sa dugo at punuin ang kaluluwa ng hilakbot.

Ang adng Dios ay Dios ng kahabagan. May pagpapahinuhod at malumanay na kahabagan na Siya ay nakikitungo sa mga tagasalangsang sa Kanyang utos. Gayunman, sa adng panahon, kapag ang mga lalaki at mga babae ay mayroong mga pagkakataong maging bihasa sa Banal na Sulat, ang dakilang Han ng sansinukob ay di makatinging may kasiyahan sa mga siyudad, na doo’y naghahan ang krimen at karahasan. Ang wakas ng pagtitiyaga ng Dios sa kanilang patuloy na pagsuway ay mabilis na lumalapit.

Magugulat na lamang ba ang mga tao sa bigla at di inaasahang pagbabago ng pakikitungo ng Dakilang Pinuno sa mga nananahan sa sanlibutang nahulog sa kasalanan? Dapat ba silang magtaka kapag ang parusa ay kasunod ng paglabag at paglago ng krimen? Dapat ba silang magulat na ang Dios ay magdadala ng pagkawasak at kamatayan sa kanilang ang kayamanan ay nakamit sa pamamagitan ng pandaraya at katusuhan? Sa kabila ng lumalaking liwanag tungkol sa mga kahilingan ng Dios sa kanilang mga landas, marami ang tumangging kilalanin ang pagiging hari ni Jehova, at pinili pang manatili sa ilalim ng maitim na bandila ng nagpasimula ng lahat ng [229]
paghihimagsik laban sa pamahalaan ng langit.

Ang pagpapahinuhod ng Dios ay napakadakila—gayon kadakila na kung iisipin naon ang patuloy na insulto sa Kanyang mga banal na utos, tayo ay magtataka. Ang Makapangyarihan sa lahat ay Siya na ring pumipigil sa kapangyarihan ng Kanyang likas. Datapuwat tiyak namang Siya ay babangon upang parusahan ang masama,

na matapang pa sa paglaban sa mga tumpak na pag-aangkin ng Dekalogo.

Ipinahihintulot ng Dios sa mga tao ang isang takda ng palugit; ngunit may puntong sa kabila nito ang pasensya ng Dios ay ubos na, at ang mga hatol ng Dios ang tiyak na kasunod. .Ang Panginoon ay matagal na nakikipagpunyagi sa mga tao at mga siyudad, may kahabagang nagbibigay ng mga babala upang maligtas sila sa galit na banal; datapuwat darating ang oras na ang mga pagsamo sa kahabagan ay di na pakikinggan pa, at ang mapanghimagsik na elemento na patuloy na tumatanggi sa liwanag ng katotohanan ay buburahin, sa kahabagan na rin sa kanila at doon sa madadala pa ng kanilang impluwensya.

Dumarating ang panahon na magkakaroon ng kapanglawan sa mundo na hindi magagamot ng gamot ng tao. Ang Espintu ng Dios ay binabawi na. Mga sakuna sa dagat at lupa ay madalas na nagaganap. Malimit nating nababalitaan ang mga lindol at tornado, ang pangwawasak ng apoy at baha, na may malaking pinsala sa buhay at ari-arian! Sa malas ang mga kalamidad na ito ay kapritso ng walang kaayusang kalikasan, na wala na sa kontrol ng tao; datapuwat sa lahat ng mga ito, mababasa natin ang layunin ng Dios. Kabilang ito sa mga ahensyang ginagamit ng Dios upang gisingin ang mga lalaki at mga babae sa pagkadama ng panganib.

Ang mga mensahero ng Dios sa mga dakilang siyudad ay di dapat manghina ang loob sa mga kasamaan, sa walang katarungan, sa kababaang moral na kanilang kinakaharap samantalang nagsisikap maghayag ng mabuting balita ng kaligtasan. Palalakasin ng Panginoon ang loob ng gayong manggagawa tulad ng pabalitang ipinagkaloob Niya kay apostol Pablo sa masamang Corinto: “Huwag kang matakot, kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik: sapagkat Ako’y sumasaiyo, at sinuma’y hindi ka madadaluhong upang saktan ka: sapagkat makapal ang mga tao Ko sa bayang ito.” Mga Gawa 18:9, 10. Silang nasa paglilingkod ng pagliligtas ng kalu-
[230] luwa ay tandaang kung marami man ang di makikinig sa payo ng Dios sa Kanyang salita, ang buong sanlihutan ay hindi tatalikod mula sa liwanag at katotohanan, mula sa paanyaya ng Isang matiyaga, at mapagpahinuhod na Tagapagligtas. Sa bawat siyudad, puspos man ito ng karahasan at krimen, marami rin ang sa pamamagitan ng tumpak na pagtuturo ay matututuhang maging mga tagasunod

ni Jesus. Libu-Iibo ang maaabot ng nagliligtas na katotohanan at maaakay sa pagtanggap kay Kristo bilang personal na Tagapagligtas.

Ang pabalita ng Dios sa mga nananahan sa lupa ngayon ay, “Kaya nga kayo’y magsihanda naman: sapagkat paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip.” Mateo 24:44. Ang mga kalagayan ng lipunan ngayon, lalo na sa mga dakilang siyudad ng mga bansa, ay naghahayag na parang kulog na ang oras ng paghatol ng Dios ay dumating na at ang wakas ng lahat ng bagay sa sanlibutan ay narito na. Nakatayo tayo ngayon sa pintuan ng krisis ng buong kapanahunan. Sa mabilis na pagkakasunod-sunod ang mga hatol ng Dios ay patuloy na darating—apoy, at baha, at lindol, digmaan at pagdanak ng dugo. Hindi tayo dapat magtaka sa panahong ito sa mga pangyayaring dakila at nagaganap; sapagkat ang anghel ng kahabagan ay hindi maaaring ikanlong pa ang hindi nagsisisi.

“Narito, ang Panginoon ay lumalabas mula sa Kanyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan: ililitaw naman ng lupa ang kanyang dugo, at hindi na tatakpan ang kanyang nangapatay.” Isaias 26:21. Ang bagyo ng galit ng Dios ay namumuo; at tanging silang tumugon sa paanyaya ng kahabagan, tulad ng mga taga Ninive sa pangangaral ni Jonas, at napabanal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng banal na Hari ang makatatayo. Ang matuwid lamang ang matatago kay Kristo sa Dios hanggang ang pagkawasak ay lumipas. Bayaan natin ang pangungusap ng ating kaluluwa ay maging:

“Ibang kanlungan ay wala ako,
Ang kaluluwa kong walang lakas ay nasanding sa Iyo;
Huwag, huwag Mo akong iiwan!
Tangkilikin at paginhawahin ako.

“Itago Mo ako, o Tagapagligtas ko!
Hanggang ang bagyo ay makalipas;
Panatag hanggang sa kanlungan, At sa wakas ako sa Iyo ay manahan!”

[231]

## Kabanata 23—Pagkabihag sa Asyria

Ang mga nagtatapos na taon ng masamang kaharian ng Israel ay kinakitaan ng karahasan at pagdanak ng dugong di pa nakita kahit na sa pinakamasamang panahon ng kaguluhan at kawalang kapayapaan sa ilalim ng sambahayan ni Ahab. Sa loob ng mahigit sa dalawang daang taon ang mga pinuno ng sampung tribo ay naghasik ng hangin; at ngayon ay umaani sila ng ipu-ipo. Ang mga magkakasunod na hari ay pinapatay upang magbigay daan sa lalong ambisyosong paghahari. "Sila'y nangaglagay ng mga hari," pahayag ng Panginoon sa mga walang diyos na mang-aagaw na ito, "ngunit hindi sa pamamagitan Ko: sila'y nangaglagay ng mga prinsipe, at hindi Ko nalaman." Oseas 8:4. Bawat simulain ng hustisya ay sinaisantabi; silang humarap sa mga bansa na dapat sana'y daiuyan ng biyaya ng Dios, ay "nagsigawa ng paglililo laban sa Panginoon; at sa kapwa." Oseas 5:7.

Sa pinakamatigas na sansala, sinikap ng Dios na gisingin ang walang pagsisising bansa sa pagkadama ng nakaambang panganib ng lubusang pagkawasak. Sa pamamagitan ni Oseas at Amos ay nagpahatid Siya ng pabalita sa sampung tribo, nagmumungkahi ng lubos at ganap na pagsisisi, at nagbabanta ng pagkawasak bunga ng patuloy na pagsalangsang. "Kayo'y nangaghasik ng kasamaan," pahayag ni Oseas, "kayo'y nagsiani ng kasalanan; kayo'y nagsikain ng bunga ng kabulaanan: sapagkat ikaw ay tumiwala sa iyong lakad, sa karamihan ng iyong makapangyarihang lalaki. Kaya't babangon ang isang kagulo sa iyong mga bayan, at lahat ng iyong mga katibayan ay magigiba.... Sa pagbubukang liwayway ang hari ng Israel ay lubos na mahihiwalay." Oseas 10:13-15.

Tungkol sa Ephraim ay nagpatotoo ang propeta, "Nilamon ng mga taga ibang lupa ang kanyang yaman, at hindi niya nalalaman: oo, mga uban ay nasasabog sa kanya, at hindi niya nalalaman." [Ang propeta Oseas ay madalas tumukoy sa Ephraim, na pinuno ng
[232] pagtalikod ng mga tribo ng Israel, bilang halimbawa ng tumalikod na bayan.] "Itinakwil ng Israel ang mabuti." "Siya'y nadikdik sa

kahatulan," hindi nalalaman ang nakawawasak na resulta ng kanilang kasamaan, ang sampling tribo ay magiging mga gala sa gitna ng mga bansa." Oseas 7:9; 8:3; 5:11; 9:17.

Ang ilan sa mga pinuno ng Israel ay nadamang mariin ang pagkawala ng kanilang karangalan at ninais na ito ay maisauli. Datapuwat sa halip na talikuran ang mga gawaing naghatid ng kahinaan sa kaharian, nagpatuloy sila sa kasamaan, pinasasaya ang mga sarili na kapag bumangon ang pagkakataon, aangat sila sa kapangyarihang pulitikal na kanilang nais sa pakikipag-alyansa sa mga pagano. "Nang makita ng Ephraim ang kanyang sakit, at nang makita ni Juda ang kanyang sugat, naparoon ang Ephraim sa Asyria." "Ang Ephraim ay parang isang mangmang na kalapati na walang unawa: sila'y nagsitawag sa Egipto, sila'y nagsiparoon sa Asyria." "Sila'y nakipagtipan sa Asyria." Oseas 5:13; 7:11; 12:1.

Sa pamamagitan ng lalaki ng Dios na nagpakita sa dambana sa Bethel, sa pamamagitan ni Elias at Eliseo, sa pamamagitan ni Amos at Oseas, ang Panginoon ay paulit-ulit na iniharap sa sampling tribo ang kasamaan ng pagsuway. Datapuwat sa kabila ng sansala at pagsamo, ang Israel ay patuloy sa palubog na pagtalikod. "Ang Israel ay nagpakatigas ng ulo," sinabi ng Panginoon; "Ang Aking bayan ay mahilig ng pagtalikod sa Akin." Oseas 4:16; 11:7.

May mga panahong ang mga paghatol ng Langit ay mabigat na lumapag sa mapanghimagsik na bayan. "Kaya't Aking pinutol sila sa pamamagitan ng mga propeta," wika ng Dios; "Aking pinatay sila ng mga salita ng Aking bibig: at ang iyong mga kahatulan ay parang liwanag na lumalabas. Sapagkat Ako'y nagnanasa ng kaawaan, at hindi hain; at ng pagkakilala sa Dios higit kaysa mga handog na susunugin. Ngunit sila gaya ni Adan ay sumalangsang sa tipan: doo'y nagsigawa silang may paglililo laban sa Akin." Oseas 6:5-7.

"Dinggin ninyo ang salita ng Panginoon, ninyong mga anak ni Israel," ang mensahe na dumating sa kanila: "Yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, Akin namang kalilimutan ang iyong mga anak. Kung paanong sila'y nagsidami, gayon sila nangagkasala laban sa Akin: Aking papalitan ng kahihiyan ang kanilang kaluwalhatian.... Akin silang parurusahan dahil sa kanilang mga lakad, at Aking gagantihin sa kanila ang kanilang mga gawa." Oseas 4:1; 6-9.

Ang kasamaan sa Israel sa panahon ng huling limampung taon [233]
bago madalang bihag sa Asyria ay tulad ng mga araw ni Noe, at ng

iba pang kapanahunang tinanggihan ng mga tao ang Dios at napadala sa lubusang paggawa ng kasamaan. Ang pagtataas sa kalikasan sa halip ng Dios ng kalikasan, ang pagsamba sa nilalang sa halip na sa Manlalalang, ay lagi na lamang nagbunga ng pinakamasama at pinakalaganap na kasamaan. Sa ganito ang bayan ng Israel, sa kanilang pagsamba kay Baal at Astoret, ay nagkaloob sila ng paggalang sa mga puwersa ng kalikasan, at nilagot nila ang ugnayan sa lahat ng nagpapataas at nagpaparangal, at naging madaling biktima ng mga tukso. Sa pagkagiba ng mga depensa ng kaluluwa, ang mga naligaw na mananamba ay nawalan ng sanggalang sa kasalanan at naging bukas sa mga pitang masasama ng pusong tao.

Laban sa lantad na pang-aapi, ng hayagang kawalang katarungan, sa maluhong pamumuhay, ang walang kahihiyang kainan at lasingan, ang malawakang pagsunod sa pita ng laman, sa kanilang kapanahunan, ang mga propeta ay nagtaas ng kanilang mga tinig; datapuwat walang kabuluhan ang kanilang mga protesta, at pagtuligsa sa kasalanan. "Siyang nagsansala sa pintuan," pahayag ni Amos, "kanilang kinapopootan,...at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuwid." "Silang nagsisidalamhati sa ganap, na kinukunan ng suhol, at iniliigaw sa kanilang matuwid ang mapagkailangan sa pintuangbayan mula sa kanilang kanan." Amos 5:10, 12.

Ang mga ito ay kabilang lamang sa mga bunga ng paggawa ni Jeroboam ng dalawang guyang ginto. Ang unang paglayo sa natatag na porma ng tunay na pagsamba ay nagdala sa pasimula ng lalong masamang porma ng pagsamba sa mga diyus-diyusan, hanggang sa huli lahat ng nana-nahan sa lupain ay naakay sa nakagagayumang pagsamba sa kalikasan. Sa pagkalimot sa Manlalalang, ang Israel ay "nangagpapahamak na mainam." Oseas 9:9.

Nagpatuloy ang mga propeta na magprotesta sa mga kasamaang ito at nagsumamo sa paggawa ng kabutihan. "Mangaghasik kayo sa inyong sarili sa katuwiran, magsigapas kayo ayon sa kaawaan," isinumamo ni Oseas; "bungkalin ninyo ang inyong pinabayaang bukiran: sapagkat panahon na hanapin ang Panginoon, hanggang sa Siya'y dumating, at magdala ng katuwiran sa inyo." "Magbalikloob ka sa iyong Dios: mag-ingat ka ng kaawaan at ng kahatulan, at hintayin mong lagi ang iyong Dios." "Oh Israel, manumbalik ka sa Panginoon mong Dios; sapagkat ikaw ay nabuwal dahil sa

iyong kasamaan:...sabihin mnyo sa Kanya, Alisin Mo ang buong [234]
kasamaan, at tanggapin Mo ang mabuti." Oseas 10:12; 12:6; 14:1, 2.

Ang mga tagasalangsang ay binigyan ng maraming pagkakataon upang magsisi. Sa oras ng pinakamalalim na pagtalikod at higit na pangangailangan, ang pabalita ng Dios sa kanila ay pagpapatawad at pag-asa. "Siyang iyong kapahamakan Oh Israel," pahayag Niya, "na ikaw ay laban sa Akin, laban sa iyong katulong. Saan nandoon ngayon ang iyong hari upang mailigtas ka niya sa lahat ng iyong bayan?" Oseas 13:9,10.

"Magsipanto kayo, at tayo'y manumbalik sa Panginoon" ang panawagan ng propeta; "sapagkat Siya'y lumapa, at pagagalingin Niya tayo; Siya'y nanakit, at Kanyang tatapalan tayo. Pagkatapos ng dalawang araw ay muling bubuhayin Niya tayo: sa ikadong araw ay ibabangon Niya tayo, at tayo'y mangabubuhay sa harap Niya. At ating kilalanin, tayo'y magpatuloy upang makilala ang Panginoon: ang Kanyang paglabas ay tunay na parang umaga; at Siya'y paririto sa atin na parang ulan, na parang huling ulan na dumidilig ng lupa." Oseas 6:1-3.

Sa kanilang nawalan ng pananaw sa panukala ng mga panahon ng pagliligtas sa mga makasalanang nahuli ng patibong ng kapangyarihan ni Satanas, ang Panginoon ay nag-alok ng pagsasauli at kapayapaan. "Aking gagamutin ang kanilang pagtalikod, Akin silang iibiging may kalayaan," Kanyang ipinahayag: "sapagkat ang Aking galit ay humiwalay sa kanya. Ako'y magiging parang hamog sa Israel: siya'y bubukang parang lila, at kakalat ang kanyang ugat na parang Libano. Ang kanyang mga sanga ay magsisiyabong, at ang kanyang kagandahan ay magiging parang puno ng olivo, at ang kanyang bango ay parang Libano. Silang nagsisitahan sa Kanyang lilim ay manunumbalik; sila'y mangabubuhay muli gaya ng trigo, at mangamumulaklak na gaya ng puno ng ubas: at ang amoy ay magiging gaya ng alak ng Libano. Sasabihin ng Ephraim, Ano pa ang aking gagawin sa mga diyus-diyusan? Ako'y sasagot, at Aking hahalatain siya: Ako'y parang sariwang abeto. Mula sa Akin ay nasusumpungan ang iyong bunga.

"Sino ang pantas, at siya'y makakaunawa ng mga bagay na ito?
At mabait, at kanyang mangalalaman?
Sapagkat ang mga daan ng Panginoon ay matutuwid,

At lalakaran ng mga ganap:

[235]

Ngunit kabubuwalan ng mga mananalangsang."

Oseas 14:4-9.

Ang mga pakinabang ng paghahanap sa Dios ay binigyang diin. "Hanapin ninyo Ako," paanyaya ng Panginoon, "at kayo'y mangabubuhay: ngunit huwag ninyong hanapin ang Bethel, ni magsipasok man sa Gilgal, at huwag kayong magsidaan sa Beer-seba: sapagkat walang pagsala ang Gilgal ay papasok sa pagkabihag, at ang Bethel ay mauuwi sa wala."

"Magsihanap kayo ng kabutihan, at huwag kasamaan, upang kayo'y mangabuhay: at sa gayo'y ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo, ay sasainyo, gaya ng inyong sinasabi. Inyong kapootan ang masama, at ibigin ang mabuti, at kayo'y mangagtatatag ng kahatulan sa pintuang-bayan: marahil ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo ay magiging mapagbiyaya sa nalabi sa Jose." Amos 5:4, 5, 14, 15.

Ang kalakhang bahagi ng nakarinig ng mga paanyayang ito ay tumangging makinabang. Napakataliwas sa mga masamang nasa ng hindi nagsisisi ay ang mga salita ng mga mensahero ng Dios, na ang mga saserdoteng mananamba sa mga diyus-diyusan sa Bethel ay nagpadala ng pabalita sa nangungulo sa Israel, na nagsasabing, "Si Amos ay nagbanta laban sa iyo sa gitna ng sambahayan ni Israel: hindi mababata ng lupain ang lahat niyang mga salita." Amos 7:10.

Sa pamamagitan ni Oseas ay inihayag ng Panginoon, "Nang Aking pagagalingin ang Israel, ang kasamaan nga ng Ephraim ay lumitaw, at ang kasamaan ng Samaria." "Ang kapalaluan ng Israel ay nagpapatotoo sa kanyang mukha: gayon ma'y hindi sila nanumbalik sa Panginoon nilang Dios, ni hinanap man Siya nila, dahil sa lahat na ito." Oseas 7:1, 10.

Sa mga salin ng lahi ang Panginoon ay nagpahinuhod sa mga alibughang anak Niya, at kahit na ngayon, sa harap ng hayagang rebelyon, nananabik pa rin Siyang maghayag ng sarili na laging handang magligtas." "Oh Ephraim," Kanyang sinalita, "ano ang gagawin Ko sa iyo? Oh Juda, ano ang gagawin Ko sa iyo? sapagkat ang inyong kabutihan ay parang ulap sa umaga, at parang hamog na lumalabas na maaga." Oseas 6:4.

Ang mga kasamaang lumaganap sa lupain ay naging walang lunas; at sa Israel ay ibinigay ang malagim na sentensya: "Ang Ephraim ay nalalakip sa mga diyus-diyusan: pabayaan siya." "Ang mga kaarawan ng pagdalaw ay dumating, ang mga kaarawan ng [236] kagantihan ay dumating, malalaman ng Israel." Oseas 4:17; 9:7.

Ang sampung tribo ng Israel ay mag-aani na ngayon ng bunga ng pagtalikod sa anyo ng mga kakaibang dambanang naitayo sa Bethel at Dan. Ang pabalita ng Dios sa kanila ay: "Kanyang inihiwalay ang iyong guya, Oh Samaria; ang Aking galit ay nag-aalab laban sa kanila: hanggang kailan sila ay magiging mga musmos? Sapagkat mula sa Israel nanggaling ito: ito'y ginawa ng manggagawa; at ito'y hindi Dios: oo, ang guya ng Samaria ay magkakaputul-putol." "Ang mga nananahan sa Samaria ay malalagay sa pangingilabot dahil sa mga guya ng Beth-aven: sapagkat ang bayan niyaon ay mananangis doon, at ang mga saserdote niyaon na nangagagalak doon.... Dadalhin din naman sa Asyria na pinakakaloob sa haring Jareb" (Sennacherib). Oseas 8:5, 6; 10:5, 6.

"Narito, ang mga mata ng Panginoong Dios ay nasa makasalanang kaharian, at Aking ipapahamak mula sa ibabaw ng lupa; liban na hindi Ko lubos na ipapahamak ang sambahayan ni Jacob, sabi ng Panginoon. Sapagkat, narito, Ako'y mag-uutos, at Aking sasalain ang sambahayan ni Israel sa gitna ng lahat na bansa, gaya ng trigo na nabithay sa isang bithay, gayon ma'y hindi malalaglag sa lupa ang pinakamaliit na butil. Lahat na makasalanan sa Aking bayan ay mangamamatay sa pamamagitan ng tabak, na nangagsasabi, Ang kasamaan ay hindi aabot sa atin o mauuna man sa a tin."

"At ang mga bahay na garing ay mangawawala, at ang mga malaking bahay ay magkakawakas, sabi ng Panginoon." "Sapagkat ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo, ay Siyang humihipo ng lupain at natutunaw, at lahat na nagsisitahan doon ay magsisitangis." "Ang iyong mga anak na lalaki at babae ay mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak, at ang iyong lupain ay mababahagi sa pamamagitan ng pising panukat; at ikaw ay mamamatay sa isang lupaing marumi: at ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa kanyang lupain." "Yamang Aking gagawin ito sa iyo, humanda kang salubungin mo ang iyong Dios, Oh Israel." Amos 9:8-10; 3:15; 9:5; 7:17; 4:12.

Sa isang panahon ang ipinopropesiyang hatol na ito ay napigilan, at sa mahabang paghahari ni Jeroboam II ang mga hukbo ng Israel ay nagkaroon ng mga pagtatagumpay; datapuwat ang kasaganaang ito ay hindi nagpabago ng puso ng mga walang pagsisisi; hanggang
[237] sa wakas ay inihayag, "si Jeroboam ay mamamatay sa pamamagitan ng tabak, at ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa kanyang lupain." Amos 7:11.

Ang bigat ng pahayag na ito ay hindi nagkabisa sa hari at bayan, kung kaya hindi sila nagsipagsisi. Si Amasias, isang lider sa mga mapagsamba sa mga diyos na mga saserdote sa Bethel, kinilos ng tiyak na salitang ito ng propeta laban sa bansa at sa kanilang hari, ay nagsabi kay Amos, "Oh ikaw na tagakita, yumaon ka, at tumakas ka sa lupain ng Juda, at doo'y kumain ka ng tinapay, at magpropesiya ka roon: ngunit huwag ka nang magpropesiya pa sa Bethel: sapagkat siyang santuwaryo ng hari, at siyang bahay-hari." Talatang 12, 13.

Dito ay matatag na tumugon ang propeta: "Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon,...ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag." Talatang 17.

Ang mga salita laban sa tumalikod na mga tribo ay natupad na literal; gayunman ang pagkawasak ng kaharian ay dahan-dahan. Sa paghatol ay naalaala pa rin ng Panginoon ang kahabagan, at nang, sa simula ay, "naparoon laban sa lupain si Phul na hari sa Asyria," si Manahem, na hari noon ng Israel, ay hindi nabihag, pinayagan siyang manadli sa kanyang luklukan bilang basalyong hari sa kaharian ng Asyria. "At binigyan ni Manahem si Phul ng isang libong talentong pilak, upang ang kamay niya'y sumakanya upang pagtibayin ang kaharian sa kanyang kamay. At siningil ni Manahem ng salapi ang Israel, ang lahat na makapangyarihang lalaki na mayaman, na bawat lalaki ay limampung siklo na pilak, upang ibigay sa hari sa Asyria." 2 Hari 15:19, 20. Matapos hiyain ang sampung tribo ng Israel, ang hukbo ng Asyria ay nagbalik sa sariling lupain ng isang panahon.

Si Manahem, na hindi pa rin nagsisi sa kasamaang naghatid ng pagkawasak sa kanyang kaharian, ay nagpatuloy sa "mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nabat, na kanyang ipinapagkasala sa Israel." Sina Pekaia at Peka, na humalili sa kanya, gayon rin ay "gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon." Talatang 18, 24, 28. "Nang mga kaarawan ni Peka," na naghari ng dalawampung taon, si Tiglath-

pileser, hari ng Asyria, ay nilusob ang Israel at maraming dinalang bihag mula sa mga tribong naninirahan sa Galilea at silangan ng Jordan. "Ang mga Rubenita, at ang mga Gadita, at ang kalahati ng lipi ni Manases," kasama ang mga naninirahan sa "Galaad, at Galilea, buong lupain ng Nepthali" (1 Cronica 5:26; 2 Han 15:29), ay nagkalat sa mga pagano sa mga lupaing malayo sa Palestina. [238]

Sa kakila-kilabot na dagok na ito ay hindi na nakabangon pa ang kaharian sa hilaga. Ang mahinang nalabi ay nagpatuloy pa rin sa isang porma ng pamahalaan datapuwat wala nang kapangyarihan. Tanging isang pinuno na lamang, si Oseas, ang susunod kay Peka. Di nagtagal ang kaharian ay lubusang napawi. Gayunman sa panahon ng kapanglawan at bagabag naalaala pa rin ng Dios ang kahabagan, at binigyan pa ang bayan ng pagkakataong manumbalik mula sa idolatriya. Sa ikadong taon ng paghahari ni Oseas, ang mabuting haring Ezechias naman ay nagsimulang maghari sa Juda at agadagad nagpasok ng mga reporma sa mga serbisyo sa templo sa Jerusalem. Isang pagdiriwang ng Paskua ay isinaayos, at inanyayahan hindi lamang ang mga tribo ng Juda at Benjamin, na sa kanila ay inilagay na hari si Ezechias, kundi pati na rin ang mga tribo sa kaharian sa hilaga. Isang pahayag ang ipinalabas, "sa buong Israel, mula sa Beer-seba hanggang sa Dan, na sila'y magsisiparoon na ipangilin ang Paskua ng Panginoon, sa Dios ng Israel sa Jerusalem; sapagkat hindi nila ipinagdiwang sa malaking bilang sa gayong paraan na gaya ng nakasulat

"Sa gayo'y ang mga magdadala ng sulat ay nagsiyaong dala ang sulat na mula sa han at sa kanyang mga prinsipe sa buong Israel at Juda," na may paanyaya, "Kayong mga anak ni Israel manumbalik kayo sa Panginoon, sa Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel, upang Siya'y manumbalik sa nalabi na nakatanan sa inyo na mula sa kamay ng mga han sa Asyna.... Huwag kayong maging mapagmatigas ng ulo, na gaya ng inyong mga magulang, kundi magsitalaga kayo sa Panginoon, at magsipasok sa Kanyang santuwaryo, na Kanyang itinalaga magpakailanman; at kayo'y mangaglingkod sa Panginoon ninyong Dios, upang ang Kanyang malaking galit ay maalis sa inyo. Sapagkat kung kayo'y manumbalik sa Panginoon, ang inyong mga kapatid at ang inyong mga anak ay mangakasusumpong ng habag sa harap nilang nagsibihag, at magsisibalik sa lupaing ito: sapagkat ang Panginoon ninyong Dios ay mapagbiyaya at maawain, at hindi

itatalikod ang Kanyang mukha sa inyo, kung kayo'y manumbalik sa Kanya." 2 Cronica 30:5-9.

"Sa bayan at bayan sa lupain ng Ephraim at Manases hanggang sa
Zabulon," ang mga sugo ni Ezechias ay dinala ang mensahe. Dapat
sana'y pinaunlakan ng Israel ang paanyayang ito na pagsusumamong
[239] magsisi at manumbalik sa Dios. Subalit ang nalabi ng sampung tribo
[240] na nananahan pa rin sa teritoryo na minsan ay naging masaganang
kahanan sa hilaga ay pinakitunguhan ang mga mensahero ng hari
[241] mula sa Juda na hindi mabuti at mayroon pang paglait. "Sila'y
tinatawanang mainam, at tinutuya sila." Gayon pa man ay may
ilan? tumugon ng malugod. "Ang iba sa Aser at sa Manases at sa
Zabulon ay nangagpakumbaba, at nagsiparoon sa Jerusalem,...upang
ipagdiwang ang kapistahan ng tinapay na walang lebadura." Talatang
10-13.

Dalawang taon matapos ito, ang Samaria ay nilusob ng mga hukbo ng Asyria sa pangunguna ni Shalmaneser; at sa pagkubkob na sumunod, marami ang namatay na kaawa-awa sa gutom at sakit at gayundin sa tabak. Ang siyudad at bansa ay bumagsak, at ang watak-watak na nalabi ng sampung tribo ay nadalang bihag at nangalat sa mga probinsya ng kaharian ng Asyria.

Ang pagkawasak na dumating sa hilagang kaharian ay tuwirang hatol mula sa Langit. Ang Asyria ay siya lamang instrumentong ginamit ng Dios upang maisakatuparan ang Kanyang adhikain. Sa pamamagitan ni Isaias, na nagpasimulang magpropesiya bago bumagsak ang Samaria, tinawag ang mga hukbo ng Asyria na "pamalo ng Aking galit." "Siyang tungkod na kasangkapan ng Aking paginit." Isaias 10:5.

"Ang pinakamasakit ang mga anak ni Israel ay "nangagkasala laban sa Panginoon nilang Dios,...at nagsigawa ng masamang bagay." "Hindi nila dininig, kundi kanilang...itinakwil ang Kanyang mga palatuntunan, at ang Kanyang tiipan na Kanyang itinipan sa kanilang mga magulang, at ang Kanyang mga patotoo na Kanyang ipinatotoo sa kanila." Dahil "kanilang iniwan ang lahat ng utos ng Panginoon nilang Dios, at nagsigawa ng mga larawang binubo, samakatuwid baga'y ng dalawang guya, at nagsigawa ng isang Asera, at sinamba ang buong natatanaw sa langit, at nagsipaglingkod kay Baal," at tumangging magsisi, na ang Panginoon ay, "pinighati sila, at ibinigay sila sa kamay ng mga mananamsam hanggang sa Kanyang

pinalayas sila sa Kanyang paningin," gaya ng Kanyang sinalita sa "pamamagitan ng lahat Niyang lingkod na mga propeta."

"Gayon dinala ang Israel sa Asyria na mula sa kanilang sariling lupain," "sapagkat hindi nila sinunod ang tinig ng Panginoon nilang Dios, kundi kanilang sinalangsang ang Kanyang tipan, ang lahat na iniutos ni Moises na lingkod ng Panginoon." 2 Hari 17:7, 11, 14, 16, [242]
20,23; 18:12.

Sa nakalulunos na hatol na dumating sa sampung tribo ang Panginoon ay may pantas at mahahabaging layunin. Ang hindi na Niya magawa sa pamamagitan nila sa lupain ng kanilang mga magulang ay sisikaping Niyang isagawa sa pangangalat sa kanila sa lupain ng mga pagano. Ang Kanyang panukala sa pagliligtas ng lahat na magpapasyang piliin ang pagpapatawad sa pamamagitan ng Tagapagligtas ng lahi ng tao ay dapat pa ring maisagawa; at sa mga kahirapang dumating sa Israel, inihahanda Niya ang daan upang ang Kanyang kaluwalhatian ay mahayag sa mga bansa ng lupa. Hindi lahat ng nadalang bihag ay walang pagsisisi. Mayroon sa kanilang nanatiling tapat sa Dios, at mga iba na nagpakababa sa harapan Niya. Sa pamamagitan ng mga ito, "mga anak ng Dios na buhay" (Oseas 1:10), dadalhin Niya ang karamihan sa kaharian ng Asyria sa pagkakilala ng mga sangkap ng Kanyang likas at ang mga pagpapala ng Kanyang kautusan. [243]

# Kabanata 24—“Nasira sa Kakulangan ng Kaalaman”

Ang pabor ng Dios para sa Israel ay lagi na lamang kundisyonal sa kanilang pagsunod. Sa paanan ng Sinai sila ay pumasok sa isang tipanan sa Kanya bilang Kanyang “tanging kayamanan...higit sa lahat ng bayan.” May kabanalang nangako silang susunod sa landas ng pagiging masunurin. “Lahat na sinalita ng Panginoon ay aming gagawin,” wika nilang lahat. Exodo 19:5, 8. At nang, ilang araw ang makaraan, ang kautusan ng Dios ay sinalita mula sa Sinai, at karagdagang tagubilin sa pamamagitan ng mga panuntunan at mga kahatulan ay ipinahayag sa pamamagitan ni Moises, ang mga Israelita bilang isang tinig ay muling nangako ng, “Lahat ng mga salita na sinalita ng Panginoon ay aming gagawin.” Sa pagpapadbay ng dpan, ang bayan ay muling nagkaisa sa paghahayag, “Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin.” Exodo 24:3, 7. Pinili ng Dios ang Israel bilang Kanyang bayan, at pinili naman nila Siya bilang kanilang Hari.

Sa pagtatapos ng paglilimayon sa ilang ang mga kundisyon ng dpan ay inulit. Sa Baal-peor, sa pagitan ng Lupang Pangako, na marami ay bumagsak sa padbong na mapandayang tukso, ang mga nanatiling tapat ay inulit ang kanilang pangako ng pagtatapat. Sa pamamagitan ni Moises ay nababalaan sila laban sa mga tuksong daradng sa hinaharap; at matamang pinayuhan silang manadling hiwalay sa mga nakapalibot na bansa at sumamba sa Dios lamang.

Tinuruan ni Moises ang Israel, “At ngayon, Oh Israel, dinggin mo ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang sundin ninyo, at upang kayo’y mabuhay, at pumasok at inyong ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon, ng Dios ng inyong mga magulang. Huwag ninyong daragdagan ni babawasan ang salita na aking iniutos sa inyo, upang myong maingatan ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios na aking iniuutos sa inyo.... Ingatan
[244] nga ninyo at inyong isagawa; sapagkat ito ang inyong karunugan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga tao, na makakarinig ng

mga palatuntunang ito at magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan.” Deuteronomio 4:1 -6.

Ang Israel ay tanging tinagubilinang huwag iwawaksi ang mga utos ng Dios, at sa pagsunod dito ay makasusumpong sila ng kalakasan at pagpapala. “Mag-ingat ka lamang sa iyong sarili, at ingatan mo ang iyong kaluluwa ng buong sikap,” wika ng Panginoon sa kanila sa pamamagitan ni Moises, “baka iyong malimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata, at baka mangahiwalay sa iyong puso ang lahat ng araw ng iyong buhay: kundi iyong ipakilala sa iyong mga anak at sa mga anak ng iyong mga anak.” Talatang 9. Ang mga marangyang tanawin na may kinalaman sa pagkakaloob ng kautusan sa Sinai ay dapat na di malilimutan. Malinaw at tiyak ang mga babalang ibinigay sa Israel laban sa mga kaugaliang pagano na nagaganap sa kalapit na mga bansa. “Ingatan nga ninyong...mabud ang inyong sarili,” ang payong ibinigay; “baka kayo’y mangagpakasama, at kayo’y gumawa sa inyo ng isang larawang inanyuan, na kawangis ng alin mang larawan,” “at itingin ang iyong mga mata sa langit, at kung iyong makita ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, sampu ng buong natatanaw sa langit, ay mabuyo ka at iyong sambahin, at paglingkuran, na binahagi ng Panginoon ninyong Dios sa lahat ng mga bayan na nasa silong ng buong langit.” “Mangagingat nga kayo, baka inyong malimutan ang tipan ng Panginoon ninyong Dios, na Kanyang pinagtibay sa inyo, at kayo’y gumawa ng larawang inanyuan, na kahawig ng anumang bagay na ipinagbawal sa iyo ng Panginoon mong Dios.” Talatang 15, 16, 19, 23.

Tinalunton ni Moises ang mga kasamaan na magbubunga ng paglayo sa mga panuntunan ni Jehova. Tinawagang maging saksi ang langit at lupa, inihayag niya na kung, matapos makapanahan sa Lupang Pangako, ang bayan ay magpapasok ng mga masamang anyo ng pagsamba at yuyukod sila sa mga imahen at tatangging sumamba sa tunay na Dios, ang galit ng Panginoon ay mapupukaw, at sila’y madadalang bihag at mangangalat sa lupain ng mga pagano. Siya ay nagbabala sa kanila, “Kayo’y malilipol na madali na walang pagsala sa lupain na inyong tinutungo ng pagdadaan sa Jordan, upang ariin: hindi ninyo mapatatagal doon ang inyong mga araw, kundi kayo’y lubos na malilipol. At pangangalatin kayo ng Panginoon sa mga bayan, at kayo’y malalabing kaunti sa bilang sa gitna ng mga bansa, [245]
na pagdadalhan sa inyo ng Panginoon. At doo’y maglilingkod kayo

sa mga diyos, na yari ng mga kamay ng mga tao, kahoy at bato, na hindi nangakakakakita, ni nangakakarinig, ni nangakakakain, ni nangakakaamoy." Talatang 26-28.

Ang propesiyang ito, na ang bahagi ay natupad sa panahon ng mga hukom, ay nagkaroon ng lalong ganap na katuparan sa pagkakabihag ng Israel sa Asyria at ng Juda sa Babilonia.

Ang pagtalikod ng Israel ay dahan-dahan. Sa pagpapalit ng mga saling lahi, si Satanas ay paulit-ulit na nagtangka na ang bayan ay makalimutan "ang utos, ang palatuntunan, at ang mga kahatulan" na kanilang ipinangakong iingatan magpakailanman. Deuteronomio 6:1. Alam niya na kung maaakay niya ang Israel na makalimutan ang Dios, at kung sila "ay susunod sa ibang mga diyos, at paglilingkuran sila, at sasambahin sila," sila ay "tunay na malilipol." Deuteronomio 8:19.

Ang kaaway ng iglesia ng Dios ay hindi binigyang halaga ang mahabaging likas ng Dios at "nasa anumang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin," subalit "puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan, na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang at ng kasalanan." Exodo 34:6, 7. Sa kabila ng pagsisikap ni Satanas na hadlangan ang adhikain ng Dios para sa Israel, gayunman kahit sa pinakamadilim na mga panahon ng kasaysayan nila, na tila ang mga puwersa ng kadiliman ay magwawagi, ang Panginoon ay mabiyayang naghayag ng Kanyang sarili. Inilahad Niya sa Israel ang mga bagay na tungo sa ikapapanuto ng bansa. "Sinulat Ko para sa kanya ang sampung libong bagay ng Aking kautusan," ipinahayag Niya sa pamamagitan ni Oseas, "ngunit kanilang inaring parang katuwang bagay." "Gayon may Aking tinuruan ang Ephraim na lumakad; Aking kinalong sila sa Aking mga bisig; ngunit hindi nila kinilala na Aking pinagaling sila." Oseas 8:12; 11:3. Mabanayad na ang Panginoon ay tumahang kasama nila, nagtuturo sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta bilin at bilin, utos at utos.

Kung dininig lamang ng Israel ang mga pabalita ng mga propeta, naligtas sana sila sa mga dumating na kahihiyan. Iyon ay dahil sa pilit nilang tinalikdan ang Kanyang mga utos kaya ang Dios ay napilitang ipadala sila sa pagkabihag. "Ang Aking bayan ay nasira
[246] dahil sa kakulangan ng kaalaman," ito ang Kanyang mensahe sa

kanila sa pamamagitan m Oseas. "Sapagkat ikaw ay nagtakwil ng kaalaman, Akin namang itatakwil ka:...yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios." Oseas 4:6.

Sa bawat panahon, ang paglabag sa kautusan ng Dios ay sinundan ng katulad na bunga. Sa mga kaarawan ni Noe, nang ang bawat simulain ng mabuting gawa ay nasalangsang, at ang kasamaan ay naging malalim at laganap anupa't hindi na ito matagalan ng Dios, ang utos ay ipmalabas, "Lilipulin Ko ang tao na Aking nilalang sa ibabaw ng lupa." Genesis 6:7. Sa mga kaarawan ni Abraham ang mga tao sa Sodoma ay hayagang lumaban sa Dios at sa Kanyang utos; at sumunod dito ang katulad na kasamaan, ang katulad na kabulukan, ang katulad na walang pigil na pagtatamasa, na naging tanda ng sanlibutan bago iyon gunawin sa baha. Ang mga naninirahan sa Sodoma ay lumagpas sa taning ng pagtitiis ng langit, at nagningas laban sa kanila ang apoy ng paghihiganti ng Dios.

Ang panahong bago nabihag ang sampung tribo ng Israel ay may katulad na paglabag at katulad na kasamaan. Ang kautusan ng Dios ay binale wala, at ito ang nagbukas ng pintuan ng nag-uumapaw na kasamaan ng Israel. "Ang Panginoon ay may pakikipagkaalit sa mga mananahan sa lupain," pahayag ni Oseas, "sapagkat walang katotohanan, ni kaawaan man, ni kaalaman man tungkol sa Dios sa lupain. Wala kundi pagsumpa at kawalan ng pagtatapat, at pagpatay, at pagnanakaw, at pangangalunya, sila'y nagsisidaluhong, at nagkakabubuan ng dugo." Oseas 4:1, 2.

Ang mga propesiya ng hatol na dala ni Amos at Oseas ay may kasamang propesiya ng darating na kaluwalhatian. Sa sampung tribo, na matagal nang naghihimagsik at di nagsisisi, ay walang ibinigay na pangako na ganap na pananauli sa kanilang dating kapangyarihan sa Palestina. Hanggang sa katapusan ng lupa, sila ay mananatiling "mga gala sa gitna ng mga bansa." Datapuwat sa pamamagitan ni Oseas ay ibinigay sa kanila ang propesiya ng pagkakaroon ng bahagi sa pananauli ng bayan ng Dios sa katapusan ng kasaysayan ng lupa, kapag si Kristo ay magpapakita na bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. "Maraming araw," ang pahayag ng propeta, ang sampung tribo ay magsisitahang "walang hari, at walang prinsipe, at walang ham, at walang haligi, at walang efod, o mga teraf." "Pagkatapos," ipinagpatuloy ng propeta, "ay manunumbalik ang mga anak ni Israel, at hahanapin ang Pangi- [247]

noon nilang Dios, at si David na kanilang hari; at magsisipantong may takot sa Panginoon at sa Kanyang kabudhan sa mga huling araw." Oseas 3:4, 5.

Sa mga makahulugang pangungusap, inilahad ni Oseas sa sampling tribo ang panukala ng Dios sa pagsasauli sa bawat kaluluwang nagsisisi na sasanib sa Kanyang iglesia sa lupa, ang pagpapalang naibigay sa Israel sa mga panahon ng kanilang katapatan sa Kanya sa Lupang Pangako. Sa pagbanggit sa Israel na Kanyang pinananabikang mabigyang kahabagan, inihayag ng Panginoon, "Akin siyang hihikayatin, at dadalhin siya sa ilang, at pagsasalitaan Ko siyang may pag-aliw. At ibibigay Ko sa kanya ang kanyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa: at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kanyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto. At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng Panginoon, na tatawagin mo Akong Ishi [".Aking asawa,"]; at hindi mo na Ako tatawaging Baali ["Aking panginoon"]. Sapagkat Aking aalisin ang mga pangalan ng mga Baal sa kanyang bibig, at hindi na babanggitin pa sa pamamagitan ng kanilang pangalan." Oseas 2:14-17.

Sa mga huling araw nitong kasaysayan ng lupa, ang pakikipagtipan ng Dios sa Kanyang bayang nag-iingat ng kautusan ay babaguhin. "At sa araw na yaon ay ipakildpagtipan Ko sila sa mga hayop sa parang, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga bagay na nagsisiusad sa lupa: at Aking babaliin ang busog at ang tabak at paddgilin Ko ang pagbabaka sa lupain, at Akin silang pahihigaing riwasay. At Ako'y magiging asawa mo magpakailanman; oo, magiging asawa mo Ako sa katuwiran, at sa kahatulan, at sa kagandahang loob, at sa mga kaawaan. Magiging asawa mo rin Ako sa pagtatapat: at iyong makikilala ang Panginoon.

"At mangyayari sa araw na yaon, na Ako'y sasagot, sabi ng Panginoon, Ako'y sasagot sa langit, at sila'y magsisisagot sa lupa; at ang lupa'y sasagot sa trigo, at sa alak, at sa langis; at sila'y magsisisagot sa Jezreel. At Aking itatatag siya para sa Akin sa lupa; at Ako'y magdadalang habag sa kanya na hindi nagtamo ng kahabagan; at Aking sasabihin sa kanila na hindi Ko bayan, Ikaw ay Aking bayan; at siya'y magsasabi, Ikaw ay aking Dios." Talatang 18-23.

"At mangyari sa araw na yaon" "na ang nalabi sa Israel, at ang nangakatanan sa sambahayan ni Jacob,...ddwala sa Panginoon, sa [248] Banal ng Israel, sa katotohanan." Isaias 10:20. "Sa bawat bansa at angkan, at wika, at bayan" ay mayroon malugod na tutugon sa pabalitang, "Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagkat dumating ang panahon ng Kanyang paghatol." At sila ',y magsisamba sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig." Sila ay lalaya at tatayong monumento ng kahabagan ng Dios sa sanlibutan. Masununn sa kahilingan ng langit, sila'y kikilalanin ng mga anghel at mga taong nagsisitupad ng "mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus." Apocalipsis 14:6,7, 12.

"Narito, ang mga kaarawan ay dumaradng, sabi ng Panginoon, na aabutan ng mang-aararo ang mang-aani, at ng mamimisa ng ubas ang magtatanim ng binhi; at ang mga bundok ay papatak ng matamis na alak, at lahat na burol ay mangatutunaw. At Akin uling ibabalik ang nangabihag sa Aking bayang Israel, at kanilang itatayo ang mga wasak na bayan, at tatahanan nila; at sila'y mangag-uubasan, at magsisiinom ng alak niyaon; magsisigawa rin sila ng mga halamanan, at magsisikain ng bunga ng mga yaon. At Aking itatatag sila sa kanilang lupain, at hindi na sila mabubunot pa sa kanilang lupain, na Aking ibinigay sa kanila, sabi ng Panginoon mong Dios." Amos 9:13-15. [249]

# SEKSYON III—MANGANGARAL NG KATUWIRAN

[250]

*“Makukuha baga ang huli sa makapangyarihan, o maliligtas ang mga talagang nabihag?” “Ngunit ganito ang sabi ng Panginoon, Pati ng mga bihag ng makapangyarihan ay kukunin, at ang huli ng kakila-kilabot ay maliligtas. ” “Silay mangapapaurong, sila’y mangapapahiyang mainam, na nagsisitiwala sa mga larawaang inanyuan, na nangagsasabi sa mga larawang binubo, Kayo ’,y aming mga diyos. ” Isaias 49:24, 25; 42:17.*

[251] # Kabanata 25—Ang Pagtawag Kay Isaias

Ang mahabang paghahari ni Uzzias [kilala nn bilang Azarias] sa lupain ng Juda at Benjamin ay kinakitaan ng kasaganaang higit sa alinmang hari mula nang mamatay si Solomon, halos dalawang daang taon na. Sa maraming taon ang hari ay namunong may mabuting pagpapasya. Sa ilalim ng pagpapala ng Langit ang mga hukbo niya ay nabawi ang ilan sa mga teritoryong naagaw sa kanila sa nakaraang mga taon. Ang mga siyudad ay muling naitayo at nakutaan, at ang posisyon ng bansa sa mga nakapalibot na bayan ay napalakas. Ang komersyo ay nabigyang buhay at ang kayamanan ng mga bansa ay muling umagos papasok sa Jerusalem. Ang pangalan ni Uzzias ay "lumaganap na mainam; sapagkat siya'y tinulungang kagila-gilalas hanggang sa siya'y lumakas." 2 Cronica 26:15.

Datapuwat, ang panlabas na kasaganaang ito ay hindi nasamahan ng katumbas na pagbabago ng espirituwal na kapangyarihan. Ang mga paglilingkod sa templo ay patuloy katulad ng mga nakaraang taon, ang karamihan ay nagdpon upang sumamba sa Dios na buhay, datapuwat ang pagmamataas at pormalidad ay kumuha ng lugar ng kababaan at katapatan. Tungkol na nn kay Uzzias ay nasulat: "Nang siya'y lumakas, ang kanyang puso ay nagmataas, na anupa't siya'y gumawa ng kapahamakan, at siya'y sumalangsang laban sa Panginoon niyang Dios." Talatang 16.

Ang kasalanang nagbunga ng kapahamakan kay Uzzias ay isang akala. Sa paglabag sa payak na utos ni Jehova, na walang ibang makagagawa maliban sa mga saserdoteng mula sa angkan ni Aaron, ang hari ay pumasok sa templo "upang magsunog ng kamangyan sa ibabaw ng dambana." Si Azarias ang mataas na saserdote at ang kanyang mga kasamahan ay tumutol, at nakiusap sa kanya na tumalikod sa kanyang panukala. "Ikaw ay sumalangsang," kanilang sinabi; "ni di magiging karangalan sa iyo." Talatang 16-18.

Si Uzzias ay napuno ng galit na siya, bilang hari, ay sawayin. Datapuwat hindi siya pinahintulutang dumihan ang santuwaryo la-
[252] ban sa nagkakaisang protesta nilang nasa otoridad. Habang nakatayo

doon. na galit na galit sa paghihimagsik, siya ay madaling hinataw ng hatol ng langit. Ang ketong ay lumabas sa kanyang noo. Sa dismaya ay umalis siya, upang hindi na muling pumasok sa mga korte ng templo. Hanggang sa araw ng kanyang kamatayan, ilang taon makalipas, si Uzzias ay nanatiling ketongin—isang buhay na halimbawa ng kahangalan ng pagtalikod sa malinaw na "Ganito ang wika ng Panginoon." Hindi ang mataas niyang tungkulin o mahabang panahon ng paglilingkod ang maaaring idahilan niya bilang katuwiran sa inaakalang kasalanan na ipinangsira niya sa mga huling taon ng kanyang paghahari, at nagdala sa kanyang sarili ng kahatulan ng Langit.

Ang Dios ay hindi kumikilala ng tao. "Ang tao na makagawa ng anuman ng buong kapusukan, maging tubo sa lupain, o taga ibang lupa, ay lumapastangan sa Panginoon; at ang taong yaon ay ihihiwalay sa gitna ng kanyang bayan." Bilang 15:30.

Ang hatol na dumadng kay Uzzias ay may impluwensya ng pagpigil sa kanyang anak. Si Jotham ay nagpasan ng mabibigat na kapanagutan sa mga huling panahon ng paghahari ng kanyang ama at humalili sa trono pagkamatay ni Uzzias. Tungkol kay Jotham ay nasulat: "Siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon: kanyang ginawa ang ayon sa lahat na ginawa ng kanyang amang si Uzzias. Gayon may ang mga mataas na dako ay hindi nangaalis: ang bayan ay nagpatuloy na naghain at nagsunog ng kamangyan sa mga mataas na dako." 2 Hari 15:34, 35.

Ang paghahari ni Uzzias ay nagtatapos na, at si Jotham ay nagdadala na ng maraming mabibigat na pasanin ng estado, nang si Isaias na mula sa makaharing linya, bilang isang kabataan, ay tinawagan sa tungkulin ng propeta. Ang panahong ipinaglingkod ni Isaias ay puno ng natatanging panganib sa bayan ng Dios. Makildta ng propeta ang paglusob sa Juda ng magkasanib na mga hukbo ng hilagang Israel at ng Syria; mapagmamasdan niya ang pagkubkob ng mga hukbo ng Asyria sa mga pangunahing lunsod ng kaharian. Sa kapanahunan niya, ang Samaria ay babagsak, at ang sampling tribo ng Israel ay mangangalat sa mga bansa. Ang Juda ay paulit-ulit na malulusob ng mga hukbo ng Asyria, at ang Jerusalem ay dadanas ng pagkubkob na magbubunga sana ng pagbagsak nito kung ang Dios ay hindi gumawang may kababalaghan. May panganib na noon pa sa kapayapaan ng kaharian sa timog. Ang sanggalang ng langit ay [253]

inaalis na, at ang mga hukbo ng Asyria ay may bantang sakupin ang lupain ng juda.

Datapuwat ang mga panganib galing sa labas, na dla lubhang malawak, ay hindi katulad ng mga panganib na panloob. Ang kasamaan ng kanyang bayan ang nagdala ng napakalaking kagulumihanan sa lingkod ng Panginoon at ng pinakamalalim na kalumbayan. Sa kanilang pagtalikod at paghimagsik silang dapat sanang tumatayong tagapagdala ng liwanag sa mga bansa ay nagaanyaya ng mga hatol ng Dios. Karamihan sa mga kasamaang nagpapabilis ng madaliang pagkawasak ng kaharian sa hilaga, at bago pa lamang tinuligsa na walang pasubali nina Oseas at Amos, ay siyang mabilis na sumisira sa kaharian ngjuda.

Ang tanawin ay higit pang nakapanglulupaypay sa sosyal na kalagayan ng bayan. Sa pagnanais ng pakinabang, ang mga tao ay nagdaragdag mga bahay at mga lupain. Tingnan ang Isaias 5:8. Ang katarungan ay pinasama, at walang ipinakitang habag sa mahihirap. Sa mga kasamaang ito ay sinabi ng Dios, "Ang samsam sa dukha ay nasa inyong mga bahay." "Inyong dirudikdik ang Aking bayan, at inyong ginigiling ang mukha ng dukha." Isaias 3:14, 15. Maging ang mga hari, na ang tungkulin sana ay ipagtanggol ang mga mahihina, ay nagbingi-bingihan sa pagsusumamo ng mga mahihirap at nangangailangan, ng mga balo at ulila. Tingnan ang Isaias 10:1, 2.

Kasama ng kalupitan at kayamanan naroon ang pagmamataas at kagustuhang matanghal, malawakang kalasingan, at ang diwa ng pagsasaya. Tingnan ang Isaias 2:11, 12; 3:16, 18-23; 5:22, 11, 12. At sa panahon ni Isaias ang pagsamba sa mga diyus-diyusan ay hindi na pinag-tatakhan. Tingnan ang Isaias 2:8, 9. Ang mga masasamang gawa ay naging laganap sa lahat ng klase ng tao anupa't ang ilang nananatiling tapat sa Dios ay madalas na matuksong manghina na rin ang loob at sumuko sa kabiguan at kapanglawan. Sa tingin ay halos mabibigo ang adhikain ng Dios para sa Israel at ang mapanghimagksik na bansa ay dadanas din ng kapalaran ng Sodoma at Gomora.

Sa kabila ng gayong mga kalagayan, hindi kataka-taka na, sa mga huling taon ng paghahari ni Uzzias, tinawagan si Isaias upang siyang magpasan ng pabalita ng mga babala at sansala sa Juda, siya ay tumanggi sa kapanagutan. Alam niyang makakatagpo siya ng
[254] matatag na hadlang. Sa pagkadama ng walang sariling kakayahang

harapin ang kalagayan at pag-iisip ng katigasan ng ulo at kawalang pananampalataya ng bayang kanyang paglilingkuran, ang gawain ay waring walang pag-asa. Sa kanyang kapanglawan ba ay ibababa niya ang gawain at iiwan ang Judang hindi matitigadg sa kanilang idolatriya? Ang mga diyos ba ng Ninive ang maghahari sa lupa sa paglaban sa Dios ng langit?

Ang mga ganitong isipan ang sumisiksik sa isipan ni Isaias habang nakatayo siya sa portiko ng templo. Bigla ay parang itinaas o inalis ang pintuan ng templo at ang tabing sa loob, at siya ay pinahintulutang matitigan ang loob, ang kabanal-banalang dako, na kahit na ang mga paa ng propeta ay hindi makakapasok. Nakita niya ang pangitain ng Jehovang nakaupo sa isang luklukan na mataas at itinaas, samantalang ang hanay ng Kanyang kaluwalhatian ay pumuno sa templo. Sa magkabilang panig ng trono ay may lumilipad na mga serapin, ang kanilang mga mukha ay natatakpan sa pagsamba, habang sila ay naglilingkod sa kanilang Manlilikha at nagkakaisa sa tapat na pananalangin, "Banal, banal, banal, ang Panginoon ng mga hukbo: ang buong lupa ay napuno ng Kanyang kaluwalhatian," hanggang ang mga patibayan ng mga pintuan ay nakilos sa tinig, at ang bahay ay napuno ng kanilang papuri. Isaias 6:3.

Habang minamasdan ni Isaias ang paghahayag na ito ng kaluwalhatian at kamahalan ng kanyang Panginoon, siya ay napuspos ng pagkadama ng kadalisayan at kabanalan ng Dios. Gaano nga kalala ang pagkakaiba ng di mapapantayang kasakdalan ng kanyang Manlalalang, at ang makasalanang gawain nilang, katulad niya, ay matagal nang nabilang sa bayang pinili ng Israel at Juda! Napasigaw siya, "Sa aba ko! sapagkat ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo." Talatang 5. Nakatayo, sa harapan ng kabuuan ng liwanag ng banal na presensya sa loob ng santuwaryo, nadama niyang kung sa sariling kawalang kasakdalan at kahinaan, hindi niya maisasagawa ang gawain na kung saan siya ay tinawagan. Datapuwat isang serapin ang isinugo upang alisin ang bumabagabag sa kanya at iangkop siya para sa kanyang dakilang gawain. Isang nagniningas na baga mula sa altar ang inilagay sa kanyang mga labi, at nagsabi, "Narito, hinipo nito ang iyong mga labi; at ang iyong [255]
kasamaan ay naalis, at ang iyong kasalanan ay

naalis." At narinig ang tinig ng Panginoon, na nagsasabi, "Sinong susuguin Ko, at sinong yayaon sa ganang Amin? nang magkagayo'y sinabi ni Isaias, "Narito ako; suguin Mo ako." Talatang 7, 8.

.Ang taga langit ay sinugo ang naghihintay ng sugo, "Ikaw ay yumaon at saysayin mo sa bayang ito,

"Inyong naririnig nga, ngunit hindi ninyo nauunawa;
At nakikita nga ninyo, ngunit hindi ninyo namamalas.
Patabain mo ang puso ng bayang ito,
At iyong pabigatin ang kanilang mga pakinig, at iyong ipikit ang kanilang
mga mata;
Baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, at mangakarinig ng
kanilang mga pakinig,
At mangakaunawa ng kanilang puso,
At mangagbalik loob, at magsigaling."

Talatang 9, 10.

Ang tungkulin ng propeta ay malinaw; itataas niya ang kanyang tinig laban sa mga namamayaning kasamaan. Datapuwat takot siyang tanggapin ang gawain ng walang kasiguruhan ng pag-asa. Siya ay nagtanong, "Panginoon, hanggang kailan?" Talatang 11. Wala ba sa Iyong bayang pinili ang makakaunawa at magsisisi at mapapagaling?

Ang pasanin ng kanyang kaluluwa para sa nagkakasalang Juda ay hindi mawawalan ng kabuluhan. Ang kanyang misyon ay di lubusang mawawalang bunga. Gayunman ang mga kasamaang dumadami pa sa paglakad ng mga saling lahi ay di maaalis sa kanyang kapanahunan. Sa buong buhay niya ay dapat siyang maging matiyaga, matapang na tagapagturo—isang propeta ng pag-asa gayon din ng lagim. Ang banal na layunin sa wakas ay naisakatuparan, ganap na bunga ng kanyang mga pagsisikap, at lahat ng gawain ng mga tapat na sugo ng Dios, ay makikita. Ang nalabi ay dapat maligtas. Upang ito ay maisakatuparan, ang mga mensahe ng babala at pagsamo ay dapat mapahatid sa mapanghimagsik na bansa, nagpahayag ang Panginoon:

"Hanggang sa ang mga bayan ay mangagiba na walang tumahan,

At ang mga bahay ay mangawalan ng tao,
At ang lupain ay maging lubos na giba,
At ilayo ng Panginoon ang mga tao,
At ang mga nilimot na dako ay magsidami sa gitna ng lupain."

Talatang 11, 12.

[256]

Ang mabibigat na hatol na darating sa di nagsisisi,—digmaan, pagkatapon, pang-aapi, pagkawala ng kapangyarihan at karangalan sa mga bansa,—lahat ng ito ay darating upang silang makakaunawa na ito ay buhat sa kamay ng isang Dios na tinalikuran ay maaakay sa pagsisisi. Ang sampung tribo sa hilaga ay malapit nang ipangalat sa mga bansa at ang mga siyudad nila ay maiiwang tiwangwang; ang mga mapangwasak na hukbo ng mga kaaway na bansa ay paulit-ulit na raragasa sa kanilang lupain; kahit na ang Jerusalem ay babagsak, at ang Juda ay madadalang bihag; gayunman ang Lupang Pangako ay di lubusang pababayaan magpakailanman. Ang kasiguruhan ng mensahero ng langit kay Isaias ay:

"Magkakaroon ng ikasampung bahagi roon,
Mapupugnaw uli:
Gaya ng isang roble, at gaya ng isang encina,
Na ang puno ay naiiwan, pagka pinuputol;
gayon ang banal na lahi ay siyang puno niyaon."

Talatang 13.

Ang kasiguruhang ito ng ganap na katuparan ng adhikain ng Dios ay nagbigay lakas sa puso ni Isaias. Paano kung humanay pa laban sa Juda ang mga kapangyarihan sa lupa? Paano kung makasagupa ng mensahero ng Panginoon ang oposisyon at paglaban? Namalas ni Isaias ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo; nadinig niya ang awit ng mga serapin, "Ang buong lupa ay napuno ng Kanyang kaluwalhatian;" nasa kanya ang pangako na ang mga pabalita ni Jehova sa tumatalikod na bayang Juda ay sasamahan ng humihikayat na kapangyarihan ng Banal na Espiritu; at ang propeta ay napalakas para sa gawaing nasa harapan niya. Talatang 3. Sa

buong panahon ng kanyang mahirap na misyon, tinaglay niya ang alaala ng pangitaing ito. Mahigit sa anim na pung taon na siya ay tumayo sa harapan ng mga anak ng Juda bilang isang propeta ng pag-asa, na lalong tumatapang at lumalakas sa kanyang mga
[257] propesiya ukol sa hinaharap na tagumpay ng iglesia.

## Kabanata 26—"Tingnan ang Inyong Dios!"

Sa kapahanunan ni Isaias ang espirituwal na pagkaunawa ng sangkatauhan ay malabo dahilan sa maling pagkakilala sa Dios. Matagal na inakay ni Satanas ang mga tao na tingnan ang kanilang Manlalalang na siyang may-akda ng kasalanan at paghihirap at kamatayan. Silang nadaya niya ay nag-isip na ang Dios ay malupit at mabagsik. Ang tingin nila sa Kanya ay laging nagmamasid upang humatol at magtakwil, na hindi handang tumanggap sa makasalanan hangga ',t may sapat na dahilan upang hindi siya tulungan. Ang kautusan ng pag-ibig na siyang patakaran ng langit ay binigyan ng maling larawan ng punong mandaraya bilang isang sagka sa kaligayahan ng mga tao, isang mabigat na pamatok na magagalak na matakasan ng tao. Inihayag niya na ang mga panuntunan ay di masusunod at ang mga parusa ng paglabag ay ibinibigay na walang katuwiran.

Sa pagkawala ng pananaw ng tunay na likas ng Jehova, ang mga Israelita ay di makapagdadahilan. Madalas na ang Dios ay naghayag ng Kanyang sarili sa kanila bilang "Dios na puspos ng kahabagan, at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang loob at katotohanan." Awit 86:15. "Nang bata pa ang Israel," nagpatotoo Siya, "Aking minahal siya, at tinawag Kong Aking anak mula sa Egipto." Oseas 11:1.

Malumanay na ang Panginoon ay nakitungo sa Israel sa kanilang pag-kaligtas mula sa pagkaalipin sa Egipto at sa kanilang paglalakbay tungo sa Lupang Pangako. "Sa lahat nilang kadalamhatian ay nagdadalamhati Siya, at iniligtas sila ng anghel na nasa Kanyang harapan: sa Kanyang pag-ibig at sa Kanyang pagkaawa ay tinubos Niya sila; at Kanyang kinilik sila, at kinalong silang lahat noong araw." Isaias 63:9.

"Ako'y sasa iyo," ang pangakong ibinigay sa kanila sa kanilang paglalakbay sa ilang. Exodo 33:14. Ang kasiguruhang ito ay sinamahan ng kahanga-hangang pag-papahayag ni Jehova ng [258]
Kanyang likas, na dahil dito'y naihayag ni Moises sa buong Israel

ang kabutihan ng Dios, at naturuan silang lubusan tungkol sa mga katangian ng kanilang Haring di nakikita. "Ang Panginoo'y nagdaan sa harap niya, at itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan, na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang at ng kasalanan, at sa anumang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin." Exodo 34:6 7.

Dahilan na rin sa kanyang pagkaalam tungkol sa pagpapahinuhod ni Jehova at ng kanyang katapusang pag-ibig at kahabagan, na pinagbatayan ni Moises ng kanyang kahanga-hangang pakiusap para sa buhay ng Israel, nang sa hangganan ng Lupang Pangako, ay tumanggi silang magpatuloy ayon sa utos ng Dios. Sa kasukdulan ng kanilang pagrerebelde ay nagpahayag ang Panginoon, "Along sasaktan sila ng salot, at hindi Ko sila pamamanahan;" at nagsabing, ang mga saling lahi ni Moises ay gagawin Niyang, "isang bansang malaki at matibay kaysa kanila." Bilang 14:12. Subalit ang propeta ay humiling ng kahanga-hangang mga kaloob at pangako ng Dios sa kapakanan ng piniling bansa. At pagkatapos, ang pinakamatindi sa lahat ng mga kahilingan, hiniling niya ang pag-ibig ng Dios para sa bumagsak na sangkatauhan. Tingnan ang talatang 17-19.

Mabiyayang tumugon ang Panginoon, "Aking pinatawad ayon sa iyong salita." At pagkatapos, Kanyang ipinaalam kay Moises, sa paraan ng propesiya, ang kaalaman ng kanyang panukala tungkol sa ganap na tagumpay ng Israel. "Tunay, na kung paanong Ako'y buhay," Pahayag Niya, "mapupuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang buong lupa." Talatang 20, 21. Ang kaluwalhatian ng Dios, ang Kanyang likas, ang Kanyang kahabagan at mabanayad na pag-ibig—ang mga ito ay hiniling ni Moises para sa Israel—ay mahahayag sa sangkatauhan. At ang pangakong ito ni Jehova ay tiniyak pa; at sinamahan ng panata. Buhay at naghahari ang Dios, ang Kanyang kaluwalhatian ay dapat ilathala "sa mga bansa, ang kagila-gilalas Niyang mga gawa sa lahat ng mga bayan." Awit 96:3.

I ungkol sa katuparan sa hinaharap ng propesiyang ito na nadinig ni Isaias ang awit ng maningning na serapin sa harapan ng trono, "Ang buong lupa ay napuno ng Kanyang kaluwalhatian." Isaias
[259] 6:3. Ang propeta, nakasisiguro sa katiyakan ng mga salitang ito, ay matapang na nagpahayag sa mga nagsisisamba sa mga diyus-diyusan

na gawa sa kahoy at bato, "Kanilang makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon, ang karilagan ng ating Dios." Isaias 35:2.

Ang propesiyang ito ay mabilis na natutupad ngayon. Ang mga gawaing misyonero ng iglesia ng Dios sa lupa ay nagbubungang mainam, at di magtatagal matatapos ang paghahayag ng ebanghelyo sa lahat ng bansa. "Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kanyang biyaya," mga lalaki at babae mula sa lahat ng lipi, wika, at bayan, na sa atin ay "ipinagkaloob na masagana sa Minamahal," "upang sa mga panahong darating ay maihayag Niya ang dakilang kayamanan ng Kanyang biyaya na kagandahang loob sa adn kay Kristo Jesus." Efeso 1:6; 2:7; "Purihin ang Panginoong Dios, ang Dios ng Israel, na Siya lamang gumagawa ng mga kababalaghang bagay. At purihin ang Kanyang maluwalhating pangalan magpakailanman: at mapuno ang buong lupa ng Kanyang kaluwalhatian." Awit 72:18, 19.

Sa pangitaing dumating kay Isaias sa korte ng templo, ipinakita sa kanyang maliwanag ang likas ng Dios ng Israel. "Ang Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal," ay nagpakita sa kanya bilang dakilang kamahalan; subalit ang propeta ay pinaunawa ng mahabaging likas ng Panginoon. Siya na tumatahan sa "mataas at banal na dako" na "kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang loob, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi." Isaias 57:15. At hinipo ng anghel ang bibig ni Isaias at nagsabi, "Ang iyong kasamaan ay naalis, at ang iyong kasalanan ay naalis." Isaias 6:7.

Sa pagmalas sa kanyang Dios, ang propeta, tulad din ni Saulo ng Tarsus sa pintuan ng Damasco, ay di lamang nakadama ng kanyang kawalang saysay; dumating din sa kanyang pusong napaamo ang katiyakan ng pagpapatawad, ganap at walang bayad; at siya ay tumayong isang nabagong tao. Naldta niya ang kanyang Panginoon. Namalas niya ang kagandahan ng banal na likas. Makapagpapatotoo siya ng pagbabagong naganap sa pagmalas sa Walang Katapusang Pag-ibig. Mula noon ay inspirado na siyang may marubdob na naising makita ang Israel na nagkakasala ay mapalaya sa pasan at kaparusahan ng kasalanan. "Bakit kayo'y hahampasin pa?" ang tanong ng propeta. "Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman [260]

maging mapulang gaya ng madngkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa." "Mangaghugas kayo, mangaglinis kayo; alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa sa harap ng Aking mga mata; mangalikat kayo ng paggawa ng kasamaan; mangatuto kayong magsigawa ng mabuti." Isaias 1:5, 18, 16, 17.

Ang Dios na inaangkin nilang kanilang pinaglilingkuran, datapuwat ang likas ay hindi naman nila lubos na nauunawaan, ay iniharap sa kanila bilang dakilang Manggagamot ng karamdamang espirituwal. Paano kung ang ulo ay may sakit at ang puso ay nanghihina? paano kung mula sa talampakan ng paa hanggang sa ulo ay walang kagalingan, kundi mga sugat, at mga pasa? Tingnan ang Isaias 1:6. Siya na sumulong sa paglakad sa landas ng kanyang puso ay maaring gumaling kapag nanumbalik sa Panginoon. "Aking nakita ang kanyang mga lakad," pahayag ng Panginoon, "at pagagalingin Ko siya: Akin ding papatnubayan siya, at bibigyan Ko ng mga kaaliwan.... Kapayapaan, kapayapaan sa kanya na malayo, at sa kanya na malapit, sabi ng Panginoon; at Aking pagagalingin siya." Isaias 57:18, 19.

Itinaas ng propeta ang Dios bilang Manlalalang ng lahat. Ang pabalita Niya sa mga siyudad ng Juda ay, "Tingnan ang inyong Dios!" Isaias 40:9. "Ganito ang sabi ng Dios na Panginoon, na lumikha ng langit, at nagladlad ng mga yaon; Siyang naglatag ng lupa at ng nagsisilitaw rito;" "Ako ang Panginoon na gumagawa ng lahat ng bagay;" "Aking inilalagay ang liwanag, at nililikha Ko ang kadiliman;" "Aking ginawa ang lupa, at nilalang Ko ang tao rito: Ako, samakatuwid baga'y ang Aking mga kamay, nagladlad ng langit, at sa lahat ng natatanaw roon ay nag-utos Ako." Isaias 42:5; 44:24; 45:7, 12. "Kanino nga mnyo itutulad Ako, upang makaparis Ako niya? sabi ng Banal. Itingin ninyo ang inyong mga mata sa itaas, at tingnan ninyo kung sinong lumikha ng mga ito, na tinutuos ang kanilang hukbo ayon sa bilang: tinatawag Niya sila sa pangalan sa pamamagitan ng kadakilaan ng Kanyang kapangyarihan, at dahil sa Siya'y malakas sa kapangyarihan, ay walang nagkukulang." Isaias 40:25, 26.

Sa kanilang may pangambang baka sila ay di tatanggapin ng Dios sa kanilang panunumbalik, inihayag ng propeta:

"Bakit sinasabi mo, Oh Jacob, at sinasalita mo, Oh Israel, Ang daan ko ay lingid sa Panginoon, at nilagpasan ng aking Dios ang

kahatulan ko? Hindi mo baga naalaman? hindi mo baga narinig? ang walang hanggang Dios, ang Panginoon, ang Maylalang ng [261] mga wakas ng lupa, hindi nanlalata, o napapagod man? walang makatarok ng Kanyang unawa. Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana Niya sa kalakasan. Pati ng mga kabinataan ay manlalata at mapapagod, at ang mga binata ay lubos na mangabubuwal: ngunit silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina." Talatang 27-31.

Ang puso ng Walang Hanggang Pag-ibig ay nanabik sa kanilang nakadaramang walang kapangyarihang makawala sa mga patibong ni Satanas; at mabiyayang iniaalok Niya sa kanila ang pampalakasloob upang mabuhay sa Kanya. "Huwag kang matakot," iniutos Niya sa kanila; sapagkat Ako'y sumasaiyo: huwag kang manlupaypay; sapagkat Ako'y iyong Dios: Aking palalakasin ka; oo, Aking tutulungan ka; oo, Aking aalalayan ka ng kanang kamay ng Aking katuwiran." "Akong Panginoon mong Dios ay hahawak ng iyong kanang kamay, na magsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; Aking tutulungan ka. Huwag kang matakot, ikaw na uod na Jacob, at kayong mga tao ng Israel; Aking tutulungan ka, sabi ng Panginoon, at ang iyong Manunubos ay ang Banal ng Israel." Isaias 41:10, 13, 14.

Ang lahat ng nananahan sa Juda ay di karapat-dapat, gayunman ay ayaw silang bitiwan ng Dios. Sa pamamagitan nila ay matataas ang pangalan Niya sa mga pagano. Marami sa hindi pa kilala ang Kanyang mga katangian ang dapat pang makamalas ng Kanyang luwalhati at banal na likas. Para sa layunin Niyang gawing malinaw ang Kanyang mahahabaging pakay na patuloy pa rin Siya sa pagsusugo ng Kanyang mga lingkod na propeta na taglay ang pabalita ng, "Magsihiwalay bawat isa sa inyo sa kani-kanyang masamang lakad." Jeremias 25:5. "Dahil sa Aking pangalan" ipinahayag Niya kay Isaias, "ay Aking iuurong ang Aking galit, at dahil sa kapurihan Ko ay Aking ititigil, upang huwag Kitang ihiwalay." "Dahil din sa Akin, dahil din sa Akin, Aking gagawin yaon: sapagkat bakit lalapastanganin ang Aking pangalan? at ang kaluwalhatian Ko ay hindi Ko ibinigay sa iba." Isaias 48:9, 11.

Ang panawagan sa pagsisisi ay ibinigay ng may siguradong liwanag, at lahat ay inanyayahang manumbalik. "Inyong hanapin
[262] ang Panginoon samantalang Siya'y masusumpungan," ang samo ng propeta; "magsitawag kayo sa Kanya samantalang Siya'y malapit lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pag-iisip: at manumbalik siya sa Panginoon, at kaawaan Niya siya; at sa aming Dios, sapagkat Siya'y magpapatawad ng sagana." Isaias 55:6,7.

Giliw na mambabasa, napili mo na ba ang iyong landas? Ikaw ba ',y napalayong gayon sa Dios? Ninais mo bang magtamasa ng bunga ng pagsalangsang, upang masumpungang ang mga ito ay abo sa iyong mga labi? At ngayong, ang iyong mga panukala sa buhay ay nahadlangan at ang pag-asa ay namatay, ikaw ba ay nakaupong nag-iisa at malungkot? Ang tinig na yaon na mata gal nang nagsasalita sa iyong puso, subalit hindi mo pinakinggan, ay nadirinig mo ngayong malinaw, "Kayo'y magsibangon, at magsiyaon; sapagkat hindi ito ang inyong kapahingahan: dahil sa karumihan, na lumilipol, samakatuwid baga'y sa mahigpit na paggiba." Mikas 2:10. Bumalik ka sa bahay ng iyong Ama. Inaanyayahan ka Niya, at nagsasabing, "Manumbalik ka sa Akin; sapagkat tinubos kita." "Magsiparito kayo sa Akin: kayo'y magsipakinig; at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay; at Ako'y makildpagtipan sa inyo ng walang hanggan, samakatuwid baga'y ng tunay na mga kaawaan ni David." Isaias 44:22; 55:3.

Huwag mong pakmggan ang mungkahi ng kaaway na lumayo ka muna kay Kristo hanggang mapabud mo ang iyong sarili, hanggang sa ikaw ay karapat-dapat na para makalapit sa Dios. Kung maghihintay ka pa noon ay hindi ka na makalalapit pa. Kapag itinuturo ni Satanas ang marumi mong damit, ulitin mo ang pangako ng Tagapagligtas, "Ang lumalapit sa Akin sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy." Juan 6:37. Sabihin sa kaaway na ang dugo ni Jesu-Kristo ay lumilinis sa lahat ng kasalanan. Gawing iyo ang panalangin ni David: "Linisin Mo ako ng hisopo, at ako'y magiging malinis: hugasan Mo ako, at ako'y magiging lalong mapud kaysa nieve." Awit 51:7.

Ang mga pagsamo ng propeta sa Juda upang masdan ang buhay na Dios, at tanggapin ang Kanyang mabiyayang alok, ay di nawalan ng kabuluhan. Mayroong ilan na taimtim na tumugon, at bumalik-

was mula sa kanilang mga diyos na sinasamba tungo sa pagsamba kay Jehova. Nakita nila sa kanilang Manlalalang ang pag-ibig at kahabagan at malumanay na malasakit. At sa mga madidilim na araw na sumunod para sa kasaysayan ng Juda, na ang mga nalabi lamang ang maiiwan sa lupain, ang mga pangungusap ng propeta ay
nagpatuioy na nagbunga para sa ilan na nagpasyang magbago. "Sa [263]
araw na yaon," wika ni Isaias, "ay titingin ang mga tao sa Maylalang [264]
sa kanila, ang kanilang mga mata ay magkakaroon ng pitagan sa
Banal ng Israel. At sila'y hindi titingin sa mga dambana na gawa ng [265]
kanilang mga kamay, o magkakaroon man sila ng pitagan sa ginawa ng kanilang mga daliri, maging sa mga Asera, o sa mga larawang araw." Isaias 17:7, 8.

Marami ang nakamalas sa Isa na kabuuan ng kagandahan, ang pangunahin sa sampung libo. "Makikita ng iyong mga mata ang Hari sa Kanyang kagandahan," ang mabiyayang pangako sa kanila. Isaias 33:17. Ang kanilang mga kasalanan ay patatawarin, at sa Dios lamang sila magtataas. Sa malugod na araw na yaon ng pagtubos mula sa idolatriya, sila ay mangagsasabing, "Sasa atin ang Panginoon sa kamahalan, na dako ng mga maluwang na ilog at bads.... Ang Panginoon ay ating hukom, ang Panginoon ay ating tagapaglagda ng kautusan, ang Panginoon ay ating hari; Kanyang ililigtas tayo." Talatang 21, 22.

Ang mga pabalitang taglay ni Isaias sa kanilang bumalikwas mula sa kanilang masasamang gawi ay puno ng kaginhawahan at pampasigla. Palanggan ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta:

"Iyong alalahanin ang mga bagay na ito, Oh Jacob at Israel;
Sapagkat ikaw ay Aking lingkod:
Aking inanyuan ka; ikaw ay Aking lingkod:
Oh Israel, ikaw ay hindi Ko malilimutan.
Aking pinawi, na parang masinsing ulap, ang iyong mga pagsalangsang,
At, parang alapaap, ang iyong mga kasalanan:
Manumbalik ka sa Akin; sapagkat tinubos lata."

Isaias 44:21, 22.

"At sa araw na yaon ay iyong sasabihin,
Ako'y pasasalamat sa Iyo, Oh Panginoon:
Sapagkat bagaman Ikaw ay nagalit sa akin,
Ang Iyong galit ay napawi, at Iyong inaaliw ako.
"Nanto, Dios ay aking kaligtasan;
Ako'y titiwala, at hindi ako matatakot
Sapagkat ang Panginoong si Jehova ay aking kalakasan at awit;
At Siya'y naging aking kaligtasan....

[266]

"Magsiawit kayo sa Panginoon; sapagkat Siya',y
gumawa ng mga marilag na bagay;
Ipaalam ito sa buong lupa.
Humiyaw ka ng malakas at sumigaw ka, ikaw na nananahan
sa Sion:
Sapagkat dakila ang Banal ng Israel sa gitna mo."

Isaias 12.

[267]

# Kabanata 27—Si Ahaz

Ang pag-upo ni Ahaz sa trono ng Juda ay nagdala kay Isaias at sa mga kasama niya sa mga kundisyong higit na nakalulunos sa alin mang naganap sa kahanan ng Juda. Marami sa kanilang tumanggi sa mga gawang makadiyus-diyusan ngayon ay inaalok na makibahagi sa pagsamba sa mga diyos ng pagano. Ang mga prinsipe sa Israel ay napatutunayang di tapat sa kanilang tungkulin; ang mga bulaang propeta ay bumabangon taglay ang mga pabalitang nagpapaligaw; mayroon ding mga saserdote na nagtuturo na paupahan. Sa kabila noon ang mga namuno sa pagtalikod ay patuloy na ginagawa ang porma ng banal na pagsamba at nag-aangkin pa ring sila ay kabilang sa bayan ng Dios at patuloy pa sa porma ng pagsamba sa Dios.

Si propeta Mikas, na naghatid ng kanyang patotoo sa magulong panahong iyon, ay naghayag na ang mga makasalanan sa Sion ay, bagama ',t nagsasabing "sasandal sa Panginoon," at may paglapastangan sa Dios na nagmamalaking, "Hindi baga ang Panginoon ay nasa gitna natin? walang kasamaang daradng sa atm," ay patuloy na "itinatayo ang Sion sa pamamagitan ng dugo, at ang Jerusalem sa pamamagitan ng kasamaan." Mikas 3:11, 10. Laban sa mga kasamaang ito ang propeta Isaias ay nagtaas ng tinig ng matigas na sansala: "Pakinggan ninyo ang salita ng Panginoon, ninyong mga pinuno ng Sodoma; mangakimg kayo sa kautusan ng ating Dios, kayong bayan ng Gomorra. Sa anong kapararakan ang karamihan ng myong mga ham sa Akin? sabi ng Panginoon.... Nang kayo'y magsidating na pakita sa harap Ko, sinong humingi nito sa inyong kamay, upang myong yapakan ang Aking mga laban?" Isaias 1:10-12.

Inihahayag ng Kasulatan, "Ang hain ng masama ay karumal-dumal: gaano pa nga, pagka kanyang dinadala na may masamang isip?" Kawikaan 21:27. Ang Dios ng langit ay "may mga matang malinis," at hindi "makatitingin sa kasamaan." Habacuc 1:13. Hindi sa ayaw Niyang magpatawad kaya Siya'y tumatalikod sa lapastangan; kundi sila mismo ang ayaw gamitin ang saganang kaloob ng biyaya, kaya di magawa ng Dios na mailayo sila mula sa kasalanan. "Narito, [268]

ang kamay ng Panginoon ay hindi umiksi, na di makapagligtas; ni hindi man mahina ang Kanyang pakinig, na di makarinig: kundi pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Dios, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng Kanyang mukha sa inyo, upang Siya'y huwag makinig." Isaias 59:1, 2.

Sinulat ni Solomon, "Sa aba mo, Oh lupain, kung ang iyong hari ay isang bata!" Eclesiastes 10:16. At gayon nga sa lupain ng Juda. Sa patuloy na paglabag ang mga pinuno niya ay natulad sa mga bata. Tinawagan ni Isaias ng pansin ang bayan sa mahina nilang katayuan sa mga bansa sa lupa, at ipinakitang ito ay bunga ng kasamaan sa mga matataas na dako. "Narito," sabi pa niya, "ang Panginoon, ang Panginoon ng mga hukbo, ay nag-aalis sa Jerusalem at sa Juda ng alalay at tungkod, ng buong alalay na tinapay at ng buong alalay na tubig; ng makapangyarihang lalaki, at ng lalaking mandirigma, ng hukom, at ng propeta, at ng manghuhula, at ng matanda, ng kapitan ng lilimampum, at ng marangal na tao, at ng tagapayo, at ng bihasang manggagawa, at ng matalinong mang-eengkanto. At mga bata ang ilalagay Kong maging kanilang mga pangulo, at mga sanggol ang magpupuno sa kanila." "Sapagkat ang Jerusalem ay giba, at ang Juda ay bagsak: sapagkat ang kanilang dila at ang kanilang mga gawa ay laban sa Panginoon." Isaias 3:1-4, 8.

"Silang nagsisipatnubay sa iyo," patuloy ng propeta, "mangagliligaw sa iyo, at sisira ng daan ng iyong mga landas." Talatang 12. Sa paghahari ni Ahaz ito ay literal na totoo; sapagkat tungkol sa kanya ay nasulat: "Siya'y lumakad ng lakad ng mga hari sa Israel, at iginawa rin naman ng mga larawang binubo ang mga Baal. Bukod dito'y nagsunog siya ng kamangyan sa libis ng anak ni Hinnom;" "oo, at kanyang pinaraan ang kanyang anak sa apoy, ayon sa mga karumal-dumal ng mga bansa na pinalayas ng Panginoon mula sa harap ng mga anak ni Israel." 2 Hari 16:3.

Ito ay tunay na panahon ng dakilang panganib para sa bayang pinili. Ilang taon lamang, at ang sampung tribo ng kaharian ng Israel ay mangangalat sa mga bansang pagano. At sa kaharian din ng Juda ay madilim din ang tanawin. Ang mga puwersa ng kabutihan ay mabilis na humihina, at lumalakas naman ang mga puwersa ng kasamaan. Sa pagtingin sa sitwasyon, ang propetang Mikas ay napilitang magsabi: "Ang mabudtig tao ay namatay sa
[269] lupa: at wala nang matuwid sa mga tao." "Ang pinakamahusay sa

kanila ay parang dawag: ang pina-kamatuwid ay masama kaysa isang bakod na tinikan." Mikas 7:2, 4. "Kung hindi nag-iwan sa atin ng napakakaunting labi ang Panginoon ng mga hukbo," pahayag ni Isaias, "naging gaya sana tayo ng Sodoma, at...ng Gomorra." Isaias 1:9.

Sa bawat panahon, sa kapakanan nilang nanatiling tapat, at dahilan na rin sa walang katapusang pag-ibig ng Dios sa nagkakasala, ang Dios ay nagtitiyaga sa mapanghimagsik, at sumasamong iwanan nila ang landas ng kasamaan at manumbalik sa Kanya. "Utos at utos; bilin at bilin, ...dito'y kaunti, at doo'y kaunri," sa pamamagitan ng Kanyang mga hinalal, tinuruan Niya ang mga mananalangsang ng paraan ng katuwiran." Isaias 28:10.

At ganito sa panahon ng paghahari ni Ahaz.. Magkakasunod na paanyaya ay ipinadala sa lumalabag na Israel na manumbalik sa pagtatapat kay Jehova. Malumanay ang mga pagsamo ng mga propeta; at sa pagtayo nila sa harap ng bayan, matamang nakikiusap ukol sa pagsisisi at repormasyon, ang mga salita nila ay nagbunga sa ikaluluwalhati ng Dios.

Sa pamamagitan ni Mikas ay dumating ang kahanga-hangang pagsamo, "Dinggin ninyo ngayon kung ano ang sinasabi ng Panginoon; Bumangon ka, makipagkaalit ka sa harap ng mga bundok, at dinggin ng mga burol ang iyong tinig. Dinggin ninyo, Oh ninyong mga bundok, ang usap ng Panginoon, at ninyo na mga matibay na patibayan ng lupa: sapagkat ang Panginoon ay may usap sa Kanyang bayan, at Kanyang ipakikipagtalo sa Israel.

"Oh, bayan Ko, anong ginawa Ko sa iyo? at sa ano kita pinagod? sumaksi ka laban sa Akin. Sapagkat ikaw ay Aking iniahon mula sa lupain ng Egipto, at tinubos kita sa bahay ng pagkaalipin; at Aking sinugo sa unahan mo si Moises, si Aaron, at si Miriam.

"Oh bayan Ko, alalahanin mo ngayon kung ano ang isinangguni ni Balac na hari sa Moab, at kung ano ang isinagot sa kanya ni Balaam na anak ni Beor; alalahanin mo mula sa Sittem hanggang sa Gilgal; upang iyong maalaman ang mga matuwid na gawa ng Panginoon." Mikas 6:1-5.

Ang Dios na pinaglilingkuran natin ay mapagpahinuhod; "Ang Kanyang mga habag ay hindi nauubos." Panaghoy 3:22. Sa buong panahong palugit ang Kanyang Espiritu ay nakikiusap na tanggapin ang kaloob ng buhay. "Buhay Ako, sabi ng Panginoong Dios, wala [270]

Akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kanyang lakad at mabuhay: manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masasamang lakad; sapagkat bakit kayo mangamamatay?" Ezekiel 33:11. Tanging paraan ni Satanas na dalhin ang tao sa kasalanan at iwanan siya doon, walang lakas at walang pag-asa, takot na hanapin ang kapatawaran. Subalit ang Dios ay nag-aanyaya, "O manghawak sana siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin; oo, makipagpayapaan siya sa Akin." Isaias 27:5. Kay Kristo lahat ng probisyon ay naisagawa, lahat ng pampasigla ay naialok na.

Sa panahon ng pagtalikod sa Juda at Israel, marami ang nagtatanong: "Ano ang aking ilalapit sa harap ng Panginoon, at iyuyukod sa harap ng mataas na Dios? paroroon baga ako sa harap Niya na may mga handog na susunugin, na may guyang isang taon ang gulang? kalulugdan baga ng Panginoon ang mga libu-libong tupa, o ang mga sampu-sampung ibong ilog na langis?" Ang sagot ay positibo: "Kanyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hiruhingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios?" Mikas 6:6-8.

Sa pagmumungkahi ng kahalagahan ng praktikal na kabanalan, ang propeta ay inuulit lamang ang payong kaloob sa Israel maraming daang taon na ang lumipas. Sa pamamagitan ni Moises, sa kanilang pagpasok sa Lupang Pangako, ang salita ng Panginoon ay: "At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad ka sa lahat ng Kanyang mga daan, at ibigin mo Siya, at paglingkuran mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo, na ganapin mo ang mga utos ng Panginoon, at ang Kanyang mga palatuntunan, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito sa iyong ikabubuti?" Deuteronomio 10:12, 13. Sa paglakad ng mga panahon ang mga payong ito ay inuulit ng mga lingkod ni Jehova sa kanilang nasa bingit ng pagkahulog sa mga gawa ng pormalismo at nakalilimot magpakita ng kahabagan. Si Kristo sa Kanyang sarili, noong panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, Siya ',y nilapitan ng tagapagtanggol na may katanungan, "Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?" At sinabi ni Jesus sa kanya, "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo,

at ng buong pag-iisip mo. Ito ang dakila at pang-unang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan at ang mga propeta." Mateo 22:36-40. [271]

Ang mga malinaw na salitang ito ng mga propeta at ng Panginoon na rin, ay dapat nating dinggin bilang tinig ng Dios sa bawat kaluluwa. Hindi tayo dapat magsayang ng pagkakataon sa paggawa ng kahabagan, ng mabanayad na isipan at kagandahang loob Kristiano, para sa mga nabibigatan at pinag-uusig. Kung wala na tayong magagawa pa, maaari tayong magsalita ng may pampalakas-loob at pag-asa sa kanilang walang pagkakilala sa Dios, at madaling malalapitan sa pamamagitan ng pakikiramay at pag-ibig.

Masagana at mayaman ang mga pangakong kaloob sa kanilang laan sa bawat pagkakataong magkaloob ng kagalakan at pagpapala sa buhay ng iba. "At kung magmamagandang loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat: at papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto: at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat." Isaias 58:10, 11.

Ang landas ni Ahaz na pagsamba sa mga diyus-diyusan, sa harapan ng seryosong pakiusap ng mga propeta ay iisa lamang ang bunga. "Ang pag-init ng Panginoon ay dumating sa Juda at Jerusalem, at...ibinigay Niya sila upang hamakin, upang maging katigilan, at kasutsutan." 2 Cronica 29:8. Ang kaharian ay nagdanas ng mabilis na pagbaba, at ang pananatili ng kaharian ay nalagay sa panganib ng paglusob ng mga hukbo. "Si Resin na hari sa Syria at si Peka na anak ni Remalias, na hari sa Israel ay umahon sa Jerusalem upang makipagdigma: at kanilang kinulong si Ahaz." 2 Hari 16:5.

Kung si Ahaz at ang mga pinuno niya sa kanyang kaharian ay naging tapat sana na mga lingkod ng Kataastaasan, hindi sana sila dapat natakot sa alyansang nabuo sana laban sa kanila. Datapuwat ang paulit-ulit na paglabag ay nagpahina sa kanila. Laging bagabag sa hindi alam na mga paghatol na ibibigay sa kanila ng Dios na kanilang ginalit, ang puso ng hari "ay nakilos, at ang puso ng kanyang bayan, na gaya ng mga punong kahoy sa gubat na kinilos ng hangin." [272]

Isaias 7:2. Sa krisis na ito ang salita ng Panginoon ay dumating kay Isaias, inutusan siyang harapin ang nanginginig na hari at sabihing:

"Ikaw ay mag-ingat, at tumahimik ka; huwag kang matakot, o manlupaypay man ang iyong puso.... Dahil sa ang Syria, Ephraim, at ng anak ni Remalias, ay pumayo ng masama laban sa iyo, na nagsasabi, Magsiahon tayo laban sa Juda, at ating bagabagin, at ating papasukin sila, at tayo'y maglagay ng hari sa gitna niyaon:...ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Hindi matatayo o mangyayari man." Inihayag ng propeta na ang kaharian ng Israel, gayon din ang Syria, ay hahantong sa kanilang katapusan. At sinabi niya, "Kung kayo'y hindi maniniwala, tunay na hindi ako mangatatatag." Talatang 4-7, 9.

Mainam sana sa kaharian ng Juda kung tinanggap ni Ahaz ang pabalitang ito na mula sa langit. Datapuwat sa pagpili niyang umasa sa kamay na laman, hinanap niya ang tulong mula sa pagano. Sa kabiguan nagsugo si Ahaz ng mga sugo kay Tiglath-pileser na hari sa Asyria, na ipinasabi, "Ako ang iyong lingkod at ang iyong anak:
[273] ikaw ay umahon, at iligtas mo ako sa kamay ng han sa Syria at sa kamay ng han sa Israel, na bumabangon laban sa akin." 2 Hari 16:7. Ang kahilingang ito ay sinamahan ng malaking kayamanang handog mula sa kayamanan ng hari at gayon din sa imbakan ng templo.

Ang tulong na hiniling ay ipinadala, at si Haring Ahaz ay nakadama ng pansamantalang ginhawa, ngunit ano nga ang naging halaga nito para sa Juda! Ang kaloob na kayamanan ay nagbukas ng isipan ng Asyria, at ang tusong bansang ito ay nagbantang lukubin at dambungin ang Juda. Si Ahaz at ang mga malulungkot niyang tauhan ay natatakot ngayon na sila ay lubusang mahulog sa mga kamay ng malulupit na taga Asyria.

"Ibinaba ng Panginoon ang Juda dahilan sa patuloy na pagsalangsang. Sa panahon ng kagipitan si Ahaz, sa halip na magsisi, ay lalo pa manding sumalangsang laban sa Panginoon:...sapagkat siya'y naghain sa mga diyos ng Damasco." At sinabi niya, "Sapagkat dnulungan sila ng mga diyos ng mga hari sa Syria, kaya't ako'y maghahain sa kanila, upang tulungan nila ako." 2 Cronica 28:19, 22, 23.

Sa pagtatapos ng paghahari ng haring tumalikod, ipinasara niya ang pintuan ng templo. Ang mga banal na serbisyo ay nabulabog. Ang kandelero ay tumigil sa pagniningas sa dambana. Wala nang

paghahandog para sa kasalanan ng bayan. Wala nang mabangong insensong pumapaitaas sa umaga at sa gabi ng sakripisyo. Nang pabayaan ang mga korte ng bahay ng Dios at sinara ang pintuan nito, ang mga nananahan sa siyudad na ayaw kumilala sa Dios ay hayagang nagtayo ng mga dambana para sa pagsamba sa mga diyus-diyusan sa mga panulukang lansangan sa buong Jerusalem. Ang hedenismo ay waring nagtagumpay; ang mga puwersa ng kadiliman ay namayani.

Datapuwat sa Juda ay mayroong naninirahang ilan na nagpatuloy ng kanilang katapatan kay Jehova, at matatag na tumangging paakay sa idolatriya. Sa kanila ay tumingin si Isaias at Mikas at mga kasama nila para sa pag-asa habang minamalas nila ang pagkawasak na bunga ng mga huling taon ni Ahaz. Ang kanilang santuwaryo ay isinara, datapuwat ang mga tapat ay binigyan ng katiyakan: "Ang Dios ay sumasaamin." "Ang Panginoon ng mga hukbo, Siya ang inyong aaning banal; at suma-Kanya ang inyong takot, at suma-Kanya ang inyong pangingilabot. At siya'y magiging pinakasantuwaryo." Isaias 8:10, 13, 14. [274]

# Kabanata 28—Si Ezechias

Kabaligtaran ng walang habas na paghahari ni Ahaz ay ang repormasyong nahayag sa mabungang paghahari ng kanyang anak. Umupo si Ezechias sa tronong may marubdob na layuning gawin ang buong makakaya niya upang iligtas ang Juda sa hantungang pasimulang nararanasan ng kaharian sa hilaga. Ang mga pabalita ng mga propeta ay hindi nagbibigay ng pag-asa sa mga kalahating pagsisikap lamang. Tanging sa may kapasyahang repormasyon mahahadlangan ang nagbabantang mga paghatol.

Sa krisis, si Ezechias ay napatunayang lalaki ng pagkakataon. Kauupo pa lamang sa trono ay sinimulan na niya ang pagpapanukala at pagsasagawa nito. Inuna niyang bigyang pansin ang pagbabalik ng mga serbisyo sa templo, na matagal nang napabayaan; at sa gawaing ito ay matamang hiningi niya ang pakikiisa ng mga saserdote at mga Levitang nanatiling tapat sa kanilang banal na pagkatawag. May tiwala sa kanilang tapat na suporta, inihayag niyang malaya sa kanila ang kanyang naising magpasok ng madalian at matagalang reporma. "Ang ating mga magulang ay nagsisalangsang," kanyang sinabi, "at nagsigawa ng masama sa paningin ng Panginoon nating Dios, at pinabayaan Siya, at itinalikod ang kanilang mga mukha sa tahanan ng Panginoon, at nagsitalikod." "Nasa akin ngang puso na makipagtipan sa Panginoon, sa Dios ng Israel, upang ang Kanyang malaking galit ay maalis sa atin." 2 Cronica 29:6, 10.

Sa ilang piling salita ay nirepaso ng hari ang kalagayang kinakaharap nila—ang templong sarado at pagkatigil ng mga serbisyo roon; ang malawakan at hayagang idolatriya na ginagawa sa mga lansangan ng siyudad at sa buong kaharian; ang pagtalikod ng karamihang nanatili sanang tapat sa Dios kung ang mga lider lamang sa Juda ay nagbigay sa kanila ng tamang halimbawa; at ang pagbaba ng kaharian at kawalan ng karangalan sa opinyon ng mga nakapalibot na bansa. Ang kaharian sa hilaga ay unti-unti nang nawawasak; marami
[275] ang namamatay sa tabak; isang karamihan ay nadala nang bihag; at di magtatagal ang Israel ay ganap na babagsak sa mga kamay ng

taga Asyria, at lubusang mapapahamak; at ang kapalarang ito ay tiyak na daranasin din ng Juda, malibang ang Dios ay gagawang makapangyarihan sa pamamagitan ng mga piling kinatawan.

Tuwirang nanawagan si Ezechias sa mga saserdote upang makipagkaisa sa kanya sa pagpapasok ng mga kailangang reporma. "Huwag kayong mangagpabaya," pinayuhan niya sila; "sapagkat pinili kayo ng Panginoon upang magsitayo sa harap Niya, at kayo'y maging Kanyang mga tagapangasiwa, at mangagsunog kayo ng kamangyan." "Ngayo'y mangagpakabanal kayo, at italaga ninyo ang bahay ng Panginoon, ang Dios ng inyong mga magulang." Talatang 11,5.

Ito ay panahon para sa madaliang pagkilos. Ang mga saserdote ay agad-agad kumilos. Hiningi ang kooperasyon ng iba ng kanilang bahagi na hindi nakasama sa pulong, sila ay masiglang humarap sa gawain ng paglilinis at pagdadalisay sa templo. Dahilan sa mga taon ng walang paggalang at pagpapabaya, ito ay isinagawa ng may mga kahirapan; datapuwat ang mga saserdote at mga Levita ay walang pagod na gumawa, at sa madaling panahon lamang ay naiulat nilang ang kanilang gawain ay tapos na. Ang mga pintuan ng templo ay nakumpuni at nabuksan; ang mga banal na sisidlan ay natipon at nailagay sa mga angkop na lugar; at ang lahat ay handa na para sa muling pagtatatag ng mga serbisyo sa templo.

Sa unang serbisyong isinagawa, ang mga pinuno ng siyudad ay nakisanib kay haring Ezechias at sa mga saserdote at mga Levita sa paghingi ng tawad para sa kasalanan ng bansa. Sa dambana ay inilagay ang mga handog "upang itubos sa buong Israel." "At nang sila'y makatapos ng paghahandog, ang hari at ang lahat na nakaharap na kasama niya ay nagsiyukod at nagsisamba." Minsan pa ang mga korte ng templo ay narinig ang mga kataga ng pagpuri at pagsamba. Ang mga awit nina David at Asaph ay inawit ng may kagalakan, habang ang mga mananamba ay nabatid na sila ay pinalalaya sa pagkabihag sa kasalanan at pagtalikod. "Si Ezechias ay nagalak, at ang buong bayan, dahil sa inihanda ng Dios ang bayan: sapagkat ang bagay ay biglang nagawa." Talatang 24, 29, 36.

Tunay na inihanda ng Dios ang puso ng mga lider ng Juda upang magsagawa ng tiyakang repormasyon, upang ang nag-uumapaw na pagtalikod ay mapigilan. Sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta [276]
ay ipinadala Niya sa bayang Kanyang hirang ang mga magkaka-

sunod na pabalita ng taimtim na pagsamo—mga pabalitang tinanggihan at inismiran ng sampling tribo ng kaharian ng Israel, na ngayon ay nasa kamay na ng kaaway. Datapuwat sa Juda ay may mabuting nalabi, at sa kanila ay patuloy na nanawagan ang mga propeta. Madirinig si Isaias na nakikiusap, "Kayo'y manumbalik sa Kanya na inyong pinaghimagsikang lubha, Oh mga anak ni Israel." Isaias 31:6. Madirinig si Mikas na nagpapahayag na may pagtitiwala: "Ako'y maghihintay sa Dios ng aking kaligtasan: didinggin ako ng aking Dios. Huwag kang magalak laban sa akin, Oh aking kaaway: pagka ako'y mabuwal, ako'y babangon; pagka ako'y naupo sa kadiliman, ang Panginoo'y magiging ilaw sa akin. Aking babatahin ang kagalitan ng Panginoon, sapagkat ako'y nagkasala laban sa Kanya, hanggang sa Kanyang ipagsanggalang ang aking usap, at lapatan ako ng kahatulan: Kanyang ilalabas ako sa liwanag, at aking mamasdan ang Kanyang katuwiran." Mikas 7:7-9.

Ang mga ito at iba pang katulad na mga pabalitang naghahayag ng pagsang-ayon ng Dios na magpatawad at tanggapin silang bumalik sa Kanya ng may taimtim na puso, ay nagdala ng pag-asa sa maraming naghihingalong kaluluwa sa mga panahon ng kadiliman nang ang mga pintuan ng templo ay nanadling nakasara; at ngayon, nang ang lider ay nagpasimulang magsagawa ng reporma, marami sa mga tao, pagod sa pagkabihag ng kasalanan, ay handa nang tumugon.

Ang mga pumasok sa mga korte ng templo upang humingi ng pagpapatawad at upang sariwain ang kanilang panata ng katapatan kay Jehova, ay may kahanga-hangang pampalakas-loob na inihain sa kanila mula sa mga bahagi ng propesiya ng Kasulatan. Ang mga maselang babala laban sa idolatriya, na sinalita sa pamamagitan ni Moises sa pandinig ng buong Israel, ay sinamahan ng mga propesiya ng pagsang-ayon ng Dios na dinggin at patawarin sila sa mga panahon ng pagtalikod ay hahanapin Siya ng buong puso. "Pagka ikaw ay magbabalik-loob sa Panginoon mong Dios," wika ni Moises, "at iyong didinggin ang Kanyang tinig; (sapagkat ang Panginoon mong Dios ay maawaing Dios;) hindi ka Niya pababayaan, ni lilipulin ka Niya, ni kalilimutan ang tipan sa iyong mga magulang na Kanyang isinumpa sa kanila." Deuteronomio 4:30, 31.

At sa propesiyang panalanging inihandog sa pagtatalaga ng templo na doon ang mga serbisyo ay muling binubuhay ngayon ni

Ezechias at ng mga kasama niya, si Solomon ay nanalangin, "Pagka [277]
ang Iyong bayang Israel ay nasaktan sa harap ng kaaway, dahil sa sila'y nagkasala laban sa Iyo, at kung sila'y bumalik sa Iyo, at ipahayag ang Iyong pangalan, at dumalangin at pumanhik sa Iyo sa bahay na ito: dinggin Mo nga sa langit at ipatawad Mo ang sala ng Iyong bayang Israel." 1 Hari 8:33, 34. Ang tatak ng pagsang-ayon ng Dios ay nabigay sa dalanging ito; sapagkat sa pagtatapos nito ay bumaba ang apoy mula sa langit upang tupukin ang handog na susunugin at ang mga sakripisyo, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ang pumuno sa templo. Tingnan ang 2 Cronica 7:1. At sa gabi ay napakita ang Panginoon kay Solomon upang sabihin sa kanya na ang dalangin niya ay nadinig, at ang kahabagan ay ipakikita para sa kanilang sasamba doon. Ang [278]
mabiyayang kasiguruhan ay naibigay: "Kung ang Aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng Aking pangalan, ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masasamang lakad; Akin ngang didinggin sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin Ko ang kanilang lupain." Talatang 14.

Ang mga pangakong ito ay nakatanggap ng masaganang katuparan sa panahon ng repormasyon sa ilalim ni Ezechias.

Ang mabuting pasimulang naisagawa sa panahon ng pagdadalisay sa templo ay nasundan ng lalong malawak na ldlusan, na dito ay nakisama ang Israel pati ang Juda. Sa kanyang sigasig upang ang templo ay maging tunay na pagpapala sa bayan, ipinasya ni Ezechias na muling buhayin ang matandang kaugaliang tipunin ang mga Israelita na magkakasama para sa pagdiriwang ng kapistahan ng Paskua.

Sa maraming taon ang Paskua ay hindi ipinagdiriwang bilang pambansang kapistahan. Ang pagkahati ng kaharian sa katapusan ng pagha-hari ni Solomon ay nagawa itong tila impraktikal. Ngunit ang hatol na dumarating sa sampling tribo ay gumigising sa puso ng ilan na hangarin ang lalong maiinam na bagay; at ang nagpapakilos na mga pabalita ng mga propeta ay nagkakaroon ng epekto. Sa pamamagitan ng tagapagbalita ng palasyo ay pinakalat ang paanyaya sa buong lupain upang dumalo sa Paskua sa Jerusalem, "nagdaan sa bayan at bayan sa lupain ng Ephraim at Manases hanggang sa Zabulon." Ang mga tagapagdala ng mabiyayang paanyaya ay madalas

na tinuya. Ang mga di nagsisisi ay isinaisantabi; gayon pa man ang ilan, na nais saliksikin ang Dios para sa mas malinaw na kaalaman ng Kanyang kalooban, ay "nangagpakumbaba, at nagsiparoon sa Jerusalem." 2 Cronica 30:10,11.

Sa lupain ng Juda ang tugon ay lubhang pangkalahatan; sapagkat nasa kanila ang "kamay ng Dios," "upang papag-isahing puso sila upang gawin ang utos ng hari at mga prinsipe"—isang utos na kaayon ng kalooban ng Dios na ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Talatang 12.

Ang okasyon ay isa sa pinakadakilang pakinabang sa karamihang nagkatipon. Ang nilapastangang mga lansangan ng siyudad ay nalinis mula sa mga grotong inilagay sa panahon ng paghahari ni Ahaz. Sa takdang araw ang Paskua ay ipinagdiwang, at ang san-
[279] linggo ay ginugol sa paghahandog ng kapayapaang paghahandog at sa pag-aaral kung ano ang nais ng Dios na kanilang isagawa. Araw-araw ang mga Levita ay "matalino sa paglilingkod sa Panginoon;" at silang nahanda ang kanilang mga puso sa pagsasaliksik sa Dios, ay nakatagpo ng kapatawaran. Isang malaking kagalakan ang nagmay-ari sa sumasambang karamihan; "ang mga Levita at ang mga saserdote ay nagsipuri araw-araw sa Panginoon na nagsisiawit na may matunog na panugtog;" lahat ay nagkaisa sa kanilang mithiing papurihan Siyang nagpatunay na mapagbiyaya at mahabagin. Talatang 22, 21.

Ang pitong araw na karaniwang ukol sa pista ng Paskua ay mabilis na nagdaan, at ang mga sumasamba ay nagpasyang gumugol pa ng pitong araw upang alaming lubusan kung ano ang daan ng Panginoon. Ang mga saserdoteng tagapagturo ay nagpatuloy sa kanilang gawain ng pagtuturo tungkol sa aklat ng kautusan; araw-araw ay nagtipon ang mga tao sa templo upang maghandog ng kanilang handog ng papuri at pagpapasalamat; at sa pagtatapos ng dakilang pagpupulong na ito, malinaw na nakitang ang Dios ay gumawang kahanga-hanga sa pagkahikayat ng tumalikod na Juda at sa pagpigil sa agos ng idolatriyang nagbantang mag-anod sa lahat bago ito. Ang malalim na mga babala ng mga propeta ay hindi nawalan ng kabuluhan. "Sa gayo'y nagkaroon ng malaking kagalakan sa Jerusalem: sapagkat mula sa panahon ni Solomon na anak ni David na hari sa Israel, ay hindi nagkaroon ng gayon sa Jerusalem." Talatang 26.

Dumating ang oras para sa mga mananambang magbalik sa kanilang mga tahanan. “Ang mga saserdote na mga Levita ay nagsidndig at binasbasan ang bayan: at ang kanilang tinig ay narinig, at ang kanilang dalangin ay umilanglang sa Kanyang banal na tahanan, hanggang sa langit.” Talatang 27. Tinanggap ng Dios silang may bagabag na puso na nangumpisal ng kanilang mga kasalanan at may matibay na pasyang bumalik sa Kanya sa patawad at tulong.

May natitira ngayong mahalagang gawain na dapat kasangkutan ng lahat ng babalik sa kanilang mga tahanan, at ang katuparan ng gawaing ito ay nagbigay patotoo sa katunayan ng repormasyong sinimulan. Mababasa sa tala: “Ang buong Israel na nakaharap ay lumabas sa mga bayan ng Juda, at pinagputol-putol ang mga haligi na pinakaalaala, at ibinuwal ang mga Asera, at iginiba ang mga mataas na dako at ang mga dambana mula sa buong Juda at Benjamin, sa Ephraim man at sa Manases, hanggang sa kanilang naigibang lahat. [280]
bawat isa’y sa kanyang pag-aari, sa kanilang sariling mga bayan.” 2 Cronica 31:1.

Itinatag ni Ezechias at ng mga kasama niya ang iba’t ibang reporma para sa pagtatayo ng espirituwal at temporal na interes ng kaharian. “Siya’y gumawa ng mabuti at matuwid at tapat sa harap ng Panginoon niyang Dios. At sa bawat gawain na kanyang pinasimulan,...kanyang ginawa ng buong puso niya, at guminhawa.” “Siya’y tumiwala sa Panginoon, na Dios ng Israel,...siya’y hindi humiwalay ng pagsunod sa Kanya, kundi iningatan ang Kanyang mga utos na iniutos ng Panginoon kay Moises. At ang Panginoon ay sumasa kanya; saan man siya lumabas ay gumi-ginhawa siya.” Talatang 20, 21; 2 Hari 18:5-7.

Ang paghahari ni Ezechias ay kinakitaan ng mga nakahanay na katangi-tanging mga paglalaan ng Dios na nagpakita sa mga palibot na mga bansa na ang Dios ng Israel ay kasama pa rin ng Kanyang bayan. Ang tagumpay ng Asyria sa pagbihag ng Samana at ang pangangalat ng nasirang nalabi ng sampung tribo sa mga bansa, sa unang bahagi ng kanyang paghahari, ay nagbigay isipan sa marami na magtanong tungkol sa kapangyarihan ng Dios ng mga Hebreo. Dulot ng kanilang mga tagumpay, ang mga taga Ninive ay matagal nang iniwan ang pabalita ni Jonas at naging rebelde sa kanilang oposisyon sa mga adhikain ng Langit Hang taon matapos bumagsak ang Samaria ang mga matagumpay na hukbo ay muling lumitaw sa

Palestina, at ngayon ay nakatuon ang puwersa sa mga nakukutaang siyudad ng Juda, at nagkamit ng tagumpay, datapuwat umatras din sila ng isang panahon dahilan sa kahirapang bumabangon sa ibang bahagi ng kanilang kaharian. Hanggang sa makaraan ang ilang mga taon, sa pagtatapos ng paghahari ni Ezechias, mahahayag sa mga bansa sa lupa kung ang mga diyos ng mga pagano ay mangingibabaw
[281] nga sa wakas.

# Kabanata 29—Ang mga Embahador Mula sa Babilonia

Sa gitna ng kanyang masaganang paghahari si Haring Ezechias ay biglang dinapuan ng isang nakamamatay na sakit. "Nakamamatay na sakit," ang kanyang kalagayan ay labas sa kapangyarihan ng tao para tumulong. Ang huling tanda ng pag-asa ay waring inalis nang humarap sa kanya si propeta Isaias taglay ang balitang, "Ganito ang sabi ng Panginoon, Ayusin mo ang iyong sambahayan: sapagkat ikaw ay mamamatay, at hindi mabubuhay." Isaias 38:1.

Ang tanawin ay waring madilim; gayunman ang hari ay dumalangin pa rin sa Isa na hanggang sa panahong iyon ay naging kanyang "ampunan at kalakasan, handang saklolo sa kabagabagan." Awit 46:1. Nang magkagayo'y "kanyang ipinihit ang kanyang mukha sa panig ng bahay, at nanalangin sa Panginoon, na nagsasabi, Idinadalangin ko sa Iyo, Oh Panginoon, na Iyong alalahanin, kung paanong ako'y lumakad sa harap Mo sa katotohanan at may dalisay na puso, at gumawa ng mabuti sa Iyong paningin. At si Ezechias ay umiyak na mainam." 2 Hari 20:2, 3.

Mula sa panahon ni David wala pang haring naghan na nakagawa ng mga dakilang bagay sa pagtatayo ng kahanan ng Dios sa panahon ng pagtalikod at kawalang lakas tulad ni Ezechias. Ang hanng nagaagaw buhay ay naglingkod na tapat sa Dios, at napalakas ang tiwala ng bayan kay Jehova bilang kanilang Punong Hari. At, tulad ni David, ay maaari ngayon siyang sumamo:

"Masok ang aking dalangin sa Iyong harapan:
Ikiling Mo ang Iyong pakinig sa aking daing;
Sapagkat ang aking kaluluwa ay lipos ng mga kabagabagan:
At ang aking buhay ay nalalapit sa Sheol."

Awit 88:2, 3.

"Sapagkat Ikaw ay aking pag-asa, Oh Panginoong Dios:

Ikaw ay aking tiwala mula sa aking kabataan.
Sa pamamagitan Mo ay naalalayan Mo ako mula sa bahay-bata."

[282]

"Huwag Mo akong pabayaan pagka ang aking kalakasan ay nanlulupaypay."
"Oh Dios, huwag kang lumayo sa akin:
Oh Dios ko, magmadali Kang tulungan Mo ako."
"Oh Dios, huwag Mo akong pabayaan;
Hanggang sa aking maipahayag ang Iyong kalakasan sa sumusunod na lahi'
Ang Iyong kapangyarihan sa bawat isa na darating."

Awit 71:5, 6, 9, 12, 18.

Siyang ang "habag ay hindi nauubos," ay nadinig ang dalangin ng Kanyang lingkod. Panaghoy 3:22. "At nangyari, bago si Isaias ay lumabas sa pinakaloob ng bayan, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa kanya, na nagsasabi, Bumalik ka uli, at sabihin mo kay Ezechias na pangulo ng Aking bayan, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ni David na iyong magulang, Aking narinig ang iyong panalangin, Aking nakita ang iyong mga luha: narito, Aking pagagalingin ka: sa ikadong araw ay sasampa ka sa bahay ng Panginoon. At Aking idadagdag sa iyong mga kaarawan ay labing limang taon; at Aking ililigtas ka at ang bayang ito sa kamay ng hari sa Asyria; at Aking ipagsasanggalang ang bayang ito dahil sa Akin, at dahil sa Aking lingkod na si David." 2 Hari 20:4-6

Magalak na nagbalik ang propeta taglay ang salita ng kasiguruhan at pag-asa. Nag-utos na isang bungkos ng igos ay itapal sa bahagi ng katawang may sakit, dinala ni Isaias sa hari ang pabalita ng kahabagan at pag-iingat ng Dios.

Tulad ni Moises sa lupain ng Madian, tulad ni Gideon sa harap ng mensahero ng langit, tulad ni Eliseo bago kunin sa itaas ang kanyang panginoon, nagsumamo si Ezechias na bigyan siya ng tanda upang malamang ang pabalita ay mula sa langit. "Ano ang magiging tanda," tanong niya sa propeta, "na ako'y pagagalingin ng Panginoon, at ako'y sasampa sa bahay ng Panginoon sa ikadong araw?"

"Ito ang magiging tanda sa iyo na mula sa Panginoon," sagot ng propeta, "na gagawin ng Panginoon ang bagay na Kanyang sinalita: magpapauna ba ang anino ng sampung grado, o magpapahuli ng sampung grado?" "Magaang bagay," sagot ni Ezechias, "sa anino na kumiling ng sampung grado: hindi, kundi pahulihin ang anino ng sampung grado."

Sa pamamagitan lamang ng tuwirang pakikialam ng Dios na ang anino ng orasan ay maipapahuli ng sampung grado; at ito ang
magiging tanda para kay Ezechias na dininig ng Panginoon ang [283]
kanyang panalangin. Sang-ayon dito, "At si Isaias na propeta ay dumalangin sa Panginoon: at kanyang pinagpahuli ang anino ng sampung grado, na nakababa na sa orasan ni Ahaz." Talatang 8-11.

Naisauli sa kanyang dating kalakasan, kinilala ng hari ng juda sa pamamagitan ng mga salita sa awit ang mga kahabagan ni Jehova, at sumumpang gugu-gulin ang nalalabing mga taon ng kanyang buhay sa kusang loob na paglilingkod sa Hari ng mga han. Ang mapagpasalamat na pagkilala niya sa mahabaging pakikitungo sa kanya ng Dios ay inspirasyon sa lahat ng magnanais gugulin ang kanilang mga taon sa ikaluluwalhati ng kanilang Manlalalang.

"Aking sinabi
Sa katanghalian ng aking mga kaarawan,
Ay papasok ako sa mga pintuan ng Sheol:
Ako'y nabawahan sa nalalabi ng aking mga taon.

"Aking sinabi,
Hindi ko makikita ang Panginoon, ang Panginoon, sa lupain ng buhay:
Hindi ko na makikita pa ang tao na kasama ng mga nananahan sa
sanlibutan.

"Ang tirahan ko y inaalis,
At dinadala na gaya ng tolda ng pastor

"Aking pinupulon ang aking buhay, na gaya ng pagpupulon ng manghahabi:
Kanyang ihihiwalay ako sa habihan:

"Mula sa araw hanggang sa kinagabihan ay tatapusin Mo ako.
Ako',y tumigil hanggang sa kinaumagahan,
Katulad ng leon, gayon Niya binabali ang lahat kong mga buto:

"Mula sa araw hanggang sa kinagabihan ay tatapusin Mo ako.
Gaya ng langay-langayan o ng tagak, humihibik ako:
Ako ',y tumangis na parang kalapati:
Ang aking mga mata ay nangangalumata sa pagtingala:
Oh Panginoon, ako',y napipighati; Ikaw nawa'y maging tanggulan sa akin.

"Anong aking sasabihin?
Siya'y nagsalita sa akin.
At Kanya namang ginawa:
Ako'y yayaong marahan lahat kong taon, dahil sa paghihirap ng aking
kaluluwa.

[284]

"Oh Panginoon, sa pamamagitan ng mga bagay na ito,
nabubuhay ang mga tao,
At buong nasa ilalim niyan ang buhay ng aking diwa:
Kaya't pagalingin Mo ako, at ako'y Iyong buhayin.
"Narito, sa along ikapapayapa ay nagtamo ako ng malaking paghihirap:
Ngunit Ikaw sa pag-ibig Mo sa aking kaluluwa ay Iyong iniligtas sa hukay
ng kabulukan:

"Sapagkat Iyong itinapon ang lahat ng aking mga kasalanan
sa Iyong likuran.
"Sapagkat hindi Ka maaring purihin ng Sheol,
Hindi Ka maaaring ipagdiwang ng kamatayan:
Silang nagsisibaba sa hukay ay hindi makaaasa sa Iyong katotohanan.

"Ang buhay, ang buhay, siya'y pupuri sa Iyo,

Gaya ng ginagawa ko sa araw na ito:
Ang ama sa mga anak ay magpapatalastas ng Iyong katotohanan.

"Ang Panginoon ay handa upang iligtas ako:
Kaya't aming aawitin ang aming mga awit sa mga panugtog na kawad
Lahat ng kaarawan ng aming buhay sa bahay ng Panginoon."

Isaias 38:10-20.

Sa mga mabungang kapatagan ng Tigris at Eufrates ay may nakatahang isang matandang lahing, bagaman sa panahong iyon ay nasa ilalim pa ng Asyria, nakatalagang maghari sa sanlibutan. Kabilang sa bayang ito ay mga pantas na tao na lalong nagbibigay ng panahon sa pag-aaral ng astronomiya; at nang mapansin nilang ang kamay ng orasan ay umatras ng sampung antas, sila ay lubhang nagtaka. Ang kanilang hari, si Merodakbaladan, nang malamang ang tandang ito ay naganap bilang tanda sa hari ng Juda na ang Dios ng langit ay pinagkalooban siya ng panibagong buhay, ay nagpadala ng mga embahador kay Ezechias upang batiin siya sa kanyang paggaling at matutuhan, kung maaari, ang higit pa tungkol sa Dios na nakagagawa ng gayong dakilang himala.

Ang pagdalaw ng mga embahador na ito mula sa hari ng malayong lupain ay nagbigay ng pagkakataon kay Ezechias na papurihan ang Dios na buhay. Gaano nga kadali para sa kanya na magbalita sa kanila ng tungkol sa Dios, ang nagpapanatili ng lahat ng mga bagay na nilalang, na sa pamamagitan Niya ang kanyang buhay ay napanatili gayong wala nang pag-asa pa! Anong kamangha-manghang pagbabago ang nagawa sana sa mga naghahanap na ito ng katotohanan mula sa mga kapatagan ng Chaldeo kung sila ay nadala [285]
sa pagkakilala ng pinakamataas na pagiging hari ng Dios na buhay!

Datapuwat ang pagmamataas at pagpapawalang halaga ang namahay sa puso ni Ezechias at ang pagmamapuri sa sarili ang umakay sa kanya upang ilantad sa mga gahamang mata ang mga kayamanang kaloob ng Dios para sa Kanyang bayan. Ang hari ay "ipinakita sa kanila ang bahay ng kanyang mahalagang bagay, ang pilak, at ang ginto, at ang mga especia, at ang mahalagang langis,

at ang buong bahay na kanyang sakbatan, at lahat na nandoon sa kanyang mga kayamanan: walang bagay sa kanyang bahay, o sa buong sakop man niya, na hindi ipinakita ni Ezechias sa kanila." Isaias 39:2. Hindi upang mapapurihan ang Dios na ginawa niya ito, kundi upang itaas ang sarili sa paningin ng mga prinsipe ng ibang lupa. Hindi niya naisip na ang mga taong ito ay mga kinatawan ng isang makapangyanhang bansa na wala ang takot o ang pag-ibig sa Dios sa kanilang mga puso, at kawalang ingat na pagkatiwalaan sila tungkol sa mga pansamantalang kayamanan ng bansa.

Ang pagdalaw ng mga embahador kay Ezechias ay pagsubok sa kanyang pagpapasalamat at debosyon. Wika ng tala, "Gayon ma'y sa bagay ng mga sugo ng mga prinsipe sa Babilonia, na nangagsugo sa kanya upang mag-usisa ng kagila-gilalas na gawa sa lupain ay pinabayaan siya ng Dios upang dkman siya, upang Kanyang maalaman ang lahat na nasa kanyang puso." 2 Cronica 32:31. Kung napasulong lamang ni Ezechias ang pagkakataong kaloob sa kanya upang magpatotoo sa kapangyarihan, sa kabutihan, sa kahabagan, ng Dios ng Israel, ang magiging ulat ng mga embahador ay matutulad sana sa liwanag na naglalagos sa kadiliman. Ngunit itinaas niya ang sarili kaysa Panginoon ng mga hukbo. "Ngunit si Ezechias ay hindi nagbayad uli ng ayon sa kabudhang ginawa sa kanya; sapagkat ang kanyang puso ay nagmataas." Talatang 25.

Anong nakapipinsalang mga resulta ang sumunod na pangyayari! Kay Isaias ay naipahayag na ang mga bumabalik na mga sugo ay may dalang ulat tungkol sa kayamanan na kanilang nakita, at ang hari ng Babilonia at ang kanyang mga tagapayo ay nagpaplanong payamanin ang kanilang sariling bansa sa mga kayamanan ng Jerusalem. Nagkasala ng mabigat si Ezechias; "kayaapos;t nagkaroon ng kapootan sa kanya, at sa Juda, at sa Jerusalem." Talatang 25.

[286] "Nang magkagayo'y dumating si Isaias na propeta sa Haring Ezechias, at nagsabi sa kanya, Anong sinabi ng mga lalaking ito? at saan nanggaling na nagsipanto sila sa iyo? At sinabi ni Ezechias, Sila'y nagsiparito sa akin mula sa malayong lupain, sa Babilonia. Nang magkagayo'y sinabi niya, Anong kanilang nakita sa iyong bahay? At sumagot si Ezechias, Lahat ng nangasa aking bahay ay kanilang nakita: walang anumang bagay sa aking mga kayamanan na hindi ko ipinakita sa kanila.

"Nang magkagayo'y sinabi ni Isaias kay Ezechias, Iyong pakinggan ang salita ng Panginoon ng mga hukbo: Narito, ang mga kaarawan ay dumarating, na ang lahat na nangasa iyong bahay, at ang mga tinangkilik ng iyong mga magulang hanggang sa kaarawang ito, dadalhin sa Babilonia: walang maiiwan, sabi ng Panginoon. At sa iyong mga anak na magmumula sa iyo, na ipanganganak sa iyo, ay kanilang dadalhin; at sila'y magiging mga bating sa bahay ng [287]
hari sa Babilonia.

"Nang magkagayo',y sinabi ni Ezechias kay Isaias, Mabuti ang salita ng Panginoon na iyong sinalita." Isaias 39:3-8.

Puspos ng pagsisisi, "nagpakababa si Ezechias dahil sa kapalaluan ng kanyang puso, siya at gayon din ang mga taga Jerusalem, na anupa't ang poot ng Panginoon ay hindi dumating sa kanila sa mga kaarawan ni Ezechias." 2 Cronica 32:26. Datapuwat ang masamang binhi ay naipunla na at sa tamang panahon ay sisibol at mag-aani ng pagkawasak at pagkaaba. Sa nalalabing mga taon niya ang hari ng Juda ay sasagana pa dahilan sa kanyang kapasyahang tubusin ang nakaraan at magdala ng karangalan sa pangalan ng Dios na kanyang pinaglilingkuran; gayunman ang pananampalataya niya ay lubos na nasubok, at kanpng dapat matututuhan na sa pagtitiwala lamang kay Jehova na sip ay makakaasa sa tagumpay laban sa puwersa ng kadiliman na nagbabanta laban sa kanyang pagbagsak at sa lubusang pagkawasak ng kanyang bayan.

Ang kasaysayan ng pagkabigo ni Ezechias na maging tapat sa kanpng gawain sa panahon ng pagdalaw ng mga embahador ay puno ng mga aral para sa lahat. Higit pa sa ating ginagawa, kailangan nating ibalita ang mga mahahalagang kabanata na ating naranasan, ng kahabagan at kagandahang loob ng Dios, at walang kasing lalim na pag-ibig ng Tagapagligtas. Kapag ang isipan at puso ay puspos ng pag-ibig ng Dios, hindi magiging mahirap na ihayag yaong pumapasok sa kabuhayang espirituwal. Ang mga dakilang isipan, mga banal na adhikain, malilinaw na pagkaunawa ng katotohanan, mga hindi makasariling adhikain, mga pagnanais ng pagtatapat sa Dios at sa kabanalan, ay makasu-sumpong ng pagpapahayag sa salita na naghahayag ng likas ng kayamanan ng puso.

Silang kasalamuha natin sa bawat araw ay nangangailangan ng ating tulong, ng ating patnubay. Maaaring ang nasabi natin sa tamang panahon ay mapako sa kanilang isipan. Bukas ilan sa mga

kaluluwang ito ay hindi na natin muling maaabot pa. Ano ang impluwensya natin sa ating mga kapwa manlalakbay?

Bawat araw ng buhay ay puno ng mga responsibilidad na dapat nating dalhin. Bawat araw, ang ating mga salita at mga kilos ay nagbibigay ng impresyon sa ating nakakasalamuha. Gaano nga ang
[288] daldlang pangangailangan na ating ingatan ang ating mga labi at bantayang mabuti ang ating mga hakbang! Isang walang ingat na kilos, isang maling hakbang, at malalakas na alon ng tukso ay aagos sa kaluluwa tungo sa pabulusok na landas. Hindi natin matitipon pang muli ang mga isipang naipunla natin sa isipan ng mga tao. Kung ang mga ito ay masama, nasimulan natin ang sunud-sunod na pagkakataon ng kasamaan, na wala na tayong kapang-yarihang pigilan pa.

Sa kabilang dako, kung sa ating halimbawa ay matulungan natin ang iba sa pagpapalago ng mabuting simulain, nabibigyan natin sila ng kapangyarihang gumawa ng kabutihan. At sila naman ay magsasabog din ng gayong kabutihan sa iba. Sa ganito daan-daan at libu-libo ang natutulungan ng ating impluwensya. Ang tunay na alagad ni Kristo ay nagpapalakas ng mabubuting adhikain ng lahat ng kanyang nakakatagpo. Sa harapan ng sanlibutang walang pananampalataya, nagmamahal sa kasalanan, inihahayag niya ang kapangyarihan ng biyaya ng Dios at ang kasakdalan ng Kanyang
[289] likas.

## Kabanata 30—Kaligtasan Mula sa Asyria

Sa panahong nasa malaking panganib ang bansa, nang ang mga hukbo ng Asyria ay lumulusob sa lupain ng juda at tila baga'y wala nang makapagliligtas pa sa Jerusalem sa tiyak na pagkawasak, tinipon ni Ezechias ang mga puwersa ng kanyang kaharian upang haraping may buong tapang ang kanilang mga mapang-aping pagano at magtiwala sa kapangyarihan ni Jehova upang magligtas. "Kayo'y mangagpakalakas at mangagpakatapang na mabuti, huwag ninyong katakutan o panglupaypayan man ang hari sa Asyria, o ang buong karamihan man na kasama niya," ang bilin ni Ezechias sa mga lalaki ng Juda; "sapagkat may lalong dakila sa atin kaysa kanya: sumasakanya ay isang kamay na laman; ngunit sumasaatin ay ang Panginoon nating Dios upang tulungan tayo, at ipakipaglaban ang ating mga pagbabaka." 2 Cronica 32:7, 8.

Hindi sa walang dahilan na si Ezechias ay makapagsalitang may katiyakan ng kahihinatnan. Ang mayabang na taga Asyria, nang ginamit ng Dios sa isang panahon bilang pamalo ng Kanyang galit para sa kaparusahan ng mga bansa, ay hindi malimit na namamayani. Tingnan ang Isaias 10:5. "Huwag kang matakot sa taga Asyria," ang mensahe ng Panginoon kay Isaias ng mga nakaraang taon para sa kanilang nanahan sa Sion; "sapagkat sandali pa,...at ibabangon ng Panginoon ng mga hukbo ang kasakunaan laban sa kanya na gaya ng pagpatay sa Madian sa bato ng Oreb: at ang Kanyang panghampas ay malalagay sa dagat, at Kanyang itataas ng ayon sa paraan ng Egipto. At mangyayari sa araw na yaon, na ang atang niya ay mahihiwalay sa iyong balikat, at ang kanyang ipinasan sa iyong leeg, at ang ipinasan ay malalagpak dahil sa pinahiran." Talatang 24-27.

Sa isa pang pabalita ng propesiya, na ibinigay "nang taong mamatay ang Haring Ahaz," inihayag ng propeta: "Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumumpa, na nagsabi, Tunay na kung ano ang inisip Ko, gayon ang mangyayari; at kung ano ang Aking pinanukala, gayon mananayo: na Aking lalansagin ang taga Asyria sa Aking

[290] lupain, at sa Aking mga bundok ay yayapakan Ko siya sa ilalim ng paa: kung magkagayo'y mahihiwalay ang kanyang atang sa kanila, at ang ipinasan niya ay mahihiwalay sa kanilang balikat. Ito ang panukala na Aking pinanukala sa buong lupa: at ito ang kamay na inunat sa lahat ng mga bansa. Sapagkat pinanukala ng Panginoon ng mga hukbo, at sinong wawala ng kabuluhan? at ang Kanyang kamay na nakaunat, at sinong mag-uurong?" Isaias 14:28, 24-27.

Ang kapangyarihan ng mapang-api ay mawawala. Gayunman si Ezechias, sa mga unang taon ng kanyang paghahan, ay kinailangang magpatuloy ng pagbabayad ng buwis sa Asyria, ayon sa kasunduang pinasukan ni Ahaz. Samantala ang hari ay "nakipagsanggunian siya sa kanyang mga prinsipe at sa kanyang mga makapangyarihang lalaki," at ginawa ang lahat ng posibleng bagay para maipagtanggol ang kanyang kaharian. Tiniyak niyang may saganang sustento ng tubig sa nasasakupan ng mga pader ng Jerusalem, na samantalang wala ang siyudad ay magkaroon ng sapat na pangangailangan. "At siya'y nagdalang tapang, at itinayo niya ang lahat na kuta na nabagsak, at pinataas pa ang mga moog, at ang ibang kuta sa labas, at pinagtibay ang Millo sa bayan ni David, at gumawa ng mga sandata at mga kalasag na sagana. At siya'y naglagay ng mga punong kawal sa bayan na mandirigma." 2 Cronica 32:3, 5, 6. Walang iniwanang hindi tapos na magagawa para sa paghahanda sa paglusob.

Sa panahon ng pag-upo ni Ezechias sa trono ngjuda, isang malaking bilang na ng mga anak ni Israel na taga hilaga ang nadalang bihag ng mga taga Asyria; at sa ilang taon pagkatapos na magpasimula siyang maghari, at habang pinalalakas niya ang mga depensa ng Jerusalem, kinubkob ng mga Asyria at nabihag ang Samaria at nangalat ang sampung tribu sa mga probinsya ng kaharian ng Asyria. Ang hangganan ng Juda ay ilang milya lamang ang layo, na kulang sa limampung milya ang layo sa Jerusalem, at ang kayamanang sisira na matatagpuan sa loob ng templo ay makakatukso sa kaaway upang bumalik.

Datapuwat ang hari ng Juda ay matatag sa pasyang gawin ang kanyang bahagi sa paghahanda upang labanan ang kaaway; at, nang maisakatuparan na ang lahat ng makakayanan at lakas na magagawa ng tao, timpon niya ang kanyang mga puwersa at sinabihan silang maging matapang. "Dakila ang Banal ng Israel sa gitna mo" ang mensahe ni propeta Isaias sa Juda; at ang hari na may matatag na

pananampalataya ay nagpahayag na, “Sumasaatin ay ang Panginoon nating Dios upang tulungan tayo, at ipakipaglaban ang ating mga pagbabaka.” Isaias 12:6; 2 Cronica 32:8. [291]

Wala nang hihigit pang magpapalakas ng pananampalataya kaysa sa pagsasanay ng pananampalataya. Ang hari ng Juda ay naghanda sa dumarating na bagyo; at ngayon, may buong pagtitiwalang ang propesiya laban sa mga Asyria ay matutupad, inilagak ang kanyang kaluluwa sa Dios. “At ang bayan ay sumandal sa mga salita ni Ezechias.” 2 Cronica 32:8. Ano kaya, kung ang mga hukbo ng Asyria, na sariwa pa sa pagsakop ng pinakadakilang bansa sa lupa, at nagtagumpay sa Samaria sa Israel, na ngayon ay ibaling ang kanilang puwersa laban sa Juda? Ano kung kanilang ipagyabang, “Kung paanong nakasumpong ang aking kamay ng mga kaharian ng mga diyus-diyusan, na ang inˆa larawan nilang inanyuan ay mga higit ng dami kaysa Jerusalem at sa Samaria; hindi ko baga gagawing gayon sa Jerusalem at sa kanyang mga diyus-diyusan, ang gaya ng ginawa ko sa Samaria at sa kanyang mga diyus-diyusan?” Isaias 10:10, 11. Ang Juda ay walang dapat na ipangamba; sapagkat ang tiwala nila ay na kay jehova.

Ang inaasahang mangmatagalang krisis ay sa wakas ay dumating. Ang mga hukbo ng Asyria, sumusulong sa sunod-sunod na pagtatagumpay, ay lumitaw sa Juda. Nakatitiyak ng tagumpay, hinati ng mga pangulo ang kanilang mga puwersa sa dalawang pangkat, ang isa dito ay sasalubong sa mga Egipsyo sa timog, samantalang ang kalahati ay sasakop sa Jerusalem.

Ang tanging pag-asa ng Juda ngayon ay nasa Dios. Anumang posibleng tulong mula sa Egipto ay naputol, at walang ibang bansa na malapit upang hingan ng tulong.

Ang mga opisyal na Asyria, na nakatitiyak ng lakas ng kanilang mga disiplinadong puwersa, ay nagsaayos ng isang komperensya sa mga pangunahing lalaki ng Juda, upang hingin ang pagsuko nito ng siyudad. Ang kahilingang ito ay sinamahan pa ng pamumusong laban sa Dios ng mga Hebreo. Dahilan sa mga kahinaan at pagtalikod ng Israel at Juda, ang pangalan ng Dios ay hindi na kinatatakutan ng mga bansa, kundi naging suheto ng patuloy na paglibak. Tingnan ang Isaias 52:5.

“Sabihin ninyo ngayon kay Ezechias,” sinabi ni Rabsaces, isa sa mga punong kawal ni Sennacherib, “Ganito ang sabi ng dakilang

hari, ng hari sa Asyria, Anong pag-asa ito sa iyong tinitiwalaan? Iyong sinasabi (ngunit mga salitang walang kabuluhan lamang,) may payo at kalakasan sa pakikipagdigma. Ngayon kanino ka tumitiwala,
[292] na ikaw ay nanghimagsik laban sa akin?" 2 Hari 18:19, 20.

Ang mga opisyal ay nakipagsanggunian sa labas ng mga pader ng mga siyudad, datapuwat nadidinig ng mga bantay sa pader; at habang sa malakas na tinig ang mga kinatawan ng hari ng Asyria ay sinasalita ang kanilang mga panukala sa mga pangulo ng Juda, sila ay pinakiusapang magsalita sa wikang Syria at hindi sa wikang Hebreo, upang hmdi maunawaan ng mga nasa pader ang mga nagaganap sa komperensya. Si Rabsaces, sa pagbabaliwala sa suhestiyong ito, itinaas ang kanyang mga tinig na mas mataas pa, at nagpatuloy na magsalita sa wikang Judio, ay nagsabi:

"Dinggin ninyo ang mga salita ng dakilang hari, ng han sa Asyria. Ganito ang sabi ng hari, Huwag kayong padaya kay Ezechias: sapagkat hindi niya maililigtas kayo. O patiwalain man kayo ni Ezechias sa Panginoon, na sabihin, Walang pagsalang ililigtas tayo ng Panginoon: ang bayang ito ay hindi mapapasa kamay ng hari sa Asyria.

"Huwag ninyong dinggin si Ezechias: sapagkat ganito ang sabi ng hari sa Asyria, Makipagpayapaan kayo sa akin, at labasin ninyo ako: at kumain ang bawat isa sa inyo sa kanyang puno ng ubas, at ang bawat isa sa kanyang puno ng igos, at inumin ng bawat isa sa inyo ang tubig ng kanyang sariling balon; hanggang sa ako'y dumatmg at dalhin ko kayo sa isang lupaing gaya ng inyong sariling lupam, na lupain ng trigo at ng alak, na lupain ng tinapay at ng mga ubasan.

"Huwag kayong pahikayat kay Ezechias na sabihin, Ililigtas tayo ng Panginoon. Nagligtas baga ang sinuman sa mga diyos ng mga bansa ng kanyang lupain sa kamay ng hari sa Asyria? Saan nandoon ang mga diyos ng I lamath at ng Arphad? saan nandoon ang mga diyos ng Sepharvaim? iniligtas baga nila ang Samana sa aking kamay? Sino sa kanila sa lahat na diyos ng mga lupamg ito, ang nagligtas ng kanilang lupain sa aking kamay, na ililigtas ng Panginoon ang Jerusalem sa aking kamay?" Isaias 36:13-20.

Sa mga pagtuyang ito, ang mga anak ng Juda, ay "hindi nagsisagot sa kanya ng kahit isang salita." Nagtatapos na ang komperensya. Ang mga kinatawan ng Judio ay nagbalik kay Ezechias "na ang kani-

lang suot ay hapak, at isinaysay sa kanya ang mga sarili ni Rabsaces." Talatang 21, 22. Ang hari, pagkaalam ng mapamusok na hamon ay "hinapak ang kanyang damit, at nagbihis ng sako, at pumasok sa bahay ng Panginoon." 2 Hari 19:1.

Isang mensahero ang isinugo kay Isaias upang ipaalam sa kanya ang kinalabasan ng komperensya. "Ang araw na ito ay araw ng [293] kabagabagan, at ng pagsaway, at ng pagkutya," ang salitang padala ng hari. Marahil ay didinggin ng Panginoon mong Dios ang lahat ng mga salita ni Rabsaces, na siyang sinugo ng kanyang panginoon na hari sa Asyria upang tungayawin ang buhay na Dios, at sasansalain ang mga salita na narinig ng Panginoon mong Dios: kaya't idalangin mo ang labis na natitira." Talatang 3, 4.

"At si Ezechias na hari, at si Isaias na propeta na anak ni Amos, ay nagsidalangin dahil dito, at nagsidaing sa Langit." 2 Cronica 32:20.

Dininig ng Dios ang dalangin ng Kanyang mga lingkod. Kay Isaias ay ibinigay ang pabalita para kay Ezechias: "Ganito ang ang sabi ng Panginoon, Huwag kang matakot sa mga salita na iyong narinig, na ipinanungayaw sa Akin ng mga lingkod ng hari sa Asyria. Narito, Ako'y maglalagay ng isang espiritu sa kanya, at siya'y makakarinig ng kaingay, at babalik sa kanyang sariling lupain; at Aking ipabubuwal siya sa pamamagitan ng tabak sa kanyang sariling lupain." 2 Hari 19:6, 7.

Ang mga kinatawan ng Asyria, matapos iwanan ang mga pinuno ng Juda, ay tuwirang nag-ulat sa kanilang hari, na kasama sa dibisyon ng kanyang hukbo na nagbabantay sa lulusob na mula sa Egipto. Pagkarinig ng balita, si Senacherib ay "sumulat din ng mga sulat upang tungayawin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, at upang magsalita laban sa kanya, na sinasabi, kung paanong hindi iniligtas ng mga diyos ng mga bansa ng mga lupain ang kanilang bayan sa aking kamay, gayon hindi iniligtas ng Dios ni Ezechias ang kanyang bayan sa aking kamay." 2 Cronica 32:17.

Ang mayabang na banta ay sinamahan pa ng pabalitang ito: "Huwag kang dayain ng Dios na iyong tinitiwalaan na sabihin, ang Jerusalem ay hindi mabibigay sa kamay ng hari sa Asyria. Narito nabalitaan mo ang ginagawa ng mga hari sa Asyria sa lahat ng lupain, sa paglipol na lubos sa kanila: at maliligtas ka ba? Iniligtas ba sila ng mga diyos ng mga bansa na nilipol ng aking mga magulang; gaya

ng Gozan, at ng Haran, at ng Reseph, at ng mga anak ni Eden na nangasa Thalasar? Saan nandoon ang hari sa Hamath, at ang hari sa Arpad, at ang hari sa bayan ng Sepharvaim, ng Hena, at ng Hiva?" 2 Hari 19:10-13.

Nang matanggap ng hari ng Juda ang naghahamong sulat, dinala niya ito sa templo at "iniladlad sa harap ng Panginoon" at sa malakas na pananampalataya ay dumalangin sa tulong mula sa langit, upang
[294] makilala ng mga bansa sa lupa na ang Dios ng mga Hebreo ay buhay pa rin at Siyang naghahan. Talatang 14. Ang karangalan ni Jehova ay nakataya; Siya lamang ang makapagbibigay ng pagliligtas.

"Oh Panginoon, na Dios ng Israel, na nauupo sa mga querubin," dalangin ni Ezechias, "Ikaw ang Dios, Ikaw lamang, sa lahat ng kaharian sa lupa; Ikaw ang lumikha ng langit at lupa. Ikiling Mo ang Iyong pakinig, Oh Panginoon, at Iyong dinggin: idilat Mo ang Iyong mga mata, Oh Panginoon, at tumingin Ka: at dinggin Mo ang mga salita ni Sennacherib, na kanyang ipinasugo upang ipanungayaw sa buhay na Dios. Sa katotohanan, Panginoon, sinira ng mga hari sa Asyria ang mga bansa, at ang kanilang mga lupain, at inihagis ang kanilang mga diyos sa apoy: sapagkat sila'y hindi mga diyos, kundi gawa ng mga kamay ng mga tao, na kahoy at bato: kaya't kanilang nilipol ang mga yaon. Ngayon nga, Oh Panginoon naming Dios, iligtas Mo kami, isinasamo ko sa Iyo sa kanyang kamay, upang makilala ng lahat na kaharian sa lupa na Ikaw ang Panginoong Dios, Ikaw lamang." 2 Hari 19:15-19.

"Dinggin mo, Oh Pastor ng Israel,
Ikaw na pumapatnubay kay Jose na parang kawan;
Ikaw na nauupo sa ibabaw ng mga querubin, sumilang Ka.
Sa harap ng Ephraim, ng Benjamin at ng Manases, ay mapukaw nawa
ang kapangyarihan Mo, At parito Kang iligtas mo kami.
Papanumbalikin Mo kami, Oh Dios,
At pasilangin Mo ang Iyong mukha; at maliligtas kami.

"Oh Panginoong Dios ng mga hukbo,
Hanggang kailan magagalit Ka laban sa dalangin ng Iyong bayan?
Iyong pinakain sila ng tinapay na mga luha;

At binigyan Mo sila ng mga luha upang inumin ng sagana.
Iyong ginawa kaming kaalitan sa aming mga kalapit bansa:
At ang mga kaaway namin ay nagtatawanan.
Ibalik mo kami, Oh Dios ng mga hukbo,
At pasilangin Mo ang Iyong mukha; at kami ay maliligtas.

“Ikaw ay nagdala ng isang puno ng ubas mula sa Egipto:
Iyong pinalayas ang mga bansa, at itinanim Mo yaon.
Ikaw ay naghanda ng dako sa harap niya,
At napailalim ang ugat, at pinuno ang lupain.
Ang mga bundok ay natakpan ng lilim niyaon,
At ang mga sanga niyaon ay gaya ng mga sedro ng Dios.
Kanyang pinaabot ang kanyang mga sanga hanggang sa dagat,
At ang kanyang mga suwi hanggang sa ilog.
[295]

“Bakit Mo ibinagsak ang kanyang mga bakod, [296]
Na anupa ’,t siya’y binubunot nilang lahat ng nangagdadaan? [297]

Sinisira ng baboy-ramo,
At sinasabsab ng mailap na hayop sa parang.
Bumalik Ka uli, isinasamo ko sa Iyo, Oh Dios ng mga hukbo:
Tumungo Ka mula sa langit, at Iyong masdan, at dalawin Mo ang
puno ng ubas na ito;
At ang ubasan na itinanim ng Iyong kanan,
At ang suwi na Iyong pinalakas para sa Iyong sarili....

“Buhayin Mo kami, at tatawagan namin ang Iyong pangalan.
Papanumbalikin Mo kami, Oh Pangmoong Dios ng mga hukbo’
Pasilangin Mo ang Iyong mukha at maliligtas kami.”

## Awit 80.

Ang mga pagsamo ni Ezechias sa kapakanan ng Juda at sa karangalan ng kanilang Pinakamataas na Hari ay kaayon ng isipan ng Dios. Si Solomon, sa kanyang dalangin sa pagtatalaga ng

templo, ay dumalangin sa Panginoon na panatilihin "ang usap ng Kanyang bayang Israel, ayon sa kailangan sa araw-araw; upang maalaman ng lahat na bayan sa lupa, na ang Panginoon ay Siyang Dios, walang iba." 1 Hari 8:59, 60. Higit pa na ang Dios ay maghahayag ng pabor, kung sa panahon ng digmaan at pang-aapi ng hukbo, ang mga pangulo ng Israel ay papasok sa bahay ng panalangin at sasamo para sa kaligtasan. Talatang 33, 34.

Si Ezechias ay hindi iniwang walang pag-asa. Nagsugo si Isaias sa kanya, na nagsasabi, "Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Yamang ikaw ay dumalangin sa Akin laban kay Sennacherib na hari sa Asyria, dininig kita. Ito ang salita na sinalita ng Panginoon tungkol sa kanya:

"Niwalang kabuluhan ka ng anak na dalaga ng Sion, at tinatawanan ka; ang anak na babae ng Jerusalem ay iginalaw ang kanyang ulo sa iyo.

"Sino ang iyong pinulaan at tinungayaw? at laban kanino itinaas mo ang iyong tinig at ipinandilat mo ang iyong mga mata ng mataas? samakatuwid baga'y laban sa Isang Banal ng Israel. Sa pamamagitan ng iyong mga sugo ay iyong pinulaan ang Panginoon, at sinabi mo, Sa karamihan ng aking mga karo ako'y nakaahon sa kataasan ng mga bundok, sa mga kaloob-loobang bahagi ng Libano, at aking ibubuwal ang mga matayog na sedro niyaon, at ang mga piling puno ng abeto niyaon: at ako'y papasok sa kanyang pinakamalayong
[298] tuluyan, sa gubat ng kanyang mabungang bukid sa Carmel. Ako'y humukay at uminom ng tubig ng iba, at aking tutuyuin ang lahat ng ilog ng Egipto ng talampakan ng aking mga paa.

"Hindi mo ba nabalitaan kung paanong Aking ginawa na malaon na, at Aking iniakma ng una? ngayo'y Aking pinapangyari, upang iyong sirain ang mga bayang nakukutaan na magiging mga guho na bunton. Kaya't ang kanilang mga mananahan ay may munting kapangyarihan, sila'y nanganglupaypay at nangatulig; sila'y gaya ng damo sa bukid, at ng sariwang gugulayin, na gaya ng damo sa mga bubungan, at gaya ng trigo na lanta bago nakalaki.

"Ngunit talastas Ko ang iyong pag-upo, at ang Iyong paglabas, at ang iyong pagpasok, at ang iyong pag-iinit laban sa Akin. Dahil sa iyong galit laban sa Akin at dahil sa iyong kagilasan ay dumating sa Aking mga pakinig, kaya't Aking ikakawit ang Aking taga sa

iyong ilong, at ang Aking paningkaw sa iyong mga labi, at ibabalik kita sa daan na iyong pinanggalingan." 2 Hari 19:20-28.

Ang lupain ng Juda ay nawasak sa paglusob ng mga hukbo, datapuwat ang Dios ay nangako ng mahimalang paglalaan para sa mga pangangailangan ng bayan. Dumating kay Ezechias ang pabalita: "Ito ang magiging tanda sa iyo, Ikaw ay kakain sa taong ito ng tumutubo sa sarili, at sa ikalawang taon ay ang tumubo roon; at sa ikatlong taon ay maghasik kayo, at umani, at mag-ubasan, at kanin ninyo ang mga bunga niyaon. At ang nalabi na nakatanan sa mga anak ni Juda ay mag-uugat uli sa ilalim, at magbubunga sa itaas, sapagkat sa Jerusalem ay lalabas ang isang nalabi, at sa Bundok ng Sion ay silang magtatanan: gaganapin ito ng sikap ng Panginoon.

"Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa hari sa Asyria, Siya'y hindi paririto sa bayang ito, o magpapahilagpos man ng pana riyan, ni haharap man siya riyan na may kalasag, o maghahagis man ng bunton laban doon. Sa daang kanyang pinanggalingan, doon din siya babalik, at hindi siya darating sa bayang ito, sabi ng Panginoon. Sapagkat Aking ipagsasanggalang ang bayang ito upang iligtas, dahil sa Akin at dahil sa Aking lingkod na si David." Talatang 29-34.

Sa gabing iyon dumating ang pagliligtas. "Ang anghel ng Panginoon ay lumabas, at nanakit sa kampamento ng mga taga Asyria ng isang daan at walumpu't limang libo." Talatang 35. "Lahat na makapangyarihang lalaking may tapang, at ng mga pangulo at mga pinunong kawal sa kampamento ng hari sa Asyria," ay pinatay. 2 Cronica 32:21. [299]

Ang balitang ito ng nakalulunos na hatol na dumating sa hukbong ipinadala upang lupigin ang Jerusalem, ay nakarating kay Sennacherib, na nagbabantay pa rin ng pasukan ng Judea mula sa Egipto. Nagimbal sa takot, ang hari ng Asyria ay nagmadaling umalis at "bumalik siya na nahihiya sa kanyang sariling lupain." Talatang 21. At hindi nagtagal ang kanyang paghahari. Kaayon ng propesiyang nabigay tungkol sa biglang pagwawakas, siya ay pinaslang ng sariling kasambahay, "at si Esarhadon na kanyang anak ay naghari na kahalili niya." Isaias 37:38.

Ang Dios ng mga Hebreo ay namayani sa mga mayayabang na taga Asyria. Ang karangalan ni Jehova ay naitaas sa paningin ng mga nakapalibot na mga bansa. Sa Jerusalem ang puso ng bayan ay napuspos ng banal na kagalakan. Ang kanilang taimtim na dalangin

para sa kaligtasan ay may kasamang pagkukumpisal ng kasalanan at maraming luha. Sa kanilang dakilang pangangailangan ay lubusan silang nagtiwala sa kapangyarihan ng Dios na magligtas, at hindi Niya sila binigo. Ngayon ang mga korte ng templo ay umalingawngaw sa mga awit ng banal na papuri.

“Sa Juda ay klala ang Dios:
Ang Kanyang pangalan ay dakila sa Israel.
Nasa Salem naman ang Kanyang tabernakulo,
At ang Kanyang dakong tahanan ay sa Sion.
Doo’y binali Niya ang mga pana ng busog,
At kalasag, at ang tabak, at ang pagbabaka.

“Maluwalhati Ka at marilag
Mula sa mga bundok na hulihan.
Ang mga puso na matapang ay nasamsaman, sila’y nangatulog
ng kanilang pagtulog:
At wala sa mga lalaking makapangyarihan na nakasumpong ng
kanilang mga kamay.
Sa Iyong saway, Oh Dios ni Jacob,
Ang karo at gayon din ang kabayo ay nahandusay sa mahimbing na
pagkakatulog.

“Ikaw, Ikaw ay katatakutan:
At sinong makatatayo sa Iyong paningin sa minsang Ikaw ay magalit?
Iyong ipinarinig ang hatol mula sa langit;
Ang lupa ay natakot, at tumahimik,
Nang ang Dios ay bumangon sa paghatol,
Upang iligtas ang lahat ng maamo sa lupa.

[300]

“Tunay na pupurihin Ka ng poot ng tao:
Ang nalabi sa poot ay ibibigkis Mo sa iyo.
Manata ka, at tuparin mo sa Panginoon mong Dios:

Magdala ng mga kaloob sa Kanya na marapat katakutan, yaong lahat
na nangasa buong palibot Niya.
Kanyang ihihiwalay ang diwa ng mga pangulo:
Siya'y kakila-kilabot sa mga han sa lupa."

Awit 76.

Ang pagbangon at pagbagsak ng Kaharian ng Asyria ay mayaman sa mga aral na angkop para sa mga bansa ngayon. Inihalintulad ng kasulatan ang kaluwalhatian ng Asyria na nasa tugatog ng kanyang kasaganaan sa isang marangal na puno sa hardin ng Dios, na matayog sa lahat ng nakapalibot na puno.

"Narito ang taga Asyria ay isang cedro sa Libano na may magandang mga sanga, at may mayabong na lilim, at may mataas na kataasan; at ang kanyang dulo ay nasa gitna ng mga mayabong na sanga.... Sa kanyang lilim ay nagsitahan ang lahat na malaking bansa. Ganito siya gumanda sa kanyang kalakhan, sa kahabaan ng kanyang mga sanga: sapagkat ang kanyang ugat ay nasa siping ng maraming tubig. Ang mga cedro sa halamanan ng Dios ay hindi makapantay sa kanya: ang mga puno ng kastanyas ay hindi gaya ng kanyang mga sanga; o may anumang punong kahoy sa halamanan ng Dios na kagaya niya sa kanyang kagandaham... Lahat ng punong kahoy sa Eden, na nangasa halamanan ng Dios, nanaghili sa kanya." Ezekiel 31:3-9.

Datapuwat ang mga pinuno ng Asyria, sa halip na gamitin ang di kararniwang pagpapala para sa kapakinabangan ng sangkatauhan, ay naging sumpa ng maraming lupain. Walang habag, hindi na naisip ang Dios o ang kapwa tao, matatag sila sa patakarang ang lahat na mga bansa ay dapat kumilala sa kataasan ng mga diyos ng Ninive, na kanilang pinarangalan higit sa Kataastaasan. Isinugo ng Dios si Jonas sa kanila na taglay ang pabalita ng babala, at sa isang panahon ay nagpakababa sila sa Panginoon ng mga hukbo at humingi ng patawad. Datapuwat di nagtagal ay nagbalik muli sila sa pagsamba sa mga idolo at sa pagkubkob sa sanlibutan.

Si propeta Nahum, sa kanyang paglilitis sa mga gumagawa ng mga kasamaan sa Ninive, ay nagwika:

"Sa aba ng mabagsik na bayan!

Siya'y puspos na lubos ng kabulaanan at mga agaw;
Ang panghuhuli ay hindi tumitigil;

[301]

"Ang higing ng panghagupit, at ang hugong ng pihit ng mga gulong,
At ng mga madambang kabayo, at ng lukso ng mga karo.
Ang sakay ng mga mangangabayo at ang kinang ng tabak,
at ang kislap ng sibat:
At isang karamihan na patay....

"Narito, Ako'y laban sa iyo,
Sabi ng Panginoon ng mga hukbo."

Nahum 3:1-5.

May katiyakan na ang Isang Walang Hanggan ay patuloy na nagbabantay sa mga bansa. Samantalang ang Kanyang awa ay iginagawad, na may pagtawag na magsisi, ang talang ito ay nananatiling bukas; subalit kapag ang dami ay umabot sa palugit na itinakda ng Dios, ang gawain ng Kanyang galit ay nagsisimula. Ang tala ay sarado na. Ang banal na pasensiya ay naglalaho. Ang habag ay di na sasamo sa kapakanan nila.

"Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit, at dakila sa kapangyarihan, at sa anumang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin: ang daan ng Panginoon ay sa ipu-ipo at sa bagyo, at ang mga ulap ay siyang alabok ng Kanyang mga paa. Kanyang sinasaway ang dagat, at tinutuyo, at tinutuyo ang lahat na ilog: ang Basan ay nanlalata, at ang Carmel, at ang bulaklak ng Libano ay nalalanta. Ang mga bundok ay nanginginig dahil sa Kanya, at ang mga burol ay nangatutunaw, at ang lupa'y lumilindol sa Kanyang harapan, oo, ang sanlibutan, at ang lahat na nagsisitahan dito. Sino ang makatatayo sa harap ng Kanyang pagkagalit? at sino ang makatatahan sa kabangisan ng Kanyang galit? Ang Kanyang kapusukan ay sumisigalbong parang apoy, at ang mga malaking bato ay nangatitibag Niya." Nahum 1:3-6.

Sa gayon ang Ninive ay "masayang bayan na tumahang walang bahala, na nagsasabi sa sarili, Ako nga, at walang iba liban sa akin," ano't siya'y naging sira, "tuyo, at walang laman, at wasak,"

"nandoon ang yungib ng mga leon, at ang dakong sabsaban ng mga batang leon, na nililibutan ng leon, at ng babaeng leon, ng batang leon, at walang tumatakot sa kanila." Zefanias 2:15; Nahum 2:10, 11.

Sa pagtingin sa hinaharap sa panahon na ang kayabangan ng Asyria ay masasadlak sa lupa, ipinopropesiya ni Zefanias tungkol sa Ninive: "At mga bakaha'y hihiga sa gitna niyaon, lahat ng hayop ng mga bansa: ang pelikano at gayon din ang erizo ay tatahan sa mga kapitel niyaon; kanilang tinig ay huhuni sa mga dungawan; kasiraa'y sasapit sa mga pasukan: sapagkat Kanyang sinira ang mga [302] yaring kahoy na cedro." Zefanias 2:14.

Dakila ang kaluwalhadan ng kaharian ng Asyria; dakila rin naman ang kanyang pagkabagsak. Ang propeta Ezekiel, sa pagkukumpara sa hitsura ng marangyang puno ng cedar, ay malinaw na ipinopropesiya ang pagbagsak ng Asyria dahilan sa kanyang pagmamataas at kalupitan. Kanyang inihayag:

"Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios;.... Inilagay niya ang kanyang dulo sa gitna ng mga mayabong na sanga, at ang kanyang puso ay nagmataas sa kanyang pagkataas; Aking ibibigay nga siya sa kamay ng makapangyarihan sa mga bansa; walang pagsalang siya'y susugpuin: Aking pinalayas siya dahil sa kanyang kasamaan. At inihiwalay siya at iniwan siya, ng mga taga ibang lupa, ng kakilakilabot sa mga bansa, sa ibabaw ng mga bundok at sa lahat ng mga libis ay nangalaglag ang kanyang mga sanga, at ang kanyang mga sanga ay nangabali sa siping ng lahat ng mga ilog ng lupain; at bumaba ang lahat ng tao sa lupa mula sa kanyang lilim, at iniwan siya. Sa kanyang guho ay magsisitahan ang lahat ng mga ibon sa himpapawid, at lahat ng mga hayop sa parang ay mangapapa sa kanyang mga sanga: upang walang magmataas sa kamlang kataasan sa lahat na punong kahoy sa siping ng tubig....

"Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Nang araw na siya'y bumaba sa Sheol ay nagpatangis Ako:...at ang lahat na punong kahoy sa parang ay nanlupaypay dahil sa kanya. Aking niyanig ang mga bansa sa hugong na kanyang pagkabuwal." Ezekiel 31:10-16.

Ang pagmamataas ng Asyria at pagbagsak nito ay magsisilbing aral para sa katapusan ng panahon. Sa mga bansa sa lupa ngayon na sa pagpapahalaga sa sarili at pagmamayabang sila ay humanay laban sa Kanya, ay nagtatanong ang Dios, "Sino ang gaya mong ganito

sa kaluwalhadan at sa kalakhan sa gitna ng mga punong kahoy sa Eden? gayon ma y mabababa ka na kasama ng mga punong kahoy sa Eden, sa pinakamalalim na bahagi ng lupa." Talatang 18.

"Ang Panginoo'y mabuti, katibayan sa kaarawan ng kabagabagan; at nakikilala Niya yaong nangaglalagak ng kanilang tiwala sa Kanya. Ngunit sa pamamagitan ng manggugunaw na baha ay Kanyang lubos na wawakasan" ang lahat ng nagsisikap ng maging mas mataas kaysa sa Kataastaasan. Nahum 1:7, 8.

"Ang kapalaluan ng Asyria ay mababagsak, at ang setro ng
[303] Egipto ay mawawala." Zacarias 10:11. Ito ay totoo hindi lamang sa mga bansang humanay laban sa Dios noong mga unang panahon, kundi sa mga bansa rin ngayon na nabigong tuparin ang banal na adhikain. Sa araw ng katapusan ng mga gantimpala, ang matuwid na Hukom ng buong lupa ay "igigin ang mga bansa" (Isaias 30:28), at silang iniingatan ang katotohanan ay pahihintulutang pumasok sa Siyudad ng Dios, ang mga pangunahin ng langit ay magpapatunog na may awit ng tagumpay ng natubos. "Kayo'y mangagkakaroon ng awit," wika ng propeta, "na gaya ng sa gabi pagka ang banal na kapistahan ay ipinagdidiwang; at kasayahan ng puso, na gaya ng yumayaon na may plauta upang masok sa bundok ng Panginoon, sa Malaking Bato ng Israel. At ipanrinig ng Panginoon ang Kanyang maluwalhatmg tinig.... Sa pamamagitan ng nnig ng Panginoon ay mangagkakawatak-watak ang taga Asyria na nananakit ng pamalo. At bawat hampas ng takdang tungkod, na ibabagsak ng Panginoon sa kanya, mangyayaring may mga pandereta at may mga alpa."
[304] Talatang 29-32.

## Kabanata 31—Pag-asa sa mga Pagano

Sa buo niyang ministeryo si Isaias ay nagdala ng malinaw na patotoo tungkol sa adhikain ng Dios para sa mga pagano. Binanggit ng ibang mga propeta ang banal na mga panukala, ngunit ang kanilang mga pangungusap ay hindi laging naunawaan. Kay Isaias ay nabigay na gawing maliwanag sa Juda ang katotohanang marami sa Israel ng Dios ay mabibilang na hindi kalahi ni Abraham sa laman. Ang aral na ito ay hindi katugma ng teolohiya ng kapanahunan niya, gayunman ay walang takot na inihayag niya ang pabalitang ibinigay sa kanya ng Dios at nagdala ng pag-asa sa maraming pusong nagnanais na makaabot sa mga espirituwal na pagpapalang ipinangako sa binhi ni Abraham.

Ang apostol sa mga Gentil, sa kanyang sulat sa mga mananampalataya sa Roma, ay tinawagan ng pansin ang mga katangian ng turo ni Isaias. "Si Isaias ay buong tapang," pahayag ni Pablo, "na nagsasabi, Ako'y nasumpungan nilang mga hindi nagsisihanap sa Akin; nahayag Ako sa kanilang mga hindi nagsisipagtanong tungkol sa Akin." Roma 10:20.

Madalas ang mga Israelita ay hindi makaunawa o hindi handang umunawa ng adhikain ng Dios sa mga pagano. Gayunman sa ganitong adhikain na nagawa silang bukod na bayan at natatag bilang malayang bansa sa mga bansa sa lupa. Si Abraham, na kanilang ama, na siyang unang binigyan ng pangako ng tipan, ay tinawagan mula sa kanyang mga kaanak, tungo sa kabilang mga rehiyon, upang siya ay maging tagapagdala ng liwanag sa mga pagano. Bagaman ang pangako sa kanya ay kasama ang binhing sindami ng buhangin sa dagat, ngunit hindi sa makasariling adhikain na siya ay maging tagapagtatag ng daldlang bansa sa lupain ng Canaan. Ang tipan ng Dios sa kanya ay kalakip ang lahat ng mga bansa sa lupa. "Ikaw ay AJdng pagpapalain," pahayag ni Jehova, "at padadakilain Ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran: at pagpapalain Ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain Ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa." Genesis [305]

12:2, 3.

Sa pag-uulit ng tipan bago isilang si Isaac, ang adhikain ng Dios sa sangkatauhan ay muling nilinaw. "Pagpalain sa kanya ang lahat ng bansa sa lupa," ang kasiguruhang ibinigay ng Panginoon ukol sa pinangakong binhi. Genesis 18:18. At pagkaraan noon ang panauhing mula sa langit ay muling nagpahayag, "Pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa." Genesis 22:18.

Ang lahat na naglalakip na mga kasunduan ng tipan ay alam ng mga anak ni Abraham at ng anak ng mga anak niya. Ito ay upang ang mga Israelita ay maging pagpapala sa mga bansa, at upang ang pangalan ng Dios ay matanyag "sa buong lupa" (Exodo 9:16), na sila ay imligtas mula sa pagkaalipin sa Egipto. Kung magiging masunurin sa Kanyang mga kahilingan, sila ay makahihigit sa karunungan at pagkaunawa sa ibang mga bayan; datapuwat ang pangungunang ito ay makakamtan lamang at mapapanatili upang sa pamamagitan nila ang adhikain ng Dios para sa "lahat ng mga bansa" ay maisakatuparan.

Ang mga kahanga-hangang paglalaan na may kinalaman sa pagliligtas sa Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto at ng kanilang pagaangkin ng Lupang Pangako ay umakay sa maraming pagano na kilalamn ang Dios ng Israel bilang Pinakamataas na Hari. "Malalaman ng mga taga Egipto," ipinangako sa kanila, "na Ako ang Panginoon, pagka inunat Ko sa Egipto ang Aking kamay, at pagka inilabas Ko ang mga anak ni Israel sa gitna nila." Exodo 7:5. Kahit pa ang hambog na si Faraon ay napilitang kilalanin ang kapangyarihan ni Jehova. "Kayo y yumaong maglingkod sa Panginoon," inutusan Niya si Moises at Aaron, "at pagpalain din naman ninyo ako." Exodo 12:31,32.

Ang nagpapatuloy na mga hukbo ng Israel ay nasumpungang ang pagkaalam ng makapangyarihang mga gawa ng Dios ng mga Hebreo ay nauna na sa kanila, at ang ilan sa mga pagano ay natututuhang Siya lamang ang tunay na Dios. Sa masamang Jerico ang patotoo ng isang babaeng pagano ay, "Ang Panginoon ninyong Dios, ay Siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba." Josue 2:11. At ang pagkakilala kay Jehovang dumating sa kanya, ay naging kaligtasan niya. Sa pananampalataya ',y "hindi napahamak si Rahab na kasama ng mga manunuway." Hebreo 11:31. At ang pagkahikayat niya ay hindi nag-iisang pangyayan ng biyaya ng Dios sa mga mananamba

sa diyus-diyusan na kumilala ng Kanyang banal na otoridad. Sa gitna ng mataong lupain— ang mga Gibeon—iniwaksi ang kanilang [306] pagiging pagano at makipag-isa sa Israel, ay nakabahagi sa mga pagpapala ng tipan.

Walang pagkakabukod dahilan sa bansa, lipi, lahi, o uri ang kinikilala ng Dios. Siya ang Lumikha ng sangkatauhan. Ang lahat na tao ay isang pamilya ayon sa paglalang, at lahat ay isa sa pamamagitan ng pagtubos. Naparito si Kristo upang buwagin ang lahat ng pader na nagbubukod, upang buksan ang bawat silid ng mga korte ng templo, upang ang bawat kaluluwa ay malayang makalapit sa Dios. Ang pagibig Niya ay napakalawak, napakalalim, punong-puno, na ito ay lumalagos kahit saan. Nag-aahon sa impluwensya ni Satanas sa mga nalunod ng kanyang mga pandaraya, at inilalagay sila sa dakong abot ng trono ng Dios, ang tronong napapaligiran ng bahaghari ng pangako. Kay Kristo ay walang Judio o Griego, alipin o laya.

Sa mga taong kasunod ng pagpasok sa Lupang Pangako, ang mga masaganang kaloob ni Jehova sa ikaliligtas ng mga pagano ay halos lubusang nawala, at naging kailangan sa Kanya na muling ihanda ang Kanyang piano. "Lahat ng mga wakas ng lupa," inspiradong inawit ng mang-aawit, "ay makakaalaala at magsisipanumbalik sa Panginoon: at lahat ng mga angkan ng mga bansa ay magsisisamba sa harap Mo." "Mga pangulo ay magsisilabas sa Egipto; magmamadali ang Etiopia na igawad ang kanyang mga kamay sa Dios." "Sa gayo'y katatakutan ng mga bansa ang pangalan ng Panginoon, at ng lahat ng hari sa lupa ang Iyong kaluwalhatian." "Ito'y isusulat na ukol sa lahing susunod: at ang bayang lalalangin ay pupuri sa Panginoon. Sapagkat Siya'y tumungo mula sa kaitaasan ng Kanyang santuwaryo; tumingin ang Panginoon sa lupa mula sa langit; upang dinggin ang buntong hininga ng bilanggo; upang kalagan yaong nangaitakdang patayin; upang maipahayag ng mga tao ang pangalan ng Panginoon sa Sion, at ang Kanyang kapurihan sa Jerusalem; nang ang mga bayan ay mapisan, at ang mga kaharian, upang maglingkod sa Panginoon." Awit 22:27; 68:31; 102:15, 18-22.

Kung ang Israel ay naging tapat sa kanyang kapanagutan, lahat ng mga bansa sa lupa ay nakabahagi sana sa kanyang mga pagpapala. Datapuwat ang mga puso nilang pinagkatiwalaan ng kaalaman ng nagliligtas na katotohanan, ay hindi nakilos ng mga pangangailangan

ng nakapalibot sa kanila. Nang ang layunin ng Dios ay nawala, ang mga pagano ay itinuring na malayong maaabot pa ng Kanyang [307] biyaya. Ang liwanag ng katotohanan ay ipinagkait, at ang kadiliman ay namayani. Ang mga bansa ay nakalatan ng tabing ng kawalang kaalaman; ang pag-ibig ng Dios ay bahagya nang makilala; ang kamalian at pamahiin ay lumaganap.

Ganoon ang tanawing sumalubong kay Isaias nang siya ay tawagan sa gawain ng pagiging propeta; gayunman ay hindi siya nasiraan ng loob, sapagkat ang umuugong sa kanyang mga tainga ay ang matagumpay na awit ng mga anghel na nakapalibot sa trono ng Dios, ".Ang buong lupa ay napuno ng Kanyang kaluwalhatian." Isaias 6:3. At ang pananampalataya niya ay pinalakas pa ng mga pangitain ng mga maluwalhating pagtatagumpay ng iglesia ng Dios, kapag "ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat." Isaias 11:9. "Ang takip na nalagay sa lahat ng mga bayan, at ang lambong na naladlad sa lahat na bansa," ay sa wakas ay wawasakin. Isaias 25:7. Ang Espiritu ng Dios ay ibubuhos sa lahat ng laman. Silang nauuhaw at nagugutom sa katuwiran ay mabibilang sa Israel ng Dios. "At sila'y sisibol sa gitna ng damo, gaya ng mga sauce sa tabi ng mga bads," wika ng propeta. "Sasabihin ng isa, ako'y sa Panginoon; at magpapangalan ang iba ng pangalang Jacob; at magsusulat ang iba ng kanyang kamay ng sa Panginoon, at magpapamagat ng pangalan ng Israel." Isaias 44:4, 5.

Sa propeta ay ibinigay ang mabiyayang paghahayag ng panukala ng Dios sa pangangalat ng ayaw magsisi na Juda sa mga bansa ng lupa. "Kaya't makikilala ng Aking bayan ang Aking pangalan," ipinahayag ng Panginoon; "kaya't matatalastas nila sa araw na yaon, na Ako yaong nagsasalita." Isaias 52:6. At hindi lamang nila matututuhan ang mga liksyon ng pagsunod at pagtitiwala; sa mga dakong pagtatapunan sa kanila ay magbabahagi rin sila sa iba ng pagkakilala sa Dios na buhay. Marami sa mga anak ng taga-ibang lupa ay matututuhan Siyang mahalin bilang kanilang Manlalalang at kanilang Manunubos; pasisimulan nilang ipangilin ang Kanyang banal na araw ng Sabbath bilang alaala ng Kanyang kapangyarihang lumalang; at kapag "hinubdan ng Panginoon ang Kanyang banal na bisig sa harap ng mga mata ng lahat na bansa," upang palayain mula sa pagkabihag ang Kanyang bayan, "lahat na wakas ng lupa" ay makikita ang pagliligtas ng ating Dios." Talatang 10. Marami sa mga

nahikayat na ito mula sa pagiging pagano ay magnanais na makiisa ng lubusan sa mga Israelita sa pagbabalik nila sa Judea. Walang [308] sinuman sa mga ito ang magsasabing, "Tunay na ihihiwalay ako ng Panginoon sa Kanyang bayan" (Isaias 56:3), sapagkat ang salita ng Dios sa Kanyang propeta doon sa mga nagsusuko ng kanilang sanli sa Kanya at mag-imgat ng Kanyang kautusan ay dapat na ngayong mabilang na kasama ng espirituwal na Israel—ang Kanyang iglesya sa lupa.

"Gayon din ang mga taga ibang lupa, na nakikilakip sa Panginoon, upang magsipangasiwa sa Kanya, at magsiibig sa pangalan ng Panginoon, upang maging kanyang mga lingkod, bawat nangingilin ng Sabbath upang huwag lapastanganin, at nag-imgat ng Aking tipan; sila ay dadalhin Ko sa Aking banal na bundok, at papagkakatuwain Ko sila sa Aking bahay na dalangman: ang kanilang mga handog na susunugm at ang kanilang mga hain ay tatanggapin sa Aking dambana; sapagkat ang Aking bahay ay tatawaging bahay na panalanginan para sa lahat ng mga bayan. Ang Panginoong Dios na pumipisan ng mga itinapon sa Israel ay nagsasabi, Magpipisan pa Ako ng mga iba sa Kanya, bukod sa Kanyang sarili na nangapisan." Talatang 6-8.

Ang propeta ay pinahintulutang tumingin sa nakaraang daan taon hanggang sa panahon ng pagdating ng ipinangakong Mesias. Sa una ay nakita lamang niya ang "kahirapan at kadiliman, ulap ng kahapisan, at salimuot na kadiliman." Isaias 8:22. Marami sa mga naghahangad ng liwanag ng katotohanan ay inililigaw ng mga bulaang guro sa mga nakagugulong pilosopiya at espiritismo; ang iba ay inilalagay ang tiwala sa mga porma ng kabanalan, ngunit hindi naman nagdadala ng tunay na kabanalan sa kanilang pamumuhay. Ang tanawin ay parang walang pag-asa; ngunit di nagtagal ay nagbago ang tanawin, at sa paningin ng propeta ay inilahad ang kahanga-hangang pangitain. Nakita niya ang Araw ng Katuwirang bumangong taglay ang pagpapagaling sa Kanyang pakpak; at, nawala sa paghanga, ay nasambit niya: "Gayon man ay hindi magkakaroon ng pag-uulap sa kanya na nasa kahapisan, nang unang panahon ay dinala Niya sa pagkawalang kabuluhan ang lupain ng Zabulon at ang lupain ng Nephtali, ngunit sa huling panahon ay ginawa niyang maluwalhati, sa daang patungo sa dagat, sa dako roon ng Jordan, ng Galilea ng mga bansa. Ang bayan na lumalakad sa kadiliman ay

nakakita ng dakilang liwanag: silang nagsisitahan sa lupain ng lilim ng kamatayan, sa kanila sumilang ang liwanag." Isaias 9:1, 2.

Ang maluwalhating Liwanag na ito ng sanlibutan ay magdadala [309] ng kaligtasan sa bawat bansa, lahi, wika, at bayan. Tungkol sa gawaing nasa harapan Niya, narinig ng propeta ang pahayag ng walang hanggang Ama: "Totoong magaan ang bagay na Ikaw ay naging Aking lingkod upang ibangon ang mga lipi ng Jacob, at isauli ang iningatan ng Israel: Ikaw ay Aking ibibigay na pinakailaw sa mga Gentil, upang Ikaw ay maging Aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa." "Sa kalugud-lugod na panahon ay sinagot Kita, at sa araw ng pagliligtas ay dnutulungan Kita: at Aking iningatan Ka, at ibibigay Kita na pinakatipan sa bayan, upang ibangon ang lupain, upang ipamana sa kanila ang mga sirang mana; na nagsasabi sa kanilang nangabibilanggo, Kayo'y magsilabas; sa kanilang nangasa kadiliman, Paldta kayo." "Narito, ang mga ito'y manggagaling sa malayo: at, narito, ang mga ito ay mula sa hilagaan at mula sa kanluran; at ang mga ito ay mula sa lupam ng Sinim." Isaias 49:6, 8, 9, 12.

Patuloy pa sa pagtanaw sa hinaharap, nakita ng propeta ang literal na katuparan ng mga maluwalhating pangakong ito. Nakita niya ang mga tagapagdala ng mga mabuting balita ng kaligtasan na humahayo hanggang sa mga hangganan ng lupa, sa bawat lipi at bayan. Narinig niya ang Panginoon na nangungusap sa iglesia ng ebanghelyo, "Narito, Ako'y maggagawad ng kapayapaan sa kanya na parang isang ilog, at ang kaluwalhatian ng mga Gentil ay parang malaking baha;" at narinig niya ang ipinagagawa, "Iyong palakhin ang dako ng iyong tolda, at maladlad ang mga tabing ng iyong mga tahanan: huwag kang mag-urong, habaan mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga tulos; sapagkat ikaw ay lalago sa kanan at sa kaliwa; at ang iyong lahi ay mag-aari ng mga bansa." Isaias 66:12; 54:2, 3.

Inihayag ng Jehova sa propeta na isusugo Niya ang Kanyang mga saksi "sa mga bansa, sa Tarsis, Pul, at Lud,...sa Tubal, at Javan, at sa mga pulong malayo." Isaias 66:19.

"Anong pagkaganda sa mga bundok
    Ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita,
Na naghahayag ng kapayapaan;

Na nangagdadala ng mga mabuting balita sa ikabubuti,
Na nagtatanyag ng kaligtasan;
Na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Dios ay naghahan!"

Isaias 52:7.

Narinig ng propeta ang tinig ng Dios na tumatawag sa Kanyang iglesia sa kanyang itinalagang gawain, upang ang daan ay maihanda para sa pagtanggap sa Kanyang walang hanggang kaharian. Ang pabalita ay maliwanag: [310]

"Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagkat ang iyong liwanag ay dumating,
At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo.

"Sapagkat, narito, tatakpan ng kadiliman ang lupa,
At ng salimuot na dilim ang mga bayan:
Ngunit ang Panginoon ay sisikat sa iyo,
At ang Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo.
At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag,
At ang mga hari sa ningning ng iyong sikat.

"Imulat mo ang iyong mata sa palibot, at ikaw ay tumingin:
Silang lahat ay nangagpipisan, sila'y nagsiparoon sa iyo:
Ang iyong mga anak na lalaki ay mangagmumula sa malayo,
At ang iyong mga anak na babae ay kakalungin."

"At itatayo ng mga taga ibang lupa ang iyong mga kuta,
At ang kanilang mga hari ay magsisipangasiwa sa iyo:
Sapagkat sa Aking poot ay sinaktan kita,
Ngunit sa Aking biyaya at naawa Ako sa iyo,
Ang iyo namang mga pintuang bayan ay mabubukas na lagi;
Hindi masasara sa araw o sa gabi man;
Upang ang mga tao ay mangagdala sa iyo ng kayamanan ng mga bansa,
Ang kanilang mga han ay makakasama nila."

"Kayo'y magsitingin sa Akin, at kayo'y mangaligtas, lahat na taga

wakas ng lupa:
Sapagkat Ako'y Dios, at walang iba liban sa Akin."

Isaias 60:1-4, 10, 11; 45:22.

Ang mga propesiyang ito ng dakilang paggising espirituwal sa panahon ng lubos na kadiliman ay natutupad ngayon sa pagpapasulong ng mga misyong nakakaabot sa mga liblib na dako ng lupa. Ang mga pulutong ng misyonero sa lupaing pagano ay inihalintulad ng propeta sa mga bandilang itinaas para sa patnubay noong mga naghahanap ng liwanag ng katotohanan.

"Sa araw na yaon," sabi ni Isaias, "na ang angkan ni Isai, na tumatayong pinakawatawat ng mga bayan, hahanapin ng mga bansa; at ang kanyang pahingahang dako ay magiging maluwalhati. At mangyayari sa araw na yaon, na ilalapag ng Panginoon uli ang
[311] Kanyang kamay na ikalawa upang mabawi ang nalabi sa Kanyang bayan.... At Siya'y maglalagay ng pinakawatawat sa mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel, at pipisanin ang mga nangalat ng Juda mula sa apat na sulok ng lupa." Isaias 11:10-12.

Ang araw ng pagliligtas ay narito na. "Ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa, upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa Kanya." 2 Cronica 16:9. Sa mga bansa, mga lipi, at mga wika, nakikita Niya ang mga lalaki at mga babae na nananalangin para sa liwanag at kaalaman. Ang mga kaluluwa nila ay di nasisiyahan: matagal nang sila ay kumakain ng abo. Tingnan ang Isaias 44:20. Ang kaaway ng lahat ng katuwiran ay isinaisantabi sila, at inalalayan silang parang bulag. Ngunit sila ay may taimtim na puso at nais matuto sa mabuting paraan. Bagaman na sa balon ng hedenismo, na walang pagkaalam sa nasusulat na utos ng Dios o ng tungkol sa Kanyang Anak na si Jesus, naipamalas nila sa maraming
[312] pamamaraan ang paggawa ng banal na kapangyanhan sa isipan at likas.

Kung minsan silang walang pagkakilala sa Dios bukod sa mula doon ay tumanggap sa ilalim ng mga paggawa ng banal na biyaya ay naging mabuti sa Kanyang mga lingkod, na ipinagsasanggalang sila kahit na katumbas ng kanilang sariling mga buhay. Itinatanim ng Banal na Espiritu ang biyaya ni Kristo sa puso ng maraming ka-

galanggalang na naghahanap ng katotohanan, ginigising sa kanyang simpatiya na kaiba sa kanyang likas, kaiba sa kanyang nalalaman. Ang "Ilaw na lumiliwanag sa bawat tao, na pumaparito sa sanlibutan" (Juan 1:9), ay sumisinag sa kanyang kaluiuwa; at ang Ilaw na ito, kapag inunawa, ay papatnubay sa kanyang landas tungo sa kaharian ng Dios. Ang propeta Mlikas ay nagwika: "Pagka ako'y naupo sa kadiliman, ang Panginoo'y magiging ilaw sa akin.... Kanyang ilalabas ako sa liwanag, at aking mamasdan ang Kanyang katuwiran." Mikas 7:8, 9.

Ang panukala ng Langit sa kaligtasan ay sapat na malawak upang yapusin ang buong mundo. Nananabik ang Dios na hingahan ng hininga ng buhay ang sangkatauhang nakayupapa. At hindi Niya pahihintulutang mabigo ang kahit na sinong tapat na kaluiuwa na nagnanasa ng bagay na mas mataas at kagalang-galang na higit sa anumang maiaalok ng sanlibutan. Patuloy na isinusugo Niya ang Kanyang mga anghel sa kanilang, samantalang napapalibutan ng mga pangyayaring nakapanlulupaypay, gayunman ay nananalangin sa pananampalataya para sa kapangyanhang higit sa kanilang mga sarili na mag-aangkin sa kanila at magdadala ng kaligtasan at kapayapaan. Sa iba't ibang mga paraan ang Dios ay maghahayag ng Kanyang sarili sa kanila at maglalagay sa kanila sa mga pagpapala na magpapatatag ng kanilang pagtitiwala sa Isa na nagkaloob ng Kanyang sarili bilang pantubos para sa lahat, "upang kanilang mailagak ang kanilang pag-asa sa Dios, at huwag kalimutan ang mga gawa ng Dios, kundi ingatan ang Kanyang mga utos." Awit 78:7.

"Makukuha baga ang huli sa makapangyarihan, o maliligtas ang mga talagang nabihag?" "Ngunit ganito ang sabi ng Panginoon, Pad ng mga bihag ng makapangyanhan ay kukunin, at ang huli ng kakilakilabot ay maliligtas." Isaias 49:24, 25. "Sila'y mangapapahiyang mainam, na nagsisitiwala sa mga larawang inanyuan, na nangagsasabi sa mga larawang binubo, Kayo'y aming mga diyos." Awit 42:17.

"Maginhawa ang may pinaka saklolo sa Dios ni Jacob, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios!" Awit 146:5. "Mangagbalik kayo sa katibayan, kayong mga bilanggo na may pag-asa!" Zacarias [313] 9:12. Sa lahat ng nasa lupaing pagano na tapat ang puso—"sa matuwid" sa paningin ng Langit—"ay bumabangon ang liwanag sa

kadiliman." Awit 112:4. Sinabi ng Dios: "At Aking dadalhin ang bulag sa daan na hindi nila nalalaman; sa mga landas na hindi nila nalalaman ay papatnubayan Ko sila; Aking gagawing kadiliman ang liwanag sa harap nila, at mga likong daan ang matuwid. Ang mga bagay na ito ay Aking gagawin, at hindi Ko kalilimutan sila." Isaias
[314] 42:16.

# SEKSYON IV—PAMBANSANG KAGANTIHAN

[315]

*“Sasawayin kita ng kahatulan, at walang pagsalang bindi kita irwan na walang parusa. ”*

Jeremias 30:11

[316]

# Kabanata 32—Manases at Josias

Ang kaharian ng Juda, na masagana sa buong kapanahunan ni Ezechias, ay muli pang bumaba sa mahabang taon ng masamang paghahari ni Manases, nang ang paganismo ay muling binuhay, at marami sa bayan ay naakay sa idolatriya. "At iniligaw ni Manases ang Juda at ang mga taga Jerusalem, na anupa't sila'y nagsigawa ng higit na sama kaysa ginawa ng mga bansang nilipol ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel." 2 Cronica 33:9. Ang maluwalhating liwanag ng mga sinundang saling lahi ay nasundan ng kadiliman ng pamahiin at kamalian. Malaganap na kasamaan ay lumitaw at yumabong—ang pagmamalupit, pang-aapi, pagkamuhi sa lahat ng mabuti. Ang katuwiran ay pinilipit; ang karahasan ay namayani.

Gayunman ang panahon ng kasamaang iyon ay hindi nawalan ng mga saksi para sa Dios at sa matuwid. Ang sumusubok na mga karanasang nadanas sa panahon ni Ezechias ay nabuo sa puso ng marami, ng katatagan ng likas na ngayon ay nagsilbing tanggulan laban sa namamayaning kasamaan. Ang patotoo nila para sa katotohanan at katuwiran ay nagpainit ng galit ni Manases at kanyang mga kasama sa otoridad, na nagsisikap itatag ang mga sarili sa paggatwa ng kasamaan sa pamamagitan ng pagpapatahimik sa bawat tinig na di kaayon. "Bukod dito'y nagbubong mainam si Manases ng dugong walang sala, hanggang sa kanyang napuno ang Jerusalem mula sa isang dulo hanggang sa kabila." 2 Hari 21:16.

Isa sa mga unang bumagsak ay si Isaias, na sa loob ng mahigit sa limampung taon ay tumayo sa harapan ng Juda bilang kinatawan ni Jehova. "At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman: sila'y pinagbabato, pinaglalagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabakj sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing; na mga salat, nangapipighad, tinatampalasan; (na sa mga yaon ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan:) na nangaliligaw
[317] sa mga ilang, at sa mga kabundukan, at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa." Hebreo 11:36-38.

Ang ilan sa mga nagdanas ng pag-uusig sa paghahari ni Manases ay naatasang magdala ng tanging mga pabalita ng sansala at ng paghatol. Ang hari ng Juda, ang mga propeta ay nagsabi "gumawa ng kasamaan na higit...na una sa kanya." Dahil sa kasamaang ito, ang kanyang kaharian ay napapalapit sa isang krisis; di maglalaon ang mga nakatira sa lugar na yaon ay madadalang bihag sa Babilonia, na maging "bihag at samsam sa lahat nilang kaaway." 2 Han 21:11, 14. Datapuwat ang Panginoon ay di lubusang tatalikod sa kanila kahit na sa ibang lupain kung kikilalanin Siya bilang kanilang Hari; maaaring magdanas sila ng dakilang kahirapan, gayunman ay ipagkakaloob Niya sa kanila ang pagliligtas sa Kanyang takdang panahon at paraan. Silang maglalagak ng pagtitiwala sa Kanya ay makasusumpong ng tiyak na tanggulan.

May katapatang nagpatuloy ang mga propeta sa kanilang mga babala at kanilang mga payo; walang takot na sinabihan nila si Manases at ang Kanyang bayan; datapuwat ang mga pabalita ay inismiran lamang; ang tumatalikod na Juda ay ayaw makinig. Bilang pauna ng parusang tatanggapin ng bayan kung patuloy silang di magsisisi, ipinahintulot ng Panginoon na ang kanilang hari ay mabihag ng isang pulutong ng mga kawal Asyrio, na "may tanikala, at ginapos siya ng mga damal, at nagdala sa kanya sa Babilonia," ang pansamantalang kabisera. Ang kapighatiang ito ang nagdala sa hari sa kanyang katinuan; "siya'y dumalangin sa Panginoon niyang Dios, at nagpakumbabang mainam sa harap ng Dios ng kanyang mga magulang, at dumalangin sa Kanya: at siya'y dininig, at pinakinggan ang kanyang pamanhik, at ibinalik siya sa Jerusalem sa kanyang kaharian. Nang magkagayo ',y nakilala ni Manases na ang Panginoon ay Siyang Dios." 2 Cronica 33:11-13. Datapuwat ang pagsisising ito, bagama't katangi-tangi ay huli na upang mailigtas ang kaharian mula sa mga nagpapasamang impluwensya ng mga taon ng gawaing idolatriya. Marami ang nadapa at nahulog, na hindi na muling bumangon.

Kabilang doon na ang kanilang karanasan sa buhay ay lubusang nahubog ng nakamamatay na pagtalikod ni Manases, ay ang sariling anak, na sa edad na dalawampu't-dalawang taon ay umakyat sa trono. Kay Haring Amon ay nasusulat: "Siya'y lumakad ng buong lakad na inilakad ng kanyang ama, at naglingkod sa mga diyus- [318]
diyusan na pinaglingkuran ng kanyang ama, at sinamba niya ang

mga yaon: at binayaan ang Panginoon, ang Dios ng kanyang mga magulang" (2 Hari 21:21, 22); "siya'y hindi nagpakumbaba sa harap ng Panginoon, na gaya ng pagpapakumbaba ni Manases na kanyang ama; kundi ang Amon ding ito ay siyang sumalangsang ng higit at higit." Ang masamang hari ay hindi pinahintulutang maghari ng matagal. Sa gitna ng kanyang walang takot sa kasamaan, dalawang taon lamang mula ng malukluk sa trono, siya'y napatay sa palasyo ng kanyang sariling mga lingkod; at "ginawang hari ng bayan ng lupain si Josias na kanyang anak na kahalili niya." 2 Cronica 33:23, 25.

Sa pag-upo ni Josias sa trono, na kung saan siya ay maghahari sa loob ng tadumpu't-isang taon, ang mga nag-ingat ng kadalisayan ng kanilang pananampalataya ay nagsimulang umasa na ang pabulusok na landas ng kaharian ay mapipigil; sapagkat ang bagong hari, gayong walong taong gulang lamang, ay takot sa Dios, at mula pa sa pasimula "siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad sa buong lakad ni David na kanyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa." 2 Hari 22:2. Ipinanganak ng masamang hari, nakaharap sa mga tuksong sundin ang yapak ng ama, at may iilang tagapayo na magmumungkahi ng tamang landas, gayunman si Josias ay tapat sa Dios ng Israel. Nababalaan ng mga kamalian ng nakaraang mga saling lahi, pinili niyang gumawa ng matuwid, sa halip na pumaibaba sa antas ng kasalanan at kawalan ng kahihiyang kinahulugan ng kanyang ama at kanyang lolo. "Hindi siya bumaling sa kanan o sa kaliwa man." Bilang isang nasa posisyon ng pagkakatiwala, nagpasya siyang sundin ang mga tagubilin na ibinigay para sa patnubay ng mga pangulo ng Israel, at ang pagsunod niya ay naging posible para sa Dios na gamitin siya bilang sisidlang ikararangal.

Sa panahong nagsimulang maghari si Josias, at sa maraming taon bago nito, ang tunay na Judiong tapat ang puso ay nagtatanong na kung ang mga pangako ng Dios sa matandang Israel ay matutupad nga. Sa isipan ng tao ay parang imposibleng matupad ang mga banal na adhikain ng Dios para sa bayang pinili. Ang pagtalikod ng mga nakaraang daang taon ay lumakas pa sa paglakad ng mga taon; ang sampung tribo ay nangalat sa mga pagano; tanging ang mga tribo ng Juda at Benjamin ang nalabi, at kahit na ngayon ay nasa
[319] bingit na rin ng moral at pambansang pagkawasak. Ang mga propeta

ay nagsimulang magpropesiya tungkol sa pagkawasak ng kanilang magandang siyudad, na doon nakatayo ang templong ginawa ni Solomon, at doon lahat ng kanilang mga makalupang pag-asa ng pambansang kadakilaan ay nakasentro. Maaari kaya na ang Dios ay tatalikod na sa Kanyang inaaming adhikaing magdadala ng kaligtasan sa kanilang maglalagak ng pagtitiwala sa Kanya? Sa harap ng patuloy na mahabang pag-uusig sa mga matuwid, at nakikitang kasaganaan ng masama, maaari kaya na silang mga nanatiling tapat sa Dios ay umasa ng lalong mabuting mga panahon?

Ang nakakasakit na mga katanungang ito ay naibulalas ni propeta Habacuc. Minamasdan ang kalagayan ng mga tapat sa kanyang kapanahunan, ibinulalas niya ang pasanin ng kanyang puso sa pag- [320]
uusisa: "Oh Panginoon, hanggang kailan dadaing ako, at hindi Mo didinggin! ako'y dadaing sa Iyo dahil sa pangdadahas, at hindi Ka magliligtas! Bakit pinagpapakitaan Mo ako ng kasamaan, at Iyong pinamamasdan ang kasamaan? sapagkat ang kasiraan at pangdadahas ay nasa harap ko: at may pakikipag-alit at pagtatalong bumabangon. Kaya't ang kautusan ay natitigil, at ang katarungan ay hindi lumalabas kailanman: sapagkat kinukulong ng masama ang matuwid; kaya't ang kahatulan ay lumalabas na liko." Habacuc 1:2-4.

Tinugon ng Dios ang daing ng Kanyang mga tapat na anak. Sa pamamagitan ng Kanyang piling tagapagsalita inihayag Niya ang Kanyang kapasyahang magdala ng parusa sa mga bansang tumalikod sa Kanya upang maglingkod sa mga diyos ng pagano. Kahit na sa panahon nilang nagtatanong tungkol sa hinaharap, mahimalang huhubugin Niya ang mga gawa ng mga bansang naghahari sa lupa at dadalhin ang Babilonia sa paghahari. Ang mga Caldeong ito, "mabagsik at nakakatakot," ay biglang raragasa sa lupain ng Juda bilang sumpang sugo ng langit. Talatang 7. Ang mga prinsipe ng Juda at ang pinakamainam sa bayan ay madadalang bihag sa Babilonia; ang mga siyudad ng Juda at mga bayan at mga bukirin ay matitiwangwang; walang maliligtas.

Tiwala na kahit na ang nakakatakot na hatol na ito ang layunin ng Dios para sa Kanyang bayan ay maaaring maganap sa ibang paraan, si Habacuc ay yumuko na may pagpapasakop sa nahayag na kalooban ni Jehova. "Di baga Ikaw ay mula sa walang hanggan, Oh Panginoon kong Dios, aking Banal?" kanyang ipinahayag. At

pagkatapos, ang kanyang pananampalataya na umaabot sa kabila ng nananakot na pangitain ng malapit na hinaharap, at mabilis na kakapit sa mahahalagang mga pangako na naghahayag ng pag-ibig ng Dios para sa Kanyang nagtitiwalang mga anak, idinagdag ng propeta, "Hindi kami mangamamatay." Talatang 12. Sa paghahayag na ito ng pananampalataya ay isinuko niya ang kanyang usapin, at ng bawat mananampalatayang Israelita sa mga kamay ng mahabaging Dios.

Hindi lamang ito ang karanasan ni Habacuc sa pagsasanay ng matibay na pananampalataya. Sa isang okasyon, noong nagmumunimuni tungkol sa hinaharap, kanyang sinabi, "Ako'y tatayo sa aking bantayan, at lalagay ako sa moog, at tatanaw upang maalaman ko kung ano ang Kanyang sasalitain sa akin." Mabiyayang sumagot ang Panginoon sa kanya: "Isulat mo ang pangitain, at iukit mo na
[321] malinaw sa mga tapyas na bato, upang makatakbo ang bumabasa niyaon. Sapagkat ang pangitain ay sa panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat, ay hintayin mo; sapagkat walang pagsalang daradng hindi magtatagal. Narito, ang kanyang kaluluwa ay nagpapalalo, hindi tapat sa kanya: ngunit ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya." Habacuc 2:1-4.

Ang pananampalatayang nagpalakas kay Habacuc at sa mga banal at sa matuwid sa mga araw na iyon ng dakilang pagsubok ay siya ring pananampalatayang nagpapanatili sa bayan ng Dios ngayon. Sa pinakamadidilim na oras, sa mga pangyayaring hindi kanaisnais, ang mananampalatayang Kristiano ay maaaring maglagak ng kanyang sarili sa bukal ng lahat na liwanag at kapangyarihan. Sa bawat araw, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dios, ang kanyang pag-asa at tapang ay mananariwa. "Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya." Sa paglilingkod sa Dios ay hindi kailangan ang kawalan ng pag-asa, ng pag-aalinlangan, ng takot. Tutuparin ng Panginoon nang higit ang pinakamataas na inaasahan nilang naglagay ng kanilang tiwala sa Kanya. Ipagkakaloob Niya ang karunungang kailangan sa mga iba't ibang bagay.

Sa masaganang pagpapalang nagawa para sa bawat natuksong kaluluwa, si apostol Pablo ay naghayag ng patotoo. Sa kanya ay ibinibigay ang kasiguruhan ng langit, "Ang Aking biyava ay sapat para sa iyo: sapagkat ang Aking kalakasan ay ginagawang sakdal sa

kahinaan." Sa pagpapasalamat at pagtitiwala ang subok na lingkod ng Dios ay tumugon: "Ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan, kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan, upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan m Kristo. Kaya ng ako'y nagagalak sa mga kahinaan, sa mga pagkaapi, sa mga pangangailangan, sa mga pagkakausig, sa mga paghihinagpis dahil kay Kristo: sapagkat pagka ako'y mahina, ako nga'y malakas." 2 Corinto 12:9, 10.

Dapat nating mahalin at bungkalin ang pananampalatayang dito ay nagpatotoo ang mga propeta at mga apostol—ang pananampalatayang nanghahawakan sa mga pangako ng Dios at naghihintay ng pagliligtas sa Kanyang takdang panahon at paraan. Ang tiyak na salita ng propesiya ay matutupad sa wakas sa maluwalhating pagdating ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo, bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Ang panahon [322] ng paghihintay ay maaaring nagtatagal, ang kaluluwa ay maaaring mabigatan ng mga nakapanglulupaypay na pangyayari, marami sa kanilang pinagkatiwalaan ay bumagsak; datapuwat kasama ng propetang nagsikap na pasiglahin ang Juda sa panahon ng di mapantayang pagtalikod, may pagtitiwalang ihayag natin, "Ngunit ang Panginoo'y nasa Kanyang banal na templo: tumahimik ang buong lupa sa harap Niya." Habacuc 2:20. Lagi nating alalahanin ang nagpapasiglang pabalita, "Sapagkat ang pangitain ay sa panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat ay hintayin mo; sapagkat walang pagsalang darating, hindi magtatagal.... Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya." Talatang 3, 4.

"Oh Panginoon, buhayin Mo ang Iyong gawa sa gitna ng mga taon,
Sa gitna ng mga taon ay Iyong ipabatid;
Sa kapootan ay alalahanin Mo ang kaawaan.

"Ang Dios ay nanggaling mula sa Teman,
At ang Banal ay mula sa Bundok ng Paran.
Ang Kanyang kaluwalhatia'y tumakip sa langit,
At ang lupa'y napuno ng Kanyang kapunhan.
At ang Kanyang ningning ay parang liwanag;

Siya'y may mga sinag na nagbubuhat sa Kanyang kamay:
At doo'y nakukubli ang Kanyang kapangyarihan.
Sa unahan Niya'y nagpapauna ang salot.
At nagmmngas na baga ang lumalabas sa Kanyang mga paa.
Siya'y tumayo, at sinuka ang lupa:
Siya'y tumingin, at pinaghiwalay ang mga bansa;
At ang mga walang hanggang bundok ay nangalat,
Ang mga burol na walang hanggan ay nagsiyukod:
Ang Kanyang mga lakad ay gaya noong araw."

"Ikaw ay lumabas sa ikaliligtas ng Iyong bayan,
Sa ikaliligtas ng Iyong pinahiran ng langis."

"Sapagkat bagama't ang puno ng igos ay hindi namumulaklak,
Ni magkakaroon man ng bunga sa mga puno ng ubas;
Ang bunga ng olivo ay maglilikat,
At ang mga bulad ay hindi magbibigay ng pagkain;
Ang kawan ay mahihiwalay sa kulungan,
At hindi na magkakaroon ng bakahan sa mga silungan:
Gayon ma',y magagalaka ko sa Panginoon,

[323]

Ako'y magagalak sa Dios ng aking kaligtasan.
Si Jehova, na Panginoon, Siyang aking lakas."

Habacuc 3:2-6, 13, 17-19.

Si Habacuc ay hindi lamang nag-iisa na sa pamamagitan niya ay binigyan ng maliwanag na mensahe ng pag-asa at ng darating na tagumpay gayun din ng kasalukuyang hatol. Sa panahon ng paghahari ni Josias ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zefanias, na nagtitiyak na malinaw sa mga bunga ng patuloy na pagtalikod, at tinatawagan ng pansin ang tunay na iglesia sa maluwalhating tanawin sa dako pa roon. Ang mga propesiya niya ng darating na hatol sa Juda ay angkop at may kapantay na puwersa sa mga hatol na igagawad sa sanlibutang di magsisisi hanggang sa oras ng ikalawang pagparito ni Kristo:

"Ang dakilang kaarawan ng Panginoon ay malapit na,

At nagmamadaling mainam,
Sa makatuwid baga',y ang tinig ng kaarawan ng Panginoon:
Ang makapangyarihang tao ay sumisigaw roon ng kalagim-lagim.

"Ang araw na yaon ay kaarawan ng kapootan,
Kaarawan ng kabagabagan at kahapisan,
Kaarawan ng kawakasan at kasiraan,
Kaarawan ng kadiliman at kalumbayan,

"Kaarawan ng mga alapaap at pagsasalimuot ng kadiliman,
Kaarawan ng pakakak at ng hudyatan
Laban sa mga bayang nakukutaan,
At laban sa mataas na kuta."

Zefanias 1:14-16.

"At Aking dadalhan ng kahapisan ang mga tao, na sila'y magsisilakad na parang mga bulag, sapagkat sila'y nangagkasala laban sa Panginoon: at ang kanilang dugo ay mabububo na parang alabok.... Kahit ang kanilang pilak o ang kanilang ginto man ay hindi makapagliligtas sa kanila sa kaarawan ng kapootan ng Panginoon; kundi ang buong lupain ay masusupok sa pamamagitan ng apoy ng Kanyang paninibugho: sapagkat wawakasan Niya, oo, isang kakilakilabot na wakas, nilang lahat na nagsisitahan sa lupain." Talatang 17, 18.

"Kayo'y magpipisan, oo, magpipisan,
Oh bansang walang kahihiyan; [324]

Bago ang pasya'y lumabas,
Bago dumaang parang dayami ang kaarawan,
Bago dumating sa inyo ang mabangis na galit ng Panginoon,
Bago dumating sa inyo ang kaarawan ng galit ng Panginoon.

"Hanapin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na maamo sa lupa,
Na nagsigawa ng ayon sa Kanyang kahatulan;

Hanapin ninyo ang katuwiran,
Hanapin ninyo ang kaamuan:
Kaypala ay malilingid kayo Sa kaarawan ng galit ng Panginoon."

Zefanias 2:1-3.

"Narito, sa panahong yao'y Aking parurusahan ang lahat na mga dumadalamhati sa iyo: at Aking ililigtas ang napipilay, at Aking pipisanin ang pinalayas; at Aking gagawin silang kapurihan at kabantugan, na ang kahihiyan nila ay napasa buong lupa. Sa panahong yao',y Aking ipapasok kayo, at sa panahong yao',y Aking pipisanin kayo: sapagkat Aking gagawin kayong kabantugan at kapurihan sa gitna ng lahat ng mga bayan sa lupa, pagka Aking ibinalik kayo sa harap ng inyong mga mata mula sa inyong pagkabihag, sabi ng Panginoon." Zefanias 3:19, 20.

"Umawit ka, Oh anak na babae ng Sion; humiyaw ka, Oh Israel;
Ikaw ay matuwa at magalak ng buong puso,
Oh anak na babae ng Jerusalem.
Inalis ng Panginoon ang mga kahatulan sa iyo,
Kanyang iniwaksi ang iyong kaaway:
Ang Hari sa Israel, samakatuwid baga'y ang Panginoon,
Ay nasa gitna mo:
Hindi ka na matatakot pa sa kasamaan.

"Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem, Huwag kang matakot:
Oh Sion, huwag manghina ang iyong mga kamay.
Ang Panginoon mong Dios ay nasa gitna mo
Na makapangyarihan na magliligtas,
Siya'y magagalak dahil sa iyo na may kagalakan;
Siya'y magpapahinga sa Kanyang pag-ibig,
Siya'y magagalak sa iyo na may pag-awit."

Talatang 14-17.

[325]

## Kabanata 33—Ang Aklat ng Kautusan

Ang tahimik datapuwat makapangyarihang impluwensya na itinakda sa pagsasagawa ng mga pabalita ng mga propeta tungkol sa Pagkabihag sa Babilonia ay malaki ang nagawa sa paghahanda ng daan sa repormasyong naganap sa ikalabing-walong taong paghahari ni Josias. Ang kilusang repormang ito, na ang hatol ng Dios ay napigilang pansamantala, ay naisagawa sa paraang di inaasahan sa pamamagitan ng pagkatuklas at pag-aaral ng bahagi ng Banal na Kasulatan na sa loob ng maraming taon ay kakatuwang nalagay kung saan at nawala.

Halos isang daang taong makaraan, sa panahon ng unang Paskua na ipinagdiwang ni Ezechias, ang paglalaan ay para sa pang-arawaraw na pampublikong pagbasa ng aklat ng kautusan sa bayan ng mga saserdoteng tagapagturo. Ang pagtupad sa mga kautusang itinala ni Moises, lalo na yaong ibinigay sa aklat ng tipan, na bahagi ng Deuteronomio, ang nagbigay ng kasaganaan sa paghahari ni Ezechias. Datapuwat isinaisantabi ni Manases ang mga kautusang ito; at sa panahon ng paghahari niya ang sipi ng aklat ng kautusan para sa templo, dahilan sa kapabayaan, ay nawala. Kung kaya't sa loob ng maraming taon ang bayan ay nawalan ng pagtuturo nito.

Ang siping matagal nang nawala ay nasumpungan ni Hilkias sa templo, ang punong saserdote, samantalang ang gusali ay dumaranas ng malawakang pagsasaayos sang-ayon sa panukala ni Haring Josias na maingatan ang banal na gusali. Inabot ng punong saserdote ang mahalagang tomo kay Saphan, isang marunong na eskriba, na bumasa nito at dinala ito sa hari na taglay ang istorya ng pagkakatuklas nito.

Nakilos nang gayon si Josias nang mabasa niya sa unang pagkakataon ang mga payo at babalang nakatala sa matandang sulat na ito. Kailanman ay hindi niya nadamang lubos ang malinaw na inilahad ng Dios sa Israel ang "buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa" (Deuteronomio 30:19); at kung paanong paulit-ulit na sila ay pinayuhang piliin ang daan ng buhay, upang

[326] sila ay maging kapurihan sa lupa, isang pagpapala sa lahat ng mga bansa. Ipinayo ni Moises sa Israel, "Kayo'y magpakalakas at magpakatapang, huwag kayong matakot, ni mangilabot sa kanila," ang payo ni Moises sa Israel; "sapagkat ang Panginoon mong Dios ay Siyang yumayaong kasama mo; hindi ka Niya iiwan, ni pababayaan ka Niya." Deuteronomio 31:6.

Ang aklat ay sagana sa kasiguruhan ng pagiging handa ng Dios na magligtas nang lubusan sa kanilang maglalagak ng lubos na tiwala sa Kanya. Kung paanong gumawa Siya sa pagliligtas sa kanila mula sa pagkaalipin sa Egipto, gayon din Siya ay malakas na gagawa sa pagtatatag sa kanila sa Lupang Pangako at sa paglalagay sa kanila sa unahan ng mga bansa sa lupa.

Ang mga pampasiglang alok bilang gantimpala ng pagsunod ay sinamahan ng mga propesiya ng mga paghatol laban sa mga masuwayin at nang marinig ng hari ang mga kinasihang salita, nakilala niya sa larawang iniharap sa kanya, ang mga kundisyong katulad noong talagang namamayani sa kanyang kaharian. Kaugnay ng mga propesiyang ito ng paglalarawan ng paglayo mula sa Dios, nagulat na makapagsalita siya ng malinaw na tumutukoy na ang araw ng kalamudad ay mabilis na dumarating at walang magiging lunas. Ang wika ay malinaw; di mapagkakamalan ang kahulugan ng mga salita. Sa katapusan ng tomo, sa pagbubuod ng pakikitungo ng Dios sa Israel at paulit-ulit na mga pangyayari sa hinaharap, ang mga bagay na ito ay higit pang niliwanag. Sa pandinig ng buong Israel, inihayag ni Moises:

"Makinig kayo, mga langit, at ako'y magsasalita;
At pakinggan, ng lupa, ang mga salita ng aking bibig.
Ang aking aral ay papatak na parang ulan,
Ang aking salita ay bababa na parang hamog,
Gaya ng ambon sa malambot na damo,
At gaya ng mahinang ambon sa gugulayin:
Sapagkat aking ihahayag ang pangalan ng Panginoon:
Dakilain ninyo ang ating Dios.
Siya ang Bato, ang Kanyang gawa ay sakdal:
Sapagkat lahat Niyang daan ay kahatulan:

Isang Dios na tapat at walang kasamaan,
Matuwid at banal Siya."

Deuteronomio 32:1-4.

[327]

"Alalahanin mo ang mga araw ng una,
Isipin mo ang mga taon ng lahi't lahi:
Itanong mo sa iyong ama at kanyang ibabalita sa iyo;
Sa iyong mga matanda, at kanilang sasaysayin sa iyo.
Nang ibigay ng Kataastaasan sa mga bansa ang kanilang mana,
Nang Kanyang ihiwalay ang mga anak ng tao,
Kanyang inilagay ang mga hangganan ng mga bayan
Ayon sa bilang ng mga anak ni Israel.
Sapagkat ang bahagi ng Panginoon ay Kanyang bayan;
Si Jacob ang bahaging mana Niya.
Kanyang nasumpungan sa isang ilang sa lupain,
At sa kapanglawan ng isang umuungal na ilang;
Kanyang kinanlungan sa palibot, Kanyang nilingap,
Kanyang iningatang parang salamin ng Kanyang mata."

Talatang 7-10.

"Nang magkagayo'y kanyang pinabayaan ang Dios na lumalang sa kanya,
At niwalang kabuluhan ang Bato na kanyang kaligtasan.
Siya'y kinilos nila sa paninibugho sa ibang mga diyos.
Sa pamamagitan ng mga karumaldumal, mmungkahi nila
Siya sa kagalitan.
Kanilang inihain sa mga demonyo, na hindi Dios;
Sa mga diyos na hindi nila nakilala,
Sa mga bagong diyos, na kalilitaw pa lamang,
Na hindi kinatakutan ng inyong mga magulang.
Sa Batong nanganak sa iyo ay nagwalang bahala ka,
At iyong kinalimutan ang Dios na lumalang sa iyo.

"At nakita ng Panginoon, at kinayamutan sila,
Dahil sa pamumungkahi ng Kanyang mga anak na lalaki,

at babae.
At Kanyang sinabi, Aking ikukubli ang Aking mukha sa kanila,
Aking titingnan kung anong mangyayari sa kanilang wakas:
Sapagkat sila'y isang napakasamang lahi,
Na mga anak na walang pagtatapat.
Kinilos nila Ako sa paninibugho doon sa hindi Dios;
Kanilang minungkahi Ako sa galit sa kanilang mga walang kabuluhan:
At Akin silang kikilusin sa paninibugho sa mga hindi bayan;
Aking ipamumungkahi sila sa galit, sa pamamagitan ng isang mangmang na bansa."

"Aking dadaganan sila ng mga kasamaan;
Aking gugugulin ang Aking busog sa kanila.
Sila'y mangapupugnaw sa gutom, at lalamunin ng maningas

[328]

na init,
At ng mapait na pagkalipol."

"Sapagkat sila'y bansang salat sa payo,
At walang kaalaman sa kanila.
Oh kung sila'y mga pantas, na kanilang tinalastas ito,
Kung nababatid nila ang kanilang wakas!

Kung paanong hahabulin ng isa ang isang libo,
At ang dalawa'y magpapatakas sa sampung libo,
Malibang ipagbili sila ng kanilang bato,
At ibigay sila ng Panginoon?
Sapagkat ang kanilang bato ay hindi gaya ng ating Bato,
Kahit ang ating mga kaaway man ang maging mga hukom.

"Di ba ito'y natatago sa Akin,
Na natatatakan sa Aking mga kayamanan?
Ang panghihiganti ay Akin, at gayon din ang gantimpala;
Sa panahon na madudulas ang kanilang mga paa:

Sapagkat ang araw ng kanilang pagdadalita ay nalalapit,
At ang mga bagay na darating sa kanila ay mangagmamadali."

Talatang 15-21, 23, 24, 28-31, 34, 35.

Sa mga talatang ito at iba pang katulad ay inihayag kay Josias ang pag-ibig ng Dios para sa Kanyang bayan at ang pagkamuhi Niya sa kasalanan. Sa pagbasa ng hari sa mga propesiya ng mabilis na hatol sa kanilang pagpapatuloy sa rebelyon, nanginig siya para sa hinaharap. Ang kasamaan ng Juda ay naging dakila; ano na ang kalalabasan ng kanilang patuloy na pagtalikod?

Sa nakaraang mga taon ang hari ay di walang pakialam sa namamayaning idolatriya. "Sa ikawalong taon ng kanyang paghahari, samantalang siya'y bata pa," kanyang itinalaga ang kanyang sarili sa paglilingkod ng lubos sa Dios. Pagkaraan ng apat na taon, sa edad na dalawampu, sinikap niyang mabuti na alisin ang tukso mula sa kanyang nasasakupan sa "Juda at Jerusalem na inalis ang mga mataas na dako, at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo." "At kanilang ibinagsak ang mga dambana ng mga Baal sa kanyang harapan; at ang mga larawang araw, na nasa ibabaw nila, ay kanyang ibinagsak; at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo, ay kanyang pinagputul-putol at dinurog at isinabog sa mga libingan ng nangaghain sa kanila. At sinunog niya ang mga buto ng mga saserdote [329]
sa kanilang mga dambana, at nilinis ang Juda at ang Jerusalem." 2 Cronica 34:3-5.

Hindi pa nasiyahan sa masinop na paggawa sa lupain ng Juda, ang kabataang hari ay pinalawak ang mga pagsisikap hanggang sa mga bahagi ng Palestinang dating inukupahan ng sampung tribo ng Israel, na iilang nalabi na lamang ang natitira. "At gayon ang ginawa niya," ang mababasa sa tala, "sa mga bayan ng Manases, at Ephraim, at Simeon, hanggang sa Nepthali" Nang madaanan niya ang kahabaa't luwang ng mga natupok na tahanan, at "kanyang ibinagsak ang mga dambana at pinukpok ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan ay dinurog, at pinagputul-putol ang lahat na larawang araw sa buong lupain ng Israel," saka siya nagbalik sa Jerusalem. Talatang 6, 7.

Sa ganito si Josias, mula pa sa kanpng kabataan, na nagsikap na gawing bentahe ang kanyang katungkulan bilang hari na itaas ang mga prinsipyo ng banal na utos ng Dios. At ngayon, habang binabasa sa kanya ni Saphan na eskriba ang aklat ng kautusan, naunawaan ng hari sa tomong ito ang kapmanan ng kaalaman, isang makapangyarihang kasangkapan, sa gawaing reporma na labis niyang ninanais para makita ang gawa sa lupain. Ipinasiya niyang lumakad sa liwanag ng mga payo nito, at gawin din sa abot ng makakaya niya na ipaalam sa kanyang bayan ang mga turo nito at alalayan sila, kung maaari, na linangin ang paggalang at pag-ibig para sa kautusan ng langit.

Datapuwat posible ba na maisagawa ang kinakailangang reporma? Halos naabot na ng Israel ang hangganan ng banal na pagpapahinuhod; at di magtatagal ay tatayo ang Dios upang parusahan silang nagmantsa ng Kanyang pangalan. Nangyari na ang galit ng Panginoon ay nasindihan na laban sa Kanyang bayan. Napuno ng kalungkutan at kabiguan, hinapak ni Josias ang kanyang mga damit at yumukod sa Dios sa kalumbayan ng diwa, na humihingi ng patawad para sa mga kasalanan ng bayang hindi nagsisisi.

Sa panahong pon ang propetisang Hulda ay nakatira sa Jerusalem, malapit sa templo. Ang isipan ng hari na puno ng bagabag, ay natuon sa kanya, at nagpasyang magtanong tungkol sa Panginoon sa pamamagitan ng piling mensaherang ito na maalaman, kung maaari, kahit sa anong paraan na sakop ng kanyang kapangyarihan na mailigtas ang nagkakasalang Juda, na ngayon ay nasa bingit ng pagkawasak.

Ang bigat ng situwasyon at paggalang niya sa propetisa ang dahilan kung bakit pinili ng hari ang mga pangunahing lalaki sa
[330] kaharian upang maging mensahero niya. Inutos niya sa kanila, "Kayo'y magsiyaon, isangguni ninyo sa Panginoon ako, at ang bayan, at ang buong Juda, tungkol sa mga salita ng aklat na ito na nasumpungan: sapagkat hindi dininig ng ating mga magulang ang mga salita ng aklat na ito, na gawin ang ayon sa lahat na nasusulat tungkol sa atin." 2 Hari 22:13.

Sa pamamagitan ni Hulda ay ipinaabot ng Panginoon kay Josias na ang dumarating na hatol sa pagkawasak ng Jerusalem ay di na mapipigil. Kahit na ang bayan ngayon ay magpakababa sa harapan ng Dios, hindi na sila makakatakas pa sa kanilang kaparusa-

han. Gayon namanhid ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng masamang gawa, kung ang kahatulan ay di darating sa kanila, sila ay madali ring babalik sa katulad na makasalanang landas. "Saysayin ninyo sa lalaki na nagsugo sa inyo sa akin," pahayag ng propetisa, "Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, Ako'y mag- [331]
dadala ng kasamaan sa dakong ito, at sa mga tagarito, samakatuwid baga'y lahat na salita ng aklat na nabasa ng hari sa Juda: sapagkat kanilang pinabayaan Ako, at nagsunog ng kamangyan sa ibang mga diyos upang ipamungkahi nila Ako sa galit sa lahat ng gawa ng kanilang mga kamay; kaya't ang .Aking paginit ay mag-aalab sa dakong ito, at hindi mapapatay." Talatang 1517.

Ngunit dahilan sa ang hari ay nagpakababa sa Dios, ang Panginoon ay kikilalanin ang bilis ng kanyang paghingi ng patawad at habag. Ipinaabot sa kanya ang pabalita: "Sapagkat ang iyong puso ay malumanay, at ikaw ay nagpakababa sa harap ng Panginoon, nang iyong marinig ang Aking sinalita laban sa dakong ito, at laban sa mga tagarito, na sila'y magiging kagibaan at sumpa, at hinapak mo ang iyong kasuutan, at umiyak sa harap Ko; ay dininig naman kita, sabi ng Panginoon. Kaya't narito, ipipisan kita sa iyong mga magulang, at ikaw ay malalagay sa iyong libingan na payapa; at hindi makikita ng iyong mga mata ang lahat ng kasamaan na Aking dadalhin sa dakong ito." Talatang 19, 20.

Dapat ipaubaya ng hari sa Dios ang mga kaganapan sa hinaharap; hindi niya mababago ang walang hanggang mga utos ng Jehova. Datapuwat sa paghahayag ng mga ganting hatol sa Langit, hindi binabawi ng Panginoon ang mga pagkakataong magsisi at magreporma; at si Josias, sa pagkadama sa isipang ito ng Dios na ang kahatulan ay lagyang kahabagan, ay nagpasyang gawin ang lahat ng makayanan upang magsagawa ng mga kinakailangang reporma. Isinaayos niya kaagad ang isang malaking kapulungan, na dito ay inanyayahan ang mga matatanda at mahistrado ng Jerusalem at Juda, kasama nang mga karaniwang tao. Ang mga ito, kasama ang mga saserdote at mga Levita, kinatagpo ang hari sa korte ng templo.

Sa malaking kapulungang ito'y binasa ng hari ang "lahat na salita ng aklat ng tipan na nasumpungan sa bahay ng Panginoon." 2 Hari 23:2. Ang haring nagbasa ay lubos na naapektuhan, at inihayag niya ang kanyang mesahe ng may pakikiramay ng pusong sawi. Ang mga nangakinig sa kanya ay tunay na nakilos. Ang nasa loob

ng damdamin ng hari ay bakas sa kanyang mukha, ang kabanalan mismo ng mensahe, ang babala ng darating na paghatol—lahat ng ito'y may epekto, at marami ang lumapit upang makisama sa hari sa
[332] paghingi ng kapatawaran.

Ngayon ay nagpahayag si Josias sa kanilang may pinakamataas na katungkulan na makiisa sa bayan sa taimtim na pakikipagtipan sa Dios na makipagtulungan sa isa't isa sa pagsisikap na isagawa ang mga pinagpasyahang pagbabago. "Ang hari ay tumayo sa tabi ng haligi, at nakipagtipan sa harap ng Panginoon, at upang ingatan ang Kanyang mga utos, at ang Kanyang mga patotoo at ang Kanyang mga palatuntunan ng buong puso at ng buong kaluluwa, upang tuparin ang mga salita ng tipang ito na nasusulat sa aklat na ito." Ang tugon ay mas makababagbag damdamin kaysa sa inaasahan ng hari: "Ang buong bayan ay nanayo sa tipan." Talatang 3.

Sa repormasyong sumunod, binalingan ng hari ang pagwawasak ng lahat ng tanda ng idolatriyang nananatili pa. Matagal na ang ang mga naninirahan sa bayan ay sumusunod sa mga gawi ng mga lupaing nakapalibot sa pagyukod sa mga imaheng kahoy at bato, anupa't halos hindi kaya ng kapangyarihan ng tao na alisin ang bawat bahid ng mga kasamaang ito. Datapuwat nagtiyaga si Josias sa pagsisikap na linisin ang lupain. Matigas na hinarap niya ang idolatriya sa pagpaslang ng "lahat na saserdote sa mga mataas na dako;" "bukod dito'y sila na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga manghuhula, at ang mga terap, at ang mga diyus-diyusan, at ang lahat na karumaldumal na natanawan sa lupain ng Juda at sa Jerusalem, ay pinag-aalis ni Josias, upang kanyang matupad ang mga salita ng kautusan na nasusulat sa aklat na nasumpungan ni Hilkias na saserdote sa bahay ng Panginoon." Talatang 20, 24.

Sa panahon ng pagkahati ng kaharian, mga daang taong nauna, nang si Jeroboam na anak ni Nebat, sa matapang na paglaban sa Dios na pinaglingkuran ng Israel, ay nagsisikap na ilayo ang puso ng bayan palayo mula sa mga serbisyo sa templo sa Jerusalem tungo sa mga bagong porma ng pagsamba, nagtayo siya ng di itinalagang dambana sa Bethel. Sa pagtatalaga ng altar na ito, na marami sa mga panahong darating na magagayuma tungo sa mga idolatriyang gawain, may biglang lumitaw na lalaki ng Dios mula sa lupain ng Juda, na may salita ng sansala sa mga pamumusong na gawang ito. At siya'y "sumigaw laban sa dambana," at nagsabi:

"Oh dambana, dambana, ganito ang sabi ng Panginoon; Narito,
isang bata'y ipanganganak sa sambahayan ni David, na ang pangalan
ay Josias; at sa iyo'y ihahain ang mga saserdote ng mga mataas na [333]
dako na nagsisipagsunog ng kamangyan sa iyo, at mga buto ng mga [334]
tao ang kanilang susunugin sa iyo." 1 Hari 13:2. Ang pahayag na ito
ay sinamahan pa ng tanda na ang salita ay galing sa Panginoon. [335]

Tatlong daang taon ang lumipas. Sa panahon ng repormasyon na ginawa ni Josias, natagpuan ng hari ang kanyang sanli sa Bethel, sa lugar na kung saan nakatayo ang matandang altar. Ang propesiyang binabanggit maraming taong nauna, sa harap ni Jeroboam ay matutupad na literal ngayon.

" Ang dambana na nasa Bethel, at ang mataas na dako na ginawa ni Jeroboam na anak ni Nabat, na nakapagkasala sa Israel, samakatuwid baga'y ang dambanang yaon at ang mataas na dako ay kanyang ibinagsak, at kanyang sinunog ang mataas na dako at dinurog, at sinunog ang mga Asera.

"At pagpihit ni Josias, ay kanyang natanawan ang mga libingan na nangasa bundok, at siya'y nagsugo, at kinuha ang mga buto sa mga libingan, at sinunog sa dambana, at dinumhan, ayon sa salita ng Panginoon na itinanyag ng lalaki ng Dios, na siyang nagtanyag ng mga bagay na ito.

"Nang magkagayo'y kanyang sinabi, Anong monumento yaong aking nakikita? At isinaysay ng mga lalaki ng bayan sa kanya, Yao'y libingan ng lalaki ng Dios, na nanggaling sa Juda, at itinanyag ang mga bagay na ito na iyong ginawa laban sa dambana sa Bethel. At kanyang sinabi, Bayaan ninyo; huwag galawin ng sinuman ang mga buto niya. Sa gayo'y binayaan nila ang mga buto niya, na kasama ng mga buto ng propeta na nanggaling sa Samaria." 2 Hari 23:15-18.

Sa burol ng Olivet sa timog, katapat ng magandang templo ni Jehova sa Bundok ng Mona ay naroroon ang mga groto at imahen na inilagay ni Solomon upang bigyang kasiyahan ang kanyang mga asawang mananamba sa diyus-diyusan. Tingnan ang 1 Hari 11:6-8. Sa loob ng tatlong daang taon ang mga malaki't, depormadong mga imaheng ito ay nakatayo sa "Bundok ng Katitisuran," bilang tahimik na mga saksi sa pagtalikod ng pinakapantas na hari ng Israel. Ang mga ito, rin, ay inalis at winasak ni Josias.

Dinagdagan pa ng hari ang pagsisikap na itatag ang pananampalataya ng Juda sa Dios ng kanilang mga magulang sa pagdaraos

ng isang dakilang kapistahan ng Paskua, ayon sa mga paglalaang ginawa sa aklat ng kautusan. Paghahanda ay isinagawa noong mga
[336] nangangasiwa ng mga banal na paglilingkod, at sa dakilang araw ng kapistahan, mga paghahandog ay malayang isinagawa. "Tunay na hindi ipinagdiwang ang gayong Paskua mula sa mga araw ng mga hukom na naghukom sa Israel, o sa lahat ng mga araw man ng mga hari sa Israel, o ng mga han man sa Juda." 2 Hari 23:22. Datapuwat ang sigasig ni Josias, na tinatanggap naman ng Dios ay hindi makababawi sa mga kasalanan ng nakaraang mga lahi; o ang kabanalang ipinakita ng mga tagasunod ng hari ay makapagpapabago ng puso ng marami na matigas na tumangging tumalikod mula sa idolatriya tungo sa pagsamba sa tunay na Dios.

Mahigit sampung taon matapos ang pagdiriwang ng Paskua, ay nagpatuloy si Josias na maghari. Sa gulang na tadumpu't siyam ay namatay siya sa isang pakikidigma sa mga puwersa ng Egipto, "at nalibing sa mga libingan ng kanyang mga magulang." "At ang buong Juda at Jerusalem ay tumangis kay Josias. At tinaghuyan ni Jeremias si Josias: at ang lahat na mang-aawit na lalaki at babae ay nagsipanambitan tungkol kay Josias sa kanilang mga panaghoy hanggang sa araw na ito; at sila'y nagsigawa ng alintuntunin sa Israel: at, narito, nangasusulat sa mga panaghoy." 2 Cronica 35:24, 25. "At walang naging han na gaya na una sa kanya, na bumalik sa Panginoon ng buong puso niya, at ng buong kaluluwa niya, at ng buong kapangyarihan niya, ayon sa buong kautusan ni Moises; ni may bumangon mang sumunod sa kanya na gaya niya. Gayon ma'y hindi tinalikdan ng Panginoon ang bagsik ng Kanyang malaking pagiinit,...dahil sa lahat na pamumung-kahi na iminungkahi ni Manases sa Kanya." 2 Hari 23:25, 26. Mabilis na lumalapit ang panahong ang Jerusalem ay lubusang mawawasak at ang mga nananahan sa lupain ay dadalhing bihag sa Babilonia, upang doon ay matutuhan ang mga liksyong tinanggihan nilang matutuhan sa mga pagkakataong
[337] mainam.

## Kabanata 34—Si Jeremias

Kabilang sa mga umasa para sa permanenteng pagpapanibagong siglang pang-espirituwal bilang resulta ng repormasyon sa ilalim ni Josias ay si Jeremias, na tinawagan ng Dios upang maging propeta habang isang kabataan pa, sa ikalabing-tatlong taong paghahari ni Josias. Isang kaanib ng pagiging saserdoteng Levita, si Jeremias ay nasanay mula pagkabata para sa banal na paglilingkod. Sa mga masasayang taong yaon ng paghahanda hindi niya naisip na siya ay itinalaga mula pagsilang upang maging "propeta sa mga bansa;" at nang dumating ang panawagan ng langit, siya ay nabigla at sa pagkadama ng kawalang karapatan. "Ah, Panginoong Dios!" kanyang nasambit, "narito, hindi ako marunong magsalita: sapagkat ako'y bata." Jeremias 1:5, 6.

Sa kabataang Jeremias, nakita ng Dios ang isang magiging tapat sa kanyang katungkulan at tatayo para sa matuwid laban sa malaking oposisyon. Sa pagkabata ay napatunayang tapat siya; at ngayon siya ay dadanas ng kahirapan, bilang mabuting kawal ng krus. "Huwag mong sabihin, Ako'y bata," sinabi ng Panginoon sa Kanyang piling sugo; "sapagkat saan man kita susuguin ay paroroon ka, at anumang iutos Ko sa iyo ay sasalitain mo. Huwag kang matakot dahil sa kanila: sapagkat Ako'y sumasaiyo upang iligtas kita." "Ikaw nga'y magbigkis ng iyong mga balakang, at ikaw ay bumangon, at salitain mo sa kanila ang lahat na iniuutos Ko sa iyo: huwag kang manlupaypay sa kanila, baka ikaw ay panlupaypayin Ko sa harap nila. Sapagkat, narito, ginawa kita sa araw na ito, na nakukutaang bayan, at pinaka haliging bakal, at pinaka kutang tanso, laban sa buong lupain, laban sa mga hari sa Juda, laban sa mga prinsipe niyaon, laban sa mga saserdote niyaon, at laban sa bayan ng lupain. At sila'y magsisilaban sa iyo; ngunit hindi sila mangananaig laban sa iyo; sapagkat Ako'y sumasa iyo, sabi ng Panginoon, upang iligtas ka." Talatang 7, 8, 1719. [338]

Sa loob ng apatnapung taon si Jeremias ay tatayo sa harapan ng bansa bilang isang saksi sa katotohanan at katuwiran. Sa panahon

ng di mapapantayang pagtalikod siya ay magiging huwaran sa pamumuhay at likas sa pagsamba sa tunay na Dios lamang. Sa nakalulunos na pagkubkob sa Jerusalem siya ay magiging tagapagsalita ni Jehova. Ipopropesiya niya ang pagbagsak ng sambahayan ni David at ang pagkawasak ng magandang templo na itinayo ni Solomon. At kung mabilanggo dahilan sa kanyang matapang na pananalita, siya ay mangungusap pa ring malinaw laban sa mga kasalanan sa matataas na dako. Kinamuhian, tinanggihan ng tao, sa wakas ay mamamalas niya ang literal na katuparan ng sariling mga propesiya tungkol sa darating na pagkapahamak, at makakabahagi sa kalungkutan at pagkaaba na susunod sa pagkawasak ng siyudad.

Gayunman sa gitna ng pangkalahatang pagkawasak na mabilis na nagdaraan sa bansa, si Jeremias ay madalas na pahintulutang tumanaw sa kabila ng mga nakalulunos na pangyayaring pangkasalukuyan tungo sa mga maluwalhating tanawin ng hinaharap, na ang bayan ng Dios ay matutubos mula sa lupain ng kaaway at matatanim na muli sa Sion. Nakita niya ang panahong ang Panginoon ay muling pagtitibayin ang tipan sa kanila. "Ang kanilang kaluluwa ay magiging parang dinilig na halamanan; at hindi na sila mangamamanglaw pa sa anuman." Jeremias 31:12.

Tungkol sa pagkatawag sa kanya sa pagiging propeta, si Jeremias na rin ang sumulat: "Iniunat ng Panginoon ang Kanyang kamay, at hinipo ang aking bibig. At sinabi sa akin ng Panginoon, Narito, inilagay Ko ang Aking mga salita sa iyong bibig. Tingnan mo, Aking pinapagpupuno ka sa araw na ito sa mga bansa at sa mga kaharian, upang mag-alis, at magbagsak, at upang magsira, at magwasak, upang magtayo, at magtatag." Jeremias 1:9, 10.

Salamat sa Dios sa mga salitang, "pagtatayo, at pagtatanim." Sa mga salitang ito si Jeremias ay nabigyang kasiguruhan ng adhikain ng Dios upang magsauli at magpagaling. Matigas ang mga mensaheng dadalhin niya sa mga kasunod na taon. Mga propesiya ng mabilisang parusa ay walang takot na ipahahatid. Mula sa kapatagan ng Shinar ay "lalabasin ng kasamaan ang lahat ng nananahan sa lupain." "Aking sasalitain ang Aking mga kahatulan laban sa kanila," pahayag ng Panginoon, "tungkol sa lahat nilang kasamaan, sa kanilang nangagpabaya sa Akin." Talatang 14, 16. Gayunman
[339] ang mga mensaheng ito ng propeta ay may kasamang kasiguruhan

ng pagpapatawad sa lahat ng manunumbalik mula sa paggawa ng kasamaan.

Bilang matalinong tagapagtayo ng bahay, sa pasimula pa lamang ay pinasigla na ni Jeremias ang mga lalaki ng Juda na maglagay ng pundasyon ng kanilang espirituwal na buhay na malalim at malawak, sa pamamagitan ng lubusang pagsisisi. Matagal nang sila ay nagtatayo sa pamamagitan ng kahoy, dayami, at putik, na kay Jeremias na rin ay walang saysay. Ipinahayag niya "Tatawagin silang pilak na itinakwil, sapagkat itinakwil sila ng Panginoon." Jeremias 6:30. Ngayon sila ay pinasisiglang magsimulang magtayong may katalinuhan at ukol sa walang hanggan, na inilalagay sa isang tabi ang pagtalikod at kawalang pananampalataya, at sa pundasyon ay gumamit ng gintong lantay, ng pinong pilak, at mahahalagang bato—pananampalataya at pagsunod at mabubuting gawa—na siyang tinatanggap sa paningin ng banal na Dios.

Sa pamamagitan ni Jeremias ang salita ng Panginoon sa Kanyang bayan ay: "Ikaw ay manumbalik, ikaw na tumatalikod na Israel,...hindi Ako titinging may galit sa inyo: sapagkat Ako'y maawain, sabi ng Panginoon, hindi Ako mag-iingat ng galit magpakailan man. Kilalanin mo lamang ang iyong kasamaan, na ikaw ay sumalansang sa Panginoon mong Dios.... Kayo'y manumbalik, Oh tumatalikod na mga anak, sabi ng Panginoon; sapagkat Ako'y asawa ninyo." "Inyong tatawagin Ako, Ama ko; at hindi ka na hihiwalay pa ng pagsunod sa Akin." "Kayo'y manunumbalik, kayong nagsisitalikod na mga anak, Aking pagagalingin ang inyong mga pagtalikod." Jeremias 3:12-14, 19,22.

At karagdagan sa ganitong mga kahanga-hangang pagsamo, nagbigay ang Panginoon ng mga salitang marahil ay makakapanumbalik sa kanila sa Kanya. Kanilang sasabihin: "Narito, kami ay nagsiparito sa Iyo; sapagkat Ikaw ay Panginoon naming Dios. Tunay na walang kabuluhan ang tulong na maasahan sa mga burol, ang kagulo sa mga bundok: tunay na nasa Panginoon naming Dios ang kaligtasan ng Israel.... Tayo'y magsihiga sa ating kahihiyan, at takpan tayo ng ating kalituhan: sapagkat tayo'y nangagkasala laban sa Panginoon nating Dios, tayo at ang ating mga magulang, mula sa ating kabataan hanggang sa araw na ito, at hindi tayo nakinig sa tinig ng Panginoon nating Dios." Talatang 22-25.

Ang repormasyon sa ilalim ni Josias ay naglinis sa lupain ng mga dambana ng pagsamba sa mga diyos, ngunit ang mga puso
[340] ng karamihan ay di pa nabago. Ang mga binhi ng katotohanan na tumubo at binigyang pangako ng masaganang pag-aani ay nasakal ng mga tinik. Isa pang pagtalikod ay magiging kasawian; at sinikap ng Panginoong gisingin ang bansa sa pagkadama ng kanilang panganib. Tanging kung magiging tapat sila kay Jehova na sila ay makaaasa sa pabor ng langit at sa kasaganaan.

Paulit-ulit na tinawagan sila ni Jeremias sa mga payong ibinigay sa Deuteronomio. Higit sa kaninumang mga propeta ay idiniin niya ang mga turo ng batas ni Moises at ipinakita kung paanong ito ay maaaring maghatid sa pinakamataas na pagpapalang espirituwal sa bansa at sa bawat puso. "Ipagtanong ninyo ang mga dating landas, kung saan nandoon ang mabuting daan; at magsilakad kayo roon," ang kanyang samo, "at kayo'y mangakasusumpong ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa." Jeremias 6:16.

Sa isang pagkakataon, sa utos ng Panginoon, ang propeta ay tumayo sa isang pangunahing pasukan sa siyudad at doon ay nanawagan sa kahalagahan ng pangingilin ng Sabbath bilang banal na araw. Ang mga nananahan sa Jerusalem ay nasa panganib na mawalan ng pananaw sa kabanalan ng Sabbath, at sila ay mapayapang binalaan laban sa pagsunod sa kanilang mga sekular na gawain sa araw na iyon. Isang pagpapala ang ibinigay ayon sa pagiging masunurin. "Kung kayo'y mangakinig na maingat sa Akin," sabi ng Panginoon, at "ipangilin ang araw ng Sabbath, upang huwag gawan ng anumang gawain; kung magkagayo'y magsisipasok sa mga pintuan ng bayang ito ang mga hari at mga prinsipe na nanga-uupo sa luklukan ni David, na nangakakaro at nangakakabayo, sila at ang kanilang mga pangulo, ang mga lalaki ng Juda, at ang mga taga Jerusalem: at ang bayang ito ay mananatili magpakailanman." Jeremias 17:24, 25.

Ang pangakong ito ng kasaganaan bilang pabuya ng katapatan ay sinamahan ng propesiya ng nakalulunos na hatol na babagsak sa siyudad kung ang mga tumatahan dito ay hindi magtatapat sa Dios at sa Kanyang utos. Kung ang mga payo upang sundin ang Panginoong Dios ng kanilang mga magulang at banalain ang Kanyang araw ng Sabbath ay hindi pakikinggan, ang siyudad at mga palasyo dito ay lubusang mawawasak sa apoy.

Sa ganito ay matatag na tumayo ang propeta sa mga simulain ng matuwid na pamumuhay na malinaw na inihanay sa aklat ng kautusan. Ngunit kung gayon ang mga kalagayang namamayani sa lupain ng Juda na sa pamamagitan lamang ng tiyak na hakbangin na [341] ang pagbabago para sa ikabubuti ay maisasagawa; kung kaya't higit siyang gumawang may sigasig para sa mga hindi nagsisisi. "Inyong bungkalin ang inyong pinabayaang bukiran," kanyang samo, "at huwag kayong maghasik sa gitna ng mga tinik." "Oh Jerusalem, hugasan mo ang iyong puso sa kasamaan, upang ikaw ay maligtas." Jeremias 4:3,14.

Datapuwat sa maraming bilang ng tao ang panawagan sa pagsisisi at pagbabago ay hindi pinakinggan. Mula sa kamatayan ng mabuting haring Josias, silang namumuno sa bayan ay hindi naging tapat sa kanilang tungkulin at umaakay sa marami sa pagkaligaw. Si Joachaz, na naalis sa pakikialam ng hari ng Egipto, ay sinundan ni Joacim, mas matandang anak ni Josias. Sa pasimula pa ng paghahari ni Joacim, ay di gaanong umaasa si Jeremias sa kaligtasan ng kanyang mahal na lupain sa pagkawasak at ang bayan sa pagkabihag. Gayunman ay hindi siya tumahimik samantalang ang lubos na pagkawasak ay nakabanta sa kaharian. Silang nananatiling tapat sa Dios ay dapat mapasiglang magpatuloy sa mabubuting gawa, at ang makasalanan ay kinakailangan, kung maaari, na mahikayat na tumalikod mula sa pagkakasala.

Ang krisis ay nangangailangan ng hayagan at malawakang pagsisikap. Si Jeremias ay inatasan ng Panginoon na tumayo sa korte ng templo at magsalita sa mga taga Juda na maaaring dumaan papasok at palabas. Sa mga pabalitang ibinigay sa kanya ay di siya dapat magbawas ng isa mang salita, upang ang mga makasalanan sa Sion ay magkaroon ng buong pagkakataong makadinig at tumalikod sa kanilang masasamang gawa.

Sumunod ang propeta; tumayo siya sa pintuan ng bahay ng Panginoon at doon ay ibinigay ang babala at pagsamo sa malakas na tinig. Sa ilalim na pagkasi ng Kataastaasan, siya ay nagpahayag:

"Inyong dinggin ang salita ng Panginoon, ninyong lahat na nasa Juda, na nagsisipasok sa mga pintuang-daang ito upang magsisamba sa Panginoon. Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Inyong pagbutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa, at Akin kayong patatahanin sa dakong ito. Huwag

kayong magsitiwala sa mga kabulaanang salita, na nangagsasabi, Ang templo ng Panginoon, Ang templo ng Panginoon, Ang templo ng Panginoon, ay ang mga ito. Sapagkat kung inyong lubos na
[342] pagbubutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa; kung kayo'y lubos na magsisigawa ng kahatulan sa isang tao at sa kanyang kapwa; kundi hindi ninyo pipighatiin ang makikipamayan, ang ulila, at ang babaeng balo, at hindi kayo magbububo ng walang salang dugo sa dakong ito, o susunod man sa ibang mga diyos sa inyong sariling kapahamakan: ay patatahanm Ko nga kayo sa dakong ito, sa lupain na ibinigay Ko sa inyong mga magulang mula ng una hanggang sa walang hanggan." Jeremias 7:2-7.

Ang pagnanais ng Panginoong huwag magpataw ng parusa ay malinaw na inihayag dito. Pinipigil Niya ang Kanyang mga hatol upang Siya ',y sumamo sa di nagsisisi. Siya na nagsasagawa ng "kagandahang loob, kahatulan, at katuwiran, sa lupa" ay nananabik sa Kanyang naliligaw na mga anak; at sa bawat posibleng paraan ay sinisikap Niyang ituro sa kanila ang daan ng buhay na walang hanggan. Jeremias 9:24. Inilabas Niya ang mga Israelita mula sa pagkabihag upang sila ay makapaglingkod sa Kanya, ang siya lamang tunay at buhay na Dios. Matagal man silang naglimayon sa idolatriya at di pinansin ang Kanyang mga babala, gayunman ay Kanya ngayong inihayag ang Kanyang pagsang-ayon na ipagpaliban ang pagpaparusa at ipagkaloob ang isa pang pagkakataon para sa pagsisisi. Nililinaw Niya ang katunayan na tanging ang pinakabuong pagbabago ng puso ang hahadlang sa dumarating na pagkawasak. Walang kabuluhan ang pagtitiwalang ilalagay sa templo at mga serbisyo nito. Ang mga ritwal at mga seremonya ay hindi makatutubos sa kasalanan. Liban sa pag-aangkin nilang bayan ng Dios, ang pagbabago ng puso at kabuhayan lamang ang makapagliligtas sa kanila mula sa di matatakasang bunga ng patuloy na pagsalangsang.

Sa gayon, "sa mga siyudad ng Juda, at sa mga lansangan ng Jerusalem" ang mensahe ni Jeremias kay Juda ay, "Inyong dinggin ang mga salita ng tipang ito,"—ang malinaw na palatuntunan ni Jehovang natala sa Banal na Kasulatan,—"at inyong isagawa." Jeremias 11:6. At ito ang pabalita niya nang tumayo siya sa mga korte ng templo sa pasimula ng paghahari ni Joacim.

Ang karanasan ng Israel mula sa mga kaarawan ng Exodo ay nirepaso. Ang tipan sa kanila ng Dios ay, "Inyong dinggin ang

Aking dnig, at Ako'y magiging inyong Dios, at kayo'y magiging Aking bayan: at magsilakad kayo sa lahat ng daan na iniuutos Ko sa inyo, sa ikabubud ninyo." Walang kahihiyan at paulit-ulit na sinira ang kanilang tipanan. Ang piniling bansa ay "nagsilakad sa kanilang sariling mga payo at sa pagmamatigas ng kanilang masamang puso, [343]
at nagsiyaong paurong, at hindi pasulong." Jeremias 7:23, 24.

"Bakit,' ang tanong ng Panginoon, "ang bayang ito na Jerusalem ay tumatalikod ng walang hanggang pagtalikod?" Jeremias 8:5. Sa wika ng propeta ay dahilan iyon sa di pagsunod sa tinig ng Panginoon nilang Dios at tumangging iwasto. Tingnan ang Jeremias 5:3. "Katotohanan ay nawala," ang kanyang hinagpis, "at nahiwalay sa kanilang bibig." "Oo, nalalaman ng ciguena sa himpapawid ang kanyang mga takdang kapanahunan; at ang batu-bato at ang langay-langayan at ang tagak ay nangagmamalas ng panahon ng pagdating ng mga yaon; ngunit hindi nalalaman ng Aking bayan ang alituntunin ng Panginoon." "Hindi Ko baga dadalawin sila dahil sa mga bagay na ito? sabi ng Panginoon: hindi baga maghihiganti Ako sa isang bansa na gaya nito?" Jeremias 7:28; 8:7; 9:9.

Dumating ang panahon ukol sa malalim na pagsisiyasat ng puso. Habang si Josias ang kanilang hari, ang bayan ay may natitirang pagasa. Datapuwat hindi na siya makapamagitan para sa kanila, sapagkat bumagsak na siya sa digmaan. Ang mga kasalanan ng bansa ay gayon na lamang na lagpas na sa panahon ng pamamagitan. "Bagaman si Moises at si Samuel ay tumayo sa harap Ko," pahayag ng Panginoon, "gayon ma ',y ang pag-iisip Ko ay hindi sasa bayang ito: iyong itakwil sila sa Aking paningin, at iyong palabasin sila. At mangyayari, pagka kanilang sinabi sa iyo, Saan kami magsisilabas? sasaysayin mo nga sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang sa kamatayan ay sa kamatayan; at ang sa tabak, ay sa tabak at ang sa kagutom, ay sa kagutom; at ang sa pagkabihag, ay sa pagkabihag." Jeremias 15:1, 2.

Ang pagtanggi sa alok ng habag na ngayon ay inihahndog ng Dios ay magbibigay sa bayang di nagsisisi ng mga hatol na dumating sa kaharian ng Israel sa hilaga mahigit na sandaang taon ang lumipas. Ang pabalita sa kanila ngayon ay: "Kung hindi ninyo didinggin Ako, na magsilakad sa Aking kautusan, na Aking inilagay sa harap ninyo, na makinig sa mga salita ng Aking mga lingkod na mga propeta, na Aking sinusugo sa inyo, na bumabangon Akong maaga, at sinusugo

Ko sila, ngunit hindi ninyo pinakinggan; ay Akin ngang gagawin ang bahay na ito na gaya ng Silo, at gagawin Ko ang bayang ito na sumpa sa lahat ng mga bansa sa lupa." Jeremias 26:4-6.

Silang nakatayo sa korte ng templo na nakikinig sa mga salita ni [344] Jeremias ay nakaunawa ng pagbanggit tungkol sa Silo, at sa panahon ng mga kaarawan ni Eli nang ang mga Filisteo ay nagtagumpay sa Israel at tinangay palayo ang kaban ng opan.

Ang kasalanan ni Eli ay kasama ng pagmamaliit sa mga kasalanan ng kanyang mga anak sa banal na tungkulin. at sa mga kasamaang laganap sa buong lupain. Ang kanyang pagbaliwala na iwasto ang mga kasamaang ito ay nagdala sa Israel ng nakatatakot na kalamidad. Ang mga anak niya ay namatay sa digmaan, si Eli na rin ay namatay, ang kaban ng Dios ay naagaw mula sa lupain ng Israel, tatlumpung libong katao ang napaslang—ang lahat ay sapagkat pinahintulutang ang kasalanan ay yumabong na hindi sinasansala o pinipigil. Walang kabuluhang inisip ng Israel na sa kabila ng kanilang mga makasalanang gawi, ang pananatili ng kaban ay magtitiyak ng tagumpay sa mga Filisteo. Sa katulad ding paraan, sa mga panahon ni Jeremias, ang mga nananahan sa Juda ay naniniwalang ang mahigpit na pagsunod sa mga banal na serbisyong talaga ng Dios sa templo ay pipigil sa matuwid na parusa sa kanilang masamang landas.

Anong liksyon ito para sa mga lalaking humahawak ng matataas na tungkulin ngayon sa iglesia ng Dios! Anong taimtim na babala sa tamang pakikitungo sa mga kamaliang nagdungis sa gawain ng katotohanan! Walang sinumang dapat mag-isip na siyang sisidlan ng kautusan ng Dios ay purihin ang kanilang mga sarili na sa pamamagitan ng pagpapakita ng panlabas na paghahayag sa kautusan ay maiingatan sila mula sa pagsasagawa ng banal na hatol. Huwag tanggihan ng sinuman ang sansala tungkol sa kasamaan, ni ipalagay na ang mga lmgkod ng Dios ay sobra ang sigasig sa pagsisikap na linisin ang kampo mula sa masamang gawa. Ang Dios na namumuhi sa kasalanan ay nananawagan sa kanilang nagsasabing mag-iingat ng utos na lumayo mula sa kasamaan. Ang pagpapabayang magsisi at magkusang loob na sumunod ay maghahatid sa mga lalaki at mga babae ngayon ng mga bungang tinanggap ng matandang Israel. May hangganan ang pagpigil ni Jehova sa Kanyang kahatulan. Ang pagkawasak ng Jerusalem sa panahon ni Jeremias ay isang maselang

babala sa makabagong Israel, na ang mga payo at mga pagsamong kaloob sa kanila sa pamamagitan ng mga piling instrumento ay di dapat ipagwalang bahala nang gayon lamang.

Ang pabalita ni Jeremias sa mga saserdote at bayan ay nagpagalit sa marami. May pagtangging isinigaw nila, "Bakit ka nagpropesiya sa pangalan ng Panginoon, na iyong sinasabi, Ang bahay na ito ay magiging gaya ng Silo, at ang bayang ito ay magiging sira [345] na mawawalan ng mananahan? At ang bayan ay nagpipisan kay Jeremias sa bahay ng Panginoon." Jeremias 26:9. Ang mga saserdote, mga bulaang propeta, at mga bayan ay galit na binalingan siya na ayaw magsalita ng mga malalambot na mga bagay o mapandayang propesiya. Sa ganito hinamak ang mensahe ng Dios, at ang Kanyang lingkod ay binantaan ng kamatayan.

Ang balita ng mga salita ni Jeremias ay nakarating sa mga prinsipe ng juda, at sila'y sumugod mula sa palasyo ng hari tungo sa templo, upang alamin para sa kanilang sarili ang tungkol sa katotohanan. "Nang magkagayo'y nagsalita ang mga saserdote at ang mga propeta sa mga prinsipe at sa buong bayan, na sinasabi, Ang lalaking ito ay marapat patayin; sapagkat siya'y nagpropesiya laban sa bayang ito, gaya ng inyong narinig ng inyong mga pakinig." Talatang 11. Subalit matapang na nagsalita si Jeremias sa harapan ng mga prinsipe at sa bayan, na sinasabi: "Sinugo ako ng Panginoon upang magpropesiya laban sa bahay na ito at laban sa bayang ito ng lahat na salita na inyong narinig. Kaya't ngayo'y pagbutihin ninyo ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa, at inyong talimahin ang tinig ng Panginoon ninyong Dios; at pagsisisihan ng Panginoon ang kasamaan na Kanyang sinalita laban sa inyo. Ngunit tungkol sa akin, narito, ako',y nasa inyong kamay: inyong gawin sa akin ang minamabuti at minamatuwid sa harap ng inyong mga mata. Talastasin lamang ninyong mabuti na kung ako'y inyong ipapatay, kayo'y magdadala ng walang salang dugo sa inyo at sa bayang ito, at sa mga nananahan dito: sapagkat katotohanang sinugo ako ng Panginoon sa inyo upang magsalita ng lahat ng mga salitang ito sa inyong mga pakinig." Talatang 12-15.

Kung ang propeta ay natakot sa banta ng nasa mataas na otondad, ang pabalita niya ay nawalan sana ng saysay, at ang kanyang buhay ay nawala din; datapuwat ang tapang ng pagdala ng solemneng babala ay nagbunsod ng paggalang ng bayan at kumuha ng pabor ng

mga prinsipe. Nakipagkatuwiranan sila sa mga saserdote at sa mga bulaang propeta, na ipinakita sa kanila ang kahangalan ng ipinapayo nilang dapat gawin, at ang mga salita nila ay nagbunga sa mga isipan ng bayan. Sa ganito ay nagbangon ang Dios ng tagapagtanggol para sa Kanyang lingkod.

Ang mga matatanda ay nakiisa rin sa pagprotesta laban sa de-
[346] sisyon ng mga saserdote tungkol sa kapalaran ni Jeremias. Binanggit nila ang tungkol kay Mikas, na nagpropesiya din tungkol sa kapalaran ng Jerusalem, na nagsasabi, "Ang Sion ay aararuhing parang bukid, at ang Jerusalem ay magiging mga bunton, at ang bundok ng bahay ay parang mga mataas na dako sa gubat." Sila ay nagtanong: "Si Ezechias bagang hari sa Juda at ang buong Juda ay nagpapatay sa kanya? hindi baga siya natakot sa Panginoon, at dumalangin ng lingap ng Panginoon, at ang Panginoon ay nagsisi sa kasamaan na Kanyang sinalita laban sa kanila? Ganito gagawa tayo ng malaking kasamaan laban sa ating sariling mga kaluluwa." Talatang 18, 19.

Sa pamamagitan ng mga maimpluwensyang lalaking ito, ang buhay ng propeta ay nailigtas, bagaman marami sa mga saserdote at mga bulaang propeta, na hindi matagalan ang katotohanang kanyang sinalita, ay magalak sanang makita siyang mailagay sa kamatayan sa bintang na panggugulo sa bayan.

Mula sa araw ng kanyang pagkatawag hanggang sa pagtatapos ng kanyang ministeryo, si Jeremias ay tumayo sa harapan ng Juda bilang "isang moog at ng kuta" na dito ang galit ng tao ay
[347] di makatayo. "Sila'y magsisilaban sa iyo," nagbabala ang Panginoon sa Kanyang lingkod, "ngunit hindi sila magsisipanaig laban sa iyo: sapagkat Ako'y sumasaiyo upang iligtas kita at upang papaging layain kita, sabi ng Panginoon. At ililigtas kita sa kamay ng masama, at tutubusin kita sa kamay ng kakila-kilabot." Jeremias 6:27; 15:20, 21.

Likas na mahiyain at di makaharap sa tao, si Jeremias ay nagnasa ng kapayapaan at tahimik na pamumuhay sa pagpapahinga, na hindi niya kailangang makita ang patuloy na kawalang pagsisisi ng kanyang mahal na bansa. Ang kanyang puso ay nabagbag ng dalamhati dahil sa pagkawasak na gawa ng kasalanan. "Oh kung ang aking ulo lamang ay maging tubig, at ang aking mga mata ay bukalan ng mga luha," ang kanyang hinagpis, "upang ako'y makaiyak araw at gabi dahil sa pagkamatay ng anak na babae ng aking bayan! Oh

kung magkaroon ako sa ilang ng patuluyan sa mga naglalakad; upang aking maiwan ang aking bayan, at lisanin ko sila!” Jeremias 9:1, 2.

Malupit ang mga pagtuya na doon siya ay tinawagan upang magtiis. Ang kanyang kaluluwang sensitibo ay paulit-ulit na tinurok ng mga palaso ng pagtuya na ibinunton sa kanya noong mga humamak sa kanyang mga pabalita at nagpagaan ng kanyang pasanin para sa kanilang pagkahikayat “Ako’y naging kakutyaan sa along buong bayan,” kanyang pahayag, “at kanilang awit buong araw.” “Ako’y nagiging katatawanan lahat ng araw, bawat isa’y tumutuya sa akin.” “Sabi ng lahat ng mga kasama-sama kong kaibigan na nagsisipaghintay ng aking pagbaksak, marahil siya’y mahihikayat, at tayo’y mangananaig laban sa kanya, at tayo’y mangakakaganti sa kanya.” Panaghoy 3:14; Jeremias 20:7, 10.

Subalit ang tapat na propeta ay pinalalakas araw-araw upang tumagal. “Ang Panginoon ay sumasaakin na parang makapangyarihan at kakilakilabot,” kanyang ipinahayag na may pananampalataya; “kaya’t ang mga mang-uusig sa akin ay mangatitisod, at sila’y hindi mangananaig: sila’y lubhang mangapapahiya; sapagkat sila’,y hindi nagsisigawang may karunungan, ng walang hanggang kapintasan na hindi malilimutan.” “Kayo’y magsiawit sa Panginoon, magsipuri kayo sa Panginoon: sapagkat Kanyang iniligtas ang kaluluwa ng mapagkailangan mula sa kamay ng mga manggagawa ng kasamaan.” Jeremias 20:11,13.

Ang mga karanasang nalagpasan ni Jeremias sa kanyang kabataan gayon din sa mga huling taon ng kanyang paglilingkod ay nagturo sa kanya ng liksyong “ang lakad ng tao ay hindi sa kanyang sarili: hindi para sa taong lumalakad ang magtuwid ng kanyang mga hakbang.” At dumalangin siya, “Oh Panginoon, sawayin Mo ako, [348]
ngunit sa pamamagitan ng kahatulan; huwag sa Iyong galit, baka ako’y iuwi Mo sa wala.” Jeremias 10:23, 24.

Nang tawagan upang inumin ang saro ng kapighatian at kalumbayan, at nang tuksuhin sa kanyang kahirapan na sabihing, “Ang lakas ko’y nawala, at ang aking pag-asa ay nawala sa Panginoon,” naalaala niya ang mga paglalaan ng Dios sa kapakanan niya at matagumpay na kanyang nasabi, “Sa mga kaawaan nga ng Panginoon ay hindi tayo nalipol, sapagkat ang Kanyang mga habag ay hindi nauubos. Ang mga yao’y bago tuwing umaga: dakila ang

Iyong pagtatapat. Ang Panginoon ay aking bahagi, sabi ng aking kaluluwa; kaya't ako'y aasa sa Kanya. Ang Panginoon ay mabuti sa kanila na nangaghihintay sa Kanya, sa kaluluwa na humahanap sa Kanya. Mabuti nga na ang tao ay umasa at maghintay na tahimik sa
[349] pagliligtas ng Panginoon." Panaghoy 3:18, 22-26.

## Kabanata 35—Dumarating na Pagkapahamak

Ang mga unang taon ng paghahari ni Joacim ay puno ng mga babala sa dumarating na kapahamakan. Ang salita ng Panginoong inilahad ng mga propeta ay malapit nang matupad. Ang kapangyanhan ng Asyria sa hilaga, na matagal nang namamayani ay hindi na naghahari sa mga bansa. Ang Egipto sa timog, na sa kanyang lakas ang hari ng juda ay walang kabuluhang naglalagay ng kanyang pagasa, ay sa madaling panahon ay tatanggap ng tiyak na pagsawata. Lahat ay hindi umaasang ang isang pandaigdig na kapangyarihan, ang Imperyo ng Babilonia, ay sumisikat sa silangan at mabilis na sumasakop sa lahat ng ibang mga bansa.

Sa loob ng ilang maikling mga taon ang hari ng Babilonia ay gagamitin bilang instrumento ng galit ng Dios sa di nagsisising Juda. Muli at muli ang Jerusalem ay papasukin ng kumukubkob na mga hukbo ni Nabucodonosor. Maliliit na pulutong—sa pasimula datapuwat parami ng parami hanggang maging libo at sampung libo— ang madadalang bihag sa lupain ng Shinar, upang doon ay sapilitang matapon. Sila Joachim, Jehoiachin, Zedekias—lahat ng mga haring ito ng Juda ay mga basalyo ng hari ng Babilonia, at lahat pagkaraan ay maghihimagsik. Magiging mabigat at mas mabibigat na parusa ang tatanggapin ng mga nagrerebeldeng bansa, hanggang sa huli ang buong lupain ay magiging mapanglaw, ang Jerusalem ay mababasura at susunugin ng apoy, ang templong itinayo ni Solomon ay gigibain, at ang kaharian ng Juda ay babagsak, upang kailanman ay di na muling kunin ang kanyang lugar sa mga bansa sa lupa.

Ang mga panahong iyon ng pagbabago, na puno ng mga panganib para sa bansang Israel, ay panahon ng maraming pabalita mula sa Langit sa pamamagitan ni Jeremias. Sa ganito ay binigyan ng Panginoon ang mga anak ng Juda ng sapat na pagkakataong makalaya sa pakikipag-alyansa sa Egipto, at maiwasan ang pakikipag-alit sa mga pinuno ng Babilonia. Habang papalapit ang nakabantang panganib, tinuruan niya ang bayan sa [350]
pamamagitan ng mga talinghaga, sa pag-asang magigising sila sa

pagkadama ng katungkulan sa Dios, at upang mapasigla sila sa pagpapanatili ng mapagkaibigang pakikitungo sa pamahalaan ng Babilonia.

Upang ilarawan ang kahalagahan ng pagkakaloob ng lubusang pagsunod sa mga kahilingan ng Dios, tinipon ni Jeremias ang ilang mga Rechabita sa isa sa mga silid ng templo, at naghanda ng alak sa harapan nila upang mainom. Tulad ng inaasahan, tumanggap siya ng pag-angal at ganap na pagtanggi. "Kami ay hindi magsisiinom ng alak," ang pahayag ni Rechab, "sapagkat si Jonadab na anak ni Rechab na aming magulang ay nag-utos sa amin, na nagsasabi, Huwag kayong magsisiinom ng alak, maging kayo, o ang inyong mga anak man, magpakailanman."

"Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay Jeremias, na nagsasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Yumaon ka at sabihin mo sa mga taong Juda at sa mga nananahan sa Jerusalem, Hindi baga kayo magsisitanggap ng turo upang dinggin ang Aking mga salita? sabi ng Panginoon. Ang mga salita ni Jonadab na anak ni Rechab, na kanyang iniutos sa kanyang mga anak na huwag magsiinom ng alak, ay nangatupad; at hanggang sa araw na ito ay hindi sila nagsisiinom, sapagkat kanilang tinalima ang tinig ng kanilang magulang." Jeremias 35:6, 12-14.

Sa ganito ay inilarawan ng Dios sa atin ang matalim na pagkakaiba ng pagsunod ng mga Rechabita sa pagsuway at rebelyon ng Kanyang bayan. Ang mga Rechabita ay masunurin sa kautusan ng kanilang mga magulang at ngayon ay tumatangging pagayuma sa pagsalangsang. Datapuwat ang mga kalalakihan ng Juda ay hindi nakinig sa mga salita ng Panginoon, at bilang bunga ay malapit nang magdanas ng Kanyang pinakamabigat na mga paghatol.

"Aking sinalita sa inyo, na bumangon Akong maaga, at Aking sinasalita," pahayag ng Panginoon, "at hindi ninyo Ako dininig. Akin din namang sinugo sa inyo ang lahat Kong lingkod na mga propeta, na bumabangon Akong maaga at Akin silang sinusugo, na Aking sinasabi, Magsihiwalay kayo ngayon bawat isa sa kani-kanyang masamang lakad, at pagbutihin ninyo ang inyong mga gawain, at huwag kayong magsisunod sa mga ibang diyos na mangalingkod sa kanila, at kayo'y magsisitahan sa lupain na ibinigay Ko sa inyo, at sa inyong mga magulang: ngunit hindi ninyo ikiniling ang
[351] inyong pakinig, o dininig man ninyo Ako. Yamang tinupad ng mga

anak ni Jonadab na anak ni Rechab ang utos ng kanilang magulang, na iniutos sa kanila; ngunit ang bayang ito ay hindi nakinig sa Alan: kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Narito, Aking dadalhin sa Juda at sa lahat na nananahan sa Jerusalem ang buong kasamaan na Aking sinalita laban sa kanila: sapagkat Ako'y nagsalita sa kanila, ngunit hindi sila nangakinig; at Ako'y tumawag sa kanila, ngunit hindi sila nagsisagot." Talatang 1417.

Kapag ang puso ng tao ay napalambot at nasupil ng pumipigil na impluwensya ng Banal na Espiritu, sila ay susunod sa payo; datapuwat kung tanggihan nila ang payo hanggang ang puso ay tumigas, pahihintulutan ng Panginoon na sila ay masilo ng ibang mga impluwensya. Sa pagtanggi sa katotohanan, tatanggapin nila ang kasinungalingan, na magiging bahagi ng patibong ng kanilang sariling pagkawasak.

Nagsumamo ang Dios sa Juda na huwag Siyang akayin sa galit, ngunit hindi sila nakinig. Sa wakas ay ibinigay ang hatol laban sa kanila. Sila ay dadalhing bihag sa Babilonia. Gagamitin ang mga Caldeo bilang instrumento ng Dios sa pagparusa sa Kanyang suwail na bayan. Ang pagdurusa ng mga lalaki ng Juda ay katumbas ng liwanag na tinanggap nila at ng mga babalang kanilang inismiran at tinanggihan. Matagal na pinigil ng Dios ang Kanyang mga kahatulan, datapuwat ngayon ay ibubuhos Niya ang Kanyang galit sa kanila bilang huling pagsisikap na pigilan ang kanilang masamang landas.

Sa sambahayan ng mga Rechabita ay ibinigay ang patuloy na pagpapala. Wika ng propeta, "Sapagkat inyong tinalima ang utos ni Jonadab na inyong magulang, at inyong iningatan ang lahat niyang palatuntunan, at inyong ginawa ang ayon sa lahat na kanyang iniutos sa inyo: kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; si Jonadab na anak ni Rechab ay hindi kukulangin ng lalaki na tatayo sa harap Ko magpakailanman." Talatang 18, 19. Sa ganito ay tinuruan ng Dios ang Kanyang bayan na ang pagtatapat at pagsunod ay ibabalik sa Juda sa pagpapala, kung paanong ang mga Rechabita ay pinagpala sa pagsunod sa mga utos ng kanilang magulang.

Ang liksyon ay para sa atin. Kung ang mga patakaran ng isang mabuti at pantas na ama, na kinuha ang pinakamabuti at mabisang

[352] paraan upang maisanggalang ang mga anak sa mga kasamaan ng kawalang pagtitimpi, ay karapat-dapat sa mahigpit na pagsunod, tunay ngang ang otoridad ng Dios ay dapat pang higit na igalang sapagkat Siya ay higit na banal sa tao. Ang ating Manlalalang at ating Pinuno, walang katapusan sa kapangyarihan, kagulat-gulat sa paghuhukom, ay nagsisikap sa bawat paraan na dalhin ang mga taong makita at magsisi sa kanilang mga kasalanan. Sa pamamagitan ng mga lingkod Niya ay ipinopropesiya ang mga panganib ng pagsuway; ibimbigay ang babala at tapat na bumabatikos sa kasalanan. Ang Kanyang bayan ay sumasagana lamang sa Kanyang kahabagan, sa pamamagitan ng pagbabantay ng Kanyang mga piling instrumento. Hindi Niya maitataas at mababantayan ang isang bayang tumatanggi sa Kanyang payo at iniismiran ang Kanyang mga sansala. Maaaring sa isang panahon ay pigilan Niya ang nararapat na pamsa; gayunman ay di laging pipigilan ang Kanyang kamay.

Ang mga anak ng Juda ay kabilang sa mga inihayag ng Dios na, "Kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote sa Akin, at isang banal na bansa." Exodo 19:6. Kailanman sa paglilingkod ni Jeremias ay hindi niya kinalimutan ang kahalagahan ng kabanalan ng puso sa mga iba't ibang ugnayan sa buhay, at lalo na sa paglilingkod sa Dios ng Kataastaasan. Malinaw na nakita niya ang pagbagsak ng kahanan at pangangalat ng mga nananahan sa Juda sa mga bansa; ngunit sa mata ng pananampalataya ay tumingin siya sa kabila ng lahat na ito sa panahong pagsasauli. Nasa kanyang pandinig ang banal na pangako: "Aking pipisamn ang nalabi sa Aking kawan mula sa lahat na lupain na Aking pinagtabuyan sa kanila, at Aking dadalhin sila uli sa kanilang mga kulungan.... Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na Ako'y magbabangon kay David ng matuwid na Sanga, at Siya'y maghahari na gaya ng Hari at gagawang may kapantasan, at magsasagawa ng kahatulan at kaganapan sa lupain. Sa Kanyang mga kaarawan ay maliligtas ang Juda, at ang Israel ay tatahang tiwasay: at ito ang Kanyang pangalan na itatawag sa Kanya, ANG PANGINOON AY ATING KATUWIRAN." Jeremias 23:3-6.

Sa ganito ang mga propesiya sa dumarating na paghatol ay hinaluan ng mga pangako ng huli at maluwalhating pagliligtas. Silang magpapasyang makipagpayapa sa Dios at mabubuhay na banal sa gitna ng mga pagtalikod, ay tatanggap ng kalakasan sa bawat pag-

subok at mabibigyang kapangyarihang sumaksi para sa Kanya. At sa mga panahong darating ang pagliligtas na ginawa para sa kanila ay hihigit sa katanyagan na magagawa para mga anak ng Israel sa [353] panahon ng Exodo. Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta, na "hindi na nila sasabihin, Buhay ang Panginoon, na nag-ahon ng mga anak ni Israel mula sa lupain ng Egipto; kundi, Buhay ang Panginoon, na nag-ahon at pumatnubay sa angkan ng binhi ng Israel mula sa hilagaang lupain, at muJa sa lahat ng lupain na Aking pinagtabuyan sa kanila; at sila'y magsisitahan sa kanilang sariling lupain." Talatang 7, 8. Ito ang mga kahangahangang mga propesiyang ibinigay ni Jeremias sa mga nagtatapos na mga kasaysayan ng taon ng kaharian ng Juda, nang ang mga taga Babilonia ay pumapanhik sa pamamayani sa lupa, at lumalapit ang mga hukbo nila sa mga pader ng Sion.

Tulad ng pinakamatamis na musika ang mga pangako ng pagliligtas ay nadinig ng mga matatag sa pagsamba kay Jehova. Sa mga tahanan ng mga mataas at aba, na doon ang payo ng Dios na nag-iingat ng tipan ay iginagalang pa, ang mga pangungusap ng propeta ay paulitulit na narinig. Kahit na ang mga anak ay malakas na nakilos, at sa kanilang mga mura at bukas na isipan ay nadiin ang mga nagtatagal na impresyon.

Sa nasa isip na pagsunod na ito sa mga utos ng Banal na Kasulatan, na sa panahon ng paglilingkod ni Jeremias ay nagdala kay Daniel at mga kasama niya ng mga pagkakataon upang itaas ang tunay na Dios sa mga bansa sa lupa. Ang turong dnanggap ng mga batang Hebreong ito sa tahanan ng kanilang mga magulang, ay nagpalakas ng kanilang pananampalataya at nagpatuloy sa kanilang paglilingkod sa buhay na Dios, ang Manlalalang ng mga langit at lupa. Noong, mga unang panahon ng paghahari ni Joacimim, ang unang pagkakataong nilusob ni Nabucodonosor ang Jerusalem, at dinalang bihag si Daniel at mga kasama niya, ang pananampalataya ng mga bihag na Hebreong ito ay tunay na nasubok. Datapuwat silang natututong magtiwala sa mga pangako ng Dios ay nasumpungang sapat ito sa mga karanasang dadanasin nila sa pamamalagi sa ibang lupa. Ang mga Kasulatan ay naging patnubay at kalakasan nila.

Bilang tagapagbigay kahulugan sa mga hatol na dumarating sa Juda, si Jeremias ay tumayong marangal sa pagtatanggol sa ka-

hatulan ng Dios at sa mahabaging panukala Niya kahit na sa mga mabibigat na pagsubok. Walang pagod na ang propeta ay gumawa. Sa paghahangad na maabot ang lahat ng uri ng tao, pinalawak niya [354] ang impluwensya sa ibayo ng Jerusalem sa pamamagitan ng madalas na pagdalaw sa iba',t ibang bahagi ng kaharian.

Sa mga patotoo niya sa lglesia, patuloy na binanggit ni Jeremias ang aklat ng kautusan na dinakila at itinaas sa paghahari ni Josias. Idiniin niyang panibago ang kahalagahan ng pagpapanatili ng ugnayang tipan sa makapangyanhan at mahabaging Dios na sa taluktok ng Sinai ay sinalita ang mga utos ng Dekalogo. Ang mga babala at pagsamo ni Jeremias ay umabot sa bawat bahagi ng kaharian, at lahat ay nagkaroon ng pagkakataong malaman ang kalooban ng Dios para sa bansa.

Nilinaw ng propeta ang katunayang ang ating Ama sa langit ay tinutulutang mabagsak ang Kanyang paghatol, "upang ipakilala sa mga bansa na sila'y mga tao lamang." Awit 9:20. "Kung kayo'y sasalangsang sa Akin, at hindi ninyo Ako didinggin," ang babala ng Panginoon sa Kanyang bayan, "Ako,...kayo'y Aking pangangalatin sa mga bansa, at pagbubunutan Ko kayo ng tabak sa hulihan ninyo: at ang inyong mga bayan ay magiging sira." Levitico 26:21, 28, 33.

Sa panahong ang mga pabalitang ito ng dumarating na kapahamakan ay ibinigay sa mga prinsipe at sa bayan, ang kanilang pangulo, si Joacim, na sana ay naging pantas na espirituwal na pinuno, sa pangunguna sa pagkukumpisal ng kasalanan at sa repormasyon at mabuting gawa, ay naggugol ng panahon sa mga makasariling kalayawan. "Ako'y magtatayo ng maluwang na bahay at maluwang na mga silid," wika niya; at ang bahay na ito, "at nabubuksan ng nakikisamihan ng cedro, at nakukulayan ng pula" (Jeremias 22:14), ang bahay na ito ay naitayo sa salaping nakuha sa daya at panggigipit.

Ang galit ng propeta ay nagising, at inatasang magbigay ng hatol sa pinunong hindi tapat. "Sa aba niya na nagtatayo ng kanyang bahay sa pamamagitan ng kalikuan, at ng kanyang mga silid sa pamamagitan ng kalisyaan," kanyang pahayag; "na pinapaglilingkod ng kanyang kapwa na walang upa, at hindi niya binibigyan ng kanyang kabayaran.... Ikaw baga'y maghahari, sapagkat ikaw ay mayroong lalong maraming cedro? Hindi ba ang iyong ama ay kumain at uminom, at naglapat ng kahatulan at kaganapan, nang

magkagayo'y ikinabuti niya? Kanyang hinatulan ang usap ng dukha at mapapagkailangan; nang magkagayo'y ikinabuti nga: hindi baga ito ang pagkilala sa Akin? sabi ng Panginoon. Ngunit ang iyong mga mata at ang iyong puso ay sa kasakiman lamang, at upang magbubo ng walang salang dugo, at sa kapighadan, at sa karahasan, upang [355] gawin.

"Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol kay Joacim na anak ni Josias na hari sa Juda; Hindi nila tataghuyan siya, na sasabihin, Ah kapadd kong lalaki! o, Ah kapatid na babae! hindi nila tataghuyan siya na sasabihin. Ah panginoon! o, Ah kanyang kaluwalhadan! Siya'y mailibing ng libing asno, na hihilahin at itatapon sa labas ng mga pintuang bayan ng Jerusalem." Talatang 13-19.

Sa loob ng ilang taon ang hatol na ito ay dumating kay Joacim; datapuwat ang Panginoon sa kahabagan ay ipinaalam muna sa bayang ayaw magsisi ang adhikaing ito. Sa ikaapat na taon ng paghahari ni Joacim, "sinalita ni Jeremias na propeta sa buong bayan ngjuda, at sa lahat ng nananahan sa Jerusalem," na sinasabi, "mula nang lkalabing tadong taon ni Josias,...hanggang sa araw na ito," naging saksi siya sa kagustuhan ng Dios na magligtas, ngunit ang kanyang mga payo ay hinamak. Jeremias 25:2, 3. At ang salita ng Panginoon para sa kanila ay:

"Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Sapagkat hindi ninyo dininig ang Aking mga salita, narito, Ako'y magsusugo at kukunin Ko ang lahat na angkan sa hilagaan, sabi ng Panginoon, at Ako'y magsusugo kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia, na Aking lingkod, at Aking dadalhin sila laban sa lupaing ito, at laban sa mga nananahan dito, at laban sa lahat ng bansang ito sa palibot, at Along lubos na lilipulin sila, at gagawin Ko silang katigilan, at kasutsutan at mga walang hanggang kagibaan. Bukod dito'y aalisin Ko sa kanila ang tinig ng kalayawan, at ang tinig ng kasayahan, ang tinig ng kasintahang lalaki, at ang dnig ng kasintahang babae, ang tunog ng mga batong gilingan, at ang liwanang ng ilawan. At ang buong lupamg ito ay magiging sira, at kadgilan; at ang mga bansang ito ay maglilingkod sa hari sa Babilonia na pitumpung taon." Talatang 8-11.

Bagaman malinaw na inihayag ang parusa ng kapahamakan, ang kalunus-lunos na halaga nito ay halos di maunawaan ng karamihang

nakarinig. Upang madiin pa, sinikap ng Panginoong ilarawan ang kahulugan ng mga salitang binanggit. Inatasan si Jeremias na itulad ang kapalaran ng bansa sa pagkatuyo ng sarong puno ng alak ng galit ng Dios. Unang titikim ng sarong ito ng pagkaaba ay "ang Jerusalem, at ang mga bayan ng Juda, at ang mga hari niyaon." Ang iba pang makababahagi ng saro—"Si Faraong hari sa Egipto, at ang
[356] kanyang mga lingkod, at ang kanyang mga prinsipe, at ang buong bayan niya," at marami pang ibang mga bansa ng lupa—hanggang ang pakay ng Dios ay maganap. Tingnan ang Jeremias 25.

Sa karagdagang paglalarawan pa ng likas ng mabilis na mga hatol na darating, inatasan ang propeta ng "magsama ng mga matanda sa bayan, at ng mga matanda sa mga saserdote; at lumabas sa libis ng anak ni Hinnom," at doon, pagkatapos repasuhin ang pagtalikod ng Juda, dapat siyang magbasag ng "sisidlang lupa ng magpapalayok," at ipahayag para kay Jehova, na kanyang pinaglilingkuran, "Ganito Ko babasagin ang mga taong ito at ang bayang ito, gaya ng pagbasag ng isang sisidlan ng magpapalayok na hindi mabubuo uli."

Ginawa ng propeta kung anong inutos sa kanya. Pagkatapos, pagbalik sa siyudad, tumayo siya sa korte ng templo at nagpahayag sa pakinig ng buong bayan, "Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Narito, Ako'y magdadala sa bayang ito at sa kanyang lahat na bayan ng lahat na kasamaan na Aking sinalita laban doon, sapagkat kanilang pinapagmatigas ang kanilang leeg, upang huwag nilang mannig ang Aking salita." Tingnan ang Jeremias 19.

Ang mga salita ng propeta, sa halip na umakay sa pagkukumpisal at pagsisisi, ay nagpaalab ng galit ng mga nasa mataas na otoridad, at bilang bunga ay inalisan ng kalayaan si Jeremias. Nabilanggo, at nilagyan ng tanikala, gayunman ay nagpatuloy ang propeta sa pagbibigay ng pabalita ng Langit sa kanilang tumatayong malapit sa kanya. Ang kanyang tinig ay di mapatatahimik ng pag-uusig. Ang salita ng katotohan ay kanyang ipinahayag, "mayroon nga sa aking puso na wan nag-aalab na apoy na nakukulong sa aldng mga buto, at ako'y pagod ng pagpipigil, at hindi makapagpigil." Jeremias 20:9.

Sa panahong ito ay inatasan ng Dios si Jeremias na isulat ang mga pabalitang nais niyang dalhin sa mga pusong hinahangad niyang maligtas. "Kumuha ka ng isang balumbon," ang utos ng Dios sa Kanyang lingkod, "at iyong isulat doon ang lahat na salita na Aking

sinalita sa iyo laban sa Israel, at laban sa Juda, at laban sa lahat ng mga bansa, mula nang araw na magsalita Ako sa iyo, mula nang kaarawan ni Josias, hanggang sa araw na ito. Marahil ay manrinig ng sambahayan ni Juda ang lahat ng kasamaan na Aking pinanukalang gawin sa kanila; upang humiwalay bawat isa sa kanila sa kanyang masamang lakad; upang Aking maipatawad ang kanilang kasamaan [357]
at ang kanilang kasalanan." Jeremias 36:2, 3.

Bilang pagsunod sa utos na ito, tinawagan ni Jeremias bilang kanyang katulong ang tapat na kaibigan, si Baruch na eskriba, at idinikta sa kanya "ang lahat ng salita ng Panginoon, na Kanyang sinalita sa kanya." Talatang 4. Ang mga ito ay maingat na isinulat sa isang balumbon at nagtaglay ng banal na sansala sa kasalanan, babala ng tiyak na bunga ng patuloy na pagtalikod, at taimtim na panawagan sa pagwawaksi ng lahat ng kasamaan.

Nang matapos ang pagsulat, si Jeremias, na bilanggo pa rin, ay isinugo si Baruch upang basahin sa mga karamihang nagkakatipon sa templo sa pagdiriwang na pambansang pag-aayuno, "nang ikalimang taon ni Joacim na anak ni Josias na hari sa Juda, nang ikasiyam na buwan." "Marahil," wika ng propeta, "ay maghaharap sila ng kanilang daing sa harap ng Panginoon, at hihiwalay bawat isa sa kanyang masamang lakad: sapagkat malaki ang galit at ang kapusukan na sinalita ng Panginoon laban sa bayang ito." Talatang 9, 7.

Sumunod si Baruch, at binasa ang pabalita sa lahat ng tao ng Juda. Matapos ito ay tinawagan ang escriba ng mga prinsipe upang sa kanila naman basahin ang pabalita. Nakinig silang may malaking interes at nangakong ipapaalam sa hari ang tungkol sa mga bagay na narinig, datapuwat nagpayo sa eskribang magtago, sapagkat may pangamba silang tatanggihan ng hari ang patotoo at hahangaring patayin ang naghanda at naghatid ng pabalita.

Nang sabihan si Haring Joacim tungkol sa binasa ni Baruch, nagutos siyang agad kunin ang balumbon at basahin din sa harapan niya. Si Jehudi na isang kawaksi ng hari ang bumasa ng mga sansala at babalang nakasulat. Noon ay panahon ng tagginaw, at ang hari at kanyang kasamahan sa estado, mga prinsipe ng Juda, ay nakapalibot sa isang bukas na apoy. Bahagi pa lamang ng pabalita ang nabasa, nang ang hari, ay nanginginig na inagaw ang balumbon at sa matinding galit ay "pinutol ng hari ng lanseta at inihagis sa apoy hanggang sa matupok ang buong balumbon." Talatang 23.

Ang hari at ang kanyang mga prinsipe ay hindi nangatakot ni "hinapak man nila ang kanilang mga suot." Gayunma'y, may ilang mga prinsipeng "namanhik sa hari na huwag niyang sunugin ang balumbon: ngunit hindi niya dininig sila." Pagkawasak ng sinulat, galit na galit ang masamang haring nagsugong dakpin sina Jeremias
[358] at Baruch; "ngunit ikinubli sila ng Panginoon." Talatang 24-26. Sa pagdadala sa pansin ng mga-sumasamba sa templo, at sa mga prinsipe at sa hari, ang mga nasulat na payong nilalaman ng balumbon, ang Dios ay mabiyayang nagsisikap na bigyang babala ang Juda para na rin sa kanilang kabutihan. "Marahil," sabi Niya, "ay maririnig ng sambahayan ni Juda ang lahat na kasamaan na Aking pinanukalang gawin sa kanila; upang humiwalay bawat isa sa kanila sa kanyang masamang lakad; upang Aking maipatawad ang kanilang kasamaan at ang kanilang kasalanan." Talatang 3. Ang Dios ay may habag sa mga taong nakikipagpunyagi sa kasamaan; hangad Niyang bigyang liwanag ang nadidilimang pang-unawa sa pagpapadala ng sansala at babalang ipinanukalang makadama ng kawalang kaalaman ang mga pinakamataas at batikusin ang kanilang mga pagkakamali. Sinisikap Niyang tulungan ang mga magiginhawa na mawalang kasiyahan sa mga walang kabuluhang gawain at upang hanapin nila ang espiri-
[359] tuwal na pagpapala ng malapit na kaugnayan sa langit.

Ang panukala ng Dios ay Kindi ang pagpapadala ng mga mensaherong magpapasaya at papuri sa makasalanan; hindi pabalita ng kapayapaan ang inihahatid Niya upang maghele ng mga walang kabanalan sa kapanatagang karnal. Sa halip, inilalagak Niya ang mabigat na pasanin sa konsensya ng gumagawa ng kasamaan at tinatarak ang kaluiuwa ng matalim na palaso ng kumbiksyon. Ang mga naglilingkod na anghel ay inihaharap sa kanya ang mga nakakatakot na kahatulan ng Dios, upang palalimin ang pagkadama ng pangangailangan at gumising ng panaghoy na, "Ano ang ldnakailangan kong gawin upang maligtas?" Gawa 16:30. Datapuwat ang Kamay na nagpapahandusay sa alabok, sumasansala sa kasalanan, at nagbibigay kahihiyan sa pagmamataas at ambisyon, ay siya ring Kamay na nagtataas sa nagsisisi at naldlos. May pinakamalalim na malasakit Siyang nagpapahintulot na ang parusa ay dumating, ay magtatanong, "Ano ang nais mong gawin Ko para sa iyo?"

Kapag ang tao ay nagkasala sa banal at mahabaging Dios, walang higit na marangal na bagay na magagawa niya liban sa magsising

mataos at magkumpisal ng mga kamalian sa pagluha at kapaitan ng kaluiuwa. Ito ang hinihiling ng Dios sa kanya; dnatanggap Niya ang bagbag na puso at nagsisising diwa. Datapuwat si Haring Joacim at mga mararangal niya, sa kanilang kayabangan at pagmamataas, ay tumanggi sa paanyaya ng Dios. Hindi nila pinansin ang babala at magsipagsisi. Ang mabiyayang pagkakataong inialok sa kanila sa panahon ng pagsusunog ng balumbon, ay pinakahuli para sa kanila. Lnihayag ng Dios na kung tatanggi silang maldnig sa Kanyang tinig, ay ibibigay sa kanila ang nakakatakot na parusa. Tumanggi silang maldnig, at Kanyang ipinahayag ang Kanyang huling parusa ay ibibigay na sa Juda, at Kanyang dadalawin na may tanging kagalitang ibibigay sa taong nagmataas laban sa Makapangyarihan sa lahat.

"Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon tungkol kay Joacim na hari sa Juda; Siya'y mawawalan ng uupo sa luklukan ni David: at ang kanyang bangkay sa araw ay mahahagis sa init, at sa gabi ay sa hamog. At Aking parurusahan siya at ang kanyang binhi at ang kanyang mga lingkod dahil sa kanilang kasamaan; at Aking dadalhin sa kanila, at sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa mga tao ng Juda, ang buong kasamaan na Aking sinalita laban sa kanila." Jeremias 36:30,31.

Ang pagsunog sa balumbon ay hindi katapusan ng bagay na ito. Ang mga nasulat na salita ay madaling nawala datapuwat ang [360] mga babala at sansalang taglay nito ukol sa parusang nakalaan sa rebeldeng Israel ay hindi maaalis. Kahit na ang balumbon ay pinalitan. "Kumuha ka uli ng ibang balumbon, at sulatan mo ng lahat ng dating salita na nasa unang balumbon na sinunog ni Joacim na hari sa Juda." Ang tala ng mga propesiya ukol sa Juda at Jerusalem ay naging abo; gayunma'y buhay pa rin sa puso ni Jeremias ang mga salita niyon, "gaya ng naglalagablab na apoy," at ang propeta ay sumulat muli ng winasak sa galit ng tao.

Kumuhang muli ng balumbon si Jeremias, at ibinigay kay Baruch, "na sumulat doon ng mula sa bibig ni Jeremias ng lahat ng mga salita ng aklat na sinunog sa apoy ni Joacim na hari ngjuda: at nagdagdag pa sa mga yaon ng maraming gayong salita." Talatang 28, 32. Ang galit ng tao ay nagsikap hadlangan ang gawain ng propeta ng Dios; datapuwat sa paraang ginamit ni Joacim upang sikilin ang impluwensya ng lingkod ni Jehova, ay nagbigay ng higit

pang pagkakataon upang gawing maliwanag ang mga kahilingan ng Dios.

Ang diwa ng oposisyon sa sansala na umakay sa pag-uusig at pagkabilanggo kay Jeremias, ay nakikita ngayon. Marami ang tumatangging dinggin ang mga paulit-ulit na babala, na nais pang makinig sa mga bulaang guro na naghihimas ng kanilang pagmamataas at pinipikitan ang kanilang masasamang gawa. Sa panahong bagabag sila ay mawawalan ng tanggulan, walang tulong mula sa langit. Ang mga lingkod na pinili ng Dios ay dapat humarap na may tapang at pagtitiis sa mga pagsubok at pagdurusang daradng sa kanila sa pamamagitan ng parunisi, pagpapabaya, at maling paglalarawan. Dapat nilang patuloy na gampanang tapat ang mga gawaing ibinigay ng Dios para kanilang gawin, na laging inaalaala ang mga unang mga propeta at ang Tagapagligtas ng sangkatauhan at mga apostol Niya ay dumanas dm ng mga abuso at pag-uusig para sa Salita ng Dios.

Adhikain ng Dios na si Joacim ay makinig sa mga payo ni Jeremias at magtamong pabor sa paningin ni Nabucodonosor at iligtas ang sarili mula sa kapanglawan. Ang kabataang hari ay nagbigay ng panata ng katapatan sa hari ng Babilonia, at kung siya lamang ay naging tapat sa pangako ay nakuha sana niya ang paggalang ng mga pagano, at umakay sana ito sa mga mahahalagang pagkakataon upang makahikayat ng mga kaluluwa.

Sa paglibak sa mga natatanging karapatang kaloob sa kanya,
[361] ang han ng Juda ay kusang pumili ng sariling landas. Sinira niya ang usapan sa hari ng Babilonia, at nagrebelde. Ito ang naghatid sa kanya at ang kanyang kaharian ng mga mahihirap na karanasan. "Laban sa kanya ay isinugo ang mga pulutong ng mga Caldeo, at ng mga pulutong ng mga taga Syria, at ng mga pulutong ng mga Moabita, at ng mga pulutong ng mga anak ni Ammon," at wala siyang sapat na kapangyarihan upang maiwasang pamahalaan ng mga mandarambong na ito. 2 Hari 24:2. Sa loob ng ilang taon ay nagwakas ang kanyang paghaharing may kahihiyan, itinakwil ng Langit, hindi minahal ng bayan, at kinamuhian ng mga pinuno ng Babiloma na nagtiwala sa kanya—at lahat ay bunga ng nakamamatay na pagkakamaling pagtalikod sa adhikain ng Dios na nahayag sa pamamagitan ng itinalagang mensahero.

Si Joachin [kilala ding Jeconias, at Conias], na anak ni Joacim, ay tadong buwan at sampling araw pa lamang na nakaupo sa trono, nang sumuko sa mga hukbong Caldeo, dahilan sa pagrerebelde ng kanyang amang hari, ay kumukubkob na muli sa siyudad. Dito si Nabucodonosor, "ay dinala si Joachin sa Babiloma, at ang ina ng han, at ang mga asawa ng hari, at ang kanyang mga pinuno, at ang mga pinakamahal sa lupain," ang mga manggagawa at ang mga "magbababakal na isang libo." At kinuha ng haring Babiloma "ang lahat na kayamanan ng bahay ng Panginoon, at ang mga kayamanan ng bahay ng hari." 2 Hari 24:15, 16, 13.

Ang kahanan ng Juda, nawasak sa kapangyarihan at inalisan ng kalakasan sa tao at kayamanan, gayunman ay pinahintulutan pa ring manatili bilang isang bukod na pamahalaan. Bilang pangulo ay inilagay ni Nabucodonosor si Mattanias, nakababatang anak ni Josias, at pinalitan ang pangalan niya ng Sedechias. [362]

## Kabanata 36—Ang Huling Hari ng Juda

Sa pasimula ng paghahari ni Sedechias, ay lubos na pinagkatiwalaan ng han ng Babilonia at naging kapalarang maging tagapayo si Jeremias. Sa marangal na pakikitungo sa mga taga Babilonia at sa pagsunod sa mga pabalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Jeremias, nakuha sana niya ang respeto ng mga nasa mataas na katungkulan at nagkaroon ng pagkakataong maiugnay sa kanila ang kaalaman tungkol sa tunay na Dios. Sa ganito, ang mga bihag na nasa Babilonia ay nalagay sa marangal na dako at nabigyan ng mga kalayaan; ang pangalan ng Dios sana ay naparangalan sa malayo at malawak na paraan; at silang naiwan sa Juda ay naligtas sana sa mga nakalulunos na kalamidad na sa wakas ay dumating sa kanila.

Sa pamamagitan ni Jeremias, si Sedechias at ang buong Juda, kasama ng mga nadalang bihag sa Babilonia, ay pinayuhang tahimik na pasakop sa pansamantalang pamumuno ng kanilang mga mananakop. Higit na mahalaga na silang bihag ay sikaping makasumpong ng kapayapaan sa lupaing pinagdalhan sa kanila. Ngunit, ito, ay laban sa lunggati ng pusong laman; at sinamantala ito ni Satanas upang magbangon ng mga bulaang propeta sa bayan, sa Jerusalem at sa Babilonia man, na naghayag na ang pamatok ng pagkabihag ay madali nang mawawasak at ang dating pangalan ng bansa ay muling maitatatag.

Ang pagsunod sa mga pabalitang ito ay nag-akay sana sa kamatayan, at sumira sa mahabaging panukala ng Dios sa kanila. Upang pigilan ang paghihimagsik at ang malupit na bunga nito, inutusan ng Panginoon si Jeremias na harapin agad ang krisis, sa pagbababala sa hari ng Juda ng tiyak na bunga ng rebelyon. Ang mga bihag man ay pinayuhan sa pamamagitan ng liham, na huwag padaya sa mga nagbabalitang ang kaligtasan ay malapit na. "Huwag kayong dayain ng mga propeta na nangasa gitna ninyo," kanyang sinabi. Jeremias 29:8. Dito ay binanggit ang panukala ng Dios na
[363] pagsasauli sa Israel pagkatapos ng pitumpung taong pagkabihag tulad ng mga inihayag ng mga mensahero ng Dios.

Gaano ngang pagkahabag na inilahad ng Dios sa bayang bihag ang Kanyang panukala sa Israel! Alam Niya na kung sila ay maaamuki ng mga bulaang propeta na maghanap ng dagliang kalayaan ay lalong hihirap ang kalagayan nila sa Babilonia. Anumang rebelyon sa kanilang panig ay gigising ng kalupitan ng mga Caldeo at lalong aakay sa paghihigpit sa kanila. Pagdurusa at kahirapan ang kasunod nito. Ninais Niyang maamong pasakop sila sa kapalarang ito at sikaping maging tahimik ang kanilang paglilingkod; at ang payo sa kanila ay: "Kayo'y mangagtayo ng mga bahay, at inyong tahanan; at kayo'y maghalamanan, at kanin ninyo ang bunga ng mga yaon;...at inyong hanapin ang kapayapaan sa bayan na aking pinagdalhan sa inyong bihag, at inyong idalangin sa Panginoon: sapagkat sa kapayapaan niyaon ay magkakaroon naman kayo ng kapayapaan." Talatang 5-7.

Kabilang sa mga bulaang guro sa Babilonia ay dalawang lalaking nagpapanggap na banal, datapuwat masama naman ang kabuhayan. Sinansala ni Jeremias ang dalawang lalaking ito at nagbabala sa panganib na susuungan nila. Nagalit sa batikos na ito, sinikap nilang labanan ang gawain ng propeta sa paninira sa kanya sa bayan at pagpapakilos sa tao laban sa payo ng Dios tungkol sa pagpapasakop sa hari ng Babilonia. Nagpatotoo ang Panginoon kay Jeremias na ang dalawang ito ay mahaharap kay Nabucodonosor at papatayin sa harapan niya. Di nagtagal, ang propesiyang ito ay natupad.

Hanggang sa wakas ng panahon, may mga lalaking babangon upang maghadd ng kaguluhan at paghihimagsik sa kanilang nagpapanggap na tunay na kinatawan ng tunay na Dios. Silang nagsasalita ng kasinungalingan ay magpapasigla sa bayan upang ang kasalanan ay maliitin. Kapag nahayag ang masasamang bunga ng kanilang mga gawa, sisikapin nila, kung maaari na bigyang sisi pa ang mga tapat na nagbabala sa kanila at sasabihing sila pa ang sanhi ng mga kahirapan, tulad ng paratang ng mga Judio kay Jeremias dahilan sa mga kasamaang dumating sa kanila. Datapuwat kung paanong tiyak na naitayo ang karangalan ni Jehova sa pamamagitan ng Kanyang propeta, gayon din ay matatatag ang Kanyang mga salita ngayon.

Sa pasimula pa, ay naging walang pagbabago ang mga payo m Jeremias sa pagpapasakop sa Babilonia. Ang payong ito ay hindi lamang nabigay sa Juda, kundi sa maraming nakapalibot na bansa rin [364]
naman. Sa mga naunang bahagi ng paghahan ni Sedechias, ang mga

embahador ng Edom, Moab, Tiro, at ibang bansa pa ay dumalaw sa han ng Juda upang kung ang panahon ay angkop sa nagkakaisang rebelyon at kung sasama ito sa pag-aklas laban sa han ng Babiloma. Habang naghihintay ng tugon ang mga embahador na ito, ang salita ng Panginoon ay dumating kay Jeremias na nagsasabing, "Gumawa ka para sa iyo ng mga panali at mga pamatok, at ilagay mo sa iyong batok, at iyong mga ipadala sa hari sa Edom, at sa hari sa Moab, at sa hari ng mga anak m Ammon, at sa hari sa Tiro, at sa hari sa Sidon, sa pamamagitan ng kamay ng mga sugo na nagsisiparoon sa Jerusalem kay Sedechias na han sa Juda." Jeremias 27:2, 3.

Inutusan ni Jeremias na sabihan ang mga embahador na ipaalam sa kanilang mga han na sila ay ibinigay ng Dios sa kamay ni Nabucodonosor na han ng Babilonia, at sila "ay mangaglilingkod sa kanya, at sa kanyang anak, at sa anak ng kanyang anak, hanggang dumating ang panahon ng kanyang sariling lupain." Talatang 7.

Ang mga embahador ay binigyan pang tagubilin na sabihin sa mga pinunong kung sila ay tatangging maglingkod sa hari ng Babilonia sila ay parurusahan ng "tabak, at ng kagutom, at ng salot" hanggang sa sila ay mangaubos. Tangi na sila ay dapat umiwas sa mga payo ng bulaang propeta. "Huwag ninyong dinggin ang inyong mga propeta," pinahayag ng Panginoon, "o ang inyong mga manghuhula man, o ang inyong mga panaginip man, o ang inyong mga pamahiin man, o ang inyong mga manggagaway man, na nangagsasalita sa inyo, na nagsasabi, Kayo'y hindi mangaglilingkod sa han sa Babilonia: sapagkat sila'y nangahuhula ng kasinungalingan sa inyo, upang ilayo kayo sa inyong lupain; at Aking palalayasin kayo at kayo'y mangalilipol. Ngunit ang bansa na iyukod ang kanyang ulo sa pamatok ng Babilonia, at maglilingkod sa kanya, ang bansang yaon ay Aking ilalabi sa kanyang sariling lupain, sabi ng Panginoon; at kanilang bukirin, at tatahanan." Talatang 8-11. Ang pinakamagaan na parusa na maibibigay ng Dios sa mapanghimagsik na bayan ay pagpapasakop sa Babilonia, at kung sila ay tatanggi dito ay madadama nila ang bigat ng buong parusa ng Dios.

Ang pagkagulat ng konsilyo sa payong ito ni Jeremias upang magpasakop ay gayon na lamang, na kahit na nasa ilalim nila, ay pinarating pa rin ang naisin ng Dios.

[365] Laban sa tiyak na oposisyon si Jeremias ay tumayong matatag. Namumukod sa mga lumalaban sa payo ng Panginoon ay si Hana-

nias, isa sa mga bulaang propetang laban sa bayang binabalaan. Sa paghahangad na makuha ang pabor ng hari at ng bayan at ng korte ng hari, naglakas siya ng tinig sa protesta, at nagpanggap na may salita ang Dios na nabigay sa kanya bilang pampalakas sa mga Judio. Wika niya: "Ganito ang sinasalita ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, na nagsasabi, Aking inalis ang pamatok ng hari sa Babilonia. Sa loob ng dalawang buong taon ay dadalhin ko uli sa dakong ito, ang lahat na sisidlan ng bahay ng Panginoon, na dinala ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia mula sa dakong ito, at mga dinala sa Babilonia: at aking dadalhin uli sa dakong ito si Jechonias na anak ni Joacim, na hari sa Juda, sampu ng lahat na bihag sa Juda, na nangaparoon sa Babilonia, sabi ng Panginoon: sapagkat aking aalisin ang pamatok ng hari sa Babilonia." Jeremias 28:2-4.

Sa harapan ng bayan at mga saserdote, si Jeremias ay nagsumamo upang pasakop sa hari ng Babilonia sa panahong itinakda ng Panginoon. Binabanggit niya ang mga propesiya sa Juda nina Oseas, Habacuc, Zefanias, at ibang mga pabalita ng sansala at babalang katulad ng sa kanya. Binanggit niya ang mga pangyayaring naganap na bilang katuparan ng mga propesiya ng ganti sa kasalanang di pinagsisisihan. Sa nakaraan ang mga kahatulan ng Dios ay dumating [366] sa di nagsisi sa dyak na katuparan ng Kanyang adhikaing inihayag sa Kanyang mga mensahero.

"Ang propeta, na nagpropropesiya ng tungkol sa kapayapaan," pahayag ni Jeremias sa pagsasara, "ay makikilala nga siyang propeta, na tunay na sinugo ng Panginoon siya, pagka ang salita ng propeta ay mangyayari." Talatang 9. Kung pipiliin ng Israel na magsapalaran, ang mga magaganap na pangyayari ang hahatol kung sino ang tunay na propeta.

Ang mga salita ni Jeremias na nagpapayo ng pagsuko ay pumukaw kay Hananias na hamunin ang kaganapan ng mensahe. Kinuha ang makahulugang pamatok mula sa leeg ni Jeremias, binali iyon ni Hananias na nagsasabing, "Ganito ang sabi ng Panginoon; Gayon din ay Aking babaliin ang pamatok ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia sa loob ng dalawang taong ganap sa batok ng lahat na bansa.

"At ang propeta Jeremias ay yumaon ng kanyang lakad." Talatang 11. Tila wala na siyang magagawa pa kundi magpahinga na lamang mula sa tagpo ng labanan. Ngunit si Jeremias ay binigyan pa

ng isang pabalita. "Ikaw ay yumaon, at saysayin mo kay Hananias na iyong sabihin," ang utos sa kanya, "Ganito ang sabi ng Panginoon: Iyong binali ang mga pamatok na kahoy, ngunit ginagawa mo na kahalili ng mga yaon ay mga pamatok na bakal. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Ako'y naglagay ng pamatok na bakal sa batok ng lahat na bansang ito, upang sila'y makapaglingkod kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia; at sila'y mangaglilingkod sa kanya....

"Nang magkagayo'y sinabi ng propeta Jeremias kay Hananias na propeta, Dinggin mo ngayon, Hananias; hindi ka sinugo ng Panginoon; kundi iyong pinaasa ang bayang ito sa kasinungalingan. Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon; Narito, ikaw ay Aking palalayasin mula sa ibabaw ng lupa: mamamatay ka sa taong ito sapagkat ikaw ay nagsalita ng panghihimagsik laban sa Panginoon. Sa gayo'y namatay si Hananias na propeta ng taon ding yaon sa ikapitong buwan." Talatang 13-17.

Pinalakas ng bulaang propeta ang kawalang paniniwala ng mga tao kay Jeremias at ng kanyang pabalita. Kanyang ipinahayag ang sarili na mensahero ng Panginoon, at siya'y nagdusa ng kamatayan bilang kabayaran. Sa ikalimang buwan ipinopropesiya ni Jeremias
[367] ang kamatayan ni Hananias, at sa ikapitong buwan ang kanyang mga salita ay pinatotohanan ng katuparan nito.

Ang kaguluhan na dulot ng pagkatawan ng mga bulaang propeta ay nagdulot kay Sedechias na paghinalaan ng pagtataksil, at dahil lamang sa kanyang bilis at tiyak na kilos siya ay pinayagang manatiling basalyo. Ang pagkakataon para sa gayong kilos ay sinamantala panandali pagkaraang bumalik ang mga sugo mula Jerusalem tungo sa mga kalapit na bansa, nang ang han ng Juda ay sinamahan si Seraias na "punong bating," sa isang mahalagang misyon sa Babilonia. Jeremias 51:59. Sa kanyang pagbisita sa korte ng Caldeo, si Sedechias ay muling nanumpa ng katapatan kay Nabucodonosor.

Sa pamamagitan ni Daniel at ibang bihag na Hebreo, nabatid ng emperador ng Babilonia ang kapangyarihan at ibayong otoridad ng tunay na Dios; at nang si Sedechias ay muling nangako na manatiling tapat, hiniling ni Nabucodonosor na siya'y manumpa sa pangakong ito sa pangalan ng Panginoong Dios ng Israel. Kung iginalang lamang ni Sedechias ang panibagong sumpang ito, ang kanyang katapatan ay magkakaroon ng malalim na impluwensya sa isipan ng

marami na nagbabantay ng ugali nilang nag-aangkin na gumagalang at nagmamahal sa dangal ng Dios ng mga Hebreo.

Ngunit hindi nakita ng hari ng Juda ang karapatang magbigay dangal sa pangalan ng buhay na Dios. Kay Sedechias ay nakatala: "Siya'y gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon niyang Dios, at siya'y hindi nagpakababa sa harap ni Jeremias na propeta na nagsasalita ng galing sa bibig ng Panginoon. At siya rin nama'y nanghimagsik laban sa Haring Nabucodonosor, na siyang nagpasumpa sa kanya sa pangalan ng Dios: ngunit pinapagmatigas niya ang kanyang ulo at pinapagmatigas niya ang kanyang puso sa panunumbalik sa Panginoon, sa Dios ng Israel." 2 Cronica 36:12, 13.

Habang patuloy si Jeremias sa pagbibigay patotoo sa bayan ng Juda, si propeta Ezekiel naman ay ibinangon sa mga bihag sa Babiloma, upang magbabala at magpaginhawa sa kanilang bihag, at upang itatag ang salita ng Panginoong sinalita ni Jeremias. Sa mga natitirang taon ng paghahari ni Sedekias, malinaw na ibinigay ni Ezekiel ang kahangalan ng pagtitiwala sa mga bulaang propesiya ng mga nagsasabing ang pagkaalipin ay madali nang matatapos at sila ay makababalik na sa Jerusalem. Inatasan din siyang magpropesiya sa pamamagitan ng mga simbulo at banal na pabalita, ang pagkubkob [368]
at lubusang pagkawasak ng Jerusalem.

Sa ikaanim na taon ng paghahari ni Sedechias, inihayag ng Panginoon kay Ezekiel sa pangitain ang mga nakakarimarim na kasamaang nagaganap sa Jerusalem, at sa loob ng bahay ng Panginoon, at kahit na sa panloob na korte. Ang mga silid ng mga imahen, at mga sinalarawang mga diyus-diyusan, "ang bawat anyo ng nagsisiusad na mga bagay, at kasuklam-suklam na mga hayop, at lahat ng mga diyus-diyusan ng sambahayan ni Israel"—lahat ng ito sa mabilis na pagkasunud-sunod ay nakapagpataka sa tingin ng propeta. Ezekiel 8:10.

Silang dapat naging mga espirituwal na pinuno ng bayan, "mga matanda ng sambahayan ni Israel," na pitumpung kalalakihan, ay nakitang naghahandog ng kamangyan sa mga diyus-diyusang ipinakilala sa tagong mga silid sa banal na bakuran ng korte ng templo. "Hindi tayo nakikita ng Panginoon," sinabi ng mga taga Juda sa kanilang sarili sa paggawa nila ng mga ginagawa ng mga pagano; "pinabayaan ng Panginoon ang lupa," may paglapastangan pa nilang pahayag. Talatang 11, 12.

Mayroon pang "mga ibang malaking kasuklam-suklam" na pinakita sa propeta. Sa pintuan ng pintuang-daan tungo sa loob ng korte, nakita pa niyang "doo'y nangaupo ang mga babae na iniiyakan si Tammuz," at sa "pinakaloob-looban ng bahay ng Panginoon,...at sa pintuan ng templo ng Panginoon, sa pagitan ng malaking pintuan at ng dam-bana, ay may dalawampu't limang lalaki, na sila'y nakatalikod sa dako ng templo ng Panginoon, at nakaharap sa dakong silanganan; at kanilang sinasamba ang araw sa dakong silanganan." Talatang 1316.

At ngayon ang maluwalhating Personalidad na sumama kay Ezekiel sa kanyang pangitain ng kasamaan sa matataas na lugar sa Juda, ay tinanong ng propeta: "Nakita mo baga ito, Oh anak ng tao? Magaan bagang bagay sa sambahayan ni Juda na sila'y nagsisigawa ng mga kasuklam-suklam na kanilang ginagawa dito? sapagkat kanilang pinuno ng karahasan ang lupa, at sila'y nangagbalik uli upang mungkahiin Ako sa galit: at, narito, kanilang inilalagay ang sanga sa kanilang ilong. Kaya't Akin namang gagawin sa kapusukan: ang Aking mata ay hindi magpapatawad, o mahahabag man Ako: at bagaman sila'y nagsisidaing sa Aking pakinig ng malakas na drug,
[369] gayon ma'y hindi Ko sila didinggin." Talatang 17, 18.

Sa pamamagitan ni Jeremias ay inihayag ng Panginoon ang mga masasamang lalaki na naglakas-loob na tumayo sa bayan at ginarrut pa ang Kanyang pangalan: "Sapagkat ang propeta at gayon din ang saserdote ay marumi; oo, sa Along bahay ay nasumpungan Ko ang kanilang kasamaan." Jeremias 23:11. Sa matinding paglitis ng Juda gaya ng huling bahagi ng paghahari ni Sedechias na itinala ng mananalaysay, ang paghatol sa kanilang pagsira ng kabanalan ng templo ay naulit. "Bukod dito'y," nagpahayag ang banal na manunulat, "lahat ng mga pinuno ng mga saserdote, at ang bayan, ay nagsisalangsang na mainam ayon sa lahat na karumal-dumal ng mga bansa; at kanilang dinumihan ang bahay ng Panginoon na Kanyang itinalaga sa Jerusalem." 2 Cronica 36:14.

Ang araw ng lagim para sa Juda ay mabilis na nalalapit. Hindi na maihaharap pa ng Panginoon sa kanila ang pag-asa ng pagpigil sa pinakamabibigat Niyang mga hatol. "Kayo baga'y lubos na hindi mapaparusahan?" tanong Niya. "Kayo'y walang pagsalang parurusahan." Jeremias 25:29.

Kahit na ang mga salitang ito ay tinanggap na may paglibak. "Ang mga kaarawan ay tumatagal, at ang bawat pangitain ay nabubulaanan," wika ng mga di nagsisisi. Subalit kay Ezekiel ang pagtangging ito sa propesiya ay ipinasabi. "Saysayin mo nga sa kanila," ganito ang sabi ng Panginoon, "Aking papaglilikatin ang kawikaang ito, at hindi na sasambitin pang parang kawikaan sa Israel; kundi sabihin mo nga sa kanila, Ang mga kaarawan ay malapit na, at ang pagtupad ng lahat na pangitain. Sapagkat hindi na magkakaroon pa ng walang kabuluhang pangitain o ng di tunay na pagpopropesiya sa loob ng sambahayan ni Israel. Sapagkat Ako ang Panginoon: Ako'y magsasalita at ang salita na Aking sasalitain ay matutupad; hindi na magluluwat pa: sapagkat sa inyong mga kaarawan, Oh mapanghimagsik na sambahayan, Aking sasalitain ang salita, at Aking tutuparin, sabi ng Panginoong Dios.

"Muling ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin," patotoo ni Ezekiel, na nagsasabi, "Anak ng tao, narito, silang nasa sambahayan ni Israel ay nagsasabi, Ang pangitain na kanyang nakikita ay sa malaong mga araw na daradng, at nagpropropesiya ng mga panahong malayo. Kaya't sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Wala nang magluluwat pa sa Aking mga salita, kundi ang salita na Aking sasalitain ay matutupad, sabi ng Pangi- [370]
noong Dios." Ezekiel 12:22-28.

Pangunahin sa kanilang umaakay sa mabilis na kapahamakan ng bansa ay ang kanilang haring Sedechias na rin. Sa lubos na pagyurak sa payo ng Panginoon sa mga propeta, sa pagkalimot sa utang na loob kay Nabucodonosor, sa pagsira sa banal na sumpang ibimgay niya dito sa pangalan ng Dios ng Israel, ang hari ng Juda ay nagrebelde laban sa mga propeta, laban sa kanyang hari, at laban sa Dios. Sa kahangalan ng sariling karunungan naghanap siya ng tulong sa matagal nang kaaway ng kaginhawahan ng Israel, "sa kanya sa pagpapadala ng kanyang mga sugo sa Egipto, upang mabigyan nila siya ng mga kabayo at maraming tao."

"Giginhawa baga siya?" ang tanong ng Panginoon tungkol sa isa na nagtaksil sa bawat banal na ipinagkatiwala, "makakatanan baga siya na gumagawa ng ganyang mga bagay? o makakatanan kaya siya na sumira ng dpan, at maligtas? Buhay Ako, sabi ng Panginoong Dios, tunay na sa dakong tinatahanan ng han na pinagagawaan sa kanyang hari, na ang sumpa ay hinamak niya, at ang tipan ay

sinira niya, siya nga'y mamamatay sa gitna ng Babiloma na kasama niya. Kahit si Faraon man sampu ng kanyang makapangyarihang hukbo at malaking pulutong sa pakikidigma:...kanyang hinamak ang sumpa sa pagsira ng tipan, at narito, naiabot na niya ang kanyang kamay, at gayon ma'y ginawa ang lahat na bagay na ito, siya'y hindi makakatanan." Ezekiel 17:15-18.

Sa "masamang prinsipe" ay dumadng na ang araw ng pagtutuos. "Ilapag mo ang tiara," ang utos ng Panginoon, "at alisin mo ang putong." Maliban na lamang na si Kristo ay magtatag ng Kanyang kaharian sa Juda na pahihintulutang magkaharing muli. "Aking ititiwarik, ititiwarik, ititiwarik," ang banal na salitang patukoy sa luklukan ng bahay ni David; "ito rin nama'y hindi na mangyayari uli, hanggang sa dumating yaong may matuwid na Kanya; at Aking
[371] ibibigay sa Kanya." Ezekiel 21:25-27.

## Kabanata 37—Nadalang Bihag sa Babilonia

Sa ikasiyam na taong paghahari ni Sedechias "si Nabucodonosor na hari sa Babilonia ay naparoon, siya, at ang buo niyang hukbo, laban sa Jerusalem," upang palibutan ang siyudad. 2 Hari 25:1. Ang tanawin ng Juda ay walang pag-asa. "Narito, Ako'y laban sa iyo," ang pahayag ng Panginoon sa pamamagitan m Ezekiel. "Akong Panginoon ay bumunot ng Aking tabak sa kaloban: hindi na isusuksok pa.... Ang bawat puso ay manglulumo, at ang lahat na kamay ay manghihina, at ang bawat espiritu ay manlulupaypay, at ang lahat na tuhod ay manlalambot na parang tubig." "Aking ibubuhos ang Aking galit sa iyo, Aking hihipan ka sa pamamagitan ng apoy ng Aking poot, at Aking ibibigay ka sa kamay ng mga tampalasang tao na bihasang pumatay." Ezekiel 21:3, 5-7, 31.

Sinikap ng mga Egipsyo na tumulong sa nakukubkob na siyudad; at ang mga Caldeo, upang pabalikin sila, pansamantalang pinabayaan ang kabisera na Judea. Ang pag-asa ay bumangon sa puso ni Sedechias, at nagpadala ng pabalita kay Jeremias, na humihiling na dumalangin sa Dios para sa bansang Hebreo.

Ang nakakatakot na tugon ng propeta ay babalik ang mga Caldeo upang wasakin ang siyudad. Lumabas na ang salitang hatol; hindi na mapipigil pa ang parusa ng Dios sa di nagsisising bayan. "Huwag ninyong dayain ang inyong sarili," ang babala ng Panginoon sa Kanyang bayan. "Ang mga Caldeo...ay hindi magsisi-alis. Sapagkat bagaman inyong sasaktan ang buong hukbo ng mga Caldeo na lumalaban sa inyo, at ang naiwan lamang doon ay mga lalaking sugatan sa gitna nila, gayon ma'y babangon sila, ang bawat isa sa kanyang tolda, at susunugin ng apoy ang bayang ito." Jeremias 37:9, 10. Ang nalabi ng Juda ay madadalang bihag, upang matutuhan sa kahirapan ang mga liksvong tinanggihan nilang matutuhan sa panahon ng kaginhawahan. Sa utos ng banal na Tagapagmasid ay walang magiging samo. [372]

Kabilang sa mga matuwid na nalabi sa Jerusalem, na sa kanila ay malinaw na ipinahayag ang makalangit na panukala, ay yaong may

kapasyahang hindi nila tutulutang ang kaban ng tipang kinatataguan ng Sampung Utos ay mahulog sa kamay ng mababagsik na kaaway. Kanilang ginawa ito. May pagluluksa at kalungkutang itinago nila ang kaban sa isang kuweba, na doon ito ay matatago sa bayan ng Israel at Juda dahilan na rin sa kanilang sala, at di na muling maibabalik sa kanila. Ang banal na kabang ito ay nakatago pa. Hindi pa ito nagagambala mula nang ito ay itago.

Sa maraming taon si Jeremias ay tumayong tapat na saksi ng Dios sa harap ng bayan; at ngayon, habang nalalapit ang pagkahulog ng siyudad sa kamay ng mga pagano, ang kanyang gawain ay tapos na at sinikap na umalis, datapuwat siya ay pinigilan ng isa sa mga anak ng mga bulaang propeta, na nag-ulat na si Jeremias ay sasama sa mga taga Babilonia, na sa kanya ay paulit-ulit na nagpupumilit sa mga lalaki ng Juda upang pasakop. Tinanggihan ng propeta ang kasinungalingang paratang na ito, gayunman, "ang mga prinsipe ay napoot kay Jeremias, at sinaktan nila siya, at isinilid sa bilangguan." Talatang 15.

Ang pag-asang nabuhay sa puso ng mga prinsipe at bayan nang ang mga hukbo ni Nabucodonosor ay bumaling sa timog upang harapin ang mga Egipsyo, ay mabilis na nawala. Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, "Narito, Ako'y lalaban sa iyo, Faraong hari ng Egipto." Ang lakas ng Egipto'y pawang baling tambo. "Lahat ng nananahan sa Egipto," pahayag ng Kasulatan, "ay makakaalam na Ako ang Panginoon, sapagkat sila'y naging tukod na tambo sa sambahayan ni Israel." "Aking aalalayan ang mga bisig ng hari sa Babilonia, at ang mga bisig ni Faraon ay bababa; at kanilang malalaman na Ako ang Panginoon, pagka Aking ilalagay ang Aking tabak sa kamay ng hari sa Babilonia, at kanyang iuunat sa lupain ng Egipto." Ezekiel 29:3, 6; 30:25, 26.

Habang ang mga prinsipe ng Juda ay walang saysay na nakatingin pa sa Egipto sa pag-asang kaligtasan, may pangambang naisip ni Hanng Sedechias ang propetang tinapon sa bilangguan. Matapos ang ilang araw nagsugo nga ang hari at ipinasundo siya at rinanong siyang lihim, "May anuman bagang salitang mula sa Panginoon?" At sumagot si Jeremias, "Mayroon: sinabi rin Niya, ikaw ay mabibigay
[373] sa kamay ng hari sa Babilonia.

"Bukod dito'y sinabi ni Jeremias sa Haring Sedechias, Sa ano ako nagkasala laban sa iyo, o laban sa iyong mga lingkod, o laban

sa bayang ito, upang ilagay ninyo ako sa bilangguan? Saan nandoon ngayon ang inyong mga propeta na nanganghuhula sa inyo na nangagsasabi, Ang hari sa Babilonia ay hindi paririto laban sa inyo, o laban man sa lupaing ito? At ngayo'y dinggin mo, isinasamo ko sa iyo, Oh panginoon ko na hari; isinasamo ko sa iyo na tanggapin ang aking pamanhik sa harap mo; na huwag mo akong pabalikin sa bahay ni Jonathan na kalihim, baka mamatay ako roon." Jeremias 37:17-20.

Nang magkagayo'y nag-utos si Sedechias, at "kanilang ibinilanggo si Jeremias sa looban ng bantay, at kanilang binigyan siya araw-araw ng isang putol na tinapay na mula sa lansangan ng mga magtitinapay, hanggang sa maubos ang lahat na tinapay sa bayan. Ganito nabilanggo si Jeremias sa looban ng bantay." Talatang 21.

Walang lakas na ang hari ay maghayag ng pagtitiwala kay Jeremias. Bagaman inakay siya ng takot upang magtanong dito, gayunman ay duwag siyang harapin ang di pagsang-ayon ng mga prinsipe at ng bayan sa pagsunod sa kalooban ng Dios na inihayag ng propeta.

Mula sa piitan ay patuloy na nagbigay ng payo si Jeremias tungkol sa pagpapasakop sa Babilonia. Ang lumaban ay kamatayan. Ang mensahe ng Panginoon sa Juda ay: "Ang tumatahan sa bayang ito ay mamamatay sa pamamagitan ng tabak, sa pamamagitan ng kagutom, at sa pamamagitan ng salot: ngunit ang lumalabas sa mga Caldeo ay mabubuhay; at ang kanyang buhay ay magiging sa kanya'y pinakasamsam, at siya'y mabubuhay." Malinaw at posidbo ang mga sinalita. Sa pangalan ng Panginoon ang propeta ay matapang na nagpahayag, "Tunay na ang bayang ito ay mabibigay sa kamay ng hukbo ng han sa Babilonia, at sasakupin niya." Jeremias 38:2, 3.

Sa wakas, ang mga prinsipe ay nagalit na sa patuloy na payo ni Jeremias, na labag sa kanilang patakaran ng paglaban, at nagprotesta sa hari, at nagparatang na si Jeremias ay kaaway ng bansa, at ang kanyang mga salita ay nagpahina sa kamay ng bayan at nagdala ng mga kahirapan sa kanila; kung kaya't dapat siyang mamatay.

Alam ng duwag na hari na ang mga paratang ay mali; datapuwat upang paglubagm ang loob ng mga taong may impluwensya sa bansa, nagpanggap siyang kaayon ng kanilang iniisip, at ipinagkaloob sa kanila si Jeremias upang gawin ang ikalulugod nila.

Inihagis ang propeta "sa hukay ni Malchias na anak ni Hammelech, [374] na nasa looban ng bantay: at kanilang inihulog si Jeremias sa pamamagitan ng mga lubid. At sa hukay ay walang tubig, kundi burak: at lumubog si Jeremias sa burak." Talatang 6. Ngunit ang Dios ay nagtindig ng mga kaibigan para sa kanya, at nakipamagitan sa han para sa kanya, at siya'y muling inalis sa piitan.

Muli ay palihim na pinatawag ng hari ang propeta upang tapat na ihayag sa kanya ang adhikain ng Dios para sa Jerusalem. Patanong na sumagot si Jeremias, "Kung saysayin ko sa iyo, hindi mo baga tunay na ipapapatay ako? at kung bigyan kita ng payo, hindi ka ba makikinig sa akin?" Sa gayo'y ang han ay sumumpang lihim sa propeta. "Buhay ang Panginoon, na lumalang ng ating kaluluwa," ang ipinangako ni Sedechias, "hindi kita ipapapatay, o ibibigay man kita sa kamay ng mga lalaking ito na nagsisi-usig ng iyong buhay." Talatang 15, 16.

May pagkakataon pa para sa hari na maghayag ng kaloobang dinggin ang mga babala ni Jehova, at sa ganito ay mabigyang kahabagan ang kahatulang ngayon pa ay unti-unti nang dumarating sa siyudad at sa bayan. "Kung iyong lalabasin ang mga prinsipe ng han sa Babilonia," ang mensahe ng hari, "mabubuhay ka nga, at ang bayang ito ay hindi masusunog ng apoy; at ikaw ay mabubuhay, at ang iyong sambahayan: ngunit kung hindi mo lalabasin ang mga prinsipe ng hari sa Babilonia, mabibigay mga ang bayang ito sa kamay ng mga Caldeo," at kanilang susunugin ng apoy, at ikaw ay hindi makatatanan sa kanilang kamay."

"Ako'y natatakot sa mga Judio na kumampi sa mga Caldeo," sumagot ang hari, "baka ako'y ibigay nila sa kanilang kamay, at kanilang libakin ako." Ngunit nangako ang propeta, "Hindi ka nila ibibigay. Isinasamo ko sa iyo." At idinagdag niya ang pakiusap, "Talimahin mo ang tinig ng Panginoon, tungkol sa aking sinalita sa iyo: sa gayo'y ikabubuti mo, at ikaw ay mabubuhay." Talatang 1720.

Hanggang sa mga huling oras ay ipinakita ng Dios na handa Siyang magpakitang habag sa kanilang magpapasyang sundin ang Kanyang mga kahilingan. Kung sumunod lamang ang hari, ang buhay ng bayan ay naligtas sana at ang siyudad mula sa sunog; ngunit sa sariling isip ay lubhang malayo na siya upang makabalik pa. Natatakot siya sa mga Judio, takot na libakin, takot patayin. Sa maraming taon ng pagrerebelde sa Dios, naisip ni Sedechias na

lubhang kahihiyang sabihin sa bayan na ngayon ay tinatanggap niya ang salita ng Panginoon, sa pamamagitan ni propeta Jeremias; hindi ko mahaharap na labanan ang kaaway sa harap ng mga babalang ito. [375]

May luhang nakiusap si Jeremias kay Sedechias na iligtas ang sarili gayon din ang bayan. May kalumbayang sinabi ng propeta na malibang dinggin ang payo ng Dios, ay hindi niya maililigtas ang buhay, at ang lahat ng tinatangkilik niya ay mahuhulog sa kamay ng Babilonia. Datapuwat ang hari ay nagsimula sa maling landas, at ayaw nang baguhin pa ito. Nagpasya siyang sundin ang payo ng mga bulaang propeta, at ng mga taong sa totoo ay kinamumuhian niya, at lumibak sa kanyang kahinaan sa pagpayag agad sa kanilang mga naisin. Isinakripisyo niya ang marangal niyang pagkatao at naging aliping takot sa opinyon ng publiko. Walang tiyak na layuning gumawa ng kasamaan, wala naman siyang katiyakang tumayong matatag sa katuwiran. Naniniwala man siya sa payo ni Jeremias, wala namang lakas ng moral upang sundin ito; at bilang bunga ay patuloy na lumakad sa maling direksyon.

Ang hari ay gayon kahina na ayaw niyang malaman sa korte na siya ay nakipagsanggunian kay Jeremias, gayon natakot siya sa isipan ng tao. Kung si Sedechias ay tumayong may tapang at inihayag na naniniwala siya sa salita ng propeta, na natutupad na ang bahagi nito, anong pagkawasak nga sana ang naiwasan! Dapat sana ay sinabi niya, Susundin ko ang Panginoon, at ililigtas ang siyudad sa pagkawasak. Hindi ko maatim na labagin ang salita ng Dios para sa takot o pabor ng tao. Mahal ko ang katotohanan, kinamumuhian ko ang kasalanan, at susundin ko ang payo ng Makapangyarihan sa Israel.

Sa gayon ay iginalang sana ng bayan ang kanyang matapang na diwa, at silang nagdadalawang isip sa pananampalataya at alinlangan ay nakatayo sanang maribay sa matuwid. Ang kawalang takot at katarungan ng ganitong kilos ay nagpasigla sana sa mga nasasakupan niya sa paghanga at pagtatapat. Nagkaroon sana siya ng sapat na suporta, at ang Juda sana ay naligtas sa di masusukat na kamatayan, kagutom at pagkasunog.

Ang kahinaan ni Sedechias ay kasalanang pinagbayaran niya ng nakakatakot na parusa. Ang kaaway ay dumaluhong sa siyudad at winasak ito. Ang hukbong Hebreo ay nagupo at nagkagulo. Ang bansa ay nagapi. Si Sedechias ay nakuhang bihag, at ang mga

anak na lalaki niya ay pinaslang sa kanyang harapan. Mula sa
[376] Jerusalem ay kinuhang bihag ang hari, dinukit ang kanyang mga mata at pagdating sa Babilonia ay kahabag-habag na namatay. Ang magandang templong sa loob ng apat na raang taon na naging korona sa bundok ng Sion ay hindi pinaligtas ng mga Caldeo. "Sinunog nila ang bahay ng Dios, at ibinagsak ang kuta ng Jerusalem, at sinunog sa apoy ang lahat na bahay-han niya, at giniba ang lahat na mainam na sisidlan niyaon." 2 Cronica 36:19.

Sa panahon ng huling pagkabihag ni Nabucodonosor sa Jerusalem, marami ang nakatakas sa mga kahirapan ng mahabang pagkubkob, upang mamatay lamang sa tabak. Sa mga nakaligtas sa kamatayan, lalo na ang mga punong saserdote at mga pinuno at prinsipe ng kaharian, ay dinala sa Babilonia at doon ay pinaslang bilang mga traidor. Ang iba naman ay dinalang bihag upang maging alipin kay Nabucodonosor at mga anak niya "hanggang sa paghahari ng kaharian ng Persia: upang ganapin ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng bibig ru Jeremias." talatang 20, 21.

Tungkol na rin kay Jeremias ay natala: "Si Nabucodonosor nga na hari sa Babilonia ay nagbilin kay Nabuzaradan na kapitan ng
[377] bantay ng tungkol kay Jeremias, na sinasabi, Kunin mo siya, at ingatan mo siyang mabuti, at huwag mo siyang saktan; kundi gawin mo sa kanya ang kanyang sasabihin sa iyo." Jeremias 39:11, 12.

Pinalaya mula sa bilangguan ang mga pinuno ng Babilonia, pinili ng mga propeta na ipagsapalaran ang kanyang kaparalan, kasama ng mga nalabi, "sa mga dukha sa lupain" na iniwan ng mga Caldeo upang "maging mag-uubas at magbubukid." Ang ginawang taga pamahala ng Babilonia sa kanila ay si Gedalia. Ilang buwan pa lamang ay pinaslang na ang bayang tagapamahala. Ang mahihirap na tao, pagkaranas ng maraming pagsubok, ay napilit ng kanilang mga pinuno na sa Egipto manirahan. Laban dito, nagprotesta si Jeremias sa malakas na tinig. "Huwag kayong pumasok sa Egipto," nagsumamo siya. Subalit ang payo ay binaliwala, at "ang buong nalabi sa Juda,... ang mga lalald, at ang mga babae, at ang mga bata," ay nagtungo ng Egipto. "Hindi nila tinalima ang tinig ng Panginoon: at sila'y nagsiparoon hanggang sa Taphnes." Jeremias 43:5-7.

Ang nga propesiya ng kapahamakang inihayag ni Jeremias sa nalabing nagrebelde laban kay Nabucodonosor sa pagtakas sa Egipto ay sinamahan ng mga pangako ng patawad kung sila ay magsisisi

at manunumbalik. Kung paanong ang Dios ay hindi magpapatawad sa mga lumabag sa Kanyang payo at bumaling sa mga nakagagayumang impluwensya sa pagsamba sa mga diyos ng Egipto, gayunman ay naghayag Siya ng habag sa kanilang nasumpungang tapat at totoo. Pinahayag niya, "Ang mga makatatanan sa tabak ay mangagbabalik sa lupain ng Juda na mula sa lupain ng Egipto, na kaunti sa bilang; at ang buong nalabi sa Juda, na pumasok sa lupain ng Egipto na nangibang bayan doon, ay makakaalam kung kaninong salita ang mananayo, kung Akin, o kanila." Jeremias 44:28.

Ang kalungkutan ng propeta para sa kanilang dapat sana ay naging tanglaw na espirituwal sa sanlibutan, nadala sa lubos na kasamaan, ang kapanglawan niya sa naging hantungan ng Sion, ay nahayag sa mga panaghoy niyang natala bilang alaala ng kahangalan ng paglayo sa mga payo ni Jehova tungo sa karunungan ng tao. Sa gitna ng kapahamakan, nasabi pa rin ni Jeremias, "Sa mga kaawaan nga ng Panginoon ay hindi tayo nalipol;" at ang palagi niyang panalangin ay, "Ating usisain at suriin ang ating mga lakad, at manumbalik sa Panginoon." Panaghoy 3:22, 40. Nang ang Juda ay kaharian pa sa mga bansa, nagtanong siya sa kanyang Dios, "Iyo bagang lubos na itinakwil ang Juda? kinapootan baga ng Iyong [378] kaluluwa ang Sion?" at nagsumamo pang "Huwag Mo kaming kayamutan, alang-alang sa Iyong pangalan." Jeremias 14:19, 21. Ang lubos na pananampalataya ng propeta sa walang katapusang adhikain ng Dios sa pag-aalis ng kaguluhan, at ihayag sa mga bansa sa lupa at sa buong sansinukob ang mga likas ng Kanyang katarungan at pag-ibig, ang umakay sa kanya upang magsumamong may katatagan sa kanilang maaari pang manumbalik sa katuwiran.

Ngunit ngayon ang Sion ay lubusang wasak; ang bayan ng Dios ay bihag. Sakbibi ng kalungkutang, nawika ng propeta: "Ano't nakaupong mag-isa ang bayan na puno ng mga tao! siya'y naging parang isang balo! Siya na naging dakila sa gitna ng mga bansa at naging prinsesa sa gitna ng mga lalawigan, ay naging mamumuwis! Siya'y umiiyak na lubha sa gabi, at ang mga luha niya ay dumadaloy sa kanyang mga pisngi: sa lahat ng mangingibig sa kanya ay walang umaliw sa kanya: ginawan siya ng kataksilan ng lahat ng kanyang mga kaibigan, sila'y naging kanyang mga kaaway.

"Ang Juda ay pumasok sa pagkabihag dahil sa pagdadalamhati, at sa kabigatan ng paglilingkod: Siya'y tumatahan sa gitna ng mga

bansa, siya'y walang masumpungang kapahingahan: inabot siya ng lahat na manghahabol sa kanya sa mga gipit. Ang mga daan ng Sion ay nangagluluksa, sapagkat walang pumaparoon sa takdang kapulungan: lahat niyang pintuang bayan ay giba: ang mga saserdote niya'y nangagbubuntong hininga, ang mga dalaga niya ay nangagdadalamhati, at siya'y nasa kahapisan. Ang kanyang mga kalaban ay naging pangulo, ang kanyang mga kaaway ay nagsiginhawa; sapagkat pinagdalamhati siya ng Panginoon dahil sa karamihan ng kanyang mga pagsalangsang: ang kanyang mga batang anak ay pumasok sa pagkabihag sa harap ng kalaban."

"Ano't tinakpan ng Panginoon ang anak na babae ng Sion ng alapaap sa Kanyang galit, at Kanyang inihagis mula sa langit hanggang sa lupa ang kagandahan ng Israel, at hindi inalaala ang Kanyang tungtungan ng paa sa kaarawan ng Kanyang galit! Nilamon ng Panginoon ang lahat na tahanan ng Jacob, at Siya'y hindi naawa: Kanyang ibinagsak sa Kanyang poot ang mga katibayan ng anak na babae ng juda; Kanyang inilugmok ang mga yaon sa lupa: Kanyang ipinahamak ang kaharian at ang mga prinsipe niyaon. Kanyang
[379] inihiwalay sa pamamagitan ng mabangis na galit ang buong sungay ng Israel: Kanyang iniurong ang Kanyang kanang kamay sa harap ng kaaway, at Kanyang sinilaban ang Jacob na parang maalab na apoy, na namumugnaw sa palibot. Kanyang inilakma ang Kanyang busog na parang kaaway: Kanyang iniyamba ang Kanyang kanan na parang kalaban, at pinatay ang lahat na maligaya sa mata sa tolda ng anak na babae ng Sion: Kanyang ibinuhos ang Kanyang kapusukan na parang apoy."

"Ano ang Aking patototohanan sa iyo? sa ano kita iwawangis, Oh anak na babae ng Jerusalem? ano ang ihahalintulad Ko sa iyo, upang maaliw kita, Oh anak na dalaga ng Sion? sapagkat ang iyong sira ay malaking parang dagat: sinong makapagapagaling sa iyo?"

"Iyong alalahanin, Oh Panginoon, kung anong dumating sa amin: iyong masdan, at tingnan ang aming pagkadusta. Ang aming mana ay napasa mga taga ibang lupa, ang aming mga bahay ay sa mga taga ibang bayan. Kami ay mga ulila at walang ama, ang aming mga ma ay parang mga balo.... Ang aming mga magulang ay nagkasala, at wala na; at aming pinasan ang kanilang mga kasamaan. Mga alipin ay nangagpupuno sa amin: walang magligtas sa amin sa kanilang

kamay.... Dahil dito ang aming puso ay nanlulupaypay; dahil sa mga bagay na ito ay nagdidilim ang aming mga mata."

"Ikaw, Oh Panginoon, nananatili magpakailan man; ang Iyong luklukan ay sa sali't saling lahi. Bakit Mo kami nililimot magpakailan man, at pinababayaan Mo kaming totoong malaon? Manunumbalik Ka sa amin, Oh Panginoon, at kami ay manunumbalik; baguhin Mo ang aming mga araw na gaya nang una." Panaghoy 1:1-5; 2:1-4, 13; 5:1-3, 7, 8, 17, 19-21. [380]

# Kabanata 38—Liwanag sa Kadiliman

Ang madidilim na taon ng pagkawasak at kamatayan na siyang naging wakas ng kaharian ng Juda ay nagdala sana kahit na sa pinakamatatag ang puso ng kapanglawan kung hindi sa mga propesiya ng mga mensahero ng Dios. Sa pamamagitan ni Jeremias sa Jerusalem, kay Daniel sa korte ng Babilonia, kay Ezekiel sa mga pampang ng Caldeo, ang Panginoon sa kahabagan ay maliwanag na ibinigay ang Kanyang walang hanggang adhikain at kasiguruhan ng pagiging laang tuparin sa Kanyang piniling bayan ang mga pangakong natala sa mga sulat ni Moises. Ang ipinangakong tutuparin sa mga magtatapat sa Kanya ay tunay na isasagawa. "Ang salita ng Dios...nabubuhay at namamalagi magpakailanman." 1 Pedro 1:23.

Sa panahon ng paglalakbay sa ilang ang Panginoon ay nagbigay ng saganang probisyon sa Kanyang mga anak upang maalaala ang mga salita ng Kanyang kautusan. Matapos makapasok sa Canaan ang mga banal na utos ay uulitin sa mga tahanan sa bawat araw; ang mga ito ay malinaw na isusulat sa mga haligi ng pintuan ng bahay, at ilalatag sa mga alaalang sulatan. Ilalapat ito sa musika at aawitin ng mga kabataan at katandaan. Ituturo ito ng mga saserdote sa mga pagtitipong publiko, at ang mga pinuno ng bayan ay gagawin itong pagbubulay-bulay sa bawat araw. "Iyong pagbubulayan araw at gabi," iniutos ng Panginoon kay Josue tungkol sa aklat ng kautusan, "upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagkat kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan." Josue 1:8.

Ang mga sulat ni Moises ay itinuro ni Josue sa buong Israel. "Walang salita sa lahat na iniutos ni Moises, na hindi binasa ni Josue sa harap ng buong kapulungan ng Israel, at mga babae, at mga bata, at ng mga taga ibang lupa na nakikipamayan sa kanila." Josue 8:35. Ito ay katugma ng utos ni Jehova ukol sa pagsasanay sa publiko ng
[381] mga salita niyon tuwing ikapitong taon, sa Pista ng Tabernakulo. "Pisanin mo ang bayan, ang mga lalaki, at mga babae, at mga bata, at

ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuangdaan," ang sinabi sa mga pinunong espirituwal, "upang kanilang marinig, at upang kanilang pag-aralan, at matakot sa Panginoon mong Dios, at isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito: at upang ang kanilang mga anak, na hindi nakakilala, ay makarinig, at mag-aral na matakot sa Panginoon ninyong Dios, habang kayo'y nabubuhay sa lupain na inyong pinaroroonan na inyong itinatawid ng Jordan upang ariin." Deuteronomio 31:12, 13.

Kung ang payong ito ay dininig sa paglakad ng mga daangtaon, kakaiba sana ang kasaysayan ng Israel! Tanging sa paggalang sa Banal na Salita ng Dios na ang bayan ay makakaasang maganap ang banal na adhikain ng Dios. Ang pitagan sa utos ang nagbigay sa Israel ng kalakasan sa paghahari ni David at sa mga unang taon ni Solomon; pananampalataya rin sa nasusulat na salita na ang repormasyon sa panahon ni Elias at Josias ay naisagawa. At dito rin sa Kasulatang ito, ang pinakadakilang pamana sa Israel, na si Jeremias ay nanawagan sa kanyang pagsisikap na magdala ng reporma. Saan mang dako siya naglingkod, ang kanyang samo sa bayan, "Inyong pakinggan ang mga salita ng tipang ito," mga salitang magdadala sa kanila ng lubusang pagkaunawa ng panukala ng Dios upang maipaabot sa lahat ng mga bansa ang kaalaman tungkol sa nagliligtas na katotohanan. Jeremias 11:2.

Sa mga huling taon ng pagtalikod ng Juda ang mga payo ng propeta ay parang walang bisa; at habang ang mga hukbong Caldeo ay lumusob sa ikado at huling pagkakataon upang kubkubin ang Jerusalem, ang pag-asa ay nawala sa bawat puso. Ipinopropesiya ni Jeremias ang lubos na pagkawasak; at dahilan sa kanyang mapilit na payong sumuko na siya ay ibinilanggo. Datapuwat hindi pinabayaan ng Dios ang mga nalabi sa siyudad sa lubusang kawalang pag-asa. Sa kabila ng mahigpit na pagmamanman kay Jeremias ng mga nanlilibak sa kanyang mga pabalita, may mga bagong pagpapahayag ang Dios na dumating sa kanya tungkol sa hangad ng Langit na magpatawad at magligtas, na naging kaginhawahan ng iglesia mula pa noon hanggang sa ngayon.

Sa matibay na panghahawakan sa mga pangako ng Dios, si Jeremias sa pamamagitan ng talinhagang kasama siya ay inilarawan sa siyudad na ito ang kanyang matibay na pananalig sa katuparan sa wakas ng adhikain ng Dios sa Kanyang bayan. Sa harap ng mga [382]

saksi at pagbibigay pansin sa lahat ng porma ng batas, binili niya sa halagang labing-pitong siklo ng pilak ang isang pamanang lupa sa katabing bayan ng Anatoth.

Sa paningin ng tao ang pagbiling ito ng lupang nasa kamay na ng Babilonia ay isang kahangalan. Ang propeta na rin ang nagpropropesiya sa kawasakan ng Jerusalem, ang pagkaaba ng Juda, at ang lubusang pagkapahamak ng kaharian. Ipinopropesiya niya ang matagalang pagkabihag sa malayong Babilonia. Matanda na, hindi niya matitikman ang personal na pakinabang ng pagbiling ginawa niya. Gayunman, sa pag-aaral niya ng propesiya ay nabuo sa kanya ang isipang isasauli ng Panginoon ang Kanyang bayan mula sa pagkabihag tungo sa pag-aangking muli ng Lupang Pangako. Sa mata ng pananampalataya ay nakita ni Jeremias ang mga bihag na nagbabalik sa lupain ng kanilang mga magulang matapos ang mga taon ng kahirapan. Sa pagbili ng lupa sa Anatoth ay gagawin niya ang lahat ng magagawa upang magbigay sigla sa iba sa pag-asang ito na nagbigay din kasiyahan sa kanyang puso.

Matapos ang pirmahan ng bilihan at nakuha ang mga pirma ng mga saksi, tinagubilinan ni Jeremias ang eskribang si Baruch na kanyang kalihim: "Iyong kunin ang mga katibayang ito, ang katibayang ito ng pagkabili, ang natatatakan, at gayon din itong katibayang bukas; at iyong isilid sa sisidlang lupa, upang tumagal ng maraming araw. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Mga bahay at mga parang at mga ubasan ay mangabibili pa uli sa lupaing ito." Jeremias 32:14, 15.

Gayon kasama ang tanawin ng hinaharap para sa Juda nang ang bilihang ito ay matapos anupa't ang pananampalataya na rin ni Jeremias ay tunay na nasubok. Siya kaya, sa pagsisikap na pasiglahin ang Juda, ay gumawang pinangungunahan ang Dios? Sa pagsisikap na magtatag ng pagtitiwala sa mga pangako ng salita ng Dios, hindi naman kaya siya nagbigay ng maling pag-asa? Silang pumasok sa tipanan sa Dios ay matagal nang bumitiw sa kanilang salita. Ang mga pangako kaya sa piling bansang ito ay tunay na matutupad lahat?

Nabagabag ang diwa, at lumo sa kapanglawan sa pagdurusa ng mga ayaw magsisi, ang propeta ay namanhik sa Dios ukol sa dagdag na liwanag ukol sa panukala ng langit sa sangkatauhan.

"Ah Panginoong Dios! nanalangin siya, "narito, Iyong ginawa
ang langit at ang lupa sa pamamagitan ng Iyong malaking kapang- [383]
yarihan at sa pamamagitan ng Iyong unat na kamay, at walang bagay [384]
na totoong napakahirap sa Iyo: na Ikaw ay nagpapakita ng kagan-
dahang loob sa mga libu-libo, at iyong ginaganti ang kasamaan ng [385]
mga magulang sa sinapupunan ng kanilang mga anak pagkamatay nila: ang dakila, na makapangyarihang Dios, ang Panginoon ng mga hukbo, ay Kanyang pangalan, dakila sa payo, at makapangyarihan sa gawa: na ang Kanyang mga mata ay dilat sa lahat ng mga lakad ng mga anak ng tao: upang bigyan ang bawat isa ng ayon sa kanyang mga lakad, at ayon sa bunga ng kanyang mga gawa: na naglagay ng mga tanda at mga kababalaghan sa lupain ng Egipto, hanggang sa araw na ito, sa Israel, at gayon din sa gitna ng ibang mga tao; at magtaglay Ka ng pangalan, gaya sa araw na ito; at Iyong inilabas ang Iyong bayang Israel sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng mga tanda, at ng mga kababalaghan, at ng malakas na kamay, at ng unat na kamay, at ng malaldng kaldlabutan; at ibinigay sa kanila ang lupaing ito na Iyong isinumpa sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila, lupain na binubukalan ng gatas at pulot; at sila'y pumasok, at kanilang inari; ngunit hindi dininig ang Iyong tinig, o lumakad man sa Iyong kautusan; sila'y hindi nagsigawa ng anuman sa lahat na Iyong inutos sa kanila na gawin: kaya't Iyong pinapangyari ang buong kasamaang ito sa kanila." Talatang 17-23.

Ang mga hukbo ni Nabucodonosor ay akma nang kukunin ang Sion sa puwersa. Libu-libo ay nasawi sa huling depensang ginawa sa siyudad. Libo pa rin ang namatay sa gutom at sakit. Ang kapalaran ng Jerusalem ay natatakan na. Ang kumukubkob na hukbo ay nasa mga pader na ng siyudad. "Narito, ang mga bunton," patuloy na nanalangin ang propeta sa Dios; "nagsidating sila sa bayan upang sakupin; at ang bayan ay nabigay sa kamay ng mga taga Caldea, na nagsisilaban doon, dahil sa tabak, at sa kagutom, at sa salot: at kung ano ang Iyong sinalita ay nangyayari; at, narito, Iyong nakikita. At Iyong sinabi sa akin, Oh Panginoong Dios, Iyong bilhin ng salapi ang parang, at Ikaw ay tumawag ng mga saksi; yamang ang bayan ay ibinibigay sa kamay ng mga Caldeo." Talatang 24, 25.

Ang dalangin ng propeta ay dininig na mabiyaya. "Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay Jeremias" sa panahon ng kalungkutan, noong ang pananampalataya ng lingkod ng katoto-

[386] hanan ay nasubok na nagsasabi: "Narito, Ako ang Panginoon, ang Dios ng lahat na tao: may anumang bagay ba na totoong mahirap sa Akin?" Talatang 26, 27. Ang siyudad ay di magtatagal ay mahuhulog na sa mga Caldeo; ang pintuan at mga palasyo ay susunugin; datapuwat, sa kabila ng tiyak na pagkawasak na ito at ang mga nananahan sa Jerusalem ay dadalhing bihag, gayunman ang walang hanggang adhikain ng Dios sa Israel ay matutupad. Karagdagang tugon sa panalangin ng Kanyang lingkod, inihayag ng Panginoon tungkol sa kanilang nagdaranas ng parusa:

"Narito, Aking pipisanin sila mula sa lahat ng lupain, na Aking pinagtabuyan sa kanila sa Aking galit, at sa Aking kapusukan, at sa malaking poot; at dadalhin Ko sila uli sa dakong ito, at Akin silang patatahaning tiwasay: at sila'y magiging Aking bayan, at Ako'y magiging kanilang Dios: at bibigyan Ko sila ng isang puso, at ng isang daan, upang sila'y matakot sa Akin magpakailanman; sa ikabubuti nila, at ng kanilang mga anak pagkamatay nila: at Ako'y makikipagtipan ng walang hanggan sa kanila, na hindi Ako hihiwalay sa kanila, upang gawan Ko sila ng mabuti; at sisidlan Ko sa puso ng takot sa Akin, upang huwag silang magsihiwalay sa Akin. Oo, Ako'y magagalak sa kanila upang gawan Ko sila ng mabuti, at Aking tunay na itatatag sila sa lupaing ito ng Aking buong puso at ng Aking buong kaluluwa.

"Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon; Kung paanong Aking dinala ang lahat na malaking kasamaang ito sa bayang ito, gayon dadalhin Ko sa kanila ang lahat na mabuti na Aking ipinangako sa kanila. At mga parang ay mabibili sa lupaing ito, na inyong sinasabi, Sira, na walang tao o hayop man; nabigay sa kamay ng mga Caldeo. Bibilhin nga ng mga tao ng salapi ang mga parang, at mangaglalagda ng pangalan sa mga katibayan, at mga tatatakan, at magsisitawag ng mga saksi, sa lupain ng Benjamin, at sa mga dako na palibot ng Jerusalem, at sa mga bayan ng Juda, at sa mga bayan ng lupaing maburol, at sa mga bayan ng mababang lupain, at sa mga bayan ng timugan: sapagkat Aking ibabalik sila mula sa kanilang pagkabihag, sabi ng Panginoon." Talatang 37-44.

Bilang patibay ng mga kasiguruhan ng pagliligtas at pananauli, "ang salita ng Panginoon kay Jeremias sa pangalawang pagkakataon, samantalang nakukulong pa siya sa looban ng bantayan, na nagsasabi,

"Ganito ang sabi ng Panginoon na Gumagawa niyaon, ng Panginoon na umaanyo niyaon upang itatag; Panginoon ay Siyang [387] Kanyang pangalan; Tumawag ka sa Akin, at Ako'y sasagot sa iyo, at Ako'y magpapakita sa iyo ng mga dakilang bagay, at mahihirap na hindi mo nangalalaman. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, ang Dios ng Israel, tungkol sa mga bahay ng bayang ito, at tungkol sa mga bahay ng mga hari sa juda, na nangabagsak upang gawing sanggalangang laban sa mga bunton, at laban sa tabak;... Narito, Ako'y magdadala ng kagalingan at kagamutan, at Aking gagamutin sila; at Ako'y maghahayag sa kanila ng di kavvasang kapayapaan at katotohanan. At Aking pababalikin ang nangabihag sa Juda at ang nangabihag sa Israel, at Aking itatayo sila, gaya nang una. At Aking lilinisin sila sa lahat mlang kasamaan, na kanilang pinagkasalahan laban sa Akin; at Aking ipatatawad ang lahat nilang kasamaan.... At ang bayang ito ay magiging pinakapangalan ng kagalakan sa Akin, pinakakapurihan at pinaka kaluwalhatian, sa harap ng lahat na bansa sa lupa, na makakannig ng lahat na mabuti na gagawin Ko sa kanila: at mangatatakot at magsisipanginig dahil sa lahat na kapayapaan na Aking pinagsikapan sa Kanya.

"Ganito ang sabi ng Panginoon; Maririnig pa uli sa dakong ito, na inyong sinasabi, sira na walang tao at walang hayop, sa mga bayan ng Juda, at sa mga lansangan ng Jerusalem,...ang tinig ng kagalakan, at ang tinig ng kasayahan, ang tinig ng kasintahang lalaki, at ang tinig nilang nangagsasabi, Kayo'y mangagpasalamat sa Panginoon ng mga hukbo, sapagkat ang Panginoon ay mabuti, sapagkat ang kagandahang loob ay magpakailan pa man; at ng nangagdadala ng hain ng pagpapasalamat sa bahay ng Panginoon. Sapagkat Aking ibabalik ang nangabihag sa lupain gaya ng una, sabi ng Panginoon.

"Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Magkaroon pa uli sa dakong ito, na sira, na walang tao at walang hayop, at sa lahat ng bayan nito, ng tahanan ng mga pastor na nagpapahiga ng kanilang kawan. Sa mga bayan ng mga bundok, at sa bayan ng mga mabababang lupa, at sa mga bayan ng katimugan, at sa lupain ng Benjamin, at sa mga dako na palibot ng Jerusalem, at sa mga bayan ng Juda, magdaraan uli ang mga kawan sa mga kamay ng bibilang sa kanila, sabi ng Panginoon.

"Nanto, ang mga araw ay dumating, sabi ng Panginoon, na Aking isasagawa ang mabuting salita na Aking sinalita tungkol sa

sambahayan ni Israel, at tungkol sa sambahayan ni Juda.” Jeremias 33:1-14.

Sa ganito ay nabigyang ginhawa ang iglesia sa isa sa pinaka-
[388] madilim na oras ng kanyang pakikipagtunggali sa mga puwersa ng kasamaan. Sa tingin ay nagtagumpay si Satanas sa pagwasak sa Israel; datapuwat ang Panginoon ay nangingibabaw sa mga pangyayari sa kasalukuyan, at sa mga susunod na mga taon, ang Kanyang bayan ay magkakaroon ng karapatang tubusin ang nakaraan. Ang pabalita sa iglesia ay,

“Huwag kang masindak, Oh Jacob na Aking lingkod,...huwag ka mang manlupaypay, Oh Israel: sapagkat narito, ililigtas kita mula sa malayo, at ang iyong binhi mula sa lupain ng kanilang pagkabihag; at ang Jacob ay babalik, at magiging tahimik at tiwasay, at walang tatakot sa kanya. Sapagkat Ako’y sumasaiyo, sabi ng Panginoon upang iligtas kita.” “Sapagkat pagiginhawahin kita, at pagagalingin kita sa iyong mga sugat.” Jeremias 30:10, 11, 17.

Sa masayang araw ng pagsasauli ang mga nahating tribo ay muling maglalakip bilang isang bayan. Ang Panginoon ay kikilalaning pangulo ng “lahat na angkan ni Israel.” “Sila’y magiging Aking bayan,” pahayag Niya. “Kayo’y magsiawit ng kasayahan dahil sa Jacob, at magsihiyaw kayo dahil sa puno ng mga bansa: mangagtanyag kayo, magsipuri kayo, at mangasabi, Oh Panginoon, iligtas Mo ang Iyong bayan, ang nalabi sa Israel. Nanto, Aking dadalhin sila mula sa lupaing hilagaan, at pipisanin Ko sila mula sa mga kahuli-hulihang bahagi ng lupa, at kasama nila ang bulag at ang pilay;...sila’y magsisiparitong may iyakan, at may mga pamanhik na Aking papatnubayan sila: Akin silang palalakarin sa tabi ng mga ilog ng tubig, sa matuwid na daan na hindi nila karitisuran: sapagkat Ako’y pinaka-Ama sa Israel, at ang Ephraim ang Aking panganay.” Jeremias 31:7-9.

Aba sa paningin ng mga bansa ang bayang ito, na nakilalang pinaburan ng Langit sa ibabaw ng lahat ng bansa sa lupa ay matututuhan sa pagkabihag ang liksyon ng pagsunod na kailangan sa kaligayahang panghinaharap. Hanggang di nila natututuhan ang liksyong ito, hindi magagawa ng Dios sa kanila ang lahat ng ninanais Niya para sa kanila. “Kundi sasawaym kita ng kahatulan, at walang pagsalang hindi kita iiwan na walang parusa.” Kanyang ipinahayag ang paliwanag ng Kanyang panukala upang linisin sila

para sa kanilang kabutihang espirituwal. Jeremias 30:11. Gayunman, sila na iniibig ng Dios ay di kailanman isasantabi; sa paningin ng lahat ng mga bansa sa lupa ihahayag Niya ang panukala ng pagbibigay tagumpay mula sa hayag ng kabiguan, ng pagliligtas sa halip ng pagwasak. Sa propeta ay nabigay ang pabalita: [389]

"Ang nagpangalat sa Israel, Siyang magpipisan sa kanya, at magiingat sa kanya, gaya ng ginagawa ng pastor sa kanyang kawan. Sapagkat tinubos ng Panginoon ang Jacob, at tinubos Niya siya sa kamay ng lalong malakas kaysa kanya. At sila'y magsisiparito at magsisiawit sa kaitaasan ng Sion, at magsisiagos na magkakasama sa kabutihan ng Panginoon, sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa guya ng kawan at ng bakahan: at ang kanilang kaluluwa ay magiging parang dinilig na halamanan; at hindi na sila mangamamanglaw pa sa anuman.... Aking gagawing kagalakan ang kanilang pagluluksa, at Aking aaliwin sila, at Aking pagagalakin sila sa kanilang kapanglawan. At Aking sisiyahin ang loob ng mga saserdote sa kaginhawahan, at ang Aking bayan ay masisiyahan sa Aking kabutihan, sabi ng Panginoon."

"Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Kanilang gagamitin uli ang pananalitang ito sa lupain ng juda at sa mga bayan niyaon, pagka Aking dadalhin uli mula sa kanilang pagkabihag; Pagpalain ka ng Panginoon, Oh tahanan ng kaganapan, Oh bundok ng kabanalan. At ang Juda at ang lahat na bayan niya ay tatahan doon na magkakasama, ang mga mangbubukid, at ang mga lumilibot na may mga kawan. Sapagkat Aking bibigyang kasiyahan ang pagod na tao, at lahat na mapanglaw na tao ay Aking pinasasaya. Dito'y nagising Ako, at Ako'y lumingap; at ang Aking pagkakatulog ay masarap."

"Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na Ako'y makikipagtipan ng panibago sa sambahayan ni Israel, at sa sambahayan ni Juda: hindi ayon sa tipan na ipinakipagtipan Ko sa kanilang mga magulang sa araw na Aking kinuha sila sa pamamagitan ng kamay upang ilabas sila sa lupain ng Egipto; na ang Aking tipan ay kanilang sinira, bagaman Ako'y asawa nila, sabi ng Panginoon: kundi ito ang tipan na Aking ipakikipagtipan sa sambahayan ni Israel; Pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang Aking kautusan sa kanilang kalooban, at Aking isusulat sa kanilang puso; at Ako'y magiging kanilang

Dios, at sila'y magiging Aking bayan. At hindi na magtuturo bawat isa sa kanila sa kanyang kapwa, at bawat tao sa kanyang kapatid, na magsasabi, Iyong kilalanin ang Panginoon: sapagkat makokilala nilang lahat Ako, mula sa kaliit-liitan sa kanila hanggang sa kadaki-dakilaan sa kanila, sabi ng Panginoon: sapagkat Aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi Ko na
[390] aalalahanin." Jeremias 31:10-14, 23-25,31-34.

# SEKSYON V—SA MGA LUPAIN NG HINDI NANINIWALA SA DIOS

[391]

*“Kayo’,y Aking mga saksi, sabi ng Panginoon, at Aking lingkod na Aktng pinili. ” Isaias 43:10. ”*

[392] # Kabanata 39—Sa Korte ng Babilonia

Kabilang sa mga anak ng Israel na nadalang bihag sa Babilonia sa pasimula ng pitumpung taon ng pagkabihag ay mga Kristianong tapat, mga lalaking tunay na bakal sa kanilang mga prinsipyo, na hindi mapapasama ng kasakiman kundi magpaparangal sa Dios maging katumbas man ng lahat ng bagay. Sa lupain ng pagkabihag ang mga lalaking ito ay magsasagawa ng adhikain ng Dios sa mga bansang pagano sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng pagkakilala kay Jehova. Sila ang magiging kinatawanan Niya. Kailanman ay hindi sila makikipagkompromiso sa mga sumasamba sa mga diyos; ang kanilang pananampalataya at pangalan bilang sumasamba sa buhay na Dios ay tataglayin nilang may mataas na karangalan. At ito ay kanilang ginawa. Sa kasaganaan at kahirapan ay pinarangalan nila ang Dios, at sila naman ay pinarangalan ng Dios.

Ang katunayang ang mga lalaking ito, na sumasamba kay Jehova, ay mga bihag sa Babilonia, na ang mga banal na kasangkapan sa bahay ng Dios ay nalagay sa mga templo ng diyus-diyusan sa Babilonia, ay mayabang at binanggit ng mga nagtagumpay sa katibayang ang kanilang relihiyon at mga gawi ay mas mataas sa relihiyon at gawi ng mga Hebreo. Gayunman sa kabila ng mga kahihiyang dumating sa Israel dahilan sa kanilang paglayo sa Kanya, ang Dios ay nagbigay sa Babilonia ng mga katibayan na Siya nga ang pinakamataas, at ang mga kahilingan Niya ay banal, gayon din ng tiyak na bunga ng pagsuway. At ang patotoong ito ay ibinigay ng Dios, sa pamamagitan nilang naging tapat sa Kanya.

Kabilang sa mga nanatili sa katapatan sa Dios ay sina Daniel at ang tatlong kasama niya—natatanging halimbawa ng mga lalaking kung makikiisa sa Dios ay magiging patotoo ng karunungan at kapangyarihan. Mula sa simpleng pamumuhay sa tahanang Judio, ang mga kabataang itong may dugong marangal ay dinala sa pinakamararangyang siyudad at sa korte ng pinakadakilang hari sa lupa.
[393] At si Ang kabanatang ito ay batay sa Daniel 1. Nabucodonosor ay

"nagsalita kay Aspenaz, na puno ng kanyang mga bating, na siya'y magdala ng ilan sa mga anak ni Israel, samakatuwid baga'y sa lahing hari, at sa mga mahal na tao; mga binatang walang kapintasan, kundi may mabubuting bikas, at matatalino sa lahat na karunungan, at bihasa sa kaalaman, at nakakaunawa ng dunong, at may ganyang kakayahan na makatayo sa palasyo ng hari....

"Na sa mga ito nga, sa mga anak ni Juda, si Daniel, si Ananias, si Misael, at si Azarias." Sa pagkakita ng hari sa mga kabataang ito at sa pangako ng kanilang natatanging kakayahan, ipinasiya ni Nabucodonosor na sila ay sanayin upang balang araw ay kumuha ng mahahalagang tungkulin sa kanyang kaharian. Upang maiangkop silang lubos sa panunungkulan, sila ay tuturuan ng wikang Caldeo at sa loob ng tatlong taon ay bibigyan ng di karaniwang edukasyong kaloob lamang sa mga prinsipe ng kaharian.

Ang pangalan m Daniel at mga kasama niya ay pinalitan ng mga pangalang kaugnay ng kanilang mga diyos na Caldeo. Malaking kahalagahan kaugnay ng pagbibigay pangalan ng mga magulang na Hebreo sa kanilang mga anak. Madalas na ito ay kaugnay ng likas na nais ng magulang na mabuo sa anak. At pinanganlan sila ng pangulo ng mga bating, "kay Daniel ang ipinangalan ay Beltsasar; at kay Ananias ay Sadrach; at kay Misael ay Mesach; at kay Azarias ay Abednego."

Hindi pinilit ng hari ang mga kabataang Hebreong ito na iwaksi ang kanilang pananampalataya para sa idolatriya, ngunit inaasahan niyang ito ay darating na unti-unti. Sa pagbibigay sa kanila ng mga pangalang kaugnay ng pagsamba sa mga diyos, sa araw-araw na pakikisalamuha nila sa mga ugaling idolatriya, at sa ilalim ng mapanggayumang impluwensya ng mga ritos ng pagsambang pagano, may pag-asa siyang ang mga kabataang ito ay mararahuyo sa relihiyon ng bansa at makiisa sa pagsamba ng mga taga Babilonia.

Sa pasimula ng kanilang bagong buhay, dumating agad ang isang pagsubok ng likas. Ipinanukalang sila ay kakain din ng pagkain at iinom ng mga inumin ng hari. Sa ganitong paraan ay inisip ng hari na ipadama sa kanila ang kanyang kaluguran at malasakit sa kanilang kapakanan. Datapuwat palibhasa'y bahagi nito ay inihandog sa mga diyos, ang pagkain sa dulang ng hari ay bahagi pa rin ng idolatriya; at ang kumakain nito ay maituturing na ring sumasamba sa mga diyos ng Babilonia. Sa ganito, dahilan sa pagtatapat ni

[394] Daniel at ng mga kasama kay Jehova ay tumanggi sila. Kahit na ang pakunwaring pagkain at pag-inom ay pagtanggi na rin sa kanilang pananampalataya. Kung gagawin nila ito ay mahahanay na rin sila sa hedenismo at pagaalis ng karangalan sa batas ng Dios.

At hindi rin nila magagawang sumuong sa panganib ng kalayawan at paglalasing upang masira ang paglagong pisikal, mental, at espirituwal. Alam nila ang kasaysayan ni Nadab at Abihu, na ang tala ng kanilang kawalang pagtitimpi at ang bunga nito ay natala sa mga aklat *(pentateuch)*; at alam nilang ang kanilang sariling pisikal at mental na kapangyarihan ay masisira ng alak.

Si Daniel at ang mga kasama niya ay nasanay ng kanilang mga magulang sa mga gawa ng mahigpit na pagtidmpi. Naturuan silang magsusulit sila sa Dios sa kanilang mga kakayahan, at huwag nilang pabansutin o pahinain ang kanilang kapangyarihan. Ang edukasyong ito ang naging paraan kay Daniel at mga kasama niya na manatiling tapat sa gitna ng mga nagpapahinang impluwensya ng Babilonia. Malakas ang mga pagsubok na nakapaligid sa kanila sa masama at marangyang korteng iyon, ngunit sila ay nanatiling hindi narumihan. Walang kapangyarihan, o impluwensya, ang makapagliligaw sa kanila mula sa mga simulaing natutuhan nila sa pagkabata sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita at mga gawa ng Dios.

Kung ninais lamang ni Daniel, madali siyang makagagawa ng dahilan sa paglayo sa mahigpit na ugali ng pagtitimpi. Maidadahilan niyang, sapagkat siya ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng hari, na wala siyang ibang magagawa kundi kainin ang pagkain at inumin ang inumin ng hari; sapagkat kung magmamatigas siya ay paglaban ito sa hari at maaaring maging halaga ng kanyang tungkulin o buhay. Kung isasaisantabi niya ang utos ng Dios ay makukuha niya ang pabor ng hari at makukuha niya ang bentahe ng paglagong intelektuwal at mga magandang pangako ng sanlibutan.

Datapuwat si Daniel ay di man lamang nag-atubili. Ang pagsangayon ng Dios ay higit na mahalaga sa kanya kaysa sa pabor ng pinakamakapangyarihang hari sa lupa—higit na mahal kaysa buhay. Nagpasyang tumayong matatag sa katapatan, at maghintay ng anumang magiging bunga nito. "Pinasiyahan ni Daniel sa kanyang puso na siya',y hindi magpapakahamak sa pagkain ng hari, o sa alak man na kanyang iniinom." Sa pagpasyang ito, ay sumuporta sa kanya ang
[395] tatlong kasama niya.

Sa ginawang pagpapasyang ito, ang kabataang Hebreo ay hindi nagpauna sa Dios kundi lubusang nanalig sa Kanya. Hindi nila piniling maging kakaiba, ngunit sa kanilang ginawa ay naging gayon nga sila upang parangalan lamang ang Dios. Kung makikipagkompromiso sila sa kamalian sa pagsuko sa mga pangyayari, ang paglayo nila sa prinsipyo ay magpapahma ng kanilang pagkadama ng matuwid at pagkamuhi sa masama. Ang unang maling hakbang na ito ay aakay sa iba pang kamalian, hanggang sa, ang koneksyon nila sa Langit ay malagot na, at sila ay matatangay ng agos ng tukso.

"Si Daniel nga ay pinasumpong ng Dios ng lingap at habag sa paningin ng pangulo ng mga bating," at ang kahilingan niyang hindi siya magpapakadungis ay tinanggap na may paggalang. Subalit ang pangulo ay nag-atubili. "Ako'y natatakot sa aking panginoong hari, na nagtakda ng inyong pagkain at ng inyong inumin," paliwanag niya kay Daniel; "sapagkat bakit niya makikita na ang inyong mga mukha ay maputla kaysa mga binata na inyong mga kasing-gulang? isasapanganib nga ninyo ang aking ulo sa hari."

Nagsumamo si Daniel sa katiwalang inihalal upang mangalaga sa mga kabataang Hebreo, hinihiling na huwag silang pakainin at painumin ng alak ng hari. Hiniling niyang subukan muna ng sampung araw, ang mga kabataang Hebreo ay pansamantalang binigyan ng simpleng pagkain, samantalang ang kanilang mga kasamahan ay kumain ng mga pagkain ng hari.

Si Melzar, bagaman takot na sa pagsagawa ng kahilingang ito ay hindi niya mapapalugod ang hari, gayun pa ma'y isinagawa niya; at alam ni Daniel na nanaig siya. Pagkatapos ng sampung araw ng pagsubok ang kinalabasan ay kabaliktaran ng pinangangamba ng pangulo. "Napakitang lalong maganda ang kanilang mga mukha at sila'y lalong mataba sa laman kaysa sa lahat na binata na nagsikain ng pagkain ng han." Sa hitsura ang mga kabataang Hebreo ay nagpakita ng kakaibang kagalingan kaysa kanilang mga kasama. Bilang resulta, si Daniel at ang kanyang mga kasama ay pinahintulutang ipagpatuloy ang kanilang simpleng pagkain sa buong pagsasanay sa kanila.

Sa loob ng tatlong taon ang mga kabataang Hebreo ay tinuruan ng "turo at wika ng mga Caldeo." Sa panahong ito ay nanindigan sila sa pagtatapat sa Dios at patuloy na nanalig sa Kanyang kapangyarihan. Sa kanilang mga ugali ng pagtanggi sa sarili ay isinama nila

ang sigasig ng adhikain, sipag, at katatagan. Hindi pagmamataas [396] o ambisyon ang naghatid sa kanila sa korte ng han, sa pakikisama sa mga taong walang pagkilala o takot sa Dios; na sila ay bihag sa ibang lupain, na Karunungan ng Dios ang siyang nagtakda. Nahiwalay sa impluwensya ng tahanan at banal na pagsasamahan, sinikap nilang magkaroon ng mabuting pangalan, sa ikararangal ng bayang naduhagi, at sa ikaluluwalhati ng Dios na kanilang pinaglilingkuran.

Sinang-ayunan ng Panginoon ang katatagan at pagtanggi sa sarili ng mga kabataang Hebreo, at ang kanilang dalisay na motibo; at ang pagpapala Niya ay suma kanila. "Pinagkalooban sila ng Dios ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan: at si Daniel ay may pagkaunawa sa lahat na pangitain at mga panaginip." Ang pangako ay naganap, "Yaong mga nagpaparangal sa Akin ay Aking pararangalan." 1 Samuel 2:30. Sa paghawak ni Daniel sa Dios sa di nagbabagong pagtitiwala, ang kapangyarihan ng panghuhula ay dumaring sa kanya. Habang tumatanggap ng turo ng tao ukol sa mga tungkulin sa korte, siya naman ay tinuruan ng Dios upang mabasa ang mga hiwaga ng hinaharap at itala ang mga ito ukol sa mga darating na saling lahi, sa pamamagitan ng mga paglalarawan at simbulo, mga pangyayaring magaganap sa lupa hanggang sa katapusan ng panahon.

Nang dumating ang panahong lahat ng mga kabataang nagsanay ay subukin, ang mga kabataang Hebreo ay sinubok, kasama ang iba pa, upang makapaglingkod sa kaharian. Subalit "sa kanilang lahat ay walang nasumpungang gaya ni Daniel, ni Ananias, ni Misael, at m Azanas." Ang kanilang pag-intindi, malawak na kaalaman, ang pagpili at tumpak na wika, ay nagpatunay ng kanilang di mapaparisang kalakasan at katalinuhan. "Sa bawat bagay ng karunungan at unawa, na inusisa ng hari sa kanila, nasumpungan niya silang makasampung mainam kaysa lahat ng mahiko at mga enkantador na nangasa kanyang buong kaharian;" "kaya't sila'y nanganatili sa harap ng hari."

Sa korte ng Babilonia ay nagkatipon ang mga kinatawan ng mga lupain, mga lalaki ng pinakamataas na talento, mga lalaking may pinakamayamang katangian, at mataas na kulturang maaaring ipagkaloob ng mundo; datapuwat sa ibabaw ng lahat ng mga ito, ang mga kabataang Hebreo ay tumayong walang kapantay. Sa kalakasan at kagandahang pisikal, sa lakas ng isipan, at kakayahang

literatura, sila ay walang katulad. Ang tuwid na katawan, ang riyak na hakbang, ang magandang mukha, ang malinaw na pakiramdam, ang mabangong hininga—lahat ay mga sertipiko ng mabuting pag- [397] uugali, palatandaan ng marangal na likas ng kaloob ng kalikasan sa kanilang susunod sa mga batas niya.

Sa pagtanggap ng karunungan ng Babilonia, si Daniel at ang mga kasama niya ay higit na matagumpay kaysa ibang kasamahan; ngunit ito ay hindi nagkataon lamang. Napasa kanila ang karunungan sa matapat na paggamit ng kanilang mga kapangyarihan, sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espintu . Inilagak nila ang sariling nakaugnay sa Bukal ng lahat ng karunungan, at ginawang ang pagkakilala sa Dios ang pundasyon ng kanilang edukasyon. Sa pananampalataya ay dumalangin sila para sa karunungan, at isinakabuhayan nila ang kanilang panalangin. Inilagay nila ang mga sarili sa dakong maaari silang pagpalain ng Dios. Iniwasan nila ang mga bagay na magpapahina ng kanilang mga kalakasan, at pinasulong ang bawat pagkakataong sila ay maging matalino sa lahat ng linya ng kaalaman. Sinunod nila ang mga batas ng buhay na magdudulot ng lakas ng isipan. Sinikap nilang magtamong karunungan para sa iisang adhikain—upang maparangalan ang Dios. Naunawaan nilang upang makatayong kinatawan ng tunay na relihiyon sa gitna ng mga huwad na relihiyon ng hedenismo ay kailangan nila ang malinaw na isipan at sakdal na likas Kristiano. Ang Dios na rin ang naging guro nila. Laging nananalangin, masinop na nag-aaral, laging nakaugnay sa Hindi Nakikita, lumakad silang kasama ng Dios tulad ni Enoc.

Ang tunay na tagumpay sa anumang linya ng gawain ay hindi nagkakataon lamang o aksidente o kapalaran. Ito ay bunga ng paggawa ng Dios, ang pabuya ng pananampalataya at mabuting pagpapasya, ng mabuting katangian at pagtitiyaga. Ang mainam na kaisipan at mataas na moral ay hindi bunga ng aksidente. Ang Dios ay nagbibigay ng mga pagkakataon; ang tagumpay ay nakasalig sa paggamit ng mga ito.

Samantalang ang Dios ay gumagawa kay Daniel at sa mga kasama "sa pagnanasa at sa paggawa," sila ay gumagawa sa kanilang sariling pagkaligtas. Filipos 2:13. Dito ay nahahayag ang panlabas na anyo ng banal na simulain ng pakildpagkaisa, na kung wala ito ay di matatamo ang tunay na tagumpay. Ang pagsisikap

ng tao ay walang kabuluhan kung walang kapangyarihan ng langit; at kung walang pagsisikap ng tao ang gawain ng Dios para sa marami ay wala ring ibubunga. Upang mapasaatin ang biyaya ng Dios, kailangang gawin natin ang ating bahagi. Ang biyaya Niya ay
[398] ipinagkakaloob upang sa atin ay mahayag ang kalooban at paggawa ng Dios, ngunit kailanman ay hindi kapalit ng ating pagsisikap.

Habang ang Panginoon ay nakipagkaisa kay Daniel at sa kanyang mga kasama, gayon din makikipagkaisa Siya sa lahat ng magsisikap na ganapin ang Kanyang kalooban. At sa pagkakaloob ng Kanyang Espiritu ay palalakasin Niya ang bawat adhikain, bawat banal na resolusyon. Silang lumalakad sa daan ng pagsunod ay makasasagupa ng maraming hadlang. Malakas, matalinong impluwensya ay pipigil sa kanila sa sanlibutan; datapuwat ang Panginoon ay may kakayahang gahisin ang bawat ahensyang gumagawa upang talunin ang Kanyang mga pinili; sa Kanyang lakas ay maaari silang magtagumpay sa bawat tukso, manaig sa bawat kahirapan.

Dinala ng Dios si Daniel at ang kanyang mga kasama sa kaugnayan sa mga dakilang lalaki ng Babilonia, upang sa gitna ng bansang sumasamba sa mga diyos ay katawarun nila ang Kanyang likas. Paano sila naangkop sa gamtong dakilang pagtiriwala at karangalan? Ang katapatan sa maliit na bagay ang nagbigay kulay sa kanilang buong buhay. Pinarangalan nila ang Dios sa pinakamaliit na tungkulin, gayon din sa mga malalaking kapanagutan.

Kung paanong tinawagan ng Dios si Daniel na sumaksi para sa Kanya sa Babilonia, tumatawag Siya sa adn upang maging saksi Niya sa mundo ngayon. Sa pinakamaliit o pinakamalaking bagay ng buhay, hinahangad Niyang ating ihayag sa mga tao ang mga dakilang simulain ng Kanyang kaharian. Marami ang naghihintay ng dakilang bagay na gawin sa kanila, samantalang sa bawat araw ay pinalalagpas nila ang mga pagkakataong maihayag ang katapatan sa Dios. Sa bawat araw ay nagkukulang silang gampanan ang mga maliliit na tungkulin ng buhay. Habang naghihintay sa dakilang gawain na doon ay magagamit nila ang mga dakilang talento, at masasapatan ang mga ambisyong hangarin, ang kanilang mga araw ay lumilipas.

Sa buhay ng tunay na Kristiano walang bagay na hindi mahalaga; sa paningin ng Makapangyarihan sa lahat bawat tungkulin ay mahalaga. Sinusukat ng Panginoon ang bawat posibilidad ng paglilingkod

sa hustong sukat. Ang mga kakayahang hindi ginamit ay sinusukat din kasabay ng mga nagamit. Tayo ay hahatulan sa bagay na dapat sana nating isinagawa, ngunit hindi ginawa sapagkat hindi natin ginamit ang mga kapangyarihang kaloob sa atin sa lkaluluwalhati ng Dios. [399]

Ang marangal na likas ay di bunga ng aksidente; hindi ito tanging kaloob ng Dios bilang pabor at pabuya. Ito ay bunga ng disiplina sa sarili, ng pagpapasailalim ng mababang likas sa mataas na likas, ng pagsuko ng sanli sa paglilingkod sa Dios at sa tao.

Sa pamamagitan ng katapatan sa pagtitimping inihayag ng mga kabataang Hebreo ang Dios ay nangungusap sa mga kabataan ngayon. May pangangailangan ng mga lalaking tulad ni Daniel na gagawa at hahamon ukol sa katuwiran. Mga dalisay na puso, malilinis na kamay, walang takot na puso, ay kailangan; sapagkat ang digmaan ng bisyo at kabutihan ay nananawagan sa walang tigil na pagbabantay. Si Satanas ay lumalapit sa bawat kaluluwa taglay ang nakagagayumang tukso sa punto ng panlasa.

Ang katawan ang pinakamahalagang sangkap na dito ang isip at kaluluwa ay napapalago para sa pagtatatag ng likas. Kung kaya ang puntirya ng kaaway ay sa pagpapahina at pagpapababa ng kapangyarihang pisikal sa pamamagitan ng mga tukso. Ang tagumpay niya rito ay madalas na pagsuko ng buong pagkatao sa kasamaan. Ang mga hilig ng katawan, malibang mapasailalim ng mataas na kapangyarihan, ay tunay na gagawa sa kapahamakan at kamatayan. Ang katawan ay dapat masupil ng nakatataas na kapangyarihan ng pagkatao. Ang mga damdamin ay dapat makontrol ng nasa, na dapat namang nasa kontrol ng Dios. Ang makaharing kapangyarihan ng rason, pinabanal ng biyaya ng Dios, ay dapat makapangyari sa buhay. Ang kapangyarihan ng isipan, lakas ng katawan, at haba ng buhay ay nakasalig sa mga batas na di nagbabago. Sa pagsunod sa mga batas na ito, ang tao ay makatatayong bayani ng sarili, nagtagumpay sa mga sariling hilig, mananagumpay sa mga kapangyarihan at pamahalaan, "sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanlibutan," at "sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." Efeso 6:12.

Sa sinaunang serbisyo na simbulo ng ebanghelyo, walang handog na may kapintasang maaanng dalhin sa dambana ng Dios. Ang handog na simbulo ni Kristo ay dapat na walang batik. Ang salita

ng Dios ay nagtuturo na ang bagay na ito ay pagpapakita na dapat maging likas ng Kanyang mga anak—"isang haing buhay," "banal at walang kapintasan." Roma 12:1; Efeso 5:27.

Ang mga kabataang Hebreo ay tulad din nating may mga damdamin; gayunman, sa harap ng mga tukso ng korte ng Ba-
[400] bilonia, ay nakatayo silang matatag, sapagkat nanghawakan sila sa kapangyarihang walang katapusan. Sa kanila ay nakita ng bansang pagano ang halimbawa ng kabutihan at kagandahang loob ng Dios, at ang pag-ibig ni Kristo. At sa kanilang karanasan ay makikita natin ang tagumpay ng prinsipyo sa tukso, ng kadalisayan sa karumihan, ng pagtatalaga at katapatan sa ateismo at idolatriya.

Ang diwang na kay Daniel, ay maaari ding mapasa mga kabataan ngayon; maaari silang sumalok sa gayon ding bukal ng kalakasan, magkaroon ng katulad na lakas ng pagpipigil sa sarili, at kahit sa mga kalagayan nila sa buhay, at pagkakataong mahirap. Napapalibutan man ng mga tukso ng pagbibigay hilig sa sarili, lalo na sa mga malalaking siyudad, na ang bawat kalayawang sensuwal ay laganap at nag-aanyaya, gayunman sa biyaya ng Dios ang adhikaing parangalan ang Dios ay maaaring maging matatag. Sa malakas na kapasyahan at gising na pagbabantay maaari nilang malabanan ang mga tuksong lalapit sa kaluluwa. Datapuwat tanging sa kanya na may kapasyahang gumawa ng matuwid sapagkat ito ang matuwid, na ang tagumpay ay makakamtan.

Ano ngang gawain ng buhay ang isinagawa ng mga kabataang Hebreong ito! Nang magpaalam sila sa kanilang kinalakhang tahanan, wala sa kanilang panaginip ang mataas na kapalarang mapapasa kanila. Tapat at matatag, sila'y napasakop sa patnubay ng langit, upang sa pamamagitan nila ay magampanan ng Dios ang Kanyang adhikain.

Ang mga makapangyarihang katotohanang nahayag, sa mga lalaking ito ay nais din ng Dios na ihayag ng mga kabataan at mga anak ngayon. Ang buhay ni Daniel at mga kasama ay pagpapakita ng kung ano ang magagawa ng Dios sa pamamagitan nilang magpapasakop sa Kanya at buong pusong sisikaping gampanan ang
[401] Kanyang adhikain.

## Kabanata 40—Ang Panaginip ni Nabucodonosor

Di nagtagal pagkapasok ni Daniel at ng kanyang mga kasama sa paglilingkod sa hari ng Babilonia, may mga naganap na pangyayaring naghayag sa bansang sumasamba sa mga diyos ng kapangyarihan at katapatan ng Dios ng Israel. Si Nabucodonosor ay nagkaroon ng katangi-tanging panaginip, "at ang kanyang espiritu ay nabagabag, at siya'y napukaw sa pagkakatulog." Bagaman ang isip ng hari ay lubos na humanga, nang magising siya ay hindi niya iyon maalaala.

Sa kalituhan, ipinatawag ang kanyang mga pantas na lalaki—"mga mahiko, at ang mga enkantador, at ang mga manghuhula—at humingi ng tulong. "Ako'y nanaginip ng isang panaginip," kanyang sinabi, "at ang aking espiritu ay nabagabag upang maalaman ang panaginip." Sa kalituhan, hiniling niya sa kanilang ipahayag sa kanya ang makapagpapaginhawa sa kanyang kaisipan.

Sa ganito'y tumugon ang mga pantas na lalaki, "Oh hari, mabuhay ka magpakailanman: saysayin mo sa iyong mga lingkod ang panaginip, at aming ipaliliwanag ang kahulugan.

Hindi nasiyahan sa mga tugon, at naghinala dahil, kung anu-ano ang sinasabi nila, subalit hindi naman iyon nakatutulong, nag-utos ang hari sa mga pantas na lalaki, at pinangakuan sila ng kayamanan at karangalan, at kamatayan sa kabilang banda, na hindi lamang ang paliwanag kundi ang panaginip mismo ang sabihin. "Ang bagay ay nawala sa akin," wika niya; "kung di ninyo ipaliliwanag sa akin ang panaginip, at ang kahulugan niyaon, kayo'y pagpuputul-putulin, at ang inyong mga bahay ay gagawing dumihan. Ngunit kung inyong ipaliwanag ang panaginip, at ang kahulugan niyaon, kayo'y magsisitanggap sa akin ng mga kaloob at mga kagantihan at dakilang karangalan."

"Ang mga pantas na lalaki ay nagsisagot na ikalawa, at nangagsabi, "Saysayin ng hari sa kanyang mga lingkod ang panaginip, at aming Ang kabanatang ito ay batay sa Daniel 2 ipaliliwanag ang [402]
kahulugan."

Si Nabucodonosor, galit sa nakikitang pag-iwas at kawalang katiyakan ng mga taong kanyang pinagkakatiwalaan, ay nagbadya: "Tunay na talastas ko na ibig ninyong magdahilan, sapagkat inyong nalalaman na nawala sa akin ang bagay. Ngunit kung di ninyo ipaliwanag sa akin ang panaginip, iisang kautusan lamang mayroon sa inyo: sapagkat kayo'y nangaghanda ng pagbubulaan at mga hamak na salita sa harap ko, hanggang sa ang panahon ay magbago: kaya't saysayin ninyo sa akin ang panaginip, at malalaman ko na inyong maipaliliwanag sa akin ang kahulugan niyaon."

Puno ng takot dahilan sa magiging bunga ng kanilang pagkakamali, sinikap ipakita ng mga mahiko na ang kahilingan ng hari ay hindi makatuwiran at labas sa kakayahan ng sinumang tao. "Walang tao sa ibabaw ng lupa," kanilang nireklamo, "na makapagpapaaninaw ng bagay ng hari: palibhasa'y walang hari, panginoon, o pinuno man, na nagtanong ng ganyang bagay sa kanino mang mahiko, enkantador, o Caldeo. At isang mahirap na bagay ang inuusisa ng hari, at walang ibang makapagpapaaninaw sa harap ng hari, liban ang mga diyos, na ang tahanan ay hindi kasama ng tao."

Sa gayo',y, "ang hari ay nagalit at totoong nag-alab sa galit, at nagutos na lipulin ang lahat na pantas na tao sa Babilonia."

Kabilang sa mga pinaghahanap ng mga opisyales upang patayin ayon sa utos ng hari ay si Daniel at ang mga kaibigan niya. Nang sabihing ayon sa utos, sila ay kasamang mamamatay, "na may payo at karunungan" si Daniel ay nagtanong kay Arioch, na punong kawal ng bantay ng hari, "Bakit ang pasya ay totoong madalian mula sa hari?" Sinabi sa kanya ni Arioch ang kalituhan ng han sa kanyang panaginip, at pagkabigo sa hininging tulong sa mga pinagkatiwalaan niyang lubos. Sa pagkarinig nito, si Daniel, dala ang kanyang buhay, nagtungo siya sa harap ng hari at nakiusap na magbigay ng kaunting panahon, upang makatawag sa Dios upang ihayag sa kanya ang panaginip at paliwanag.

Sumang-ayon ang hari sa kahilingang iyon. "Nang magkagayo'y naparoon si Daniel sa kanyang bahay, at ipinaalam ang bagay kay Ananias, kay Misael, at kay Azarias, na kanyang mga kasama." Magkasama na sila ay humingi ng karunungan mula sa Bukal ng liwanag at kaalaman. Malakas ang kanilang pananampalataya sa pagkaalam na ang Dios ay naglagay sa kanila sa lugar na iyon, na
[403] kanilang ginagawa ang Kanyang gawain at ang kanilang ginagam-

panang mataman. Sa panahon ng kagulumihanan at panganib ay laging sa Kanya ang kanilang tungo, at Siya naman ay laging handang tumulong. At ngayon may pagsisisi sa pusong muli silang nagpasakop sa Hukom ng lupa, sumasamong sila ay iligtas sa oras na ito ng tanging pangangailangan. At ang pagsamo nila ay nagkabunga. Ang Dios na kanilang pinarangalan, ngayon ay handang magparangal sa kanila. Ang Espiritu ng Panginoon ay lumapag sa kanila, at "sa isang pangitain sa gabi" ay ipinakita kay Daniel ang panaginip ng hari at ang kahulugan nito.

Ang unang kilos ni Daniel ay pagpapasalamat sa Dios sa paghahayag na nabigay sa kanya. "Purihin ang pangalan ng Dios magpakailanman," kanyang sinabi; "sapagkat ang karunungan at kapangyarihan ay Kanya: at Kanyang binabago ang mga panahon at mga kapanahunan: Siya'y nag-aalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari: Siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong, at ng kaalaman sa makakaalam ng unawa: Siya'y naghahayag ng malalim at lihim na mga bagay: Kanyang nalalaman kung ano ang nasa kadiliman, at ang liwanag ay tumatahang kasama Niya. Pinasasalamatan Kita, at pinupuri Kita, Oh Ikaw na Dios ng aking mga magulang, na Siyang nagbigay sa akin ng karunugan at lakas, at nagpatalastas ngayon sa akin ng ninais namin sa Iyo: sapagkat Iyong pinaalam sa amin ang bagay ng hari."

Agad ay nagtungo si Daniel kay Arioch, na naatasang patayin ang lahat ng mga marurunong na mga lalaki, at sinabi, "Huwag mong lipulin ang mga pantas na tao sa Babilonia: dalhin mo ako sa harap ng hari, at aking ipaaaninaw sa hari ang kahulugan." Nang magkagayo'y dinalang madali ni Arioch si Daniel sa harap ng hari, at nagsabing ganito sa kanya, "Ako'y nakasumpong ng isang lalaki sa mga anak ng nangabihag sa Juda, na magpapaaninaw sa hari ng kahulugan."

Narito ang Judiong bihag, palagay at alam ang ginagawa, sa harap ng haring may pinakamakapangyarihang kaharian sa mundo. Sa kanyang unang mga salita hindi niya inangkin ang karangalan kundi itinaas ang Dios na bukal ng lahat ng karunungan. Sa balisang tanong ng hari. "Maipaaaninaw mo baga sa akin ang panaginip na aking nakita, at ang kahulugan niyaon?" Siya ay sumagot: "Ang lihim na itinatanong ng hari ay hindi maipaaaninaw sa hari kahit ng mga pantas na tao, ng mga enkantador, ng mga mahiko man, [404]

o ng mga manghuhula man; ngunit may isang Dios sa langit na naghahayag ng mga lihim, at Siyang nagpapaaninaw sa haring Nabucodonosor kung ano ang mangyayari sa mga huling araw."

"Ang iyong panaginip," pinahayag ni Daniel, "at ang pangitain ng iyong ulo sa iyong higaan, ay ang mga ito; Tungkol sa iyo, Oh hari, ang iyong mga pag-iisip ay dumating sa iyo sa iyong higaan, kung ano ang mangyayan sa panahong darating: at Siya na naghahayag ng mga lihim ay ipinaaaninaw sa iyo kung ano ang mangyayari. Ngunit tungkol sa akin, ang lihim na ito ay hindi nahayag sa akin ng dahil sa anumang karunungan na tinamo kong higit kaysa sinumang may buhay, kundi upang maipaaninaw sa hari ang kahulugan, at upang iyong maalaman ang mga pag-iisip ng iyong puso.

"Ikaw, Oh hari, nakakita, at narito ang isang malaking larawan. Ang larawang ito na makapangyarihan, at ang kanyang kakinangan ay mainam, ay tumayo sa harap mo; at ang anyo niyao'y kakilakilabot. Tungkol sa larawang ito, ang kanyang ulo ay dalisay na ginto, ang kanyang dibdib at ang kanyang mga bisig ay pilak, ang kanyang tiyan at ang kanyang mga hita ay tanso, ang kanyang mga binti ay bakal, ang kanyang mga paa'y isang bahagi ay bakal, at isang bahagi ay putik na luto.

"Iyong tinitingnan hanggang sa may natibag na isang bato, hindi ng mga kamay, na tumama sa larawan sa kanyang mga paang bakal at purik na luto, at mga yao'y binasag. Nang magkagayo'y ang bakal, ang putik na luto, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkaputulputol na magkakasama, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw; at tinangay ng hangin na walang dakong kasumpungan sa mga yaon: at ang bato na tumama sa larawan ay naging malaking bundok, at pinuno ang buong lupa.

"Ito ang panaginip," pahayag ni Daniel; at ang hari, taimtim na nakikinig sa bawat binabanggit, ay alam na iyung-iyon ang panaginip na gumambala sa kanya. Sa ganito nahanda ang kanyang isip sa pagtanggap ng paliwanag. Ang Hari ng mga han ay ipababatid ang dakilang katotohanan sa hari ng Babilonia. Ihahayag ng Dios na may kapangyarihan Siya sa mga kaharian ng mundo, sa paglagay at pagtanggal ng mga hari sa luklukan. Kailangang mamulat ang isipan ni Nabucodonosor sa kanyang kapanagutan sa Langit. Ang mga mangyayari sa hinaharap, hanggang katapusan ng panahon, ay
[405] ihahayag sa kanya.

"Ikaw, Oh hari, ay hari ng mga hari," patuloy ni Daniel, "na pinagbigyan ng Dios sa langit ng kaharian, ng kapangyarihan, at ng kalakasan, at ng kaluwalhatian. At alin mang tinatahanan ng mga anak ng mga tao, ng mga hayop sa parang at ng mga ibon sa himpapawid ay ibinigay Niya sa iyong kamay, at pinapagpuno ka sa kanilang lahat. Ikaw ang ulo ng ginto.

"At pagkatapos mo ay babangon ang ibang kaharian na mababa sa iyo, at ang ibang ikatlong kaharian na tanso, na magpupuno sa buong lupa.

"At ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang bakal: palibhasa'y ang bakal ay nakadudurog at nakapagpapasuko ng lahat na bagay: at kung paanong dinidikdik ng bakal ang lahat ng ito, siya'y magkakaputul-putol at madidikdik.

"At yamang iyong nakita na ang mga paa at mga daliri, ang isang bahagi ay putik na luto ng magpapalayok, at ang isang bahagi ay bakal, ay magiging kahariang hati; ngunit magkakaroon yaon ng kalakasan ng bakal, yamang iyong nakita na ang bakal ay nahahalo sa putik na luto. At kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi, at ang isang bahagi ay putik, magkakagayon ang kaharian na ang isang bahagi ay matibay, at isang bahagi ay marupok. At yamang iyong nakita na ang bakal ay nahahaluan ng putik na luto, sila'y magkakahalo ng lahi ng mga tao: ngunit hindi sila magkakalakipan, gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik.',"

"At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay ang Dios sa langit ng isang kaharian, na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa ibang bayan, kundi pagpuputulputulin at lilipulin Niya ang lahat na kahariang ito, at yao'y lalagi magpakailanman. Yamang iyong nakita na ang isang bato ay natibag sa bundok, hindi ng mga kamay, at pumutol ng mga bakal, ng tanso, ng putik, ng pilak, at ng ginto; ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung ano ang mangyayari sa haharapin: at ang panaginip ay tunay, at ang pagkapaaninaw niyao'y tapat."

Tinanggap ng hari ang katotohanan ng interpretasyong ito, at sa pagpapakababa at paghanga ay "nagpatirapa, at sumamba" at nagsabi, "Sa katotohanan, ang inyong Dios ay Dios ng mga diyos, at Panginoon ng mga hari, at tagapaghayag ng mga lihim, yamang ikaw ay nakapaghayag ng lihim na ito." [406]

Binago ni Nabucodonodor ang utos ukol sa pagpatay ng mga pantas na lalaki. Ang mga buhay nila ay nailigtas dahilan sa kaugnayan ni Daniel sa Tagapagpahayag ng lihim. At "pinadakila ng hari si Daniel, at binigyan siya ng maraming dakilang kaloob, at pinapagpuno siya sa buong lalawigan ng Babilonia, at pinapaging pangulo ng mga tagapamahala sa lahat na pantas sa Babilonia. At si Daniel ay humiling sa hari, at kanyang inihalal si Sadrach, si Mesach, at si Abednego, sa mga gawain sa lalawigan ng Babilonia: ngunit si Daniel ay nasa pintuang-daan ng hari."

Sa kasaysayan ng tao, ang paglago ng mga bansa, pagbangon at pagbagsak ng mga kaharian, ay parang nakasalig sa nasa at kakayahan ng tao; ang paghubog ng mga pangyayari ay parang, ayon sa malaking antas, ay mapapagpasyahan sa kanyang kapangyarihan at ambisyon o kapritso. Datapuwat sa salita ng Dios ang tabing ay nahahawi, at nakikita natin sa itaas, likuran, at sa lahat ng mga pangyayari ang kaugnayan ng interes ng tao at kapangyarihan at damdamin, sa mga ahensya ng Mahabagin sa lahat, na tahimik, matiising nagsasagawa ng mga payo ng Kanyang kalooban.

Sa mga pangungusap ng di mapapantayang kagandahan at pagmamahal, inilahad ni apostol Pablo ang banal na adhikain sa paglalang at pagbabahagi ng mga lipi at bansa. "Ang Dios na gumawa ng sanlibutan at ng lahat ng mga bagay na naririto," pahayag ng apostol, "ginawa Niya sa isa ang bawat bansa ng mga tao upang magsipanahan sa balat ng buong lupa, na itinakda ang kanilang talagang ayos ng mga kapanahunan, at ang mga hangganan ng kanilang tahanan; upang kanilang hanapin ang Panginoon, baka sakaling maapuhap nila Siya, at Siya ',y masumpungan." Gawa 17:24-27.

Niliwanag ng Dios na kung sinong magnanais ay, dadalhin "sa pakikipagkasundo ng tipan." Ezekiel 20:37. Sa paglalang ay adhikain na Niyang ang daigdig ay tahanan ng mga nilalang na magiging pagpapala sa kanilang sarili at sa isa ',t isa, at magbigay karangalan sa kanilang Manlalalang. Lahat ay maaaring ibilang ang kanilang sarili sa adhikaing ito. At tungkol sa kanila ay sinabi, "Ang bayan na Aking inanyuan para sa Aking sarili; upang kanilang maihayag ang Aking kapurihan." Isaias 43:21.

Sa Kanyang kautusan ay ipinakilala ng Dios ang mga simulain sa ilalim ng tunay na kasaganahan, maging mga isahang tao o ng mga bansa. Inihayag ni Moises sa Israel ang kautusang ito: "Ito ang

inyong karunungan at ang inyong kaalaman." "Ito'y hindi hamak [407]
na bagay sa inyo; sapagkat inyong kabuhayan," Deuteronomio 4:6; 32:47. Sa ganito ay natiyak ang mga pagpapala sa Israel, sa parehong kondisyon at parehong antas, sinigurado sa lahat ng mga bansa at gayon din sa bawat taong nasa ilalim ng malawak na kalangitan.

Mga daang taon bago nalagay ang mga bansa sa entablado ng buhay, ang Nakakaalam ng Lahat ay tumanaw sa mga kapanahunan at nakita Niya ang mga pagbangon at pagbagsak ng mga kahariang pambuong lupa. Inihayag ng Dios kay Nabucodonosor na ang kaharian ng Babilonia ay babagsak, at babangon ang isang ikalawang kaharian, na ito man ay dadanas ng pagsubok Sa hindi pagpaparangal sa tunay na Dios, ang kaluwalhatian nito ay kukupas, at ang ikadong kaharian ay kukuha ng kanyang lugar. Ito man ay lilipas din; at ang ikaapat, sindgas ng bakal, ang mamamayani sa mga bansa ng lupa.

Kung ang mga pinuno ng Babilonia—ang pinakamavaman sa lahat ng kaharian sa lupa—ay laging iningatan ang pagkatakot kay Jehova, naipagkaloob sana sa kanila ang karunungan at kapangyarihang dahil dito ay natali sila sa Kanya at sila'y naingatang malakas. Datapuwat ginawa nila na ang Dios ang kanilang tanggulan lamang sa panahon ng ligalig at pagkalito. Sa mga panahong iyon, ang hindi makasumpong ng tulong sa kanilang mga dakilang lalaki, hinanap nila ito sa mga lalaking gaya ni Daniel—mga lalaking alam nilang nagpaparangal sa Dios na buhay at pinararangalan din naman Niya. Sa mga lalaking tulad nito ay bumaling sila upang linawin ang mga misteryo ng Dios; sapagkat bagaman ang mga pinuno ng mayabang na Babilonia ay may mga dakilang katalinuhan, sila naman ay napahiwalay sa Dios sa kanilang paglabag upang hindi nila maunawaan ang mga paghahayag at babala tungkol sa hinaharap.

Sa kasaysayan ng mga bansa ang mag-aaral ng salita ng Dios ay makikita ang literal na pagkatupad ng propesiyang ito ng langit. Ang Babilonia, nawasak at giba, ay lumipas sapagkat sa kanilang kasaganaan ang mga pinuno nito ay nag-isip nang hiwalay sa Dios, at iniukol ang kaluwalhadan ng kaharian sa pagsisikap ng tao. Ang kaharian ng Medo-Persia ay dinalaw ng galit ng Langit dahilan sa pagyurak nito sa kautusan ng Dios. Ang pagkatakot sa Panginoon ay hindi nasumpungan sa mga puso ng napakaraming bilang ng mga tao. Kasamaan, pamumusong, at kadwalian ay namayani. Ang

mga sumunod na kaharian ay lalo pang masama; at ang mga ito ay
[408] lumubog na malalim sa pagsukat ng moralidad.

Ang kapangyarihan ng sinumang pinuno sa lupa ay kaloob ng Langit; at sa paggamit ng pahiram na kapangyarihang ito nasasalig ang tagumpay. Sa bawat isa sa kanila ay may salita ang banal na Tagapagmasid, "Aking pinamagatan ka, bagaman hindi mo nakilala Ako." Isaias 45:5. At sa bawat isa, ang mga sinabi kay Nabucodonosor noon ay mga liksyon sa buhay: "Lansagin mo ng katuwiran ang iyong mga kasalanan, at ng pagpapakita ng kaawaan sa dukha ang iyong katampalasanan; baka sakaling ikatibay ng iyong katiwasayan." Daniel 4:27.

Upang maunawaan ang mgsa bagay na ito,—upang maunawaang "ang katuwiran ay nagbubunyi ng bansa;" upang "ang luklukan ay natatatag sa pamamagitan ng katuwiran," at "inaalalayan ng kagandahang loob;" upang malaman ang pagsasagawa ng mga simulaing ito sa pagpapahayag ng kapangyarihan Niyang "nag-aalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari,"—ito ang pag-unawa ng pilosopiyang kasaysayan. Kawikaan 14:34; 16:12; 20:28; Daniel 2:21.

Tanging sa salita ng Dios nakalahad na maliwanag ang mga bagay na ito. Dito ay ipinakikitang ang lakas ng mga bansa, at ng isahang tao, ay hindi matatagpuan sa mga pagkakataon o pasilidad na sa tingin ay larawan ng kanilang kapangyarihan; hindi rin sa kanilang ipinagmamalaking kadakilaan. Ito ay nasusukat sa katapatang dito
[409] ay ginaganap nila ang adhikain ng Dios.

## Kabanata 41—Ang Nagniningas na Humo

Ang panaginip ng dakilang larawan, na nagbubukas kay Nabucodonosor ng mga pangyayaring umaabot sa pagtatapos ng panahon, ay ibinigay upang maunawaan niya ang papel na kanyang gagampanan sa kasaysayan ng lupa, at ang kaugnayan ng kanyang kaharian sa kaharian ng langit. Sa pagpapaliwanag ng panaginip, malinaw na ibinigay sa kanya ang pagtatatag ng walang hanggang kaharian ng Dios. "At sa mga kaarawan ng mga haring yaon," pahayag ni Daniel, "ay maglalagay ang Dios sa langit ng isang kahanan, na hindi magigiba kailanman: at ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa ibang bayan, kundi pagpuputul-putulin at lilipulin Niya ang lahat na kahariang ito, at yao'y lalagi magpakailanman.... Ang panaginip ay tunay, at ang pagkapaaninaw niyao'y tapat." Daniel 2:44, 45.

Kinilala ng hari ang kapangyarihan ng Dios, na nagsasabi kay Daniel, "Sa katotohanan, ang inyong Dios ay Dios ng mga diyos, ...at tagapaghayag ng mga lihim" Talatang 47. Sa isang panahon, si Nabucodonosor ay naimpluwensyahan ng takot sa Dios; datapuwat ang kanyang puso ay hindi pa nalinis ng mga ambisyong makalupa at pagnanais na itaas ang sarili. Ang mga kasaganaang dumating sa kanyang panunungkulan ang pumuno sa kanya na magmayabang. Di nagtagal ay iniwan niya ang pagpuri sa Dios, at ipinagpatuloy ang kanyang pagsamba sa mga diyos na may dagdag pang sigasig at di mababagong isipan.

Ang mga salitang, "Ikaw ang ulong ginto," ay natanim na malalim sa kanyang isip. Talatang 38. Ang mga pantas na lalaki sa kanyang kaharian, na sinamantala ito at ang pagbalik niya sa mga diyusdiyusan, ay nagmungkahing gumawa siya ng larawang katulad ng nakita niya sa panaginip, at itanyag ito upang lahat ay makakita ng ulong ginto, na inilarawang kumakatawan sa kanyang kaharian.

Nasiyahan sa mungkahing ito, ipinasiya niyang isagawa ito, at dagdagan pa. Sa halip na kopyahin ang larawang nakita sa panaginip, Ang kabanatang ito ay batay sa Daniel 3 lalagpasan pa niya ang [410]
orihinal. Ang larawang ito ay hindi bababa sa halaga mula ulo

hanggang paa, sa halip ay magiging puro ginto— simbulo sa buong Babilonia bilang kahariang walang hanggan, hindi masisira at makapangyanhan sa lahat, at siyang dudurog sa iba pang mga kahanan at ito'y tatayo magpakailanman.

Ang isipang magtatag ng kaharian at lahi ng mga haring mamamalagi kailanman ay malakas ang panghikayat sa makapangyarihang haring ito na ang mga bansa sa lupa ay hindi makatayo sa harapan niya. May sigasig na bunga ng ambisyon at makasariling kataasan, humingi siya ng payo sa kanyang mga pantas kung paano isasagawa ang proyektong ito. Nakalimutan na ang mga paglalaan ng langit kaugnay ng paliwanag ng panaginip ng dakilang larawan; nakalimutan na ring ang Dios ng Israel sa pamamagitan ng lingkod Niyang si Daniel ay malinaw na inilahad sa kanya ang kahalagahan ng larawan, at kaugnay ng pagpapaliwanag na ang mga dakilang lalaki ng kaharian ay naligtas sa tiyak na kamatayan; nakalimutan na rin ang lahat maliban sa hangaring magkamit ng kapangyarihan at pamamayani, ang hari at ang kanyang mga tagapayo ng estado ay nagpasyang lahat ay gagawin upang itaas ang Babilonia sa lahat, upang maging tampulan ng pag-tatapat ng sansinukob.

Ang simbulong kaloob ng Dios na inihayag sa hari at sa bayan ang Kanyang adhikain, ngayon ay magiging tagapaglingkod ng pagluluwalhati ng tao sa kanyang sariling kapangyarihan. Ang pagpapaliw anag ni Daniel ay tatanggihan at kalilimutan; ang katotohanan ay bibigyang maling kahulugan at paggamit. Ang simbulong ipinanukala ng Langit upang buksan sa tao ang mahahalagang pangyayari sa hinaharap, ay gagamitin upang hadlangan ang taong matanggap ang kaalamang ninais ng Dios na makamtan nila. Kung kaya't sa pakana ng taong ambisyoso, sinisikap ni Satanas na hadlangan ang adhikain ng Dios para sa lahi ng tao. Alam ng kaaway na ang katotohanang walang halong kamalian ay kapangyarihan ng pagliligtas; datapuwat kapag ginamit sa pagtataas sa sarili at pasulungin ang mga proyekto ng tao, ay magiging kapangyarihan ng kasamaan.

Mula sa kabangyaman ng kaharian, ay nagpagawa si Nabucodonosor ng dakilang larawang ginto, katulad sa larawang nakita sa panaginip, maliban sa materyales na ginamit dito. Bihasa na sa mga magagandang rebulto ng mga diyos na sinasamba, ang mga Caldeo ay Kindi pa nakagawa ng ganito kaganda at karangyang

estatwa, may sukat na animnapung siko ang taas at anim na siko [411]
ang lapad. At hindi rin nakapagtataka na sa lupaing sanay na sa pagsamba sa mga diyos, ang maganda at mamahaling larawan sa kapatagan ng Dura, simbulo ng kagandahan at kapangyarihan ng Babilonia ay italaga bilang obhcto ng pagsamba. Isang utos ang pinalabas na sa araw ng pagtatalaga nito lahat ay maghahayag ng lubusang pagtatapat sa kapangyarihan ng Babilonia sa pamamagitan ng pagyukod dito.

Dumating ang itinakdang araw, isang malaking kalupunan ng lahat ng "mga bayan, mga bansa, at mga wika," ay natipon sa Dura. Ayon sa utos ng hari, sa saliw ng musika ay narinig, ang buong nagkatipon ay "nangagpatirapa at nagsisamba sa larawang ginto." Ang kapangyarihan ng kadiliman ay waring nagtatagumpay ng araw na iyon; ang pagsamba sa larawang ginto ay may pangako ng permanenteng maiuugnay sa nakatatag nang mga porma ng pagsamba na siyang relihiyon ng estado. Sa ganito ay umaasa si Satanas na matatalo niya ang adhikain ng Dios na sa pamamagitan ng presensya ng bihag na Israel sa Babilonia bilang pagpapala sa mga bansang sumasamba sa mga diyus-diyusan.

Datapuwat hindi ito ang panukala ng Dios. Hindi lahat ay lumuhod sa simbulong ito ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at kapangyarihan ng tao. Sa gitna ng karamihang iyon na sumasamba, tatlong lalaki ang may matatag na pasyang hindi nila lalagyang batik ang karangalan ng Dios ng kalangitan. Ang Dios nila ay ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon; hindi sila yuyukod sa kaninuman.,

Dinala kay Nabucodonosor, na nagagalak sa tagumpay, na kabilang sa kanyang mga tauhan ay mayroong naglakas loob na sumuway sa utos. Ilan sa mga pantas na lalaking, may selos sa mga karangalang naibigay sa mga tapat na kasama ni Daniel, ay nag-ulat ng hayagang paglabag na ito sa kanyang kagustuhan. "Oh hari, mabuhay ka magpakailanman," kanilang sinabi. "May ilang Judio na iyong inihalal sa mga gawain sa lalawigan ng Babilonia na si Sadrach, si Mesach, at si Abednego; ang mga lalaking ito, Oh hari, ay hindi ka pinakundangan: sila'y hindi nangaglingkod sa iyong mga diyos, ni nagsisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo."

Nag-utos ang haring dalhin sa kanya ang mga lalaki. "Sinadya nga ba ninyo," tanong niya, "na kayo'y hindi mangaglilingkod sa

aking diyos, ni magsisisamba man sa larawng ginto na aking itinayo?" Sinikap niya sa pagbabantang sila ay makiisa sa karamihan.
[412] Tumuturo sa nagniningas na humo, pinaalalahanan niya sila sa kapamsahang ipapataw sa kanila kung hindi sila susunod sa kanyang nais. Subalit matatag na nagpatotoo ang mga Hebreo ng kanilang panata sa Dios ng langit, at pananampalataya sa Kanyang kapangyarihang magligtas. Ang pagyukod sa larawan ay alam ng lahat na ito ay gawa ng pagsamba. Ang gayong paggalang ay nauukol lamang sa Dios.

Ang tatlong Hebreo ay nagsitayo sa harap ng hari, naniniwala siyang sila ay mayroong mga bagay na wala sa ibang mga pantas na lalaki sa kaharian. Sila ay naging tapat sa paggawa ng bawat tungkulin. Bibigyan pa niya sila ng isa pang pagsubok. Kung makikiisa lamang sila sa karamihan sa pagsamba sa larawan, lahat sana ay maayos na; "ngunit kung kayo',y hindi magsisamba," dagdag pa niya, "kayo',y ihahagis sa oras ding yaon sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas." At kanyang inunat ang kanyang kamay pataas sa kanilang pagsuway, at nagsabing, "Sinong Dios ang magliligtas sa inyo sa aking kamay?"

Walang kabuluhan ang mga banta ng hari. Hindi niya matinag ang pagtatapat ng mga lalaking ito sa Pinuno ng sansinukob. Mula sa kasaysayan ng kanilang mga magulang ay natutuhan nila na ang pagsuway sa Dios ay nagbubunga ng kawalang karangalan, pagkawasak, at kamatayan; at ang pagkatakot sa Panginoon ang pasimula ng karunungan, ang pundasyon ng tunay na kasaganahan. Panatag na hinarap ang nagniningas na humo, sila ay nagsabi, "Oh Nabucodonosor, kami ay walang kailangan na magsisagot sa iyo sa bagay na ito. Narito [kung ito ang iyong pasya], ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas, at ililigtas Niya kami sa iyong kamay, Oh hari." Ang kanilang pananampalataya ay napalakas sa pagpapahayag na maluluwalhati ang Dios sa pagligtas sa kanila, at may matagumpay na kasiguruhang nagpapahiwatig ng tiwala sa Dios, idinagdag nila, "Ngunit kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami manggaglilingkod sa iyong mga diyos, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo."

Gayon na lamang ang galit ng hari. "Napuspos ng kapusukan," "ang anyo ng kanyang mukha ay nagbago laban kay Sadrach, kay

Mesach, at kay Abednego," mga kinatawan ng lahing inapi at bihag. Nag-uutos na painidn ng makapitong ulit, inutusan pa niya ang malalakas na lalaki ng kanyang hukbo na itali ang mga Israelitang [413] sumasamba sa Dios, bago itapon sa nagniningas na hurno.

"Nang magkagayo'y ang mga lalaking itoy tinalian na may mga suot, may tunika, at may balabal, at kanilang ibang mga kasuutan, at sila'y inihagis sa gitna ng mabangis na humong nagniningas. Sapagkat ang utos ng hari ay madalian, at ang humo ay totoong mainit, napatay ng liyab ng apoy ang mga lalaking yaon na nagsibuhat kay Sadrach, kay Mesach, at kay Abednego."

Subalit hindi kinalimutan ng Panginoon ang sa Kanya. Sa pagtapon ng Kanyang mga saksi sa humo, hinayag ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili sa kanila ng harapan, at sama-sama silang naglakad-lakad sa apoy. Sa presensya ng Panginoon ng init at lamig, ang apoy ay nawalan ng kapangyarihang tumupok.

Mula sa Kanyang luklukan, tumingin ang han, umaasang ang mga sumuway sa kanya ay nangatupok ng husto. Subalit ang pakiramdam niyang siya ay nagtagumpay ay biglang nabago. Ang mga tauhan niya ay nakitang siya ay namutla habang tumitingin siya sa naglalagablab na apoy. Sa pagkagitla, ang hari ay nagtanong sa kanyang mga pinuno, "Di baga ang ating inihagis ay tatlong gapos na lalaki sa gitna ng apoy?... Narito, aking nakikita ay apat na lalaki na hindi gapos na nagsisilakad sa gitna ng apoy, at sila ',y walang paso; at ang anyo ng ikaapat ay kawangis ng Anak ng Dios."

Paano nalaman ng hari ang hitsura ng Anak ng Dios? Ang mga Hebreong bihag na humahawak ng mga posisyon sa Babilonia ay ipinaalam sa kanya ang katotohanan sa buhay at likas. Kapag tinanong sila kung anong dahilan ng kanilang pananampalataya, walang atubiling sinasabi iyon. Malinaw at simpleng ipinakilala nila ang mga prinsipyo ng katuwiran, sa gayon ay itinuturo nila sa palibot nila ang Dios na kanilang sinasamba. Ipinapangaral nila ang tungkol kay Kristo, ang darating na Manunubos; at sa anyo ng ika-apat sa humo na nakilala ng hari bilang Anak ng Dios.

At ngayon, ang sarili niyang kadakilaan at karangalan ay nalimutan, si Nabucodonosor ay bumaba mula sa kanyang luklukan at nagtungo sa bunganga ng hurno, at sumigaw, "Kayong mga lingkod ng kataastaasang Dios, kayo'y magsilabas at magsiparito."

Nang magkagayo'y si Sadrach, si Mesach, at si Abednego, ay nagsilabas sa malaking karamihan, na pinakitang sila ',y hindi nasaktan. Ang presensya ng kanilang Tagapagligtas ay binantayan sila upang di masaktan, at ang mga tali lamang nila ang nangasunog.
[414] "At ang mga satrapa, ang mga kinatawan, at ang mga gobernador, at ang mga kasangguni ng hari na nangagkakapisan ay nakakita sa mga lalaking ito, na ang apoy ay hindi tumalab sa kanilang mga katawan, ni ang mga buhok man ng kanilang mga ulo ay nasunog, ni ang kanila mang mga suot ay nabago, ni nag-amoy apoy man sila."

Nakalimutan na ang larawang ginto, na itinayong may dakilang karangyaan. Sa harap ng Dios na buhay, ang mga tao ay natakot at nanginig. "Purihin ang Dios ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abednego," ang nagpakumbabang hari ay napilitang sabihin, na nagsugo ng Kanyang anghel, at nagligtas sa Kanyang mga lingkod na nagsitiwala sa Kanya, at binago ang salita ng hari, at ibinigay ang kanilang mga katawan, upang sila'y hindi maglingkod ni sumamba sa kanino mang diyos, liban sa kanilang sariling Dios."

Sa karanasan nang araw na iyon, si Nabucodonosor ay nag-utos, "na bawat bayan, bansa, at wika, na magsalita ng anumang kapulaan laban sa Dios ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abednego, ay pagpuputulputulin, at ang kanilang mga bahay ay gagawing dumihan." "Sapagkat walang ibang diyos," kanyang pinahayag bilang dahilan ng kanyang utos, "na makapagliligtas ng ganitong paraan."

Sa mga pangungusap na ito at iba pa ay sinikap ng han ng Babilonia na ilaganap sa lahat ng tao sa ibabaw ng lupa ang kanyang pagkilala sa kapang-yarihan at otoridad ng Dios ng mga Hebreo na siyang dapat na papurihan. At ang Dios ay nalugod sa pagsisikap ng haring magpakita ng paggalang sa Kanya, at magkumpisal bilang hari sa katapatan sa Dios sa kalaparan ng Babilonia.

Matuwid lamang para sa hari na gumawa ng ganitong pampublikong pag-amin, at magsikap na parangalan ang Dios ng langit higit sa alinmang diyos; datapuwat sa pagsisikap na pilitin ang mga nasasakupan niyang gumawa ng katulad na pagpapanggap ng pananampalataya at pagpipitagan, lumagpas si Nabucodonosor sa kanyang mga karapatan bilang pansamantalang hari. Wala na siyang karapatan, maging sibil man o moral, na magbanta ng kamatayan sa mga taong hindi sasamba sa Dios, tulad din ng kawalang karapatan niya sa utos na itapon sa apoy ang sinumang tatangging sumamba sa

larawang ginto. Kailanman ay hindi namimilit ang Dios sa pagsunod ng tao. Lahat ay malayang pumili ng kanilang paglilingkuran.

Sa pagliligtas sa mga tapat na lingkod Niya, inihayag ng Panginoon na Siya ay kikilos sa panig ng inaapi, at sasansalain ang lahat ng kapangyarihan sa lupa na magrerebelde laban sa otoridad ng [415] Langit. Inihayag ng tatlong Hebreo sa buong Babilonia ang kanilang pananampalataya sa Kanya na kanilang pinaglilingkuran. Nagtiwala sila sa Dios. Sa oras ng pagsubok ay naalaala nila ang pangako, "Pagka ikaw ay dumaraan sa tubig, Ako'y sasaiyo; at sa mga ilog, ay hindi ka tatakpan niyaon: pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab sa iyo." Isaias 43:2. At sa kahanga-hangang paraan ang pananampalataya nila sa buhay na Salita ay pinarangalan sa paningin ng lahat. Ang balita ng kanilang kahangahangang pagliligtas ay kumalat sa mga maraming bansang nagkaroon ng kinatawan sa pagtatalagang ipinag-anyaya ni Nabucodonosor. Sa pagtatapat ng Kanyang mga anak, ang Dios ay naparangalan sa buong lupa.

Mahalaga ang mga liksyong matututuhan sa karanasan ng mga [416] kabataang Hebreo sa kapatagan ng Dura. Sa panahon natin ngayon, marami sa mga lingkod ng Dios, na wala namang kasalanan, ang magdaranas ng kahihiyan at abuso sa kamay na ginagamit ni Satanas, ay puno ng inggit at pagkapanatikong relihiyoso. Higit sa lahat ay matutuon ang kanilang galit sa mga nangingilin ng Sabbath na ikaapat na utos; at sa bandang huli ay magpapalabas ng utos sa buong lupa ukol sa pagpatay sa kanila.

Ang panahon ng bagabag para sa bayan ng Dios ay nananawagan sa uri ng pananampalatayang hindi matitinag. Ang Kanyang mga anak ay dapat magpakita na tanging Siya ang obheto ng kanilang pagsamba, at walang ibang bagay kahit na katumbas ng buhay nila ang aakay sa pinakamaliit na anyo ng huwad na pagsamba. Sa mga tapat na puso ang utos ng makasalanang tao ay walang bisa sa tabi ng Salita ng Dios na walang hanggan. Ang katotohanan ay susundin maging bunga nito ay pagkabilanggo o pagkatapon o kamatayan.

Sa mga kaarawan ni Sadrach, Mesach, at Abednego, gayon din sa nagtatapos na kasaysayan ng lupa ang Panginoon ay gagawang makapangyarihan sa kapakanan nilang tatayong matatag para sa matuwid. Siya na lumakad na kasama ng mga Hebreong tapat sa nagniningas na humo ay sasama sa mga alagad Niya saan man sila

matungo. Ang nananatiling pakikisama Niya ay magpapaginhawa at magpapanaoli. Sa gitna ng panahon ng bagabag—kabagabagang kailanman ay di pa nakikita mula nang magkabansa—ang Kanyang mga pinili ay di makikilos. Si Satanas kasama ang buong hukbo ng kasamaan ay hmdi makapagwawasak ng kahit na pinakamahinang banal ng Dios. Mga anghel na makapangyanhan ay magsasang-galang sa kanila, at sa kanilang ikapapanuto si Jehova ay magha-hayag ng sarili bilang "Dios ng mga diyos," na may kakayahang magligtas na sukdulan sa kanilang maglalagak ng pagtitiwala sa
[417] Kanya.

# Kabanata 42—Tunay na Kadakilaan

Itinaas sa taluktok ng karangalang panlupa, at kinilala kahit na ng Inspirasyon bilang “hari ng mga hari” (Ezekiel 26:7), kung minsan si Nabucodonosor ay iniukol kay Jehova ang kaluwalhatian ng kanyang kaharian at ang kagandahan ng kanyang paghahari. Ganito ang naganap matapos ang kanyang panaginip ng dakilang larawan. Ang kanyang isipan ay malalim na naimpluwensyahan ng pangitain at ng isipang ang Imperyo ng Babilonia, pansalibutan man ito, ay babagsak din sa wakas, at ibang kaharian naman ang mamamayani, hanggang sa wakas ang lahat ng mga kapangyarihan sa lupa ay matabunan ng kahariang itatatag ng Dios ng kalangitan, at ang kahariang ito ay di kailanman mawawasak.

Ang marangal na isipan ni Nabucodonosor tungkol sa adhikain ng Dios sa mga bansa ay nawala sa huling bahagi ng kanyang karanasan; gayunman, nang ang kanyang mataas na diwa ay mapaamo sa harapan ng karamihan sa kapatagan ng Dura, muli ay kinilala niyang ang kaharian ng Dios ay “walang hanggang kaharian, at ang Kanyang kapangyarihan ay sa sali’,t saling lahi.” Isang mananamba sa mga diyus-diyusan mula kapanganakan at kasanayan, at pinuno ng isang bansang mapagsamba sa mga diyos, gayunman ay mayroon siyang katutubong pagkadama ng katarungan at matuwid, at nagamit siya ng Dios bilang instrumento sa pagpaparusa ng bayang mapanghimagsik at para sa katuparan ng banal na adhikain. “Kaltila-kilabot sa mga bansa” (Ezekiel 28:7), matapos ang mga taon ng matiyaga at nakakapagod na paggawa ay nagapi ni Nabucodonosor ang Tiro; gayon din ang Egipto ay bumagsak sa kanyang mga hukbo; at habang idinaragdag niya ang bansa sa mga bansa sa kaharian ng Babilonia, naragdagan din ang kanyang kabantugan bilang dakilang hari ng kapanahunan.

Hindi kataka-takang ang matagumpay na hari, ambisyoso at Ang kabanatang ito ay batay sa Daniel 4 mapagmataas ay matuksong lumihis sa landas ng kababaan, na siyang tanging aakay sa tunay na kadakilaan. Sa pagitan ng kanyang mga matagumpay [418]

na pakikidigma pinalakas at pinaganda niya ang kanyang kapitolyo, hanggang ang siyudad ng Babilonia ang naging pangunahing kaluwalhatian ng kanyang kaharian, ang "ginintuang bayan," "ang kapurihan ng buong lupa." Ang marubdob na naising magtayo, at ang kanyang tagumpay upang ang Babilonia ay maging isa sa mga kahanga-hanga sa mundo, ay naglingkod sa kanyang kataasan, hanggang sa halos nasa panganib na masira ang kanyang tala bilang isang matalinong hari na patuloy na magagamit ng Dios bilang instrumento ng pagsasagawa ng banal na adhikain.

Sa kahabagan ng Dios ay muling binigyan ang hari ng isa pang panaginip, upang bigyan siyang babala sa panganib at patibong na nasa harapan niya. Sa pangitain sa gabi, ay nakita ni Nabucodonosor ang isang malaking puno na tumutubo sa gitna ng lupa, ang taluktok nito ay umaabot sa langit at ang mga sanga ay abot sa mga dulo ng lupa. Mga hayop sa mga burol at kabundukan ay nangangalong sa kanyang lilim, at ang mga ibon sa himpapawid ay gumawa ng mga pugad sa kanyang mayayabong na sanga. "Ang mga dahon niyao'y magaganda, at ang bunga niyao'y marami, at pagkain sa lahat:...at ang lahat na laman ay nangabubusog doon."

Sa pagtingin ng hari sa mataas na puno, nakita niya ang "isang Bantay," maging ang "Isang Banal," na lumapit sa puno, at nagsabi sa malakas na tinig:

"Ibuwal ang kahoy, at putulin ang mga sanga niyan, lagasin ang mga dahon niyan, at isambulat ang mga bunga niyan: paalisin ang mga hayop sa ilalim niyan, at ang mga ibon sa mga sanga niyan: gayon ma ',y inyong iwan ang tuod ng kanyang mga ugat sa lupa, na magkatali ng bakal at tanso, sa murang damo sa parang; at bayaang mabasa siya ng hamog ng langit, at makasalo siya ng mga hayop sa damo sa lupa: bayaang ang kanyang puso na pusong tao ay mapalitan, at ang puso ng hayop ay mabigay sa kanya; at bayaang mangyari sa kanya na makapito. Ang hatol ay sa pamamagitan ng pasya ng mga bantay, at ang utos ay sa pamamagitan ng salita ng mga banal: upang makilala ng mga may buhay na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa kanino mang Kanyang ibigin, at itinataas Niya sa kanya ang pinakamababa sa mga tao." Lubos na nabagabag sa panaginip,
[419] na malinaw na propesiya ng kahirapan, inulit ng hari ang panaginip sa mga "mahiko, mga enkantador, mga Caldeo at mga manghuhula;"

datapuwat bagaman maliwanag ang panaginip, wala sa mga pantas na lalaking ito ang makapagpaliwanang.

Muli sa bansang ito na sumasamba sa mga diyos, ang patotoo ay muling darating na tanging silang umiibig at natatakot sa Dios ang makakaunawa ng mga misteryo ng kaharian ng langit. Sa kagulumihanan ay pinatawag ng hari si Daniel, isang lalaking pinapapahalagahan dahilan sa kanyang pagtatapat at katatagan at sa kanyang karunungang walang kapantay.

Noong si Daniel, bilang tugon sa panawagan ng hari, ay tumayo sa harap ng hari, ay sinabi ni Nabucodonosor, "Oh Beltsasar, na pangulo ng mga mahiko, sapagkat talastas ko na ang espiritu ng mga banal na diyos ay sumasaiyo, at walang lihim na bumabagabag sa iyo, isaysay mo sa akin ang mga pangitain ng aking panaginip na aking nakita, at ang mga kahulugan niyaon." Matapos sabihin ang panaginip, nagwika si Nabucodonosor: "Oh Beltsasar, ipahayag ang kahulugan, sapagkat lahat na pantas sa aking kaharian ay hindi makapagpaaninaw sa akin ng kahulugan: ngunit maipaaaninaw mo; sapagkat ang espiritu ng mga banal na diyos ay sumasa iyo."

Kay Daniel malinaw ang kahulugan ng panaginip, at siya ay nagitla doon. Siya'y "natigilang sandali, at binagabag siya ng kanyang mga pag-iisip." Nang mapansin ang pag-aatubili at kapighadan ni Daniel, may pakikiramay na nagwika sa kanyang lingkod ang hari. "Beltsasar," sabi niya, "huwag kang bagabagin ng panaginip, o ng kahulugan."

"Panginoon ko," sumagot si Daniel, "ang panaginip ay mangyari nawa sa napopoot sa iyo, at ang kahulugan niyao'y mangyari nawa sa iyong mga kaaway." Nalaman ng propetang siya'y binigyan ng Dios ng katungkulang ihayag kay Nabucodonosor ang hatol na ipapataw sa kanya dahil sa kanyang pagmamataas at pagkahambog. Kailangang ipaliwanag ni Daniel ang panaginip sa wikang mauunawaan ng hari; at bagaman ang nakasisindak na nilalaman niyon ay nagpaatubili sa kanya, gayunman ay kailangan niyang sabihin ang katotohanan, maging ano pa man ang kahihinatnan niyon para sa kanya.

Ipinaalam ni Daniel ang inatas ng Makapangyarihan sa lahat. "Ang punong kahoy na iyong nakita," kanyang sinabi, "na tumutubo, at tumitibay, na ang taas ay umaabot sa langit, at ang tanaw niyao'y sa buong lupa; na ang mga daho'y magaganda, at ang bunga niyao'y [420]

marami, at pagkain sa lahat; na ang lilim ay tinatahanan ng mga hayop sa parang, at ang kanyang mga sanga'y dinadapuan ng mga ibon sa himpapawid: ay ikaw, Oh hari, na lumalaki at nagiging malakas: sapagkat ang iyong kadakilaan ay lumaki, at umaabot hanggang sa langit, at ang iyong kapangyarihan ay hanggang sa wakas ng lupa.

"At yamang nakita ng hari ang Isang Bantay at Isang Banal na bumababa mula sa langit, at nagsabi, Ibuwal ninyo ang punong kahoy, at inyong lipulin; gayon ma'y itira ninyo ang tuod ng mga ugat niyaon sa lupa, na magkatali ng bakal at tanso, sa murang damo sa parang; at bayaang mabasa siya ng hamog ng langit, at makasalo siya ng mga hayop sa parang, hanggang sa mangyari sa kanya na makapito; ito ang kahulugan, Oh hari, at siyang pasya ng Kataastaasan, na sumapit sa aking panginoon na hari: na ikaw ay mahihiwalay sa mga tao, at ang iyong tahanan ay mapapasama sa mga hayop sa parang, at ikaw ay pakakanin ng damo na gaya ng mga baka, at mababasa ka ng hamog ng langit, at makapitong mangyayari sa iyo, hanggang sa iyong maalaman na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at nagbibigay niyaon sa kanino mang ibigin Niya. At yamang kanilang iniutos na iwan ang tuod ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay tunay na magiging iyo, pagkatapos na iyong maalaman na ang mga Langit ay nagpupuno."

Matapos na matapat na ipaliwanag ang panaginip, sumamo si Daniel sa mayabang na hari na magsisi at manumbalik sa Dios, upang sa matuwid na gawa ay mapigilan ang bantang kalamidad. "Oh hari," nagsumamo ang propeta, "tanggapin mo ang aking payo, at lansagin mo ng katuwiran ang iyong mga kasalanan, at ng pagpapakita ng kaawaan sa dukha ang iyong katampalasanan; baka sakaling ikatibay ng iyong katiwasayan."

Sa isang panahon ang impresyon ng babala at payo ng propeta ay malakas kay Nabucodonosor, datapuwat ang pusong hindi nabago ng biyaya ng Dios di nagtagal ay nawawalan ng impresyon ng Banal na Espiritu. Ang pagmamalabis sa sarili at ambisyon ay di pa rin naaalis sa puso ng hari, at di nagtagal ang mga likas na ito ay milling nakita. Sa kabila ng mga turo na mabiyayang nabigay sa kanya, at ang babala ng mga lumipas na karanasan, muli ay binayaan ni Nabucodonosor na siya ay makontrol ng diwa ng inggit sa mga kahariang susunod sa kanya. Ang paghahari niya, na hanggang

noon ay naging makatuwiran at mahabagin, ay naging mapang-api. [421]
Nagmatigas sa puso, ginamit niya ang mga kaloob ng langit para sa sanling kapurihan, na itinaas ang sarili higit sa Dios na nagkaloob sa kanya ng buhay at kapangyarihan.

Sa loob ng ilang buwan ang mga hatol ng Dios ay umaaligid. Datapuwat sa halip na maakay sa pagsisisi sa pagpapahinuhod na iyon, ang hari ay nagpasasa sa kanyang pagmamataas hanggang sa mawala ang tiwala sa paliwanag ng panaginip, at pinagtawanan ang mga dating takot niya.

Isang taon matapos tanggapin ang babala, si Nabucodonosor, na naglalakad sa kanyang palasyo at iniisip sa pagmamataas ang kanyang kapangyarihan bilang hari at ang tagumpay bilang tagapagtayo, ay nagwika, "Hindi baga ito ang dakilang Babilonia, na aking itinayo na pinakatahanang hari sa pamamagitan ng lakas ng aking kapangyarihan, at sa ikaluluwalhati ng aking kamahalan?"

Habang ang pagmamayabang na ito ay nasa labi pa niya, isang tinig ay narinig mula sa langit na naghahayag ng itinakdang panahon na ang hatol ng Dios ay dumating na. At narinig niya ang sinabi ni Jehova: "Oh Haring Nabucodonosor, sa iyo'y sinalita; Ang kaharian ay mahihiwalay sa iyo. At ikaw ay palalayasin sa mga tao, at ang iyong tahanan ay mapapasama sa mga hayop sa parang: ikaw ay pakakanin ng damo na gaya ng mga baka, at makapitong mangyayari sa iyo, hanggang sa iyong maalaman na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay sa kanino mang Kanyang ibigin."

Sa sandaling ang katuwirang nabigay sa kanya ng Dios ay tinanggal; ang paghatol na inakalang sakdal ng hari, ang karunungang ipinagmamalald niya, ay inalis, at ang daring malakas na hari ay naging baliw. Hindi na niya maitaas ang setro. Ang mga babala ay napakita; ngayon, tinanggal ng Manlalalang ang kapangyarihang ibinigay sa kanya, at pinalayas sa mga tao, si Nabucodonosor ay "kumain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang kanyang buhok ay lumagong parang balahibo ng mga agila, at ang kanyang mga kuko ay parang mga kuko ng mga ibon."

Sa loob ng pitong taon si Nabucodonosor ay naging panoorin sa lahat ng kanyang nasasakupan; sa loob ng pitong taon siya ay napababa sa harap ng buong lupa. Matapos ito ay bumalik ang

kanyang bait, at sa pagtingin sa langit sa pagpapakababa sa Dios,
[422] nakilala niya ang kamay ng Dios na nagparusa sa kanya. Sa paghahayag sa publiko ay tinanggap niya ang kanyang kasalanan at ang dakilang kahabagan ng Dios sa pagsasauli sa kanya. "Sa katapusan ng mga kaarawan," kanyang sinabi, "akong si Nabucodonosor ay nagtaas ng aking mga mata sa langit, at ang aking unawa ay nanumbalik sa akin, at aking pinuri ang Kataastaasan, at aking pinuri at pinarangalan ko Siya na nabubuhay magpakailanman; sapagkat ang Kanyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, at ang Kanyang kaharian ay sa sali't saling lahi: at ang lahat na mananahan sa lupa ay nabilang sa wala: at Kanyang ginagawa ang ayon sa Kanyang kalooban sa hukbo ng langit, at sa mga mananahan sa lupa: at walang makahahadlang sa Kanyang kamay, o makapagsasabi sa Kanya, Anong ginagawa Mo?

"Sa oras ding yaon ay nanumbalik sa akin ang aking unawa; at sa ikaluluwalhati ng aking kaharian, ay nanumbalik sa akin ang aking kamahalan at kakinangan; at hinanap ako ng aking mga kasangguni at mga mahal na tao; at ako'y natatag sa aking kaharian, at marilag na kadakilaan ay nadagdag sa akin."

Ang dating mayabang na hari ay naging maamong anak ng Dios; ang malupit na pinuno, ay naging matalino at mahabaging hari. Siyang lumaban at namusong sa Dios ng langit, ngayon ay kumilala sa kapangyarihan ng Makapangharihan sa Lahat at taimtim na hinangad na pasulungin ang pagkatakot kay Jehova at ang kaligayahan ng kanyang nasasakupan. Sa pagsansala ng Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, sa wakas ay natutuhan ru Nabucodonosor ang liksyon na dapat matutuhan ng lahat ng mga namumuno—na ang tunay na kadakilaan ay nasa tunay na kabutihan. Kinilala niya si Jehova bilang Dios na buhay, at nagwikang, "Akong si Nabucodonosor ay pumupuri at nagbubunyi at nagpaparangal sa Hari ng langit, sapagkat ang lahat Niyang gawa ay katotohanan, at ang Kanyang mga daan ay kahatulan: at yaong nagsisilakad sa kapalaluan ay Kanyang mapabababa."

Ang adhikain ng Dios na ang pinakadakilang kaharian sa lupa ay maghahayag ng papuri sa Kanya ay natupad ngayon. Ang paghahayag na ito sa publiko na doon ay kinilala ni Nabucodonosor ang kahabagan at kabutihan at otoridad ng Dios, ang huling gawa ng
[423] kanyang buhay na natala sa banal na kasaysayan.

## Kabanata 43—Ang Di Nakikitang Bantay

Sa pagtatapos ng buhay ni Daniel, mga dakilang pagbabago ay nagaganap sa lupain, noong animnapung taon ang nakalipas, ay pinagdalhan sa kanya at sa mga kasama pa niyang Hebreo. Si Nabucodonosor, "ang kakila-kilabot sa mga bansa" (Ezekiel 28:7), ay namatay na, at ang Babilonia, "ang kapurihan ng buong lupa" (Jeremias 51:41), ay napasa sa mga pumalit na walang karunungan, at nagbunga ng unti-unti datapuwat tiyak na pagkawasak.

Sa kahibangan at kahinaan ni Belsasar, ang apo ni Nabucodonosor, ang mapagmataas na Babilonia ay di magtatagal at babagsak. Bata pang binigyan ng bahagi sa otoridad sa kaharian, si Belsasar ay nagmayabang sa kapangyarihan at nagmataas ng puso sa Dios ng kalangitan. Marami ang mga pagkakataong dumating sa kanya upang malaman ang kalooban ng Dios at maunawaan ang kapanagutan ng pagsunod. Naalaman niya ang pagkatapon ng kanyang lolong hari, ayon sa utos ng Dios, mula sa lipunan ng mga tao; nalaman din niya ang naging pagkahikayat ni Nabucodonosor at mahimalang pagpapagaling dito. Ngunit binayaan ni Belsasar na ang pag-ibig sa kalayawan at pagmamapuri sa sarili ang mag-alis ng mga liksyong dapat sana ay di makalimutan. Sinayang niya ang mga pagkakataong mabiyayang nabigay sa kanya, at nagpabaya sa mga paraang laan sa kanya upang lalo pang makakilala ng katotohanan. Ang mga bagay na natamo ni Nabucodonosor sa pamamagitan ng di masukat na pagdurusa at kahihiyan, ay pinagwalang bahala ni Belsasar.

Di nagtagal at dumating ang mga kabalintunaan. Ang Babilonia ay kinubkob ni Ciro, na pamangkin ni Dariong Media, at heneral na nangungulo sa pinagsamang mga hukbo ng Medo at Persia. Datapuwat sa loob ng sa tingin ay di mapapasok na kuta, na may naglalakihang pader at mga pintuang tanso, nasasanggalang ng ilog Eufrates, at may nakaimbak na saganang pagkain, ang may kalayawang hari ay nakadama ng kapanatagan at pinaraan ang panahon Ang kabanatang ito ay batay sa Daniel 5. [424]

sa mga kagalakan at pagtatamasa.

Sa kanyang pagmamataas at pagmamayabang, may walang patumanggang kapanatagan, si Belsasar ay "gumawa ng malaking piging sa isang libo na kanyang mga mahal na tao, at uminom ng alak sa harap ng sanlibo." Lahat ng pang-akit na dulot ng kayamanan at kapangyarihan, ay nagdagdag karangyaan sa tanawin. Naggagandahang mga babae taglay ang kanilang mga panghalina ay kasama ng mga panauhin sa piging ng hari. Mga pantas na lalaki at mga edukado ay naroon din. Mga prinsipe at pangulo ng estado ay uminom ng alak na parang tubig lamang at nalango sa nakakasira ng ulong impluwensya nito.

Nang maalis ang katinuan ng isip sa walang kahihiyang paglalasing na ito, ang mabababang damdamin ang namayani, ang hari na rin ang nanguna sa magulong pagtatamasang ito. Habang ang pista ay nagpatuloy, siya ay "nag-utos na dalhin doon ang mga ginto at pilak na sisidlan na...kinuha ni Nabucodonosor mula sa templo na nasa Jerusalem; upang mainuman ng hari, at ng kanyang mahal na tao, kanyang mga asawa, at ng kanyang mga babae." Pinatunayan ng hari na walang banal sa anumang hawakan niya. "Dinala nila ang mga gintong sisidlan;...at ang hari, at kanyang mahal na tao, kanyang mga asawa; at kanyang mga babae, kanilang mainuman ito. Sila'y nangaginuman ng alak, at nagsipuri sa mga diyos na ginto, at pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato."

Hindi man lamang naisip ni Belsasar na mayroong nasa langit na Nagmamasid ng lahat na ito; na ang banal na Tagapagbantay na hindi nakikilala, ay nakatingin sa mga pamumusong na ito, nadinig ang mga walang kabanalang katuwaan, namasdan ang idolatriya. Datapuwat hindi nagtagal ang hindi imbitadong Panauhin ay naghayag ng Kanyang presensya. Nang ang pagsasaya ay nasa sukdulan ang isang kamay ay lumabas at isinulat sa pader ng palasyo ang mga sulat na may ningning ng apoy—mga salitang, bagaman hindi alam ng karamihan, ay babala ng sakuna sa mga panauhin at haring nakadama ng panghihilakbot.

Natahimik ang magulong katuwaan, samantalang ang mga lalaki at babae, ay sinakmal ng takot, at minasdan nilang marahan na ang kamay ay sumulat ng misteryosong mga salita. Sa harapan nila, ay parang naging malawakang panoorin na namasdan, ang mga gawa ng kanilang masamang buhay, parang sila ay nakasakdal

sa harapan ng hukuman ng Dios na walang kamatayan, na ang [425]
kapangyarihan ay kanilang nilabanan. Samantalang ilang sandali [426]
lamang ang lumipas ay katuwaan at pamumusong na pagsasaya,
ngayon ay mga mukhang maputla ang sigaw ng pagkatakot. Kapag [427]
ang Dios ay nagbigay takot sa tao, hindi sila makapagtatago sa igting ng kanilang takot.

Si Belsasar ang higit na natakot sa lahat. Siya ang may kagagawan ng pagrerebeldeng ito sa Dios na nang gabing iyon ay dumating sa sukdulan sa kaharian ng Babilonia. Sa harapan ng di nakikitang Tagapagmasid, na ang kapangyarihan ay kanilang hinamon at ang pangalan ay niwalang kabuluhan, ang hari ay paralisado sa takot. Ang konsyensya ay nagising. "Ang pagkakasugpong ng kanyang mga balakang ay nakalag, at ang kanyang mga tuhod ay nagka-umpugan." Walang kabanalang itinaas ni Belsasar ang kanyang sarili laban sa Dios ng langit at nagtiwala sa sarili niyang lakas, na hindi iniisip na may maglalakas-loob na magsabing, "Bakit ginagawa mo ang ganito?" subalit ngayon ay nadama niyang dapat siyang magsulit ng pagkakatiwalang nabigay sa kanya, at sa mga pagkakataong sinayang niya at ang isipang mapanghimagsik ay wala siyang maikakatuwiran.

Walang kabuluhang sinikap ng haring basahin ang mga nagniningas na mga letra. Datapuwat narito ang lihim na di niya matarok, isang kapangyarihang di niya maunawaan o makilala man. Sa kapanglawan ay binalingan niya ang mga pantas na lalaki ng kaharian. May sigaw na hiningi niya ang pagpapaliwanag sa mga astrologo, mga Caldeo, at manghuhula. "Sinumang makababasa ng sulat na ito," ipinangako niya, "at makapagpapaaninaw sa akin ng kahulugan niyan, ay magdadamit ng kulay morado, at magkakaroon ng kuwintas na ginto sa palibot ng kanyang leeg, at magiging ikatlong puno sa kaharian." Subalit walang nagtangka sa kanyang mga pinagkatitiwalaang tagapayo na gumawa niyon kahit pa may magagandang gantimpala. Ang karunungan ng langit ay hindi mabibili ni maipagbibili man. "Lahat na pantas ng hari ay...hindi nabasa ang sulat, o naipaaninaw man sa hari ang kahulugan niyaon." Tulad ng naging karanasan ng mga pantas na lalaki noon na hindi maipaliwanag ang panaginip ni Nabucodonosor ay di rin nila magawa sa mga salitang nakasulat sa dingding.

At naalaala ng inang reyna si Daniel, na, mahigit sa limampung taong lumipas, ay naipaalam kay Haring Nabucodonosor ang pagpapaliwanag sa panaginip ng dakilang larawan. "Oh hari, mabuhay ka magpakailanman," kanyang sinabi. "Huwag kang bagabagin ng
[428] iyong mga pag-iisip, o mabago man ang iyong pagmumukha: may isang lalaki sa iyong kaharian, na kinaroroonan ng espiritu ng mga banal na diyos; at sa mga kaarawan ng iyong ama, ay nasumpungan sa kanya ang liwanag at unawa at karunungan, na gaya ng karunungan ng mga diyos; at ang haring Nabucodonosor...ay ginawa niya siyang panginoon ng mga mago, ng mga enkantador, ng mga Caldeo, at ng mga manghuhula; palibhasa'y isang marilag na espiritu, at kaalaman, at unawa, pagpapaaninaw ng mga panaginip, at pagpapakilala ng mga malabong salita, at pagpapaliwanag ng pag-aalinlangan, ay nangasumpungan sa Daniel na iyan, na pinanganlan ng hari na Beltsasar: tawagin nga ngayon si Daniel, at kanyang ipaaaninaw ang kahulugan.

"Nang magkagayo'y dinala si Daniel sa harap ng hari." Sinikap na maibalik ang dating kahinahunan, sinabi ni Belsasar sa propeta: "Ikaw baga'y si Daniel, na sa mga anak ng pagkabihag sa Juda, na kinuha sa Juda ng haring aking ama? Nabalitaan kita, na ang espiritu ng mga diyos ay sumasa iyo, at ang liwanag at unawa at marilag na karunungan ay masusumpungan sa iyo. At ang mga pantas nga, ang mga enkantador, dinala sa harap ko, upang kanilang basahin ang sulat na ito, at ipaaninaw sa akin ang kahulugan: ngunit hindi nila naipaaninaw ang kahulugan ng bagay: ngunit nabalitaan kita, na ikaw ay makapagpapaaninaw ng mga kahulugan, at makapagpapaliwanag ng alinlangan: kung iyo ngang mabasa ang sulat, at maipaaninaw sa akin ang kahulugan, mananamit ka ng kulay morado, at magkakaroon ng kuwintas na ginto sa palibot ng iyong leeg, at ikaw ay magiging ikatlong puno sa kaharian."

Sa harap ng kinikilabutang karamihan, si Daniel, hindi natinag sa mga pangako ng hari, ay matahimik na tumayong may karangalan ng isang lingkod ng Kataastaasan, hindi upang magbigay ng di tapat na papuri, kundi upang ipabatid ang balita ng pagkawasak. "Iyo na ang iyong kaloob," kanyang sinabi, "at ibigay mo ang iyong mga gantimpala sa iba; gayon ma'y aking babasahin sa han ang sulat, at ipaaaninaw ko sa kanya ang kahulugan,"

Ipinaalaala muna ng propeta kay Belsasar ang mga bagay na alam na alam nito, ngunit hindi naman nakapagturo sa kanya ng mga liksyon ng kababaan na sana'y nakapagligtas sa kanya. Binanggit ng propeta ang kasalanan at pagkabagsak ni Nabucodonosor, at ang naging pakikitungo ng Panginoon sa kanya—ang kapangyarihan at kaluwalhatiang nabigay sa kanya, ang hatol ng langit sa kanyang [429] kataasan, at ang sumunod na pagkilala niya sa kapangyarihan at kahabagan ng Dios ng Israel; at sa matapang at mariing pangungusap ay tinuligsa niya si Belsasar sa kanyang dakilang kasamaan. Iniharap niya sa hari ang mga kasalanan nito, at ipinakita ang mga liksyong dapat sana nitong natutuhan datapuwat di binigyang pansin. Hindi nakita ni Belsasar ang karanasan ng kanyang lolo, o dininig man ang mga babala ng mga pangyayaring mahalaga sa kanya. Ang pagkakataong maalaman at masunod ang tunay na Dios ay nabigay sa kanya, datapuwat hindi niya isinapuso, at ngayon ay aanihin na niya ang bunga ng kanyang paghihimagsik.

"Ikaw,..." "Oh Belsasar," pahayag ng propeta, "hindi mo pinapagpakumbaba ang iyong puso, bagaman iyong nalalaman ang lahat na ito; kundi ikaw ay nagpakataas laban sa Panginoon ng langit; at kanilang dinala ang mga kasangkapan ng Kanyang bahay sa harap mo, at ikaw, at ang iyong mga mahal na tao, ang iyong mga asawa, at ang iyong mga babae, ay nagsiinom ng alak sa mga yaon; at iyong pinuri ang mga diyos na pilak, at ginto, tanso, bakal, kahoy, at bato, na hindi nangakakakita, o nangakakarinig man, o nakakaalam man: at ang Dios na kinaroroonan ng iyong hininga, at kinaroroonan ng lahat na iyong lakad, hindi mo niluwalhati: nang magkagayo'y ang bahagi nga ng kamay ay sinugo mula sa harap Niya; at ang sulat na ito'y nalagda."

Humarap sa mensahe mula sa Langit na nasa pader, binasa ng propeta, "MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN." Hindi na nakita ang kamay na sumulat, ngunit ang apat na mga salitang ito ay sumisinag pa ring may kaibahan; at ngayon ay pigil-hiningang nagsipakinig ang mga tao samantalang nagpahayag ang matandang propeta:

"Ito ang kahulugan ng bagay: MENE; Binilang ng Dios ang iyong kaharian, at winakasan. TEKEL; Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang. PERES; Ang iyong kaharian ay hinati at ibinigay sa mga taga Medo at taga Persia."

Sa huling gabing iyon ng kahibangan, si Belsasar at ang mga maginoo niya ay pinuno ang sukat ng kanilang pagkakasala at gayon din ng kahariang Caldeo. Hindi na mapipigil pa ng kamay ng Dios ang nagbabantang kasamaan. Sa maraming mga paglalaan, ay sinikap ng Dios na ituro sa kanila ang paggalang sa Kanyang kautusan. "Ibig sana nating mapagaling ang Babilonia," sa mga
[430] hinuhusgahan na sa langit, Siya ay nagpahayag, "ngunit siya'y hindi napagaling." Jeremias 51:9. Dahilan sa kakaibang kasamaan ng puso ng tao, sa wakas ay kinailangan ng Dios na ipataw ang di mababawing sentensya. Si Belsasar ay babagsak, at ang kaharian niya ay masasalin sa ibang kamay.

Sa pagtatapos ng pagsasalita ng propeta, nag-utos ang hari na siya ay bigyan ng mataas na karangalan tulad ng ipinangako; at kaugnay nito, "pinanamit nila si Daniel ng kulay morado, at nilagyan ng kuwintas na ginto sa palibot ng leeg niya, at nagtanyag ng tungkol sa kanya, na siya ',y ikatlong puno sa kaharian."

Sa naunang mahigit sa isang daang taon, inihula ng Inspirasyon na sa "gabi ng...kalayawan" na doon ang hari at mga tagapayo niya ay magpapaligsahan sa pamumusong laban sa Dios, ang tanawin ay mapapalitan ng pagkatakot at pagkawasak. At ngayon, sa mabilis na pangyayari, ay naganap ang tiyakang inilahad ng kasulatan sa propesiya.

Samantalang nasa bulwagan pa ng pistahan at napapalibutan ng mga taong natatakan ng pagkawasak, ang hari ay binigyang pabalita na "ang kanyang bayan ay nasakop" ng mga kaaway na nakasisiguro sa kanilang mga paraan; "at ang mga tawiran ay nangasapol,...at ang mga lalaking mandirigma ay nangatakot." Talatang 51:31, 32. Kahit na habang nag-iinuman pa ang maharlika mula sa mga sisidlang banal ni Jehova, at pinapupurihan ang mga diyos ng pilak at ginto, ang mga Medes at Persiano, ay iniba ang daluyan ng Eufrates, at ngayon ay nagmamartsa sa tuyong lupa papasok sa siyudad na walang nagbabantay. Ang hukbo ni Ciro ay nasa ilalim na ng mga pader ng siyudad; at ito ay napuno ng mga sundalo ng kaaway na "parang balang" (talatang 14); ang sigaw nila ng pagtatagumpay ay nadinig sa ibabaw ng iyak ng mga nagulat na nagkakasayahan.

"Nang gabing yaon ay napatay si Belsasar na hari ng mga Caldea," at pinalitan ng haring taga ibang bayan.

Maliwanag na ibinigay ng propeta ang tungkol sa pagkabagsak ng Babilonia. Kung paanong inihayag sa kanila ng Dios ang mga mangyayari sa hinaharap, sila ay napabulalas: "Ano't nasakop ang Sesach! at ang kapurihan ng buong lupa ay nagitla! ano't ang Babilonia ay naging kagibaan ng mga alon niyaon!" "Ano't naputol at nabali ang pamukpok ng buong lupa! ano't ang Babilonia ay nasira sa gitna ng mga bansa!" "Sa ingay ng pagsakop sa Babilonia, ay nayayanig ang lupa, at ang hiyaw ay naririnig sa mga bansa." [431]

"Ang Babilonia ay biglang nabuwal at napahamak." "Ang manglilipol ay dumating doon, sa Babilonia, at ang mga makapangyarihang lalaki niyaon ay nangahuli, ang kanilang mga busog ay nagkaputulputol: sapagkat ang Panginoon ay Dios ng mga kagantihan, siya'y tunay na magbabayad. At Aking lalanguhin ang kanyang mga prinsipe, at ang kanyang mga pantas, ang kanyang mga gobernador, at ang kanyang mga kinatawan, at ang kanyang mga makapangyarihan: at siya'y matutulog ng walang hanggang pagtulog, at hindi magigising, sabi ng Hari, na ang pangalan ay ang Panginoon ng mga hukbo."

"Pinaglagyan kita ng silo, at ikaw naman ay nahuli, Oh Babilonia, at hindi mo ginunita: ikaw ay nasumpungan, at nahuli rin, sapagkat ikaw ay nakipagtalo laban sa Panginoon. Binuksan ng Panginoon ang Kanyang lalagyan ng armas, at inilabas ang mga armas ng Kanyang pagkagalit: sapagkat ito ay gawain ng Panginoong Dios, ang Panginoon sa lupain ng mga Caldeo."

"Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Ang mga anak ni Israel at ang mga anak ni Juda ay napipighating magkasama: at lahat na nagsikuhang bihag sa kanila ay hinahawakang mahigpit sila; ayaw pawalan sila. Ang Manunubos sa kanila ay malakas; ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang Kanyang pangalan: Kanyang ipakikipaglabang maigi ang kanilang usap, upang mabigyan Niya ng kapahingahan ang lupa, at bagabagin ang mga nananahan sa Babilonia." Jeremias 51:41; 50:23, 46; 51:8, 56, 57; 50:24, 25, 33, 34.

Sa ganito, "ang makapal na kuta ng Babilonia" ay "lubos na magigiba, at ang kanyang mga mataas na pintuang-bayan...ay masusunog ng apoy." Kaya si Jehova ng mga hukbo ay "patitigilin ang kahambugan ng palalo," at ibababa "ang kapalaluan ng kakilakilabot." "At ang Babilonia, ang kaluwalhatian ng mga kaharian, ang

ganda ng kapalaluan ng mga Caldeo," ay naging gaya ng Sodoma at Gomorra—lugar na sinumpa magpakailanman. "Hindi matatahanan kailanman," pahayag pa ng Kasulatan, "na di tatahanan sa buong panahon: ni di magtatayo roon ang taga Arabia ng tolda; ni di pahihigain doon ng mga pastor ang kanilang kawan. Kundi mga maiilap na hayop sa ilang ang magsisihiga roon; at ang kanilang mga bahay ay mangapupuno ng mga hayop na nagsisi-ungal; at mga avestruz ay magsisitahan doon, at ang mga lalaking kambing ay magluluksuhan
[432] roon. At ang mga lobo ay magsisihiyaw sa kanilang mga moog, at mga chakal sa mga maliligayang palasyo." "Akin namang gagawing pina-kaari ng hayop na erizo, at mga lawa ng tubig: at Aking papalisin ng pangpalis na kagibaan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Jeremias 51:58; Isaias 13:11, 19-22; 14:23.

Sa huling hari ng Babilonia, gayon din sa una, ay dumating ang sentensya ng Tagapagmasid na banal: "Oh hari,...sa iyo'y sinalita; Ang kaharian ay mahihiwalay sa iyo." Daniel 4:31.

"Ikaw ay bumaba, at umupo sa alabok, Oh anak na dalaga
ng Babilonia,
Lumagmak ka sa lupa: na walang luklukan...
Maupo kang tahimik,
At masok ka sa kadiliman, Oh anak na babae ng mga Caldeo:
Sapagkat hindi ka na tatawagin, Ang mahal na babae ng mga kaharian.

"Ako'y napoot sa Aking bayan,
Aking dinumhan ang Aking mana, at ibinigay Ko sa
iyong kamay:
Hindi mo pinagpakitaan sila ng kaawaan;...

"At iyong sinabi, Ako'y magiging mahal na babae magpakailanman:
Na anupa't hindi mo ginunita ang mga bagay na ito sa iyong kalooban,
O inalaala mo man ang huling wakas nito.

"Ngayon nga'y dinggin mo ito,
Ikaw na hinati sa mga kalayawan,

Na tumatahang matiwasay,
Na nagsasabi sa kanyang puso,
Ako nga, at walang iba liban sa akin;
Hindi ako uupong gaya ng babaing balo,
O mararanasan man ang pagkawala ng mga anak-...

"Ngunit ang dalawang bagay na ito ay darating sa iyo sa isang sandali sa isang araw,
Ang pagkawala ng mga anak, at pagkabalo:
Sa kanilang karamihan ay darating sa iyo
sa karamihan ng iyong panggagaway, at sa totoong
kasaganaan ng iyong mga enkanto.
Sapagkat ikaw ay tumiwala sa iyong kasamaan:
Iyong sinabi, Walang nakakakita sa akin.

"Ang iyong karunungan at ang iyong kaalaman, nagpaligaw sa iyo;
At iyong sinabi sa iyong puso,
Ako nga, at walang iba liban sa akin.
Kaya't ang kasamaan ay darating sa iyo; [433]

Hindi mo malalaman ang bukang liwayway niyaon:
At kasakunaan ay sasapit sa iyo;
Hindi mo maaalis:
At kagibaan ay darating sa iyong bigla,
na hindi mo nalalaman.

"Tumayo ka ngayon sa iyong mga enkanto, at sa
karamihan ng iyong panggagaway, na iyong
ginawa mula sa iyong kabataan;
Marahil makikinabang ka,
Marahil mananaig ka.

"Ikaw ay yamot sa karamihan ng iyong mga payo.
Magsitayo ngayon ang nanganghuhula
Sa pamamagitan ng langit, at ng mga bituin, ang mga mangingilala

ng tungkol sa buwan,

At siyang magligtas sa iyo sa mga bagay na mangyayari sa iyo.
Narito, sila'y magiging gaya ng pinagputulan ng trigo;...
Sila'y hindi makaliligtas sa bangis ng fiyab:...
Walang magliligtas sa iyo."

Isaias 47:1-15.

Bawat bansang nalagay sa entablado ng pagkilos ay nabigyang pahintulot na kunin nito ang lugar sa lupa, upang mapagpasyahan kung sinunod nito ang mga adhikain ng Tagapagmasid at Niyang Banal. Sinundan ng hula ang naging pagbangon at progreso ng mga dakilang imperyo—Babilonia, Medo-Persia, Grecia, at Roma. Sa bawat isa sa mga ito, tulad din ng mga bansang maliliit lamang ang kapangyarihan, ang kasaysayan ay nauulit. Bawat isa ay dumaan sa panahon ng kanyang pagsubok; bawat isa ay nabigo, ang kaluwalhatian ay kumupas at ang kapangyarihan nito ay tumakas.

Bagama',t ang mga bansa ay tumanggi sa mga simulain ng Dios, at sa ganitong paraan ay gumawa ng sariling pagkawasak, gayunman ay maldldtang ang banal na adhikain ay gumagawa pa rin at namamayani sa buong kapanahunan. Ito ang nakita ni propeta Ezekiel sa mga kahanga-hangang paglalarawang nabigay sa kanya sa panahon ng pagkatapon nila sa lupain ng mga Caldeo, nang sa kanyang namanghang pangmasid ay nahayag ang mga simbulo ng namamayaning Kapangyarihang lumulukob sa mga gawain ng mga pangulo sa lupa.

Sa pampang ng ilog Chebar, nakita ni Ezekiel ang ipu-ipong parang nagmula sa hilaga, "isang malaking ulap, na may isang
[434] apoy na naglilikom sa sarili, at isang ningning sa palibot, at mula sa gitna niyao'y may parang metal na nagbabaga mula sa gitna ng apoy." May maraming gulong sa siping ng apat na nilalang na may buhay. Higit sa lahat "ay may kawangis ng isang luklukan na parang anyo ng batong zafiro: at sa ibabaw, ng kawangis ng luklukan ay may kawangis ng isang tao sa itaas niyaon." "At lumitaw sa gitna ng mga kerubin ang anyo ng kamay ng isang tao sa ilalim ng kanilang mga pakpak." Ezekiel 1:4, 26; 10:8. Ang mga gulong

na ito ay kumplikado ang pagkakaayos anupa't sa unang tingin ay parang nagkakagulo; gayunman ay umiikot na magkakatugma. Mga nilalang na makalangit na pinapatnubayan ng kamay sa ilalim ng mga bagwis ng kerubin, ang nagtutulak sa mga gulong; sa ibabaw ng mga ito, sa luklukang zafiro, ay ang Isang Walang Kamatayan; at sa palibot ng trono ay isang bahaghari, ang sagisag ng kahabagan ng Dios.

Kung paano ang mga gulong ay nasa patnubay ng kamay sa ilalim ng mga bagwis ng kerubin, gayundin ang komplikadong gawain ng tao ay nasa kontrol ng langit. Sa gitna ng kaguluhan at pag-aalit ng mga bansa Siyang nakaupo sa itaas ng mga kerubin ay Siya pa ring pumapatnubay sa mga gawain sa lupa.

Ang kasaysayan ng mga bansa ay nangungusap sa atin ngayon. Sa bawat bansa at sa bawat tao ang Dios ay may nakatalagang lugar para sa Kanya sa dakilang panukala. Ang mga tao at bansa ngayon ay sinusubok sa pamamagitan ng panukat Niyang hindi nagkakamali kailanman. Ang lahat sa pamamagitan ng kanilang pagpapasya ay nagtatakda ng sariling hantungan, at ang Dios naman ay namamayani sa lahat upang maisakatuparan ang Kanyang mga adhikain.

Ang mga propesiyang ibinigay ng dakilang AKO NGA sa Kanyang salita, na nag-uugnay ng kawing sa kapwa kawing, mula sa walang hanggang lumipas hanggang sa walang hanggang darating, ay nagbabadya sa atin kung saan tayo naroroon ngayon sa hanay ng mga kapanahunan at kung ano ang maaaring asahan sa hinaharap. Lahat ng inihulang naganap, hanggang sa kasalukuyan, ay natutunton sa kasaysayan, at nakatitiyak tayong lahat na magaganap pa ay matutupad ayon sa pagkakasunud-sunod.

Ang mga tanda ng panahon ngayon ay naghahayag na tayo'y nakatayo sa pintuan ng mga dakila at maselang pangyayari. Ang bawat bagay sa mundo ay ligalig. Nakikita nadng ang mga propesiya ng Tagapagligtas ukol sa Kanyang pagbabalik ay nangatutupad: "At [435]
mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan.... Magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian: at magkakagutom, at lilindol, sa iba't ibang dako." Mateo 24:6, 7.

Ang kasalukuyan ay panahon ng nakagigilalas na interes sa lahat ng nangabubuhay. Mga pangulo at mambabatas, mga lalaking nasa puwesto ng dakilang pagkakatiwala at otoridad, mga mapag-isip

na mga lalaki at babae ng alinmang antas, ay nakatuon sa mga pangyayaring nagaganap sa palibot natin. Nagmamasid sila sa mga ugnayang namamagitan sa mga bansa. Nakikita nila ang igting ng mga nangyayari sa bawat sangkap ng lupa, at nakikilala nilang may dakila at may kapasyahang bagay na malapit nang maganap na ang mundo ay nasa bingit ng nakakagulat na krisis.

Ang Biblia, at tanging Biblia lamang, ang nagbibigay ng tumpak na pananaw sa mga bagay na ito. Dito ay nahahayag ang mga huling tagpo sa kasaysayan ng ating mundo, mga pangyayaring nagsasabog ng lambong, ang ugong ng kanilang paglapit ay nagpapanginig sa mga bansa at mga puso ng tao upang sila ay matakot.

"Narito, pinawawalan ng laman ng Panginoon ang lupa, at sinisira, at binabaligtad, at pinangangalat ang mga nananahan doon;...sapagkat kanilang sinalangsang ang kautusan, binago ang alituntunin, sinira ang walang hanggang tipan. Kaya't nilamon ng sumpa ang lupa, at silang nagsisitahan doon ay nangasumpungang salarin." Isaias 24:16.

"Sa aba ng araw na yaon! sapagkat ang kaarawan ng Panginoon ay malapit na, at darating na parang kagibaan na mula sa Makapangyarihan sa lahat.... Ang mga binhi ay nangabubulok sa kanilang bugal; ang mga kamalig ay nangakahandusay na sira, ang mga imbakan ay bagsak; sapagkat ang trigo ay natuyo. Ganyan na lamang ang ungal ng mga hayop! ang mga kawan ng mga hayop ay natitigilan, sapagkat wala silang pastulan; oo, ang mga kawan ng tupa ay nangapahamak." "Ang puno ng ubas ay natuyo, at ang puno ng higos ay nalalanta; ang puno ng granada, ang puno ng palma, at gayon din ang puno ng mansanas, lahat ng punong kahoy sa parang ay tuyo: sapagkat ang kagalakan ay nawala sa mga anak ng mga tao." Joel 1:15-18, 12.

"Ako'y nagdaramdam sa aking puso;...hindi ako matahimik, sapagkat iyong narinig, Oh kaluluwa ko, ang tunog ng trumpeta, ang
[436] hudyat ng pakikipagdigma. Kagibaan at kagibaan ang inihihiyaw; sapagkat ang buong lupain ay nasira." Jeremias 4:19, 20.

"Ay! sapagkat ang araw na yaon ay dakila, na anupa't walang gaya niyaon: siya ngang panahon ng kabagabagan ng Jacob; ngunit siya'y maliligtas doon." Jeremias 30:7.

"Sapagkat ikaw Oh Panginoon, ay aking kanlungan!

Iyong ginawa ang Kataastaasan na iyong tahanan;
Walang kasamaang mangyayari sa iyo,
Ni anumang salot ay lalapit sa iyong tolda."

Awit 91:9,10.

"Oh anak na babae ng Sion,...doon ka tutubusin ng Panginoon sa kamay ng iyong mga kaaway. At ngayo'y maraming bansa ay nangagpupulong laban sa iyo, na nangagsasabi, Madumhan siya, at makita ng ating mata ang nasa natin sa Sion. Ngunit hindi nila nalalaman ang mga pag-iisip ng Panginoon, ni nauunawa man nila ang Kanyang payo." Mikas 4:10-12. Hindi bibiguin ng Dios ang Kanyang iglesia sa oras na siya ay nasa napakalaking panganib. Kanyang ipinangako ang pagliligtas. "Aking ibabalik uli mula sa pagkabihag ang mga tolda ng Jacob," ipinahayag Niya, "at pakukundanganan Ko ang kanyang mga tahanang dako." Jeremias 30:18.

Sa ganito ay matutupad ang adhikain ng Dios; ang mga simulain ng Kanyang kaharian ay mapaparangalan ng lahat sa ilalim ng araw. [437]

# Kabanata 44—Sa Yungib ng mga Leon

Nang si Dario na taga Medo ay maupo sa tronong dati ay kinauupuan ng mga hari ng Babilonia, agad-agad na isinaayos niya ang pamahalaan. "Minagaling ni Dario na maglagay sa kaharian ng isang daan at dalawampung satrapa;...at sa kanila'y tadong pangulo, na si Daniel ay isa: upang ang mga satrapang ito ay mangagbigayalam sa kanila, at upang ang hari ay huwag magkaroon ng kapangamban. Nang magkagayo'y ang Daniel na ito ay natangi sa mga pangulo at sa mga satrapa, sapagkat isang marilag na espiritu ay nasa kanya; at inisip ng hari na ilagay siya sa buong kaharian."

Ang parangal na inilagak kay Daniel ay nagbigay inggit sa mga pangunahing lalaki ng kaharian, at sila',y naghanap ng paraan upang magparatang laban sa kanya. Datapuwat wala silang masumpungang anumang dahilan, "palibhasa'y tapat siya, walang anumang kamalian ni kakulangang nasumpungan sa kanya."

Ang walang kapintasang likas ni Daniel ay higit pang nagpaalab ng inggit ng mga kaaway niya. "Hindi tayo mangakakasumpong ng anumang maisusumbong laban sa Daniel na ito,',y nakapagsabi, "liban sa tayo'y mangakasumpong laban sa kanya ng tungkol sa kautusan ng kanyang Dios."

At nagsanggunian ang mga presidente at prinsipe, at nagpakana upang maisagawa ang kanilang adhikaing wasaldn ang propeta. Nagpasya silang makuha sa hari ang isang utos na kanilang ihahanda, na dito'y ipagbabawal sa sinumang tao sa kahanan na humingi sa Dios at sa tao man ng anumang bagay, liban na kay Dario na hari, sa loob ng talumpung a raw. Ang paglabag sa utos na ito ay mangangahulugan ng pagtatapon sa yungib ng mga leon.

Sa gayon, ay inihanda ng mga prinsipe ang kautusang ito, at iniharap kay Dario upang pirmahan. Naging gatong ito, sa diwang mapagmataas ng hari lalo na at ito'y magdaragdaag sa kanya ng
[438] kadakilaan at otoridad. Hindi alam ang tusong adhikain ng mga prinsipe, at hindi rin natunugan ng hari ang galit ng mga ito kay Daniel, pinirmahan ng hari ang kautusan.

Ang mga kaaway ni Daniel ay umalis sa harapan ni Dario, nagdiriwang sa patibong na ngayon ay mailalagay na nila sa lingkod na ito ni Jehova. Sa pakanang ito na nagawa, si Satanas ay may malaking bahagi. Mataas ang katungkulan ng propeta sa kaharian, at ang mga anghel ng kasamaan ay nangangambang ang impluwensya niya ay magpapahina ng kanilang kontrol sa mga pangulo nito. Ang mga kampong ito ni Satanas ang nagpakilos sa mga prinsipe sa inggit at selos; sila ang nagpasimula sa panukalang wasaldn si Daniel; at ang mga prinsipe naman, na napasailalim sa kasamaan ay siyang nagsagawa ng piano.

Ang mga kaaway ng propeta ay umasang ang matatag na pagsunod ni Daniel sa mga simulain ang magbibigay tagumpay sa kanilang piano. At sila ay di nabigo sa kanilang akala sa likas nito. Agad ay nabasa ni Daniel ang masamang adhikain nila sa pagbubuo ng utos, datapuwat hindi siya nagbago sa kanyang pananayuan dahilan lamang dito. Bakit titigil siyang manalangin ngayon, samantalang higit sa alin mang panahon ay ngayon niya ito kailangan? Mamahalagahin ba niya ang buhay kaysa kanyang pag-asa sa tulong ng Dios. May kapanatagang tinupad niya ang mga tungkulin bilang pinuno ng mga prinsipe; at sa oras ng panalangin ay nagtungo sa kanyang silid, at ang kanyang mga bintana ay bukas na nakaharap sa Jerusalem, tulad ng kaugalian niya, at inihandog ang kanyang mga kahilingan sa Dios ng kalangitan. Hindi niya itinago ang kanyang gawa. Kahit na alam niya ang magiging bunga ng kanyang pagtatapat sa Dios, ang kanyang diwa ay di nanlumo. Sa harap ng mga nagpapakana ng kanyang pagkawasak, hindi niya tutulutang makita man lamang nila ang kanyang kaugnayan sa Langit ay maputol. Sa lahat ng pagkakataong ang hari ay may karapatang mag-utos, si Daniel ay sumusunod; datapuwat hindi ang hari o utos man niya ang makapagpapakilos ng kanyang pagtatapat sa Hari ng mga hari.

Sa ganito ay matapang at tahimik at maamong inihayag niyang walang kapangyarihang panlupa ang maaaring mamagitan sa kanyang kaluluwa at sa Dios. Sa palibot ng mga sumasamba sa mga diyos, siya ay tapat na saksi ng katotohanan. Ang matapang na pagtayo niya sa matuwid ay ningning sa kadilimang moral sa korteng iyon ng mga pagano. Si Daniel ay nakatayo ngayon sa sanlibutan [439]
bilang marapat na halimbawa ng kawalang takot at pagtatapat ng Kristiano.

Sa buong maghapon ay binantayan si Daniel ng mga prinsipe. Tatlong beses na nakita nilang pumasok ito sa silid, at tatlong ulit na narinig nila ang tinig ni Daniel sa maningas na panalangin sa Dios. Nang sumunod na umaga ay iniharap nila sa hari ang kanilang reklamo. Si Daniel, ang pinakapinarangalang pangulo ng kaharian ay lumabag sa utos. "Hindi ka baga naglagda ng pasya," pinaalalahanan nila siya, "na bawat tao na humingi sa kanino mang diyos o tao sa loob ng tatlumpung araw, liban sa iyo, Oh hari, ay ihahagis sa yungib ng mga leon?"

"Ang bagay ay tunay," ang sagot ng hari, "ayon sa kautusan ng
[440] mga taga Medo at mga taga Persia, na hindi nababago."

Magalak nila ngayong isinumbong kay Dano ang ginawa ng kanyang tagapayong pinagkakatiwalaan sa lahat. "Ang Daniel, na yaon na sa mga anak ng nangabihag sa Juda," kanilang sinabi, "ay hindi ka pinakukundanganan, Oh hari, o ang pasya man na iyong nilagdaan ng pangalan, kundi dumadalangin na makaitlo isang araw."

Nang marinig ng hari ang mga salitang ito, nalaman agad niya ang patibong na ginawa sa kanyang tapat na lingkod. Nalaman niyang iyon ay di para sa karangalan at kaluguran ng hari, kundi inggit kay Daniel, kaya minungkahi nila ang utos ng hari. "Namanglaw na mainam," dahil sa naging bahagi niya, "kanyang pinagsikapan hanggang sa paglubog ng araw" na iligtas ang kanyang kaibigan. Batid ng mga prinsipe ang pagsisikap na ito ng hari, kanilang sinabi, "Talastasin mo, Oh hari, na isang kautusan ng mga taga Medo at ng mga taga Persia, na walang pasya o palatuntunan man na pinagtidbay ng hari na mababago." Ang utos, bagaman hindi bukal sa puso, ay hindi mababago at kailangang maipatupad.

"Nag-utos ang hari, at kanilang dinala si Daniel, at inihagis siya sa yungib ng mga leon. Ang hari nga ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel, Ang iyong Dios na pinaglilingkuran mong palagi, ay Siyang magliligtas sa iyo." At isang bato ay dinala at inilagay sa bunganga ng yungib, at "tinatakan ng hari ng kanyang singsing na panatak, at ng singsing na panatak ng kanyang mga mahal na tao; upang walang anumang bagay ay mababago tungkol kay Daniel. Nang magkagayo'y umuwi ang hari sa kanyang palasyo, at nagparaan ng buong gabi na nag-aayuno: at wala kahit panugtog ng tugtugin na dinala sa harap niya: at ang kanyang pag-aantok ay nawala."

Hindi hinadlangan ng Dios na ang mga kaaway ni Daniel ay maipatapon siya sa yungib ng mga leon; ipinahintulot Niya na ang mga masasamang anghel at tao ay maisagawa ang kanilang masamang adhikain; datapuwat upang sa pamamagitan nito ay lalong maging maliwanag ang pagliligtas na magagawa sa Kanyang lingkod, at ang pagkalupig ng mga kaaway ng katotohanan at katuwiran ay maging lubos. "Tunay na pupurihin Ka ng poot ng tao" (Awit 76:10), patotoo ng mang-aawit. Sa pamamagitan ng isang taong ito na pumiling sumunod sa matuwid sa halip na sa utos ng tao, si Satanas ay nasupil at ang pangalan ng Dios ay naitaas at naparangalan.

"Nang magkagayo'y bumangong maagang maaga si Haring Dario at naparoon na madali sa yungib ng mga leon at "siya'y sumigaw ng taghoy na tinig" "Oh Daniel, na lingkod ng buhay na [441]
Dios, ang iyo bagang Dios na iyong pinaglilingkurang palagi ay makapagliligtas sa iyo sa mga leon?"

Sinabi nga ni Darnel sa hari: "Oh hari, mabuhay ka magpakailanman. Ang Dios ko'y nagsugo ng Kanyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon, at hindi nila ako sinaktan: palibhasa'y sa harap Niya ay nasumpungan akong walang sala; at gayon din sa harap mo, Oh hari, wala akong ginawang kasamaan.

"Nang magkagayo'y natuwang mainam ang hari, at ipinag-utos na kanilang isampa si Daniel mula sa yungib. Sa gayo'y isinampa si Daniel mula sa yungib, at walang anumang sugat na nasumpungan sa kanya, sapagkat siya'y tumiwala sa kanyang Dios.

"At ang hari ay nag-utos, at kanilang dinala ang mga lalaking yaon na nagsumbong laban kay Daniel, at sila'y inihagis nila sa yungib ng mga leon, sila, ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa; at ang leon ay nanaig sa kanila, at pinagwaray-waray ang lahat ng kanilang buto, bago sila dumating sa kaloob-looban ng yungib."

Minsan pa ang hari ay nagpalabas ng utos na nagpaparangal sa Dios ni Daniel bilang tunay na Dios. "Sumulat ang Haring Dario sa lahat ng mga bayan, bansa, at wika na tumatahan sa buong lupa; Kapayapaa'y managana sa inyo. Ako'y nagpapasya, na sa lahat ng sakop ng aking kaharian ay magsipanginig at mangatakot ang mga tao sa harap ng Dios ni Daniel: sapagkat Siya ang buhay na Dios, at namamalagi magpakailanman, at ang Kanyang kaharian ay hindi

magigiba, at ang Kanyang kapangyarihan ay magiging hanggang sa wakas. Siya'y nagliligtas at nagpapalaya, at Siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa, na siyang nagligtas kay Daniel mula sa kapangyarihan ng mga leon."

Ang masamang sumasalungat sa lingkod ng Dios ay lubos na nalipol. "Guminhawa ang Daniel na ito sa paghahan ni Dario, at sa paghahari ni Ciro na taga Persia." Sa pamamagitan ng kaugnayan kay Daniel ang mga haring itong pagano ay nadala sa pagkakilala sa Dios bilang "buhay na Dios na tatayong matatag magpakailanman, at ang Kanyang kaharian ay di kailanman mawawasak."

Sa kasaysayan ng pagliligtas kay Daniel ay matututuhan nating sa mga panahon ng pagsubok at kagulumihanan ang mga anak ng Dios ay dapat na maging katulad ng kalagayan nila sa panahong ang tanawin ay maliwanag at puno ng pag-asa. Si Daniel sa
[442] yungib ng leon ay siya ring Daniel na tumayo sa harapan ng mga pangunahin ng hari bilang propeta ng Kataastaasan. Ang taong ang puso ay nakalagak sa Dios ay magiging katulad ang karanasan sa oras ng pinakadakilang pagsubok at sa oras ng kasaganaan, na ang sinag ng liwanag at pabor ng Dios ay nakatuon sa kanya. Ang pananampalataya ay umaabot sa di nakikita, at nanghahawakan ng mga katunayan ng walang hanggan.

Ang langit ay napakalapit sa kanilang nagdurusa dahilan sa katuwiran. Si Kristo ay may katulad na interes sa mga tapat Niyang bayan; Siya ay nagdurusa sa pagkatao ng mga banal Niya, at sinumang gagalaw sa kanila ay gagalaw sa Kanya. Ang kapangyarihang nagliligtas sa pisikal na bagabag o sugat ay siya ring kapangyarihang nagliligtas sa higit na dakilang kasamaan, upang ang lingkod ng Dios ay maingatan sa katapatan sa ilalim ng lahat ng karanasan, at magtagumpay sa pamamagitan ng dakilang biyaya.

Ang karanasan ni Daniel bilang pangulo sa mga kaharian ng Babilonia at Medo-Persia ay naghayag ng katotohanang ang isang mangangalakal ay di kailangang maging lalaki ng palakad kundi isang taong sa bawat hakbang ay tinuturuan ng Dios. Si Daniel, na punong ministro ng pinakadakilang kaharian sa lupa, ay propeta din ng Dios, at tumatanggap ng liwanag ng inspirasyon ng langit. Tulad din nating may mga damdamin, inilalarawan siya ng Kasulatan bilang lalaking walang kapintasan. Ang kanyang pakikitungo sa tao sa pangangalakal ay walang maipupuwing ang sinuman. Siya ay

halimbawa ng bawat mangangalakal na ang puso ay nahikayat at natalaga, at ang mga motibo ay matuwid sa Dios.

Ang masinop na pagsunod sa mga kahilingan ng Langit ay naghahatid ng mga pagpapalang temporal at espirituwal. Di matinag sa katapatan sa Dios, di makilos sa kanyang pagsupil sa sarili mula sa kabataan, nakuha ni Daniel ang "lingap at habag" ng mga opisyal na pagano na pinaglilingkuran niya. Daniel 1:9. Ang mga katulad na likas ang nahayag sa mga kasunod na karanasan niya. Mabilis na umangat siya sa pagiging punong ministro ng Babilonia. Sa magkakasunod na hari, sa pagbagsak ng kaharian, at sa pagtatatag ng isa pang imperyo sa lupa, gayon din ang kanyang karunungan at katapatan, may sakdal na pakikitungo sa kapwa, magalang, may dalisay na puso, tapat sa simulain, anupa't kahit na mga kaaway niya ay nagsabing "sila'y hindi nangakasumpong ng anumang kadahilanan, ni kakulangan man, palibhasa'y tapat siya." [443]

Pinarangalan ng mga taong may kapanagutan sa estado, taglay ang mga lihim ng kahariang may pansanlibutang sakop, si Daniel ay pinarangalan ng Dios bilang Kanyang embahador, at binigyan ng mga pagpapahayag ng mga misteryo ng kapanahunang darating. Ang mga kahanga-hangang propesiyang natala sa kabanatang 7 hanggang 12 ng kanyang aklat ay di lubos na nauwaan kahit ng propeta mismo; datapuwat bago nagtapos ang gawain ng kanyang buhay, binigyan siya ng kasiguruhang "sa panahon ng kawakasan"—sa katapusan ng kasaysayan ng lupa—siya ay muling pahihintulutang tumayo sa kanyang lugar. Hindi nabigay sa kanya noon ang pagkaunawa ng mga inihayag na hiwaga ng Dios. "Isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat," siya'y inutusan tungkol sa kanyang sinulat na propesiya; ang mga ito'y nakasara "hanggang sa panahon ng kawakasan." "Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel" minsan pang sinabi ng anghel sa matapat na mensahero ni Jehova; sapagkat ang mga salita ay nasarhan at natatapakan hanggang sa panahon ng kawakasan.... Yumaon ka ng iyong lakad hanggang sa ang wakas ay mangyari: sapagkat ikaw ay magpapahinga, at tatayo sa iyong kapalaran sa wakas ng mga araw." Daniel 12:4, 9, 13.

Sa paglapit natin sa katapusan ng kasaysayan ng lupa, ang mga propesiyang itinala ni Daniel ay nangangailangan ng ating tanging pansin, sapagkat ang mga ito ay may kaugnayan sa panahong ating kinabubuhayan. Dito ay dapat maugnay ang mga turo ng huling

aklat ng Bagong Tipan. lnakay ni Satanas ang marami sa isipang ang mga sulat nina Daniel at Juan na tagapahayag ay hindi mauunawaan. Ngunit ang pangako ay maliwanag na ang tanging pagpapala ay sasanib sa mga mag-aaral ng mga propesiyang ito. Ang "silang pantas ay mangakakaunawa" (talatang 10), ay sinalita sa mga pangitain ni Daniel na kailangang buksan sa mga huling araw; at sa pahayag na ibinigay ni Kristo sa Kanyang lingkod na si Juan para sa pagpatnubay sa bayan ng Dios sa daan-daang taon, ang pangako ay, "Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng propesiya, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon." Apocalipsis 1:3.

Mula sa pagbangon at pagbagsak ng mga kaharian na niliwanag ng Daniel at Apocalipsis, kailangan nating matutuhan na walang kabuluhan ang panlabas at makasanlibutang kaluwalhatian. Ang Babilonia, sa kanyang kapangyarihan at karangyaan, na di nakita kailanman sa lupa,—kapangyarihan at kagandahan na ang mga tao
[444] sa panahong iyon ay matatag at mamalagi sa paningin ng mga tao,—ay gaano nga kalubos na lumipas! Tila, "gaya ng bulaklak ng damo," ay lilipas. Santiago 1:10. Sa ganito mawawasak ang mga kaharian ng Medo-Persia, at ang mga kaharian ng Grecia at Roma. At gayon din mawawasak ang lahat na hindi ang Dios ang pundasyon. Tanging ang bagay na nakatali sa Kanyang adhikain, at naghahayag ng Kanyang likas, ang mananatili. Ang mga prinsipyo Niya ang tanging matatag na bagay na nakikilala ng sanlibutan.

Ang maingat na pag-aaral ng pagsasagawa ng adhikain ng Dios sa mga kasaysayan ng mga bansa at sa paghahayag ng mga bagay na darating ang makatutulong sa atin upang bigyang halaga ang mga bagay na nakikita at di naldldta, at matutuhan ang tunay na layunin ng buhay. Sa pagmasid kung gayon, sa mga bagay na may panahon sa liwanag ng walang hanggan, tayo, tulad ni Daniel at ng mga kasama niya, ay mabubuhay para sa mga bagay na tunay at marangal at namamalagi. At habang natututuhan sa buhay na ito ang mga simulain ng kaharian ng Panginoon at Tagapagligtas, ang mapalad na kahariang mananatili magpakailanman, ay mapaghahandaan natin at sa pagdating Niya ay makapasok na kasama Niya upang ito ay
[445] angkinin.

# SEKSYON VI—PAGKATAPOS NG PAGKA DESPERADO

[446]

*"Sawayin ka nawa ng Panginoon, Oh Satanas; oo, ang Panginoon na pumili ng Jerusalem ay sumaway nawa sa iyo: di baga ito',y isang dupong na naagaw sa apoy?" Zacarias 3:2.*

[447]

# Kabanata 45—Ang Pagbabalik ng mga Nadalang Bihag

Ang pagdating ng mga hukbo ni Ciro sa mga pader ng Babilonia ay tanda para sa mga Judio na ang kanilang pagkaligtas ay malapit na. Mahigit sa isang daang taon bago isinilang si Ciro, ay binanggit na ng Inspirasyon ang kanyang pangalan, at ang tala ng kanyang gagawin ay nasulat tungkol sa pagkabihag ng siyudad ng Babilonia na hindi namamalayan nito, at ang paghahanda ng daan ng kaligtasan ng mga anak ng pagkabihag. Sa pamamagitan ni Isaias ay sinalita:

"Ganito ang sabi ng Panginoon sa Kanyang pinahiran ng langis, kay Ciro, na ang kanang kamay ay Aking hinawakan, upang magpasuko ng mga bansa sa harap niya;...upang magbukas ng mga pintuan sa unahan niya; at ang mga pintuang-bayan ay hindi masasarhan; Ako'y magpapauna sa iyo, at, papatagin Ko ang mga baku-bakong dako: Aking pagwawaray-warayin ang mga pintuang tanso, at Aking puputulin ang mga halang na bakal: at ibibigay Ko sa iyo ang mga kayamanang nasa kadiliman, at ang mga natatagong kayamanan sa mga lihim na dako, upang iyong maalaman na Ako, ang Panginoon, na tumatawag sa iyo sa inyong pangalan, samakatuwid baga'y ang Dios ng Israel." Isaias 45:1-3.

Sa hindi inaasahang pagpasok ng hukbo ng Persia sa pinakapuso ng Babilonia sa pamamagitan ng pag-iiba ng daloy ng ilog, at sa panloob ng pintuang hindi man lamang nilagyan ng bantay, ang mga Judio ay may sapat na katibayan ng literal na katuparan ng propesiya ni Isaias tungkol sa biglang pagbagsak ng mga mang-aapi. At ito sana ay naging tiyak na tanda nga sa kanila na ang Dios ang humuhugis ng mga gawa ng mga bansa sa kanilang kapakanan; sapagkat hindi maiwawalay sa propesiyang naghahanay ng paraan ng pagkabihag ng Babilonia ang mga salitang ito:

"Ciro, siya'y Aking pastor, at isasagawa ang lahat Kong kaligayahan: na nagsasabi nga rin tungkol sa Jerusalem, Siya'y matatayo; at sa templo, Ang iyong patibayan ay malalagay." "Aking ibinan-
[448] gon siya sa katuwiran, at Aking tutuwirin ang lahat niyang lakad:

kanyang itatayo ang Aking bayan, at kanyang palalayain ang Aking mga natapon, hindi sa halaga o sa kagantihan man, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Isaias 44:28; 45:13.

At hindi lamang ito ang mga propesiyang dahilan sa kanila ay nailagak ng mga bihag ang kanilang pag-asa ng mabilisang pagkaligtas. Ang mga sulat ni Jeremias ay nasa kanila rin, at sa mga ito ay malinaw na inihanay ang haba ng panahong gugugulin bago maisauli ang Israel mula sa Babilonia. "Pagkaganap ng pitumpung taon," ang sabi ng Panginoon sa Kanyang mensahero, "na Aking parurusahan ang han sa Babilonia, at ang bansang yaon, sabi ng Panginoon, dahil sa kanyang kasamaan, at ang lupain ng mga Caldeo, at Aking gagawing sira magpakailanman." Jeremias 25:12. Ang pabor ay ipapakita sa nalabi ng Juda, bilang tugon sa taimtim na panalangin. "At Ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon: at Aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at Aking pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng dako na Aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at Aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa Aking pinagdalhang bihag sa inyo." Jeremias 29:14.

Madalas na si Daniel at ang mga kasama niya ay pinag-aralan ang propesiyang ito at ang iba pa na naghahanay ng adhikain ng Dios para sa Kanyang bayan. At ngayon, habang mabilis na ang mga pangyayari ay nagbibigay tanda na ang kamay ng Dios ang gumagawa sa mga bansa, si Daniel ay nagbigay ng tanging isipan sa mga pangakong nabigay sa Israel. Ang pananampalataya niya sa salita ng propesiya ang umakay sa kanya sa mga karanasang pinopropesiya ng mga naunang banal na manunulat. "Pagkatapos na maganap ang pitumpung taon sa Babilonia," sabi ng Panginoon, "Aking dadalawin kayo, at Aking tutuparin ang Aking mabuting salita sa inyo, sa pagpapabalik sa inyo.... Sapagkat nalalaman Ko ang mga pag-iisip na Aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pag-asa sa inyong huling wakas. At kayo'y magsisitawag sa Akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa Akin, at Aking didinggin kayo. At inyong hahanapin Ako, at masusumpungan Ako, pagka inyong siyasatin Ako ng inyong buong puso." Talatang 10-13.

Bago bumagsak ang Babilonia, samantalang si Daniel ay nagbubulay-bulay sa mga propesiyang ito at idinadalangin sa Dios ang [449]

pagkaunawa sa mga panahon, isang serye ng pangitain ang nabigay sa kanya tungkol sa pagbangon at pagbagsak ng mga kaharian. Sa unang pangitain na natala sa Daniel 7, ang paliwanag ay ibinigay; ngunit hindi lahat ay niliwanag sa propeta. "Binababagabag akong mabuti ng aking mga pag-iisip," sinulat niya ang kanyang karanasan sa panahong yaon, "at ang aking pagmumukha ay nabago: ngunit iningatan ko ang bagay sa along puso." Daniel 7:28.

Sa kasunod na pangitain ay karagdagang liwanag ang ibinigay sa kanya tungkol sa hinaharap; at sa pagtatapos ng pangitaing ito na nadinig ni Daniel "ang isang banal na nagsalita, at ibang banal ay nagsabi sa isang yaon na nagsalita, Hanggang kailan magtatagal ang pangitain?" Daniel 8:13. Ang sagot na ibinigay, "Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuwaryo" (talatang 14), nagbigay sa kanya ito ng kagulumihanan. Taimtim na hiniling niya ang pagkaunawa sa pangitain. Hindi niya maunawaan ang kaugnayan nito sa pitumpung taon ng pagkabihag, na inihayag kay Jeremias, sa dalawang libo at tatlong daang taon na sa pangitain ay nakita niyang atubili ang mensahero ng langit na ihayag bago matapos ang paglilinis ng santuwaryo ng Dios. Ibinigay ng anghel Gabriel ang bahagi ng paliwanag; datapuwat nang marinig ng propeta ang mga salita, "Ang pangitain...ay ukol sa maraming araw na darating," siya ay nanglupaypay. "Akong si Daniel ay nanglupaypay," itinala niya ang kanyang karanasan, "at nagkasakit ng ilang araw; nang magkagayon ako'y nagbangon, at ginawa ko ang mga gawain ng hari; at ako'y natigilan sa pangitain, ngunit walang nakakaunawa." Talatang 26, 27.

Taglay pa rin ang pasanin para sa Israel, muling pinag-aralan ni Daniel ang mga propesiya ni Jeremias. Ang mga ito',y napakaliwanag— maliwanag na naunawaan niya ang mga patotoo na, nakatala sa mga aklat na, "ang bilang ng mga taon, na sinalita ng Panginoon kay Jeremias na propeta, dahil sa pagkaganap ng pagkasira ng Jerusalem, pitumpung taon." Daniel 9:2.

May pananampalataya sa tiyak na salita ng propesiya, si Daniel ay sumamo sa Panginoong madali nang tuparin ang mga pangako. Dumalangin siyang maingatan ang karangalan ng Dios. Sa kanyang panalangin ay ibinilang niya ang kanyang sarili sa mga hindi nakaabot ng adhikain ng Dios, nagkumpisal ng kanilang mga
[450] kasalanan bilang kanyang sarili.

"At aking itiningin ang aking mukha sa Panginoong Dios," ipinahayag ng propeta, "upang humanap sa pamamagitan ng panalangin at ng mga samo, ng pag-aayuno, at pananamit ng magaspang, at ng mga abo: at ako'y nanalangin sa Panginoon kong Dios, at ako'y nagpahayag ng kasalanan." Talatang 3, 4. Bagaman matagal na sa paglilingkod si Daniel sa Dios, at ayon sa langit na siya',y "tunay na minamahal," gayunman sa harapan ng Dios ay humaharap siyang isang makasalanan, at nagsusumamo ukol sa dakilang pangangailangan ng bayang kanyang minamahal. Ang dalangin niya ay simple, datapuwat marubdob at taimtim. Pakinggan ang samo niya:

"Oh Panginoon, Dios na dakila at kakila-kilabot, na nag-iingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa Iyo, at nangag-iingat ng Iyong mga utos; kami ay nangagkasala, at nangag-asal ng kasuwailan, at nagsigawang may kasamaan, at nanganghimagsik, samakatuwid baga'y nagsitalikod sa Iyong mga utos at sa Iyong mga kahatulan; na hindi man kami nangakimg sa Iyong mga lingkod na mga propeta, na nangagsalita sa Iyong pangalan sa aming mga hari, sa aming mga prinsipe, at sa aming mga magulang, at sa buong bayan ng lupain.

"Oh Panginoon, katuwira'y ukol sa Iyo, ngunit sa amin ay pagkagulo ng mukha, gaya sa araw na ito; sa mga tao ng Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa buong Israel, na malapit, at malayo, sa lahat na lupain na Iyong pinagtabuyan dahil sa kanilang pagsalangsang na kanilang isinalangsang laban sa Iyo....

"Sa Panginoon naming Dios ukol ang kaawaan at kapatawaran, sapagkat kami ay nanganghimagsik laban sa Kanya." "Oh Panginoon, ayon sa Iyong buong katuwiran, isinasamo ko sa Iyo, na ang Iyong galit at kapusukan ay mahiwalay sa Iyong bayang Jerusalem, na Iyong banal na bundok: sapagkat dahil sa aming mga kasalanan, at dahil sa mga kasamaan ng aming mga magulang, ang Jerusalem at ang Iyong bayan ay naging kakutyaan sa lahat na nangasa palibot namin.

"Kaya nga, Oh aming Dios, Iyong dinggin ang panalangin ng Iyong lingkod, at ang kanyang mga samo, at paliwanagin Mo ang Iyong mukha sa Iyong santuwaryo na sira, alang-alang sa Panginoon. Oh Dios ko, ikiling Mo ang Iyong tainga, at Iyong dingin; idilat Mo ang Iyong mga mata, at masdan Mo ang aming mga kasiraan, at ang bayan na tinatawag sa Iyong pangalan: sapagkat hindi namin
inihaharap ang aming mga samo sa harap Mo dahil sa aming mga [451]

katuwiran, kundi dahil sa Iyong dakilang mga kaawaan.

Oh Panginoon, dinggin Mo; Oh Panginoon, patawarin Mo; Oh Panginoon, Iyong pakinggan at gawin; huwag Mong ipagpaliban, alang-alang sa Iyong sarili, Oh Dios ko: sapagkat ang Iyong bayan at ang Iyong mga tao ay tinatawag sa Iyong pangalan." Talatang 4-9, 16-19.

Ang langit ay yumukod na mababa upang dinggin ang dalanging ito ng propeta. Bago pa man matapos ang pagdalangin ukol sa patawad at pananauli, ang makapangyarihang Gabriel ay muling napakita sa kanya at tinawag ang kanyang pansin sa pangitaing nakita niya bago bumagsak ang Babilonia at ang kamatayan ni Belsasar. At inihanay ng anghel sa kanya ang mga detalye ng panahon ng pitumpung sanlinggo, na nabigay at magsisimula "sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem." Talatang 25.

Ang dalangin ni Daniel ay sa "unang taon ni Dario" (talatang 1), ang hari ng Media na ang heneral, nitong si Ciro ang umagaw ng setro ng paghahari ng Babilonia sa lupa. Ang paghahari ni Dario ay pinarangalan ng Dios. Sa kanya ay isinugo ang anghel na si Gabriel, "upang patibayin at palakasin siya." Daniel 11:1. Sa kanyang kamatayan, sa loob ng dalawang taon ng pagkabagsak ng Babilonia, si Ciro ang pumalit sa trono, at ang pasimula ng paghaharing nagtakda ng kabuuan ng pitumpung taon mula ng ang unang pulutong ng bihag ay dinala ni Nabucodonosor mula sa kanilang tahanan sa Judea tungo sa Babilonia.

Ang pagkaligtas ni Daniel sa yungib ng leon ay ginamit ng Dios upang gumawa ng mabuting impresyon sa isipan ni Cirong Dakila. Ang namumukod na katangian ng lalaking ito ng Dios na may malayuang pananaw ang umakay sa haring Persiano upang ito ay igalang at parangalan sa kanyang mga kahatulan. At ngayon, sa panahong sinabi ng Dios na ang Kanyang templo at ang Jersusalem ay dapat nang muling itayo, kinilos ng Dios si Ciro bilang Kanyang kasangkapan upang makita nito ang bahagi ng mga propesiya tungkol sa kanyang sarili, na alam na alam ni Daniel, at upang ang mga Judio ay mabigyang kalayaan.

Nang makita niya ang mga salitang pinopropesiya, nang daandaang taon bago pa siya ipanganak, kung paano masasakop ang Babilonia; sa pagbasa niya ng pabalitang iniukol ng Hari ng sansinukob
[452] sa kanya, "Aking bibigkisan ka, bagaman hindi mo Ako nakilala:

upang kanilang maalaman mula sa sikatan ng araw, at mula sa kanluran, na walang iba liban sa Akin;" sa mismong pagkakita niya ng pahayag ng walang hanggang Dios, "Dahil sa Jacob na Aking lingkod, at sa Israel na Aking pinili, tinawag kita sa iyong pangalan: Aking pinamagatan ka, bagaman hindi mo nakilala Ako;" sa pagbasa niya ng kinasihang talaan, "Aking ibinangon siya sa katuwiran, at Aking tutuwirin ang lahat niyang lakad: kanyang itatayo ang Aking bayan, at kanyang palalayain ang Aking mga natapon, hindi sa halaga o sa kagantihan man," nakilos ng lubos ang kanyang puso, at handa siyang gampanan ang banal na tungkuling naatas sa kanya. Isaias 45:5, 6, 4, 13. At ngayon ay palalayain niya ang mga Judio; at tutulungan silang muling itayo ang templo ni Jehova.

Sa pabalitang nasulat at nailathala "sa kanyang buong kaharian," ipinaalam ni Ciro ang kanyang naising maglaan para sa pagbabalik ng mga Hebreo at muling itayo ang kanilang templo. "Ibinigay sa akin ng Panginoong Dios ng langit ang lahat na kaharian sa lupa," natuwa ang hari sa ganitong pagpapahayag sa publiko; "at ibinilin Niya sa akin na ipagtayo ko Siya ng isang bahay sa Jerusalem, na nasa Juda. Sinuman sa inyo sa Kanyang buong bayan? sumakanya nawa ang kanyang Dios, at umahon siya sa Jerusalem,...at itayo ang bahay ng Panginoon, ng Dios ng Israel, (Siya',y Dios,) na nasa Jerusalem. At sinumang naiwan sa alin mang dako na kanyang pinakikipamayanan, tulungan siya ng mga lalaki sa kanyang kinaroroonan ng pilak, at ng ginto, at ng mga pag-aari, at ng mga hayop, bukod sa kusang handog." Ezra 1:1-4.

"Ipahintulot na matayo ang bahay," dagdag na iniutos niya tungkol sa hitsura ng templo, "ang dako na kanilang pinaghahandugan ng mga hain, at ipahintulot na malagay na matibay ang mga tatagangbaon; ang taas niyao'y anim na pung siko, at ang luwang niyao'y anim na pung siko, na may tatlong hanay na mga malaking bato, at isang hanay ng bagong kahoy: at ang magugugol ay ibigay na mula sa bahay ng hari: at ang ginto at pilak na mga sisidlan din naman ng bahay ng Dios, na inilabas ni Nabucodonosor sa templo na nasa Jerusalem, at nangadala sa Babilonia, masauli, at ipasok uli sa templo na nasa Jerusalem." Ezra 6:3-5.

Ang balita ng utos na ito ay kumalat hanggang sa mga liblib na dako ng kaharian, at saan mang dakong kinalatan ng Israel ay nagkaroon ng dakilang pagdiriwang. Marami, ang katulad ni Daniel [453]

ay nagbabasa ng propesiya, at inaasam na ang Dios ay tutupad sa pangako at gagawa para sa Sion. At ngayon ay nasasagot ang kanilang mga dalangin; at sa buong pusong kagalakan ay magsasanib sa pagawit

> “Nang dalhin muli ng Panginoon yaong nangagbalik sa Sion,
> Tayo ay gaya niyaong nangananaginip.
> Nang magkagayo’y napuno ang bibig natin ng pagtawa,
> At ang dila natin ng awit:
> Nang magkagayo’y sinabi nila sa gitna ng mga bansa,
> Ginawan sila ng Panginoon ng mga dakilang bagay.
> Ginawan tayo ng Panginoon ng mga dakilang bagay;
> Na siyang ating ikinatutuwa.”

Awit 126:1-3.

“Ang mga pangulo ng mga sambahayan ng mga magulang ng Juda at Benjamin, at ang mga saserdote, at ang mga Levita, samakatuwid baga’y lahat na ang diwa’y kinilos ng Dios”—ito yaong mga mabubuting nalabi, na abot limampung libong malalakas, mula sa mga Judio sa mga lupang pinagtapunan, na nagsamantala ng magandang pagkakataon “na magsiahong itayo ang bahay ng Panginoon na nasa Jerusalem.” Di sila hinayaan ng kanilang mga kaibigang humayong walang dala. “Lahat na nangasa palibot nila ay nangagpatibay sa kanilang mga kamay ng mga sisidlang pilak, ng ginto, ng mga pagaari, at ng mga hayop, at ng mga mahalagang bagay.” At sa mga ito at iba pang mga laang inihandog ay idinagdag “ang mga sisidlan ng bahay ng Panginoon, na inilabas ni Nabucodonosor sa Jerusalem;... yaong mga inilabas ni Ciro na hari sa Persia sa pamamagitan ng kamay ni Mitridates na taga-ingat-yaman,...ay limang libo at apat na raan” sa bilang, upang magamit sa pagtatayo ng templo. Ezra 1:511.

Kay Zorobabel (na kilala ding Sesbassar), na kaanak ni Haring David, ay nilagay ni Ciro ang kapanagutang maging gobernador ng pulutong na nagbalik sa Judea; at kasama niya ang punong saserdoteng si Josue. Ang mahabang paglalakbay sa disyerto ay naging panatag, at ang masayang pulutong na nagagalak at nagpapasalamat sa Dios sa Kanyang mga kahabagan, ay agad nagsimula na muling itatag at itayo ang mga nawasak. “Ang mga pangulo ng mga

magulang" ang nanguna sa paghahandog ng kanilang mga kayamanan upang tumulong sa gastusin sa pagpapatayo ng templo; at ang bayan, ay sumunod sa halimbawang ito sa malayang pagkakaloob [454]
ng kanilang maliliit na bahagi. Tingnan ang Ezra 2:64-70.

Sa lalong madaling panahon, isang altar ang itinayo sa lugar ng dating altar sa patyo ng templo. Sa kinaugalian sa pagtatalaga ng altar, ang bayan ay "nagpipisan na parang isang tao;" at doon sila'y nagkaisa sa pagpapanumbalik ng banal na mga serbisyo na naabala ng panahon ng pagkawasak ng Jerusalem ni Nabucodonosor. Bago naghiwahiwalay tungo sa kanilang mga tahanan sila'y nagsisikap na ibalik, "kanila ding iningatan ang Pista ng Tabemakulo." Ezra 3:1-6.

Ang pagtatayo ng dambanang pang-araw-araw na handog na susunugin ay nagpasiglang gayon sa tapat na nalabi. May sigla sa pusong ginawa ang mga paghahanda sa muling pagtatayo ng templo, at lalo pang sumigla sa pagdaan ng mga buwan. Sa loob ng maraming taon ay nawala sa kanila ang mga nakikitang tanda ng presensya ng Dios. At ngayon, na parang napalilibutan sila ng mga malungkot na palatandaan ng mga pagtalikod ng kanilang mga magulang, nanabik silang makita ang nanatiling katibayan ng pagpapatawad at kagandahang loob ng Dios. Higit sa pagkabawi ng mga pag-aari at sinaunang mga karapatan, higit nilang pinahalagahan ang pabor ng Dios. Kahanga-hangang ang Dios ay gumawa para sa kanila, at nadama nila ang katiyakan ng Kanyang presensya sa kanila; ngunit higit pang pagpapala ang hinahangad nila. May kagalakang tumingin sila sa panahong makikita nila ang kaluwalhatian ng Dios na magningning sa loob ng templo sa muli nitong pagtayo.

Ang mga manggagawang abala sa paghahanda ng mga materyales, ay nasumpungan sa mga guhong malalaking batong dinala sa lugar ng templo sa panahon ni Solomon. Ang mga ito ay inihanda kasama pa ng mga bagong materyales; at di nagtagal ay handa na silang ilagay ang saligang bato. Ito ay ginawa sa harap ng libong nagkakatipon upang saksihan ang progreso ng paggawa at magbigay pampasigla sa mga manggagawa. Habang ang panulok na bato ay inilalagay, ang bayan, kasabay ng mga trumpeta ng mga saserdote at mga batingaw ng mga anak ni Asaph, "sila'y nag-awitang isa't isa sa pagpuri at pagpapasalamat sa Panginoon, na nangagsasabi; sapagkat Siya'y mabuti, sapagkat ang Kanyang kaawaan ay magpakailanman sa Israel." Talatang 11.

Ang bahay na muling itinatayo ay suheto ng maraming propesiya
[455] tungkol sa pabor ng Dios na nais na ipakita sa Sion, at lahat na papuri
[456] ay may narinig pa ring kakaibang nota. "Marami sa mga saserdote at
mga Levita at mga pangulo ng mga sambahayan ng mga magulang,
[457] mga matanda, na nangakakita ng unang bahay, ng ang tatagang-baon
ng bahay na ito ay malagay sa harap ng kanilang mga mata, ay
nagsiiyak ng malakas." Talatang 12.

Likas lamang na ang matatandang ito ay makadama ng kalungkutan sa nakita nilang bunga ng mahabang kawalang pagsisisi. Kung ang kanilang saling lahi lamang ay naging masunurin sa Dios, at isinagawa ang adhikain ng Dios para sa Israel, ang templong itinayo ni Solomon ay di sana nawasak at ang pagkabihag ay di sana kinailangan pa. Ngunit dahilan sa kawalang turing at di pagtatapat sila ay nangalat sa lupain ng mga pagano.

Ang mga kundisyon ay nabago na ngayon. Sa kahabagan ay muling dinalaw ng Panginoon ang Kanyang bayan at pinabalik sila sa sariling lupain. Ang kalungkutan sa kasalanang nakaraan ay dapat sanang tinabunan ng mga damdamin ng dakilang kagalakan. Ang Dios ang kumilos sa puso ni Ciro upang tulungan silang muling itayo ang templo, at ito sana ay gumising ng damdamin ng malalim na pagpapasalamat. Sa halip na magdiwang, inalala nila ang mga isipan ng kawalang kasiyahan at kabiguan. Nakita nila ang kaluwalhatian ng templo ni Solomon, at nalungkot sila sa mababang uring templo na itatayo nila ngayon.

Ang bulung-bulungan at pagrereklamo, at di magandang paghahambing, ay nagpalungkot sa isipan ng marami at nagpahina ng kamay ng mga nagtatayo. Ang mga manggagawa'y nagsimulang magalinlangan kung ipagpapatuloy pa nila ang pagtatayo na sa pasimula ay pinintasan na at naging dahilan ng maraming kapanglawan.

Gayunman, ay marami sa nagkakatipon, ang may mas malaking pananampalataya at malawak na pananaw na hindi naakay sa kawalang kasiyahan. "Marami ay nagsihiyaw ng malakas dahil sa kagalakan: na anupa't hindi makilala ng bayan ang kaibhan ng ingay ng hiyaw ng kagalakan sa ingay ng iyak ng bayan: sapagkat ang bayan ay humiyaw ng malakas na hiyaw, at ang ingay ay narinig sa malayo." Talatang 12, 13.

Kung silang hindi nagalak sa paglalagay ng panulok na bato ay nakita ang naging bunga ng kanilang kakulangan ng pananam-

palataya, sila sana ay kinilabutan. Hindi nila nadama ang bigat ng kanilang mga salita ng di pagsang-ayon at kabiguan; hindi nila [458] nadamang ang kanilang inihayag na kawalang kasiyahan ay magpapatagal sa pagtatapos ng bahay ng Panginoon.

Ang karangyaan at kagandahan ng unang templo, at ang mga serbisyo nito, ay naging dahilan ng pagmamalaki ng Israel bago sila nabihag; datapuwat ang mga paglilingkod dito ay kulang sa kalidad ng mga bagay na pinagpapahalagahan ng Dios. Ang luwalhati ng unang templo, at karangyaan ng mga serbisyo, dito ay hindi rekomendasyon para sa Dios; sapagkat ang tanging binibigyang halaga ng Dios, ang hindi nila inihandog. Hindi nila inialay ang handog ng diwang maamo at mapagpakumbaba.

Sa panahong ang mahalagang simulain ng kaharian ng Dios ay nawawala sa pananaw, na ang mga seremonya ay nagiging marangya at marami. Kapag ang pagtatayo ng likas ay napabayaan, kapag ang mga kagayakan ng kaluluwa ay nagkukulang, kapag ang payak na kabanalan ay tinatatwa, na ang pagmamataas at pag-ibig sa kayabangan ay naghahangad ng mararangyang gusali, mamahaling kagayakan at magagarang seremonya ay pinahahalagahan. Datapuwat sa lahat ng mga ito ay hindi nalulugod ang Dios. Pinapahalagahan Niya ang Kanyang iglesia, hindi sa mga panlabas na pakinabang nito, kundi sa taimtim na kabanalan nitong kakaiba sa sanlibutan. Pinapahalagahan Niya ito sa paglago ng mga kaanib sa pagkakilala kay Kristo, ayon sa pagsulong ng karanasang espirituwal. Tinitingnan Niya ang mga prinsipyo ng pag-ibig at kabutihan. Ang lahat ng kagandahan ng sining ay di maihahambing sa kagandahan ng likas at ugaling nahahayag sa mga kinatawan ni Kristo.

Ang isang kongregasyon ay maaaring pinakamahirap sa balat ng lupa. Maaaring wala itong pang-akit na panlabas; datapuwat kapag ang mga kaanib nito ay nagtataglay ng likas ni Kristo, ang mga anghel ng Dios ay sasanib sa kanila sa pagsamba. Ang papuri at pagpapasalamat mula sa mga pusong may pagtanaw ng utang na loob ay paiitaas sa Dios bilang mabangong samyo.

> "Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon, sapagkat Siya'y mabuti:
> Sapagkat ang Kanyang kagandahang-loob ay magpakailanman.

Sabihing gayon ng tinubos ng Panginoon,
Na Kanyang tinubos sa kamay ng kaaway."

"Magsi-awit kayo sa Kanya, magsi-awit kayo sa Kanya ng mga pagpuri:
Salitain ninyo ang lahat Niyang kagilagilalas na mga gawa.

[459]

Lumuwalhati kayo sa Kanyang banal na pangalan:
Mangagalak ang puso nila na nagsisihanap sa Panginoon."

"Sapagkat Kanyang binigyang kasiyahan ang nananabik na kaluluwa,
At ang gutom na kaluluwa ay binusog Niya n£ kabutihan."

Awit 107:1,2; 105:2, 3; 107:9.

[460]

# Kabanata 46—“Ang Mga Propeta ng Dios ay Tumutulong sa Kanila”

Malapit sa mga Israelita samantalang muling itinatayo ang templo, ay ang mga Samaritano, isang lahing halo mula sa sampung tribong naiwan sa Samaria at Galilea na lumago sa pakikipag-asawahan sa mga pagano mula sa mga probinsya ng Asyria. Sa mga taong darating ay aangkinin ng Samaria na sila ay sumasamba sa tunay na Dios, gayong sa katotohanan ay mananamba sa mga diyus-diyusan. Tunay, na sinasabi nilang ang mga imahen ay paalala lamang sa kanila ng buhay na Dios, ang Hari ng sansinukob; gayunman ay madali silang maakay sa paggalang sa mga rebultong ito.

Sa panahon ng pagsasauli, ang mga Samaritanong ito ay nakilala bilang “mga kaaway ng Juda at Benjamin.” Nang mabalitaan na ang “mga anak sa pagkabihag ay nangagtatayo ng templo na ukol sa Panginoong Dios ng Israel,” “nagsilapit nga sila kay Zorobabel, at sa mga pangulo ng mga sambahayan ng mga magulang,” at nangagsabi sa kanila ang kanilang kagustuhang makiisa sa pagpapatayo, “Papagtayuin ninyo kami na kasama ninyo,” kanilang iminumungkahi; “sapagkat aming hinahanap ang inyong Dios, na gaya ng inyong ginagawa; at kami ay nangaghahain sa Kanya mula ng mga kaarawan ni Esarhaddon na hari ng Assur, na nag-ahon sa amin dito.” Subalit tinanggihan ang kanilang hininging pagkakataon. “Kayo’y walang ipakikialam sa amin sa pagtatayo ng isang bahay na ukol sa aming Dios,” ang pahayag ng mga pinuno ng mga Israelita; “kundi kami rin na magkakasama ay aming ipagtatayo ang Panginoon, ang Dios ng Israel, gaya ng iniutos sa amin ni Ciro na hari sa Persia.” Ezra 4:1-3.

Isang nalabi lamang ang nagpasyang bumalik mula sa Babilonia, at ngayon, habang gumagawa ng isang gawaing sa tingin ay labas sa kanilang kalakasan, ang pinakamalapit na kapitbahay ay nag-alok ng tulong. Ang mga Samaritano ay binanggit ang kanilang pagsamba sa tunay na Dios, at naghayag ng naising makabahagi sa mga karapatan at pagpapalang kaugnay ng mga serbisyo sa tem-

plo. "Hinahangad din namin ang pakikisama ng Dios, na tulad
[461] ninyo," kanilang ipinahayag. "Bayaan ninyong tumulong kami sa pagtatayo." Kung pumayag ang mga pinuno sa alok na ito, nabuksan sana nila ang pintuan sa pagpasok ng idolatriya. Nabasa nila ang kawalang kataimtiman ng mga Samaritano. Nadama nila ang tulong na buhat sa pakikipag-alyansa sa mga taong ito ay di maihahambing sa pagpapalang matatanggap nila sa payak na pagsunod sa mga utos ni Jehova.

Tungkol sa ugnayang dapat panatilihin ng Israel sa mga nakapalibot na bansa, inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises: "Huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni huwag mong pagpakitaan ng kaawaan sila: ni mag-aasawa sa kanila;...sapagkat kanyang ihihiwalay ang iyong anak na lalaki sa pagsunod sa Akin, upang sila'y maglingkod sa ibang mga diyos: sa gayo'y mag-aalab ang galit ng Panginoon laban sa iyo, at Kanyang lilipulin kang madali." "Ikaw ay isang banal na bayan sa Panginoon mong Dios, at ikaw ay pinili ng Panginoon upang maging bayan sa Kanyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa." Deuteronomio 7:24; 14:2.

Ang bunga ng pakikipag-ugnayan sa mga kanugnog na bansa ay malinaw na ibinigay. "At pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan, mula sa isang dulo ng lupa hang-gang sa kabilang dulo ng lupa," pahayag ni Moises; "at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga diyos, na hindi mo nakilala, ninyo ng inyong mga magulang, samakatuwid baga'y sa mga diyos na kahoy at bato. At sa gitna ng mga bansang ito ay hindi ka makasusumpong ng ginhawa, at mawawalan ng kapahingahan ang talampakan ng iyong paa: kundi bigbigyan ka ng Panginoon doon ng sikdo ng puso, at pangangalumata, at panlalambot ng kaluluwa: at ang iyong buhay ay mabibitin sa pag-aalinlangan sa harap mo; at ikaw ay matatakot gabi't araw, at mawawalan ng katiwalaan ang iyong buhay: sa kinaumagaha'y iyong sasabihin, Kahit manawari ay gumabi na! at sa kinagabiha'y iyong sasabihin, Kahit manawari ay umumaga na! dahil sa takot ng iyong puso na iyong ikatatakot, at dahil sa paningin ng iyong mga mata na iyong ikakikita." Deuteronomio 28:64-67. "Ngunit mula roon ay iyong hahanapin ang Panginoon mong Dios," ang pangako ay, "iyong masusumpungan Siya, kung iyong hahanapin

Siya ng buo mong puso at ng buo mong kaluluwa." Deuteronomio 4:29.

Si Zorobabel at ang mga kasama niya ay alam ang mga tagubiling ito pati ng iba pang sulat; at sa katatapos na pagkabihag ay nagkaroon sila ng sapat na katibayan ng katotohanan nito. At ngay- [462] ong, nakapagsisi na sa mga kasamaang naghatid sa kanila at kanilang mga magulang ng mga kahatulang ipinopropesiya sa pamamagitan ni Moises; ngayong buong puso nang nanumbalik sa Dios, at muling nakipagtipan sa Kanya, sila ay pinabalik na sa Juda, upang muling itayo ang mga nawasak. Sila ba ngayon, sa pasimula ng panibagong pagsisikap, ay papasok sa pakikipagtipan sa mga mananamba sa mga diyus-diyusan?

"Huwag kayong makikipagtipan sa kanila," wika ng Dios; at silang bagong nagtalaga sa Panginoon sa dambanang itinayo sa harapan ng mga guho ng Kanyang templo, ay nakadamang ang linya ng pagkakabukod ng Kanyang bayan sa sanlibutan ay dapat na malinaw na makita. Tumanggi silang makipag-alyansa sa kanilang, gayong alam ang mga kahilingan ng Dios, ay ayaw naman pailalim sa mga pag-aangkin nito.

Ang mga simulaing nalahad sa Deuteronomio upang turuan ang Israel ay dapat masunod ng bayan ng Dios hanggang sa katapusan ng panahon. Ang tunay na kasaganaan ay nakasalig sa patuluyang pagiingat ng ating tipanan sa Dios. Kailanman ay di natin maikokompromiso ang simulain sa pagpasok sa ugnayan sa kanilang walang takot sa Kanya.

May palaging panganib sa mga nag-aangking Kristiano para sa kanilang nag-iisip na upang magkaroon ng impluwensya sa mga nasa sanlibutan, ay dapat silang makiayon sa mundo sa isang paraan. Bagaman ang ganitong hakbang ay maaaring magbigay ng ilang pakinabang, lagi na lamang na ito ay magbubunga ng kawalan sa espirituwal. Laban sa matalinong impluwensyang naghahangad pumasok sa pamamagitan ng papuring mga tukso mula sa mga kaaway ng katotohanan, ang bayan ng Dios ay dapat na maingat na magbantay. Sila ay mga manlalakbay at mga estranghero sa lupang ito, at ang daan ay puno ng panganib. Sa mga matalinong daya at mapang-akit na tukso na inilalahad ng kaaway, dapat na mag-ingat.

Hindi ang mga lantaran at tuwirang kaaway ng Dios ang dapat higit na katakutan. Silang, tulad sa mga naging kaaway ng Juda at

Benjamin, ay dumating na may matamis na dila at naghahangad ng pakikipag-alyansa sa bayan ng Dios, ang higit na may kapangyarihang mandaya. Laban sa mga ito ang kaluluwa ay dapat magbantay, kung hindi ay makakalawit ng mga tago at di inaasahang paribong. [463] At lalo na ngayong, nagtatapos ang kasaysayan ng lupa, ay inaasahan ng Panginoon sa Kanyang bayan ang higit na pagbabantay na hindi magpapabaya. Bagaman ang tunggalian ay walang dgil, gayunman ay walang sinumang babayaang mag-isa sa pakikihamok. Ang mga anghel ay tumutulong at nagsasanggalang sa kanilang lumalakad na mababa sa harapan ng Dios. Kailanman ay hindi ipagkakanulo ang sinumang nagtitiwala sa Kanya. Sa paglapit sa Kanya ng mga anak upang humiling ng proteksyon mula sa kasamaan, sa kahabagan at pag-ibig ay tinatayo Niya ang bandila laban sa kaaway. Huwag ninyo silang salingin, wika Niya; sapagkat sila ay Akin. Nililok Ko sila sa palad ng Aking mga kamay.

Walang pagod sa kanilang oposisyon, ang mga Samaritano ay "pinahina ng bayan ng lupain ang mga kamay ng bayan ng Juda, at binagabag sila sa pagtatayo, at umupa ng mga tagapayo laban sa kanila, upang iurong ang kanilang akala, sa lahat ng kaarawan ni Ciro na hari sa Persia, hanggang sa paghahari ni Dario na hari sa Persia." Ezra 4:4, 5. Sa mga huwad na balita ay nagbangon sila ng alinlangan sa isipang madali silang maghinala. Datapuwat sa loob ng maraming taon, ang kapangyarihan ng kasamaan ay napigilan, at ang bayang Juda ay may kalayaang nagpatuloy sa paggawa.

Samantalang si Satanas ay nagsisikap na bigyang impluwensya ang mga pinakamataas na kapangyarihan ng Medo-Persia upang magpakita ng kasamaan sa bayan ng Dios, ang mga anghel ay gumagawa sa kapakanan ng mga bihag. Sa tunggaliang ito ang buong langit ay kasangkot at nagmamalasakit. Sa pamamagitan ni propeta Daniel tayo ay binigyang pananaw sa dakilang paghahamok ng mga puwersa ng kabutihan at kasamaan. Sa loob ng tatlong linggo si Gabriel ay nakipaghamok sa mga puwersa ng kasamaan, upang labanan ang mga puwersang gumagawa sa isipan ni Ciro; at bago nagtapos ang paghahamok na ito, si Kristo na rin ang tumulong sa panig ni Gabriel. "Ang prinsipe ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawampu't isang araw," pahayag ni Gabriel; "ngunit, narito, si Miguel, ay isa sa mga punong prinsipe, dumating upang tulungan ako; at ako'y natira doon na kasama ng mga hari

sa Persia.” Daniel 10:13. Lahat ng maaaring gawin ng langit sa kapakanan ng bayan ng Dios ay nagawa na. Ang tagumpay sa wakas ay natamo; ang mga puwersa ng kasamaan ay napigilan sa buong paghahari ni Ciro, at ng kanyang anak na si Cambyses, na nagharing [464]
pito at kalahating taon.

Ito ay panahon ng kahanga-hangang pagkakataon sa bansang Judio. Ang pinakamataas na ahensya ng langit ay gumagawa sa mga puso ng mga hari, at nasa bayan ng Dios ang paggawang lubusan upang maisagawa ang utos ni Ciro. Hindi sana sila nag-aksaya ng pagsisikap upang muling maitayo ang templo at mga serbisyo nito, at muli silang makapagtatag ng kanilang mga tahanan sa Judea. Datapuwat sa panahon ng paghahayag ng Dios ng Kanyang kapangyarihan marami ang napatunayang hindi laan. Ang oposisyon ng kaaway ay malakas at determinado, at unti-unti ang mga nagtatayo ng templo ay nanghinawa. Marami ang di malimutan ang tanawin sa paglalagay ng panulok na bato, na marami ang naghayag ng kawalang pagtitiwala sa gawaing ito. At habang lalong tumatapang ang mga Samaritano, marami sa mga Judio ang nag-alinlangan kung panahon na nga ng pagtatayo ng templo. Ang damdaming ito ay lumaganap. Marami sa mga gumagawa ang nanghina ang loob, at nagbalik sa mga tahanan upang gawin ang mga karaniwang gawain nila.

Sa panahon ni Cambyses ay naging mabagal ang pagtatayo ng templo. At sa panahon naman ng huwad na Smerdis (Artaxerxes sa Ezra 4:7) ang mga Samaritano ay nagtagumpay na ipagawa sa walang konsensyang impostor ang utos na nagbabawal sa mga Judio na magtayo ng templo at ng siyudad.

Sa loob ng higit sa isang taon ay nadwangwang ang templo at halos nakalimutan na. Ang bayan ay tumahan sa kanilang mga tahanan at nagsikap magpayaman sa sarili, datapuwat gaanong sikap man ang gawin, hindi sila umunlad. Ang mga elemento na rin ng kalikasan ay parang laban sa kanila. Sapagkat iniwan nilang tiwangwang ang templo, ipinadala sa kanila ng Dios ang nagwawasak na pagkatuyot. Ipinagkaloob sa kanila ng Dios ang mga bukid ng prutas at mais at alak at ang langis, bilang pabor ng Dios; ngunit sapagkat kanilang ginamit ang mga kaloob na ito sa makasariling paraan, ang mga pagpapala ay inalis.

Ito ang mga kondisyon ng unang taon ng paghahari ni Dario Hystaspes. Sa kabuhayang espirituwal at temporal, ang mga Israelita ay nakahahabag. Matagal na silang bumubulong at nag-aalinlangan; matagal na nilang pinili ang pag-uuna ng sariling mga interes, habang walang pakiramdam na minamasdan ang tiwangwang na templo ng Panginoon, na nawala na sa marami ang adhikain ng Dios
[465] sa pagsasauli sa kanila sa Judea; at ang mga ito ay nagsabing, "Hindi pa ang panahon ng pagtatayo ng bahay ng Panginoon." Hagai 1:2.

Datapuwat kahit na ang madilim na panahong ito ay di kinulang ng pag-asa para sa kanilang ang pagtitiwala ay nasa Dios. Ang mga propetang Hagai at Zacarias ay ibinangon upang harapin ang krisis. Sa mga nagpapakilos na patotoo ay inihayag ng mga itinalagang mensaherong ito ang mga dahilan ng kanilang mga kahirapan. Ang kakulangan sa mga bagay na materyal ay bunga ng pagpapabaya sa mga adhikain ng Dios, wika ng mga propeta. Kung pinarangalan ng Israelita ang Dios, kung nagpakita sila ng respeto at paggalang sa pag-uuna sa pagpapatayo ng Kanyang bahay, naanyayahan sana nila ang Kanyang presensya at pagpapala.

Sa mga nanlupaypay, ang katanungan ni Hagai ay, "Panahon baga sa inyo, na tumahan sa inyong mga nakikisamihang bahay, samantalang ang bahay na ito ay namamalaging wasak? Ngayon nga'y ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Gunitain ninyo ang inyong mga lakad." Bakit maliit lang ang nagawa ninyo? Bakit nagaalala kayo sa sarili ninyong mga bahay kaysa sa bahay ng Panginoon? Saan ang inyong sigasig na nadama ninyo sa pagtayo ng bahay ng Panginoon? Anong napapala ninyo sa pagsilbi sa sarili? Ang naising takasan ang kahirapan ay inakay kayong bayaan ang templo, subalit dinala kayo niyon sa inyong kinatatakutan. "Kayo'y nangaghasik ng marami, at nagsisi-ani ng kaunti; kayo'y nagsisikain, ngunit hindi kayo nagkaroon ng kahustuhan; kayo'y nagsisiinom, ngunit hindi kayo nangapapatirang-uhaw; kayo'y nangananamit, ngunit walang mainit; at yaong kumikita ng mga pinag-arawan ay kumikita ng mga pinang-arawan upang ilagay sa supot na may mga butas." Talatang 4-6.

At, sa mga pangungusap na hindi nila maaaring di maunawaan, ang Panginoon ay naghayag ng dahilan ng kakulangang dumaring sa kanila: "Kayo'y nangaghintay ng marami, at, narito, ang dumating ay kaunti; at nang inyong dalhin sa bahay, Aking hinipan. Bakit?

sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Dahil sa ang Aking bahay ay nahahandusay na wasak, samantalang tumatakbo bawat isa sa inyo sa kani-kanyang sariling bahay. Kaya't dahil sa inyo, pinipigil ng langit ang hamog, at ipinagkakait ng lupa ang kanyang bunga. At Ako'y nagpasapit ng pagkatuyo sa lupa, at sa mga bundok, at sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa sumisibol sa lupa, at sa mga tao, at sa baka, at sa lahat ng pinagpagalan ng mga kamay." Talatang 9-11. [466]

"Gunitain ninyo ang inyong mga lakad," sabi ng Panginoon. "Magsiahon kayo sa bundok, at mangagdala ng kahoy, at mangagtayo kayo ng bahay; at Aking kalulugdan, at Ako'y luluwalhati." Talatang 7, 8.

Ang pabalita ng payo at sansala sa pamamagitan ni Hagai ay isinapuso ng mga pangulo ng Israel at ng bayan ng Israel. Nadama nilang ang Dios ay tapat sa kanila. Hindi nila masasalangsang ang mga patuloy na aral na dumarating sa kanila—na ang kanilang kasaganaang temporal at espirituwal, ay nakasalig sa tapat na pagsunod sa mga utos ng Dios. Nakilos ng mga babala ng propeta, sina Zorobabel at Josue, "sampu ng buong nalabi sa bayan, nagsitalima sa tinig ng Panginoon nilang Dios, at sa mga salita ni Hagai na propeta." Talatang 12.

Pagkatapos na ang Israel ay nagpasyang sumunod, ang mga salita ng sansala ay sinundan ng mga salita ng kasiglahan. "Nang magkagayo'y nagsalita si Hagai...sa bayan, na nagsasabi, Ako'y sumasainyo, sabi ng Panginoon. At kinilos ng Panginoon ang kalooban ni Zorobabel" at si Josue, at ang "buong nalabi sa bayan; at sila'y nagsiparoon at nagsigawa sa bahay ng Panginoon ng mga hukbo, na kanilang Dios." Talatang 13, 14.

Wala pang isang buwan matapos na muling magsimula ang mga gumagawa sa templo, ang mga manggagawa ay muling tumanggap ng nagpapaginhawang pabalita. "Gayon ma'y magpakalakas ka ngayon, Oh Zorobabel," sabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta; "magpakalakas ka, Oh Josue;...at mangagpakalakas kayo, kayong buong bayan sa lupain, sabi ng Panginoon, at kayo'y magsigawa: sapagkat Ako'y sumasa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Hagai 2:4.

Sa Israel na nagkakampo sa Bundok ng Sinai ang Panginoon ay naghayag: "Ako'y tatahan sa gitna ng mga anak ni Israel, at Ako'y magiging kanilang Dios. At kanilang makikilala na Ako ang

Panginoon nilang Dios, na kumuha sa kanila sa lupain ng Egipto, upang Ako'y tumahan sa gitna nila: Ako ang Panginoon nilang Dios." Exodo 29:45, 46. At ngayon sa kabila na ang katotohanan na paulit-ulit nilang; "Ngunit sila'y nanganghimagsik, at namanglaw ang Kanyang banal na Espiritu. (Isaias 63:10), muli sa pamamagitan ng propeta ay inilalahad ng Dios ang Kanyang kamay upang magligtas. Bilang pagkilala sa kanilang pakikipagkaisa sa Kanyang
[467] adhikain, muling itinatag sa kanila ang tipan upang ang Kanyang Espiritu ay manatili sa kanila; at sinabihan silang, "Huwag kayong matakot."

Sa Kanyang mga anak ngayon ay sinabi ng Panginoon, "Magpakalakas kayo,...at kayo',y magsigawa: sapagkat Ako',y sumasa inyo." Ang Kristiano ay laging may malakas na katulong sa Panginoon. Maaaring di natin malaman ang paraan ng pagtulong ng Panginoon; datapuwat ito ang alam natin: kailanman ay di Niya bibiguin ang nagtitiwala sa Kanya. Kung malalaman lamang ng Kristiano kung ilang ulit na binigo ng Panginoon ang pakana ng kaaway upang hindi siya madapa sa landas, ay hindi sila malulugmok na nagrereklamo. Ang pananampalataya nila ay magiging matibay sa Dios at walang pagsubok na maaaring magpakilos sa kanila. Kikilalanin nila Siya bilang kanilang karunungan at kagalingan, at Kanya namang isasagawa ang hinahangad Niya para sa kanila.

Ang mga taimtim na pagsamo at pampasiglang ibinigay sa pamamagitan ni Hagai ay dinagdagan ng pagdidiin ni Zacarias, na itinayo ng Dios sa kanyang tabi upang ang Israel ay maisakatuparan ang utos na bumangon at magtayo. Ang unang pabalita ni Zacarias ay katiyakan na ang salita ng Dios ay di kailanman mabibigo at may pangakong pagpapala sa kanilang didinig sa mga salita ng propesiya.

Sa harap ng mga bukiring walang ani, at sa kakarampot na naimbak na pagkaing mabilis nauubos, at napapalibutan ng mga taong walang pakundangan sa kanila, ang mga Israelita ay humayong may pananampalataya bilang tugon sa panawagan ng mga mensahero ng Dios, at masipag na gumawa sa pagtatayong muli ng templong wasak. Ito ay gawaing nangangailangan ng matatag na pagtitiwala sa Dios. Habang ang bayan ay nagsasagawa ng kanilang bahagi, at nagsikap na magpanibagong tatag ng puso at buhay sa biyaya ng Dios, mga pabalita ay naibigay sa kanila sa pamamagitan ni Hagai at Zacarias, taglay ang kasiguruhan na ang pananampalataya

nila ay gagantimpalaang mainam at ang salita ng Dios tungkol sa kaluwalhatiang darating sa pamamagitan ng templong ito na ang mga pader ay kanilang itinatayo ay hindi mabibigo. Sa gusaling ito rin magpapakita, sa ganap na panahon, ang ninanais ng mga bansa bilang Guro at Tagapagligtas ng sangkatauhan.

Kung kaya ang mga nagtatayo ay di pinabayaan; "kasama nila ang mga propeta ng Dios, na nagsisitulong sa kanila;" maging ang Panginoon mismo ng mga hukbo ay nagpahayag, "Mangagpakalakas [468]
kayo,...at kayo'y magsigawa: sapagkat Ako'y sumasa inyo. Ezra 5:2; Hagai 2:4.

Bilang tugon sa pagsisi sa puso at pagiging laang lumakad sa pananampalataya, ay dumating ang pangako ng kasaganaang temporal. "Mula sa araw na ito," sabi ng Panginoon, "ay pagpapalain Ko kayo." Talatang 19.

Kay Zorobabel na pinuno nila—siya, na mula pa sa pagbabalik mula sa Babilonia, ay talagang nasubok—ay binigyan ng napakamahalagang mensahe. Ang araw ay dumarating, ang sabi ng Panginon, na ang lahat ng kaaway ng Kanyang piniling bayan ay sisirain. "Sa araw na yaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kita'y kukunin, Oh Zorobabel, na Aking lingkod,...at gagawin kitang pinaka panatak: sapagkat pinili kita." Talatang 23. Ngayon ay nakita ng pinuno ng Israel ang paglalaan ng Dios na umakay sa kanya sa panahon ng kabiguan at bagabag; sa lahat ng mga kahirapang ito ay nakita ng lider ang adhikain ng Dios.

Ang personal na pampasiglang ito kay Zorobabel ay nakatala upang maging kalakasan ng mga anak ng Dios sa buong panahon. May layunin ang Dios sa pagbibigay sa Kanyang mga anak ng mga pagsubok. Hindi Niya sila aakayin sa nais nila kung makikita lamang nila ang katapusan sa pasimula, at makilala ang kaluwalhatiang adhikain ng Dios sa kanila na kanilang tinutupad. Ang ipinagkakaloob sa kanila ng Dios sa mga pagsubok at kahirapan ay ang kalakasang gumawa at magdusang kasama Niya.

Ang mga pabalita ni Hagai at Zacarias ay nagpagising sa bayan upang ibigay ang buong makakaya sa muling pagtatayo ng templo; ngunit, habang sila ay gumagawa, patuloy pa rin ang mga Samaritano sa pang-aabala sa kanila kasama pa ng ibang nagpapanukala ng mga hadlang. Sa isang pagkakataon ay dumalaw ang mga opisyales ng Medo-Persia sa Jerusalem at hinihingi ang pangalan ng nagbigay

pahintulot sa muling pagtatayo ng gusali. Nang panahong iyon kung ang mga Judio ay di pa lubusang nagtitiwala sa pag-akay ng Dios, ang pagtatanong na ito ay maaaring naging malaking pinsala sa kanila. "Ngunit ang mata ng kanilang Dios ay nakaringin sa mga matanda ng mga Judio, at hindi nila pinatigil, hanggang sa ang bagay ay dumaring kay Dario." Ezra 5:5. Naging matalino ang tugon sa mga opisyales anupa't nagpasya silang sumulat kay Dario Hystaspes, na hari noon ng Medo-Persia, na nagbibigay pansin sa orihinal na
[469] utos ni Ciro, na nagpapatayo ng bahay ng Dios sa Jerusalem, at ang gastusin nito ay kukunin sa kabangyaman ng hari.

Hinanap ni Dario ang utos na ito, at nasumpungan; at sa ganito ay nag-utos siyang pahintulutan ang pagtatayo ng gusali. "Pabayaan ninyo ang gawain sa bahay na ito ng Dios," iniutos niya; "ipahintulot ninyo na itayo ng tagapamahala ng mga Judio at ng mga matanda ng mga Judio ang bahay na ito ng Dios sa kanyang dako.

"Bukod dito'y," sabi ni Dario, *"gumagawa ako ng pasya* kung ano ang inyong gagawin sa mga matandang ito ng mga Judio sa pagtatayo ng bahay na ito ng Dios: na sa mga pag-aari ng hari, samakatuwid baga'y sa buwis sa dako roon ng ilog, ang mga magugugol ay ibigay ng buong sikap sa mga taong ito upang huwag mangagluwat. At ang kanilang kakailanganin, mga guyang toro, at gayon din ang mga tupa, at mga kordero, na ukol sa mga handog na susunugin para sa Dios ng langit; trigo, asin, alak, at langis, ayon sa salita ng mga saserdote na nangasa Jerusalem, ibigay sa kanila araw-araw na walang pagsala. Upang sila'y makapaghandog ng mga hain na pinakamasarap na amoy sa Dios ng langit, at idalangin ang buhay ng hari at ng kanyang mga anak." Ezra 6:7-10.

Bukod dito ay nag-utos ang hari na mabigat na parusa ay ipapataw sa sinumang magbabago ng utos; at sinarhan ng ganitong pangungusap: "At lipulin ng Dios na nagpatahan ng Kanyang pangalan doon ang lahat ng mga hari at mga bayan, na mag-uunat ng kanilang kamay na baguhin, upang gibain ang bahay na ito ng Dios na nasa Jerusalem. Akong si Dario ang gumawa ng pasya: isagawa ng buong sikap." Talatang 12. Sa ganito ay inihanda ng Dios ang daan sa pagpapatapos ng templo.

Sa loob ng ilang buwan bago ang utos na ito, ang mga Israelita ay nagpatuloy sa pananampalataya, ang mga propeta ng Dios ay tumutulong pa rin sa kanila sa pamamagitan ng mga napapanahong

mga mensahe, na ang banal na adhikain ng Dios para sa Israel ay maisakatuparan sa harapan ng mga manggagawa. Dalawang buwan matapos ang huling natalang pabalita ni Hagai, si Zacarias ay tumanggap ng sunud-sunod ng pangitain tungkol sa gawain ng Dios sa lupa. Ang mga pabalitang ito, naibigay sa porma ng mga talinhaga at simbulo, ay dumating sa panahon ng dakilang bagabag at kagulumihanan, at may tanging halaga sa mga lalaking nagpapasulong ng pangalan ng Dios sa Israel. Sa tingin ng mga pinuno ay parang [470] binabawi ang pahintulot sa mga Judio sa pagpapatayo ng gusali; ang hinaharap ay madilim ang pananaw. Nakita ng Dios na kailangan ng bayan ang pagpapasigla at pagkagalak sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanyang di nauubos na awa at pag-ibig.

Sa pangitain narinig ni Zacarias ang anghel ng Panginoon na nagtatanong, "Oh Panginoon ng mga hukbo, hanggang kailan mawawalan Ka ng habag sa Jerusalem at sa mga bayan ng Juda, laban sa Iyong mga kinagalitan nitong pitumpung taon? At ang Panginoo'y sumagot sa anghel na nakikipag-usap sa akin," pahayag ni Zacarias, "ng mga mabuting salita, ng mga salitang pang-aliw."

"Sa gayo'y ang anghel na nakikipag-usap sa akin ay nagsabi sa akin, Ikaw ay humiyaw, na iyong sabihin; Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Ako'y naninibugho sa Jerusalem at sa Sion ng malaking paninibugho. At Ako'y totoong naghihinanakit sa mga bansa na mga tiwasay: sapagkat Ako'y naghinanakit ng kaunti, at sila'y nagsitulong ng pagbubungad ng kadalamhatian. Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon; Ako'y nagbalik sa Jerusalem na may taglay na mga pagkakahabag, ang Aking bahay ay matatayo roon,...at isang pising panukat ay mauunat sa ibabaw ng Jerusalem." Zacarias 1:1216.

Ang propeta ay binigyang tagubilin, "Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Ang Aking mga bayan ay sasagana dahil sa pagkasulong; at aaliwin pa ng Panginoon ang Sion, at pipiliin pa ang Jerusalem." Talatang 17.

Matapos ay nakita ni Zacarias ang mga kapangyarihang nagpangalat sa Juda, sa Israel at sa Jerusalem," sa sagisag ng apat na sungay. Nakita rin niya ang apat na karpenterong kumakatawan sa mga ahensyang ginamit ng Dios sa pagsasauli sa Kanyang bayan at sa bahay ng Kanyang pagsamba. Tingnan ang mga Talatang 18-21.

"At aking itinanaw muli ang aking mga mata," sinabi ng Zacarias, "at aking nakita, at nanto, ang isang lalaki na may panukat na pisi sa kanyang kamay. Nang magkagayo'y sinabi ko, Saan ka paroroon? At sinabi niya sa akin, Upang sukatin ang Jerusalem, upang tingnan kung gaaano ang luwang, at kung gaano ang haba. At, narito, ang anghel na nakikipag-usap sa akin ay umalis, at ibang anghel ay lumabas na sumalubong sa kanya, at sinabi sa kanya, Tumakbo ka, iyong salitain sa binatang ito, na sabihin, ang Jerusalem ay tatahanan na parang mga nayon na walang mga kuta dahil sa karamihan ng
[471] mga tao at hayop doon: sapagkat Ako, sabi ng Panginoon, ay magiging sa kanya'y isang kutang apoy sa palibot, at Ako'y magiging kaluwalhatian sa gitna niya." Zacarias 2:1-5.

Ang Dios ay nag-utos na ang Jerusalem ay muling itayo; ang pangitain ng pagsukat ng siyudad ay kasiguruhang Siya ay magkakaloob ng kaginhawahan at lakas sa Kanyang mga anak na nagdurusa, at tutuparin sa kanila ang mga pangako ng tipan. Ang Kanyang nagsasanggalang na malasakit, Kanyang pahayag, ay matutulad sa "isang kutang apoy sa palibot;" at sa pamamagitan nila ang Kanyang kaluwalhatian ay makikilala sa lahat ng mga anak ng tao. Na ang Kanyang pagtatapos para sa Kanyang bayan ay malalaman ng buong lupa. "Humiyaw ka ng malakas at sumigaw ka, ikaw na nananahan sa Sion: sapagkat dakila ang Isang Banal ng Israel sa gitna mo."
[472] Isaias 12:6.

# Kabanata 47—Si Josue at ang Anghel

Ang patuloy na pagsulong ng paggawa ng templo ay nakabahala sa mga kampon ng kasamaan. Nagpasya si Satanas na dagdagan pa ang pagsisikap upang pahinain ang loob ng bayan ng Dios sa pamamagitan ng paghaharap sa kanila ng mga kahinaan ng kanilang likas. Kung silang matagal na nagdusa dahilan sa pagsalangsang ay muling maaakay sa pagwawalang bahala sa utos ng Dios, sila ay muling maaalipin ng kasalanan.

Sapagkat ang Israel ay piniling mag-ingat ng pagkakilala sa Dios dito sa lupa, sila naman ay naging obheto ng tanging galit ni Satanas; at determinado siyang sila ay wasakin. Habang sila ay masunurin, ay walang magagawa si Satanas upang sila ay saktan; kung kaya't lahat ng pagsisikap ay ginagawa niya upang sila ay matukso sa pagkakasala. Nabitag ng mga tukso, sila ay lumabag sa utos ng Dios at naging biktima ng mga kaaway.

Gayunman gayong nadalang bihag sa Babilonia, sila naman ay di pinabayaan ng Dios. Isinugo Niya sa kanila ang Kanyang mga propeta taglay ang mga babala at sansala, at kinilos sila upang makita ang kanilang mga pagkakasala. Nang sila ay magpakababa sa Dios at nanumbalik sa Kanya na lubos na nagsisisi, nagpadala Siya ng mga pabalita ng kasiglahan, na naghahayag na Kanyang ililigtas sila mula sa pagkabihag, isasauli sila ng Kanyang pabor, at muling itatatag sila sa kanilang sariling lupain. At ngayong nagsimula na ang gawain ng pagsasauli, at isang nalabi ng Israel ay nagbalik na sa Judea, si Satanas ay nagpupuyos sa pasyang pigilan ang panukala ng langit, at dahil dito ay higit pa niyang ginagamit ang mga pagano upang maging kasangkapan niya sa lubos na pagkawasak ng Israel.

Datapuwat sa krisis na ito ay pinalakas ng Panginoon ang Kanyang bayan, sa pamamagitan "ng mga mabuting salita at ng mga salitang pang-aliw." Zacarias 1:13. Sa pamamagitan ng paglalarawan ng gawain ni Satanas at gawain ni Kristo, ipinakita Niya ang kapangyarihan bilang Tagapamagitan upang lupigin ang tagapagbintang sa bayan Niya. [473]

Sa pangitain nakita niya "si Josue na pangulong saserdote," na "nabibihisan ng maruming kasuotan" (Zacarias 3:1, 3), at nakatayo sa harap ng anghel ng Panginoon, na hinihiling ang kahabagan ng Dios sa kapakanan ng Kanyang bayang nagdadalamhati. Sa pagsumamong tuparin na ang mga pangako ng Dios, si Satanas naman ay matapang na tumayo upang siya'y labanan. Itinuro niya ang mga kasalanan ng Israel bilang dahilan kung bakit sila ay di dapat maisauli sa pabor ng Dios. Inaangkin niya sila bilang kanyang biktima, at himhingi silang mapasakamay niya.

Hindi maipagtanggol ng punong saserdote ang kanyang sarili o ang bayan sa mga bintang ni Satanas. Hindi niya maaangking ang Israel ay walang kapintasan. Sa mga maruming kasuotan, sagisag ng mga kasalanan ng bayan, at taglay niya bilang kanilang kinatawan, siya ay nakatayo sa harapan ng Anghel, nagkukumpisal ng kanilang mga kasalanan, gayunman ay itinuturo ang kanilang pagsisisi at kahihiyan, at umaasa sa habag ng Manunubos na nagpapatawad ng kasalanan. Sa pananampalataya ay inaangkin niya ang mga pangako ng Dios.

At ang Anghel, na si Kristo Mismo, ang Tagapagligtas ng makasalanan, ay pinatahimik ang tagapagbintang sa Kanyang bayan, sa pamamagitan ng pagpapahayag, "Sawayin ka nawa ng Panginoon, Oh Satanas; oo, ang Panginoon na pumili ng Jerusalem ay sumaway nawa sa iyo: di baga ito'y isang dupong na naagaw sa apoy?" Talatang 2. Matagal nang ang Israel ay namalagi sa humo ng kahirapan. Dahilan sa pagkakasala ay halos naubos na sila sa apoy na sinindihan ni Satanas at ng mga kampon niya para sa kanilang kawasakan, datapuwat ngayon ay nakaunat ang kamay ng Dios upang sila ay sagipin.

Sa pagtanggap sa pamamagitan ni Josue, ang utos ay nabigay, "Hubarin ninyo ang mga maruming suot sa kanya," at kay Josue ay sinabi ng Anghel, "Narito, Aking pinaram ang iyong kasamaan at Aking susuutan ka ng mainam na kasuutan." "Sa gayo'y sinuutan siya ng magandang mitra sa kanyang ulo." Talatang 4, 5. Siya at ang Kanyang bayan ay pinatawad sa kanilang mga kasalanan. Ang Israel ay binihisan ng "mainam na kasuutan"—napasa kanila ang katuwiran ni Kristo. Ang mitra na inilagay sa ulo ni Josue ay gaya ng sa mga saserdote, at may ukit ng isang panatak, "Banal sa Pangi-

noon" (Exodo 28:36), na nangangahulugang siya ay pinatawad na, at siya ay kabilang na sa paglilingkod sa Dios sa Kanyang santuwaryo. [474]

At sinabi ng Anghel kay Josue: "Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Kung ikaw ay lalakad sa Aking mga daan, at kung iyong iingatan ang Aking bilin, iyo nga ring hahatulan ang Aking bayan, at iyo ring iingatan ang Aking mga looban, at bibigyan kita ng kalalagyan sa gitna ng mga ito na nangakaharap." Zacarias 3:7. Kung magiging masunurin, siya ay pararangalan bilang hukom, o pinuno sa buong templo at mga serbisyo nito; siya ay lalakad na kasama ng mga anghel na naglilingkod kahit na sa buhay na ito; at sa wakas ay sasama sa niluwalhadng karamihan sa palibot ng trono ng Dios.

"Dinggin mo ngayon, Oh Josue na pangulong saserdote, dinggin mo, at ng iyong mga kasama na nangakaupo sa harap mo: sapagkat, narito, Aking ilalabas ang Aking Lingkod na Sanga." Talatang 8. Sa Sanga, ang darating na Tagapagligtas, ay nakasalig ang pag-asa ng Israel. Sa pananampalataya sa darating na Tagapagligtas nakatanggap si Josue at ang bayan ng kapatawaran sa kasalanan. Sa pananampalataya kay Kristo ay naibalik sila sa pabor ng Dios. Sa Kanyang kabutihan, kung sila ay lalakad sa Kanyang mga landas at mag-iingat ng Kanyang mga panuntunan, sila ay "hahangaan" bilang pinili ng Langit sa mga bansa dito sa lupa.

Sa pagbibintang ni Satanas kay Josue at sa kanyang bayan, gayon din sa buong kapanahunan ay binibintangan niya ang lahat ng nagsisikap hanapin ang pabor at habag ng Dios. Siya ang "tagapagsumbong sa ating mga kapatid,...na nagbibintang sa kanila sa harapan ng Dios araw at gabi." Apocalipsis 12:10. Sa bawat kaluluwang nasagip sa kapang-yarihan ng kasamaan, at ang pangalan ay nasulat sa aklat ng buhay ng Kordero, ang tunggalian ay nauulit. Kailanman ay walang tina-tanggap sa pamilya ng Dios na hindi tumatanggap ng paglaban ng kaaway. Datapuwat Siya na pag-asa ng Israel noon, ang kanilang depensa, katuwiran, at katubusan, ay ang pag-asa ng iglesia ngayon.

Ang mga bintang ni Satanas laban sa kanilang lumalapit sa Panginoon ay hindi bunsod ng kanyang muhi sa kanilang kasalanan. Siya ay nagdiriwang sa kanilang mga mahinang likas; sapagkat alam niyang tanging sa paglabag nila sa kautusan ng Dios na sila ay mapasasailalim ng kanyang kapangyarihan. Ang pagbibintang niya ay

bunga lamang ng kanyang pakikipag-alit kay Kristo. Sa pamamagitan ng piano ng kaligtasan ay nasisira ni Jesus ang hawak ni Satanas
[475] sa pamilya ng tao at naililigtas sila mula sa kanyang kapangyarihan. Lahat ng galit at muhi ng punong kaaway ay nakildlos habang nakilata niya ang kahigitan ng kapangyarihan ni Kristo; at may tusong pamamaraan at lakas na pilit niyang inaagaw sa Kanya ang mga anak ng tao silang tumanggap na ng kaligtasan. Inaakay niya ang tao sa pagaalinlangan, upang sila ay magkulang ng tiwala sa Dios at humiwalay sa Kanyang pag-ibig; tinutukso niya sila upang labagin ang utos at matapos ay aangkinin silang bihag, na nilalabanan ang katuwiran ni Kristo na sila'y angkinin.

Alam ni Satanas na ang humihingi ng patawad at biyaya sa Dios ay magtatamo nito; kung kaya't inihaharap niya ang kanilang mga kasalanan upang sila'y papanghinain. Laban sa kanilang tumutupad sa utos ng Dios, ay lagi siyang naghahanap ng mairereklamo. Kahit na ang pinakamabuting gawa nila ay pinipilit niyang maging masama. Sa di mabilang na mga paraan ang matalino at malupit, sinisikap niyang sila ay maparusahan.

Sa sariling lakas, hindi mahaharap ng tao ang mga paratang ng kaaway. Siya ay nakatayo sa harapan ng Dios sa damit na may bahid ng dugo ng kasalanan at nagkukumpisal. Datapuwat si Jesus, na ating Tagapamagitan, ay naghaharap naman ng mabisang pagsamo para sa lahat na sa pagsisisi at pananampalataya ay nagtiwala ng kanilang kaluluwa sa Kanya upang maingatan. Siya ang nagtatanggol ng kaluluwa, at sa bisa ng Kalbaryo, Siya ay nagtatagumpay sa kaaway. Ang Kanyang sakdal na pagsunod sa utos ng Dios ang nagkaloob sa kanya ng buong kapangyarihan sa langit at sa lupa, at inaangkin Niya sa Ama ang kahabagan at pakikipagkasundo sa taong nagkasala. Sa tagapagsumbong ng Kanyang bayan ay sinasabi Niya: "Ang Panginoon ay nagagalit sa iyo, o Satanas. Sila ang binili ng Aking dugo, naiahon mula sa susunugin." At sa kanilang umaasa sa Kanya sa pananampalataya, nagbibigay Siya ng kasiguruhan, "Narito, Aking pinaram ang iyong kasamaan, at Aking susuotan ka ng mainam na kasuotan." Zacarias 3:4.

Lahat ng nagsuot ng damit ng katuwiran ni Kristo ay tatayo sa harap Niya na pinili at tapat at totoo. Si Satanas ay walang lakas na agawin sila sa kamay ng Tagapagligtas. Walang sinumang kaluluwang nagsisisi at may pananampalatayang napasakop sa pro-

teksyon ni Kristo ang mahuhulog sa kapangyarihan ng kaaway. Siya ay nangako: "O manghawak sana siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin; oo, makipagpayapaan siya sa Akin." [476] Isaias 27:5. Ang pangakong ibinigay kay Josue ay ibinigay sa lahat: "Kung iyong iingatan ang Aking bilin,...bibigyan kita ng kalalagyan sa gitna ng mga ito na nangakaharap." Zacarias3:7. Ang mga anghel ng Dios ay lalakad sa magkabilang tabi nila, kahit na sa mundong ito, at sa wakas ay tatayong kasama ng mga anghel na nakapalibot sa trono ng Dios.

Ang pangitain ni Zacarias kay Josue at sa Anghel ay may tanging puwersa na malalagay sa karanasan ng bayan ng Dios sa mga nagtatapos na tanawin ng dakilang araw ng pagtubos. Ang iglesiang nalabi ay madadala sa mga dakilang pagsubok at bagabag. Silang nag-iingat ng utos at ng pananampalataya ni Jesus ay madadama ang galit ng dragon at ng kanyang mga kampon. Binibilang ni Satanas ang mga tao sa lupa sa kanyang kapangyarihan. Kung mapapalis niya sila sa lupa ay malulubos ang kanyang tagumpay. Kung paano naimpluwensyahan niya ang mga bansang pagano upang wasakin ang Israel, gayon sa malapit na hinaharap ay kikilusin niya ang mga puwersa ng kasamaan sa lupa upang wasakin ang bayan ng Dios. Ang tao ay aatasang sumunod sa mga utos ng tao bilang paglabag sa banal na utos.

Silang tapat sa Dios ay tatakutin, itatakwil, at pipigilan. Sila'y "ipagkakanulo ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan," maging sa kamatayan. Lucas 21:16. Ang tanging pag-asa nila ay nasa habag ng Dios; ang tanging depensa ay nasa panalangin. Kung paano si Josue ay sumamo sa Anghel, gayon din ang iglesiang nalabi, may pusong bagbag at di matinag na pananampalataya, ay sasamo sa patawad at pagliligtas sa pamamagitan ni Jesus, ang kanilang Tagapamagitan. Talos nila ang pagkakasala ng kanilang buhay, nakikita nila ang kanilang mga kahinaan at pagiging di marapat; at handa silang malungkot.

Ang manunukso ay naroroon upang magbintang sa kanila, kung paanong tumayo ito upang labanan si Josue. Itinuturo niya ang kanilang maruruming damit, ang kanilang mga mahihinang likas. Ipinakikita niya ang kanilang kahinaan at kahangalan, ang kanilang mga kasalanan ng kawalang pagtanaw ng utang na loob, ang di pagiging tulad ni Knsto, na nag-alis ng karangalan sa Manunubos.

Tinatakot niya sila na ang kanilang mga kaso ay walang pag-asa, na ang mga mantsa ng kanilang karumihan ay hindi na mahuhugasan.
[477] Umaasa siyang ang kanilang mga pananampalataya ay masisira at madadala sa kanyang mga tukso, at magbabalikwas sa pagtatapat sa Dios.

May hustong talaan si Satanas ng mga kasalanang doon ay naakay niya ang bayan ng Dios, at sa pagbibintang ay sinasabing sa mga kasalanang ito ay inalis nila ang karapatan sa proteksyon ng Dios, at mag-aangking may karapatan na siyang sila ay wasakin. Inihahayag niyang kung paano siya ay nawalay sa Dios ay gayon din silang mga makasalanan. "Ito ba," ang kanyang sinabi, "ang mga taong kukuha ng aking lugar sa langit, at ng mga anghel na sumama sa akin? Nagpapanggap silang sumusunod sa utos ng Dios; datapuwat naingatan nga kaya nila ang mga sangkap nito? Hindi ba naging maibigin sila sa sarili higit sa Dios? Hindi ba inuna nila ang mga sariling interes kaysa paglilingkod sa Kanya? Hindi ba minahal nila ang mga bagay ng mundo? Masdan ang mga kasalanan ng kanilang mga buhay. Tingnan ang kanilang mga kasakiman, muhi, at masamang haka sa isa't isa. Palalayasin ba kami ng Dios sa Kanyang harapan upang tanggapin lamang ang mga ito na may katulad na kasalanan? Hindi mo magagawa ito, Ikaw na Panginoon, ng katarungan. Ang katarungan ay humihiling na ang sentensya ay ipapataw sa kanila."

Ngunit bagama't ang mga alagad ni Kristo ay nagkasala, hindi naman sila lubusang napasailalim ng mga ahensya ni Satanas. Nagsisi sila ng mga kasalanan at hinanap ang Panginoon sa kababaan at pagsisisi, at ang banal na Tagapamagitan ang nagsusumamo sa kanilang kapakanan. Siyang higit na inupasala ng kanilang kawalang utang na loob, na nakakaalam ng kanilang mga kasalanan at pagsisisi, ay nagpapahayag: "Sansalain ka ng Panginoon, O Satanas. Ibinigay Ko ang Aking buhay para sa mga kaluluwang ito. Sila'y nakalilok sa palad ng Aking mga kamay. Maaaring may kapintasan ang kanilang mga likas; maaaring nabigo sila sa kanilang mga gawain; ngunit sila ay nagsisi, at Akin naman silang pinatawad at tinanggap."

Ang pagsalakay ni Satanas ay malakas, ang mga pandaya ay matalino; ngunit ang mata ng Panginoon ay nasa Kanyang bayan. Ang kanilang kapighatian ay dakila, ang apoy ng humo ay parang

tutupukin na sila; datapuwat ilalabas sila ni Jesus bilang gintong dinalisay ng apoy. Ang kanilang pagiging makalupa ay aalisin, upang sa pamamagitan nila ang wangis ni Kristo ay sakdal na mahayag.

Kung minsan ay tila nakalimutan ng Panginoon ang mga panganib ng Kanyang iglesia at ang mga sugat na likha ng mga kaaway. [478]
Datapuwat ang Dios ay di nakakalimot. Walang ibang higit na mahal ang Dios sa mundong ito liban sa Kanyang iglesia. Hindi Niya kalooban na ang mga patakaran ng mundo ay magpasama ng kanyang tala. Hindi Niya pababayaang ang Kanyang bayan na magupo ng mga tukso ni Satanas. Parurusahan Niya silang mali ang pagpapahayag mla sa Kanya, ngunit Siya'y magiging mabiyaya sa lahat na taimtim na nagsisisi. Sa kanilang tumatawag sa Kanya para sa kalakasan ukol sa paglagong Kristiano, ipagkakaloob Niya ang lahat ng kailangang tulong.

Sa huling panahon ang bayan ng Dios ay tatangis dahilan sa mga kasamaan ng lupain. May luhang Kanyang bibigyang babala ang mga masama sa panganib ng kanilang pagyurak sa utos ng Dios, at may kalumbayang hindi masambitla na sila ay magpapakababa sa harapan ng Panginoon na may pagsisisi. Ang mga masasama ay tutuyain ang kanilang kalungkutan at pagtatawanan ang kanilang mga pagsamo. Datapuwat ang pagdadalamhati at kahirapan ng bayan ng Dios ay katibayang kanilang nababawi ang kalakasan at nobilidad ng likas na nawala bunga ng kasalanan. Sapagkat sila ay lumalapit kay Kristo, sapagkat ang kanilang paningin ay nakatuon sa Kanyang sakdal na kadalisayan, na kanilang malinaw na nakikita ang kalunuslunos na kasamaan ng kasalanan. Kaamuan at kababaan ang mga kondisyon ng tagumpay at pagwawagi. Ang putong ng kaluwalhatian ang naghihintay sa kanilang nangangayupapa sa paanan ng krus.

Ang mga tapat ng Dios, na nananalangin, ay parang natatagong kasama Niya. Sila na rin ang nakakaalam kung gaano sila kapanatag. Sa amuki ni Satanas, ang mga pangulo ng mundong ito ay magsisikap na sila ay wasakin; datapuwat kung makikita lamang nila kung paanong nakita ni Elias sa Dothan, ang mga anghel ng Dios na nakapalibot sa kanila, at pinipigil ang mga kampon ng kadiliman.

Habang ang bayan ng Dios ay nagsusumamo sa kadalisayan ng puso, ang utos ay ibinigay. "Hubarin ninyo ang mga maruming suot sa kanya," at sa kanya'y Kanyang sinabi, "Narito, Aking pinaram

ang iyong kasamaan at Aking susutuan ka ng mainam na kasuutan." Zacarias 3:4. Ang walang dungis na balabal ni Kristo na Kanyang katuwiran ay ilalagay sa mga nasubok na tapat na anak ng Dios. Ang nalabi ay madaramtan ng maluwalhating kasuutang kailanman ay di [479] na marurumhan pa ng mga kasamaan ng mundong ito. Ang kanilang mga pangalan ay naingatan sa aklat ng Kordero ng buhay, at natala kasama ng mga banal sa buong kapanahunan. Nalabanan nila ang mga katusuhan ng kaaway; hindi sila naalis sa katapatan sa kabila ng atungal ng dragon. Sila ngayon ay may walang hanggang kapanatagan sa mga pakana ng manunukso. Ang kanilang mga kasalanan ay nalipat sa nagpasimula ng kasalanan. Isang "magandang korona" ang nalagay sa kanilang mga ulo.

Habang si Satanas ay kasalukuyang nagbibintang, ang mga di nakikitang banal na anghel ay nagpaparoo',t parito, inilalagay sa mga tapat ang tatak ng Dios na buhay. Sila ang nakatayo sa Bundok ng Sion kasama ang Kordero, na ang pangalan ng Ama ay nakasulat sa kanilang noo. Umaawit sila ng bagong awit sa harapan ng trono, na walang sinumang nakakaalam liban sa isang daan at apatnapu',t apat na libong tinubos mula sa lupa. "Ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Kordero saan man Siya pumaroon. Ang mga ito'y ang binili sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Kordero. At sa kani-kanyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan: sila'y mga walang dungis sa harapan ng trono ng Dios." Apocalipsis 14:4, 5.

Ngayon ay nalubos ang katuparan ng salita ng Anghel: "Dinggin mo ngayon, Oh Josue na pangulong saserdote, dinggin mo, at ng iyong mga kasama na nangakaupo sa harap mo: sapagkat sila'y mga taong pinaka tanda: sapagkat, narito, Aking ilalabas ang Aking lingkod na Sanga." Zacarias 3:8. Si Kristo ay nahayag bilang Manunubos at Tagapagligtas ng Kanyang bayan. Ngayon ay tunay ngang mga nalabi na "pinagtakahan," samantalang ang mga luha at kapighatian ng kanilang paglalakbay ay napalitan ng kagalakan at karangalan sa harapan ng Dios at ng Kordero. "Sa araw na yaon ay magiging maganda at maluwalhati ang sanga ng Panginoon, at ang bunga ng lupain ay magiging magaling at mainam sa kanilang mga taga Israel na nangakatanan. At mangyayari, na siyang naiwan sa Sion, at siyang nalabi sa Jerusalem, tatawaging banal, samakatuwid

baga'y bawat nasusulat sa mga nabubuhay sa Jerusalem." Isaias 4:2, 3. [480]

# Kabanata 48—“Hindi sa Lakas ni sa Kapangyarihan”

Matapos ang pangitain ni Zacarias tungkol kay Josue at sa Anghel, ang propeta ay tumanggap ng pabalita tungkol sa gawain ni Zorobabel. “At ang anghel na nakipag-usap sa akin,” pahayag ni Zacarias, “ay bumalik, at ginising ako, na gaya ng tao na nagigising sa kanyang pagkakatulog, at sinabi niya sa akin, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako’y tumingin, at, narito isang kandelero na taganas na ginto, na may tasa sa ibabaw niyaon, at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw, at may pitong tubo sa bawat isa sa mga ilawan, na nasa ibabaw niyaon: at may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon, isa sa dakong kananng tasa, at ang isa’y sa dakong kaliwa niyaon.

“At ako’y sumagot at nagsalita sa Anghel na nakikipag-usap sa akin, na aking sinabi, Anong mga bagay ito, Panginoon ko?... Nang magkagayo’y Siya’y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng Panginoon kay Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.”

“Nang magkagayo’y sumagot ako, at nagsabi sa Kanya, Ano itong dalawang puno ng olibo sa dakong kanan ng kandelero at sa dakong kaliwa? At ako’y sumagot na ikalawa, at nagsabi sa Kanya, Ano ang dalawang sangang olibong ito na nasa siping ng dalawang gintong padaluyan na dinadaluyan ng langis na ginintuan?... Nang magkagayo’y sinabi Niya, Ito ang dalawang anak na pinahiran ng langis, na nakatayo sa siping ng Panginoon ng buong lupa.” Zacarias 4:1-6, 11-14.

Sa pangitaing ito ang dalawang puno ng olibo ay nakatayo sa harapan ng Dios na ang ginintuang langis ay umaagos sa mga tubo tungo sa kopa ng kandelero. Mula rito ang mga kandelero ng santuwaryo ay kumukuha ng langis, upang magbigay ng maliwanag, at patuloy na tanglaw. Kung kaya’t mula sa mga hinirang na nakatayo sa harapan ng Dios ang liwanag ng langit at pag-ibig at lapangyari-

han ay naibahagi sa Kanyang bayan, upang kanila namang maibahagi sa iba ang liwanag at kagalakan at kaginhawahan. Silang napasagana ng Dios ay marapat magbahagi ng kayamanan ng pag-ibig ng Dios. [481]

Sa muling pagtatayo ng bahay ng Panginoon, si Zorobabel ay gumawa sa harap ng maraming kahirapan. Sa pasimula pa, ang mga kaaway ay "pinahina ng mga kamay ng bayan ng Juda, at binagabag sila sa pagtatayo," "at pinatigil nila sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan." Ezra 4:4, 23. Datapuwat ang Panginoon ay namagitan para sa mga nagtatayo, at ngayon ay nangusap Siya sa pamamagitan ng Kanyang propeta para kay Zorobabel, na nagsasabi, "Sino ka, oh malaking bundok? sa harap ni Zorobabel ay magiging kapatagan ka: at kanyang ilalabas ang pangulong bato na may hiyawan, Biyaya, biyaya sa Kanya." Zacarias 4:7.

Sa buong kasaysayan ng bayan ng Dios malalaking bundok ng kahirapan, na parang hindi maaakyat, ang nasagupa nilang nagsasagawa ng adhikain ng Langit. Ang mga sagabal na ito ay ipinahihintulot ng Panginoon bilang pagsubok ng pananampalataya. Kapag tayo ay naiipit sa lahat ng panig, ito ang panahon higit sa lahat na dapat magtiwala sa Dios at sa kapangyarihan ng Kanyang Espiritu. Ang pag-ehersisyo ng pananampalataya ay nangangahulugang dagdag na kalakasang espirituwal at ang paghubog ng hindi masisirang pagtitiwala. Sa ganito ang kaluluwa ay nagiging mananagumpay. Sa harapan ng pananampalataya, ang mga hadlang na iniumang ni Satanas sa daanan ng isang Kristiano ay mawawala; sapagkat ang mga kapangyarihan ng langit ay tutulong sa kanya. "Sa inyo'y hindi may pangyayari." Mateo 17:20.

Ang paraan ng sanlibutan ay ang magpasimula sa karangyaan at pagyayabang. Ang paraan ng Dios ay bigyang daan ang maliliit na bagay bilang pasimula ng maluwalhating tagumpay ng katotohanan at katuwiran. Kung minsan ay sinasanay Niya ang Kanyang mga manggagawa sa pamamagitan ng mga kabiguan at sa tingin ay pagkatalo. Adhikain Niya na sila ay matutong magtagumpay sa mga kahirapan.

Kung minsan ang tao ay natutuksong manghinawa dahilan sa mga kagulumihanan at hadlang na humaharap sa kanila. Datapuwat kung sila ay patuloy na manghahawakang may pagtitiwala hanggang sa wakas, ang Dios ang magliliwanag ng landas. Ang tagumpay ay

[482] darating sa kanila habang nakikipagtunggali sa mga kahirapan. Sa harap ng di matinag na pananampalataya at matapang na diwa ni Zorobabel, ang mga dakilang bundok ng kahirapan ay mapapatag; at ang mga kamay niyang naglagay ng mga tatagang-baon, ang "kanyang mga kamay ay siya ring tatapos." "Kanyang ilalabas ang pangulong bato na may hiyawan, Biyaya, biyaya sa kanya." Zacarias 4:9, 7.

Hindi ang kapangyarihan at lakas ng tao ang nagtatag ng iglesia ng Dios, at hindi rin ito ang wawasak. Hindi sa bato ng lakas ng tao, kundi kay Jesu-Kristo, ang Bato ng mga Kapanahunan, na ang iglesia ay natatag, "at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kanya." Mateo 16:18. Ang presensya ng Dios ay nagbibigay katatagan sa Kanyang layon. "Huwag ninyong ilagak ang inyong tiwala sa mga pangulo, ni sa anak man ng tao," ang salita sa atin. Awit 146:3. "Sa katahimikan at sa pag-asa ay magiging ang inyong lakas." Isaias 30:15. Ang kaluwalhatiang gawain ng Dios, itinayo sa walang hanggang prinsipyo ng katotohanan, ay hindi mauuwi sa wala. Susulong ito mula sa lakas tungong lakas, "hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Zacarias 4:6.

Ang pangako, "Ang mga kamay ni Zorobabel ay siyang naglagay ng mga tatagang-baon ng bahay na ito; ang kanyang mga kamay ay siya ring tatapos," ay literal na natupad. Talatang 9. "Ang mga matanda ng mga Judio ay nangagtayo, at nangapasulong ayon sa propesiya ni Hagai na propeta at ni Zacarias na anak ni Iddo. At kanilang itinayo, at niyari, ayon sa utos ng Dios ng Israel, at ayon sa utos ni Ciro at ni Dario, at ni Artaxerxes na hari sa Persia. At ang bahay na ito ay nayari nang ikatlong araw ng buwan ng Adar [ang ikalabing dalawang buwan], nang ikaanim na taon ng paghahari ni Dario na hari." Ezra 6:14, 15.

Hindi nagtagal ang muling itinayong templo ay pinasinayaan. "At ang mga anak ni Israel, ang mga saserdote, at ang mga Levita, at ang mga nalabi sa mga anak sa pagkabihag, ay nangagdiwang ng pagtatalaga ng bahay na ito ng Dios na may kagalakan;" at "nangagdiwang ng paskua nang ikalabing apat ng unang buwan." Talatang 16, 17, 19.

Ang ikalawang templo ay hindi katumbas ng una sa kagandahan, o pinabanal man ng mga simbulo ng banal na presensyang naroroon sa unang templo. Walang paghahayag ng kahima-himalang kapangyarihan nang ito ay italaga. Walang ulap ng kaluwalhatiang nakita [483]
upang magpuno ng templo. Walang apoy mula sa langit ang bumaba upang supukin ang handog sa dambana. Ang Shekinah ay hindi na nagningning sa pagitan ng mga kerubin sa kabanal-banalang dako; ang kaban, ang luklukan ng awa, at ang mga tapyas ng patotoo ay di na nasumpungan doon. Walang tanda mula sa langit ang nagpahayag sa mga nagtatanong na saserdote kung ano ang kalooban ni Jehova.

Gayunman, ito ang gusaling ukol dito ay nagpahayag ang Panginoon kay Hagai, "Ang kaluwalhatian ng bahay na ito ay magiging lalong dakila kaysa dad. "At Aking uugain ang lahat na bansa; at dartidng ang mga bagay na Nais ng lahat na bansa: at Aking pupunuin ang bahay na ito ng kaluwalhatian, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Hagai 2:9, 7. Sa mga daang taon ay sinikap ng mga pantas na lalaking alamin kung sa anong paraan natupad ang mga pangako ng Dios kay Hagai; datapuwat sa pagdating ni Jesus ng Nazaret, ang Ninanasa ng mga bansa, na sa Kanyang personal na presensya ay pinabanal ang mga silid ng templo, marami ang matatag na tumangging makita rito ang tanging kahalagahan. Pagmamataas at kawalang paniniwala ang nagpabulag ng kanilang mga paningin at isipan sa tunay na kahulugan ng mga salita ng propeta.

Ang ikalawang templo ay pinarangalan hindi ng ulap ng kaluwalhatian ng Jehova kundi ng presensya ng Isang sa Kanya'y nananahan "ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman"—ang Dios mismo ay yaong "nahayag sa laman." Colosas 2:9; 1 Timoteo 3:16. Sa pamamagitan ng personal na ministri ni Kristo sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, at dito lamang, na ang ikalawang templo ay nakahigit sa una sa kaluwalhatian. Ang "Ninanasa ng mga bansa" ay tunay ngang dumating sa Kanyang templo, nang ang Lalaki ng Nazaret ay nagturo at nagpagaling sa mga banal na looban nito. [484]

## Kabanata 49—Sa Mga Kaarawan ni Reyna Ester

Sa ilalim ng pabor ni Ciro, halos limampung libo sa mga anak ng pagkabihag ay kinuha ang pagkakataong makabalik sa Judea. Ngunit, kung ihahambing sa mga daang libong nakakalat sa mga probinsya ng Medo-Persia, ito ay maliit na nalabi lamang. Kalakhang bahagi ng mga Israelita ay nagpasyang manatili sa lupain ng kanilang pagkabihag sa halip na magdanas pa ng kahirapan ng paglalakbay pabalik at muling magtatag ng mga natiwangwang na siyudad at mga tahanan.

Mahigit sa dalawampung taon ang lumipas, na ang ikalawang utos na may gayon ding pabor na pinalabas si Dario Hystapses, na siya ngayong namumuno. Sa ganito ay muling binigyan ng Dios sa biyaya ng pagkakataon ang mga Judio sa kaharian ng Medo-Persia upang magbalik sa lupain ng kanilang mga magulang. Nakita ng Panginoon ang kahirapang dadanasin nila sa paghahari ni Xerxes,—Asasuero sa aklat ng Ester,—at hindi lamang Niya pinagbago ang damdamin sa mga puso ng mga tao sa otoridad, kundi nagtulak din kay Zacarias na sumamong magbalik na ang mga bihag.

"Oy, oy, magsitakas kayo, mula sa lupain ng hilagaan," ang pabalitang ibinigay sa nagkalat na mga tribo ng Israel na tumira sa maraming lupain malayo sa kanilang unang tahanan. "Kayo'y Aking pinangalat na parang apat na hangin sa himpapawid, sabi ng Panginoon. Oy Sion, tumanan ka, ikaw na tumatahan na kasama ng anak na babae ng Babilonia. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Dahil sa kaluwalhatian ay sinugo Niya ako sa mga bansa na nanamsam sa inyo: sapagkat ang humihipo sa inyo ay humihipo sa itim ng Kanyang mata. Sapagkat, narito, aking ikukumpas ang aking kamay sa kanila, at sila'y magiging samsam niyaong nanggaglilingkod sa kanila: at inyong malaman na ang Panginoon ng mga hukbo ang nagsugo sa akin." Zacarias 2:6-9.

Adhikain pa rin ng Panginoon, tulad pa sa simula na ang
[485] Kanyang bayan ay maging kapurihan sa lupa, sa ikaluluwalhati
ng Kanyang pangalan. Sa mahabang taon ng kanilang pagkabihag

ay nagbigay Siya ng mga pagkakataon upang maibalik din ng bayan ang kanilang pagtitiwala sa Kanya. May nagpasyang makinig at matuto; mayroong naka-sumpong ng kaligtasan sa gitna ng kahirapan. Marami sa mga ito ay mabibilang sa nalabing magbabalik sa lupain. Inihalintulad sila ng Kasulatan sa "mataas na cedro," itatanim sa "isang mataas na bundok at matayog: sa bundok na kaitaasan ng Israel." Ezekiel 17:22, 23.

Silang "ang diwa',y kinilos ng Dios" (Ezra 1:5) ang nagbalik ayon sa utos ni Ciro. Datapuwat ang Dios ay hindi tumigil na magsumamo sa kanilang nanatili sa lupain ng pagkatapon, at sa maraming ahensya ay binigyan sila ng pagkakataong makabalik din. Ang kalakhang bilang, gayunman, ng mga tumangging makinig sa utos ni Ciro, ay tumanggi rin sa mga kasunod na impluwensyang ginamit ng Dios; at kahit na nagbabala si Zacarias na dapat na walang liwag na sila ay umalis na sa Babilonia, ay nanatili pa ring tumatanggi sa paanyaya.

Samantala ang mga kondisyon sa kaharian ng Medo-Persia ay mabilis na nagbabago. Si Dario Hystaspes, na sa kanyang paghahari ay nabigyang malaking pabor ang mga Judio ay napalitan ni Xerxes na Dakila. Sa panahon ng kanyang paghahari tinawagan ang mga nagpasyang manatili sa lupain upang humarap sa dakilang krisis. Sapagkat tumanggi silang tanggapin ang paraang inilagay ng Dios upang sila'y makatakas, ngayon ay napaharap sila sa kamatayan.

Sa pamamagitan ni Haman na Agageo, isang lalaking masama na nasa mataas na tungkulin sa Medo-Persia, si Satanas ay gumawa upang labanan ang mga adhikain ng Dios. Si Haman ay may malaking galit kay Mardocheo, isang Judio. Walang masamang nagawa si Mardocheo kay Haman, kundi tumanggi lamang itong sambahin si Haman. "Ngunit inakala niyang walang kabuluhan na pagbuhatan ng kamay si Mardocheo na mag-isa, inisip ni Haman na lipulin ang lahat na Judio na nangasa buong kaharian ni Assuero, samakatuwid baga'y ang bayan ni Mardocheo." Ester 3:6.

Nadaya ng mga maling pangungusap ni Haman, si Xerxes ay nagayumang gumawa ng utos na nagpapapatay sa lahat ng mga Judio na "nakakalat at nakasabog sa gitna ng mga bayan sa lahat ng lalawigan" ng kaharian ng Medo-Persia. Talatang 8. Isang araw ay itinakda upang wasakin ang lahat ng Judio at ang kanilang ari-arian [486]
ay samsamin. Hindi naunawa ng hari ang malayuang bunga ng

pagpapatupad ng utos na ito. Si Satanas na rin, na nakukubli sa likod ng pakanang ito, ang nagsisikap na maglipol sa lupa ng lahat ng nagiingat pa ng pagkakilala sa tunay na Dios.

"At sa bawat lalawigan, na kinararatingan ng utos ng hari at ng kanyang pasya, ay nagkaroon ng malakas na panangisan sa gitna ng mga Judio, at ng pag-aayuno, at ng iyakan, at ng taghuyan; at marami ay nagsipanamit ng kayong magaspang at mga abo." Ester 4:3. Ang utos ng mga Medo at Persia ay di mababali; sa pangmasid ay wala nang pag-asa pa; lahat ng Israelita ay natalaga sa kamatayan.

Datapuwat ang mga pakana ng kaaway ay nagapi ng Kapangyarihang naghahari sa lahat ng anak ng tao. Sa paglalaan ng Dios, si Ester, na isang Judio na natatakot sa Kataastaasan, ay naging reyna ng kaharian ng Medo-Persia. Si Mardocheo ay isang malapit niyang kamag-anak. Sa kanilang kagipitan ay pinasiya nilang magsumamo kay Xerxes para sa bayan. Si Ester ay maglalakas ng loob na humarap sa han bilang tagapamagitan sa bayan. "Sinong nakakaalam," sabi ni ,Mardocheo, "na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito?" Talatang 14.

Ang krisis na napaharap kay Ester ay nangangailangan ng madalian, masigasig na pagkilos; ngunit kapwa siya at ni Mardocheo ay nadadama nila na malibang ang Dios ang gumawa para sa kanila, ang kanilang mga pagsisikap ay walang kabuluhan. Kung kaya't si Ester ay gumugol ng panahon sa pakikipag-ugnay sa Dios, ang bukal ng kanyang kalakasan. "Ikaw ay yumaon," sinabihan niya si Mardocheo, "pisanin mo ang lahat na Judio na nangakaharap sa Susan, at ipagayuno ninyo ako, at huwag kayong magsikain o magsiinom man ng tatlong araw, gabi o araw: ako naman at ang aking mga dalaga ay mangag-aayuno ng gayon ding paraan; at sa gayo'y papasukin ko ang hari, na hindi ayon sa kautusan: at kung ako'y mamatay, ay mamatay." Talatang 16.

Ang mga pangyayaring mabilis na nagkasunud-sunod,—ang pagharap ni Ester sa hari, ang tanging pabor na ipinakita sa kanya, ang mga bangkete ng hari at reyna na si Haman lamang ang panauhin, ang bagabag na pagtulog ng hari, ang parangal sa publiko na ibinigay kay Mardocheo, at ang kahihiyan at pagkabagsak ni Haman sa pagkatuklas ng kanyang pakana,—lahat ng ito ay bahagi ng isang kasaysayang alam natin. Ang Dios ang gumawang ka-
[487] hanga-hanga para sa Kanyang bayang nagsisisi; at isang katuwas na

[488]

[489]

utos ang ipinalabas ng hari, na binibigyang karapatan ang mga Judio na ipagtanggol ang kanilang mga buhay, ay mabilis na pinakalat sa buong lupain sa pamamagitan ng mga nakasakay na mensahero na "nagmamadali at nangagtutumulin sa utos ng hari." "At sa bawat lalawigan, at sa bawat bayan, saan man dumating ang utos ng hari at pasya niya, ay nagkaroon ang mga Judio ng kasayahan at kagalakan, ng kapistahan at mabuting araw. At marami na mula sa mga bayan ng lupain ay naging mga Judio; sapagkat ang takot sa mga Judio ay suma kanila." Ester 8:14, 17.

Sa natalagang araw ng pagwasak sa kanila, "ang mga Judio ay nagpipisan sa kanilang mga bayan sa lahat na lalawigan ng haring Assuero, upang magbuhat ng kamay sa mga nagbabanta ng kanilang kapahamakan: at walang makatayo sa kanila; sapagkat ang takot sa kanila ay nahulog sa lahat ng mga bayan." Ang mga anghel ng Dios ay inutusang ingatan ang Kanyang bayan habang "ipinagsanggalang ang kanilang buhay." Ester 9:2, 16.

Si Mardocheo ay binigyan ng karangalang dati'y kay Haman. Siya ay "pangalawa ng Haring Asuero, at dakila sa gitna ng mga Judio, at kinalulugdan ng karamihan ng kanyang mga kapatid" (Ester 10:3); at gumawa para sa kapakanan ng Israel. Sa ganito ay dinalang muli ng Dios ang Kanyang bayan sa pabor ng korte ng Medo-Persia, upang maisagawa ang adhikaing sila ay maibalik sa kanilang sariling lupain. Ngunit kailangang lumipas pa ang ilang taon, sa ikapitong taon ng paghahari ni Artaxerxes I, ang pumalit kay Xerxes na Dakila, na ang malaking bilang ng mga Judio ay nagbalik sa Jerusalem, sa ilalim ni Ezra.

Ang mga sumusubok na karanasang dumating sa bayan ng Dios sa mga kaarawan ni Ester ay hindi ukol sa kanila lamang. Inihayag ng rebelador, sa pagdngin sa pagdaan ng panahon, ay kanyang sinabi, "Nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus." Apocalipsis 12:17. Mayroong nabubuhay ngayon sa lupa ang makamamalas ng tanawing ito. Ang diwang umakay sa mga tao noong una pang usigin ang tunay na iglesia, ay siya ring sa huling panahon ay susunod sa katulad na hakbang laban sa kanilang nagtatapat sa Dios. Kahit na ngayon ay isinasagawa na ang mga paghahanda ukol sa huling dakilang tunggalian. [490]

Ang utos na ipalalabas laban sa bayan ng Dios ay magiging katulad ng ipinalabas ni Asasuero laban sa mga Judio noon. Ngayon ay nakikita ng mga kaaway ng tunay na iglesia ang maliit na pulutong na nag-iingat ng utos ng Sabbath, bilang isang Mardocheo sa pintuan. Ang paggalang ng bayan ng Dios sa Kanyang kautusan ay isang palagiang tuligsa sa kanilang nag-alis ng takot sa Panginoon at tumatapak sa Kanyang Sabbath.

Ibabangon ni Satanas ang galit laban sa maliit na pulutong na tumangging tanggapin ang mga popular na gawi at tradisyon. Mga lalaki ng posisyon at reputasyon ay sasanib sa masasamang ito na lumalabag sa kautusan upang magpayuhan laban sa bayan ng Dios. Kayamanan, karunungan, edukasyon ay magsasanib upang sila ay manuya sa Dios. Mga pinuno, ministro, at kaanib ng iglesia ay magkakaisa upang usigin sila. Sa salita at panulat, sa banta, yabang, at tungayaw, sisikapin nilang itumba ang pananampalataya ng mga tapat Sa huwad na paratang at may galit na panawagan, ang mga lalaking ito ay gigisingin ang damdamin ng mga tao. Sapagkat wala sa kanila ang "Ito ang wika ng Kasulatan" na kanilang maihaharap sa mga nangingilin ng Sabbath, sila ay gagamit ng malulupit na mga batas upang mayroong maipalit. Upang magkaroon ng pagkakilala at pagtangkilik, ang mga mambabatas ay ipipilit na ipatupad ang Linggo. Datapuwat silang may takot sa Dios, ay hindi makatatanggap sa institusyong lumalabag sa isang utos ng Dekalogo. Sa larangang ito ng digmaan makikita ang huling tunggalian sa pagitan ng katotohan at kamalian. At tayo',y hindi iiwang nagdududa sa isyung ito. Ngayon, kung paano sa kaarawan ni Ester at Mardocheo, ang Panginoon ang magbabangong puri ng Kanyang katotohanan at
[491] Kanyang bayan.

## Kabanata 50—Si Ezra, ang Saserdote at Eskriba

Halos pimmpung taon matapos bumalik ang unang pulutong ng bilanggo sa ilalim ni Zorobabel at Josue, si Artaxerxes Longimanus ay naupo sa trono ng Medo-Persia. Ang pangalan ng hari ay kaugnay sa banal na kasaysayan sa pamamagitan ng serye ng mga katangi-tanging paglalaan ng Dios. Sa panahon niya nabuhay at naglingkod sina Ezra at Nehemias. Siya ang nagpalabas ng utos noong 457 B.C. na ikatlo at huli sa pagpapatayong muli ng Jerusalem. Sa paghahari niya ay may pulutong ng Judio na bumalik sa ilalim ni Ezra, natapos ang mga pader ng Jerusalem sa pangunguna ni Nehemias at ng kanyang mga kasama, ang muling pagtatatag ng mga serbisyo sa templo, at ang mga dakilang reporma nina Ezra at Nehemias. Sa mahabang paghahari niya ay madalas siyang magpakita ng pabor sa bayan ng Dios, at sa pamamagitan ng kanyang mga kaibigang Judio na pinagkakatiwalaan, sina Ezra at Nehemias, kinilaia niya ang mga lalaking itinatag ng Dios, at ibinangon para sa isang tanging gawain.

Ang karanasan ni Ezra samantalang kasama ng mga Judio na nanatili sa Babilonia ay naging kakaiba anupa't ito ay nakatawag pansin sa Haring Artaxerxes, na malayang nakausap niya tungkol sa kapangyarihan ng Dios ng kalangitan, at sa banal na adhikain sa pagsasauli ng mga Judio sa Jerusalem.

Isinilang sa mga anak ni Aaron, si Ezra ay nabigyang pagsasanay bilang saserdote; at bukod dito ay naging bihasa sa mga sulat ng mga mahiko, astrologo, at mga pantas na lalaki ng Medo-Persia. Datapuwat hindi siya nasisiyahan sa kalagayang espirituwal. Nanabik siyang makatugma ng Dios; nanabik siya ng karunungang maisakatuparan ang kalooban ng Dios. Kaya kanyang "inilagak ang kanyang puso na hanapin ang kautusan ng Panginoon, at upang gawin." Ezra 7:10. Umakay ito upang saliksikin niya ang kasaysayan ng bayan ng Dios, tulad ng nasusulat sa tala ng mga propeta at hari. Sinaliksik niya ang mga sulat ng kasaysayan at mga matulaing aklat sa Biblia upang alamin kung bakit ipinahintulot ng Panginoon na ang Jerusalem ay mawasak at ang Kanyang bayan ay madalang [492]

bihag sa lupaing pagano.

Tanging binigyan ng pansin ni Ezra ang mga karanasan ng Israel mula sa panahong ang pangako ay nabigay kay Abraham. Pinagaralan niya ang mga tagubilin sa Bundok ng Sinai at sa mahabang panahon ng paglilimayon sa ilang. At habang nadaragdagan ang kaalaman niya tungkol sa pakikitungo ng Dios sa Kanyang mga anak, at naunawaan ang kabanalan ng utos na nabigay sa Sinai, ang puso ni Ezra ay nakilos. Nakadama siya ng lubusang pagkahikayat at nagpasyang gamitin ang karunungan sa pagdadala ng pagpapala at liwanag sa kanyang bayan.

Sinikap ni Ezra na maghanda ng puso para sa gawaing nadama niyang nasa kanyang harapan. Masikap na hinanap niya ang Dios, upang siya ay maging matalinong guro sa Israel. At habang ang puso at kalooban ay napapasakop sa Dios, dumating sa kanyang buhay ang mga prinsipyo ng tunay na pagpapakabanal, na, sa darating na mga taon, ay magiging impluwensyang huhubog, hindi lamang sa mga kabataang maghahangad na kanyang turuan, kundi ng sinumang maaabot ng kanyang pakikisama.

Pinili ng Dios si Ezra upang maging instrumento ng kabutihan para sa Israel, upang maparangalan Niya ang pagka saserdote, ang kaluwalhatian ay napadilim sa panahon ng pagkabihag. Si Ezra ay naging lalaki ng katangi-tanging karunungan at naging "kalihim na bihasa sa kautusan ni Moises." Talatang 6. Ang mga katangiang ito ay nagpatanyag sa kanya sa kaharian ng Medo-Persia.

Si Ezra ay naging tagapagsalita ng Dios, na nagbibigay turo tungkol sa mga simulaing namamayani sa langit sa mga nakapalibot sa kanya. Sa nalalabing mga taon ng kanyang buhay, malapit man sa korte ng hari ng Medo-Persia o nasa Jerusalem, ang pangunahing gawain niya ay maging guro. Habang isinasalin niya sa iba ang mga katotohanang natutuhan, ang kanyang paggawa ay nadagdagan. Siya ay naging lalaking banal at masigasig. Naging saksi siya ng Panginoon sa kapangyarihan ng katotohanan ng Biblia upang magpabanal sa buhay.

Ang pagsisikap ni Ezra na buhayin ang interes at pag-aaral ng Kasulatan ay binigyang katibayan sa kanyang masikap, habang buhay na gawaing panatilihin at paramihin ang mga sipi ng Banal na Kasulatan. Tinipon niya ang lahat ng sipi ng kautusan na kanyang
[493] masusumpungan at ito ay kinopya at ipinamahagi. Ang dalisay na

salitang napakalat at nalagay sa kamay ng mga tao ay nagbigay kaalaman sa sukat na hindi mabibigyang halaga.

Ang pananampalataya ni Ezra na ang Dios ay gagawang makapangyarihan para sa Kanyang bayan, ay umakay sa kanya upang hilingin kay Artaxerxes na siya ay payagang bumalik sa Jerusalem upang buhayin ang interes ng bayan sa pag-aaral ng salita ng Dios at tumulong sa kanyang mga kapatid sa pagtatayo ng Banal na Siyudad. Sa paghahayag ni Ezra ng sakdal na pagtitiwala sa Dios na may kakayahang saganang mag-ingat at magpala sa Kanyang bayan, ang hari ay lubusang nasiyahan. Naunawaan niyang lubos na ang Israel ay magbabalik sa Jerusalem upang sila ay makapaglingkod kay Jehova; at gayon ang pagtitiwala ng hari sa katapatan ni Ezra na ibinigay ang kahilingan nito, at nagkaloob pa ng saganang kayamanan para sa paglilingkod sa templo. Ginawa siya na tanging kinatawan ng kaharian ng Medo-Persia at ibinigay sa kanya ang malawak na kapangyarihan upang maisagawa ang mga adhikain ng kanyang puso.

Ang kautusan ni Artaxerxes Longimaus para sa pagbabalik at pagtatayo muli ng Jerusalem, ang ikado mula ng matapos ang pitumpung taong pagkabihag, ay kapansin-pansin dahil sa pagpapahayag nito tungkol sa Dios ng langit, dahil sa pagkilala sa mga kakayahan ni Ezra, at sa mga kalayaang ipinagkaloob sa nalabing bayan ng Dios. Si .Artaxerxes ay tumukoy kay Ezra na "saserdote, ang eskriba, na kalihim sa mga salita ng mga utos ng Panginoon, at ng Kanyang mga palatuntunan sa Israel;" "kalihim sa kautusan ng Dios ng langit." Nakiisa ang hari sa paglalaan ng handog sa "Dios ng Israel, na ang tahanan ay nasa Jerusalem;" at bilang karagdagan siya ay nag-utos na bayaran sila "mula sa bahay ng kayamanan ng hari." Talatang 11, 12, 15,20.

"Yamang ikaw ay sinugo sa ganang han at ng kanyang pitong kasanggum," ipinahayag ni Artaxerxes, "upang mag-usisa tungkol sa Juda at Jerusalem, ayon sa kautusan ng iyong Dios na nasa iyong kamay." Patuloy pa niya: "Anumang iniutos ng Dios ng langit, gawing lubos sa bahay ng Dios ng langit: sapagkat bakit magkakaroon ng poot ng Dios laban sa kaharian ng han at ng kanyang mga anak?" Talatang 14, 23.

Sa pagbibigay pahintulot sa Israel na magbalik, isinaayos ni Artaxerxes ang pagsasauli ng mga kaanib ng lipi ng saserdote sa

[494] kanilang sinaunang mga karapatan at mga ritos. “Pinatototohanan din naman namin sa inyo,” kanyang pahayag, “na tungkol sa sinuman sa mga saserdote at mga Levita, mga mang-aawit, mga tagatanod-pinto, mga Nethineo, o mga lingkod sa bahay na ito ng Dios, ay hindi marapat na lapatan sila ng buwis, kabayaran, o upa.” Nag-utos rin siya sa kanyang mga opisyal na mamahala sa kanila ayon sa batas ng Judio. “At ikaw, Ezra, ayon sa karunungan ng iyong Dios,” iniutos niya, “na nasa iyong kamay, maghalal ka ng mga mahistrado at mga hukom, na makakahatol sa buong bayan na nasa dako roon ng ilog, niyaong lahat na nakatatalos ng mga kautusan ng iyong Dios; at turuan ninyo yaong hindi nakakaalam. At sinumang hindi tumupad ng kautusan ng iyong Dios, at ng kautusan ng hari, gawin sa kanya ang kahatulan ng buong sikap, maging sa kamatayan, o sa pagtatapos, o sa pagsamsam ng mga pag-aari, o sa pagkabilanggo.” Talatang 2426.

Sa ganito, “ayon sa mabuting kamay ng kanyang Dios na sumasa kanya,” inamuki ni Ezra ang haring gumawa ng utos sa pagbalik ng bayan ng Israel at ng mga saserdote at mga Levita mula sa kaharian ng Medo-Persia, na sa “kanilang sariling kusang kalooban na nagsiparoon sa Jerusalem.” Talatang 9, 13. Muli ang mga anak ng Israel na nangalat ay nabigyang pagkakataon upang magbalik sa lupaing kaugnay ng mga pangako ng Dios sa sambahayan ng Israel. Ang utos na ito ay nagbigay ng malaking kagalakan sa mga nakisanib kay Ezra sa pag-aaral ng adhikain ng Dios sa Kanyang bayan. “Purihin ang Panginoon, ang Dios ng ating mga magulang,” bulalas ni Ezra, “na naglagak ng ganyang mga bagay na gaya nito sa puso ng hari, na pagandahin ang bahay ng Panginoon na nasa Jerusalem: at nagdulot sa akin ng kahabagan sa harap ng hari, at ng kanyang mga kasangguni, at sa harap ng lahat na may kayang prinsipe ng hari.” Talatang 27, 28.

Sa pagpapalabas ng utos ni Artaxerxes, malinaw na ang paglalaan ng Dios ay naroroon. Ang ilan ay nakita ito at magalak na kinuha ang pagkakataong makabalik sa ilalim ng gayong magandang tanawin. Isang pangkalahatang tagpuan ay isinaayos para sa kanilang magpapasyang magbalik sa Jerusalem. “At pinisan ko sila sa ilog na umaagos patungo sa Ahara,” wika ni Ezra, “at doo’y nangagpahinga kaming tadong araw.” Ezra 8:15.

Umasa si Ezra na malaking bilang ang magbabalik sa Jerusalem, ngunit ang tumugon ay maliit na bilang lamang. Marami sa mga [495] nagkaroon na ng lupa at bahay ay nawalan ng naising isakripisyo ang kanilang mga tinatangkilik. Naibigan nila ang kaginhawahan at nasiyahang manatili na lamang sa pagkabihag. Ang halimbawa nila ay naging sagabal sa ibang nagnais na sumama sa mga nagpasya sa pananampalataya.

Sa pagtingin ni Ezra sa nagtipon, nagtaka siya na walang masumpungang mga anak ni Levi. Nasaan ang mga kaanib ng tribong inihiwalay sa banal na paglilingkod sa templo? Sa panawagan, Nasaan ang mga tumugon sa panawagang, Sino ang nasa panig ng Panginoon? ang mga Levita sana ang dapat naunang tumugon. Sa panahon ng pagkabihag, at sa dako pa roon, sila ay nakatanggap ng maraming karapatan. Naranasan nila ang kalayaang maglingkod sa mga pangangailangang espirituwal ng kanilang mga kapatid sa pagkabihag. Mga sinagoga ay itinayo, na doon ang mga saserdote ay nagsagawa ng serbisyo sa pagsamba sa Dios at pagtuturo sa bayan. Ang pangingilin ng Sabbath, at pagsasagawa ng mga banal na ritong tangi sa pananampalatayang Judio, ay malayang ipinahintulot.

Datapuwat sa pagdaan ng mga taon matapos ang pagkabihag, ang mga kondisyon ay nagbago, at maraming mga bagay ng kapanagutan ay napataw sa balikat ng mga pinuno sa Israel. Ang templo sa Jerusalem ay naitayong muli at naitalaga, at higit na mga saserdote ay kailangan sa paglilingkod. May mahigpit na pangangailangan para sa mga lalaki ng Dios na magturo sa bayan. Bukod dito, ang mga Judio na naiwan sa Babilonia ay may panganib na higpitan sa mga kalayaang pang-relihiyon. Sa pamamagitan ni propeta Zacarias, gano',n din ng kailan lamang na naging karanasan nila sa panahon ni Ester at Mardocheo, ang mga Judio sa Medo-Persia ay maliwanag na nababalaang magbalik na sa kanilang lupain. Dumating na ang panahong mapanganib sa kanila na patuloy pang manirahan sa gitna ng mga impluwensyang pagano. Sa harap ng mga nabagong kondisyong ito, ang mga saserdote sa Babilonia ay dapat sanang naging mabilis na nakita ang tanging panawagan ng pagbabalik sa Jerusalem sa pamamagitan ng utos na ito ng hari.

Ang hari at mga prinsipe ay ginawa ang higit na dapat nilang gawin sa pagbubukas ng daan para sa pagbabalik ng Israel. Nagkaloob silang masagana, datapuwat nasaan ang mga tao? Ang

mga anak ni Levi ay nagkulang sa panahong ang kanilang kapasiyahan sa pagsama sa magsisibabalik ay naging halimbawa sanang
[496] maaring sundan ng marami pa. Ang kakatuwang pagwawalang bahalang ito ay malungkot na paghahayag ng isipan ng mga Israelita sa Babilonia ukol sa adhikain ng Dios sa Kanyang bayan.

Muli ay nanawagan si Ezra sa mga saserdote, nagpadala ng tanging paanyaya sa kanila upang sumanib sa kanyang pulutong upang idiin ang kahalahagan ng mabilis na pagkilos, kanyang ipinadala kasama ng nasulat na pagsamo ang ilan sa kanyang mga "pangulong lalaki" at mga "tagapagturo." Ezra 7:28; 8:16.

Samantalang naghihintay ang mga maglalakbay na kasama ni Ezra, ang mga mensahero ay nagmadaling taglay ang samong ito, "Mangagdala sa atin ng mga tagapangasiwa sa bahay ng ating Dios." Ezra 8:17. Ang panawagan ay dininig; ang ilan sa nag-aatubili ay
[497] nagpasyang magbalik. Mga apatnapung saserdote at dalawang daan at dalawampung Netinim—mga lalaking maaasahan ni Ezra bilang mga pantas na ministro at mga mabuting guro at mga katulong—ay dinala sa kampo.

Lahat ay handa nang tumulak. Sa harapan nila ay mga ilang buwang paglalakbay. Dala ng kalalakihan ang kanilang sambahayan, kayamanan, at malaking halaga para sa pagtatayo ng templo at mga serbisyo nito. Alam ni Ezra na ang mga kaaway ay nasa tabi-tabi lamang ng daan, handang lumusob at magnakaw at wasakin ang pulutong; gayunman ay hindi siya humiling ng sandatahang guwardiya mula sa hari. "Sapagkat ako'y nahiya," ipinaliwanag niya, "na humingi sa hari ng pulutong ng mga sundalo, at ng mga mangangabayo upang tulungan tayo laban sa mga kaaway sa daan; sapagkat aming sinalita sa hari, na sinasabi, Ang kamay ng ating Dios ay sumasa kanilang lahat na humahanap sa Kanya, sa ikabubuti; ngunit ang Kanyang kapangyarihan at ang pag-iinit ay laban sa kanilang lahat na nagpapabaya sa Kanya." Talatang 22.

Sa bagay na ito, ay nakita ni Ezra at ng kanyang mga kasama ang pagkakataon upang parangalan ang pangalan ng Dios sa harap ng mga pagano. Ang pananampalataya sa kapangyarihan ng buhay na Dios ay mapapalakas pa kung ang mga Israelita na rin ay maghahayag ngayon ng di mapag-aalinlanganang pagtiriwala sa makalangit na Pangulo. Nagpasya silang ilagak ang kanilang tiwala lamang sa Kanya. Hindi sila hihingi ng sandatahang guwardia mula sa

hari. Hindi nila bibigyan ang mga pagano ng pagkakataong iukol sa lakas ng tao ang kaluwalhatiang marapat lamang sa Dios. Hindi nila bibigyang pagkakataon ang kanilang mga paganong kaibigan na mag-alinlangan sa kanilang kataimtimang umasang lubusan sa Dios bilang Kanyang bayan. Ang kalakasan ay natatamo hindi sa kayamanan, o sa kapangyarihan at impluwensya ng mga taong sumasamba sa mga diyos, kundi sa tanging pabor ng Dios. Tanging sa pag-iingat ng utos ng Dios at sa pag-uuna dito, at pagsunod dito, na sila ay masasanggalang.

Ang pagkaalam na ito ng mga kondisyong sa ilalim ng mga ito ay patuloy silang makatatanggap ng pagpapala mula sa Dios, ay nagbibigay ng di karaniwang kabanalan sa pulong ng pagtatalagang isinagawa ni Ezra at sa mga kasama ng tapat bago sila umalis. "Nagtanyag ako ng ayuno doon, sa ilog ng Ahava," pahayag ni Ezra sa karanasang ito, "upang tayo'y magpakababa sa harap ng ating [498] mga bata, at sa lahat ng ating pag-aari." "Sa gayo'y nangag-ayuno tayo at nagsidalangin sa ating Dios dahil dito: at dininig Niya tayo." Talatang 21,23.

Gayunman, ang mga pagpapalang ito ng Dios, ay hindi niwalang kabuluhan ang pag-iingat at pang-unawa. Bilang pag-iingat sa kayamanan, si Ezra ay "inihiwalay ang labing dalawa sa mga puno ng mga saserdote"—mga lalaking subok ang katapatan—"at tinimbang sa kanila ang pilak, at ang ginto, at ang mga sisidlan, samakatuwid baga'y ang handog sa bahay ng ating Dios, na pinaghandugan ng hari, at ng kanyang mga kasangguni, at ng kanyang mga prinsipe, at ng buong Israel na nakaharap doon." Ang mga lalaking ito ay itinalagang maging mga katiwala ng mga kayamanan. "Kayo'y banal sa Panginoon," sinabi ni Ezra, "ang mga sisidlan ay natatalaga; at ang pilak at ang ginto ay kusang handog sa Panginoon, na Dios ng inyong mga magulang. Magsipagbantay kayo, at ingatan ninyo, hanggang sa inyong matimbang sa harap ng mga puno ng mga saserdote at ng mga Levita, at ng mga prinsipe ng mga sambahayan ng mga magulang ng Israel, sa Jerusalem, sa mga silid ng bahay ng Panginoon." Talatang 24, 25, 28, 29.

Ang ingat na ito ni Ezra sa pagbuhat ng kayamanan ng Dios, ay nagtuturo sa atin ng liksyong dapat pag-isipang mabuti. Sila lamang na ang katapatan ay subok na ang pinili sa tungkuling ito, at maliwanag ang tagubilin sa kanila ukol sa kapanagutang naibigay.

Sa pagtatalaga bilang mga tagapag-ingat ng kayamanan ng Panginoon, kinilala ni Ezra ang pangangailangan at halaga ng kaayusan at organisasyon kaugnay ng gawain ng Dios.

Sa ilang mga araw na ang mga Israelita ay nanatili sa tabing ilog, bawat paghahanda ay isinagawa para sa mahabang paglalakbay. "Nang magkagayo'y nagsiyaon tayo," sinulat ni Ezra, "nang ikalabing dalawang araw ng unang buwan, upang pumaroon sa Jerusalem: at ang kamay ng ating Dios ay sumaatin, at iniligtas Niya tayo sa kamay ng kaaway at sa bumabakay sa daan." Talatang 31. Apat na buwan halos ang kinailangan sa paglalakbay, at ang ilang libo kataong kasama ni Ezra, kasama ang mga babae at bata, ay nagpabagal ng paglalakbay. Datapuwat ang lahat ay panatag. Ang kaaway ay napigilan upang sila ay saktan. Ang kanilang paglalakbay ay naging masagana, at sa unang araw ng ikalimang buwan, sa
[499] ikapitong taon ni Artaxerxes, nakarating sila sa Jerusalem.

## Kabanata 51—Espirituwal na Rebaybal

Ang pagdating ni Ezra sa Jerusalem ay napapanahon. May malaking pangangailangan ng impluwensya ng kanyang presensya. Ang pagdating niya ay naghatid ng lakas ng loob at pag-asa sa puso ng marami na matagal nang gumagawa sa harap ng mga kahirapan. Mula sa pagbabalik ng mga naunang naglakbay sa pangunguna ni Zorobabel at Josue, mahigit na pitumpung taon ang lumipas, malaki na ang nagawa. Ang templo ay natapos na, at ang mga pader ng siyudad ay may nakumpuni na. Gayunman ay malaki pa ang dapat gawin.

Kabilang sa mga naunang nagbalik sa Jerusalem ay mga tapat sa Dios at nabuhay na gayon; datapuwat may malaking bahagi ng mga anak at mga inanak pa ang nawalan ng pananaw sa kabanalan ng utos ng Dios. Kahit na ang mga lalaking may mataas na tungkulin ay nabubuhay sa hayagang kasalanan. Ang kanilang buhay ay nagpapawalang bisa sa pagsulong ng gawain ng Dios; sapagkat habang ang malinaw na paglabag sa utos ng Dios ay kinukunsinti, ang pagpapala ng Langit ay hindi mailalapag sa bayan.

Tanging paglalaan ng Dios na silang nagbalik na kasama ni Ezra ang nagkaroon ng tanging panahon upang hanapin ang Panginoon. Ang naging karanasan nila sa paglalakbay mula Babilonia, na walang sanggalang sa pamamagitan ng lakas ng tao, ay nagturo sa kanila ng mga mayamang liksyong espirituwal. Marami ang naging malakas sa pananampalataya; at sa kanilang pakikihalubilo sa mga lupaypay at walang pakundangan sa Jerusalem, ang impluwensya nila ay naging makapangyarihang lakas sa repormang kasunod na isinagawa.

Sa ikaapat na araw ng kanilang pagdating, ang mga ginto at pilak kasama ang mga sisidlang gagamitin sa paglilingkod sa templo, ay ipinagkaloob sa mga ingat-yaman sa templo, sa pangmasid ng mga saksi at lubos na pagsusulit. Bawat kasangkapan ay siniyasat "ayon sa bilang at timbang." Ezra 8:34. [500]

Ang mga anak sa pagkabihag na nagsipanggaling sa pagkatapon na kasama ni Ezra ay "nangaghandog ng mga handog na susunugin sa Dios ng Israel" bilang pinaka handog dahil sa kasalanan at kanilang pasasalamat sa pamamatnubay ng mga banal na anghel sa kanilang paglalakbay. "At kanilang ibinigay ang mga bilin ng hari sa mga satrapa ng hari, at sa mga tagapamahala sa dako roon ng ilog: at kanilang pinasulong ang bayan, at ang bahay ng Dios." Talatang 35, 36.

Di nagtagal ang ilan sa mga pinuno sa Israel ay lumapit kay Ezra taglay ang mabigat na reklamo. Ilan sa "bayan ng Israel, at mga saserdote, at mga Levita" ay sinuway nila ang banal na utos ni Jehova na nagsipag-asawa sa mga bayan na nasa paligid nila. "Sapagkat kinuha nila ang kanilang mga anak na babae sa ganang kanilang sarili, at sa kanilang mga anak na lalaki," sinabi kay Ezra, "na anupa't ang banal na binhi ay nahalo nga sa bayan ng mga lupain; "oo, ang kamay ng mga prinsipe at ng mga pinuno ay naging puno sa pagsalangsang na ito." Ezra 9:1, 2.

Sa kanyang pag-aaral sa mga dahilang umakay sa pagkabihag sa Babilonia, nakita ni Ezra na ang malaking dahilan ay ang pakikisalamuha sa mga bansang pagano. Nakita niyang kung sila',y sumunod lamang sa utos ng Dios na sila'y mahiwalay sa mga nakapalibot na bansa, sila ay naligtas sana sa kahihiyang kanilang dinanas. At ngayong natutuhan niyang sa kabila ng mga liksyong ito ng lumipas, marami sa mga tanyag na lalaki ay lumalabag pa rin sa utos ng Dios na ibinigay bilang sanggalang sa kanila, ang kanyang puso ay nakilos nang gayon. Naisip niya ang kabutihan ng Dios sa muling pagbabalik sa kanila sa sariling lupain, at siya'y napuno ng galit na matuwid at kalumbayan sa kanilang kawalang utang na loob. "At nang mabalitaan ko ang bagay na ito," kanyang sinabi, "aking hinapak ang aking suot at ang aking balabal, at binaltak ko ang buhok ng aking ulo at ng aking baba, at ako'y naupong nadtigilan.

"Nang magkagayo'y nagpipisan sa akin ang lahat na nanginginig sa mga salita ng Dios ng Israel, dahil sa pagsalangsang nila na sa pagkabihag; at ako'y naupong natitigilan hanggang sa pag-aalay sa hapon." Talatang 3, 4.

Sa panahon ng sakripisyong panghapon, tumayo si Ezra, at, hinapak ang kanyang damit at kapa, at nanikluhod at dumalangin sa Langit. Kanyang iniunat ang kanyang mga kamay sa Panginoon, at

nagsabi, Oh aking Dios, ako'y napahiva at namula na itaas ang aking mukha sa Iyo, na aking Dios: sapagkat ang aming mga kasamaan ay nagsilala sa aming ulo, at ang aming sala ay umabot hanggang sa langit." [501]

"Mula ng mga kaarawan ng aming mga magulang," patuloy pa niya, "ay naging totoong salarin kami hanggang sa araw na ito; at dahil sa aming mga kasamaan, ang aming mga hari, at ang aming mga saserdote ay nangabigay sa kamay ng mga hari ng mga lupain, sa tabak, sa pagkabihag, sa pagkasamsam, at sa kahihiyan ng mukha, gaya sa araw na ito. At ngayon sa sandaling panahon ay napakita ang biyaya na mula sa Panginoon naming Dios, upang iwan sa amin ang isang nalabi na nakatanan, at upang bigyan kami ng isang dako sa Kanyang dakong banal, upang palinawin ng aming Dios ang aming mga mata, at bigyan kami ng kaunting kabuhayan sa aming pagkaalipin. Sapagkat kami ay mga alipin; gayon ma'y hindi kami pinabayaan ng aming Dios sa aming pagkaalipin, kundi naggawad ng kaawaan sa amin sa paningin ng mga hari sa Persia, upang bigyan kami ng kabuhayan, upang itayo ang bahay ng aming Dios, at upang husayin ang sira niyaon, at upang bigyan kami ng kuta sa Juda at sa Jerusalem.

"At ngayon, Oh aming Dios, ano ang aming sasabihin pagkatapos nito? sapagkat aming pinabayaan ang Iyong mga utos, na Iyong iniutos sa pamamagitan ng Iyong mga lingkod na mga propeta.... At pagkatapos ng lahat na dumating sa amin dahil sa aming masamang mga gawa, at dahil sa aming malaking sala, sa para ang Ikaw na aming Dios ay nagparusa sa amin ng kulang kaysa marapat sa aming mga kasamaan, at binigyan Mo kami ng ganitong nalabi; amin ba uling sisirain ang Iyong mga utos, at makikipisan ng mahigpit sa mga bayan na nagsisigawa ng mga karumal-dumal na ito? hindi Ka ba magagalit sa amin hanggang sa Iyong malipol kami, na anupa't huwag magkaroon ng nalabi, o ang sinumang nakatanan? Oh Panginoon, na Dios ng Israel, Ikaw ay matuwid: sapagkat kami ay naiwan na isang nalabi na nakatanan, na gaya sa araw na ito: narito, kami ay nangasa harap Mo sa aming mga sala: sapagkat walang makatatayo sa harap Mo dahil dito. Talatang 6-15.

Ang kalumbayan ni Ezra at mga kasama sa kasamaang dumating sa pinakapuso na rin ng gawain ng Panginoon, ay naghatid ng pagsisisi. Marami sa mga nagkasala ay naapektuhan ng mainam.

".Ang bayan ay umiyak na mainam." Ezra 10:1. Sa maliit na paraan
[502] ay nadama nila ang kasamaan ng kasalanan at ang panghihilakbot ng Dios dito. Nakita nila ang kabanalan ng pagkakabigay ng utos sa Sinai, at marami ang nanginig sa kanilang pagkakasala.

Isa sa naroroon, ay si Sechanias, kinilalang totoo ang mga salita ni Ezra. "Kami ay nagsisalangsang laban sa ating Dios," kanyang kinumpisal, at "nangag-asawa sa mga babaing taga ibang bayan ng lupain: gayon man, may pag-asa sa Israel tungkol sa bagay na ito." Iminungkahi ni Sechanias na ang lahat na nagkasala ay dapat mangakipagtipan sa Dios para mapatawad sa kanilang kasalanan at mahatulan "ayon sa kautusan." "Bumangon ka," sinabi niya kay Ezra; "sapagkat bagay na ukol sa iyo: at kami ay sumasaiyo: magpakatapang kang mabuti." "Nang magkagayo'y tumindig si Ezra, at pinasumpa ang mga puno ng mga saserdote, ang mga Levita, at ang buong Israel, na kanilang gagawin ayon sa salitang ito." Talatang 2-5.

Ito ang naging simula ng kahanga-hangang pagbabago. May pasensya at katalinuhan at kasama ang gawaing ito na binigyang pansin ang karapatan at kapanutuhan ng bawat isa, sinikap ni Ezra at mga kasama na akayin ang Israel sa matuwid na landas. Higit sa lahat, si Ezra ay naging guro ng kautusan; at habang binigyan niyang pansin ang mga detalye ng bawat kaso, sinikap niyang idiin sa bayan ang kabanalan ng kautusan at ang mga pagpapalang matatamo sa pamamagitan ng pagsunod.

Saan mang dako maglingkod si Ezra, nagkaroon ng rebaybal sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan. Mga guro ay itinalaga upang turuan ang bayan; ang utos ng Panginoon ay nataas at naging marangal. Ang mga aklat ng propeta ay sinaliksik, at ang mga propesiya tungkol sa pagdating ng Mesias ay nagdala ng pag-asa at ginhawa sa maraming pusong nalulumbay at napapagal.

Mahigit sa dalawang libong taon ang lumipas mula kay Ezra na "naghanda, ng puso upang hanapin ang kautusan ng Panginoon, at isagawa ito" (Ezra 7:10), gayunman ang paglipas ng mga taon ay di nagbawas ng impluwensya ng kanyang banal na halimbawa. Sa pagdaan ng daang taon ang tala ng kanyang buhay na natatalaga ay naging inspirasyon sa marami na may kapasyahang "hanapin ang utos ng Panginoon at isagawa ito."

Ang mga layunin ni Ezra ay matataas at banal; sa lahat ng kanyang ginawa ay kirulos siya ng malalim na pag-ibig sa kaluluwa. Ang kahabagan at malumanay na pakikitungong inihayag niya sa maka- salanan, sinasadya man o dahilan sa kawalang kaalaman, ay [503] dapat na maging liksyon sa lahat ng nag-iisip magdala ng pagbabago. Ang mga lingkod ng Dios ay dapat na maging matatag tulad ng bato kapag ang matuwid na simulain ay nakataya; gayunman, sa lahat ng ito ay dapat maghayag ng malasakit at pagpapahinuhod. Tulad ni Ezra, sila ay magtuturo ng daan sa mga lumalabag sa pamamagitan ng pagdidiin ng mga simulaing pundasyon ng matuwid na gawa.

Sa panahong ito, na si Satanas ay nagsisikap, sa pamamagitan ng maraming ahensya niya, na bulagin ang mga mata ng tao sa mga matibay na pag-aangkin ng kautusan ng Dios, may pangangailangan sa mga lalaking magdadala ng "panginginig sa utos ng ating Dios." Ezra 10:3. May pangangailangan para sa mga tunay na magpapabago, na magtuturo sa sumasalangsang sa dakilang Tagapagbigay ng utos at ituturo sa kanila na ang "kautusan ng Panginoon ay sakdal, humihikayat ng kaluluwa." Awit 19:7. May pangangailangan ng mga makapangyarihang lalaki ng Kasulatan, mga lalaking ang bawat salita ay nagtataas sa utos ni Jehova, mga lalaking naghahangad ng pananampalataya. Mga guro ay kailangan na magpapasigla sa mga puso sa paggalang at pag-ibig sa mga Kasulatan.

Ang laganap na kasamaan ngayon ay maaring dahilan sa pagkukulang ng tao na basahin at tuparin ang mga Kasulutan, sapagkat kapag ang salita ng Dios ay inilagay sa isang tabi, ang kapangyarihan nitong pumigil sa masasamang pita ng pusong laman ay natatanggihan. Ang tao ay naghahasik sa laman at ang laman ay nag-aani ng kabulukan.

Sa pagsasantabi ng Kasulatan ay naroon din ang pagbalikwas mula sa utos ng Dios. Ang doktrinang ang tao ay pinalaya na sa pagsunod sa mga utos ng Dios, ay nagpahina ng tungkuling moral at nagbukas ng pintuang parang baha ng kasamaan sa sanlibutan. Kawalang kautusan, pagpapasasa, at kabulukan ay lumalaganap na parang malakmg baha. Sa bawat dako ay nakikita ang inggit, masamang haka, pagpapaimbabaw, pagkagalit, sigalot, pagtataksil sa tiwala, at pagsunod sa layaw. Ang buong sistema ng mga simulaing relihiyoso at doktrina, na dapat maging pundasyon at balangkas

ng kabuhayang sosyal, ay parang umuugang poste na malapit nang bumagsak at mawasak.

Sa mga huling araw na ito ng kasaysayan ang tinig na nangusap sa Sinai ay naghahayag pa rin, "Huwag kang magkakaroon ng ibang
[504] mga diyos sa harapan Ko." Exodo 20:3. Ang tao ay lumalaban sa kalooban ng Dios, ngunit hindi niya mapatatahimik ang tinig na nag-uutos. Hindi maiiwasan ng tao ang obligasyon niya sa higit na mataas na kapangyarihan. Mga palagay at haka-haka ay maaaring lumaganap; maaaring itanyag ng tao ang agham laban sa paghahayag ng Dios, at isantabi ang kautusan; ngunit higit pang lalakas ang utos, *"Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at Siya lamang ang ryong paglilingkuran. "* Mateo 4:10.

Walang gayong bagay na magpapahina o magpapalakas ng utos ni Jehova. Kung paanong ito ay gayon, gayon ito mananatili. Lagi itong matuwid, banal, sakdal, at mabuti, ganap sa kanyang sarili. Hindi ito maaalis o mababago man. Ang "parangalan" o "ihandusay" ito ay salita lamang ng mga tao.

Sa pagitan ng mga batas ng tao at utos ni Jehova ay darating ang dakilang huling tunggalian sa pagitan ng katotohanan at kamalian. Sa dakilang digmaang ito ay pumapasok na tayo—isang digmaang hindi sa pagitan ng naglalabanang mga iglesia na nagnanais mamayani, kundi sa pagitan ng relihiyon ng Biblia at mga kathang-isip at mga tradisyon. Ang mga ahensyang nagsanib laban sa katotohanan ay abala na ngayong gumagawa. Ang Banal na Salita ng Dios, na dumating sa atin sa halaga ng dugo at pagdurusa, ay minamaliit. Ilan lamang ang tumatanggap nito bilang pamantayan ng buhay. Ang kawalang katapatan ay laganap, hindi lamang sa sanlibutan, kundi sa iglesia na rin. Marami ang tumatanggi sa mga doktrinang naging haligi ng pananampalatayang Kristiano. Ang mga dakilang katunayan ng paglalang na inilahad ng mga kinasihang manunulat, ang pagbagsak ng tao, ang pagtubos, ang pananatili ng kautusan—lahat ng ito ay halos tinatanggihan ng kalakhang bahagi ng Kristianismo. Ang libong nagmamalaki sa kanilang karunungan ay minamaliit ang Biblia, at ang pagsunod dito bilang tanda ng kahinaan at binabatikos ang Kasulatan sa pagwawalang bahala sa mga mahalagang katotohanan nito.

Ang mga Kristiano'y dapat naghahanda ngayon sa pangyayaring parang sorpresa na darating sa lupa, at ang paghahandang ito ay

dapat na nasa masikap na pag-aaral ng salita ng Dios at pagsisikap na iangkop ang kanilang mga buhay sa mga tagubilin nito. Ang mga dakilang isyu ng walang hanggan ay nangangailangan mula sa atin ng hindi lamang relihiyong nasa isip, ng relihiyong nasa salita at anyo, ngunit ang katotohanan ay wala. Ang Dios ay nananawagan ng rebaybal at pagbabago. Ang mga salita ng Biblia, at ang Biblia [505] lamang, ang dapat marinig mula sa mga pulpito. Datapuwat ang Biblia ay nananakawan ng kanyang kapangyarihan, at ang bunga ay nakikita sa pagbaba ng antas ng kabuhayang espirituwal. Sa maraming mga sermon ngayon ay di makita ang banal na pagpapahayag na gumigising sa konsyensya at nagdadala ng buhay sa kaluluwa. Hindi masabi ng mga nakikimg, "Hindi baga nag-aalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap Niya sa daan, samantalang binubuksan Niya sa atin ang mga Kasulatan?" Lucas 24:32. Marami ang tumatangis para sa buhay na Dios, nananabik sa banal na presensya. Bayaang ang salita ng Dios ay mangusap sa puso. At silang nakarinig ng mga tradisyon at kasaysayan ng tao at mga salawikain lamang, ang makarinig naman ng tinig Niyang magpapanauli ng kaluluwa ukol sa walang hanggang buhay.

Dakilang liwanag ang nakita sa mga patriarka at propeta. Mga maluwalhating bagay ay sinalita sa Sion, ang Siyudad ng Dios. Sa ganito kaya't ipinanukala ng Panginoon na ang liwanag ay sisilang sa Kanyang mga alagad ngayon. Kung ang mga banal ng Lumang Tipan ay nagtaglay ng gayong kaliwanag na patotoo ng katapatan, hindi baga dapat naman silang nakatanggap ng liwanag ng mga daang taon ay magtaglay din ng higit na patotoo sa kapangyarihan ng katotohanan? Ang kaluwalhatian ng mga propesiya ay nagbibigay tanglaw sa ating mga landas. Ang uri ay nakatagpo ng hindi kauri sa kamatayan ng Anak ng Dios. Si Kristo ay bumangon na sa mga patay, na inihayag ng nabuksang libingan, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang buhay." Juan 11:25. Isinugo Niya ang Kanyang Espiritu sa sanlibutan upang magdala ng lahat ng bagay sa ating alaala. Sa kababalaghan ng kapangyarihan ay naingatan ang Kanyang nasulat na salita sa paglakad ng kapanahunan.

Ang mga protesta ng mga Repormador na nagbigay sa atin ng salitang Protestante, ay nakadamang tinawagan sila ng Dios upang ibigay ang liwanag ng ebanghelyo sa lupa; at sa pagsisikap na ito ay laan silang magsakripisyo ng kanilang tinatangkilik, kalayaan,

at hapdi na rin ng buhay. Sa harap ng pag-uusig at kamatayan ang ebanghelyo ay naipahayag sa malapit at malayong dako. Ang salita ng Dios ay nakarating sa mga tao; at sa lahat ng uri, mataas at aba, mayaman at dukha, marunong at hindi, ito ay masinop na pinag-aralan sa kanilang sarili. Tayo kaya, sa huling yugto ng tunggalian,
[506] ay kasing tapat sa aring pagkakatiwala tulad ng mga Repormador sa kanilang kapanagutan?

"Hipan ninyo ang pakakak sa Sion, magsipangilin kayo ng isang ayuno, magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan: tipunin ninyo ang bayan, banalin ang kapisanan, pisanin ang mga matanda, tipunin ang mga bata:...manangis ang mga saserdote, ang mga taga-pangasiwa ng Panginoon, sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin, Maawa ka sa Iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag Mong ibigay ang Iyong bayan sa kakutyaan." "Magsipanumbalik kayo sa Akin ng inyong buong puso, na may pag-aayuno, at may pananangis, at may pananambitan: at papagdalamhatin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios: sapagkat Siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi Siya sa kasamaan. Sinong nakakaalam kung Siya'y hindi magbabalik-loob at magsisisi, at mag-
[507] iiwan ng isang pagpapala sa likuran Niya?" Joel 2:15-17, 12-14.

## Kabanata 52—Isang Lalaki ng Pagkakataon

Si Nehemias, na kasama ng mga itinapong Hebreo, ay nagkaroon ng mataas na tungkulin ng impluwensya at karangalan sa korteng Persiano. Bilang tagapaghatid ng saro ng hari siya ay malayang nakakaharap dito. Dahilan sa posisyong ito, at dahilan sa kanyang mga kakayahan at katapatan, siya ay naging kaibigan ng hari at tagapayo. Bagaman nakatanggap ng pabor ng hari at napapalibutan ng karangyaan at kagandahan, gayunman, ay di niya nakalimutan ang Dios at ang kanyang bayan. May pinakamalalim na pagpapahalaga na ang puso niya ay natuon sa Jerusalem; ang kanyang mga pag-asa at kagalakan ay natali sa kasaganaan ng kanyang siyudad. Sa pamamagitan ng lalaking ito, na naihanda dahilan sa kanyang paninirahan sa korte ng Persiano para sa gawain dito ay tatawagan siya, naging layunin ng Dios na magdala ng pagpapala sa Kanyang bayan sa lupain ng kanilang mga magulang.

Sa pamamagitan ng mga mensaherong buhat sa Judea nalaman ng tapat na Hebreong ito ang mga araw ng pagsubok na dumating sa Jerusalem, ang bayang hirang. Ang mga nagsibalik na bilanggo ay nagdaranas ng kahirapan at kahihiyan. Ang templo at bahagi ng siyudad ay muling naitayo na; ngunit ang gawain ng pagsasauli ay nahadlangan, ang mga serbisyo sa templo ay nagambala, at ang bayan ay dapat na laging listo sapagkat ang mga pader ng siyudad sa kalakhang bahagi ay giba pa.

Sa kalumbayan, si Nehemias ay di makakain o makainom; siya',y "umiyak, at nanangis ng ilang araw, at nag-ayuno." Sa kanyang kalungkutan siya',y humingi sa Dios ng tulong. "Ako',y...nanalangin," sabi niya, "sa harap ng Dios ng langit." Tapat na nagkumpisal siya ng sariling kasalanan at ng kasalanan ng bayan. Sumamo siyang alalahanin ng Dios ang kapakanan ng Israel, isauli ang kanilang tapang at kalakasan, at tulungan silang itayong muli ang mga tiwangwang na dako ng Juda. [508]

Habang dumadalangin si Nehemias, ay lumalakas ang kanyang pananampalataya at lakas ng loob. Mula sa labi ay nadinig ang banal

na mga argumento. Itinuro niya ang kahihiyang dadanasin ng Dios, kung ang Kanyang bayan, ngayon ay nanunumbalik na sa Kanya, ngunit pababayaan sa kahinaan at opresyon; at hinimok niya ang Panginoon na tuparin ang Kanyang pangako: "Kung kayo'y magsibalik sa Akin, at ingatan ninyo ang Aking mga utos, at gawin; bagaman ang nangatapon sa inyo ay nasa kadulu-duluhang bahagi ng mga langit, Akin ngang pipisanin Ko sila sa dakong Aking pinili upang patahanin doon ang Aking pangalan." Tingnan ang Deuteronomio 4:29-31. Ang pangakong ito ay ibinigay sa Israel sa pamamagitan ni Moises sa pagpasok nila sa Canaan, at sa paglakad ng mga daang taon ay hindi ito nabago. Ang bayan ng Dios ay nanumbalik na sa Kanya sa pagsisisi at pananampalataya, at ang Kanyang pangako ay di mabibigo.

Madalas na si Nehemias ay nanangis sa Dios para sa kanyang bayan. Ngunit sa kanyang dalangin ngayon ay may nabuong banal na adhikain. Naisip niyang kung makukuha niya ang tulong ng hari, at kailangang kagamitan at materyales, siya na ang mangunguna sa muling pagtatayo ng mga pader ng Jerusalem at pabalikin ang kalakasan ng bansang Israel. At hiniling niya sa Panginoon na ipagkaloob ang pabor na ito sa isipan ng hari, upang ang panukala ay maisakatuparan. "Paginhawahin Mo, isinasamo ko sa Iyo, ang Iyong lingkod sa araw na ito," kanyang isinumamo at "pagkalooban Mo siya ng kaawaan sa paningin ng lalaking ito."

Apat na buwang naghintay si Nehemias sa angkop na pagkakataong maiharap ang kahilingan sa hari. Sa panahong ito, bagama't ang puso ay mabigat, sinikap niyang maging masaya sa harapan ng hari. Sa bulwagang iyon ng karangyaan at kagandahan ang lahat ay dapat na maging masayahin. Ang lumbay ay di dapat mahayag sa sinumang naglilingkod sa hari. Datapuwat sa panahong si Nehemias ay nag-iisa, marami ang mga dalangin, pagkukumpisal, luha at panaghoy na narinig at nasaksihan ng Dios at ng mga anghel.

At dumating sa panahong di na maitago ng propeta ang lumbay ng puso. Mga gabing di makatulog at mga araw na puno ng alalahanin ay nabadya sa mukha niya. Ang hari na laging nagmamasid at nag-aaral ng mga kilos at mga galaw para na rin sa sariling kapanatagan, ay nakitang may bumabagabag sa kanyang tagapagdala ng saro. "Bakit malungkot ang iyong mukha, wala ka namang salat?
[509] ito ba ay kalungkutan ng puso."

Ang tanong ay nakabagabag kay Nehemias. Hindi kaya magalit ang hari kapag nalamang bagama't siya ay masaya sa harapan mto, ang puso naman niya ay malayo at nasa kanyang bayang nagdurusa? Hindi kaya siya ipapatay? Ang panukala niyang ang Jerusalem ay maisauli sa dating kalakasan mto—ito kaya ay mawawala na? "Pagkatapos," kanyang sinulat, "ako'y lubhang natakot." May pangingirug na mga labi at namumuong mga luha sa kanyang mga mata ay kanyang isinalaysay ang kanyang kalungkutan. "Mabuhay ang hari magpakailanman," kanyang sinagot "Bakit ang aking mukha ay hindi malulungkot, kung ang bayan, ang dako ng mga libingan ng aking mga magulang ay giniba, at ang mga pintuang-bayan niyaon ay nasupukan ng apoy?"

Ang paghahanay na ito ng kalagayan ng Jerusalem ay gumising sa pagdamay ng han na hindi naman nagbangon ng masamang haka. Isa pang tanong ang nagbigay ng pagkakataon na matagal nang hinihintay ni Nehemias: "Ano ang hihilingin mo?" Ngunit [510]
ang lalaki ng Dios ay di agad tumugon hanggang di muna niya naisasangguni sa Isang higit na mataas kay Artaxerxes. May banal na gawain siyang dapat gampanan na dito'y kailangan ang tulong ng hari; at nadama niyang malaki ang kinalaman ng paraan ng pagharap niya ng kahilingan upang makuha ang pagsang-ayon nito. "Dumalangin ako," kanyang sinabi, "sa Dios ng kalangitan." Sa maikling dalanging iyon ay nalapit si Nehemias sa presensya ng Hari ng mga hari at nakuha sa panig niya ang kapangyarihang maaaring magpabago ng puso tulad ng pagbabago ng daloy ng tubig.

Ang manalanging tulad ni Nehemias sa panahon ng pangangailangan ay kapangyarihan sa kamay ng Kristiano na ang ibang porma pa ng panalangin ay imposible. Mga gumagawa sa abalang buhay, nabibigatan at naiipit ng mga pangyayari, ay maaaring magpaitaas ng panalangin sa Dios ukol sa patnubay. Mga naglalakbay sa dagat at lupa, kapag nahaharap sa dakilang panganib ay maaaring ilagak ang sarili sa proteksyon ng Langit. Sa panahon ng biglang kahirapan o panganib ang puso ay maaaring humibik sa tulong ng Isang nangakong laging tutulong sa Kanyang mga tapat na tumatawag sa Kanya. Sa bawat pagkakataon, sa bawat kondisyon, ang kaluluwang pagal sa lumbay at alalahanin, o natutuksong mainam, ay makasusumpong ng kasiguruhan, suporta, at sa hindi nagkukulang na pag-ibig at kapangyarihan ng Dios na nag-iingat ng tipan.

Si Nehemias, sa madaliang panalangin sa Hari ng mga hari, iyon ay nakadpon ng tapang upang sabihin kay Artaxerxes ang hangaring makalagan pansumandali sa mga tungkulin sa korte, at humingi ng otoridad upang muling itayo ang mga wasak na dako ng Jerusalem at upang ito ay muling maging matatag at makukutaang siyudad. Mga mahalagang bagay ang nakabitin sa kahilingang ito para sa bansang Judio. Ipinahayag ni Nehemias, "At pinagkalooban ako ng han ayon sa mabudng kamay ng aking Dios na sumasa akin."

Matapos makuha ang tulong na hiniling, may pagpapanukala at ingat na nagpatuloy si Nehemias sa pagsasaayos ng lahat ng kailangan upang maging tagumpay ang gawaing ito. Bawat bagay ay inilagay sa tama at lahat ng pag-iingat ay isinagawa. Kahit na sa sariling mga kababayan ay di niya ipinaalam ang bagay na ito. Bagaman alam niyang marami ang matutuwa, nangangamba naman siyang may ilan na walang ingat ay maaaring magbangon ng inggit
[511] ng mga kaaway at magbunga ng kabiguan sa pagsisikap na ito.

Ang kanyang kahilingan sa hari ay totoong kinaluguran ng hari anupa't naisip niyang dagdagan pa ang kahilingan. Upang bigyang dignidad at karapatan ang gawaing ito, at upang magkaroon ng proteksyon sa paglalakbay, humiling siya ng mga kasamang kawal. Nakuha din niya ang mga liham para sa mga gobernador ng mga probinsya sa kabila ng Eufrates, na dadaanan niya pabalik sa Judea; at nakakuha din siya ng liham mula sa hari para sa tagapag-ingat ng kakahuyan ng hari sa kabundukan ng Lebanon, na nagtatagubiling magkaloob ng mga kahoy na kakailanganin. Upang hindi magkaroon ng pagkakataong may magreklamo na lumagpas siya sa kanyang komisyon, si Nehemias ay naging maingat na taglay niya ang mga otoridad at mga karapatang nabigay sa kanya.

Ang halimbawang ito ng matalinong pagpapanukala at tiyakang pagkilos ay dapat na maging liksyon sa lahat ng Kristiano. Ang mga anak ng Dios ay di lamang dadalangin sa pananampalataya, kundi gagawang may kasipagan at ingat. Napapaharap sila sa maraming kahirapan at madalas na sila ang humahadlang sa paggawa ng Dios para sa kanila, sapagkat ipinapalagay nila ang pag-iingat. Napapaharap sila sa maraming kahirapan, at madalas na sila ang humahadlang sa paggawa ng Dios para sa kanila, sapagkat ipinapalagay nila na ang pag-iingat at masipag na paggawa ay maliit ang kaugnayan sa relihiyon. Hindi inisip ni Nehemias na tapos na

ang kanyang tungkulin matapos na siya ay dumalangin sa Dios. Sinamahan niya ang maningas na dalangin ng banal na pagsisikap, ng masigasig at taimtim na paggawa para sa tagumpay. Ang maingat na pagsasaalang-alang at maayos na panukala ay mahalaga sa pagsasakatuparan ng banal na gawain ngayon tulad ng sa muling pagtatayo ng mga pader ng Jerusalem.

Si Nehemias ay di nagbakasakali. Ang wala sa kanya ay nakuha niya sa maaring magkaloob nito. At ang Panginoon naman ay laan pa ring magpakilos ng puso nilang may mga kayamanan upang magkaloob para sa Kanyang gawain. Silang naglilingkod sa kanya ay dapat samantalahin ang kagandahang loob ng mga taong kinikilos ng Dios na magbigay. Ang mga kaloob na ito ay maaaring magbukas ng daan para sa liwanag ng katotohanan sa mga dakong mabutan ng gabi ng kasalanan. Ang mga nagkakaloob na ito ay maaaring walang pananampalataya kay Kristo, walang pagkaalam sa Kanyang salita; datapuwat ang kanilang mga kaloob ay di dapat tanggihan. [512]

## Kabanata 53—Ang mga Nagtatayo sa Pader

Ang paglalakbay ni Nehemias tungo sa Jerusalem ay mapayapa. Ang mga liham ng hari sa mga gobernador ng mga probinsya sa kahabaan ng ruta ay rinugon ng marangal na pagtanggap at dagliang pagtulong. Walang kaaway na naglakas-loob na bagabagin ang opisyal na itong may sanggalang ng kapangyarihan ng hari ng Persia at iginagalang na gano',n na lamang ng mga pinuno sa mga lalawigan. Ngunit ang pagdating niya sa Jerusalem, na kasama ang mga bantay na militar, na nagpapatunay na mayroon siyang mahalagang misyon, ay nagbangon ng inggit ng mga paganong tribong naninirahan malapit sa siyudad, na madalas na naghayag ng kanilang galit laban sa mga Judio sa pamamagitan ng panunugat at insulto. Pangunahin sa mga ito ang mga ilang pangulo ng mga tribo, sina Sanballat ng mga Horonita, Tobias ang Amonita, at Gesem ang Arabiano. Sa pasimula ay nagmanman ang mga ito sa mga kilos ni Nehemias at nagsikap sa bawat pagkakataong hadlangan ang mga panukala at paggawa.

Si Nehemias ay patuloy sa pag-iingat na naging palatandaan ng kanyang pagkilos. Sa pagkaalam ng mga mahigpit na kaaway ay nakaabang upang labanan siya, itinago niya ang adhikain ng kanyang misyon hanggang di napag-aaralan ang sitwasyon at makabuo ng mga panukala. Sa ganito ay umasa siyang makukuha muna ang kooperasyon ng bayan at maisangkot sila sa paggawa bago magising ang oposisyon ng kaaway.

Pinili niya ang ilang mga lalaking mapapagkatiwalaan, sinabi ni Nehemias sa kanilang ang mga pangyayaring nagtulak sa kanya upang magbalik sa Jerusalem, ang adhikaing nais niyang matupad at ang panukalang nais niyang maisakatuparan. Agad ay nakuha niya ang kanilang interes at tulong.

Sa ikatlong gabi si Nehemias ay nagbangon sa hatinggabi at kasama ang ilang pinagkakatiwalaan ay lumabas upang tingnan ang
[513] pagka- wasak ng Jerusalem. Sakay ng kanyang asno, na ginagaygay niya ang siyudad, na tinitingnan ang mga gibang pader at pintuan ng

siyudad ng kanyang mga magulang. Mga masasakit na alaala ang bumangon sa isipan ng tapat na lingkod na ito habang minamasdan niya ang mga depensa ng Jerusalem na minamahal. Mga alaala ng lumipas na kadakilaan ng Israel ay kabaligtaran ng malaking kahihiyang nakikita niya.

Natapos ang paglibot na ito ni Nehemias na hindi namamalayan ng mga kaaway. "At hindi naalaman ng mga pinuno kung saan ako naparoon," kanyang sinabi, "o kung ano ang ginawa ko; ni hindi ko rin isinaysay sa mga Judio, ni sa mga saserdote man, ni sa mga mahal na tao man, ni sa mga pinuno man, ni sa nalabi man na gumagawa ng gawain." Ang nalabi sa gabi ay ginugol niya sa pananalangin; sapagkat alam niyang ang kinaumagahan ay mangangailangan ng masinop na paggawa upang gisingin at pag-isahin ang mga kababayang lupaypay at baha-bahagi.

Taglay ni Nehemias ang utos ng hari upang ang mga mamamayan ay makipagtulungan sa kanya sa muling pagtatayo ng pader ng siyudad, datapuwat hindi siya umasa sa utos na ito ng hari. Ninais niyang makuha ang tiwala at pagdamay ng bayan, sa pagkadama na ang pagsasanib ng mga puso at kamay ay mahalaga sa dakilang gawaing nasa harapan niya. Sa kinaumagahan nang tipunin na ang bayan ay iniharap sa kanila ang mga argumentong gigising ng kanilang mga tulog na kalakasan at magbubuo ng mga kalat na bilang.

Hindi alam ng bayan, o sinabi man ni Nehemias sa kanila, ang kanyang paglibot sa siyudad noong nakaraang gabi. Ngunit ito ay nakatulong ng malaki sa tagumpay, sapagkat nakapagsalita siya tungkol sa kalagayan ng siyudad na tiyak at tumpak na nakagulat sa nakikinig. Ang impresyong nabigay sa kanya sa pagkamalas ng kahinaan at kahihiyan ng Jerusalem, ay nagkaloob ng sigasig at kapangyarihan sa kanyang mga salita.

Idiniin ni Jeremias sa bayan ang kanilang kahihiyan sa paningin ng mga pagano—ang kanilang relihiyong naalisan ng karangalan, ang Dios na hindi ginagalang. Sinabi niya kung paanong mula sa malayong lupain ay nadinig niya ang kanilang pagdurusa, na kanyang hiningi ang tulong ng Langit, at habang nananalangin ay naipasyang hilingin sa hari ang tulong nito. Hiniling niya sa Dios na hindi lamang makuha ang pahintulot ng hari, kundi pari ang tulong na kailangan para sa gawain; ang kanyang dalangin naman ay [514]

dininig sa paraang makakakita na ito nga ay panukala ng Panginoon.

Lahat na ito ay isinaysay niya, at matapos, ipakita na siya ay nasa ilalim ng otoridad ng Dios ng Israel at ng hari ng Persia, tuwirang hiningi ni Nehemias sa bayan kung kukunin ang pagkakataon upang bumangon at magtayo ng mga pader.

Ang panawagan ay tuwiran sa kanilang mga puso. Ang isipang ang Langit ay naging mabiyaya sa kanila ay nagbigay kahihiyan sa kanilang pagkatakot, at may bagong tapang na kanilang sinabi bilang isang tinig, "Tayo ay bumangon at magtayo." "Kung kaya't nagpalakas sila ng kanilang mga kamay ukol sa mabuting gawaing ito."

Ang buong kaluluwa ni Nehemias ay nasa gawaing sinimulan. Ang kanyang pag-asa, kalakasan, sigla, sigasig, kapasyahan, ay
[515] nakahawa sa marami at nagpasigla sa iba ng katulad na tapang at mataas na hangarin. Bawat lalaki ay naging Nehemias at nakatulong upang magpakalakas ng puso at kamay ng kapwa.

Nang marinig ng mga kaaway ang sinisikap gampanan ng mga Judio, sila ay nagtawanan, at nagsabi, "Ano itong bagay na inyong ginagawa? manghihimagsik ba kayo laban sa hari?" Nang magkagayo'y sumagot si Nehemias, "Ang Dios ng langit, Siya ang magpapaginhawa sa amin; kaya't kaming Kanyang mga lingkod ay magbabangon at magtatayo: ngunit kayo'y walang bahagi, o matuwid man, o alaala man, sa Jerusalem."

Ilan sa mga unang nahawa sa kasiglahan ni Nehemias ay ang mga saserdote. Dahilan sa impluwensya ng kanilang tungkulin, malaki ang magagawa ng mga lalaking ito upang pasulungin o hadlangan ang gawain; at ang kanilang lubos na pakikiisa sa pasimula ay
[516] malaki ang naitulong sa tagumpay. Karamihan sa mga prinsipe at mararangal ay naging tapat sa kanilang mga tungkulin, at ang mga tapat na lalaking ito ay tanging nabanggit sa aklat ng Dios. Mayroon namang ilan, ang mga Tekoita, na "hindi nagsabalikat ng gawain ng kanilang Panginoon." Ang alaala ng mga tamad na lalaking ito ay naging kahihiyang mabanggit sa mga saling lahi.

May mga ilan na sa bawat kilusang relihiyoso na laging sa kabila ng paniniwalang ito ay gawain ng Dios, ay nagkikibit lamang ng balikat at tumatangging tumulong. Dapat maalaala ng mga ito na may talang iniingatan sa itaas—sa aklat na iyong walang pagkakamali at dito sila ay hahatulan. Doon ay nakatala ang bawat pagkakataong

hindi nagamit sa paglilingkod sa Dios; at doon din, ang bawat gawa ng pananampalataya at pag-ibig ay nasa walang hanggang alaala.

Laban sa nakapagpapasiglang impluwensya ni Nehemias ay walang lakas ang masamang halimbawa ng mga Tekoita. Ang bayan sa pangkalahatan ay napasigla at napakilos. Mga lalaking may kakayahan at abilidad ay inayos ang bayan sa maliliit na pulutong, bawat lider ay nagkaroon ng kapanagutan para sa pagtatayo ng isang bahagi ng pader. At sa ilan ay nasusulat na sila ay nagtayo "sa harapan ng kanyang bahay."

Ang lakas ni Nehemias ay di nabawasan ngayong nasimulan ang gawain. Walang pagod na pinangasiwaan niya ang gawain, nagbibigay utos sa manggagawa, binibigyang pansin ang nagpapabagal, at tumutugon sa mga kagipitan. Sa kahabaan ng tatlong milyang pader ay nakita ang kanyang impluwensya. Sa napapanahong salita ay binigyang lakas ang nahinhintakutan, ginising ang tamad, at binigyang papuri ang masipag. At laging siya ay nagbabantay sa kilos ng kaaway, na pamin-minsan ay nagtitipon sa di kalayuan at nangaguusapan, na para bang nagpapanukala ng masama, at sa paglapit sa mga gumagawa, ay inaagaw ang kanilang pansin.

Sa maraming gawain ni Nehemias ay di niya nakalimutan ang bukal ng kalakasan. Ang puso niya ay laging nasa itaas sa Dios, ang dakilang Tagamasid sa lahat. "Ang Dios ng kalangitan," kanyang binigkas, "Siya ang magpapala sa atin;" at ang mga katagang ito, ay paulit-ulit na nagpalakas sa mga gumagawa sa pader.

Ngunit ang muling pagtatayo ng mga depensa ng Jerusalem ay hindi nagpatuloy na walang sagabal. Si Satanas ay gumagawa upang gisingin ang oposisyon at naghatid ng panlulupaypay. Si Sanballat, [517]
Tobias, at Gesem, ang naging pangunahing ahensya niya sa kilusang ito upang magdala ng pagkakabahagi sa mga manggagawa, sa pagsasabing ang ginagawa nila ay imposible at mabibigo lamang.

"Anong ginagawa nitong mahihinang Judio?" galit na sinabi ni Sanballat; "magpapakatibay ba sila?...kanila bang bubuhayin ang mga bato mula sa mga bunton ng dumi, dangang nangasunog na ang mga yaon?" Si Tobias, na nasa tabi niya, at sinabi niya, "Bagaman sila'y nangagtatayo, kung ang isang zorra ay sumampa, ibabagsak ang kanilang mga batong kuta."

Ang mga gumagawa ay napaharap sa lalong aktibong oposisyon. Napilitan silang maging listo sa mga pakana ng kaaway na bagama't

nagpapanggap na mga kaibigan ay nagsisikap sa iba't ibang paraan na maghatid ng kaguluhan, at magbangon ng alinlangan at kawalang tiwala. Sinikap nilang panghinain ang loob ng mga Judio; nagpakana sila upang si Nehemias ay mapasama sa kanilang ginagawa; at ang mga Judio na di tapat ang puso ay nasumpungang madaling madala sa kanilang katusuhan. Ikinalat ang balitang si Nehemias ay nagpapanukala laban sa hari ng Persia, nag-iisip na itaas ang sarili bilang hari ng Israel, at lahat ng tutulong sa kanya ay mga taksil.

Ngunit si Nehemias ay patuloy na umasa sa Dios para sa tulong at tangkilik, at "ang bayan ay may isipang gumawa." Ang gawain ay nagpatuloy hanggang ang mga puwang ay nabuo at ang pader ay naitayo sa kalahati ng iniisip na taas nito.

Nang makita ng mga kaaway ng Israel kung paanong walang bisa ang kanilang mga pagsisikap, sila ay napuno ng galit. Bago iyon ay di nila naisipan na gumamit ng dahas sapagkat alam nilang si Nehemias at mga kasama ay nasa ilalim ng sanggalang ng hari, at natatakot silang ang aktibong oposisyon laban sa kanila ay makahila ng galit ng hari. Ngunit ngayon sa kanilang galit sila na rin ang nagkasala ng paratang nila laban kay Nehemias. Sila nga'y nangagtipon na mainam, "at nagsipagbanta silang lahat na magkakasama upang magsiparoon, at magsilaban sa Jerusalem."

Kasabay ng pagpapanukala ng mga Samaritano laban kay Nehemias at sa kanyang gawain, ang ilan sa mga pangunahing lalaki ng mga Judio, na walang kasiyahan, ay nagsikap panghinain ang loob ni Nehemias sa pagpapalaki ng mga hirap na kaugnay ng gawain. "Nawalan ng lakas ang mga tagadala ng mga pasan," sinabi nila, "at
[518] may maraming dumi; na anupa't hindi kami makapagtayo ng kuta."

Ang pampahina ng loob ay nagmula rin sa ibang lugar. "Ang mga Judio sa gitna nila," na hindi tumutulong sa gawain, ay tinipon ang mga salita at ulat ng mga kaaway upang panghinain ang kanilang mga loob at lumikha ng kawalang kasiyahan.

Ngunit ang tuya at tawanan, ang oposisyon at mga banta, ay lalo lamang nagpasigla kay Nehemias upang maging matatag at mapagbantay. Nakilala niya ang mga panganib na dapat harapin sa pakikibaka sa mga kaaway, ngunit ang tapang niya ay di nagkulang. "Ngunit kami ay nagsidalangin sa aming Dios," pahayag niya, "at naglagay ng bantay laban sa kanila araw at gabi." "Kaya't inilagay ko sa mga pinakamababang dako ng pagitan ng likuran ng kuta, sa mga

luwal na dako, samakatuwid baga'y aking inilagay ang bayan ayon sa kanilang mga angkan, pati ng kanilang mga tabak, ng kanilang mga sibat, at ng kanilang mga busog. At ako'y tumingin, at tumayo, at nagsabi sa mga mahal na tao, at sa mga pinuno, at sa nalabi sa bayan, Huwag kayong mangatakot sa kanila: inyong alalahanin ang Panginoon, na dakila at kakilakilabot, at ipakipaglaban ninyo ang inyong mga kapatid, ang inyong mga anak na lalaki at babae, ang inyong mga asawa at ang inyong mga bahay.

"At nangyari, nang mabalitaan ng aming mga kaaway na naalaman namin, at iniuwi sa wala ng Dios ang kanilang payo, na kami na nagsibalik na lahat sa kuta, bawat isa'y sa kanyang gawa. At nangyari mula nang panahong yaon, na kalahati sa aking mga lingkod ay nagsigawa sa gawain, at kalahad sa kanila ay nagsisihawak ng mga sibat, mga kalasag, at mga busog, at ng mga baluti.... Silang nangagtayo ng kuta, at silang nangagpapasan ng mga pasan, ay nagsipagsakbat, bawat isa'y may isa ng kanyang mga kamay na iginagawa sa gawain, at may isa na inihahawak ng kanyang sakbat. At ang mga manggagawa, bawat isa'y may kanyang tabak na nakasabit sa kanyang tagiliran, at gayon gumagawa."

Sa tabi ni Nehemias ay nakatayo ang isang nagpapatunog ng trumpeta, at sa anumang dako ng pader ay may mga saserdoteng may hawak na mga sagradong trumpeta. Ang mga tao ay nakakalat sa kanilang gawain, ngunit sa anumang hakbang ng panganib ay may hudyat na ibibigay sa kanila upang ayusin nito sa walang pagkaantala. "Ganito nagsigawa kami sa gawain," sabi ni Nehemias, "at kalahati sa kanila ay nagsisihawak ng mga sibat mula sa pagbubukang liwayway hanggang sa ang mga bituin ay magsilitaw." [519]

Silang naninirahan sa mga bayan sa lupain sa labas ng Jerusalem ay sinabihang tumira muna sa loob ng siyudad, upang magbantay at gumawa sa pader sa kinaumagahan. Ito ay upang hindi magkaroon ng abala, at mahadlangan ang anumang pagkakataong ang kaaway ay makapasok at lusubin ang mga manggagawang umuuwi sa mga tahanan sa labas ng siyudad. Si Nehemias at mga kasama ay hindi umatras sa kahirapan o sumusubok na paggawa. Sa araw man o sa gabi, at sa sandaling maaaring makatulog na saglit, na kanilang hinubad ang kanilang mga damit o inilagay sa isang tabi ang kanilang mga sandata.

Ang oposisyon at pampahinang loob na nasagupa ng mga nagtatayo sa panahon ni Nehemias ay karaniwang karanasan ng gumagawa sa Dios ngayon na humaharap sa mga lantarang kaaway na nagpapanggap na kaibigan at katulong. Sinubok ang mga Kristiano, hindi lamang sa pagkagalit, paghamak, at lupit ng mga kaaway, ngunit sa katamaran, pabagu-bago, pagkamalahininga, at panlilinlang ng mga tumanggap na mga kaibigan at katulong. Pagtuya at panghiya ay ibinabato sa kanila. Gayon din, kapag may pagkakataon ay sinasaktan at pinagmamalupitan sila.

Ginagamit ni Satanas ang bawat sangkap na hindi natatalaga upang maisakatuparan ang kanyang mga adhikain. Kabilang sa mga nagpapanggap na tumatangkilik sa gawain ng Dios ay yaong nakikipagsanib sa Kanyang mga kaaway at dahil dito'y nagiging lantad ang gawain sa pag-atake ng kaaway. Kahit na silang may nasang ang gawain ng Dios ay sumulong ay nagpapahina ng kamay ng mga lingkod ng Dios sa pamamagitan ng pakikinig, pag-uulat, at paniniwala sa mga pagyayabang, paninirang-puri, at mga banta ng Kanyang mga kaaway. Si Satanas ay gumagawang matagumpay sa pamamagitan ng mga ahensya niya, at sa lahat ng magpapasakop sa impluwensya ay napapasailalim ng nagagayumang kapangyarihang sumisira ng karunungan ng mga pantas at pagkaunawa ng mga maingat. Ngunit, tulad ni Nehemias, ang bayan ng Dios ay di dapat matakot o kamuhian ang kaaway. Sa pagtitiwala sa Dios, sila ay magpapatuloy, gumagawang walang pagkamakasarili, at ipinagtatagubilin sa Kanyang paglalaan ang gawaing kanilang tinatayuan.

Sa gitna ng mga dakilang kabiguan, ang Dios ay naging tiwala at tiyak na depensa ni Nehemias. At Siya na naging tanggulan ng Kanyang lingkod noon ay Siya ring maasahan ng Kanyang bayan
[520] sa bawat panahon. Sa bawat krisis ang Kanyang bayan ay maaaring magsabing may buong tiwala, "Kung ang Dios ay sa amin, sino ang makakapanaig sa amin?" Roma 8:31. Gaano man katalino ang mga pakana ni Satanas at mga ahensya niya, mahahalata ito ng Dios, at ilalagay sa kahihiyan ang kanilang mga payo. Ang tugon ng pananampalataya ngayon ay tulad ng tugon ni Nehemias, "Ang ating Dios ang makikibaka para sa atin;" sapagkat ang Dios ay nasa
[521] gawain, at walang sinumang makapipigil sa tagumpay nito.

## Kabanata 54—Sansala Laban sa Pangingikil

Ang pader ng Jerusalem ay di pa lubos na natapos nang tawagin ang pansin ni Nehemias sa malungkot na kalagayan ng mga mahihirap na tao. Sa hindi pa panatag na lupain, kalakhang bahagi ng lupa ay di pa nabubungkal. Bukod dito, ang masakim na ugali ng ilang nagbalik sa Judea, ang pumigil sa pagpapala ng Panginoon sa kanilang lupain, at nagkaroon ng kakulangan sa butil.

Upang magkaroon ng maipapakain sa kanilang mga pamilya, ang mga dukha ay napilitang umutang sa mataas na halaga ng paninda. Napilitan din silang manghiram ng salapi sa mataas na tubo upang bayaran ang buwis na ipinataw ng mga hari ng Persia. Dagdag pa sa paghihirap ng mga dukha, ang mga mayayamang Judio ay nagsamantala at nagpayaman sa sarili.

Nag-utos ang Panginoon sa Israel, sa pamamagitan ni Moises, na tuwing ikatlong taon ay magtipon ng isang ikapu para sa mga dukha; at may karagdagang probisyon pa sa pagpapahinga ng pagtatamm sa lupa tuwing ikapitong taon, at ang kusang tutubo sa lupa ay para sa mga nangangailangan. Ang tapat na pagsunod ukol sa mga handog na ito ukol sa mga mahirap ay nagpatingkad sana ng katotohanang ang Dios ang May-ari ng lahat, at sila ay dapat na maging daluyan ng pagpapala. Adhikain ni Jehova na ang Israel ay magkaroon ng pagsasanay na mag-aalis ng kasakiman, at magpalago ng marangal na likas.

Nag-atas din ang Dios kay Moises: "Kung magpautang ka ng salapi sa kanino man sa Aking bayan na kasama mo na dukha, huwag kang magpapakamanunubo sa kanya ni hihingan mo man siya ng tubo." "Huwag kang magpapahiram na may tubo sa iyong kapatid; tubo ng salapi, tubo ng kakanin, tubo ng anumang bagay na ipinahihiram na may tubo." Exodo 22:25; Deuteronomio 23:19. Muli ay Kanyang sinabi, "Kung magkaroon sa iyo ng isang dukha, na isa sa iyong mga kapatid, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan sa [522]
iyong lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni pagtitikuman ng iyong

kamay ang iyong dukhang kapatid: kundi iyo ngang bubukahin ang iyong kamay sa kanya, at iyo ngang pauutangin siya ng sapat sa kanyang kailangan sa kanyang kinakailangan." "Sapagkat hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailanman: kaya't Aking iniutos sa iyo, na Aking sinasabi, "Bubukahin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain." Deuteronomio 15:7, 8, 11.

Sa ilang panahon pagkabalik ng mga bihag mula sa Babilonia, ang mga mayayamang Judio ay lumabag sa mga utos na ito. Nang ang mga dukha ay mapilitang mangutang upang makabayad ng buwis sa hari, ang mga mayaman ay nagpahiram ng salapi ngunit sa mataas na tubo. Kinuha bilang sangla ang mga lupa ng mga mahirap, at sa ganito ay nasadlak sa lubos na kahirapan ang mga dukha. Marami ang napilitang ipagbili ang mga anak na lalaki o babae upang maging alipin; at parang walang pag-asang bumuti ang kanilang kalagayan, walang paraang matubos ang kanilang mga anak o lupain, walang mabuting tanawin sa hinaharap liban sa palalang kadustaan, patuloy na kakulangan at pagkaalipin. Ngunit sila ay iisang bansa, mga anak ng iisang tipan, tulad ng mga mapapalad na kapatid nila.

Di nagtagal at ang bayan ay dumaing kay Nehemias, "Gayon ma'y," kanilang sinabi, "aming dinadala sa pagkaalipin ang aming mga anak na lalaki at babae upang maging mga alipin, at ang iba sa aming mga anak na babae ay nangadala sa pagkaalipin: wala man lamang kaming kapangyarihang makatulong; sapagkat ibang mga tao ang nagtatangkilik ng aming bukid at ng aming mga ubasan."

Nang marinig ni Nehemias ang malupit na pang-aapi, ang kanyang kaluluwa ay napuno ng pagkagalit. "At ako',y nagalit na mainam," sabi niya, "nang aking marinig ang kanilang daing at mga salitang ito." Nakita niya na kapag nagtagumpay siya na maputol ang mapangaping ugali ng paniningil ay dapat siyang manindigan. May kakayahan at determinasyon siya',y nagpunta upang gumawa upang magdala ng kaluwagan sa kanyang mga kapatid.

Ang katotohanang ang mga nangingikil ay mga mayayaman at ang tangkilik nila ay kailangan, ay hindi nakaimpluwensya kay Nehemias. Matalas na sinasansala niya ang mga marangal at pinuno,
[523] at nang matipon niya ang malaking pulutong ay iniharap sa kanila ang mga kahilingan ng Dios tungkol sa bagay na ito.

Tinawag niya ang pansin ng bayan sa mga pangyavaring naganap sa paghahari ni Haring Ahaz. Inulit niya ang salita ng Dios na ipinadala noon sa Israel upang sansalain ang kalupitan at pang-aapi. Ang mga anak ng Juda, dahilan na rin sa kanilang idolatriya, ay nadala sa kamay ng mga kapatid na Israel na lalong mapagsamba sa mga diyos. Ang mga ito ay nagpahayag ng galit sa Juda sa pagpaslang ng libo at paghuli sa kababaihan at mga bata, upang gawing mga alipin o ipagbili sa pagkaalipin ng mga pagano.

Dahilan sa kasalanan ng Juda, ang Panginoon ay hindi namagitan upang mapatigil ang digmaan; ngunit sa pamamagitan ni propeta Oded ay Kanyang sinansala ang pakana ng nagtagumpay na hukbo: "At ngayo'y inyong inaakalang pasukuin ang mga anak ni Juda at ng Jerusalem na maging pinaka aliping lalaki at babae sa inyo: wala ba kayong pagsalangsang sa inyong sarili laban sa Panginoon ninyong Dios?" 2 Cronica 28:10. Nagbabala si Oded sa bayan ng Israel na ang galit ng Panginoon ay nag-alab sa kanila at ang kawalang katarungan at opresyong ginagawa nila ay hihila ng Kanyang hatol. Nang madinig nga ang mga salitang ito, ay iniwan nila ang mga bihag at mga samsam sa harapan ng mga pinuno at ang buong kongregasyon. Ilan sa nangungunang mga lalaki sa tribu ni Ephraim ay "kumuha sa mga bihag, at ang mga lalaking nasaysay sa pangalan ay nagsitindig, at kinuha ang mga bihag, at sa samsam ay binihisan ang lahat na hubad sa kanila, at dinamtan, at sinapayusan, at mga pinakain at pinainom, at mga pinahiran ng langis, at dinala ang lahat na mahina sa kanila na nakasakay sa mga asno, at mga dinala sa Jerico, na bayan ng mga puno ng palma, sa kanilang mga kapatid." Talatang 15.

Tinubos ni Nehemias at mga kasama ang ilan sa mga Judio na naipagbili sa mga pagano, at ginawa niya itong halimbawa para sa mga nagsasamantala upang yumaman sa pang-aalipin sa kanilang mga kapatid. "Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi maburi," sinabi niya, "hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios dahil sa pagdusta ng mga bansa na ating mga kaaway?"

Ipinakita ni Nehemias na siya, bilang sugo ng hari ng Persia, at taglay ang otoridad ay maaari ding magpataw sa kanila ng mga buwis para sa personal na pakinabang. Ngunit sa halip nito ay hindi niya kinuha sa kanila ang marapat na kanya, at nagkaloob [524]
pang malaya para sa mga dukha sa kanilang mga pangangailangan.

Hinamon niya ang mga pinuno sa Juda na nagkasala ng pangingikil, na tumigil na sa masamang gawa; na ibalik ang mga lupain sa mga dukha, na ibalik din ang salaping ipinataw sa kanila; at magpahiram na walang tubo o prenda.

Ang mga salitang ito ay sinalita sa harapan ng buong kapulungan. Kung ninais ng mga pinuno na ipagtanggol ang sarili, ay magagawa sana nila. Ngunit hindi sila nagmatuwid sa sarili. "Aming isasauli," kanilang ipinahayag, "at wala kaming hihilingin sa kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi." Nang magkagayo'y, tinawag ni Nehemias ang mga saserdote at "pinanumpa sila, na sila'y magsisigawa ng ayon sa pangakong ito." "At ang buong kapisanan ay nagsabi, Siya nawa, at pumuri sa Panginoon. At ginawa ng bayan ayon sa pangakong ito."

Ang talang ito ay nagtuturo ng mahalagang liksyon. "Ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat na kasamaan." 1 Timoteo 6:10. Sa henerasyong ito ang pagnanais ng pakinabang ang sumisipsip sa damdamin. Ang kayamanan ay kinukuha sa pandaraya. Malaking karamihan ang nagdarahop, napipilitang gumawang parang alipin para sa kakarampot na sahod, na halos ang mga simpleng pangangailangan ay di masapatan. Paggawa at kakulangan, na walang pagasang bumuti ay nagpapabigat ng pasan nila. Pagod na sa pasanin at pinahihirapan pa, wala silang masuungan. At ang lahat na ito ay upang masunod ng mga mayayaman ang kanilang nasang magkamkam upang tugunan ang luho at karangyaan.

Ang pag-ibig sa salapi at kapalaluan ang naghatid sa mundong ito upang maging lungga ng mga mangungulimbat at mga magnanakaw. Inilalarawan ng Kasulatan ang kasakiman at opresyong makapangyayari sa mundo bago ang ikalawang pagparito ni Kristo. "Magsipanto ngayon, kayong mayayaman," isinulat ni Santiago; "kayo'y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw. Nanto, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na inari ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik: at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga Hukbo. Kayo'y nangabuhay ng tamasa sa ibabaw ng lupa, at nangagalak; inyong pinataba ang inyong mga puso sa araw ng patayan. Inyong hinatulan at inyong pinatay ang
[525] matuwid; at hindi niya kayo nilalabanan." Santiago 5:1, 3-6.

Kahit sa kanilang nagpapanggap na lumalakad sa pagkatakot sa Panginoon, mayroong muling nagsasakatuparan ng mga ginawa ng mararangal sa Israel. Sapagkat hawak nila ang kapangyarihan, kumukuha sila ng labis, at nagiging mapang-api. At sapagkat kasakiman at katusuhan ang nakikita sa buhay kahit na sa mga tumatawag sa pangalan ni Kristo, sapagkat nananatili pa rin sa mga aklat ng iglesia ang mga pangalan ng nagkamal ng kayamanan dahilan sa pagmamalabis, ang relihiyon ni Kristo ay nalalagay sa kahihiyan. Luho, pagmamalabis, pangingikil, ay nagpapasama ng pananampalataya ng marami at nagwawasak ng espirituwalidad. Ang iglesia na rin sa malaking bahagi ay may kapanagutan sa kasalanan ng kanyang mga kaanib. Kinukunsind niya ang kasamaan kung hindi siya nagtataas ng tinig laban dito.

Ang mga ugali ng sanlibutan ay hindi panuntunan ng Kristiano. Hindi niya ito dapat tularan, ang mga pagmamalabis, at pangingikil nito. Bawat walang katarungang kilos laban sa kapatid ay paglabag sa ginintuang batas. Bawat masamang gawa sa mga anak ng Dios ay kay Kristo na rin ginawa sa katauhan ng Kanyang mga banal. Bawat pagsisikap na pagsamantalahan ang kawalang kaalaman, kahinaan, o kakulangang palad ng sinuman ay itinatala sa aklat sa langit bilang pandaraya. Siya na tunay na natatakot sa Dios ay pipiliin pang gumawa gabi at araw, at kanin ang tinapay ng kahirapan, kaysa magpasasa sa pakinabang na nagpahirap sa babaeng balo at ulila o sa tagaibang lupa upang mag-iba ng daan.

Ang pinakamaliit na paglisan sa katuwiran ay nagbubuwag ng hadlang at naghahanda sa puso sa lalong malaking kawalang katarungan. At kung ang tao ay magsasamantala sa kapwa, ang kaluluwa niya ay magiging manhid sa impluwensya ng Espiritu ng Dios. Ang pakinabang na natamo sa ganitong paraan ay nakatatakot na kalugihan.

Tayong lahat ay may pagkakautang sa katarungan ng Dios, at wala tayong sukat na maibabayad. Ang anak ng Dios, na nahahabag sa atin, ang nagbayad ng halaga ng ating katubusan. Siya ay naging dukha upang sa Kanyang kadukhaan tayo naman ay yumaman. Sa pamamagitan ng mga gawa ng kagandahang loob at biyaya sa Kanyang mga dukha ay maaari nating patunayan ang kataimtiman ng ating pagtanaw ng utang na loob sa kahabagang naipagkaloob sa atin. "Magsasagawa tayo ng mabuti sa lahat," ang tagubilin ni apostol [526]

Pablo, "lalong lalo na sa mga kasambahay sa pananampalataya." Galacia 6:10. At ang kanyang mga salita ay kaisa ng Tagapagligtas: "Sapagkat laging nasa inyo ang mga dukha, at kung kailanman ibigin ninyo ay mangyayaring magawan ninyo sila ng magaling." "Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila: sapagkat ito ang sa
[527] kautusan at ang mga propeta." Marcos 14:7; Mateo 7:12.

## Kabanata 55—Mga Pakana ng mga Pagano

Si Sanballat at kanyang mga kasama ay hindi makuhang hayagang makipag-away sa mga Judio; ngunit sa lumalaking kasamaan ay sinikap nilang sa mga lihim na gawain ay panghinaing loob, bagabagin at saktan sila. Ang pader ng Jerusalem ay mabilis na natatapos. Kapag natapos na ito at ang mga pintuang-bayan ay nailagay na, ang mga kaaway na ito ng Israel ay di na makapapasok pa sa siyudad. Kung kayat lalo silang nag-alab na ang gawain ay hadlangan. Sa wakas ay nakaisip sila ng panukalang sa pamamagitan nito ay mailalayo nila si Nehemias mula sa kanyang kalagayan, at habang nasa ilalim ng kanilang kapangyanhan ay patayin ito o kaya ay ibilanggo.

Sa pagpapanggap na nais nilang makipag-ayos, sinikap nilang tumawag ng isang komperensya kay Nehemias, at inanyayahan ito sa isang bayan sa kapatagan ng Ono. Datapuwat sa pagkasi ng Banal na Espiritu, nakita ni Nehemias ang tunay na panukala, siya ay tumanggi. "At ako'y nagsugo ng mga sugo sa kanila," kanyang sinulat, "na nangagsasabi, Ako'y gumagawa ng dakilang gawain, na anupa't hindi ako makababa: bakit ititigil ang gawain, habang aking maiiwan, at binababa kayo?" Ngunit ang mga manunukso ay nagpumilit. Apat na beses silang nangagsugo ng ganito ring mensahe, at sinagot ko sila ng ayon sa gayon ding paraan.

Nang hindi sila magtagumpay dito, nakaisip sila ng lalong matapang na pakana. Nagpadala si Sanballat ng isang mensahero kay Nehemias taglay ang bukas na sulat na nagsasabi: "Naibalita sa mga bansang pagano, at sinasabi ni Gasmu, na ikaw at ang mga Judio ay nagaakalang manghimagsik: na siyang kadahilanan ng iyong pagtatayo ng kuta, at ikaw ay magiging kanilang hari.... At ikaw ay maghihirang ng mga propeta na marangal para sa iyo sa Jerusalem, na nagsasabi, May isang hari sa Juda: at ngayon ay dapat ibalita sa hari ayon sa mga salitang ito. Parito ka nga ngayon, at magsanggunian tayo." Kung ang ulat na nabanggit ay naikalat, nagkaroon sana ng pangamba; sapagkat ito ay madaling makararating sa hari, [528]

at sa pinakamaliit na akala ay maaaring kumilos na marahas. Ngunit si Nehemias ay nakatiyak na ang ulat ay huwad, nasulat lamang upang siya ay takutin at dalhin siya sa isang patibong. Ang isipang ito ay lalo pang pinatibay sa dahilang ang sulat ay dumating sa kanya na bukas, upang ito ay mabasa rin ng mga tao, at sila man ay mangamba.

Dagliang tinugon ang liham, "Walang ganyang mga bagay na nagawa na gaya ng iyong sinasabi, kundi iyong mga pinagbubuhat sa iyong sariling puso." Si Nehemias ay hindi ignorante sa mga pagsisikap ni Satanas upang pahinain ang mga kamay ng gumagawa at sa gayon ay pigilin ang kanilang pagsisikap.

Muli at muli si Satanas ay nagapi; at ngayon, ay may lalong matalino at mapanganib na patibong na naman siya bunga ng lumalalim na muhi para sa lingkod ng Dios. Si Sanballat at mga kasama ay umupa ng mga taong magpapanggap na sila ay mga kaibigan ni Nehemias, upang magbigay sa kanya ng masamang payo bilang salita ng Panginoon. Pangunahin sa mga ito ay si Shemaias, isang lalaking may mataas na pagkakilala ni Nehemias. Ang taong ito ay nagtago sa isang silid sa santuwaryo na parang ang kanyang buhay ay nasa panganib. Ang templo nang panahong iyon ay nasasanggalang ng mga pader at pintuan, ngunit ang pintuang bayan ay di pa naitatayo. Sa pagpapanggap ng malaking malasakit kay Nehemias, si Shemaias ay nagpayong si Nehemias ay magtago sa templo. "Tayo'y magpupulong na magkakasama sa bahay ng Dios, sa loob ng templo," kanyang iminungkahi, "at ating isara ang mga pinto ng templo: sapagkat sila'y magsisiparito upang patayin ka; oo, sa kinagabiha'y magsisiparito sila upang patayin ka."

Kung sinunod ni Nehemias ang tusong payong ito, isinakripisyo sana niya ang pananampalataya sa Dios, at sa paningin ng mga tao ay lumabas sana siyang duwag at kalait-lait. Sa harapan ng dakilang gawaing nagampanan na niya, at ang pagtitiwalang inilagak niya sa kapangyarihan ng Dios, magiging lubusang kakatuwa para sa kanya ang magtago sa takot. Ang alarma ay lumaganap sana sa bayan, bawat isa ay nagsikap sanang hanapin ang sariling kapanatagan, at ang siyudad ay naiwang walang sanggalang upang mahulog lamang sa kamay ng mga kaaway. Ang ganitong mangmang na ikikilos ni Nehemias sana ay magiging lubusang pagsuko ng lahat ng kanyang
[529] nagampanan na. Agad ay natarok ni Nehemias ang tunay na likas

at adhikain ng ganitong payo. “At nahalata ko, at, narito, hindi siya sinugo ng Dios,” kanyang sinabi, “kundi kanyang sinaysay ang propesiyang ito laban sa akin: at inupahan siya ni Tobias at ni Sanballat. Dahil sa bagay na ito inupahan siya, upang ako’y matakot, at gumawa ng gayon, at magkasala, at upang sila’y magkaroon ng dahilan sa isang masamang pinaka hiwatig, upang kanilang madusta ako.”

Ang payong ito ni Shemaias ay inayunan pa ng isang lalaki na may mataas na reputasyon, na samantalang nagpapanggap bilang kaibigan ni Nehemias, ay lihim namang nakikipagsanggunian sa mga kaaway. Ngunit ang gawain nilang ito ay di nagtagumpay. At ang walang takot na sagot ni Nehemias ay: “Tatakas ba ang isang lalakig gaya ko? at sino kaya, na sa paraang gaya ko, ay paroroon sa templo upang iligtas ang kanyang buhay? hindi ako papasok.”

Sa kabila ng mga pakana ng kaaway, lihim man o hayag, ang gawain ng pagtatayo ay nagpatuloy, at wala pang dalawang buwan mula nang dumating si Nehemias sa Jerusalem, ang siyudad ay napalibutan ng mga depensa at ang mga gumagawa ay maaaring lumakad sa mga pader na ito at masdan ang mga nagaping kaaway. “Nang ang lahat naming mga kaaway, na ang lahat ng mga bansa na nangasa palibot namin ay nangatakot,” isinulat ni Nehemias, “nangalumatang mainam: sapagkat kanilang nahalata na ang gawang ito ay gawa ng aming Dios.”

Gavunman, kahit na ang ebidensyang ito ng pangangasiwa ng Panginoon ay di pa rin sapat upang pigilin ang kawalang kasiyahan, rebelyon, at panlilinlang sa mga Israelita. “Ang mga mahal na tao sa Juda ay nangagpadala ng maraming sulat kay Tobias at ang mga sulat ni Tobias ay dumating sa kanila. Sapagkat marami sa Juda na nanganumpa sa kanya, sapagkat siya’y manugang ni Sechanias.” Dito ay makikita ang masamang bunga ng pakikipag-asawa sa mga sumasamba sa mga diyos. Isang pamilya ng Juda ay nakipag-asawahan sa mga kaaway ng Dios, at ang ugnayang ito ay naging patibong. Marami ang sumunod sa halimbawa. Ang mga ito, tulad ng magkahalong karamihang lumabas mula sa Egipto, ay naging dahilan ng palagiang kaguluhan. Hindi sila buong puso sa paggawa; at kapag ang gawain ay nangangailangan ng sakripisyo, handa silang lumabag sa banal na pangako ng pakikipagtulungan at tangkilik.

Ilan sa mga pangunahin sa pagpapanukala laban sa mga Judio,
[530] ay Nagpapanggap na may malasakit sa kaligtasan ni Nehemias, ang tusong si Shemais ay humimok sa pinuno na magtago sa templo; ngunit tumanggi si Nehemias.

nagpapanggap ngayon na magkaroon ng pakikipagkaibigan. Ang mga mararangal ng Juda na nasabit sa pakikipag-asawahan sa mga sumasamba sa mga diyos, at lihim na nakikipagsanggunian kay Tobias at sumumpang maglilingkod sa kanya ay ipinakikilala siya ngayon bilang isang lalaking may kakayahan, at malayong isipan, at ang pakikipagkasundo sa kanya ay magiging malaking pakinabang sa mga Judio. Kasabay nito ay ipinagkakanulo nila ang mga panukala at kilos ni Nehemias. Sa ganito'y naging lantad sa mga kaaway ang gawain ng Dios, at pagkakataon ay bumangon upang pagkamalan ang mga salita at gawa ni Nehemias, at hadlangan ang gawain.

Nang ang mga dukha at inaapi ay lumapit kay Nehemias taglay ang kanilang mga hinaing, matapang na ito ay tumayo upang sila ay ipagsanggalang at naakay ang mga gumagawa ng kamalian na alisin ang kahihiyang ito. Ngunit ang otondad na kanyang ginamit upang isanggalang ang mga kababayan ay hindi niya ginamit ngayon upang ipagtanggol ang sarili. Ang mga pagsisikap niya ay sinuklian ng ilan
[531] ng kawalang utang na loob at katusuhan, ngunit hindi niya ginamit ang kapangyarihan upang parusahan ang mga taksil na ito. Payapa at hindi makasariling nagpatuloy siya sa paglilingkod sa bayan, hindi bumagal sa pagsisikap o lumamig man sa kanyang interes.

Ang mga pagsalakay ni Satanas ay lagi na lamang laban sa kanilang nagsisikap na pasulungin ang gawain ng Dios. Bagama',t kung minsan ay natitilihan, gayun man ay muling pinag-iibayo ang pagsisikap at gumagamit ng paraang di pa nasusubukan. Ngunit ang paggawa niya sa pamamagitan mlang nagpapanggap na mga kaibigan ng Dios ang higit na dapat katakutan. Ang hayagang pagsalungat kung minsan ay marahas at malupit, ngunit ang panganib nito ay di gaano kaysa mga taong nagpapanggap na naglilingkod sa Dios gayong sa katunayan ay mga lingkod ni Satanas. Ang mga ito ay may kapangyarihang ilagay sa kamay ng mga taong may kaalaman upang ang gawain ng Dios ay hadlangan at ang mga lingkod Niya ay saktan.

Bawat kasangkapang imumungkahi ng prinsipe ng kadiliman ay gagamitm upang himukin ang mga lingkod ng Dios na makipag alyansa sa mga ahensya ni Satanas. Paulit-ulit na pagsisikap ay gagawin upang makuha ang mga ito mula sa kanilang mga tungkulin; ngunit, tulad ni Nehemias, ay dapat silang matatag na tumugong, "Dakilang gawain ang ginagampanan ko, at hindi ako maaaring bumaba." Ang mga manggagawa ng Dios ay panatag na dapat gumawa, at bayaang ang kanilang mga pagsisikap ang magpawalang bisa sa mga kasinungalingan at masamang haka laban sa kanila. Tulad ng mga nagtatayo ng pader ng Jerusalem dapat silang tumangging mailayo sa kanilang gawain sa pamamagitan ng pananakot o pagtuya o kasinungalingan. Isa mang sandali ay hindi sila dapat maalis sa pagbabantay o pagiging listo, sapagkat ang kaaway ay palagiang sumasalakay. Ngunit kami ay nagsidalangin sa aming Dios, "at naglagay ng bantay laban sa kanila araw at gabi." Nehemias 4:9.

Habang papalapit ang wakas ng panahon, ang mga tukso ni Satanas ay lalo pang magiging makapangyarihan sa mga manggagawa ng Dios. Gagamitin niya ang mga ahensyang tao upang tuyain at alipustain ang mga "gumagawa ng pader." Ngunit kung ang mga nagtatayo ay bababa upang harapin ang mga kaaway, ang gawain ay mapipigil. Dapat silang magsikap na talunin ang mga adhikain ng kaaway, ngunit di naman nila dapat bayaang sila ang mahadlangan sa kanilang paggawa. Ang katotohanan ay higit na malakas kaysa kamalian, at ang matuwid ay magtatagumpay sa kamalian. [532]

Di rin naman nila dapat bayaang ang mga kaaway ang maging kaibigan o kasimpatiya, at sa ganito ay akitin silang palayo sa gawain. Siyang walang ingat at ilalantad ang gawain ng Dios sa kahihiyan, o magpapahina ng kamay ng mga kapwa manggagawa, ay naglalagay sa sariling likas ng bahid na hindi madaling maaalis, at naglalagay ng seryosong sagabal sa landas ng kapakinabangan niya sa hinaharap.

"Silang nangagpapabaya sa kautusan ay nagsisipuri sa masama." Kawikaan 28:4. Kapag silang nakikipagkasundo sa sanlibutan, gayong nag-aangkin ng kadalisayan, ay magmumungkahi ng pakikipagkasundo sa mga lumalaban sa katotohanan, dapat silang katakutan at layuan tulad ng ginawa ni Nehemias. Ang kanilang payo ay amuki ng kaaway ng lahat ng kabutihan. Ito ang salita ng mga mapagsamantala, at dapat labanang matatag ngayon tu-

lad din noon. Anumang impluwensya ang maaaring gumambala sa pananampalataya ng bayan ng Dios sa Kanyang patnubay ng kapangyarihan, ay dapat na labanang matatag.

Sa matatag na pagmamalasakit ni Nehemias sa gawain ng Dios, gayon din ng kanyang matatag na pagsandig sa Dios, nasalig ang pagkabigo ng mga kaaway niya na siya ay akitin sa kanilang kapangyarihan. Ang kaluluwang tamad ay madaling mahulog sa tukso; datapuwat ang buhay na may marangal na adhikain, may nangingibabaw na layunin, ang kasamaan ay di makapasok. Ang pananampalataya ng isang patuloy na lumalago ay hindi nanghihina; sapagkat sa ibabaw, sa ilalim, sa katabi, ay higit na nakikilala niya ang Walang Katapusang Pag-ibig, na gumagawa sa lahat ng bagay upang matupad ang Kanyang mabuting adhikain. Ang mga tunay na lingkod ng Dios ay gagawang may kapasyahan na hindi magkukulang sapagkat ang trono ng biyaya ang lagi nilang inaasahan.

Ang Dios ay naglaan ng lahat ng tulong sa lahat ng kagipitan na hindi mapapantayan ng tao. Ipinagkakaloob Niya ang Banal na Espiritu upang tumulong sa bawat kagipitan, upang palakasin ang ating pag-asa at kasiguruhan, upang tanglawan ang ating mga isipan at dalisayin ang ating mga puso. Nagkakaloob Siya ng mga pagkakataon at nagbubukas ng mga daluyan ng Kanyang paggawa. Kung ang bayan ng Dios ay nagbabantay lamang sa mga katibayan ng Kanyang paglalaan, at handang makipagtulungan sa Kanya, makikita nila ang
[533] mga makapangyarihang bunga.

## Kabanata 56—Naturuan sa Kautusan ng Dios

Panahon noon ng Kapistahan ng mga Trumpeta. Marami ang nagkakatipon sa Jerusalem. Ang tanawin ay may kapanglawan. Ang pader ng Jerusalem ay naitayo na at ang pintuang-bayan ay nailagay na, ngunit ang kalakhang bahagi ng siyudad ay giba pa.

Sa isang entabladong yari sa kahoy, na itinayo sa isa sa mga malawak na lansangan, at napapalibutan sa lahat ng dako ng malagim na tanda ng nawalang kaluwalhatian ng Juda, ay nakatayo si Ezra, na matanda na. Sa kaliwa at kanan niya ay nakatayo ang kapatid na mga Levita. Tumitingin pababa mula sa entablado, ay nakita niya ang lubhang karamihan. Mula sa lahat ng nakapaligid na mga bansa ang mga anak ng tipan ay nagtipon. "At pinagpala ni Ezra ang Panginoon, ang dakilang Dios. At ang buong bayan ay tumugon, Amen:...at iniyukod nila ang mga ulo at sinamba ang Panginoon na ang kanilang mga mukha ay nakatungo."

Ngunit kahit na dito ay makikita ang katibayan ng kasalanan ng Israel. Sa pakikipag-asawa nila sa mga taga-ibang lupa, ang wikang Hebreo ay sumama, at kinailangan ang maingat na pagsasalita upang maipaliwanag ang kautusan sa wika ng bayan, upang ito ay maunawaan ng lahat. Ang ilan sa mga saserdote at mga Levita ay kasama ni Ezra sa pagpapaliwanag ng mga prinsipyo ng kautusan. "At sila'y nagsibasa sa aklat sa kautusan ng Dios na maliwanag, at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anupa't kanilang nabatid ang binasa."

"At ang pakinig ng bayan ay nakatuon sa aklat ng kautusan." Nakinig silang may layunin at kabanalan, sa mga salita ng Kataastaasan. Habang ang utos ay ipinaliwanag, sila ay nakumbinse sa kanilang mga pagkakasala at sila ay namanglaw dahilan sa kanilang mga pag-salansang. Ngunit ang araw na ito ay kapistahan, araw ng pagdiriwang, isang banal na pagtitipon, isang araw na iniutos ng Dios sa bayan upang ingatang may kagalakan at sigla; at dahilan dito ay pinagbawalan silang malumbay; at sa halip ay magalak dahilan sa dakilang kahabagan ng Dios sa kanila. "Ang araw na ito [534]

ay banal sa Panginoon ninyong Dios," sabi ni Nehemias. "Huwag kayong magsitaghoy, ni magsiiyak man.... Magsilakad kayo ng inyong lakad, magsikain kayo ng taba, at magsiinom kayo ng matamis, at mangagpadala kayo ng mga bahagi roon sa walang naihanda: sapagkat ang araw na ito ay banal sa ating Panginoon: huwag din kayong inangamanglaw; sapagkat ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan."

Ang unang bahagi ng araw na iyon ay ginugol sa mga seremonyang relihiyoso, at ang bayan ay ginugol ang nalalabing oras na may pagpapasalamat at pag-alaala ng mga pagpapala ng Dios at sa pagtamasa ng Kanyang mga kaloob na kabutihan sa kanila. Ang ilang bahagi ay ipinadala rin sa mga dukha na walang naihanda. May dakilang pagdiriwang sapagkat ang mga salita ng Dios ay binasa at naunawaan.

Nang sumunod na araw ay ipinagpatuloy ang pagbasa at pagpapaliwanag ng kautusan. At sa panahong itinalaga—sa ikasampung araw ng ikapitong buwan—ang mga banal na serbisyo ng Araw ng Pagtubos ay isinagawa ayon sa utos ng Dios.

Mula sa ikalabing-lima hanggang ikadalawampu't-dalawa ng buwan ding iyon ang bayan at mga pinuno ay pinagdiwang ang Kapistahan ng mga Tabernakulo. At kanilang ihahayag at itatanyag "sa lahat ng kanilang mga bayan, at sa Jerusalem, na sasabihin, Magsilabas kayo sa bundok, at magsikuha kayo ng mga sanga ng olibo, at ng mga sanga ng olibong gubat, at ng mga sanga ng mirto, at mga sanga ng palma, at mga sanga ng mga mayabong na punong kahoy, upang magsigawa ng mga balag, gaya ng nakasulat. Sa gayo'y lumabas ang bayan, at nangadala sila, at nagsigawa ng mga balag, bawat isa'y sa bubungan ng kanyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga looban ng bahay ng Dios.... At nagkaroon ng totoong malaking kasayahan. Gayon din naman araw-araw, mula sa unang araw hanggang sa huling araw, kanyang [Ezra] binasa ang aldat ng kautusan ng Dios."

Sa kanilang pakikinig sa bawat araw ng mga salita ng kautusan, nadama ng bayan ang kanilang mga pagkakasala, pari na ng mga kasalanan ng mga nagdaang lahi. Nakita nilang dahilan sa paglayo sa Dios na ang Kanyang sanggalang ay binawi at ang mga anak ni Abraham ay nangalat sa mga ibang lupain, at ipinasya nilang hanapin ang Kanyang habag at magpanatang sila ay muling lalakad

sa Kanyang mga kautusan. Bago pumasok sa banal na serbisyo, sa [535]
ikalawang araw ng pagtatapos ng Kapistahan ng mga Tabemakulo, [536]
inihiwalay nila ang mga pagano sa gitna nila.

Habang ang bayan ay nangayupapa sa harapan ng Panginoon, sa [537]
pagkukumpisal ng mga kasalanan at pagsamo sa pagpapatawad, ang mga lider ay nagpasigla sa kanila na manampalatayang dininig ng Dios ang kanilang mga dalangin. Hindi lamang sila dapat malumbay, at tumangis, at magsisi, kundi manampalatayang pinatawad sila ng Dios. Dapat nilang ihayag ang pananampalataya sa pag-alaala ng mga kahabagan at pagpupuri sa Kanyang kabutihan. "Tumindig kayo," wika ng mga guro, "at pagpalain ang Panginoon ninyong Dios magpakailanman."

At mula sa nagkakatipong karamihan, na nakadipa patungong langit, nadinig ang awit:

"At purihin ang Iyong maluwalhating pangalan,
Na nataas ng higit sa lahat ng pagpapala at pagpuri.
Ikaw ang Panginoon, Ikaw lamang;
Ikaw ang lumikha ng langit, ng langit ng mga langit, pati ng lahat na
natatanaw roon,
Ng lupa, at ng lahat na bagay na nangaroon,
Ng mga dagat, at ng lahat na nangaroon, At Iyong pinamalaging lahat;
At ang hukbo ng langit ay sumasamba sa Iyo."

Ang awit ng papuri ay natapos, ang mga lider ng kongregasyon ay inulit ang kasaysayan ng Israel, na nagpakita kung gaano kadakila ang kabutihan ng Dios sa kanila, at gaano rin kalaki ang kanilang kawalang utang na loob. At ang buong kongregasyon ay pumasok sa isang tipanan na iingatan ang lahat ng kautusan ng Dios. Nagdusa sila ng parusa dahilan sa kanilang mga kasalanan; ngayon ay kinilala nila ang katarungan ng pakikitungo ng Dios sa kanila at nangakong tutuparin ang Kanyang utos. At upang ito ay maging "tiyak na tipan," at maingatan sa permanenteng porma, bilang alaala ng tungkuling ipinataw nila sa sarili, ito ay isinulat, at ang mga saserdote, at Levita, at mga prinsipe ay pinirmahan ito. Ito ay upang maging alaala ng kanilang tungkulin at sanggalang laban sa tukso. Ang bayan

ay nagpanatang "lumakad sa kautusang nabigay sa pamamagitan ni Moises na lingkod ng Dios, at isagawa ang lahat ng utos ng Panginoong Dios, at ang Kanyang mga kahatulan at Kanyang mga [538] panuntunan." Ang panata sa panahong ito ay kasama ang pangakong hindi sila mag-aasawa sa mga tao ng lupain.

Bago natapos ang araw ng pag-aayuno, ang bayan ay higit pang naghayag ng pasyang magbalik-loob sa Panginoon, sa panatang titigil sa pagyurak sa Sabbath. Sa panahong ito ay hindi ginagamit ni Nehemias ang otoridad upang bawalan ang mga paganong mangangalakal na pumasok sa Jerusalem; ngunit sa pagsisikap na iligtas ang bayan sa tukso, tinalian niya sila ng isang banal na tipan, na huwag salangsangin ang Sabbath sa pagbili sa mga mangangalakal na ito, umaasang ito ang magpapahina ng loob ng mga mangangalakal at upang mahinto ang kalakalan.

Ang paglalaan ay ginawa din upang tangkilikin ang pagsambang hayagan sa Dios. Upang madagdagan ang ikapu ang kapulungan ay nanatang magkaloob taon-taon ng isang halaga para sa paglilingkod sa santuwaryo. "At kami ay nangasapalaran," sinulat ni Nehemias, "upang dalhin ang mga unang bunga ng aming lupa, at ang mga unang bunga ng lahat na bunga ng sari-saring puno ng kahoy, taon-taon, sa bahay ng Panginoon: gayon din ang panganay sa aming mga anak na lalaki, at sa aming hayop, gaya ng nasusulat sa kautusan, at ang mga panganay sa aming bakahan at sa aming mga kawan."

Ang Israel ay nanumbalik sa Dios na may malalim na kapanglawan sa kanilang pagtalikod. Nagkumpisal silang may kalumbayan at panaghoy. Nakilala nila ang katuwiran ng pakikitungo ng Dios sa kanila, at sila'y nakipagtipang sundin ang Kanyang utos. Ngayon naman ay dapat silang maghayag ng pananampalataya sa mga pangako Niya. Tinanggap ng Dios ang kanilang pagsisisi; ngayon ay dapat silang magdiwang sa kasiguruhan ng pagpapatawad ng kasalanan at pagsasauli nila sa pabor ng langit.

Ang mga pagsisikap ni Nehemias na ibalik ang pagsamba sa tunay na Dios ay nagkaroon ng tagumpay. Hanggang ang bayan ay tapat sa kanilang pangako, hangga't sila ay masunurin sa salita ng Dios, gayon din ay tutuparin ng Panginoon ang Kanyang pangako sa pagbubuhos sa kanila ng mayamang pagpapala.

Sa kanila na nakadama ng kasalanan at nabigatan ng pagkadama ng kawalang kabuluhan, may mga liksyon ng pananampalataya at

pampasigla sa talang ito. Ang Biblia ay tapat na naglalarawan ng bunga ng pagtalikod ng Israel; ngunit inilalarawan din nito ang malalim na kahihiyan at pagsisisi, ang taimtim na pagtatalaga at [539]
mabiyayang sakripisyo, na nahayag sa panahon ng panunumbalik sa Panginoon.

Bawat tunay na panunumbalik sa Panginoon ay naghahatid ng nananatiling kagalakan sa buhay. Kapag ang makasalanan ay sumuko sa impluwensya ng Banal na Espiritu, nakikita niya ang mga sariling pagkakasala at karumihan sa harap ng kabanalan ng dakilang Tagasiyasat ng mga puso. Nakikita niya ang sariling kahatulan bilang tagasalangsang. Ngunit hindi siya dapat malumbay, dahilan dito, sapagkat ang pagpapatawad sa kanya ay natiyak na. Maaari siyang magalak sa pagkadama ng kasalanang pinatawad, sa pag-ibig ng isang Ama sa langit na nagpapatawad. Kaluwalhatian ng Dios na palibutan ang makasalanan, nagsisising tao sa mga bisig ng Kanyang pag-ibig, upang talian ang mga sugat, linisin mula sa mga karumihan ng kasalanan, at damitan sila ng mga damit ng kaligtasan. [540]

## Kabanata 57—Repormasyon

May kabanalan at hayagang ang bayan ng Juda ay namanatang susunod sa kautusan ng Dios. Ngunit nang ang impluwensya ni Ezra at Nehemias sa isang panahon ay nawala na, marami ang humiwalay sa Dios. Si Nehemias ay nagbalik na sa Persia. Sa pagkawala niya sa Jerusalem, ang mga kasamaan ay gumapang na pabalik at nagbantang pasamain ang bansa. Hindi lamang nakakuha ng lugar ang mga sumasamba sa mga diyus-diyusan doon sa siyudad, kundi narumihan din ang templo sa kanilang presensya. Sa pamamagitan ng pag-aasawa, may alyansang nabuo sa pagitan ni Eliasib na punong saserdote at Amonitang si Tobias, na mapait na kaaway ng Israel. Bunga nito, pinahintulutan ni Eliasib si Tobias na tumira sa isang silid sa bahay na karugtong ng templo, na dati ay ginagamit bilang taguan ng mga ikapu at handog ng bayan.

Dahilan sa kalupitan at katusuhan ng mga Amonita at Moabita sa Israel, inihayag ng Dios sa pamamagitan ni Moises na kailanman ay di sila dapat papasukin sa kongregasyon ng Kanyang bayan. Tingnan ang Deuteronomio 23:3-6. Bilang paglaban sa mga salitang ito, inilabas ng punong saserdote ang mga kayamanang nakatago sa silid na ito ng bahay ng Dios, upang bigyang lugar ang kinatawang ito ng lahing pinagbawalang makitungo sa Israel. Wala nang dadakila pang pagtuligsa sa Dios na maihahayag kaysa bigyang pabor ang kaaway na ito ng Dios at Kanyang katotohanan.

Pagbalik mula sa Persia, nalaman ni Nehemias ang matapang na paglabag na ito at gumawa ng paraan upang palayasin ang nanghimasok na ito. "At ikinamanglaw kong mainam," kanyang pinahayag; "kaya't aking inihagis ang lahat ng kasangkapan ni Tobias sa labas ng silid. Nang magkagayo'y nag-utos ako, at nilinis nila ang mga silid: at dinala ko uli roon ang mga sisidlan ng bahay ng Dios, pati ng mga handog na harina at ng kamangyan."

Hindi lamang nadumihan ang templo, kundi pati ang mga han-
[541] dog ay ginamit sa maling paraan. Ito ay nagpahina sa pagiging
mapagbigay ng bayan. Nawala sa kanila ang sigasig, at naging

atubili sa pagbabayad ng mga ikapu. Ang mga kabangyaman ng bahay ng Panginoon ay di gaanong nasapatan; marami sa mga mang-aawit at naglilingkod sa templo, na hindi tumatanggap ng sapat na sahod, ay iniwan na ang gawain ng Dios upang maglingkod sa ibang dako.

Si Nehemias ay nagsimulang gumawa upang maituwid ang mga abusong ito. Kanyang tinipon yaong mga umalis sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon, "at inilagay sa kanilang kalagayan." Ito ang nagpasigla sa tiwala ng mga tao, at dinala ng buong Juda "ang ikasampung bahagi ng trigo at ng alak at ng langis." Mga lalaking "nangabilang na tapat" ay ginawang "taga-ingat ng mga ingatangyaman," "at ang kanilang mga katungkulan ay magbahagi sa kanilang mga kapatid."

Isa pang bunga ng pakikipag-ugnayan sa mga mananamba sa mga diyos ay ang pagwawalang bahala sa Sabbath, ang tandang nagbibigay pagkakaiba sa mga Israelita mula sa mga bansang nakapalibot na mananamba sa tunay na Dios. Nasumpungan ni Nehemias na ang mga paganong mangangalakal mula sa mga nakapaligid na bansa, papuntang Jerusalem, ay nahikayat ang mga Israelitang magnegosyo kahit na sa araw ng Sabbath. Mayroong mga hindi naakit na isakripisyo ang simulain, ngunit ang iba ay lumabag at nakisama sa mga pagano sa pagsisikap na pagtagumpayan ang prinsipyo ng mga ayaw sumama. Marami ang hayagang lumabag na kung Sabbath. "Nang mga araw na yaon," sinulat ni Nehemias, "ay nakita ko sa Juda ang ilang nagpipisa sa mga ubasan sa Sabbath, at nagdadala ng mga uhay, at nangasasakay sa mga asno; gaya naman ng alak, mga ubas, at mga higos, at lahat na sari-saring pasan, na kanilang ipinapasok sa Jerusalem sa araw ng Sabbath.... Doo'y nagsisitahan naman ang mga taga Tiro, na nangapapasok ng isda, at ng sari-saring kalakal, at nangagbibili sa Sabbath sa mga anak ni Juda.

Ang ganitong kalagayan ay nahadlangan sana kung ang mga pinuno ay ginamit ang kanilang kapangyarihan; ngunit ang hangaring ang sariling kapakanan ay mapasulong ang umakay sa kanila upang bigyang pabor ang mga walang pagkakilala sa Dios. Walang takot na binatikos ni Nehemias ang ganitong pagwawalang bahala sa tungkulin. "Anong masamang bagay itong inyong ginagawa, at inyong nilalapastangan ang araw ng Sabbath?" kanyang mahigpit na hiniling. "Hindi ba nagsigawa ng ganito ang inyong mga magulang, [542]

at hindi ba dinala ng ating Dios ang buong kasamaang ito sa atin, at sa bayang ito? Kanyang ipinag-utos na kapag "ang pintuang-bayan ng Jerusalem ay magpasimulang magdilim bago dumating ang Sabbath," dapat itong isara, at Kindi bubuksan muli hanggang ang Sabbath ay lumipas; at taglay ang higit na tiwala sa kanyang mga sariling lingkod kaysa sa mga maaaring hirangin ng mga mahistrado ng Jerusalem, kanyang itinalaga sila sa pintuang-bayan upang ang kanyang mga utos ay maipairal.

Hindi iiwan nang kanilang layunin, "ang mga mangangalakal at manininda ng sari-sanng kalakal ay nangatigil sa labas ng Jerusalem na minsan o makalawa," umaasang makakita ng pagkakataon para mangalakal, sa mga mamamayan o sa mga galing sa lalawigan. Nagbabala si Nehemias na sila ay parurusahan kapag irinuloy nila ang ganitong gawi. "Bakit nagsisitigil kayo sa may kuta?" kanyang iniutos; "kung kayo'y magsigawa uli ng ganyan, aking pagbubuhatan ng kamay kayo." "Mula nang panahong yaon ay hindi na sila naparoon pa ng Sabbath." Kanya ring inutusan ang mga Levita na bantayan ang mga pintuang-bayan, nalalamang sila ay higit na iginagalang kaysa karaniwang tao, na sa kanilang malapit na pakikipag-ugnay sa gawain ng Dios ay may kadahilanan upang umasa na sila ay mas magiging masigasig sa pagpapatupad ng pagsunod sa Kanyang kautusan.

At ngayon ibinaling naman ni Nehemias ang pansin sa panganib na muli ay magbanta sa Israel bunga ng pakikipag-asawa at pakikisalamuha sa mga pagano. "Nang mga araw namang yaon," ang sulat niya, "nakita ko ang mga Judio na nangag-aasawa sa mga babae ng Asdod, ng Ammon, at ng Moab: at ang kanilang mga anak ay nagsasalita ng kalahati sa wikang Asdod, at hindi makapagsalita ng wikang Judio, kundi ayon sa wika ng bawat bayan."

Ang labag sa batas na pakikipamatok na ito ay nagdudulot ng malaking kaguluhan sa Israel; sapagkat kabilang sa mga kasangkot dito ay mga lalaki sa matataas na posisyon, mga pinunong dapat na tingalain ng tao ukol sa payo at panatag na halimbawa. Sa pagkakita ng pagkawasak na idudulot nito kung hindi agad masusugpo, matamang nakipagkatuwiranan si Nehemias sa mga gumagawa ng kamalian. Inihahalimbawa ang kaso ni Solomon, ipinaaalaala sa kanila
[543] na sa lahat ng mga bansa ay wala pang lalaking bumangon na katulad niya na sa kanya ay ipinagkaloob ng Dios ang dakilang karunun-

gan; datapuwat ang mga babaeng sumasamba sa mga diyos ang naghiwalay ng kanyang puso sa Dios, at ang halimbawa niya ay nagpasama sa Israel. "Didinggin nga ba namin kayo," mahigpit na hiniling ni Nehemias, "na inyong gawin ang lahat na malaking kasamaang ito?" "Kayo'y huwag mangagbibigay ng inyong mga anak na babae na maging asawa sa kanilang mga anak na lalaki, ni magsisikuha man ng kanilang mga anak na babae sa ganang inyong mga anak na lalaki, o sa inyong sarili."

At habang hinaharap niya sa kanila ang mga banta ng Dios at mga utos, at ang nakakatakot na hatol na dumating sa Israel sa nakaraan dahilan sa kasalanang ito, ang kanilang mga konsyensya ay nagising, at ang gawain ng repormasyon ay smumulan na nag-alis ng galit ng Dios at naghatid ng Kanyang pagsang-ayon at pagpapala. [544]

Mayroong nasa banal na tungkulin ang nakiusap pa para sa kanilang mga asawang pagano, sa pagsasabing hindi nila magagawang hiwalayan ang mga ito. Ngunit walang pagtatanging maaaring gawin; walang pagbibigay galang sa ranggo o posisyon. Sinuman sa mga saserdote o pinuno ang tatangging ihiwalay ang sarili sa mga mananamba sa mga diyos ay agad-agad tatanggalin sa paglilingkod sa Panginoon. Isang apo ng punong saserdote, na napangasawa ang anak ng bantog sa kasamaang si Sanballat, ay di lamang tinanggal sa tungkulin, kundi itinapon pa mula sa Israel. "Alalahanin mo sila, Oh "Dios ko," dinalangin ni Nehemias, "sapagkat kanilang dinumihan ang pagkasaserdote, at ang tipan ng pagkasaserdote, at ng sa mga Levita."

Kung gaanong sakit ng kaluluwa ang idinulot sa lingkod ng Dios dahilan sa higpit na kailangang ipakita ay tanging ang paghuhukom ang maghahayag. May patuloy na pakikipagtunggali sa naglalabang mga elemento, at tanging sa pag-aayuno, pagpapasakop, at panalangin na ang pagsulong ay naisagawa.

Marami sa nakapag-asawa ng mga pagano ay piniling sumama pa sa kanila sa pagkatapon, at ang mga ito kasama ng mga pinalayas sa kongregasyon ay nakisanib sa mga Samaritano. Di nagtagal ay may mga naalis sa mataas na tungkulin sa gawain ng Dios ang nakisanib din sa kanila. Sa pagnanais na palakasin ang alyansang ito, ang mga Samaritano ay nangakong higit pang isasakabuhayan ang mga pananampalataya at ugali ng mga Judio, at ang mga tumalikod na ito, ay nagsikap na lagpasan ang gawain ng kanilang mga dating kapatid,

nagtayo sila ng templo sa Bundok ng Gerisim upang labanan ang templo ng Dios sa Jerusalem. Ang relihiyon nila ay nagpatuloy sa pagiging magkahalong Judaismo at paganismo, at ang pag-aangkin nila bilang bayan ng Dios ay naging puno ng alitan, paggaya, at hidwaan ng dalawang bansa sa patuloy na mga saling lahi.

Sa gawain ng repormang dapat isagawa ngayon, may pangangailangan para sa mga lalaki na, tulad ni Ezra at Nehemias, ay hindi magpapatighaw o magpapahintulot sa kasalanan, o lalayo sa pagtataas ng karangalan ng Dios. Silang tumanggap ng ganitong pasan ay hindi mananahimik kapag ang kamalian ay nagawa, o kaya ay pagtatakpan ang kamalian sa pamamagitan ng balabal ng huwad na pag-ibig. Aalalahanin nilang ang Dios ay hindi nagtatangi ng tao, at
[545] ang higpit sa iilan ay maaaring kaluwagan sa marami. Aalalahanin din nilang sa isang sumasansala sa kasamaan, ang espiritu ni Kristo ay palaging mahahayag.

Sa kanilang gawain, si Ezra at Nehemias ay nagpakababa sa harapan ng Dios, nagkumpisal ng kanilang mga kasalanan at pati ang kasalanan ng bayan, at nagsumamo sa patawad na parang sila ang may sala. Matiyagang sila ay gumawa at dumalangin at nagdusa. Ang nagpahirap ng kanilang gawain ay hindi ang hayagang galit ng pagano, kundi ang lihim na oposisyon ng nagpapanggap na kaibigan, na nagpahiram ng kanilang impluwensva sa paglilingkod ng kasamaan, at ito'y nagpabigat na makasampu sa pasanin ng mga lingkod ng Dios. Ang mga traidor na ito ay nagkaloob ng kagamitan sa mga kaaway ng Dios upang gamitin laban sa Kanyang bayan. Ang kanilang masasamang damdamin at mapanghimagsik na kalooban ay laging nakikidigma sa payak na kahilingan ng Dios.

Ang tagumpay ng mga pagsisikap ni Nehemias ay naghahayag kung ano ang magagawa ng panalangin, pananampalataya, at matalino, at masipag na paggawa. Si Nehemias ay hindi saserdote; hindi rin siya propeta; walang pagpapanggap sa mataas na titulo. Siya ay isang repormador na ibinangon sa isang mahalagang panahon. Layunin niyang ang bayan ay ituwid sa harapan ng Dios. May inspirasyon ng dakilang adhikain, ginamit niya ang bawat lakas upang magampanan ito. Ang mataas, at di nababaluktot na katapatan ang kapansin-pansin sa kanyang paggawa. Sa pagsagupa niya sa kasamaan at oposisyon ay naging matatag ang kanyang paninindigan anupa't ang bayan ay nakilos upang gumawang may sigasig

at tapang. Kanilang malinaw na nakita ang kanyang katapatan, pagiging makabayan, at malalim na pag-ibig sa Dios; at, habang namamalas ito, ay naging laan silang sumunod saan man niya akayin sila.

Ang sipag sa gawaing itinalaga ng Dios ay mahalagang sangkap ng tunay na relihiyon. Dapat na samantalahin ang mga lalaki ang bawat pagkakataon bilang mga instrumento ng Dios upang gampanan ang Kanyang kalooban. Daglian at tiyakang kilos sa tamang panahon ay magtatamo ng maluwalhating tagumpay, samantalang ang abala at pagpapabaya ay magbubunga ng kabiguan at kawalang karangalan sa Dios. Kapag ang mga lider sa gawain ng katotohanan ay walang sigasig, kung sila ay walang pakialam at walang adhikain, ang iglesia ay magiging walang ingat, tamad, at mahilig sa kalayawan; ngunit kung sila ay puspos ng isang banal na adhikaing maglingkod sa Dios lamang, ang bayan ay magkakaisa, may pag-asa, [546]
at masigasig.

Ang salita ng Dios ay sagana sa matalas at kapansin-pansing kaibahan. Ang kasalanan at kabanalan ay magkaagapay, upang, kung ating mamalas ay tanggapin natin ang isa at tanggihan ang isa. Ang mga pahinang naglalarawan ng muhi, kasinungalingan, at pandaraya ni Sanballat at Tobias, ay naglalarawan din ng kadakilaan, debosyon, at sakripisyo ni Ezra at Nehemias. Malaya tayong tularan ang alin man dito. Ang nakakatakot na bunga ng paglabag sa mga utos ng Dios ay kaagapay ng pagpapalang bunga ng pagsunod. Tayo ang magpapasya kung magdurusa tayo ng isa o magtatamasa ng iba.

Ang gawain ng pagtatayo muli at pagbabagong isinagawa ng mga nagbalik na bihag, sa ilalim ng pangunguna ni Zerubbabel, Ezra, at Nehemias, ay naglalarawan ng gawain ng espirituwal na pagsasauli sa mga huling araw ng kasaysayan ng lupa. Ang nalabi sa Israel ay mahina, lantad sa mga pagdaluhong ng mga kaaway; datapuwat sa pamamagitan nila ay ipinanukala ng Dios sa sanlibutan na ingatan ang pagkilala sa Kanya at sa Kanyang kautusan. Sila ang mga tagapagingat ng tunay na pagsamba, ang tagapangalaga ng mga banal na sulat. Iba't iba ang mga karanasang dumating sa kanila habang itinatayong muli ang templo at pader ng Jerusalem; malakas ang mga pagsalungat na kanilang nasagupa. Mabigat ang pasaning dinala ng mga lider sa gawaing ito; ngunit ang mga lalaldng ito ay nagpatuloy na hindi natitigatig ang pagtitiwala, sa kababaan ng

diwa, at sa matatag na pag-asa sa Dios, sa paniniwalang Siya ang maghahatid ng tagumpay ng Kanyang katotohanan. Gaya ni Haring Hesekias, si Nehemias ay "lumakip sa Panginoon, siya'y hindi humiwalay ng pagsunod sa Kanya, kundi iningatan ang Kanyang mga utos.... At ang Panginoon ay sumasa kanya." 2 Hari 18: 6, 7.

Ang espirituwal na pagsasauling ginampanan sa panahon ni Nehemias ay simbulo, tulad ng pagkakahanay sa mga salita ni Isaias: "At sila'y magtatayo ng mga dating sira, sila'y magbabangon ng mga dating giba, at kanilang huhusayin ang mga sirang bayan." "At silang magiging iyo ay magtatayo ng mga dating sirang dako: ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi; at ikaw ay tatawagin, Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan." Isaias 61:4; 58:12.

Dito ay inilalarawan ng propeta ang isang bayang sa panahon ng malawakang paglayo sa katotohanan at katuwiran, ay nagsisikap
[547] ibalik ang mga prinsipyong pundasyon ng kaharian ng Dios. Sila ay tagapagkumpuni ng sirang nagawa sa kautusan ng Dios—ang pader na inilagay Niya sa palibot ng Kanyang piniling bayan upang sila ay maisanggalang, at ang pagsunod sa Kanyang panuntunan ng katuwiran, katotohanan, at kadalisayan, ang magiging palagiang proteksyon nila.

Sa mga salitang Kindi mapagkakamalian ng kahulugan ang propeta ay tumutukoy sa tiyak na gawaing gagampanan ng nalabing bayan. "Kung iyong iurong ang iyong paa sa Sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa Aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang Sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon na marangal; at iyong pararangalan Siya, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita: kung magkagayo'y malulugod ka nga sa Panginoon; at pangangabayuhin kita sa mga mataas na dako sa lupa, at pakakainin kita ng mana ni Jacob na iyong ama: sapagkat sinalita ng bibig ng Panginoon." Isaias 58:13, 14.

Sa huling panahon lahat ng banal na institusyon ay muling itatatag. Ang sirang nagawa sa kautusan nang ang Sabbath ay pinalitan ng tao, ay muling aayusin. Ang bayang nalabi ng Dios, na tatayo sa harapan ng sanlibutan bilang mga repormador, ay ipahahayag na ang kautusan ng Dios ang pundasyon ng lahat na mananatiling reporma at ang Sabbath ng ikaapat na utos ay tatayo bilang alaala

ng paglalang, palagiang paalaala sa kapangyarihan ng Dios. Sa maliwanag na salita, ay ilalahad nila ang pangangailangan ng pagsunod sa mga Sampung Utos ng Dios. Sa pag-ibig ni Kristo, sila ay makikipagkaisa sa Kanya sa muling pagtatayo ng mga sirang dako. Sila ay magiging tagapagkumpuni ng mga puwang, tagapagpanauli ng mga landas na dapat lakaran. Tingnan ang Talatang 12. [548]

# SEKSYON VII—TANGLAW SA TAKIP-SILIM

[549]

*“At ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kabarian sa silong ng buong langit, mabibigay sa bayan ng mga banal ng Kataastaasan, ang Kanyang kaharian ay walang hanggang kaharian.” Daniel 7:27.*

[550] # Kabanata 58—Ang Pagdating ng Tagapagligtas

Sa mahahabang daangtaon ng "kahirapan at kadiliman" at "ulap ng kahapisan" (Isaias 8:22) na naging tanda ng kasaysayan ng tao mula nang ang ating mga magulang ay nawalan ng tahanang Eden, hanggang sa panahong ang Anak ng Dios ay magpapakita bilang Tagapagligtas ng makasalanan, ang pag-asa ng lahing bumagsak ay nakasentro sa pagdating ng Tagapagligtas upang palayain ang tao mula sa pagkabihag ng kasalanan at libingan.

Ang unang pahiwatig ng gayong pag-asa ay nabigay kay Adan at Eva sa sentensyang napataw sa ahas doon sa Eden nang ihayag ng Panginoon kay Satanas, "At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kanyang binhi; ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong." Genesis 3:15.

Habang pinapakinggan ng nagkasalang mag-asawa ang mga salitang ito, sila ay nabuhayan ng pag-asa; sapagkat sa propesiyang ibinigay tungkol sa pagkawasak ng kapangyarihan ni Satanas kanilang naunawaan ang pangako ng pagtubos mula sa pagkawasak na nagawa sa pamamagitan ng paglabag. Bagama't sila ay dadanas ng hirap sa kapangyarihan ng kaaway, sapagkat sila ay nahulog sa mapang-akit na impluwensya at lumabag sa dyak na utos ni Jehova, gayunman ay di sila nagupo ng lubos na kapanglawan. Ang Anak ng Dios ay naghahandog na maging pantubos sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo sa kanilang paglabag. Sa kanila ay ipagkakaloob ang palugit na sa panahong ito, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kapangyarihan ni Kristong magligtas, sila ay muling maging mga anak ng Dios.

Si Satanas, sa pamamagitan ng kanyang tagumpay na ang tao ay mailayo sa pagsunod sa Dios, ay naging "diyos ng sanlibutang ito." 2 Corinto 4:4. Ang pamamahalang dati ay kay Adan ay nalipat sa mang-aagaw. Ngunit ang Anak ng Dios ay nagmungkahing manaog sa lupang ito upang bayaran ang parusa ng kasalanan, at sa gayon
[551] di lamang tubusin ang tao, kundi bawiin din ang kapamahalaang nawala. Tungkol sa pagsasauling ito na nagpropesiya si propeta

Mikas, "At Ikaw, oh Moog ng kawan, na burol ng anak na babae ng Sion, ito sa Iyo'y darating, oo, ang dating kapangyarihan ay darating." Mikas 4:8. Tinukoy ni apostol Pablo itong "ikatutubos ng sariling pagaari." Efeso 1:14. Ang mang-aawit ay may sulat tungkol sa pagsasauli sa wakas ng orihinal na pamana ng tao, "Mamanahin ng matuwid ang lupain, at tatahan doon magpakailanman." Awit 37:29.

Ang pag-asang ito ng katubusan sa pagdating ng Anak ng Dios bilang Tagapagligtas at Hari, ay di namatay sa mga puso ng tao. Mula pasimula ay may mga lalaking ang pananampalataya ay umabot na lagpas sa mga lambong ng kasalukuyan hanggang sa katotohanan ng hinaharap. Sina Adan, Seth, Enoc, Metusalem, Noe, Shem, Abraham, Isaac, at ang Jacob—sa pamamagitan ng mga ito at iba pang marapat ay inalagaan ng Dios ang mga mahal na pagpapahayag ng Kanyang kalooban. Kung kaya't ang Israel na bayang pinili na sa kanila ay ipagkakaloob ang Mesias para sa sanlibutan, ang Dios ay nagkaloob ng kaalamang ukol sa mga kahilingan ng Kanyang kautusan, at ng kaligtasang isasagawa sa tumutubos na sakripisyo ng Kanyang mahal na Anak.

Ang pag-asa ng Israel ay napaloob sa pangako sa panahon ng pagtawag kay Abraham, at pagkatapos ay inulit muli at muli sa kanyang angkan, "At pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa." Genesis 12:3. Habang ang adhikain ng pagtubos ay inilalahad kay Abraham, ang Araw ng Katuwiran ay sumilang sa kanyang puso, at ang kadiliman ay napawi. At sa wakas, nang ang Tagapaligtas na nn ay lumakad na kasama ng tao, Siya ay nagbigay patotoo sa mga Judio tungkol sa maliwanag na pag-asa ng patriarka sa pagliligtas sa pamamagitan ng pagdating ng Manunubos. "Nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang Aking araw," ipinahayag ni Kristo; "at nakita niya, at natuwa." Juan 8:56.

Ang mapalad na pag-asa ding ito ang binigyang anino ng pagpapalang ipinagkaloob ng naghihingalong patriarkang Jacob sa kanyang anak na si Juda:

"Juda, ikaw ay pupurihin ng iyong mga kapatid:
Ang iyong kamay ay magpapahinga sa leeg ng iyong mga kaaway;
Ang mga anak ng iyong ama ay yuyukod sa harap mo....

[552] Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda,
Ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kanyang mga paa,
Hanggang sa ang Shiloh ay dumating;
At sa kanya tatalima ang mga bansa."

Genesis 49:8-10.

Muli, sa hangganan ng Lupang Pangako, ang pagdating ng Manunubos ng sanlibutan ay ipinopropesiya ni Balaam.

"Aking makikita Siya, ngunit hindi ngayon: Aking mapagmamasdan Siya,
ngunit hindi sa malapit:
Lalabas ang isang Bituin sa Jacob, at may isang Setro na lilitaw sa Israel,
At sasaktan ang mga sulok ng Moab, at lilipulin ang lahat ng mga
anak ng Kaguluhan."

Bilang 24:17.

Sa pamamagitan ni Moises, ang adhikain ng Dios na isugo ang Anak bilang Manunubos ng nagkasalang tao, ay inilahad sa Israel. Sa isang okasyon, bago siya namatay, ipinahayag ni Moises, "Palilitawin sa iyo ng Panginoon mong Dios ang isang Propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa Kanya kayo makikinig." Maliwanag na itinuro kay Moises para sa Israel ang tungkol sa gawain ng Mesias na darating. "Aking palilitawin sa kanila ang isang Propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo," ang pananalita ni Jehova sa Kanyang lingkod; "at Aking ilalagay ang Aking mga salita sa bibig Niya; at Kanyang sasalitain sa kanila ang lahat ng Aking iuutos sa Kanya." Deuteronomio 18:15, 18.

Sa panahon ng mga patriarka ang paghahandog ng sakripisyo kaugnay ng banal na pagsamba ay naging palagiang paalaala ng pagdating ng Tagapagligtas, at gayon din sa buong ritwal ng paglilingkod sa santuwaryo sa buong kasaysayan ng Israel. Sa paglilingkod sa tabernakulo, at sa templo ang bayan ay tinuruan sa bawat araw, sa pamamagitan ng mga tipo at anino, ng mga dakilang katotohanang kaugnay ng pagdating ni Kristo bilang Manunubos, Saserdote, at Han; at minsan sa bawat taon ang kanilang isipan ay dinadala sa mga pangyayari ng dakilang tunggalian sa pagitan ni Kristo at Satanas, sa huling pagdadalisay ng sansinukob mula sa kasalanan at makasalanan. Ang mga sakripisyo at paghahandog sa mga seremonyang Mosaico ay laging nagtuturo sa lalong mainam na serbisyo, na makalangit. Ang makalu- [553]
pang santuwaryo "na yao'y isang talinhaga ng panahong kasalukuyan," na kung saan iniaalay ang mga kaloob at mga handog; ang dalawang banal na dako ay "anyo ang mga bagay sa sangkalangitan;" na si Kristo, ang ating dakilang Punong Saserdote, ay ngayon, "ministro sa santuwaryo, at sa tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao." Hebreo 9:9, 23; 8:2.

Mula ng araw na inihayag ng Panginoon sa ahas sa Eden, "at papagaalitin Ko ikaw at ang iyong binhi at ang kanyang binhi" (Genesis 3:15), alam na ni Satanas na kailanman ay di siya makapapangyari sa mga nananahan sa lupa. Nang pasimulan ni Adan at mga anak niya ang seremonya ng paghahandog na itinalaga ng Dios bilang uri ng darating na Manunubos, nakita ni Satanas sa mga simbulong ito ang komunyon ng lupa at langit. Sa mga mahahabang daangtaon na sumunod, naging palagiang misyon niya na pigilin ang komunyong ito. Walang pagod na binigyan niyang maling representasyon ang Dios gayon din ang mga ritong nagtuturo sa Tagapagligtas, at sa malaking bahagi ng sangkatauhan ay nagtagumpay siya.

Samantalang ninanais ng Dios na ituro sa tao na mula sa Kanyang Kaloob na pag-ibig na ang tao ay maaaring makipagkasundo sa Kanya, ang kaaway ng tao ay nagsisikap namang ilarawan ang Dios bilang isang nagagalak sa pagkawasak ng tao. Kung kaya't ang mga sakripisyo at ordinansang inihayag ng Langit upang maglarawan ng pag-ibig ng Dios ay napasama anupa't ang makasalanan ay nagsikap na bigyang lubag ang kasalanan, sa pamamagitan ng mga kaloob, at mabubuting gawa, upang maalis ang galit ng Dios na nilabag. Kasabay nito ay ginismg din ni Satanas ang masasamang damdamin ng tao upang maakay na palayo sa Dios sa pamamagitan ng patuloy na paglabag, upang siya ay halos walang pag-asang natatalian ng kasalanan.

Nang ibigay ng Dios ang nasusulat na salita sa mga propetang Hebreo, pinag-aralang mabuti ni Satanas ang mga balita tungkol sa Mesias. Maingat ng tinatalunton niya ang mga salitang naghahanay na maliwanag sa gawain ni Kristo ukol sa tao bilang nagdurusang sakripisyo at nanagumpay na hari. Nabasa niya sa mga balumbon ng Aklat ng Lumang Tipan na ang Isa na magpapakita ay "dadalhing parang tupa sa patayan," "ang Kanyang mukha...ay napakakatuwa kaysa kaninumang lalaki, at ang Kanyang anyo ay higit na kumatuwa kaysa mga anak ng mga tao."
[554] Isaias 53:7; 52:14. Ang ipinangakong Tagapagligtas ng sangkatauhan ay "hinamak at itinakwil ng mga tao; isang tao sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman;....sinaktan ng Dios, at dinalamhati;" ngunit Kanyang gaganapin ang Kanyang malaking kapangyarihan upang "Kanyang hahatulan ang dukha sa bayan." Kanyang "ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan," "at pagwawaray-warayin ang mang-aapi." Isaias 53:3, 4; Awit 72:4. Ang mga propesiyang ito ay nagbigay takot at panginginig kay Satanas; gayunman ay di niya binitiwan ang adhikaing pigilan kung maaari ang mga mahahabaging probisyon ni Jehova para sa katubusan ng lahing nagkasala. Ipinasya niyang bulagin ang mata ng tao hangga',t maaari, sa tunay na

kahalagahan ng mga propesiya tungkol sa Mesias, upang ihanda ang daan sa pagtanggi kay Kristo sa Kanyang pagdating.

Mga daangtaon bago ang Baha, ang tagumpay ay nakuha ni Satanas na magdala sa mundo ng malawakang paghihimagsik laban sa Dios at kahit na ang mga liksyon ng Baha ay madaling nakalimutan. May katalinuhang inakay ni Satanas ang tao sa bawat hakbang tungo sa walang takot na rebelyon. Muli ay parang siya ay magtatagumpay, ngunit ang adhikain ng Dios para sa taong nagkasala ay di gayon kadaling maisasantabi. Sa pamamagitan ng lahi ni Abraham, sa lahi ni Shem, ang pagkakilala sa kagandahang loob ni Jehova ay maiingatan sa kapakanan ng mga kasunod na lahi. Sa paglakad ng panahon ay ibabangon ang mga mensaherong itinalaga ng Dios upang tawagang pansin ang kahulugan ng mga seremonya ng sakripisyo, at lalo na sa pangako ni Jehova tungkol sa pagdating ng Isa na sa Kanya nakaturo ang lahat ng sistema ng sakripisyong ito. Sa ganito ay maiingatan ang sanlibutan mula sa malawakang pagtalikod.

Ang adhikaing ito ng Dios ay maisasagawa na hindi walang oposisyon. Sa bawat paraan kung maaari ay sisikapin ng kaaway ng katotohanan at katuwiran na ang mga lahi ni Abraham ay makalimot sa mataas at banal na pagkatawag, at maibaling ito sa pagsamba sa mga huwad na diyos. At kung minsan ay nagtatagumpay siya. Sa mga daangtaon bago dumating si Kristo sa una, ang kadiliman ay nakabalot sa lupa at pusikit na kadiliman sa tao. Nakalambong sa landas ng tao ang madilim na anino ni Satanas, upang hadlangan ito na makilala ang Dios at ang sanlibutang darating. Ang karamihan ay nakaupo sa lilim ng kamatayan. Ang tanging pag-asa ay ang pag-aalis ng kadiliman upang ang Dios ay mahayag.

Sa propesiya na nakita ni David, na pinahiran ng Dios, ang [555]
pagdating ni Kristo ay “magiging gaya ng liwanag sa

lanaumagahan, pagka ang araw ay sumisikat, sa isang umagang walang mga alapaap." 2 Samuel 23:4. At si Oseas ay nagpatotoo, "Ang Kanyang paglabas ay tunay na parang umaga" Oseas 6:3. Tahimik at malumanay ang umaga ay sumilay sa daigdig, itinataboy ang kadiliman at gumigising sa daigdig para sa buhay. Gayon ang Araw ng Katuwiran ay sisikat, "na may kagalingan sa kanyang mga pakpak." Malakias 4:2. Ang karamihan na nakatahan "sa lupain ng lilim ng kamatayan," sa kanila sumilang ang "malaking liwanag." Isaias 9:2.

Si propeta Isaias, sa kanyang pagtingin na may kagalakan sa maluwalhating pagliligtas, ay bumulalas:

"Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang Bata,
Sa atin ay ibinigay ang isang Anak na Lalaki:
At ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang balikat:
At ang Kanyang pangalan ay tatawaging
Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios,
Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan.
Ang paglago ng Kanyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi
magkakaroon ng wakas,
Sa luklukan ni David,
At sa Kanyang kaharian,
Upang itatag, at upang alalayan
Ng kahatulan at ng katuwiran
Mula ngayon hanggang sa magpakailanman.
Isasagawa ito ng sikap ng Panginoon ng mga hukbo."

Talatang 6, 7.

Sa mga sumunod na daangtaon ng kasaysayan ng Israel bago ang unang pagparito, pangkalahatan ay nauunawaan na ang pagdating ng Mesias ay nasa propesiya, "Totoong magaan ang bagay na Ikaw ay naging Aking lingkod upang ibangon ang mga lipi ni Jacob, at isauli ang iningatan

ng Israel: Ikaw ay Aking ibibigay na pinakailaw sa mga Gentil, upang Ikaw ay maging Aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa." "At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag," wika ng propeta, "at makikitang magkakasama ng lahat na tao." Isaias 49:6; 40:5. Tungkol sa liwanag na ito sa tao na si Juan na Magbabautismo ay nagpatotoong may katapangan, "Ako ang tinig ng isang humihiyaw sa ilang, Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon, gaya ng sinabi ng propeta Isaias." Juan 1:23.

Tungkol din kay Kristo na ang pangako sa propesiya ay nabigay: [556] "Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Manunubos ng Israel, na Kanyang Banal, doon sa hinahamak ng tao, doon sa kinayayamutan ng bansa,...ganito ang sabi ng Panginoon,...Aking iningatan Ka, at ibibigay Kita na pinakatipan sa bayan, upang ibangon ang lupain, upang ipamana sa kanila ang mga sirang mana; na nagsasabi sa kanilang nangabibilanggo, Kayo'y magsilabas; sa kanilang nangasa kadiliman, Pakita kayo.... Sila'y hindi mangagugutom, o mangauuhaw man; at hindi man sila mangapapaso ng init o ng araw man: sapagkat Siyang may awa sa kanila ay papatnubay sa kanila, samakatuwid baga'y sa tabi ng mga bukal ng tubig ay papatnubayan Niya sila." Isaias 49:7-10.

Ang mga matatag sa bansang Judio, mga anak ng linyang may kabanalan na ang pagkakilala sa Dios ay naingatan, ay nagpalakas ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pamamalagi sa mga sulat na ito at iba pang katulad. May kagalakang nabasa nila kung paanong ang Panginoon ay magpapahid sa Isang "upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo," "upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag," at upang magtanyag ng "kalugod-lugod na taon ng Panginoon." Isaias 61:1, 2. Gayunman, ang kanilang mga puso ay puno ng kalumbayan nang inisip nila ang mga pagdurusang dadanasin Niya upang mag-

anap ang banal na adhikain. May malalim na pagkaaba ng puso na tinalunton nila ang balumbon ng propesiya:

" Sinong namwala sa aming balita?
At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?

"Sapagkat Siya'y tumubo sa harap Niya na gaya ng sariwang pananim,
At gaya ng ugat sa tuyong lupa:
Walang anyo o kagandahan man;
At pagka ating minamasdan Siya,
Ay walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya.

" Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao;
Isang Taong sa Kapanglawan, at bihasa sa karamdaman:
At gaya ng Isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao,
Na Siya'y hinamak, at hindi natin inalagaan Siya.

"Tunay na Kanyang dinala ang ating mga karamdaman,
At dinala ang ating mga kapanglawan:

[557]

Gayon ma'y ating pinalagay Siya na hinampas,
Sinaktan ng Dios, at dinalamhati.

"Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang,
Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan:
Ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya;
At sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.

"Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw;
Tayo ay tumungo bawat isa sa Kanyang sariling daan;

At ipinasan sa Kanya ng Panginoon
Ang kasamaan nating lahat.

"Siya'y napighati, gayon man nang Siya'y dinalamhati,
Ay hindi nagbuka ng Kanyang bibig;
Gaya ng kordero na dinadala sa patayan,
At gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kanya ay pipi,
Gayon ma'y hindi Niya binuka ang Kanyang bibig.

"Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya:
Sino sa kanila ang gumugunita?
Na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay:
Dahil sa pagsalangsang ng Aking bayan ay nasaktan Siya.

"At ginawa nila ang Kanyang libingan na kasama ng mga masama,
At kasama ng isang lalaking mayaman sa kanyang kamatayan;
Bagaman hindi Siya gumawa ng pangdadahas,
O wala mang anumang kadayaan sa Kanyang bibig."

Isaias 53:1-9.

Sa mga paghihirap ng Tagapagligtas ang Panginoon ay Kanyang ipinahayag sa pamamagitan ni Zacarias, "Gumising ka, Oh tabak, laban sa Pastor Ko, at laban sa Lalaki na Aking Kasama." Zacarias 13:7. Bilang kahalili at kasiguruhan ng tao, si Kristo ay kailangang magdusa sa ilalim ng banal na katarungan. Kanyang uunawain ang kahulugan ng katarungan. Mararanasan Niya kung paanong ang makasalanan ay tumayo sa harapan ng Dios na walang tagapamagitan.

Sa pamamagitan ng mang-aawit ay ibinigay ng Manunubos ang propesiya tungkol sa Kanya:

” Kaduwahagihan ay sumira ng Aking puso;<br>
At ako’y lipos ng kabigatan ng loob:<br>
At ako’y naghintay na may maawa sa Akin,<br>
Ngunit wala;

[558]

At mga mang-aaliw,<br>
Ngunit wala Akong masumpungan.<br>
>Binigyan naman nila Ako ng pagkaing mapait;<br>
At sa Aking kauhawan ay binigyan nila Ako ng suka na mainom.”

Awit 69:20,21.

Tungkol sa magiging turing sa Kanya ng tao, Siya ay nagpropesiya, “Sapagkat niligid Ako ng mga aso: kinulong Ako ng pulutong ng mga manggagawa ng masama; binutasan nila ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa. Aking maisasaysay ang lahat ng Aking mga buto: kanilang minamasdan, at pinapansin Ako. Hinapak nila ang Aking mga kasuutan sa gitna nila, at kanilang pinagsapalaran ang Aking kasuutan.” Awit 22:16-18.

Ang mga paglalahad na ito ng mapait na paghihirap at malupit na kamatayan ng Isang Ipinangako, bagama’,t malungkot, ay puspos ng pangako; “gayon may kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya” at mailagay sa pagdaramdam, upang Siya ay maging “kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan,” ipinahayag ni Jehova:

“Makikita Niya ang Kanyang lahi, pahahabain Niya ang Kanyang mga

kaarawan,
At ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa Kanyang kamay.
Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng Kanyang kaluluwa at masisiyahan:

" Sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman ay aariing ganap ng Aking matuwid
na lingkod ang marami;
At dadalhin Niya ang kanilang mga kasamaan.
Kaya't hahatian ko Siya ng bahagi na kasama ng dakila,
At Kanyang hahatin ang samsam na kasama ng malakas;
Sapagkat Kanyang idinulot ang Kanyang kaluluwa sa kamatayan:
At ibinilang na kasama ng mga mananalangsang;
Gayon may dinala Niya ang kasalanan ng marami,
At namagitan sa mga mananalangsang."

Isaias 53:10-12.

Pag-ibig sa makasalanan ang umakay kay Kristo upang bayaran ang halaga ng katubusan. At Kanyang nakita na walang tao, at namangha na walang tagapamagitan;" walang ibang pantubos na mga lalaki o mga babae mula sa kapangyarihan ng kaaway; "kaya't ang Kanyang sariling bisig ay nagdala ng kaligtasan sa kanya; at ang Kanyang katuwiran ay umalalay sa kanya." Isaias 59:16.

"Narito ang Aking Lingkod, na Aking inaalalayan; [559]

Ang king hinirang, na kinalulugdan ng Aking kaluluwa;
Isinakanya Ko ang Aking Espiritu:
Siya'y maglalapat ng kahatulan sa mga bansa."

Isaias 42:1.

Sa Kanyang buhay ay walang sariling mababakas. Ang parangal na kaloob ng mundo sa posisyon, kayamanan, at talento, ay hindi nakilala ng Anak ng Dios. Walang anumang paraang ginagamit ng tao upang makuha ang pagtatapat o maipag-utos ang paggalang, ay hindi ginamit ng Mesias. Ang lubusang pagtatakwil ng sarili ay nahayag sa mga salitang ito:

"Siya'y hindi hihiyaw,
O maglalakas man ng tinig,
O ipanrinig man ang Kanyang tinig sa lansangan.
Ang gapok na tambo ay hindi Niya babaliin,
Ni ang timsim na umuusok ay hindi Niya papatayin."

Talatang 2, 3.

Lantad na kabaligtaran ng mga gawi ng mga guro sa panahon Niya ang ginawa ng Tagapagligtas sa mga tao. Walang maingay na pakikipagtalo, walang magarbong pagsamba, walang kilos upang mapalakpakan ang namalas. Ang Mesias ay natago sa Dios, at ang Dios ay nahayag sa likas ng Anak ng Dios. Kung wala ang pagkakilala sa Dios, ang tao'y waglit sa walang hanggan. Kung wala ang banal na tulong, ang mga lalaki at babae ay lulubog pababa nang pababa. Ang buhay at kapangyarihan ay dapat lamang na ipagkaloob Niyang lumikha ng sanlibutang ito. Ang pangangailangan ng tao ay di masasapatan sa ibang paraan.

Dagdag ng propesiya tungkol sa Mesias: "Siya'y hindi manlulupaypay o maduduwag man, hanggang sa maitatag Niya ang kahatulan sa lupa: at ang mga pulo ay maghihintay sa Kanyang kautusan." Ang Anak ng Dios ay kanyang "dakilain ang kautusan, at gawing marangal." Talatang 4, 21. Hindi Niya babawasan ang kahalagahan at tibay ng pag-aangkin nito; kundi Kanyang pararangalin pa.

Kasabay nito ay palalayain Niya ang utos ng banal mula sa mga pabigat na inilagay ng tao dito, na marami ang nadala sa panlulupaypay sa pagsisikap na makuha ang pagsang-ayon ng Dios.

Tungkol sa misyon ng Tagapagligtas ang salita ni Jehova ay: "Ako ang Panginoon ay tumawag sa Iyo sa katuwiran, at hahawak ng Iyong kamay, at mag-iingat sa Iyo, at [560]
ibibigay Kita na pinakadpan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga Gentil; upang magdilat ng mga bulag na mata, upang maglabas ng mga bilanggo sa bilangguan, at nilang nanga-uupo sa kadiliman mula sa bilangguan. Ako ang Panginoon: na siyang Aking pangalan: at ang Aking kaluwalhatian ay hindi Ko ibibigay sa iba, o ang Akin mang kapurihan sa mga larawang manyuan. Narito, ang mga dating bagay ay nangyayari na, at ang mga bagong bagay ay ipinahahayag Ko: bago mangalitaw ay sinasaysay Ko sa inyo." Talatang 6-9.

Sa pamamagitan ng pangakong Binhi, ang Dios ng Israel ay maghahatid ng kaligtasan sa Sion. "At may lalabas na usbong sa puno ni Isai, at isang Sanga mula sa kanyang mga ugat ay magbubunga." "Narito, isang dalaga ay maglil- [561]
ihi, at manganganak ng Isang Lalaki, at tatawagin ang Kanyang pangalan na Emmanuel. Siya',y kakain ng mantekilla at pulot, pagka Siya'y natutong tumanggi sa kasamaan, at pumili ng mabuti." Isaias 11:1; 7:14, 15.

"At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa Kanya, ang Diwa ng payo at ng katibayan, ang Diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon: at ang Kanyang kaluguran ay magiging sa pagkatakot sa Panginoon; at hindi Siya hahatol ng ayon sa paningin ng Kanyang mga mata, ni sasaway man ng ayon sa pakinig ng Kanyang mga tainga: kundi hahatol Siya ng katuwiran sa dukha, at sasaway na may karampatan dahil sa mga maamo sa lupa: at sasaktan Niya ang lupa ng pamalo ng Kanyang bibig, at ng hinga ng Kanyang mga labi ay Kanyang papatayin ang masama.

At katuwiran ang magiging bigkis ng Kanyang baywang, at pagtatapat ang pamigkis ng Kanyang mga balakang." "At mangyayari sa araw na yaon na ang Angkan ni Isai, na tumatayong pinakawatawat ng mga bayan; hahanapin ng mga bansa; at ang Kanyang pahingahang dako ay magiging maluwalhati." Isaias 11:2-5, 10.

"Narito, ang Lalaki na ang pangala'y Sanga;...at itatayo Niya ang templo ng Panginoon; at Siya'y magtataglay ng kaluwalhatian, at mauupo at magpupuno sa Kanyang luklukan; at Siya'y magiging saserdote sa Kanyang luklukan." Zacarias 6:12, 13.

Isang bukal ang bubuksan "ukol sa kasalanan at karumihan" (Zacarias 13:1); ang mga anak ng tao ay maririnig ang mapalad na paanyaya:

uOh lahat na nanga-uuhaw, magsiparito kayo sa tubig,
At siyang walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y magsibili, at magsikain;
Oo. kayo'y magsipanto, kayo'y magsibili ng alak at gatas
Ng walang salapi at walang bayad.

"Ano't kayo'y nangaggugugol ng salapi sa hindi pagkain?
At ng inyong gawa sa hindi nakabubusog?
Inyong pakinggan Ako, at magsikain kayo ng mabuti,

At mangalugod kayo sa katabaan.

"Inyong ikiling ang inyong tainga, at magsipanto kayo sa Akin:
Kayo'y magsipakinig, at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay;

At Ako'y malalapagupan sa inyo ng walang hanggan,
Sa makatuwid baga'y ng tunay na mga kaawaan ni David."

Isaias 55:1-3.

[562]

Sa Israel ay nabigay ang pangako: "Narito, ibinigay Ko Siya na pinakasaksi sa mga bayan, na patnubay at tagapag-utos sa mga bayan. Narito, ikaw ay tatawag ng bansa na hindi mo nakikilala, at mga bansa na hindi ka nakikilala ay tatakbo sa iyo, Panginoon mong Dios, at dahil sa Banal ng Israel; sapagkat kanyang niluwalhati ka." Talatang 4, 5.

"Aking inilalapit ang Aking katuwiran; hindi maglalaon, at ang Aking pagliligtas ay hindi magluluwat: at Aking ilalagay ang kaligtasan sa Sion na ukol sa Israel na Aking kaluwalhatian." Isaias 46:13.

Sa salita at gawa, ay inihayag ng Mesias sa Kanyang ministri dito sa lupa ang kaluwalhatian ng Ama. Bawat kilos ng buhay, bawat salitang sinambit, bawat kababalaghang ginawa, ay upang ipaalam sa lahing nagkasala ang walang katapusang pag-ibig ng Dios.

"Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabuting balita sa Sion,
Sumampa ka sa mataas na bundok;
Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabuting balita sa Jerusalem,
Ilakas mo ang iyong tinig na may kalakasan;
Ilakas mo, huwag kang matakot;
Sabihin mo sa mga bayan ng Juda, Tingnan ang iyong Dios!

"Narito, ang Panginoong Dios ay darating na gaya ng makapangyarihan,

At ang Kanyang kamay ay magpupuno sa ganang Kanya;
Narito, ang Kanyang gantimpala ay dala Niya,
At ang Kanyang gand ay nasa harap Niya.
Kanyang papastulin ang Kanyang kawan na gaya ng pastor:
Kanyang pipisanin ang mga kordero sa Kanyang kamay,
At dadalhin sila sa Kanyang sinapupunan,
At papatnubayan na marahan yaong mga nagpapasuso."

Isaias 40:9-11.

"At sa araw na yaon ay makikinig ang pipi ng mga salita ng Aklat,
At ang mga mata ng bulag ay makakakita mula sa kalabuan,
at sa kadiliman
At mananagana naman sa kanilang kagalakan sa Panginoon,
Ang maamo, at ang dukha sa gitna ng mga tao ay magagalak sa Banal ng
Israel."

"Sila namang nangamamali sa diwa ay darating sa pagkaunawa,
At silang mga mapag-upasala ay mangatututo ng aral."

Isaias 29:18, 19, 24.

[563] Kung kaya't, sa pamamagitan ng mga patriarka at propeta, gayon din sa mga uri at simbulo, ang Dios ay nagsalita sa sanlibutan tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas mula sa kasalanan. Isang mahabang linya ng mga propesiya ang nagturo sa pagdating ng "Ninanais ng mga bansa." Hagai 2:7. Kahit na ang lugar at panahon ng Kanyang kapanganakan at pagpapakita ay tinukoy sa pinakamaliit na detalye nito.

Ang Anak ni David ay dapat na ipanganak sa siyudad ni David. Mula sa Bethlehem, sabi ng propeta, "ay lalabas sa akin ang Isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan Niya ay mula nang una, mula nang walang hanggan." Mikas 5:2.

"At ikaw Bethlehem, na lupa ng Juda,
Sa anumang paraan ay hindi ikaw ang pinakamaliit sa mga pangulong bayan
ng Juda:
Sapagkat mula sa iyo'y lalabas ang isang Gobernador,

Na siyang magiging Pastor ng Aking bayang Israel."

Mateo 2:6.

Ang panahon ng unang pagparito at ang ilan sa mga pangunahing pangyayari tungkol sa gawain ng Tagapagligtas ay ipinaalam ng anghel Gabriel kay Daniel. "Pitumpung sanlinggo," sabi ng anghel, "ang ipinasya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan, upang tapusin ang pagsalangsang, at upang wakasan ang pagkakasala, at upang linisin sa kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang pagpopropesiya, at upang pahiran ang kabanal-ba- [564]
nalan." Daniel 9:24. Isang araw sa propesiya ay isang taon. Tingnan ang Bilang 14:34; Ezekiel 4:6. Ang pitumpung sanlinggo, o apat na raan at siyamnapung araw ay kumakatawan sa apat na raan at siyam napung taon. Ang pasimula ng panahong ito ay ibinigay: "Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem sa Pinahiran na Prinsipe, magiging pitong sanlinggo, at animnapu't dalawang sanlinggo" (Daniel 9:25), animnapu',t siyam na linggo, o apat na raan at walumpu',t tatlong taon. Ang utos upang muling itayo ang Jerusalem, ay ibinigay ni Artaxerxes Longimanus, at nagsimula ng taglagas ng 457 B.C. Tingnan

ang Ezra 6:14; 7:1, 9. Mula dito ang apat na raan at walumpu ',t tadong taon ay aabot sa taglagas ng A.D. 27. Ayon sa propesiya, ang panahong ito ay aabot hanggang sa Mesias, ang Pinahiran. Noong A.D. 27, ay tinanggap ni Jesus ang pagpapahid ng Banal na Espiritu sa Kanyang bautismo at di nagtagal ay nagsimula ang Kanyang ministri. At ang pabalita ay nahayag, "Ang panahon ay naganap." Marcos 1:15.

At, sinabi ng anghel, "At pagtitibayin Niya ang tipan sa marami sa isang sanlinggo [pitong taon]." Sa loob ng pitong taon matapos ang Tagapagligtas ay pumasok sa Kanyang gawain, ang ebanghelyo ay ipangangaral tangi na sa mga Judio; sa tado at kalahating taon ni Kristo mismo, at pagkatapos ay ng mga alagad. "At sa kalahati ng sanlinggo ay Kanyang ipatitigil ang hain at ang alay." Daniel 9:27. Sa tagsibol ng A.D. 31, si Kristo, ang tunay na Sakripisyo, ay inihandog sa Kalbaryo. At ang tabing ng templo ay nahapak, nagpapakitang ang kabanalan at kahalagahan ng serbisyo ng pagsasakripisyo ay nawala na. Dumating na ang panahong ang sakrispisyong makalupa at ang mga paghahandog ay nawakasan na.

Ang isang linggo—pitong taon—ay nagwakas ng A.D. 34. Sa pagbato kay Esteban ay tinatakan ng mga Judio ang kanilang pagtanggi sa ebanghelyo; ang mga alagad ay pinangalat ng pag-uusig at "nangangaral sa bawat dako ng salita" (Gawa 8:4); at di nagtagal si Saul na tagapag-usig ay nahikayat at naging Pablo na apostol sa mga Gentil.

Ang maraming propesiya tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas ay nagbigay ng palagiang pananabik sa mga Hebreo. Marami ang nangamatay sa pananampalataya na hindi natanggap ang katuparan ng mga pangako. Ngunit
[565] marami ang nakakita nito sa malayo, nanampalataya at nagkumpisal na sila ay taga-ibang lupa at manlalakbay lamang dito. Mula sa mga kaarawan ni Enoc ang mga pangako ay naulit sa pamamagitan ng mga patriarka at

propeta na nagbigay ng buhay na pag-asa sa Kanyang pagpapakita.

Noon ay di muna ibinigay ng Dios ang tiyak na petsa ng unang pagdating; at nang ang propesiya naman ni Daniel ay nabigay, hindi lahat ay nagkaroon ng tumpak na interpretasyon ng pabalita.

Mga daangtaon ay lumipas; sa wakas ay natahimik ang tinig ng mga propeta. Ang kamay ng mang-aapi ay mabigat sa Israel. At sa paglayo ng mga Judio sa Dios, ang pananampalataya ay lumabo, at ang pag-asa ay halos nawala upang magbigay tanglaw sa hinaharap. Ang mga salita ng propeta ay di naunawaan ng marami; at silang ang pananampalataya ay dapat sanang naging malakas ay nagwika pa, "Ang mga kaarawan ay tumatagal, at ang bawat pangitain ay nabubulaanan." Ezekiel 12:22. Datapuwat sa konsilyo sa langit ang pagdating ni Kristo ay naitakda na; "datapuwat nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang kanyang Anak,...upang matubos niya ang nangasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak." Galacia 4:4, 5.

Ang mga liksyon ay dapat mabigay sa tao sa wika ng mga tao. Ang Mensahero ng tipan ay dapat mangusap. Ang Kanyang tinig ay dapat madinig sa Kanyang sariling templo. Siya, na may-akda ng katotohanan, ang dapat maghiwalay ng butil sa ipa ng katotohanan sa kamalian. Ang mga simulain ng pamahalaan ng Dios at ang panukala ng pagliligtas ay dapat na malinaw na mailahad. Ang mga liksyon ng Lumang Tipan ay dapat na lubusang mailahad sa tao.

Nang ang Tagapagligtas ay napakita na sa "anyo ng tao" (Filipos 2:7), at nagsimula sa Kanyang ministri ng biyaya, si Satanas ay hanggang pagsugat lamang ng sakong nito, samantalang bawat gawa ng kahihiyan at pagdurusa ni

Kristo ay pagsugat naman sa ulo ng Kanyang katunggali. Ang pagdurusang dulot ng kasalanan ay nabuhos sa dibdib ng Walang Kasalanan; gayunman samantalang si Kristo ay nagbata ng parusa ng makasalanan laban sa Kanya, Siya naman ay nagbayad ng pagkakautang ng taong makasalanan at nilalagot ang pagkabihag ng sangkatauhan. Bawat kirot na naranasan, bawat insultong tinanggap, ay gumagawa sa ikaliligtas ng tao.

Kung nahimok ni Satanas si Kristo na magbigay-daan sa isang panunukso, kung napangunahan niya Siya sa isang ki-
[566] los o isipan na dumihan ang Kanyang sakdal na kadalisayan, ang prinsipe ng kadiliman ay maaring nagtagumpay laban sa Kasiguruhan ng tao at makamit ang buong lahi ng sangkatauhan sa kanyang sarili. Ngunit kung si Satanas ay makapamighati, hindi siya makahahawa. Maaari siyang magpasakit, ngunit hindi ang magpadungis. Kanyang ginawa ang buhay ni Kristo na isang mahabang panoorin ng tunggalian at pagsubok, ngunit sa bawat pagsalakay ay nawawala ang kanyang panghawak sa sangkatauhan.

Sa ilang ng tukso, sa Hardin ng Getsemane, at doon sa krus, ang Tagapagligtas ay sinagupa ang mga armas ng prinsipe ng kadiliman. Ang mga sugat Niya ay naging mga tropeo ng Kanyang tagumpay para sa sangkatauhan. Habang si Kristo ay nakabayubay sa krus, samantalang ang mga masasamang espiritu ay nagdiriwang at mga masamang tao ay nanunuya, tunay nga na ang Kanyang sakong ay nasugatan ni Satanas. Datapuwat ang gawain ding iyon ang dumudurog ng ulo ng ahas. Sa kamatayan ay winasak Niya "siya na nagkaroon ng kapangyarihan sa kamatayan, ang diablo." Hebreo 2:14. Ang gawaing ito ang nagtakda ng hantungan ng punong kaaway, at sa walang hanggan ay natiyak ang panukalang pagliligtas. Sa kamatayan ay natamo Niya ang tagumpay sa kapangyarihan nito; sa muling pagbangon, ay binuksan Niya ang pintuan ng libingan sa lahat ng Kanyang mga tagasunod. Sa huling

dakilang tunggaliang iyon ay nakita natin ang katuparan ng propesiya, “Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong.” Genesis 3:15.

“Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo: ngunit nalalaman natin, na kung Siya’y mahayag, tayo’y magiging katulad Niya; sapagkat Siya’y ating makikitang gaya ng Kanyang sarili.” 1 Juan 3:2. Ang Manunubos ay nagbukas ng landas, upang kahit na ang pinakamasamang makasalanan, ang pinakanangangailangan, ang pinakaapi at aba, ay makasumpong ng pagpasok sa kaharian ng Ama.

” Oh Panginoon, Ikaw ay along Dios;
Aking ibubunyi Ka,
Aking pupurihin ang Iyong pangalan;
Sapagkat Ikaw ay gumawa ng kagilagilalas na bagay;
Samakatuwid baga’y ang iyong binalak noong una, sa pagtatapat at
katotohanan.”

Isaias 25: 1.

[567]

# Kabanata 59—“Ang Sambahayan ng Israel”

Sa paghahayag ng mga katotohanan ng walang hanggang ebanghelyo sa lahat ng mga bansa, lipi, wika, at bayan, ang iglesia ng Dios ngayon ay tumutupad sa sinaunang propesiya, “ang Israel ay mamumulaklak at magbubuko, at pupunuin nila ng bunga ang ibabaw ng sanlibutan.” Isaias 27:6. Ang mga tagasunod ni Jesus, sa pakikipagtulungan sa mga ahensya ng kalangitan, ay mabilis na nararating ang mga malalayong dako ng lupa; at, bilang bunga ng kanilang paggawa, isang masaganang bunga ng mahal na kaluluwa ang naaani. Ngayon, higit sa alin mang panahon, ang pagpapalaganap ng katotohanan ng Biblia sa pamamagitan ng iglesiang natatalaga ay naghahadd sa tao ng mga pagpapalang ibinigay na pangako kay Abraham at sa buong Israel,—sa iglesia ng Dios sa sanlibutan sa bawat panahon,—“Pagpapalain kita,...at ikaw ay magiging pagpapala din.” Genesis 12:2.

Ang pangakong ito ng pagpapala ay natupad sana sa malaking sukat sa mga daangtaon kasunod ng pagbabalik ng mga Israelita mula sa pagkabihag. Panukala ng Dios na ang buong mundo_ ay mahanda sa unang pagparito ni Kristo, kung paanong ngayon ay naghahanda ukol sa Kanyang ikalawang pagparito. Sa katapusan ng mga taon ng kahihiyan ng pagkatapon, mabiyayang ipinagkaloob ng Dios sa Kanyang bayang Israel, sa pamamagitan ni Zacarias, ang kasiguruhan: “Ako’y nagbalik sa Sion, at tatahan Ako sa gitna ng Jerusalem: at ang Jerusalem ay tatawaging bayan ng katotohanan; at ang bundok ng Panginoon ng mga hukbo ang banal na bundok. At sa Kanyang bayan ay sinabi Niya, “Narito,...at Ako’y magiging kani-

lang Dios, sa katotohanan at sa katuwiran." Zacarias 8:3, 7, 8.

Ang mga pangakong ito ay nakasalig sa pagsunod. Ang mga kasalanang nakilala sa mga Israelita bago madalang bihag, ay di na dapat pang maulit. "Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan," ang tagubilin ng Panginoon sa mga magtatayong muli; "at magpakita ng kaawaan at ng [568]
kahabagan ang bawat isa sa kanyang kapatid: at huwag ninyong pighatiin ang babaing balo, ni ang ulila man, ang taga-ibang lupa, ni ang dukha man; at sinuman sa inyo ay huwag mag-isip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kanyang kapatid." "Magsalita ang bawat isa sa inyo ng katotohanan sa kanyang kapwa; humatol kayo ng katotohanan at kapayapaan sa inyong mga pintuang-bayan." Zacarias 7:9, 10; 8:16.

Sagana ang mga gantimpala, materyal at espirituwal, na ipinangako sa kanilang magsasakabuhayan ng mga prinsipyong ito ng katuwiran. "Sapagkat magkakaroon ng binhi ng kapayapaan," ang pahayag ng Panginoon; "ang puno ng ubas ay magbubunga, at ang lupa'y mapapakinabangan, at ibibigay ng langit ang kanyang hamog; at Aking ipamamana sa nalabi sa bayang ito ang lahat na bagay na ito. At mangyayari, na kung paanong kayo'y naging isang sumpa sa gitna ng mga bansa, Oh sambahayan ni Juda, at sambahayan ni Israel; gayon Ko kayo ililigtas, at kayo'y magiging isang kapalaran." Zacarias 8:12, 13.

Sa pagkaalipin sa Babilonia, mabisang naalis sa Israel ang pagsamba sa mga rebulto. Nang sila ay makauwi na, binigyang pansin ang mga turong relihiyoso at sa pagaaral ng sulat ng mga kautusan at mga propeta tungkol sa pagsamba sa tunay na Dios. Ang muling pagkatayo ng templo ay nagbigay pagkakataon upang maisagawa ang mga ritwal na serbisyo sa santuwaryo. Sa ilalim ng pangunguna ni Zerubbabel, ni Ezra, at ni Nehemias, paulit-ulit na sila ay nakipagtipang iingatan ang mga kau-

tusan at palatuntunan ni Jehova. Ang mga panahon ng kasaganaang sumunod ay naging sapat na katibayan ng pagiging laan ng Dios na tumanggap at magpatawad, at gayunman sa makitid na paningin ay nanumbalik silang paulit-ulit sa dating gawi at ginamit sa sariling kapakanan ang mga pagpapala ng pagpapagaling at kabuhayang espirituwal na magpapala sana sa maraming buhay.

Ang kabiguang tuparin ang banal na adhikain ay naging lantad sa panahon ni Malakias. May katigasan na ang mensahero ng Panginoon ay pinakitunguhan ng mga paglabag na nagnanakaw sa Israel ng kasaganaang temporal at kapangyarihang espirituwal. Sa kanyang sansala ay wala siyang pinalagpas kahit na saserdote o mga tao. "Ang propesiya na salita ng Panginoon sa Israel" sa pamamagitan ni Malakias ay ang liksyon ng nakaraan ay huwag malimutan at ang pakikipagtipan ni Jehova sa samba-
[569] hayan ng Israel ay mapanatiling may katapatan. Sa pamamagitan lamang ng taos-pusong pagsisisi makakamit ang pagpapala ng Dios. "At ngayo'y isinasamo ko sa inyo," ang pakiusap ng propeta, "inyong dalanginin ang lingap ng Dios, upang pagbiyayaan Niya tayo" Malakias 1:1,9.

Ngunit hindi ang pansamantalang pagkukulang ng Israel ang pipigil sa panukala ng Dios sa pagtubos sa sangkatauhan. Silang nakaririnig ng tinig ng propeta ay maaaring hindi makinig, ngunit ang layunin ni Jehova ay magpapatuloy hanggang sa katuparan nito. "Sapagkat mula sa sinisikatan ng araw hanggang sa nilulubugan niyaon," ipinahayag ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mensahero, "magiging dakila ang Along pangalan sa mga Gentil; at sa bawat dako ay paghahandugan ng kamangyan ang Aking pangalan, at ng dalisay na handog: sapagkat ang Aking pangalan ay magiging dakila sa gitna ng mga hindi naniniwala sa Dios ." Malakias 1:11.

Ang tipan ng "buhay at kapayapaan" na ginawa ng Dios sa mga anak ni Levi—ang tipan, kung namgatan ay naghatid sana ng di masukat na pagpapala—ay inalok ngayon ng Panginoon na ulitin sa kanilang dati ay naging tagapangunang espirituwal, ngunit "hamak at pinakamababa sa harap ng buong bayan." Malakias 2:5, 9.

Taimtim na ang gumagawa ng kasamaan ay binigyang babala ng araw ng paghatol na darating at ang adhikain ni Jehova na dalawin ng mabilis na pagkawasak ang bawat lumabag sa utos. Gayunman ay walang taong di binigyang pag-asa; ang mga propesiya ng paghatol ni Malakias ay may kasamang paanyaya sa mga di nagsisisi na makipagpayapaan sa Dios. "Manumbalik kayo sa Akin," ang giit ng Panginoon; "at Ako'y manunumbalik sa inyo." Malakias 3:7.

Sa tingin ay tutugon ang bawat puso sa ganitong paanyaya. Ang Dios ng langit ay sumasamo sa Kanyang naliligaw na anak upang manumbalik sa Kanya, upang muli ay makipagkaisa sila sa Kanya sa pagdadala at pagpapatuloy ng gawain Niya dito sa lupa. Ang Panginoon ay naguunat ng kamay upang abutin ang Israel at tulungan sila sa makipot na landas ng pagtanggi at pagsasakripisyo sa sarili, upang makabahagi Niya na tagapagmana bilang mga anak ng Dios. Sila kaya ay tutugon? Makikita kaya nila ang tanging pag-asa?

Gaano kalungkot ang tala, na noong panahon ni Malakias ang mga Israelita ay atubiling isuko ang pusong nagmamataas sa daglian at mapagmahal na pagsunod at buong pusong pakikiisa! Ang pagmamapuri ay lantad sa kanilang tugon, "Saan kami magsisi- panumbalik?" [570]

Inihayag ng Panginoon sa Kanyang bayan ang isa sa karulang natatanging kasalanan. "Nanakawan baga ng tao ang Dios?" Tanong Niya. "Gayunman ay ninanakawan ninyo

Ako." Hindi pa rin kumbinsido sa kasalanan, ang masuwaying tanong, "Saan ka namin ninakawan?"

Tiyak ang tugon ng Panginoon: "Sa mga ikasampung bahagi at sa mga handog. Kayo'y nangagsumpa ng sumpa: sapagkat inyo Akong ninakawan, samakatuwid baga'y nitong buong bansa. Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa Aking bahay, at subukin ninyo Ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi Ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog Ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. At Aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa myong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagkat kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Talatang 7-12.

Pinagpapala ng Dios ang gawa ng kamay ng tao, upang sila ay makapagbalik sa Dios ng Kanyang bahagi. Nagkakaloob Siya ng sikat ng araw at ulan; pinatutubo Niya ang pananim; nagkakaloob Siya ng kalusugan at kakayahan upang magkamit ng kayamanan. Bawat pagpapala ay buhat sa Kanyang mapagpalang kamay, at hinahangad Niya na ang mga lalaki at babae ay maghayag ng utang na loob sa pagbabalik sa Kanya ng bahagi sa ikapu at mga handog— mga handog ng pasasalamat, kusang-loob na handog, handog sa kasalanan. Ipagtatalaga ng tao ang kanilang kayamanan sa paglilingkod sa Kanya, upang ang Kanyang ubasan ay di maging tiwangwang. Pag-aaralan nila kung ano ang marapat gawin kung sila ay nasa lugar ng Panginoon. Lahat ng mahihirap na bagay ay isasangguni nila sa Kanya sa panalangin. Ihahayag nila ang di makasariling interes sa pagpapalago ng Kanyang gawain sa lahat ng bahagi ng mundo.

Sa mga pabalitang tulad ng taglay ni Malakias, ang huli sa mga propeta ng Lumang Tipan, at sa pamamagitan ng pang-aapi ng mga kaaway na pagano, sa huli ay natutuhan ng mga Israelita ang liksyon na ang tunay na kasaganaan ay nakasalig sa pagsunod sa utos ng Dios. Ngunit sa [571] maraming tao, ang pagsunod ay hindi bumubukal mula sa pananampalataya at pag-ibig. Ang mga motibo nila ay makasarili. Ang panlabas na paglilingkod ay bunsod ng pagkakamit ng katanyagan sa bansa. Ang bayang hirang ay di naging tanglaw sa mundo, kundi ibinukod ang sarili mula sa mundo bilang sanggalang sa hindi pagkahulog sa idolatriya. Ang mga pagbabawal sa kanila ng Dios tungkol sa pag-aasawa sa mga pagano, at pagsama sa mga gawa ng mga nakapalibot na bansa, ay napasama anupa’t ito ay gumawa ng pader na pagitan sa kanila at ibang mga bansa, at sa ganito ay isinara sa mga tao ang mga pagpapalang iniutos ng Dios sa Israel na kanilang ibahagi sa sanlibutan.

Kasabay nito, ang mga kasalanan ng mga Judio, ay nagpapahiwalay sa kanila sa Dios. Hindi nila nakita ang malalim na katotohanang espirituwal sa mga serbisyong sagisag lamang. Sa kanilang pag-aaring ganap sa sarili ay nagtiwala sila sa mga sariling gawa, sa mga sakripisyo at ordinansa na rin, sa halip na magtiwala sa mga kabutihan Niya kung saan nakaturo ang lahat ng bagay na ito. Sa ganito “sa pagsusumakit na maitayo ang sariling kanila” (Roma 10:3), pinalibutan nila ang sarili ng makasariling pormalismo. Kulang sa Espiritu at biyaya ng Dios, pinagtakpan nila ito ng mga mabibigat na seremonya at ritong relihiyoso. Hindi pa nasiyahan sa mga ordinansang ang Dios ang nagtakda, pinabigat nila ang mga banal na utos sa pamamagitan ng di mabilang na paghihigpit na sila ang gumawa. Habang nalalayo sa Dios, lalong naging mahigpit ang kanilang paglingat ng mga uri nito.

Dahilan sa salimuot na mga detalyeng ito, naging imposible halos para sa bayan na ingatan ang kautusan. Ang mga dak-

ilang prinsipyo ng katuwirang nakapaloob sa Sampung Utos, at ang mga maluwalhating katotohanang binigyang anino ng mga sagisag na serbisyo, ay napalabo din, at natabunan sa karamihan ng tradisyon at gawa ng tao. Silang may tunay na hangaring maglingkod sa Dios, at nagsikap na sundin ang buong kautusan ayon sa tagubilin ng mga saserdote at pinuno, ay umangal sa mabigat na pasan.

Bilang isang bansa, ang bayan ng Israel, bagama't umaasa sa pagdating ng Mesias, ay napalayong mainam sa Dios sa puso at kabuhayan na nawalan sila ng tunay na isipan tungkol sa likas at misyon ng ipinangakong Manunubos. Sa halip na maghangad ng katubusan sa kasalanan, at
[572] ng kaluwalhatian at kapayapaan ng kabanalan, ang kanilang mga puso ay natuon sa pagkaligtas mula sa mga kaaway na bansa, at pananauli sa makalupang kapangyarihan. Tumingin sila sa Mesias bilang mananagumpay, na magwasasak ng bawat pamatok, at magtataas sa Israel sa pamamayani sa mga bansa. Sa ganito ay nagtagumpay si Satanas sa paghahanda sa puso ng bayan na tanggihan ang Tagapagligtas kung dumating na Siya. Ang kataasan ng puso, ang maling isipan sa Kanyang likas at misyon, ang hahadlang sa kanila sa tapat na pagtitimbang ng mga katibayan ng Kanyang pagiging Mesias.

Sa mahigit na isang libong taon ay naghintay ang bayang Judio sa pagdating ng ipinangakong Tagapagligtas. Ang pinakamaningmng na pag-asa nila ay nasa pangyayaring ito. Sa loob ng isang libong taon, sa awit at propesiya, sa mga ritos sa templo at dalangin sa tahanan, ang Kanyang pangalan ay nadambana; gayunman, nang Siya ay dumating, hindi Siya kinilala bilang Mesias na matagal na nilang hinihintay. "Siya'y naparito sa sariling Kanya, at Siya'y hindi tinanggap ng mga sariling Kanya." Juan 1:11. Sa kanilang mga pusong nagmamahal sa sanlibutan, ang Minamahal ng langit ay naging "ugat mula sa tuyong lupa." Sa kanilang mga paningin ay wala Siyang

"anyo o kagandahan man;" walang nakita sa Kanyang kagandahan na maaari nilang manais. Isaias 53:2.

Ang buong buhay ni Jesus ng Nasaret sa gitna ng bayang Judio ay panunumbat sa kanilang pagkamakasarili, na nahayag sa kanilang pagiging makupad na kilalanin ang Kanyang mga pag-aangkin bilang May-ari ng ubasan na doon ay inilagay silang tagapag-alaga. Kinamuhian nila ang Kanyang halimbawa ng katotohanan at kabanalan; at nang dumating ang huling pagsubok, ang subukan na ang pagsunod doon ay mangangahulugan ng buhay na walang hanggan at ang pagsuway naman ay walang hanggang kamatayan, tinanggihan nila ang Banal ng Israel at may-kagagawan sa Kanyang pagkapako sa krus ng Kalbaryo.

Sa talinhaga ng ubasan, si Kristo sa pagtatapos ng Kanyang gawain sa lupa ay nanawagan sa mga gurong Judio ukol sa mga mayamang pagpapala na ipinagkaloob sa Israel, at dito ay inasahan ng Dios ang kanilang tugon. Maliwanag na inilahad sa kanila ang kaluwalhatian ng adhikain ng Dios, na sa pagsunod ay magagampanan nila. Inalis ang tabing ng hinaharap, at ipinakita sa kanila kung paano sa pamamagitan ng pagkukulang na magampanan ang
layunin Niya, ang buong bansa ay nagtatakwil ng mga [573]
pagpapala at nag-aanyaya ng pagkawasak sa sarili.

"May isang tao, na puno ng sambahayan," sinabi ni Kristo, "na nagtanim ng isang ubasan, at binakuran niya ng mga buhay na punong kahoy sa palibot, at humukay roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang bantayan, at ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang lupain." Mateo 21:33.

Sa ganito ay dnukoy ng Tagapagligtas "ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo," na ipinahayag ni propeta Isaias sa naunang mga daangtaon "ang sambahayan ng Israel." Isaias 5:7.

"At nang malapit na ang panahon ng pamumunga," nagpatuloy si Kristo, ang may-ari ng ubasan "ay sinugo ang kanyang mga alipin sa mga magsasaka, upang tanggapin ang kanyang bunga. At pinaghawakan ng mga magsasaka ang kanyang mga alipin, at hinampas nila ang isa, at ang isa'y pinatay, at ang isa'y binato. Muling sinugo niya ang ibang mga alipin, na mahigpit pa sa nangauna: at ginawa rin sa kanila ang gayon ding paraan. Datapuwat pagkatapos ay sinugo niya sa kanila ang kanyang anak na lalaki, na nagsasabi, Igagalang nila ang aking anak. Datapuwat nang makita ng mga magsasaka ang anak, ay nangag-usapan sila, Ito ang tagapagmana; halikayo, siya'y ating patayin, at kunin natin ang kanyang mana. At siya'y hinawakan nila, at itinaboy siya sa ubasan, at pinatay siya."

Naipamalas nga sa harap ng mga saserdote ang kanilang kasamaan, inilagay ngayon ni Kristo sa kanila ang tanong, "Pagdating ng panginoon ng ubasan, ano kaya ang gagawin sa mga magsasakang yaon?" Nakinig na mataman ang mga saserdote; at sa hindi pag-iisip ng kaugnayan nito sa kanila, sumama sila sa bayan sa pagtugon, sinabi nila sa kanya, "Pupuksaing walang awa ang mga tampalasang yaon, at ibibigay ang ubasan sa mga ibang magsasaka, na sa kanya'y mangagbibigay ng mga bunga sa kanilang kapanahunan."

Di nalalamang ipinataw nila sa sarili ang parusa. Tumingin sa kanila si Jesus, at sa Kanyang nanunuot na mata ay nabasa nila na alam ni Jesus ang mga lihim ng kanilang mga puso. Ang Kanyang pagka-Dios ay suminag sa kanila sa kapangyarihang di mapagkakamalian. Nakita nila sa tagapag-alaga ang larawan ng kanilang sarili at sila'y biglang nagwika, "Huwag nawang mangyari!"

May kaselanan at kapanglawang sinabi ni Jesus sa kanila: "Kailanman baga'y hindi ninyo nabasa sa mga Kasulatan,
[574] Ang batong itinak- wil ng nangagtatayo ng gusali,

ang siya nng ginawang pangulo sa panulok: ito'y mula sa Panginoon, at ito'y kagilagilalas sa harap ng ating mga mata? Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Aalisin sa inyo ang kaharian ng Dios at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga. At ang mahulog sa ibabaw ng batong ito ay madudurog: datapuwat sinumang kanyang malagpakan, ay pangangalating gaya ng alabok." Mateo 21:34-44.

Napigilan sana ni Kristo ang lagim na darating sa bansang Judio kung tinanggap lamang Siya ng bayan. Ngunit ang inggit at selos ay nagpatigas ng kanilang mga puso. Pinasyahan nilang hindi nila tatanggapin si Jesus ng Nasaret bilang Mesias. Tinanggihan nila ang Tanglaw ng sanlibutan, at mula noon ay napalibutan ang kanilang buhay ng kadilimang tulad ng dilim ng hatinggabi. Ang lagim na ipinopropesiya ay dumating sa bansang Judio. Ang kanilang sariling marahas na damdamin, walang pagpipigil, ang nagdala ng pagkapahamak sa kanila. Sa kanilang bulag na galit, winasak nila ang ang isa't isa. Ang pagmamataas na mapanghimagsik ang nagdala sa kanila ng galit ng mga Romano. Ang Jerusalem ay winasak, ang templo ay giniba, at ang dakong kinatayuan ay inararo. Ang mga anak ng Juda ay nangamatay sa kalunos-lunos na paraan. Milyon ay ipinagbili bilang alipin sa mga lupaing walang pagkakilala sa Dios.

Ang adhikain ng Dios na hindi nagampanan ng Israel, na bayang hirang, ay magagampanan sa wakas ng Kanyang iglesia sa lupa ngayon. "Ibinigay Niya ang ubasan sa ibang tagapag-alaga," sa Kanyang bayang nag-iingat ng tipan na "nagkakaloob sa Kanya nang tapat na bunga sa tamang panahon." Kailanman ay di nawalan ang Panginoon ng mga tapat na kinatawan sa lupa na nagpakilala sa tao ng Kanyang mga interes. Ang mga saksing ito ng Dios ay nabibilang sa espirituwal na Israel, at sa kanila ay matutupad ang mga pangako ng tipan na ipinahayag ni Jehova sa Kanyang sinaunang bayan.

Ngayon ang iglesia ng Dios ay malayang maipagpapatuloy ang banal na panukala sa ikaliligtas ng lahing nagkasala. Sa maraming daangtaon ang bayan ng Dios ay nagdanas ng pagsikil sa kanilang mga kalayaan. Ang pangangaral ng ebanghelyo sa kanyang kadalisayan ay ipinagbawal, at ang pinakamabigat na parusa ay sumasakanilang lalabag sa mga batas ng tao. Bunga nito, ang ubasan ng Panginoon ay halos nawalan ng manggagawa. Ang bayan ay nawalan ng pagkakataong makatanggap ng liwanag ng
[575] salita ng Dios. Ang dilim ng kamalian at pamahiin ay nagbantang burahin ang pagkaalam ng tunay na relihiyon. Ang iglesia ng Dios sa lupa ay halos bihag sa mahabang panahon ng walang humpay na pag-uusig tulad ng pagkabihag ng Israel sa Babilonia.

Ngunit, salamat sa Dios, ang Kanyang iglesia ay di na bihag. Sa espirituwal na Israel ay naisauli ang mga karapatang ipinagkaloob sa bayan ng Dios matapos na sila ay palayain mula sa Babilonia. Sa bawat bahagi ng lupa, mga lalaki at babae ay tumutugon sa pabalitang sugo ng Langit na ipinopropesiya ni Juan na rebelador na ibabalita bago ang ikalawang pagparito ni Kristo: "Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagkat dumating
[576] ang panahon ng Kanyang paghatol." Apocalipsis 14:7.

Hindi na muling mabibihag pa ng masamang kapangyarihan ang iglesia; sapagkat "Naguho, naguho, ang dakilang Babilonia, na siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng kanyang pakikiapid;" at sa espirituwal na Israel ay ibinigay ang mensahe, "Mangagsilabas kayo sa kanya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kanyang mga salot." Talatang 8; 18:4. Habang pinakinggan ng mga bihag ang mensahe, "Tumakas ka na mula sa gitna ng Babilonia" (Jeremias 51:6), at ibinalik sa Lupang Pangako, kaya't yaong nangatatakot sa Dios ngayon ay nakikinig sa mensahe na lumabas mula sa espirituwal na Babilonia, at hindi matatagalan sila ay tatayo

bilang mga katibayan ng banal na biyaya sa bagong lupa, ang makalangit na Canaan.

Sa panahon ni Malakias ang nanunuyang tanong ng ayaw magsisi ay, "Saan nandoon ang Dios ng kahatulan?" ay nakatagpo ng taimtim na tugon: "Ang Panginoon...ay biglang paroroon sa Kanyang templo, at ang Sugo ng tipan.... Ngunit sino ang makatatahan sa araw ng Kanyang pagparito? at sino ang tatayo pagka Siya'y pakikita? sapagkat Siya'y parang apoy ng mangdadalisay, at parang sabon ng mga tagapagpaputi: at Siya'y mauupong gaya ng mangingintab at mangdadalisay ng pilak: at Kanyang dadalisayin ang mga anak ni Levi, at kanyang pakikinising parang ginto at pilak, at sila'y mangaghahandog sa Panginoon ng mga handog sa katuwiran. Kung magkagayo'y ang handog ng Juda at ng Jerusalem ay magiging kalugod-lugod sa Panginoon, gaya ng mga araw nang una, at gaya ng mga taon nang una." Malakias 2:17; 3:1-4.

Nang malapit nang magpakita ang ipinangakong Mesias, ang pabalita ng naghanda ng daan ni Kristo ay: Magsisi, mga maniningil ng buwis at makasalanan; magsisi, mga Pariseo at Saduceo; "sapagkat malapit na ang kaharian ng langit." Mateo 3:2.

Ngayon, sa diwa at kapangyarihan ni Elias at ni Juan na Magbabautismo, ang mga mensahero ng Dios ay tumatawag ng pansin ng sanlibutang hahatulan sa mga maselang pangyayaring magaganap kaugnay ng mga nagwawakas na oras ng palugit at pagpapakita ni Kristo Jesus bilang Han ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Di magtatagal ang bawat tao ay hahatulan sa bawat gawa ng kanyang katawan. Ang oras ng paghatol ng Dios ay dumating na, at sa mga kaanib ng Kanyang iglesia sa lupa nakababaw ang banal na kapanagutang magbibigay babala sa kanilang nakatayo sa bingit ng walang hanggang [577]
pagkapahamak. Sa bawat tao sa lupang tutugon ay dapat malinaw na ipahayag ang mga prinsipyong nakataya sa

dakilang tunggaliang nagaganap, mga prinsipyong dito'y nakasalig ang hantungan ng sangkatauhan.

Sa mga huling oras na ito na palugit para sa mga anak ng tao, na ang kapalaran ng bawat kaluluwa ay pagpapasyahan magpakailanman, ang Panginoon ng langit at lupa ay umaasang ang Kanyang iglesia ay magbabangon sa paggawa higit sa alin mang panahon. Silang pinalaya kay Kristo sa pagkaalam ng mahahalagang katotohanan, ay ibinibilang ni Kristo na Kanyang mga pinili, at nakahihigit sa lahat ng tao sa balat ng lupa; at Siya'y umaasa sa kanila na maghayag ng kapurihan Niyang tumawag sa kanila mula sa kadiliman tungo sa kagila-gilalas na kaliwanagan. Ang pagpapalang masaganang ipinagkaloob ay dapat ibahagi sa iba. Ang mabuting balita ng kaligtasan ay lalaganap sa bawat bansa, lipi, wika, at bayan.

Sa mga pangitain ng mga propeta noon ang Panginoon ng kaluwalhatian ay milalarawan bilang nagkakaloob ng tanging liwanag sa Kanyang iglesia sa panahon ng kadiliman at kawalang paniniwala bago ang Kanyang ikalawang pagparito. Bilang Araw ng Katuwiran, Siya ay babangon sa Kanyang iglesia, "na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak," Malakias 4:2. At sa bawat tunay na alagad ay masisinag ang impluwensyang ukol sa buhay, tapang, pagtulong, at tunay na pagpapagaling.

Ang pagdating ni Kristo ay magaganap sa pinakamadilim na bahagi ng kasaysayan ng lupa. Ang mga kaarawan ni Noe at Lot ay naglarawan ng kalagayan ng mundo bago dumating ang Anak ng tao. Ang mga Kasulatan, na tumuturo sa kapanahunang ito, ay naghahayag na si Satanas ay gagawang may buong kapangyarihan "at may buong daya ng kalikuan." 2 Tesalonica 2:9, 10. Ang paggawa niya ay malinaw na nakikita sa mabilis na pagdami ng kadiliman, kamalian, kasinungalingan, at mga pandaraya sa mga huling araw. Hindi lamang nabibihag ni Satanas ang mundo, ang kanyang mga daya ay nakahahawa sa mga

iglesiang nagpapanggap na kay Jesu-Kristong Panginoon. Ang dakilang pagtalikod ay lalago hanggang kadilimang pusikit sa hatinggabi. Sa bayan ng Dios ay magiging gabi ito ng pagsubok, gabi ng pagtangis, gabi ng pag-uusig alang-alang sa katotohanan. Ngunit mula sa dilim na ito ng gabi ay sisilang ang liwanag ng Dios. [578]

Kanyang pinapangyanng "magniningning ang ilaw sa kadiliman." 2 Corinto 4:6. Nang "ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman," "ang Espiritu ng Dios ay sumasa ibabaw ng tubig. At sinabi ng Dios, Magkaroon ng liwanag: at nagkaroon ng liwanag." Genesis 1:2, 3. Kaya sa gabi ng kadilimang espirituwal, ang salita ng Dios ay nagpapatuloy, "Magkaroon ng liwanag." Sa Kanyang bayan ay sinasabi Niya, "Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo." Isaias 60:1.

"Sapagkat narito," sabi ng Kasulatan, "tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga bayan: ngunit ang Panginoon ay sisikat sa iyo, at ang Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo." Talatang 2. Si Kristo, ang kaliwanagan ng kaluwalhatian ng Ama, ay dumating sa lupa bilang ilaw. Siya'y dumating upang kumatawan sa Dios para sa tao, at sa Kanya ay nasusulat na Siya ay pinahiran "ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan," at "naglilibot na gumagawa ng mabuti." Gawa 10:38. Sa sinagoga sa Nazaret ay sinabi Niya, "Sumasa Akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha; Ako'y sinugo Niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nanga-aapi, upang itanyag ang kaaya-ayang taon ng Panginoon." Lucas 4:18, 19. Ito ang gawain na iniatas Niya sa mga alagad na gawin. "Kayo ang ilaw ng sanlibutan," ang sabi Niya. "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang mangakita nila

ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." Mateo 5:14, 16.

Ito ang gawaing inilarawan ni propeta Isaias nang sabihin niyang: "Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha ng walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapwa tao? Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw: at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod." Isaias 58:7, 8.

Sa gabi ng espirituwal na kadiliman ang kaluwalhatian ng Dios ay sisilang sa pamamagitan ng Kanyang iglesia sa pagtataas sa kanilang lumo at nagpapaginhawa sa kanilang
[579] napipighati.

Sa palibot natin ay nadidinig ang lumbay ng sanlibutan. Sa bawat dako ay mga nangangailangan at nababagabag. Nasa atin ang pagpapaginhawa ng kahirapan ng buhay at pagkaaba. Ang mga pangangailangan ng kaluluwa ay tanging ang pag-ibig ni Kristo ang makasasapat. Kung si Kristo ay nananahan sa atin, ang ating mga puso ay napupuspos ng banal na malasakit. Ang mga bukal ng pagibig ni Knsto na dati'y may takip ay mabubuksan at aagusan.

Marami ang tinakasan na ng pag-asa. Ibalik ang sikat ng araw sa kanila. Marami ang nawalan na ng lakas ng loob. Salitain sa kanila ang mga salitang nagpapasaya. Idalangin sila. Marami ang nangangailangan ng tinapay ng buhay. Basahin sa kanila ang salita ng Dios. Sa marami ay nakapataw ang sakit ng kaluluwa na walang gamot dito sa lupa o doktor na makapagpapagaling. Idalangin ang mga kaluluwang ito. Dalhin sila kay Jesus. Sabihin sa kanilang may balsamo sa Galaad at naroroon ang Manggagamot.

Ang liwanag ay pagpapala, isang pagpapalang pansanlibutan, na ibinubuhos ang kayamanan niya sa isang sanlibutang walang pagpapasalamat, walang kabanalan, at sira ang loob. Ganito rin ang liwanag ng Araw ng Katuwiran. Ang buong sanlibutan, nababalutan ng dilim ng kasalanan at kapanglawan at sakit ay dapat matanglawan ng pagkakilala sa pag-ibig ng Dios. Walang sekta, posisyon, o klase ng taong dapat isantabi sa pagtanggap ng tanglaw mula sa trono ng langit.

Ang pabalita ng pag-asa at habag ay dapat dalhin hanggang sa mga dulo ng lupa. Ang sinuman, ay maaaring magunat ng kamay upang abutin ang kalakasan ng Dios at makipagpayapaan sa Kanya, at Siya'y makipagpayapaan. Ang mga hindi naniniwala sa Dios ay di na dapat pang manatili sa kadiliman ng hatinggabi. Ang lambong ay mapapawi sa harapan ng liwanag ng Araw ng Katuwiran.

Ginaw a ni Kristo ang lahat ng paglalaan upang ang Kanyang iglesia ay mabago, nagtataglay. ng Liwanag ng sanlibutan, na may kaluwalhatian ni Immanuel. Adhikain Niya na ang bawat Kristiano ay mapalibutan ng espintuwal na liwanag at kapayapaan. Ninanais Niyang tayo ay maghayag ng Kanyang kagalakan sa ating mga buhay.

"Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo." Isaias 60:1. Si Kristo ay darating na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Darating Siyang taglay ang sariling kaluwalhatian at nang kaluwalhatian ng Ama. At ang mga banal na anghel ay kasama [580]
Niya sa Kanyang daraanan. Habang ang sanlibutan ay nakalugmok sa kadiliman, magkakaron ng liwanag sa bawat tirahan ng mga banal. Makikita nila ang unang liwanag ng Kanyang ikalawang pagdating. Ang walang batik na liwanag ay sisikat mula sa Kanyang kaluwalhatian, at si Kristo na Manunubos ay hahangaan ng lahat ng naglingkod sa Kanya. Habang ang masasama ay

lumalayo, ang mga tagasunod ni Kristo ay magdiriwang sa Kanyang presensya.

At pagkatapos ang mga naligtas sa mga tao ay tatanggap ng kanilang ipinangakong pamana. Sa ganito, ang layunin ng Dios para sa Israel ay magkakaroon ng literal na katuparan. Kung ano ang layunin ng Dios, ang tao ay walang kapangyarihang magpawalang bisa. Kahit sa gitna ng paggawa ng kasamaan, ang layunin ng Dios ay patuloy na sumusulong sa kanyang kaganapan. Ganito sa sambahayang Israel sa buong kasaysayan ng nahating kaharian; ganito rin sa espirituwal na Israel ngayon.

Ang propeta ng Patmos, sa paglingon sa nagdaang taon hanggang sa panahon ng pagbabalik ng Israel sa bagong lupa, ay nagpatotoo:

"Tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan, na hindi mabilang ng sinuman, na mula sa bawat bansa, at lahat ng mga angkan, at mga bayan, at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan, at sa harapan ng Kordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; at nagsisigawan ng tinig na malakas, na nagsasabi, Ang Pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Kordero.

"At ang lahat ng mga anghel ay nangatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na hayop ("nilalang na buhay), at sila'y nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios, na nagagsasabi, Siya nawa: Pagpapala, at kaluwalhatian, at karunungan, at pagpapasalamat, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang sumaaming Dios magpakailan kailanman."

"At narinig ko ang gaya ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na kulog na nagsasabi, Aleluya: sapagkat naghahan ang Panginoong ating Dios na makapangyari-

han sa lahat. Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at Siya'y ating luwalhatiin." "Siya'y Panginoon ng mga panginoon, at Hari ng mga hari; at ng mga kasama Niya, na mga tinawag, at mga pili, at mga tapat." Apocalipsis 7:9-12; 19:6, 7; 17:14. [581]

# Kabanata 60—Mga Pangitain ng Kaluwalhatian sa Hinaharap

Sa mga pinakamadidilim na araw ng kanyang mahabang pakikipagtunggali sa kasamaan, ang iglesia ng Dios ay binigyan ng mga pagpapahayag ng tungkol sa walang hanggang adhikain ni Jehova. Ang Kanyang bayan ay pinahintulutang makita ang kabila na mga pagsubok ng kasalukuyan tungo sa mga tagumpay ng hinaharap, nang, ang pakikipagbaka ay naisagawa na, ang natubos ay papasok na sa pag-aangkin ng ipinangakong lupain. Ang mga pangitain ng hinaharap na kaluwalhatian, mga tanawing inilarawan ng kamay ng Dios, ay dapat maging mahal sa Kanyang iglesya ngayon, nang ang tunggalian ng mga panahon ay mabilis na nagsasara at ang pangakong mga pagpapala ay malapit ng maranasan sa lahat ng kanyang kahustuhan.

Marami ang mga pabalita ng kaginhawahang ibinigay sa iglesia ng mga propeta noon. "Inyong aliwin, inyong aliwin ang Aking bayan."(Isaias 40:1), ang utos kay Isaias mula sa Dios; at kasabay ng komisyong ito ay mga kahangahangang pangitain ang naging pag-asa at kagalakan ng mga mananampalataya sa mga daang taong sumunod. Hinamak ng mga tao, pinag-usig, pinabayaan, ang mga anak ng Dios sa bawat panahon ay pinunan ng kasiguruhan ng Kanyang mga pangako. Sa pananampalataya ay tumanaw sila sa panahong tutuparin Niya sa Kanyang iglesia ang kasiguruhang, "gagawin kitang walang hanggang karilagan, na kagalakan ng maraming sali't saling lahi." Isaias 60:15.

Madalas na ang iglesiang nagbabantay ay tinawagan upang magbata ng pagsubok at kahirapan; ngunit kundi dahil sa mahigpit na tunggalian na ang iglesia ay magtatagumpay. “Tinapay ng kasakunaan,” “ang tubig ng kadalamhatian” (Isaias 30:20), ang mga ito ang karaniwang kapalaran ng lahat; ngunit wala na naglagay ng kanilang tiwala sa Isa na makapangyarihan upang magligtas ay ganap na magagapi. “Ngunit ngayo’y ganito ang sabi ng Panginoon na [582] lumalang sa iyo, Oh Jacob, at Siya na nag-anyo sa iyo, Oh Israel, Ikaw ay huwag matakot: sapagkat tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan; ikaw ay Akin. Pagka ikaw ay dumaraan sa tubig, Ako’y sasaiyo; at sa mga ilog ay hindi ka tatakpan niyaon: pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab sa iyo. Sapagkat Ako ang Panginoon mong Dios, ang Banal ng Israel, ang Tagapagligtas sa iyo: Aking ibinigay na pinakatubos sa iyo ang Egipto, ang Etiopia at ang Seba. Yamang ikaw ay naging mahalaga sa Aking paningin, at kagalang-galang, at Aking inibig ka: kaya’t magbibigay Ako ng mga tao na pinakatubos sa iyo, at ng mga bayan na pinakatubos sa iyong buhay.” Isaias 43:1-4.

May pagpapatawad sa Dios; may pagtanggap na lubusan at walang bayad sa pamamagitan ng mga kabudhan ni Jesus, ang ating Panginoong napako at nabuhay na maguli. Nadinig ni Isaias ang pahayag sa Kanyang mga pinili: “Ako, Ako nga ay Siyang pumapawi ng iyong mga pagsalangsang alang-alang sa Akin, at hindi Ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan. Ipaalaala mo Ako: tayo’y kapwa magkatuwiranan: ilabas mo ang iyong usap, upang ikaw ay mapatotohanan.” “At iyong malalaman na Akong Panginoon ay Tagapagligtas sa iyo, at Manunubos sa iyo, Makapangyarihan ng Jacob.” Talatang 25,26; 60:16.

“At ang kakutyaan ng Kanyang bayan ay maaalis sa buong lupa,” wika ng propeta. “At tatawagin nila sila, Ang banal na

bayan, Ang tinubos ng Panginoon." Kanyang itinakda "upang bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis, ng damit ng kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob; upang sila'y matawag na mga punong kahoy ng katuwiran, na pananim ng Panginoon upang Siya'y luwalhatiin."

"Gumising ka, gumising ka; magsuot ka ng iyong kalakasan, Oh Sion;
Magsuot ka ng iyong mga magandang damit, Oh Jerusalem, na Bayang
Banal:
Sapagkat mula ngayo'y hindi na papasok pa sa iyo ang hindi tuli at ang
marumi.

"Magpagpag ka ng alabok;
Ikaw ay bumangon, umupo ka sa iyong luklukan, Oh Jerusalem:
Magkalag ka ng mga tali ng iyong leeg, Oh bihag na anak na babae
ng Sion."

[583]

"Oh ikaw na nagdadalamhati, na pinapaspas ng bagyo, at hindi naaaliw,
Narito, Aking ilalagay ang iyong mga bato na may magandang mga kulay,
At ialapag Ko ang iyong mga patibayan na may mga zafiro.
"At gagawin kong mga rubi ang iyong mga dungawan,
At mga karbungko ang iyong mga pintuang-bayan,
At mga mahahalagang bato ang iyong lahat na hangganan.

"At lahat mong anak ay tuturuan ng Panginoon;
At magiging malaki ang kapayapaan ng iyong mga anak.
Sa katuwiran ay matatatag ka:

"Ikaw ay malalayo sa kapighatian; sapagbt yao'y hindi mo katatakutan:
At sa kakilabutan; sapagbt hindi lalapit sa iyo.
Narito, sila'y magbbpisan, ngunit hindi sa pamamagitan Ko:
Sinumang magpipisan laban sa iyo ay mabubuwal dahil sa iyo....

"Walang armas na ginawa laban sa iyo ay pakikinabangan;
At bawat dila na gagalaw laban sa iyo sa bhatulan ay iyong hahatulan.
Ito ang mana ng mga lingkod ng Panginoon,
At ang katuwiran nila ay sa Akin, sabi ng Panginoon.

Isaias 25:8; 62:12; 61:3; 52:1, 2; 54:11-17.

Taglay ang kalasag ng katuwiran ni Kristo, ang iglesia ay papasok sa kanyang huling yugto ng labanan. "Maganda na parang buwan, maliwanag na parang araw, at kakilakilabot na parang hukbo na may mga watawat" (Awit ng mga Awit 6:10), siya ay hahayo sa lahat ng sanlibutan, na nagtatagumpay at para magtagumpay.

Ang pinakamadilim na oras ng pakikibaka ng iglesia sa mga kapang-yarihan ng kasamaan ay ang bisperas ng kanyang pangwakas na kaligtasan. Datapuwat walang sinumang nagtitiwala sa Dios ang dapat mangamba; "pagka ang hihip ng mga kakilaldlabot ay parang bagyo laban sa kuta," ang Dios ay nasa Kanyang bayan "silungan sa bagyo." Isaias 25:4.

Sa araw na iyon tanging mga matuwid ang may pangako ng pagliligtas. “Ang mga makasalanan sa Sion ay nangatatakot; nanginginig ang mga masasama. Sino sa atin ang tatahan sa mamumugnaw na apoy? sino sa adn ang tatahan sa walang hanggang ningas? Siyang lumalakad ng matuwid, at nagsasalita ng matuwid; siyang humahamak ng pakinabang sa mga kapighatian, na iniuurong ang kanyang mga kamay sa paghawak ng mga suhol,
[584] na nagtatakip ng kanyang mga tainga ng pagdinig ng tungkol sa dugo, at ipinipikit ang kanyang mga mata sa pagtingin sa kasamaan; siya’y tatahan sa mataas: ang kanyang dakong sanggalangan ay ang mga katibayan na malalaking bato: ang kanyang tinapay ay mabibigay sa kanya; ang kanyang tubig ay sagana.” Isaias 33:14-16.

Ang salita ng Panginoon sa Kanyang mga tapat ay: “Ikaw ay parito, bayan Ko, pumasok ka sa iyong mga silid, at isara mo ang iyong mga pintuan sa palibot mo: magkubli kang sandali, hanggang sa ang galit ay makalampas. Sapagkat, narito, ang Panginoon ay lumalabas mula sa Kanyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan.” Isaias 26:20, 21.

Sa mga pangitain ng dakilang paghuhukom ang lanasihang mga mensahero ni Jehova ay binigyang pantanaw sa pagkahambal ng mga hindi handang makipagpayapa sa Panginoon.

“Narito, pinawawalan ng laman ng Panginoon ang lupa, at sinisira, at binabaligtad, at pinangangalat ang mga nananahan doon;...sapagkat kanilang sinalangsang ang kautusan, binago ang alituntunin, sinira ang walang hanggang dpan. Kaya’t nilamon ng sumpa ang lupa, at silang nagsisitahan doon ay nangasumpungang salarin.... Ang saya ng mga pandereta ay naglikat, ang kaingay nila na nangagagalak ay nagwakas, ang galak ng alpa ay naglikat.” Isaias 24:1 -8

"Sa aba ng araw na yaon! sapagkat ang kaarawan ng Panginoon ay malapit na, at darating na parang kagibaan mula sa Makapangyarihan sa lahat.... Ang mga binhi ay nangabubulok sa kanilang bugal; ang mga kamalig ay nangakahandusay na sira, ang mga imbakan ay bagsak; sapagkat ang trigo ay natuyo. Ganyan na lamang ang ungal ng mga hayop! ang mga kawan ng mga hayop ay natitigilan, sapagkat wala silang pastulan; oo, ang mga kawan ng tupa ay nangapahamak." "Ang puno ng ubas ay natuyo, at ang puno ng higos ay nalalanta; ang puno ng granada, ang puno ng palma ay gayon din at ang puno ng manzanas, lahat ng punong kahoy sa parang ay tuyo: sapagkat ang kagalakan ay nawala sa mga anak ng mga tao." Joel 1:15-18, 12.

"Ako'y nagdaramdam sa aking puso," ang bulalas ni Jeremias habang pinagmamasdan ang lagim ng mga pangyayari sa pagtatapos ng kasaysayan ng sanlibutan. "Hindi ako matahimik; sapagkat iyong narinig, Oh kaluluwa ko, ang tunog ng trumpeta, ang hudyat ng pakikipagdigma. Kagibaan at kagibaan ang inihihiyaw; sapagkat ang buong lupain ay nasira. Jeremias 4:19, 20. [585]

"At ang kahambugan ng tao ay huhutukin," ang pahayag ni Isaias sa araw ng paghihiganti ng Dios, "at ang mga pagmamataas ng mga tao ay mababababa: at ang Panginoon mag-isa ay mabubunyi sa kaarawang yaon. At ang mga diyus-diyusan ay mapapawing lubos.... Sa kaarawang yaon ay ihahagis ng mga tao ang kanilang mga diyusdiyusang pilak, at ang kanilang mga diyus-diyusang ginto, na kanilang ginawa upang sambahin, sa yungib ng mga bilig at ng mga paniki; upang pumasok sa mga puwang ng malalaking bato, at sa mga bitak ng mga malaking bato, sa harap ng kakilabutan sa Panginoon, at sa kaluwalhatian ng Kanyang kamahalan, pagka Siya'y bumangon upang yaniging may kapangyarihan ang lupa." Isaias 2:17-21.

Sa mga panahong iyon ng pagbabago, nang ang pagmamataas ng tao ay masasadlak, ito ang patotoo ni Jeremias: "Aking minasdan ang lupa, at, narito, sira at walang laman; at ang langit ay walang liwanag. Aking minasdan ang mga bundok, at, narito, nagsisiyanig, at ang lahat na burol ay nagsisiindayog. Ako'y nagmasid, at, narito, walang tao, at lahat ng mga ibon sa himpapawid ay nangakatakas. Ako'y nagmasid, at, narito, ang mainam na parang ay ilang, at lahat ng mga bayan niyaon ay nangasira." "Ay! sapagkat ang araw na yaon ay dakila, na anupa't walang gaya niyaon: siya ngang panahon ng kabagabagan ng Jacob; ngunit siya'y maliligtas doon." Jeremias 4:2326; 30:7.

Ang araw ng galit sa mga kaaway ng Dios ay siyang araw ng pagliligtas sa wakas sa Kanyang iglesia. Wika ng propeta:

"Inyong palakasin ang mga mahinang kamay,
At patatagm ang mga mahinang tuhod.

Inyong sabihin sa kanila na matatakuting puso,
Kayo'y mangagpakatapang,
huwag kayong mangatakot:
Narito, ang niyong Dios ay pariritong may panghihiganti,
May kagantihan ng Dios; Siya'y parinto at ililigtas kayo."

"Sinakmal niya ang kamatayan magpakailanman; at papahirin ng Panginoong Dios ang mga luha sa lahat ng mga mukha; at ang kakutyaan ng Kanyang bayan ay maaalis sa buong lupa: sapagkat sinalita ng Panginoon." Isaias 35:3, 4; 25:8. At habang minamasdan ng propeta ang Panginoon ng kaluwalhatian na bumababa mula sa langit, kasama
[586] ang mga anghel upang tipunin ang nalabing iglesia mula

sa mga bansa sa lupa, nadidinig niya ang matagumpay na sigaw:

"Narito, ito'y ating Dios;
Hinintay natin Siya,
At ililigtas Niya tayo:
Ito ang Panginoon;
Ating hinintay Siya,
Tayo'y matutuwa at magagalak
sa Kanyang pagliligtas."

Isaias 25:9.

Ang tinig ng Anak ng Dios ay narinig na tumatawag sa mga natutulog na mga banal, at habang minamasdan ng propeta ang paglabas nila mula sa piitang kamatayan, nabulalas niya, "Ang iyong mga patay ay mangabubuhay, ang aking patay na katawan ay babangon. Magsigising at magsiawit, kayong nagsisitahan sa alabok: sapagkat ang iyong hamog ay gaya ng hamog ng mga damo, at iluluwa ng lupa ang mga patay.

"Kung magkagayo'y madidilat ang mga mata ng bulag,

At ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan.
Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa,
At ang dila ng pipi ay aawit."

Isaias 26:19; 35:5,6.

Sa mga pangitain ng propeta, silang nagtagumpay sa kasalanan at sa libingan ngayon ay makikitang nagagalak sa presensya ng kanilang Manlalalang, malayang nakikipag-usap sa Kanya tulad ng tao na nakipag-usap sa Dios sa pasimula. "Ngunit kayo'y mangatuwa," sinabi ng Panginoon, "at

mangagalak magpakailanman sa Aking nilikha: sapagkat, narito, Aking nililikha na kagalakan ang Jerusalem, at kaligayahan ang kanyang bayan. At Ako'y magagalak sa Jerusalem, at maliligaya sa Aking bayan: at ang tinig ng iyak ay hindi na maririnig pa sa kanya, o ang tinig man ng daing." "At ang mamamayan ay hindi magsasabi, ako'y may sakit: ang bayan na tumatahan doon ay patatawarin sa kanilang kasamaan."

"Sapagkat sa ilang ay bubukal ang tubig,
At magkakailog sa ilang.
At ang buhanginang kumikislap ay magiging lawa,
At ang uhaw na lupa ay mga bukal ng tubig."

[587]

"Kahalili ng tinik ay tutubo ang puno ng abeto,
At kahalili ng dawag ay tutubo ang arayan."

"At magkakaroon doon ng isang lansangan, at ng isang daan,
At tatawagin Ang daan ng kabanalan;
Ang marumi ay hindi daraan doon;
Kundi magiging sa kanyang bayan:
Ang mga palalakad na tao, oo, maging ang mga mangmang, ay hindi
mangaliligaw roon."

"Mangagsalita kayong may pag-aliw sa Jerusalem, at sigawan ninyo siya, na ang kanyang pakikipagdigma ay naganap, na ang kanyang kasamaan ay ipinatawad: sapagkat siya'y tumanggap sa kamay ng Panginoon ng ibayong ukol sa kanyang lahat na kasalanan." Isaias 65:18, 19; 33:24; 35:6, 7; 55:13; 35:8; 40:2.

At habang minamasdan ng propeta ang mga tinubos na naninirahan sa Siyudad ng Dios, ligtas sa kasalanan at sa lahat ng

tanda ng parusa, sa kagalakan ay nawika niya, "Kayo'y mangagalak na kasama ng Jerusalem, at mangatuwa dahil sa kanya, kayong lahat na nagsisiibig sa kanya: kayo'y mangagalak ng kagalakan na kasama niya."

"Karahasan ay hindi na maririnig sa iyong lupain,
Ni ang kawasakan o kagibaan sa loob ng iyong mga hangganan;
Kundi tatawagin mo ang iyong mga kuta ng Kaligtasan,
At ang iyong mga pintuang-bayan na Kapurihan.

"Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag sa araw;
O ang buwan man ay magbibigay sa iyo ng liwanag:
Kundi ang Panginoon ay magiging sa iyo ay walang hanggang liwanag,
At ang iyong Dios ay iyong kaluwalhatian.

"Ang iyong araw ay hindi na lulubog;
ang iyo mang buwan ay lulubog:
Sapagkat ang Panginoon ay magiging iyong walang hanggang liwanag,
At ang mga kaarawan ng iyong pagtangis ay matatapos.

"Ang iyong bayan naman ay magiging matuwid na lahat
Sila'y mangagmamana ng lupain magpakailanman,
Ang sanga ng Aking pananim,
/p> Ang gawa ng Aking mga kamay,
Upang Ako'y luwalhatiin."

Isaias 66 : 10; 60 : 18-21.

[588]

Nadinig ng propeta ang tunog ng musika doon, at awit, gayong musika at awit, na inilaan sa mga pangitain ng Dios,

ay walang taong nakarinig o isipang nakaisip man. "At ang pinagtutubos ng Panginoon ay mangagbabalik, at magsisiparoong nag-aawitan sa Sion at walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo: sila'y

mangagtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kapanglawan at ang pagbubuntong-hininga ay mapaparam." "Kagalakan at kasayahan ay masusumpungan doon, pagpapasalamat, at tinig na mainam." "Ganon din ang mga mang-aawit at mga manunugtog ng mga instrumento ay nandoon." "Ang mga ito ay maglalakas ng kanilang tinig, sila'y magsisihiyaw, dahil sa kamahalan ng Panginoon." Isaias 35:10; 51:3; Awit 87:7; Isaias 24:14.

Sa lupang ginawang bago, ang mga tinubos ay gagawa sa mga gawain at mga kaluguran na nagdulot ng kaligayahan kay Adan at Eva noong pasimula. Ang buhay sa Eden ay isasakabuhayan, ng buhay sa halamanan at kabukiran. "At sila'y mangagtatayo ng mga bahay, at ang mga yao'y kanilang tatahanan; at sila'y mangag-uubasan, at magsisikain ng bunga niyaon. Sila'y hindi magtatayo, at iba ang tatahan; sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain: sapagkat kung paano ang mga kaarawan ng punong kahoy ay magiging gayon ang mga kaarawan ng Aking bayan, at ang Aking mga pinili ay mangagagalak na malaon sa gawa ng kanilang mga kamay." Isaias 65:21,22.

Doon ang bawat kapangyarihan ay lalago, bawat kakayahan ay mararagdagan. Ang mga pinakadakilang gawain ay mapapasulong, pinakamatatayog na lunggati ay maaabot, ang pinakamataas na mga pangarap ay matatamo. At may higit pang mga taluktok na makikita, mga bagong kahanga-hangang bagay na hahangaan, bagong katotohanang mauunawaan, mga bagong pag-aaral na isasagawa upang hamunin ang mga kapangyarihan ng katawan, isipan at kaluluwa.

Ang mga propetang binigyan ng ganitong pagpapahayag ay nanabik na maalaman ang kanilang buong kahalagahan. Sila',y "nagsikap at nagsiyasat na maigi:...sinisiyasat ang kahulugan kung ano, o anong panahon itinuro ng Espiritu ni Kristo na sumasa kanila.... Na ipinahayag sa kanila, na hindi sa ganang kanilang sarili, kundi sa ganang inyo, pinangasiwaan nila ang mga bagay na ito, na ngayoy'y ibinalita sa inyo." 1 Pedro 1:10-12.

Sa ating nakatayo sa bingit ng katuparan ng mga bagay na ito, [589] anong kalalim na sandali, ng buhay na interes, ang mga pagliliwanag na ito ng mga bagay na darating—mga pangyayaring, mula nang ang ating mga unang magulang ay tumalikod sa Eden, ang mga anak ng Dios ay nagmasid at naghintay, nanabik at nanalangin!

Kapwa ko manlalakbay, tayo ay nasa gitna pa ng mga lambong at kaguluhan ng mga pangyayari dito sa lupa; ngunit di na magtatagal ang ating Tagapagligtas ay magpapakita upang magdala ng kaligtasan at kapahingahan. Sa pananampalataya ay masdan natin ang mapalad na darating ayon sa paglalarawan ng kamay ng Dios. Siyang namatay para sa kasalanan ng sanlibutan ay binubuksang malawak ang mga pintuan ng Paraiso sa lahat ng mananampalataya sa Kanya. Di na magtatagal ay matatapos ang pagbabaka, ang tagumpay ay matatamo. Di na magtatagal ay makikita natin Siya na tampulan ng ating pagasa ukol sa walang hanggang buhay. At sa Kanyang presensya ang mga pagsubok at mga paghihirap sa buhay na ito ay mawawalang saysay. Ang mga dating bagay ay "hindi maaalaala, o mapapasa isip man." "Huwag nga ninyong itakwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang gantimpala. Sapagkat kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako. Sapagkat sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi magluluwat." "Ngunit ang Israel ay ililigtas...ng walang hanggang kaligtasan: kayo'y hindi mangapapahiya o

mangalilito man magpakailanman." Isaias 65:17; Hebreo 10:35-37; Isaias 45:17.

Tingin sa itaas, tingin sa itaas, at bayaang ang iyong pananampalataya ay patuloy na lumago. Bayaang ang pananampalatayang ito ang pumatnubay sa iyo sa makipot na landas na maghahatid sa iyo sa mga pintuan ng siyudad tungo sa kahanga-hangang ibayo, ang malawak, at walang hanggang kaluwalhatian sa hinaharap ng mga tinubos. "Mangagtiis nga kayo, mga kapatid, hanggang sa pagparito ng Panginoon. Narito, inaasahan ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may pagtitiis, hanggang sa tanggapin ang ulang maaga at huli. Mangagtiis din naman kayo; pagtibayin ninyo ang inyong mga puso: sapagkat ang pagparito ng Panginoon ay malapit na." Santiago 5:7, 8.

Ang mga bansang naligtas ay walang batas na matututuhan liban sa batas ng langit. Lahat ay magiging maligaya, nagkakaisang sambahayan, nadaramtan ng kasuotan ng
[590] papuri at pagpapasalamat. Sa tanawing ito ang mga tala sa umaga ay mag-aawitang magkakasama, at ang mga anak ng Dios ay sisigaw sa kagalakan, samantalang ang Dios at si Kristo ay magsasanib sa paghahayag, "At hindi na magkakaroon pa ng kasalanan, ni ng kamatayan man."

"At mangyayari, na mula sa bagong buwan hanggang sa panibago, at mula sa isang Sabbath hanggang sa panibago, paroroon ang lahat na tao upang sumamba sa harap Ko, sabi ng Panginoon." "Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao." "Gayon pasisibulin ng Panginoong Dios ang katuwiran at kapurihan sa harap ng lahat na bansa." "Sa araw na yaon ay magiging putong ng kaluwalhatian ang Panginoon ng mga hukbo, at pinakadiadema ng kagandahan, sa nalabi sa Kanyang bayan."

"Inaliw ng Panginoon ang Sion: Kanyang pinasaya ang lahat Niyang sirang dako; at ginawa Niyang parang Eden, at ang Kanyang ilang at ang Kanyang lupang masukal ay parang halamanan ng Panginoon." "Ang kaluwalhatian ng Libano ay mapaparoon, ang karilagan ng Carmel at ng Saron." "Hindi ka na tatawagin pang Pinabayaan; hindi na rin tatawagin pa ang iyong lupain na Giba: kundi ikaw ay tatawaging Hephzi-bah, at ang iyong lupain ay Beulah.... Kung paanong ang kasintahang lalaki ay nagagalak sa kasintahang babae, gayon magagalak ang Dios sa iyo." Isaias 66:23; 40:5; 61:11; 28:5; 51:3; 35:2; 62:4, 5.

* * * * *